Titan Academy: Prologue

Prologue:

Sa mundong ginagalawan niya, halos lahat ay pinanganak na may special abilities. Pero i-ilan lang ang nakakapasok sa school na nagtuturo kung paano ito gamitin.

Ang Titan Academy of Special Abilities ay para sa may pera. Para sa mararangya. Para sa mga taong kinamumuhian niya.

Siya si Shia Sheridan at hindi niya pinangarap na makapasok sa lugar na ito. Wala siyang pangarap. Hindi niya alam ang gusto niya. Wala siyang ng plano sa buhay.

Pero dahil sa kasalanan ng isang kaibigan na kailangan niyang pagtakpan, napunta siya sa lugar na ito para parusahan.

Pero hindi ito ordinaryong parusa lamang. Kailangan niyang tumagal, makisama, at manalo. Dahil ito ang paraan para makabalik siya sa dati niyang buhay. Magtatagal kaya siya?

Welcome to Titan Academy of Special Abilities.

"Because it takes more than power to be special."

Author's Note:

Sister school of Charm Academy School of Magic! (lol kidding) But if you love Charm Academy I'm sure you'll also enjoy this story.

Anyway, alam niyo na. Matagal akong mag update kaya sa mga magbabasa nito thank you in advance sa patience. Inunahan ko na kayo hahaha.

See you sa first chapter!

@april_avery

--

Tweet me: @avery_WP

Official hashtag: #TitanAcademy

Chapter 1: Titan Academy

Chapter 1: Titan Academy

Pinagmasdan ko ang malaking kastilyo sa itaas ng burol. Isang kastilyo na nababalutan ng matataas na pader na halos tuktok na lamang ng mga tore ang nakikita. Napapaligiran ng gubat at ilog ang burol kung saan ito makikita. Halos kalahati ng bayan namin ang sukat ng kastilyong ito. Ang kastilyo na ilang libong taon nang nakatayo sa bayan namin. Ang kastilyo kung saan naga-aral ang mga special abilities na gaya namin na may kaya sa buhay.

"Darating ang araw na makakatapak ako dyan."

Napalingon ako sa katabi kong si Lucas. I snorted. "Asa ka naman. Isang buwan kang hindi kakain para lang makabili ng isang pares ng uniform ng paaralang yan."

Lahat kami sa lugar na ito, sa bayan ng Hesperia, ay pinanganak na may special abilities. Pero hindi lahat nakakapag aral o nakakatapak man lang sa lugar na yun. Tanging mga taong pinagpala sa buhay na kayang gumastos ng dalawang milyong pilak ng barya, o kalahating milyong gintong barya, ang maaring pumasok sa Titan Academy.

"Panira ka talaga, Shia. Masama bang mangarap?" sagot ni Lucas.

Humiga siya sa damuhan sa tabi ko at pinagmasdan ang bughaw na langit sa itaas. Nandito kami sa isa sa mga burol sa gilid ng bayan kung saan katapat nito ang paaralang kastilyo sa kabilang parte ng bayan.

Si Lucas, mula noong bata pa kami, pangarap niyang mag aral sa lugar na yun. Natatandaan ko pa noong sampong taon kami nagsimula siyang mag ipon para pagdating ng ika-labing apat na kaarawan niya maaari na siyang

makapasok sa Titan Academy. Pero pagkatapos ang dalawang taon ng pagta-trabaho kada hapon matapos ang klase, o kada weekend, at kada madaling araw para maghatid ng dyaryo, na-realized niya na kahit anong gawin niya, hindi siya makakaipon ng kalahating milyong gintong barya.

Si Lucas ay may super speed. Mabilis siyang kumilos. Minsan hindi mo na siya nakikita, tanging hangin nalang kapag dumadaan siya. Madali niyang natatapos ang ano mang trabaho na ibigay sa kanya. Kaya naisip ko noon na baka possible ngang maka-ipon siya at makapasok sa paaralan na yun.

Pero nandyan ang realidad na madami siyang responsibilidad. May apat siyang kapatid at sakiting ina. Namatay ang ama niya noong labing dalawang taon kami. Yun ang panahon na huminto siya sa pagi-ipon at nag focus sa pagpapakain sa mga nakababata niyang kapatid.

Ako? Hindi ko pingarap na mapunta sa lugar na yun. Sa totoo lang wala akong pangarap. Mag lalabing walong taon na ako sa susunod na buwan. Magiging legal na ako. Maari na akong umalis sa bayan na ito kung gugustuhin ko. Pero ang problema hindi ko alam kung saan ako pupunta o kung ano ang gusto ko.

Wala akong pamilya. Dalawang taon na mula noong namatay ang Lolo at Lola ko na nagpalaki sa akin. Simula noon mag isa na akong nakatira sa bahay na iniwan nila. Minsan pupunta ako kina Lucas. Minsan, lalo na kapag may pera ako, doon sila kumakain sa bahay ko.

I have the special ability of enhanced senses and control. I can shut down any of my senses if I want to. I can tolerate pain, blinding light and extreme noise. But mostly kaya kong maramdaman ang panganib kahit ilang kilometro pa ang layo.

Kung tutuusin walang kwenta ang kapangyarihan ko. May silbi nga ito pero hindi ang tipo na kaya akong buhayin. Gusto ko sana yung kapangyarihan na gaya ng kay Lucas. Gusto ko yung kapangyarihan na magagamit ko para magkapag trabaho at magkaroon ng pera.

Kapag natapos mo kasi ang basic education system dito sa bayan ng Hesperia ikaw na ang bahala sa buhay mo. Ang education system ay libre

mula pitong taon hangang labing apat na taon. Sa taon na pito hangang sampo kailangan mong pag aralan kung paano magsulat o magbasa. Labing isa hangang labing apat naman ang paga-aral ng special ability.

Kung may pera ka pwede mong ipagpatuloy ang paga-aral sa Titan Academy. Doon mahahasa ang kapangyarihan o ability na hawak mo. Tinatangkilik ng Ministry ang mga graduate mula doon. Sila ang may siguradong trabaho sa hinaharap.

Kung gaya ka namin na hangang free education lang ang natapos, makontento ka sa pa-extra extrang trabaho. Informal work force ang tawag sa amin. No particular job. Mga graduate ng Titan lang ang may karapatan sa mga permanent position. Mape-permanent ka lang kung may kapit ka sa itaas. Minsan pahirapan pa.

Sa edad na labing apat maaari ka ng magtrabaho. Pero limited lamang ito sa bayan ng Hesperia Kapag naging labing walong taon ka na doon ka lamang maaring lumabas ng bayan para maghanap ng trabaho. Wala ng pakialam ang bayan sa anumang gawin mo.

"Ano kayang ginagawa nila sa mga oras na ito, ano?" tanong ni Lucas habang naghihikab.

I snorted. "Malamang nagpapayabangan sa mga yaman nila. Doon naman sila magagaling. As if naman marunong talagang makipag laban ang mga anak mayaman gaya nila."

Napaupo si Lucas sa damuhan. "Whoa. Iba na ata yan." pabirong sabi niya. "Namemersonal ka na ata."

I rolled my eyes. Kung makapag salita siya parang isa naman siya sa tinutukoy ko. "Hindi ko lang gusto ang mga tingin nila. Naalala mo yung minsan na bumisita sila sa bayan? Kung tingnan nila tayo para bang nakakita sila ng dumi sa mga sapatos nila. Mas mukha naman silang dumi."

Natawa si Lucas. "Hindi lang siguro sila sanay na makakita ng mga ka-edad nila na nagta-trabaho na. Alam mo naman na ang iba sa kanila ay doon na pumasok mula pitong taong gulang sila."

"Tama ka." I muttered. "Sila ang mga klase ng tao na walang alam sa realidad. Puro sila magagandang damit, malalambot na kama, masasarap na pagkain, na hindi naman nila pinaghirapan."

"Nai-ingit ka ba?" nakataas ang kilay na tanong ni Lucas.

Sinamaan ko siya ng tingin. "Ingit? Ha! Nai-inis lang ako. Sa mundong ito walang pantay pantay. Pero dahil napapaligiran sila ng mga kauri nila, wala silang alam kung gaano sila kaswerte."

Unti unting umihip ang lumalakas na hangin sa burol. Nagbabago ang kulay ng langit. Mula sa bughaw naging gray ito. Sa hindi kalayuan ilang madilim na ulap ang nagsimulang magbigay ng kulog at kidlat.

Tumayo ako. "Mabuti pa bumaba na tayo. Kailangan ko pang tapusin ang trabaho ko kay Mrs. Cello bago umuwi."

Lumingon ako kay Lucas. Wala na siya doon. I rolled my eyes nang marinig ang boses niya sa ibaba.

"Hoy, Shia! Ang bagal mo talaga. Tara na!" Kumaway siya nang nakangiti. Ang yabang niya talaga pag dating sa ganitong bagay.

Pinagpag ko ang lumang pants ko bago nagmadaling bumaba sa burol para sumabay sa kanya. Wala akong ka ide-ideya noong hapong yun na maaring yun na ang huling pagkakataon na makita ko ang best friend kong nakangiti.

Author's Note:

Shia and Lucas. What can you say about the two? I hope to see your comments below. See you on the next chapter!

@april_avery

--

Tweet me: @avery_WP

Official hashtag: #TitanAcademy

Chapter 2: The Golden Crest

Chapter 2: The Golden Crest

Noong hating gabing yun hindi ako makatulog. Habang umuulan sa labas, ako naman nakatitig sa sirang kisame ng kwarto ko at pinagmamasdan ang ilang bitak dito kung saan tumutulo ang tubig.

Gusto ko ang ulan. Gusto ko ang kalmang dinudulot nito na para bang humihinto ang oras at wala kang naririnig kundi ang tunog nito. Pero noong gabing yun kahit anong pilit kong matulog hindi ko magawa. It was as if my mind is already warning me about something. Na madalas hindi naman nito ginagawa maliban nalang kapag tungkol na sa trabaho.

Lampas hating gabi na nang namalayan ko ang sarili ko na unti unting napapikit. I was already in the verge of falling asleep then. Pero bigla akong natigilan nang maramdaman na may papalapit sa bahay ko. Hindi ito basta dadaan lang kundi derecho ito sa pintuan ko.

Nagmulat ako ng mata at naghintay. I can feel the footsteps getting nearer by my front yard. Nagmamadali ito at naramdaman ko ang paghingal ng taong yun. Para bang tumakbo ito ng napakalayo. Saka lamang ako nakahinga ng maluwag nang maramdaman na familiar ang taong ito. My danger reflexes instantly calm down the moment I realized who it is. Lucas.

Tumayo ako mula sa kama at sinuot ang lumang coat na nakasabit sa pader. Ano namang ginagawa niya dito ng ganitong oras? Hindi niya ba alam na delikado ang nasa labas sa ganitong panahon? Pumunta ako sa living room kung saan halos wala kang makikitang gamit. Naibenta ko na kasi ang ilan sa mga ito noong nangailangan ako ng pera.

"Lucas, what the hell?" ang bati ko sa kanya nang buksan ko ang pinto.

Nasa gitna siya ng pagkatok kaya naman gulat na gulat siya nang makitang nasa harap na niya ako. Pinagmasdan ko siya mula ulo hangang paa. Basang basa siya at ang mukha niya-

"Anong nangyayari?" tanong ko agad nang makita ang expression niya. Pinaghalong matinding takot at kaba ang nasa mukha niya. And if not for the rain, aakalain kong luha ang dumadaloy mula sa mata niya.

"S-Shia..." His voice was trembling. I've never seen him to be this terrified.

"What? Sabihin mo anong nangyayari?!" I demanded. Nagsimula na akong kabahan. I hope I can read his mind dahil hindi ko na talaga gusto itong pinapakita niya.

Hinila niya ako papasok sa loob ng living room. Umupo siya sa nag i-isang sofa doon na halos balutan ng alikabok. He rested both his elbows on his knees at naihilamos ang mga kamay sa mukha.

"Shia..." ulit niya. That moment gusto ko na siyang sampalin para bumalik siya sa senses niya. I was about to do so nang may kinapa siya sa bulsa niya. Pinatong niya ang kumikintab na bagay sa mesa at nanlaki ang mga mata ko nang marealized kung ano yun.

"Shit." I gasped. "Bakit na sayo yan, Lucas?" Napa-atras ako na tila ba hindi makapaniwala. "Bakit na sayo ang golden crest ng Titan Academy?!"

Hindi ko alam kung ilang minuto ang lumipas na nakatitig ako sa bilugang bagay na nasa mesa. Hindi maaari ito. Ang crest na yun ay nasa loob ng Academy at sobrang ini-ingatan. Ito ang simbolo ng paaralan. Para itong korona kung ikokompara sa hari.

Napatitig ako kay Lucas. "Bakit hindi ka magsalita? Saan mo ba nakuha ito?"

Naihilamos niya ulit ang mga palad sa mukha bago sumagot. Garagal ang boses nito. "Si Flin at si Karl, sila ang pumuslit sa Academy para kunin ito. Hindi ko alam kung paano nila ito nagawa. Pero huli na noong nalaman ko na ang crest ng Titan ang hawak ko-"

"Sumama ka sa mga yun?!" I exclaimed. "Sumama ka sa plano nila?!"

I really want to slap Lucas this time. He is better than this. Si Flin at si Karl, walang ginawang mabuti ang dalawang yun. Hindi ko akalain na sasama siya sa mga yun para gawin ang bagay na ito!

"Calm down, Shia." tila frustrated na sabi Lucas. "Hindi ko alam na illegal ang gagawin nila noong pumayag ako. Akala ko isa lang itong simpleng trabahong kailangan ng ability ko."

"Oh, come on!" I blurted out.

"Shia, alam mong kahit mamatay ako sa gutom hindi ako gagawa ng bagay na ikasisira ng dangal ng pamilya ko. Yun nalang ang natitira sa amin."

Natahimik ako. He is right. Kailanman hindi pa siya gumawa ng bagay na tulad nito kahit pa noong halos wala na silang makain.

"Ang usapan namin delivery lang ang gagawin ko. Nagkita kaming tatlo sa border ng bayan at doon nila binigay ang bag. Kailangan ko itong ibigay sa lalakeng naghihintay sa pub. Nagtaka na dapat ako sa mga mukha palang nila. Puno sila ng galos at sugat. Nasa gitna ako ng byahe nang buksan ang bag para tingnan ang laman nito. Doon ko nakita ang crest."

Napamura ako ng mahina.

"Hindi ko alam ang gagawin. Bumalik ako kung saan ko nakita sina Karl at Flin pero hindi ko na sila nakausap. Pinaliligiran na ang lugar ng mga tauhan na taga Titan." his voice started trembling again. "Nakita ko si Flin na hawak ng isang lalake, sinabi niya kung sino ako. Sinabi niyang nasa akin ang crest."

Walang hiyang Flin yun!

"Gusto kong ibalik ang crest pero siguradong maging ako huhuliin. I speed up to the pub para hanapin ang lalakeng sinasabi nila pero tumakas na ito. I'm stucked with the crest, Shia!"

Natahimik kami pareho. I started to paced back and forth in the living room. Tanging ang ulan sa labas at pag creak ng sahig kung saan ako naglalakad

ang tanging maririnig na ingay.

"Sinabi ba ni Flin ang buong pangalan mo?" tanong ko na sinira ang katahimikan.

"Apelyido lang ang nasabi niya. Yun lang naman ang alam nilang itawag sa atin, hindi ba?"

That's what I thought. Sheridan at Tyler lang ang alam nilang pangalan namin. We are not that close to be on the first name basis.

"Importante pa ba yun? Kami lang ang Tyler dito sa Hesperia-" Natigilan bigla si Lucas. "Ang pamilya ko. Kailangan ko silang puntahan."

Kinuha ni Lucas ang crest sa mesa at mabilis na tumayo. Pero kinuha ko ang crest mula sa kanya.

"Anong ginagawa mo?!" singhal niya.

Tiningnan ko siya ng derecho sa mga mata. "Ako ang Tyler na tinutukoy ni Flin." sabi ko. "Ako ang kumuha ng crest."

Tiningnan niya ako na para bang isa akong baliw. "Ano bang sinasabi mo?"

"Lucas, papuntahin mo dito sa bahay ang pamilya mo. Kasama ka na. Ako ang maiiwan sa bahay niyo para madatnan nila. Ako ang kumuha ng crest."

Napalunok si Lucas. "Shia, hindi ako papayag na-"

"Listen to me!" I demanded. "Hindi ka pwedeng makulong. Wala kang kasalanan. May pamilya kang umaasa sayo, Lucas. Kaya hindi mo sila pwedeng iwan sa ere."

"Pero Shia-"

"Yun ang pinaka madaling paraan. Kapag naibalik ang crest at naparusahan ang may kasalanan, madali nila itong makakalimutan. Isa pa hindi ako mamamatay. Makukulong lang ako."

I can tell that Lucas is weighing down the choices. "No." bigla niyang sabi. "Hindi ako papayag na ikaw ang makulong."

"Oh, shut up!" I snapped. "Can't you see? Walang mawawala sa akin kung makukulong ako. Samantalang ikaw, limang tao agad ang maaaring mamatay kapag ikaw ang nawala."

"Shia-"

"Wala na tayong oras, Lucas. Tara na."

Hinila ko siya palabas ng bahay at sumugod kami sa ulan. Mula sa 'di kalayuan nakita namin ang ilang liwanag na mula sa mga taong nagkalat sa gilid ng burol kung saan makikita ang Titan. Tahimik lang si Lucas. Hindi ko alam ang ini-isip niya pero alam kong wala na din siyang pagpipilian.

Hindi alam ng mga kapatid at ina niya ang nangyayari nang dumating kami at sinabing kailangan nilang umalis. Naaantok na tiningnan ako ng mga batang kapatid niya pero nagawa parin nilang ngumiti.

"Ate Shia." bati nila sa akin.

"Ano bang nangyayari, Lucas?" tanong ni Mrs. Tyler sa anak niya.

Hindi sumagot si Lucas. Kinuha niya ang mga balabal na nakasabit sa pader at isa isang sinuutan ang mga kapatid at ina niya. Nang handa na ang lahat napatingin siya sa akin. Hawak ko parin ang crest.

"Shia," he started.

"Bilisan mo na, Lucas." sabi ko. "Ano mang oras maaari na silang dumating dito."

"Gagawa ako ng paraan. Patutunayan ko na wala akong kinalaman dito at makakalaya ka. Hintayin mo sana ako."

Nagpabalik balik ang tingin ng pamilya ni Lucas sa akin at sa kanya. Bumuntong hininga ako at pilit na ngumiti.

"Basta ipangako mo na hindi mo sila pababayaan." tukoy ko sa pamilya niya.

Sa loob ng madaming taon pamilya na ang naging turing ko sa kanila. Dahil sa mga Tyler kahit paano hindi ko naramdaman na nag i-isa ako. Nagkaroon ako ng direction sa buhay noong akala ko wala ng silbi ang manatili sa mundong ito.

Bigla akong niyakap ni Lucas. "Shia, mangako kang hihintayin mo ako. Gagawin ko ang lahat para makalaya ka."

Tumango ako habang yakap niya. "Pangako, Lucas." sagot ko. My eyes started stinging and I can't help but feel the stupid tears rolling down my eyes. Agad ko itong pinahid upang hindi niya makita.

"Shia," Lucas whispered. "Shia, gusto-"

I froze. Naramdaman ko ang ilang taong papunta sa bahay nila Lucas. Apat sila at galing sa direction ng Titan Academy.

"Lucas, nandyan na sila. Kailangan niyo ng umalis. Bilisan niyo."

Bumitaw si Lucas. He managed to lead his family out of the house through the back door. Nagtataka parin ang pamilya niya lalo na ang kanyang ina. Napatingin ito sa akin and I can almost feel that she knows what's happening. Nang makalabas na silang lahat, tiningnan ako ni Lucas sa huling pagkakataon.

"Mag ingat kayo." paalam ko.

Tumango lamang siya. "Shia, ilalabas kita sa lugar na yun. Basta hintayin mo ako."

Pilit akong ngumiti. "Now go." utos ko.

Few minutes later ako nalang ang mag isang nakatayo sa loob ng bahay ng mga Tyler.

Pinagmasdan ko ang golden crest na nasa palad ko. Isa itong maliit na bilog na doble ang laki sa gintong barya. Nakaukit dito ang isang leon na may pakpak sa magkabilang gilid ng katawan, at dalawang espada na naka cross sa harapan nito.

I can feel the four pairs of feet getting nearer every second. Nag uusap sila pero hindi ko naririnig ang mga sinasabi nila. I can only feel them. Their positions, their heights. Isa sa kanila ay babae, dalawang lalake ang nag uusap, at isang lalake ang nasa hulihan at tahimik lang.

Huminto sila sa harap ng pintuan. Nagkatinginan sila. Ang babae ang kumatok. Huminga ako ng malalim at pumunta sa pintuan. This time I know there's no turning back.

Halata ang gulat sa mga mukha nila nang ako ang magbukas ng pinto. Nagkatinginan ang dalawa sa kanila. Isang lalakeng blonde ang buhok at ang isa naman ay medyo brownish.

"Dude, hindi niyo sinabing chics." bulong ng may blonde na buhok. Sinamaan siya ng tingin ng babaeng kasama nila. The girl has a shoulder length black hair and a fair complexion.

Halos ka edad ko lang sila. Nakasuot sila ng mga mamahaling coat na gawa sa itim na leather na may golden logo ng Titan Academy. Napaka out of place nila sa lugar na gaya ng bahay ni Lucas. Para silang kumikintab dahil sa linis at ayos nila. The way they all stood is full of superiority and confidence. Mga estudyante nga sila ng Titan.

Tiningnan ako ng babae mula ulo hangang paa as if assessing me. Maya maya pa nagsalita ito.

"Ito ba ang bahay ng mga Tyler?" Her voice is too precise, too perfect; it was almost as smooth as silk and remarkably angelic.

"Ito nga." sagot ko sa usual kong boses. Kung ikokompara sa boses niya, para akong tunog ng palaka. Napansin kong linibot ng tingin ng dalawa sa kanila ang loob ng bahay.

"Ikaw lang ba ang nakatira dito o may iba pa?" the girl asked once again.

I tried not to sound intimidated. "Ako lang." sagot ko.

Tumaas ang kilay ng babae at pumasok sa loob. Nabanga niya ako sa balikat. Hindi ko alam kung sinadya niya yun. Sumunod sa kanya ang dalawang lalake samantalang nanatili sa doorway ang pang apat sa grupo nila. Tila ba wala itong balak sumali. Pinanuod niya lang ang mga kasama.

"We are from Titan Academy." sabi ng babae habang sinumulang galawin ang mga gamit sa bahay. "May kailangan lang kaming hanapin."

Hindi ko maiwasan na mapatitig sa lalake. He is tall with raven black hair and intense gray eyes. Walang ano mang expression na makikita sa mukha niya. But his aura is saying something else. I can sense danger. He is full of authority to the point of being alarming.

"Team Captain." Humarap ang lalakeng may brown ang buhok sa kanya. "Magsisimula na kami."

Bigla akong natauhan dahil sa narinig. Humarap ako sa tatlo. "Hindi na kailangan." I snapped.

Tumigil sila at napatingin sa akin. The Team Captain raised his eyebrow as if I said something that interests him. Napalunok ako pero nagawa ko paring salubungin ang mga titig nila.

"Nasa akin ang hinahanap niyo." I announced.

A ghost of amused smirk crossed the Team Captain's lips. Para bang hindi niya inaasahan na aamin ako. It took a whole minute bago muling nakapagsalita ang babaeng kasama nila.

"And what would that be?" seryosong tanong nito. Any form of enjoyment was now vanished from her face.

Inilahad ko ang palad ko para makita nilang lahat. At doon nagsimulang magulo ang walang kwenta kong buhay.

Author's Note:

Hingang malalim. Kaya pa? Lol

How's the story so far? Anong masasabi niyo sa mga new characters? How about Shia, will she be okay?

By the way Shia is pronounced as "Shee-Ya" May nakapagtanong kasi sa akin.

Until the next update! Wag maging silent reader please.

@april_avery

--

Tweet me: @avery_WP

Official hashtag: #TitanAcademy

Chapter 3: The Group

Chapter 3: The Group

Kasalukuyan kaming naglalakad. Naka posas ang magkabilang kamay ko sa aking likod. Nasa tabi ko ang dalawang lalake, ang isa may brown na buhok na may pangalang Ethan, ang isa naman ay si Cain. Nasa harap ko ang babaeng si Victoria ganun din ang Team Captain na tinawag kanina ni Ethan na Gin.

"Kung bakit kasi tayo pa ang pinagawa nito. Pwede naman ang mga taga bantay sa palasyo." tila naiirita na sabi ni Victoria habang naglalakad.

I heard Cain snorted by my side. "Ayaw mo nun, extra training." sagot niya.

"As if naman kailangan ko." asik ni Victoria. "Napaka putik dito." reklamo niya habang pilit inaalis ang mga dumikit na putik sa sapatos niya habang naglalakad.

Nakarating kami sa harap ng kakahuyan na pumapagitna sa burol at sa bayan. Sinusubukan kong igalaw ang mga wrist ko na nakaposas pero mas lalo silang sumisikip kapag pinipilit ko. Tahimik lang ang Team Captain nila sa harap. Mukhang hindi ito mahilig magsalita. Pero nakita ko kung paano siya nagalit kanina noong nagbabangayan si Cain at Victoria, nakakatakot itong magalit. Napaka seryoso.

"Hindi ka ba talaga nilalamig?" tanong sa akin ni Ethan nang pumasok kami sa kakahuyan. Mas dumilim ang paligid dahil dito at nagrereklamo na si Victoria tungkol sa mga insekto.

"Okay lang ako." maikli kong sagot at iniwasan ang tingin niya. As if naman may pakialam talaga siya kung mamatay man ako sa ginaw dito. Napatingin ako sa mga coat nilang magagara at mukhang komportable. Ilang buwan kaya akong hindi kakain para ma-afford ang mga yan?

"Si Corrine ba hindi parin gumagaling?" tanong ni Victoria bigla. Napansin ko kung paano napahinto ang Team Captain nila. Sandali lang yun pero alam kong may something sa sinabi ni Victoria na naapektuhan siya.

"Hindi ako sigurado." si Ethan ang sumagot this time. "Ang alam ko hindi na siya makakabalik."

Victoria scoffed. "Paano tayo ngayon? Sinabi kasing-" Natigilan si Victoria nang mapansin na humarap si Gin sa amin.

"Sabihin niyo lang kung balak niyong magkwentuhan." sabi nito sa malamig na boses na maging si Victoria tila ba natakot. "Bibigyan ko kayo ng pagkakataon para mag usap."

Pakiramdam ko mas lalong dumilim at lumakas ang hangin sa loob gubat. Napa tsk si Cain na para bang sanay na sa ganitong eksena. Sino ba sila? Ano bang kaya nilang gawin? Lalo na si Gin. Bakit ba natatakot sila dito?

"Can you calm down?" Victoria suddenly shrieked. "I'm just wondering!"

"Chill, bro." sabi naman ni Ethan. Napatingin siya sa akin. "May iba tayong kasama dito."

Napatingin sa akin bigla si Gin. Hindi ko alam kung bakit pero bigla din akong natakot. Napa atras ako ng isang hakbang. His eyes are too penetrating. Too intense for my comfort. Muli siyang tumalikod sa amin at nagpatuloy sa paglalakad. Ganun din ang ginawa ng mga kasama ko.

"Be careful, this time." sabi ni Cain kay Victoria. "Ipapahamak mo kami eh."

Nakarating kami sa harap ng isang heganteng gate matapos ang halos isang oras na paglalakad sa gubat. Ang gate ay gawa sa makapal na kahoy at itim na bakal. And the bare walls are too high and too heavy looking for my eyes. Parang kulungan ang papasukan ko at hindi paaralan. Well I don't have to wonder. Halos isang bayan ang sakop ng school na ito. I even heard they have their own dungeon kung saan ako ikukulong.

Habang kinakausap ang Team Captain na si Gin ang ilan sa nagkalat na taga bantay sa labas, hindi ko maiwasan na maisip si Lucas habang nakatitig sa gate. Naalala ko ang kagustuhan niyang makapasok sa lugar na ito. Ang saya sa mukha niya kapag pinagmamasdan ang kahit na gate lang ng Titan Academy mula sa malayo. Kita mo nga naman. Ako pala ang unang makakapasok sa aming dalawa. Ako na walang kabalak balak.

Bumalik si Gin sa grupo. Pinagtinginan agad ako ng mga taga bantay. Hindi sila nakasuot ng magagarang itim na cloak gaya nila Gin. Pero kahit paano mas maayos ang suot nila kesa sa mga katulad namin na taga bayan. Mabagal na bumukas ang gate at pumasok kami sa loob ng Academy.

Ang una kong nakita pagtapak ko doon ay ang madilim na daan. Malawak pero madilim. Parang isang highway na walang ilaw. Pero noong nanguna ang isang taga bantay biglang nagsindihan ang mga ilaw mula sa kinatatayuan namin hangang sa dulo ng daan sa harap namin.

Whoa. Movement activated.

Doon ko napansin kung anong itsura ng entrance. May gubat sa magkabilang gilid ng daan na hinaharangan ng matataas at maninipis na bakal bilang bakod. May malilit na gate na makikita kada ilang metro na may signs na tulad ng BEWARE. DO NOT ENTER WITHOUT

PERMISSION at iba pa. Naririnig ko din ang ilang kakaibang ingay na wala sa ordinaryong gubat kung saan kami dumaan kanina.

Habang naglalakad kami, na ngayon ay mas domoble ang bilang namin dahil sa mga taga bantay na pumasok din, hindi ko mapigilan na mangamba sa unang pagkakataon. This is not a school for me. This looks like a huge torture chamber. Maybe I will die. Maybe wala silang pakialam kung nasa legal age na ako o wala. Maybe lahat ng mga may kasalanan sa lugar na ito ay pinapatay. I will surely die.

Napalingon si Ethan sa akin habang naglalakad kami. Napansin niya kung gaano ako nag stiffened at hindi makahinga.

"Are you okay?" tila nag aalalang tanong niya. Is he really asking me that? Malamang okay ako. There's a huge chance na mamatay ako sa lugar na ito. Yes I'm perfectly fine.

Hindi ako sumagot. Goosebumps are rising from the back of my neck down my arms and spine habang lumalapit kami sa destination. Unti unting lumuluwang ang daan habang naglalakad kami. It was like opening out for something huge and big. And minutes later I saw it.

Ang kastilyo ng Titan Academy. Ang mismong school. A lump formed in my throat habang nakatingin dito. I took a deep breathe to calm my nerves. It's huge. And it's looming in front of us. Natatakpan nito ang madilim na langit sa harap namin. And it stretched for miles sa magkabilang side. I can tell that we are on our way to the main chamber. Pero napaka luwang pa ng mismong palasyo at nagmumukha lamang lobby ang main chamber na nasa harap namin.

Narinig kong nagpaalam ang mga taga bantay at pumunta sa right side ng palasyo. Maybe nandoon ang quarter nila. Ilan lang ang nakabukas na ilaw sa palasyo. Ang dinaanan namin kanina, bumalik na sa pagiging madilim. There are a couple of warm golden lights from some windows and towers. But other than that madilim ang paligid.

Bumukas ang pintuan pagtapat ng isa sa kanila dito. Ganun din ang nangyari noong dumaan kami. Bumukas ang mga ilaw. My mouth hanged

open the moment I saw the insides of Titan Academy. HOLY SHIT. Paaralan ba ito o palasyo para sa maharlika? Sino ang nagaaral sa lugar na carpeted ang hallway at may chandelier kada ilang metro ng ceiling?

"Finally." muttered Victoria with a sigh. I can't help noticing how they are well blend in the surrounding. How they belong in the place. Ang mga mukha nila, kung paano sila tumindig, ang mga suot nila na kahit basa at may putik, magagara parin at kumikintab sa liwanag ng chandelier. This can't be the real world. This is a stupid made up world where false people live in.

Dumaan kami sa carpeted na hallway. Nahiya ang sapatos na suot ko sa mamahaling carpet. I wonder if it's self cleaned. Wala kasing naiiwan na dumi dito. Napakaliwanag ng lugar. I was enveloped with warm golden light. Malayong malayo sa yellowish at kukurap kurap na bombilya sa bahay. Pakiramdam ko kahit isindi pa ang lahat ng ilaw sa bayan hindi magiging kasing liwanag at kasing ganda ng lugar na ito.

"Sa Headmaster's Office tayo." said the deep voice of Gin.

"Fine." sagot ni Victoria. Tiningnan niya ako for the first time mula noong lumabas kami sa bahay ko. "Tough luck, isn't it? Dapat kasi marunong makontento ang tao sa kung anong meron sila."

I gritted my teeth pero hindi nagsalita. Ethan just gave her warning look. "Quit it, Victoria." he warned.

Victoria just rolled her eyes. Nakarating kami sa isang hall na may mataas na ceiling at malalaking bintana. Sa dulo nun ay may isa pang corridor na mas masikip kesa sa dinaanan namin kanina. Mas madilim din ito at mas tahimik. May ilan kaming taong nakita. Mostly nakapag silbi. Ilan sa kanila ay mukhang kanina pa gising o kagigising lang at nagsisimula na sa trabaho. Napatingin ako sa orasan. Alas tres ng madaling araw. Nakarating kami sa dulo ng corridor at ngayon ay nasa harap na ng isang malaking double door.

"Wait here." sabi ni Gin sa mga kasama. Napatingin siya sa akin at bigla akong kinabahan. "Tara na."

Humakbang ako palapit sa kanya. Napansin kong pilit na napangiti si Cain na para bang nagpapaalam. Bumuntong hininga naman si Ethan. "Good luck." bulong niya nang lumampas na ako sa kanila.

Wala namang expression si Gin nang tingnan ako. Binuksan niya lang ang pinto at pumasok. Pero hindi pa man siya nakaka dalawang hakbang nang tumigil siya. Kumunot ang noo ko at sumilip sa harap. At doon ko nakita ang isang magandang babae.

She's beautiful, almost surreal looking. Mukha siyang anghel na naka cream colored night dress. Napaka amo ng mukha niya at napaka kinis. Her hair is brownish, long, and wavy. Napaka ganda ng mga mata niya.

"Corrine, what are you doing here?" si Cain ang nagsalita. Bigla silang lumapit sa enctrance ng office.

Corrine? Saan ko na ba narinig ang pangalan na yan?

"Kinausap ko lang si Principal Bins." sagot nito sa maamo at sweet na boses. Why are these people so damn perfect? Napatingin si Corrine kay Gin. "Hey, Gin." bati nito.

I can feel Gin stiffened. "Hindi ka dapat nasa labas ng ganitong oras." sagot nito sa monotone na boses. But this time, I can feel something in his voice other than coldness. Worry?

"Nag aalala din ako sa inyo." Corrine smiled softly. "Kaya ako nandito."

There's an awkward silence that envelops the place. Maging si Victoria ay hindi nakapag salita. Then it downed on me. Siya ang babaeng yun. Yung binangit ni Victoria sa gubat kanina. Napatingin sa akin si Corrine na kinabigla ko. It was like an angel staring down at filthy looking people. Bigla akong naconscious sa sarili ko. Kumunot ng bahagya ang noo niya na para bang nagtataka. I can tell immediately what she's thinking. Siya ba ang kumuha ng crest?

Naramdaman kong bumuntong hininga si Gin sa tabi ko. Saka niya hinawakan ang braso ko at marahang hinila. "Kailangan na nating

pumasok." he told me. Napatingin ang lahat sa amin dahil sa biglang pagbabago ng mood niya. He suddenly went cold again. Napatingin ako sa grupo nila Ethan na naiwan. And I saw Corrine staring down at Gin's hand on my arm.

Noong pumasok kami sa loob, isang common room ang nandoon. May sofa, mesa na gawa sa mahogany, carpeted floor, magandang chandelier sa itaas at fireplace. Mainit sa loob at maaliwalas. May isang pinto din doon ang nakabukas. Nakita ko ang loob ng kwarto na mukhang study room. Maya maya pa narinig kong sumara ang pinto kung saan kami galing ni Gin. At eksakto naman na lumabas mula sa pinto sa harap namin ang dalawang tao. Isang matandang babae at isang nasa middle fifties na lalake.

"Magandang gabi, Gin." bati ng matandang babae na naupo sa katapat na sofa. Hindi naman nagsalita ang lalake na umupo sa tabi ng matandang babae. "Maupo kayo." sabi ng matandang babae.

Umupo si Gin at nanatili akong nakatayo doon. Ano ito isang meeting? Hindi ba nila ako ide-derecho sa dungeon?

Maamo ang mukha ng matandang babae. Pero nararamdaman ko parin ang authority sa aura niya. Ang lalake naman ay mukhang strikto at hindi gaanong nagsasalita. He seems like an older version of the guy sitting beside me. Hinila ako ni Gin para umupo.

"Where is the crest?" tanong ng lalake.

Kinuha ni Gin ang bilog na bagay sa bulsa niya at pinatong sa mesa. It glimmed beneat the lighting of the place.

"How old are you?" tanong ng matandang babae sa akin.

"Seventeen." I choked out. Bigla akong nawalan ng boses.

Napatingin ang babae sa katabi nito na para bang pinapasa ang information. "And what special ability do you have? Paano mo nakuha ang crest?"

"Hindi ko ito kinuha." sagot ko. "Ibinigay lang sa akin."

Napataas ang kilay ng matanda. "Pero sinabi ng mga kasama mo na kasama ka nilang pumunta dito. Ikaw ang kumuha nito."

Leche talaga ang Karl at Flin na yun. Makita ko lang sila sa bilanguan papatayin ko sila.

"Hindi ko magagawa yun. I have enchanced senses and control. Hindi yun nagagamit sa pagnanakaw." I almost yelled. Damn. These people.

Natigilan ang dalawang matanda sa harap ko. "Enhanced senses and control?" interesadong tanong ng babae. "I though you have special speed. Yun ang sinabi ng mga kasama mo."

Napamura ako ng mahina. Si Lucas ang tinutukoy niya. "They are lying." sagot ko. "Hindi yun ang special ability ko. At kahit yun man, hindi niyo mapapatunayan na ako ang pumasok sa lugar na ito."

I stood my grounds firmly. Wala silang patunay na may pumasok na taong may special speed sa lugar na ito. Dahil wala naman talaga. Hindi kasama si Lucas sa mga taong nanloob dito.

"Very well said." nakangiting sabi ng babae. Why is she even smiling? Hindi niya ba narinig ang sinabi ko? Wala silang patunay.

"And you are Tyler?" tanong niya ulit. "Let's see, what's your whole name?"

"I'm Shia Sheridan." sagot ko na derecho ang mukha. "I'm not a Tyler. Nakatira lang ako doon kaya ang alam ni Karl at Flin isa akong Tyler."

The old lady seems entertained. "Really?" tila amused na sabi niya. "Well then, who is Lucas? He is a Tyler, yes, and he has the super speed."

Bigla akong nanlamig sa sinabi niya. SHIT. Alam ba nila na nagsisinungaling ako? I tried to calm my self. Ano ngayon kung alam nila. Hindi nila pwedeng huliin si Lucas. Ako ang may hawak ng crest. They have no evidence against him hangang hindi ako umaamin.

"Huhuliin niyo din ba siya?" nanghahamon na sagot ko. "Are you going to waste your time para huliin ang walang kinalaman kung nandito na sa harap

niyo ang may sala?"

Natahimik ang kwarto, an apprehensive filled silence. Maya maya pa natawa ng mahina ang babae.

"Why would we do that?" tila amused na sabi niya. "Gaya ng sinabi mo nandito ka na. And I'm taking your word, Miss Sheridan. This time mas paniniwalaan kita kesa sa dalawang kasama mo. After all, napatunayan na na sila talaga ang pumasok sa palasyo."

Nagngitngit ako bigla. So they knew all along? Bakit pa nila ako tinanong ng kung ano ano kung alam naman pala nila. Pinaglalaruan ba nila ako? Fuck.

"Miss Sheridan, I have a proposition to make."

Napalingon ako sa matandang lalake. Nagsalita siya sa unang pagkakataon. Nakatingin siya sa akin with a watchful expression. Maging si Gin na kanina pa tahimik ay biglang naging interesado sa usapan.

"I'm interested in your ability." derechong sabi niya. Walang paligoy ligoy o introduction man lang. "Kailangan namin ang gaya mo."

Kumunot agad ang noo ko. Kailangan? Para saan? Ano bang pinagsasabi niya?

"I'm willing to set you free. Bumalik sa dati mong buhay." Tiningnan niya ako na para bang hinahamon ako. "But of course, lahat ng ito ay may kapalit."

I mentally scoffed and rolled my eyes. What to expect? Yan naman ang motto nilang mayayaman hindi ba?

"I want you to be part of a group. A group that will be joining the Linus Cup."

Napanganga ako sa sinabi niya. WAIT, WHAT?!

Chapter 4: A Substitute

Chapter 4: A Substitute

I swear nababaliw na ang mga tao sa lugar na ito. Balak nila akong isali sa isang game? Isang survival game? God. I know they are merciless pero sobra naman ata ang gusto nilang mangyari.

"Do you know the Linus Cup?" tanong ng matandang babae nang makita ang expression ko.

DUH! Gusto kong sumagot ng pabalang pero pinili kong kimkimin ang galit ko. Sino ba naman ang hindi nakaka alam ng Linus Cup sa bayan na ito?

"Ang Linus Cup ay isang game na ginaganap kada dalawang taon dito sa Magic World. Sinasalihan ito ng mga schools na under sa category ng special abilities. Ilang dekada ng nagpapadala ang Titan Academy para sumali sa paliksahan na ito. At ngayong taon, ang grupo nila Gin ang sasali."

Bigla akong napatingin sa katabi ko. Wala man lang ba siyang balak magsalita o mag react? Ano bang ini-isip niya? Hindi man lang ba niya sasabihin na hindi ako pwede sa gusto nilang mangyari?

I nearly scoffed. "I'm not even a student here." I reasoned out. Tama. Mas gusto ko pang makulong kesa i-represent ang walang kwentang paaralan na ito.

"That's not a problem, Miss Sheridan." sabi ng lalake. "I will make you an official student here."

Gusto kong matawa sa sinabi niya. It's official. Baliw ang mga tao dito. Hindi ba pandadaya ang ginagawa nila?

"Hindi niyo pwedeng gawin yun. That's illegal."

Natawa ng mahina ang babae. "Not so much, sweetie." sabi nito na dahilan para maalibadbaran ako. "The rule is as long as you are part of this town

and enrolled in the Academy maaari kang sumali. There's no specific length of time na nagaral ka sa paaralan. But of course mas priority ang mga nakapag aral dito ng matagal dahil sila ang natrain para sa specific event na ito."

"Then why did you want me?" halos sigaw ko na. Parang alam ko na ang rason kong bakit ako mapupunta doon. "You are going to make me a bait? Ako ang kailangan unang mamatay ganun? Para ba may protection ang iba niyo pang estudyante na sasali?"

"You have a really wild imagination, aren't you?" sabi ng babae. "Nakita mo ba ang babae kanina na kaaalis lang dito?"

I felt Gin tensed beside me.

"Siya ang kailangan mong palitan. Hindi na siya makakasama sa Cup kaya kailangan namin ng halos kapareho ng ability gaya niya. At ikaw ang pinaka malapit."

Out of nowhere napatayo si Gin. Bigla siyang umalis ng kwarto ng walang paalam. Naiwan ako doon na mag isang kaharap ang dalawang matanda. I can't believe this is even happening to me. Damn it.

Si Corrine ay may precognition ability. Kaya niyang i-predict ang pwedeng mangyari sa loob ng 24 hour time span. Issential na ability yun lalo na sa larong tumatagal ng lingo o minsan buwan pa. If she can predict what will happened on that specific day, magiging malaking advantage ito sa kanila at maaari nilang iwasan ang mga bagay na pwedeng ikapahamak ng grupo sa laro.

Pero hindi na siya maaaring sumali. Sabi ni Principal Bins, ang matandang babae, may sakit si Corrine. She has an inborn heart malfunction. Hindi ko alam ang specific na salitang sinabi niya. Pero alam naman ng lahat na ang mga sakit na katulad ng ganun, mga natural na sakit na hindi nakukuha sa pakikipag laban o ability ng iba, ay hindi din kayang gamutin ng ano mang special ability.

She is supposed to be part of the GROUP. Pero nito lang nalaman na may sakit pala siyang tinatago. She trained with the group. Wala silang nakitang kakaiba sa kanila maliban nalang sa specific instance na nawalan ito ng malay last week lang. Doon nalaman na may sakit ito.

Walang malapit na kapareho ang special ability niya sa Titan Academy. Ako ang pinaka malapit. I can sense danger. And that, as Principal Bins and Headmaster Grey thinks, is as essential as precognition.

Hindi ako alam kung matatawa ba ako sa sinabi nila. Pakiramdam ko nga pinagti-tripan nila ako. Pero sinabi nila na as long as makabalik kami ng buhay sa Titan Academy after the game, malaya na akong bumalik sa dati kong buhay. But they made it sound so easy. Makabalik ng buhay? Makakabalik lang kami ng buhay kung mananalo kami.

Hindi agad ako naka sagot nang ipaliwanag nila ang lahat. The offer is not even tempting. Mas gusto ko pang makulong. Pero noong naalala ko ang pamilya ni Lucas at ang mukha niya na pinapangako na palalayain ako dito bigla akong nakaramdam ng guilt. Sigurado akong gagawin ni Lucas ang lahat para ma-ialis ako dito. Pero ako, nasa harap ko na ang kalayaan ko, tatangihan ko pa ba? Bigla akong napuno ng pag asa nang maalala na may mga tao akong kailangan balikan. Makakabalik ako.

Kaya ito ako ngayon, naglalakad sa maliwanag at carpeted na hallway. Kasama ko sa tabi ko ang isang butler at katulong. Hindi ko alam kung saan nila ako dadalhin. Basta ang alam ko hindi sa isang dungeon. Dahil ang sabi ni Principal Bins kanina, isa na akong official student ng Titan Academy.

"Saan ba tayo pupunta?" tanong ko sa butler na may poker face na mukha.

Tiningnan niya ako. Napa pause siya habang nakatingin sa suot ko. Para siyang nakakita ng alikabok sa flourished na surface ng mesa. Kulang nalang hawakan niya ako at kiskisin ang mga daliri niya na para bang humawak talaga siya ng alikabok. Maging ang mga taga silbi kasi dito maganda ang suot. Naka tuxedo ito at ang katulong naman ay naka navy blue and white uniform.

"Papunta tayo kay Miss Aura." sagot nito sa flat na boses. Para siyang robot.

"Anong gagawin natin doon?" tanong ko ulit. Alas kwatro na ng umaga.

"Hindi ka maaaring magpakita sa paaralan na ganyan ang itsura mo, Miss Sheridan." sagot nito na para bang yun na ang pinaka obvious na sagot sa mundo.

Bigla akong napatingin sa suot ko. Shabby pants, gray tshirt, at lumang coat na may ilang punit. Eh ano ngayon kung luma ang mga suot ko? Para namang may kinalaman ang damit sa pag aaral.

"Si Miss Aura ang adviser ng grupo. Kasama si Teacher Apollo." sagot ng butler.

Wala akong maintindihan sa sinabi niya at wala akong pakialam. Kaya tumango nalang ako at nagkunwaring nakikinig. Nakarating kami sa isa pang chamber ng palasyo, mas madami ang pinto dito kesa sa chamber na pinangalingan namin. Para ding sala ng bahay ang hall kung nasaan kami. Maya maya pa napatingin ako sa stairs at nakita ang isang babaeng nasa middle twenties at naglalakad pababa papunta sa amin.

"Hi, good morning." masiglang sabi niya.

She's too lively for a four o'clock appointment. Nakasuot parin siya ng night gown pero may lilac colored satin coat ito sa ibabaw. Pinagmasdan niya ako at pinagmasdan ko din siya. May shoulder length hair siya na medyo curly, dark brown sa itaas at light brown sa ibaba. Maliit ang mukha niya, masayahin, mukhang mabait. Halos matangkad lang ako ng ilang inches sa kanya. For the first time may mukhang normal na babae sa lugar na ito.

"Miss Aura, siya si Miss Sheridan." sabi ng butler.

"Yes. I know. Tinawagan na ako ng Principal." She smiled at me. "So can we go? May ilang oras nalang tayo bago ang breakfast sa Hall."

Yumuko ang butler at katulong na para bang pinapa ubaya na ako kay Miss Aura. "Mauna na po kami." paalam nila.

"Sure, go ahead. Ako na ang bahala sa kanya."

She smiled at me genuinely. Saka ako excited na hinila pabalik sa itaas kung saan siya nangaling.

Pinagmasdan ko ang kwarto kung saan ako dinala ni Miss Aura. I almost cursed in front of her. How can someone have a room like this? This is supposed to be a school. Not a five star hotel.

"Come on, wala na tayong masyadong oras."

Hinila niya ako papasok sa isa pang kwarto. Doon ko nakita ang isang walk in closet na puno ng damit at kung ano anong mamahaling gamit. May full length mirror, mga personal products sa mahabang mesa, at higit sa lahat puting bath tub. Nasa gitna ng kwarto ang bath tub for Pete's sake!

"Alisin mo na ang mga damit ko. Hurry, please." sabi ni Miss Aura habang nakaharap sa isang cabinet na para bang namimili ng isusuot ko.

"Mabuti nalang pala mag kasize tayo. Mas matangkad ka lang ng konti but this will do." sabi niya habang kumukuha ng ilang damit panloob at hinahagis sa isang cream na sofa sa sulok.

Matapos yun, pumunta siya sa sarili niyang shoe rock na hangang kisame ang taas at namili ng sapatos sa section na puro kulay itim ang nakalagay. "Hindi ko alam kung fit sayo ito pero mukha namang maliit lang ang paa mo." sabi niya na hindi parin napapansin na nakatunganga lang ako doon.

Pumunta siya sa telepono at nag dial. "Bring a senior's uniform, size B. Complete." sabi niya sa kabilang linya saka binaba ito. Nang matapos siya humarap siya sa akin. Kumunot ang maliit niyang noo nang makitang hindi parin ako nagaalis ng damit.

"Dear, kailangan nating magmadali. Go ahead and strip down. Madami pa tayong-"

Natigilan siya nang makita ang expression sa mukha ko. "Oh," nasabi niya. "Hindi ka ba sanay na may kasama kang maliligo?"

What kind of question is that? Of course hindi ako sanay. Sino ba ang gustong maligo sa gitna ng isang open area gaya ng maluwang na walk in closet kasama ang isang babaeng mukhang galing sa royal family?

"Pero hindi maaayos ang buhok mo at hindi malilinis ng mabuti ang katawan mo kapag wala kang kasama." sagot niya na tila ba nagtataka.

Ganito ba dito? Kailangan may kasama kapag naliligo? Kailangan may taga ayos ng buhok at taga linis?

"Don't worry hindi naman ito araw araw." sabi niya na para bang nababasa ang ini-isip ko.

Napatingin siya sa putikan kong coat at pantalon maging sa aking sapatos na sinisira ang view ng marble floor niya.

"Ngayon lang dahil gusto ni Principal Bins na maging presentable ka sa ibang estudyante."

So it's all about the other student's sake. Tama nga naman sila. Masyadong distracting sa perfect atmosphere ng paaralan ang isang gaya ko na taga bayan.

"Okay." ang tanging sagot ko. Sinimulan kong alisin ang mga damit ko hangang sa natira ang mga panloob. Miss Aura set the tub and put something smelly on the water. Para itong amoy ng fresh na bulaklak. Maya maya pa bumula na ang tubig at lumusong na ako.

"Here's the scrub, shampoo," sabi niya habang nilalabas sa maliit na drawer sa tabi ng tub ang ilang gamit. "Body wash, soap, conditioner," She's so hyper considering its four o'clock in the morning. Samantalang ako parang gusto ng matulog.

Linubog ko ang sarili ko sa tubig at umahon para mawala ang antok ko. Pag ahon ko may dalawang bagong tao sa kwarto na nakatingin sa akin. Naka

uniform sila ng navy blue at puti. Mga tagapag silbi.

"Ito na po ang complete uniform, Miss Aura." the taller one announced.

Napatingin sa direction nila si Miss Aura. Ngumiti ito. "Thank you." saka siya humarap sa akin. "Go ahead. Simulan niyo na."

Maingat na ibinaba ng dalawang tagapag silbi ang uniform sa tabi ng mga gamit na nasa sofa. Napansin kong hindi lang ito isang uniform, tatlong pares sila. May regular uniform na pleated navy blue skirt and white long sleeve blouse, may jogging pants and tshirt, at may coat at boots.

Lumapit ang dalawang taga silbi sa akin kaya natigilan ako. Ang isa pumunta sa direction ng ulo ko at ang isa naman sa may paa ko. What the hell do they think they're doing?!

Naramdaman ko ang pagbula ng buhok ko dahil sa shampoo. Sina-shampoo ng isa sa kanila ang buhok ko. Ang isa naman kinuha ang talampakan ko at nag simulang mag scrub.

"Your skin looks rough. Ano bang ginagamit mong sabon at lotion?" asked Miss Aura habang pinagmamasdan ako.

"Hindi ako gumagamit ng kahit ano." sagot ko habang pilit na hindi pinapansin ang ginagawa nila sa katawan ko.

"Oh," sabi ni Miss Aura na para bang naka rinig ng trivia. Ngayon lang ba siya nakakita ng taong hindi kasing linis at kasing ganda niya?

"Well then, kailangan mo ang mga ito." Pumunta siya sa isang drawer at tumingala. Hindi niya maabot ito. Kumunot ang noo niya ng bahagya at biglang bumukas ang pinto nito saka isa isang naglutangan pababa ang mga gamit. She has the ability to move object at her will.

Kumuha siya ng isang paper bag at dumerecho doon ang mga gamit. "Sorry, it's one of the exceptions sa kwartong ito." sabi niya sa dalawang katulong.

This time ako ang kumunot ang noo. "Exceptions?"

Tumaas ang kilay niya. "Oh, right. Rules. Kailangan mo nga palang malaman ang mga rules dito."

Umupo siya sa mas maliit na sofa. She crossed her legs in a very elegant way. "Because you won't stay that long, mga basic lang ang kailangan mong malaman. One, you never use your ability unless you are required to do so in class, in training, and when you needed it on extra ordinary instances. Those extra ordinary instances should be registered to the Principal. Every student has the logo of Titan on their garments, kahit pa pantulog ito or simple pang bahay. That way, namomonitor ng school kung sino sino ang gumagamit ng abilities na hindi naman dapat. There are also Head Boys and Girls for every class na nagmo-monitor ng mga nangyayari sa loob at labas ng klase."

"How about my ability? Hindi ko maiiwasan na maramdaman ang panganib sa paligid ko."

"Those are the extra ordinary circumstances, don't worry naka register ka na sa Principal. You can use it all you want." nakangiting sagot niya.

Nagpatuloy sila sa paglilinis sa akin. It took almost an hour to scrab the hell out of me. I feel like a raw chicken. Nang matapos na, pinatuyo nila ang buhok ko at inayos, may ilan ding instance na gumamit sila ng gunting para ayusin ang hindi pantay kong buhok. They make me put something oily in my skin. They trimmed my eyebrows and nails and all those things na sa isang salon lang ginagawa. Nang matapos na, nagbihis ako ng isa sa mga uniform na sinabi nila at humarap sa salamin.

Whoa. Who the hell is this girl?

Tiningnan ko ang sarili ko sa salamin. The perfect hair, the olive skin, the almost perfectly smooth face. Hiwakan ko ang sarili ko para lang masiguradong katawan ko pa ito. This is so much worst that what I expected.

"You happy?" masayang tanong ni Miss Aura. Maging ang dalawang tagapag silbi ay nakangiti nang makita ang reaction ko. Sa mata nila sobrang saya ko to the point na hindi ako makapaniwala. Pero hindi. Hindi

ako masaya. I look fake. I look like a freaking manufactured person. Nawala na si Shia ng Hesperia.

"Masasanay ka din, don't worry. As for now sasamahan na kita sa kwarto mo. You just need to continue these process para presentable ka." tukoy niya sa mga pinagagawa niya sa akin.

"Let's go. It's almost six. Six thirty ang breakfast." Lumabas kami sa kwarto niya. Naiwan doon ang dalawang taga bantay para ayusin ang mga gamit.

What is this place? May ganito ba talagang nag e-exist na lugar sa Hesperia? Do they even know na halos walang makain ang mga tao sa bayan? Do they even know na ang presyo ng mga ginagamit nila ay kaya ng magpakain ng isang buong pamilya sa loob ng isang buwan? I doubt that. They know nothing. Being in this place makes them ignorant from the real world. Being in this place makes me hate it even more.

Author's Note:

Shia is a substitute for Corrine. Well tough luck, isn't it?

Next update will be the first day of Shia as an official student of Titan Academy and as a member of Gin's group.

Hmm. Gin and Corrine? What's up with that two? I look forward to read your comments below.

Til next update!

@april_avery

--

Tweet me: @avery_WP

Official hashtag: #TitanAcademy

Chapter 5: The Leader and the Newbie

Chapter 5: The Leader and the Newbie

Pinagmasdan ko ang magiging kwarto ko. Gusto kong matawa. School ba talaga ito o talagang pinaglololoko lang nila ako. May sarili akong kwarto. Isang kwarto na mas malaki pa sa bahay nila Lucas. At puno ito ng mga gamit na kailanman hindi ko kayang bilhin.

"Feel at home, you are in the Pandora section of the castle. Tanging mga senior students lang ang nasa parteng ito." Miss Aura said habang nilalapag ang uniform ko na dala niya.

"We are not sure about your sizes yet kaya ang mga damit sa closet ay free size. Don't worry ipapaalam ko na sa garment department ang kailangan mo. Maybe before the end of the day nandito na sila."

"How-"

"Breakfasts are taken in the Hall and in the Hall only. Lunch is in the cafeteria and Dinner is your choice." sabi niya na hindi pinansin ang sinabi ko. "Your schedule is on your bed. Don't worry hindi ka masyadong mag aaral. You just have to have trainings gaya ng mga ka-group mo. Iba ang schedule niyo kesa sa mga normal students ng Titan." Natahimik siya na para bang inaalala kung may nakalimutan siyang sabihin.

"Miss-"

"And yes, magkikita pa tayo mamaya. Ako ang isa sa mga adviser ng group niyo. Let's see, ano pa ba?" Napatingin siya sa orasan. Six twenty five na ng umaga. "I think that's all. Kailangan mo ng pumunta sa Breakfast Hall."

"By myself?" tanong ko.

"Tinuro ko na sayo kung nasaan ang Hall kanina, hindi ba?" she asked. "And I have to be presentable too, as a teacher. Kung may tanong ka just approach me okay? I have to go. Good luck."

Saka niya ako iniwan sa loob ng kwarto.

Lumabas ako ng kwarto at naglakad sa hallway kung saan ako galing kanina. Habang naglalakad, isa isang naglalabasan sa mga kwartong nadadaanan ko ang iba pang mga estudyante ng Titan. Yung iba humihinto at napapatingin sa akin. Tila ba nagtataka at ngayon lang ako nakita.

Pumasok ako sa Great Hall kung saan halos lahat ng mga estudyante ay doon ang punta. Habang tumatagal mas lalo akong pinag titinginan. Para akong nasa isang factory ng mga porcelain na mga manika dahil sa ganda at puti ng mga taong nakikita ko. At lahat sila may nagtatakang expression sa mga mukha nila.

Pasimple kong linibot ang tingin sa Great Hall. Isa ito sa chamber ng palasyo na mas malaki kesa sa mga unang nakita ko. Hangang ceiling ang mga lumang bintana na binabalutan ng makakapal na mga kurtina. May chandelier din sa itaas na gawa sa crystal.

Isang mahabang mesa ang nasa harap at ilang banners ang nakasabit sa pader. Logo ng Hesperia ang nasa maroon na banner, sa green banner naman nakalagay ang isang hindi familiar na logo, at gray para sa logo ng Titan Academy. Pinagmasdan ko ang logo ng Titan at naalala ang crest. Alam kaya ng mga tao sa Hall ang mga nangyari kagabi?

"Is she a new student?" narinig kong tanong ng isang babae.

"Maybe. Ngayon ko lang siya nakita." sagot naman ng kasama niya.

Bigla akong na-conscious sa sarili ko habang pinagtitinginan nila. Ngayon lang ako nakatapak sa isang lugar na puno ng mga taong hindi ko pinangarap na makasama. Lahat sila mukhang perpekto, magaganda, mayayaman. Malayong malayo sila sa akin. Pakiramdam ko naso-sofucate ako.

Nagpatuloy ako sa paglalakad at pilit hindi pinansin ang mga tingin nila. May apat na mahahabang table sa Hall kung saan kailangan kong maghanap ng pwesto. Naka color code ang mga ito ayun na din sa uniform ng mga estudyante. Freshmen students who wear maroon uniforms are on the maroon table. Sophomores who wear brown are on the brown table. Juniors wear navy blue and seniors wear gray and you get the picture.

Pinuntahan ko agad ang magiging table ko. Naglakad ako sa gitna ng mga tao na walang ginawa kundi pagtinginan ako. Bakit ba ganyan sila makatingin? Ngayon lang ba sila nakakita ng bagong estudyante? Bumuntong hininga ako at nagpatuloy sa paglalakad. Then out of nowhere biglang may sumigaw.

"Guys, they are here."

Kumunot ang noo ko at bahagyang natigilan. Sa loob ng sumunod na limang segundo ang magulong Hall ay tumahimik. Nagsi-upo ang mga estudyante sa kanya kanya nilang upuan. Ang iba tuluyan na atang hindi nagsalita o huminga man lang. Naiwan akong nag i-isang nakatayo sa gitna ng Hall. Sino bang tinutukoy nila? Mga teachers ba?

Sinundan ko ang tingin ng halos lahat ng estudyante. Mula sa nakabukas na double door ng Hall nakita ko ang tinutukoy nila. Ang grupo ni Gin. Isa isa silang pumasok sa Hall.

"Psh." I silently complained. Sila lang pala.

Unang pumasok sa Hall ay si Ethan at Cain. Mukhang may seryoso silang pinag uusapan dahil hindi man lang nila napapansin na pinag titinginan na sila. O talagang sanay lang sila? Sumunod si Victoria na ang aga aga ay naka frown. Mukhang hindi maganda ang gising niya. Ang huli ay si Gin at Corrine. Magkasama silang naglalakad pero hindi nag uusap. It's like they have this unverbalize conversation. Sa body language nag uusap.

"Wow sabay sabay ata sila ngayon."

"Look, kahit si Corrine kasama nila."

"Hindi ba nag back out na si Corrine?"

Natigilan ako sa mga narinig ko. Tama. Nag back out si Corrine kaya ako nandito. Maya maya pa napansin kong nagpalinga linga si Cain na tila ba may hinahanap. Naging excited ang mga babae sa paligid na tila ba madapuan lang ng paningin ni Cain ay masaya na sila.

Biglang nagtama ang mga mata namin ni Cain. Napangiti agad siya nang makita ako. "Hey! Nandito ka na pala."

In a snap bumalik sa akin ang attention ng mga tao sa Hall. Lumingon silang lahat sa direction ko at mas lalong kumunot ang mga noo nila.

"Sino ba talaga siya?" someone almost complained.

Tila naman sinadya ni Cain na ganun ang mangyari. They really know how to make a grand entrance, huh? Sinamaan ko siya ng tingin. Is shouting from the other side of the Hall is his form of Diplomacy?

"Shia, dito tayo!" nakangiting tawag niya sa akin.

Nagsimulang magbulungan ang mga tao nang hindi ko pinansin ang sinabi ni Cain. Nagpatuloy ako sa paglalakad hangang sa marating ko ang Senior Table. Naglayuan agad ang mga tao sa table nang lumapit ako.

"Bakit hindi siya sumusunod?

"Is she deaf or something?"

Umupo ako sa isa sa mga silya at hindi pinansin ang mga narinig ko. Sinadya kong umupo na nakatalikod mula sa grupo ni Gin. Napatitig ako sa kaharap kong lalake. Bigla siyang lumipat ng upuan. Pch. Lumipas ang ilang segundo at mas lalong naging tahimik ang Hall. Pakiramdam ko wala na atang humihinga. Ano bang mga problema nila?

Suddenly may narinig akong impit na mga tili mula sa tao sa likod ko. Para bang bigla silang natakot. Kumunot ang noo ko at akmang lilingon sa kanila nang may kamay na mahigpit na humawak sa wrist ko. Napatingin ako sa may ari nito ay maging ako ay biglang natigilan.

"Cut the bullshit."

Sa isang salita lang pakiramdam ko may bumara sa daluyan ng hangin ko at hindi ako makahinga. Ang higpit ng hawak niya at nasasaktan ako. The Hall was suddenly filled with pressured silence. What the fuck.

Bigla akong hinila ni Gin patayo at kinaladkad papunta sa grupo. Ano bang problema niya? Kung makapag utos at makapag salita akala mo kontrolado niya pati buhay ko. What an obbessive control freak.

"Bitawan mo nga ako." I hissed as we crossed the Great Hall.

"You're one of us. Now act like one." sagot niya nang hindi lumilingon. How can he sound so calm kung halos hilain niya ako na para bang wala ng bukas!

"I don't belong to any of you." I countered.

Bigla siyang huminto sa paglalakad. Napalingon siya sa akin. I froze on my spot. Okay. Hindi ko dapat sinabi yun. Hindi na dapat ako nagsalita. Napatingin ako sa grupo and I saw Cain groaned as if I said something that might kindle my death.

"Really." tila naghahamon na sabi ni Gin. Napatitig ako sa mga matatalim niyang mga mata. Those expressionless cold eyes--

"Let's see then." Halos mapanganga ako nang biglang magbago ang direction ng daan namin. Hindi na kami papunta sa grupo ngayon kundi palabas na kami sa Hall.

My senses started screaming danger. An extreme danger. Pero hindi pwedeng gawin ni Gin kung ano man ang plano niya, hindi ba? Labag sa rule ang pagamit ng kapangyarihan niya sa ibang estudyante!

"Bitawan mo nga ako. What the fuck are you doing?!" I yelled at pilit inaalis ang pagkakahawak niya sa akin.

Nakalabas kami sa Hall at ngayon ay kinakaladkad niya ako sa corridor. I feel Ethan and Cain talking inside the Hall. I can feel everyone talking inside the Hall. I can feel their fear and excitement. I can feel their wonder and curiousity. My special ability is in a haywire because of Gin. Ano bang balak niyang gawin?

Bumaba kami sa isang staircase sa dulo ng corridor. Isang stone staircase yun na malayong malayo sa magara at carpeted na corridor na nasa itaas namin. Am I going into the dungeon? Ikukulong niya ba ako?

Maya maya pa isang corridor ang nadatnan namin sa ibaba. Isang corridor na may fire torch sa bawat metro ng pader at may kakarampot na liwanag mula sa malilit na bintana sa itaas na nagmumula sa labas.

Biglang huminto si Gin sa tapat ng isa sa mga batong pintuan sa corridor. Bumukas ito ng dahan dahan. Nakita ko kung ano ang nasa loob nito. It was a room. A dark room. Pero noong nagsimulang bumukas isa isa ang mga ilaw sa loob nito doon ako tuluyang natigilan. It was a training room. Hinila niya ako papasok sa kwarto at biglang binitawan kaya naman halos mawalan ako ng balanse.

"Let's have a deal." sabi ni Gin habang pareho na kaming nasa loob at unti unting sumara ang pinto.

"Talunin mo ako and you can do whatever you want." he said as if he's offering a bargained product. "Kapag ako ang nanalo, you need to stop being a little bitch and do whatever I tell you."

Control freak. Yun ang paulit ulit na pumapasok sa isip ko. He is doing this to control me. Dahil hindi niya kayang makitang hindi nasusunod ang gusto niya.

Sinalubong ko ang mga titig niya. "What a fair game." I said sarcastically. "The leader and the newbie."

He smirked at what I said. I wanted to pat myself for sounding so calm and composed because deep inside I was overwhelmed by fear. Hindi ko alam ang ability niya. And based on other people's reaction, siguradong mamamatay ako kapag siya ang kinalaban ko.

"Complaining now, are you?" he mocked.

"I'M NOT." I hissed.

Huminga ako ng malalim at pilit pinakalma ang sarili ko. I don't even know if I can do this. Pero wala akong planong umatras. Ano pa bang sasama sa sitwasyon ko? I'm in a place that I don't even give a fuck, with people I hate the most, and a guy who wants to have control of everything.

"Okay then." I answered. "Deal."

Chapter 6: Facing Darkness

Chapter 6: Facing Darkness

Ethan's POV

"Ano na? Hindi ba natin sila pipigilan?" tanong ni Cain.

Bumuntong hininga nalang ako. "Ang tanong ay kung mapipigilan ba natin si Gin?" sagot ko.

Mas lalong sumama ang timpla ng mukha ni Cain. "'Tol, babae yun. Bago lang ni Shia. Hindi niya alam ang kayang gawin ni Gin."

"That's the point." I muttered. "Kaya wala siyang pakialam. We all know that Gin can't tolerate that kind of behavior."

Victoria rolled her eyes. Nagsalita siya sa unang pagkakataon mula nang matigilan siya dahil sa eksenang nangyari sa Hall. "Let them be. That Shia needs to learn her lesson." she said. "The hard way."

Pero alam ko ang ini-isip naming lahat. Magiging malaking gulo ito. At hindi namin gustong magkaroon ng gulo lalo na at sunod sunod ang naging problema ng grupo nitong mga nakaraang lingo. Kung kailan naman malapit na ang Cup. Wala sa plano namin ang masayang ang mga pinaghirapan namin at ma-disqualified.

"We need to stop them."

Napatingin kaming lahat kay Corrine na kanina pa tahimik. Nakatingin siya sa kabilang dulo ng Hall kung saan nakaupo si Shia kanina bago siya hilain

ni Gin. Nasa ganyang position na siya kanina pa. Hindi gumagalaw. Para bang may malalim na ini-isip. Hindi din siya nag react nang magbago ang direction ni Shia at Gin at lumabas sila sa Hall.

"What do you mean?" tanong ni Cain. Iba na kasing usapan kapag si Corrine ang nagsalita.

"And how would we do that?" answered Victoria. "We all know that Gin will never let us. Hindi siya sumusunod sa kahit kanino. Even you."

Corrine's expression flinched a bit pero mabilis din itong bumalik sa dati. Napakamot ng ulo si Cain. Victoria can be really straight forward. Wala siyang sinasanto.

"We need to go to Miss Aura or Sir Apollo." sabi ni Corrine. Humarap siya sa amin with a look that seems she's trying hard to keep herself together.

"Bakit?" tanong ni Cain. "May mangyayari bang masama?"

Corrine nodded. Siya lang ang nakaka alam ng pwedeng mangyari. Kaya sa kanya nakasalalay ang decision namin na sumalungat kay Team Captain.

"Yes." she answered firmly. "Especially to that girl, Shia."

Shia's POV

Napalunok ako habang pinagmamasdan ang kapangyarihan ni Gin. Ito ba yung ability na narinig ko dati pa? Siya ba ang may hawak ng ability na yun? Napaatras ako pero hindi ko pinahalata kung gaano ako natigilan. The room which is made of hard stone and steel is now being slowly swallowed by empty darkness. At nang gagaling ang itim na bagay na yun mula sa parte ng sahig na tinatapakan ni Gin.

Bigla akong nagpanic. Unti unting lumalapit ang itim na bagay sa kinatatayuan ko. Napatingin ako sa mga obstacle course at weapon sa kwarto na biglang naglaho noong tinamaan ng itim na liwanag. The ability of darkness. He controls the freaking ability na dapat hindi pinapayagan sa

bayan ng Hesperia. He is supposed to be THE criminal. His ability is illegal.

Maingat akong umatras palayo sa bagay na yun. Hindi na dapat ako pumayag in the first place. Binigyan na niya ako ng chance kanina. Hindi na dapat ako nagmatigas. Mula sa kinatatayuan ko napansin ko ang hiwa na ginawa ng dagger na hawak ko sa side ng mukha niya. Tumutulo ang dugo mula dito.

A few minutes ago hindi ganito ang sitwasyon. A few minutes ago it was all a physical fight. Sinabi niyang isang dagger lang ang kailangan niya para matalo ako. He doesn't even need his ability. Pero hindi niya in-expect na mabilis ako. Hindi niya in-expect na sa araw araw kong pagta-trabaho sa bayan, hindi lang ako isang babaeng may special ability, I can fight, I can run fast, I can hurt him with a dagger or a knife at hindi ako magtitimpi. I'm not that kind of girl.

Kaya ito ako ngayon. Madami akong galos at sugat mula sa kanya. Pero nagawa ko siyang saktan. Nasugatan ko siya sa mukha. Isang pagkakataon lang ang meron ako at nagawa ko yun. Tamang pagkakataon, prediction ng galaw niya, ang senses niya na malinaw na sinasabi kung anong sunod niyang gagawin, nagawa kong makalapit habang umiwas sa pag atake niya, at nagawa ko.

Pero ito ang kapalit.

Ang makita kung ano talaga ang kapangyarihan niya. He didn't expect that I can touched him. He didn't expect that I was this hardheaded bitch. Kaya hindi niya na pipigilan ang sarili niya ngayon. He would definitely teach my stupid head a lesson. Ako mismo ang humarap sa panganib na kanina pa ako pinagbabalaan.

Naramdaman ko ang pagkonti ng hangin sa kwarto. Ang pagkawala ng lahat ng nag ee-exist dito. Liwanag, hangin, mga bagay, even the space itself. Kinakain ito ng itim na bagay na yun. He can kill me without even moving. Ito ang dahilan kaya takot sila. Si Victoria at ang iba pang kagrupo niya. This guy is dangerous. He can kill all of us in this freaking castle kung

gugustuhin niya! Ngayon alam ko na. At nagsisisi ako na sa ganitong paraan ko pa nalaman.

"What now, Sheridan?" tanong niya mula sa kabilang dulo ng training room.

I hate him. Dahil maging ang boses niya unti unting kinakain ng itim na bagay na yun. Parang usok at anino. Liwanag at kadiliman at the same time. Pinunasan niya ang sugat sa mukha niya gamit ang likod ng kamao niya. Napatingin ako sa kadiliman na nasa harap ko. Butas ba ito na maaari akong mahulog o simpleng kawalan na maari akong mawala at hindi na kailanman makakabalik pa?

How would I able to beat him- Napaatras ako nang mas lalong lumalapit ang itim na liwanag sa akin. I can control my senses. Kung mamamatay ako kailangan ko lang i-shut down ang senses ko para walang maramdamang sakit-

"STOP. THE TWO OF YOU INSIDE THE TRAINING ROOM. STOP."

Sa isang iglap nawala ang itim na liwanag na halos masakop ang buong kwarto. Isang hakbang nalang at ako na ang susunod na lalamunin nito. Mabilis itong umataras pabalik sa kinatatayuan ni Gin at doon ko narealized na galing ito sa mga palad niya. Biglang bumalik sa dati ang lahat. Like nothing even happened.

Isang malalim na hininga ang pinakawalan ko. Ni hindi ko napansin na kanina pa ako nagpigigil ng hininga. Napatingin ako sa bagay na pinangalingan ng boses. Tumingala ako at nakita ang isang speaker system sa pader.

"MISS SHERIDAN AND MR. GREY. DO NOT MOVE."

Narinig ko ang mahinang mura ni Gin mula sa pwesto nito. Ano bang nangyayari? Biglang bumukas ang pintuan kung saan kami galing kanina. Ang pintuan na kanina lang ay nilamon din ng itim na liwanag. Pumasok doon ang isang grupo ng mga tao. Ang mga member ng grupo ni Gin, si Teacher Aura, at isang lalakeng ngayon ko lamang nakita.

"GIN, WHAT THE HELL IS THIS?!" singhal ng lalake. Mukha siyang kaedad ni Miss Aura. Siya na siguro ang tinutukoy nito na si Sir Apollo.

"Orienting her." sagot nito sa walang interest na boses. Nawala na ang paghahamon at amusement sa boses nito.

"ORIENTING?!" Tahimik lang ang ibang member na nasa likod ng dalawang teacher. "You almost killed her! You almost killed our only chance to qualify for the Cup."

He is scary. He looks like a drunken man. Magulo ang buhok, may hawak na sigarilyo sa isang kamay, at meron pang nakasabit na stick sa likod ng tenga niya.

"Tanga ba ako para gawin yun?" sagot ni Gin na nagsimulang maglakad papunta sa gilid ng wall.

Doon ko yun napansin. Ang mga kamay niya, there's something strange in his hands. May sugat ba ang mga ito? Bakit parang dumudugo?

"Shut up, both of you." utos naman ni Miss Aura. Wala na akong naintindihan sa nangyayari. Pabalik balik na lamang ang tingin ko sa kanila na naguusap.

"Gin, alam mong hindi basta basta ang pagamit ng ability mo. It's too dangerous." Miss Aura said habang nakaharap na ngayon kay Gin.

"Alam ko." sagot ni Gin.

Kumuha siya ng ilang gamit na nasa isang malaking drawer sa wall. Bandages at alcohol. Napansin kong humiwalay sa grupo si Corrine at pinuntahan si Gin.

"Ako na." sabi nito na kinuha ang mga gamit mula sa kanya. Biglang napansin ni Corrine ang sugat sa mukha ni Gin. "Anong nangyari sa mukha mo?"

Muling pinunasan ni Gin ang gilid ng mukha niya. Suddenly he stared at me. Hindi ko alam kung bakit pero nagtinginan din ang mga nasa kwarto sa

direction ko. Bigla niyang kinuha pabalik ang mga gamit mula kay Corrine at walang pasabing umalis ng kwarto.

"Hindi nga? Seryoso? Siya ang may gawa nun?" Narinig kong bulong ni Cain sa mga kaharap niya.

"Shut up! Ang ingay mo." asik ni Victoria habang hawak ang isang dagger at pinagmamasdan ang matulis na blade nito.

"Pero seryoso, wala pang nakakagawa sa atin nun, hindi ba? Ibig kung sabihin sa unang subok wala talagang nakalapit sa kanya." exclaimed Cain.

"Ano ngayon? Magaling na siya, ganun?" Victoria replied with contempt. "Duh. Beginner's luck."

Nagpatuloy sila sa pag uusap samantalang ako naman ay kaharap si Miss Aura at ginagamot ang mga galos ko.

"Look at that kid do to you." wala sa sarili na sabi niya habang pinupunahasan gamit ng kung anong likido ang mga sugat ko.

"He is supposed to be the authority. Hindi yung siya ang sinasaway." she commented. Hindi nalang ako sumagot.

"He has his own way of running the group. Intindihin mo nalang siya. He wants everything under his control. He is under a lot of pressure."

Tahimik lang ako. Nawalan na ako ng mood para makipag usap o kahit magsalita man lang. Paulit ulit na nagpe-play sa isip ko ang nangyari kanina bago sila dumating. Gin has a dangerous ability. More dangerous than I though. Hindi ako nag ingat. I need to be careful next time.

"Sandali lang." tanong ni Miss Aura habang nakatitig parin sa mga sugat ko. Ngayon naman ang mga galos ko sa braso ang tinutukoy niya. "Malalalim ang mga sugat mo? Sigurado ka bang okay ka lang?"

Tiningnan ko ang mga braso ko kung saan dumadaloy ang dugo mula sa mga hiwa ng dagger ni Gin kanina. "I can tolerate pain." simple kung sagot. Wala naman talaga akong nararamdaman. Hindi ako nakakaramdaman ng

sakit. I can shut down my senses at yun ang ginagawa ko sa buong oras na naglaban kami ni Gin. Tatagal ba ako kung hindi ko gagawin yun?

"I know." seryosong sabi ni Miss Aura. "Pero Shia, not being able to feel pain doesn't mean na hindi naa-apektuhan ang katawan mo. You may never feel it but it still exists. Did you get my point?"

Tinuon ko ang pansin sa mga medical things na nasa mesa. This is clearly a lecture and I'm not in the mood to listen.

"Kawawa lang ang katawan mo sa mga sugat na hindi mo pinag-tutuunan ng pansin dahil lang sa hindi mo nararamdaman. Sometimes you have to let your guards down. That's how you overcome and heal. Escaping is not always the best thing."

Sasagot sana ako sa sinabi niya nang biglang may pumasok sa training room. Napalingon kaming lahat dito.

"Mabuti naman dumating ka na." Sir Apollo muttered habang naninigarilyo sa isang sulok. "Kailangan ka dito."

Napansin ni Miss Aura ang nagtatakang expression ko. "Siya ang pang anim at huling member niyo." she said with a smile as if reading my mind. "Luna Sarton."

Chapter 7: The Seer

Chapter 7: The Seer

Pumasok sa training room ang isang babaeng may magulong buhok, hindi pantay ang pagkakapusod nito, may matingkad na yellow scarf din ang nakapatong sa grey na uniform niya, kwintas na gawa sa iba't ibang uri ng beads, at halos hindi mabuhat buhat na mga libro. Pumasok ito sa training room na halos hingal na hingal.

"Sorry, nahuli ako. Kagagaling ko lang sa Hall at sinabi nilang nandito kayo." Pinatong niya ang mga libro sa pinakamalapit na mesa at halos

maghulugan ang mga katana at weapon na nandoon.

"Sorry." sabi niya ulit na pinulot ang mga yun at binalik sa mga pwesto nila. Tumingin siya sa direction naming lahat at awkward na napangiti. "May na-miss ba ako dito?"

Victoria rolled her eyes. "She's here, the weirdo." she muttered. Hindi naman ito pinansin ng babaeng may pangalan na Luna kahit pa rinig na rinig sa room ang sinabi ni Victoria.

Doon ko din napansin na wala na si Corrine sa kwarto. Sinundan niya kaya si Gin? Naalala ko ang mga sugat sa kamay ni Gin. Saan niya nakuha ang mga yun? Dahil ba sa ability niya? Balak ko sana itong itanong kay Miss Aura nang magtama ang mga mata namin ni Luna.

"Anong nangyari sayo?" tanong niya nang mapansin ang mga sugat sa katawan ko. Kumunot ang noo niya at tinignan ako na para bang isa akong experiment. "Ang galing, ano? Hindi mo talaga nararamdaman ang sakit."

Lumapit siya sa akin nang nakangiti. Sa buong araw kong nandito sa lugar na ito, ngayon lang ako nakakita ng normal na tao. Normal in a way na hindi gaya ng mga perpektong tao sa lugar na ito. Isa na din dito si Teacher Apollo. Silang dalawa lang ang mukhang kahit paano alam na ang totoong buhay ay nasa labas ng kastilyong ito.

"I always wanted to see you." excited na sabi niya sa akin. Kinuha niya ang isang braso ko at pinagmasdan ito. Ano bang problema niya?

"Luna, this is Shia Sheridan." Miss Aura said after clearing her throat. Tila naman natauhan si Luna kaya binitawan ako at maayos na nagpakilala.

"I'm Luna Sarton. I'm the healer of the group." pakilala niya sa masiglang boses. Humarap siya sa mga iba pang nasa kwarto gaya ni Ethan at Cain. "Good morning sa inyo."

"Healer?" tanong ko.

"Yes. And you are the seer. Victoria is the deceiver. Cain and Ethan are primary defense and Gin is the captain." Kumunot ang noo niya. "You know that, don't you?"

Tuluyan na akong hindi nakapagsalita. Ano bang pinagsasabi niya? Miss Aura cleared her throat once again.

"Alam mo kasi, Shia. May mga position kayo sa grupo. They are in prime importance kapag nasa game na kayo."

Napatingin si Miss Aura sa iba pang member. Nagbalikan naman sila sa kanya kanyang ginagawa na para bang hindi na dapat sila nakikinig sa usapan dahil malamang alam na nila ito.

"They are the codes used para sa pagpili ng bawat member ng grupo at maging balanse ito. A complete team has to have a healer, primary defense, a deceiver, a seer and a captain. Ito ang standards ng Titan Academy. Maaaring magkakaiba ang standards ng bawat school na makakalaban natin but nevertheless, at dahil na din sa maraming taon ng pagsali sa competition, alam nilang ganyan ang format ng halos lahat ng grupong sasali dahil nandoon ang mga pinaka importanteng ability para manalo."

Bigla namang tumayo si Teacher Apollo mula sa kinauupuan niya at nagsalita. Pero bago yun tinapon niya muna ang sigarilyo niya sa sahig at tinapakan ito.

"Gaya ng sinabi ni Luna, siya ang healer. Kailangan yun sa grupo para magtagal kayong lahat. Si Victoria ang deceiver. Kaya niyang makakuha ng information mula sa mga kalaban gamit ang ability niya. Ikaw ang seer. Ikaw ang maglalayo sa kanila sa maaaring masamang mangyari. Si Ethan at Cain and pangunahin depensa na po-protekta sa grupo at si Gin ang captain na ilalabas kayong lahat ng buhay sa Game para manalo."

"Okay." wala sa sarili na sagot ko.

"Pero hindi ibig sabihin na hindi kayo ang pangunahing depensa ay hindi niyo na kailangang makipag laban."

Kumuha si Teacher Apollo ng isang dagger sa malapit na mesa at walang babalang binato ito sa direction ng nakatalikod na si Victoria. Halos manlaki ang mga mata ko sa ginawa niya. Mukhang walang kamalay malay dito si Victoria. But the next thing happened almost made my jaw dropped. Natigilan si Victoria sa ginagawa nang halos ilang pulgada nalang ang layo ng kutsilyo sa kanya. Saka siya mabilis na umilag. Tumama ang kustilyo sa matigas na pader at tumusok sa pagitan ng dalawang bato.

Nakakunot ang noo na humarap si Victoria sa amin. "If you need an example, tell so!" iritableng sigaw niya. "Hindi yung maghahagis ka nalang ng kung anong mahawakan mo. Muntik pang madaplisan ang buhok ko." In-inspeksyon niya ang buhok sa gilid ng mukha niya bago nagpatuloy sa ginagawa.

"See that?" sabi ni Teacher Apollo na tila ba hindi narinig ang mga reklamo ni Victoria. "She's a deceiver pero kaya niyang umiwas sa pag-atake at makipag laban. Lahat kayo ay magiging target dito. Ubusan ng member ang laro dahil sa bawat member na malalagas, may kalakip na puntos na maaalis sa grupo. Kaya mas malaki ang tyansa niyong manalo kung makakalabas kayong lahat ng buhay."

Tumayo si Miss Aura mula sa kinauupuan niya. "Mukhang wala na tayong maaabutan na breakfast kaya mabuti pa magsipunta na kayo sa mga homeroom niyo. Siguradong magtataka si Principal Bins at Headmaster Grey at hahanapin tayo. Mabuting may madatnan silang ilan sa atin kahit sa classrooms man lang."

Napatingin sa akin si Miss Aura. Alam ko ang nasa isip niya. "Shia, you need to stay here with Luna. Kailangang gumaling ang mga sugat mo bago ka lumabas dito sa training room."

Wait, what?

"Hwag kang mag alala, babalik kami dito mamayang ten o'clock para sa training session ng grupo. As for now, ako na ang bahalang magpaalam sa mga teachers niyo at kay Principal."

Nagsitayuan ang iba at nagsimulang mag ayos para umalis. "Wala pang ilang oras na nagsasama ang buong grupo nagka spark na agad." biro ni Cain na ang tinutukoy ay ang gulong nangyari kanina. "The best team."

Hindi ko alam kung nag bibiro siya o ano. Siguro nga dahil hindi niya mapigilan ang tawa niya habang palabas sila ni Ethan sa training room. "Bye guys!" paalam niya pa bago sila tuluyang nawala sa paningin namin. Sumunod si Victoria na wala man lang paalam. Then si Miss Aura at Sir Apollo.

"Luna, ikaw na ang bahala sa kanya." sabi ni Miss Aura nang halos nasa pintuan na sila.

"Makaka-asa ka, Miss Aura." sagot ni Luna. Tumango silang dalawa ni Teacher Apollo at tuluyang umalis sa training room.

And now, I'm alone with the girl named Luna.

"You really are something, aren't you?" nakangiting sabi ni Luna habang ginagamot ang mga sugat ko.

Compared to the alcohol and the medicine awhile ago, parang fast forward ang pag galing ng mga sugat ko dahil sa ability na meron siya. She can heal a wound ten times better and faster if she's the one who did the procedure.

"First time na may makasakit kay Gin sa unang subok." natatawang sabi niya. Her necklaces clatter every time she moves. "At unang babae pa." she added with amusement. "And you tend to counter his every decision. Mukhang tama si Cain. This is the best group so far."

Gusto kong matawa sa sinabi niya. Best group? BEST GROUP? Alam ba nila na muntikan akong patayin ng Team Captain nila? Para lang masiguradong hindi ako magiging sakit ng ulo at susunod sa gusto niya!

"How did you even know?" sabi ko. "Wala ka dito kanina."

"Nasalubong ko si Gin at Corrine sa corridor." sagot niya.

I can't help but scoffed. Ano bang meron sa dalawang yun? "They have this thing going on since last year." Nawala ang attention ko sa mga sugat ko dahil sa sinabi ni Luna. I find myself listening involuntarily.

"There are no formality but everybody knows they're inseparable." she nodded as if agreeing in her own statement. "Anyways, I've always been fascinated by your special ability." she continued, still focusing his attention on my injuries.

"It's a wonder how you can control your senses. Para kang may sariling anesthesia. But you know what's deadly about this?" Patuloy siya sa pagsasalita at walang pakialam kung nakikinig ba ako o hindi. "You will never know if your body is in its limit. You can die without even knowing it."

"I'm not that stupid." I muttered.

Natawa siya. "But you're hard headed." she said, amused.

Lumipas ang ilang minuto at nandoon lang kami sa training room, siya habang ginagamot ako at walang tigil sa pagsasalita, ako na nawalan ng ganang makinig at nagsimula ng antukin dahil sa ginagawa niyang pangagamot. Wala pa akong tulog simula kagabi. Kailan ba matatapos ang araw na ito?

"Hey, Shia. Let's go!" Tila nagbalik ako sa present time nang tumayo si Luna sa harap ko.

"Where are we going? Hindi ba hihintayin natin sila dito?" tanong ko. Isa pa tinatamad na akong lumabas at makita ang walang kwentang mundo sa itaas.

"Hindi ka ba nagugutom?" tanong niya. "Tara na." Hinila niya ako at doon ko napansin na halos wala na ang mga sugat ko.

Lumabas kami sa training room at bumalik sa itaas. Nakakasilaw ang liwanag sa itaas. Malayong malayo sa mala dungeon na atmosphere sa training room. Tahimik na ang mga hallway ngayon. Wala ng estudyanteng

nagkalat. Malamang nasa mga classroom na. Ang iba kayang member ng grupo nandoon na rin? Hindi ko ma-imagine na nakikinig sila sa teacher. Kung makapag bangayan kasi sila at mag ingay akala mo wala ng bukas.

Tahimik kaming naglakad papunta sa Breakfast Hall. Hindi parin ako makaget over sa carpeted na hallway at chandeliers. Naririnig ko ang ilang boses ng teachers sa mga rooms na nadadaanan namin.

"Ano naman ang pinag aaralan niyo dito?" pasimpleng tanong ko.

"A lot of stuff. Pero kadalasan sa mga senior students ngayon ay about careers. Alam mo naman siguro ang UBSL, hindi ba?"

Natigilan ako. Matagal na mula noong huli kong narinig ang salitang yan. Pero noong nag aaral pa ako sa bayan halos araw araw nababangit ito. Ang Unified Bureau for Special Laborers. Ito yung mga i-ilang tao sa Magic World na may pahintulot na lumabas sa normal na mundo para sa special na trabaho. They accept contracts for government, organizations, and individuals. May ilang tao akong kilala na nangaling na sa normal na mundo.

"Isa sa mga goals ng Titan Academy ay ang makapagtrabaho ang mga estudyanteng graduate dito sa UBSL. That is the most prestigious outside-world organization in the Magic World so far. Sa ngayon ang rate ng mga nakakapasa doon at nagkakaroon ng chance mag trabaho ay 15 per cent. Very low even in a high ranking school like this. Ang exams kasi doon ay pantay pantay. It doens't matter if you are a 50 year old veteran or a 18 year old fresh graduate from an Academy. You'll all go in the same procedure."

At least may pumapasa, tahimik na sagot ko. Kung tutuusin hindi mo na maabot ang level na yun. Ang maging part ng UBSL. Mga matatas na tao ang mga member doon. Maybe one of the teachers here, or high ranking officials like Principals or Heads, or members of the Magic Council.

Sa ngayon ito ang tatlong level ng employment dito. The informal workforce, kami yun, hindi nakatapak sa advance training. The recognized workforce, mga graduate ng Academy at ilang pang institution. At ang

UBSL. Ang mga taong kayang pumunta sa normal na mundo para magtrabaho.

"That's why we are somewhat lucky." pagpapatuloy ni Luna habang naglalakad kami. "Almost all the groups na nananalo sa Linus Cup ay may privilege acceptance sa UBSL."

Bigla akong huminto at humarap sa kanya. "Oh?"

Nagtaka siya sa naging reaction ko. "Isa yan sa prize ng Cup. Hindi mo naman siguro ini-isip na lalaban tayo doon at magbubuhos ng buhay para sa isang mediocre competition. This is serious business, Shia."

Tahimik kaming naglakad matapos yun. Ngayon malinaw na sa akin. Kaya naman pala ganyan nalang ang reaction ng ibang estudyante kapag nakikita ang grupo. They also wanted this. And they are looking at future people who, if they are lucky to survive, will be part of a prestigious organization.

"The pressure is always on." Luna added.

Halos marating na namin ang Hall nang bigla siyang natigilan. Nagtataka akong huminto gaya niya.

"What-"

Bigla niyang tinakpan ang bibig ko bago ko pa man matapos ang sinasabi ko. Hinila niya ako sa isang sulok malapit sa bintana. Pumasok siya sa likod ng makapal na kurtina at hinila ako papasok.

"What is wrong with-!" I hissed. Pero maging ako natigilan at natahimik sa sumunod kong nakita.

"Hindi pwedeng makita ni Headmaster Grey na pakalat kalat tayo sa corridor specially matapos ng nangyari kanina." she whispered just a few inches before my ears.

As if on cue, dumaan sa harap namin si Headmaster Grey. Pero hindi yun ang talagang nakapagpatigil sa akin. Kasunod niya sa paglalakad si Gin. Seryoso ang mukha at mukhang nag u-usap. The Headmaster looks calm

but his aura is telling otherwise. Mukhang nagtitimpi lang itong sigawan si Gin at magalit.

"... such a disappointment." I heard the Headmaster say. "I'm expecting a lot from you, Gin. I don't have a faulty son."

I froze. Wait, son?

Chapter 8: Group Training

Chapter 8: Group Training

Sandali, tama ba ang narinig ko? Anak ng Headmaster si Gin?

"Sabi ko na nga ba mangyayari ito." Luna sighed beside me. Hinintay muna naming makalayo ang mag ama bago kami lumabas mula sa pinagtataguan namin. Napatingin siya sa akin at tila ba nagtaka siya sa reaction ko.

"Okay ka lang?" tanong niya.

Mabilis akong tumango para itago kung paano ako natigilan. I can't believe how stupid I was. Ni hindi ko napansin. Headmaster Grey and Gin Grey. Of course they are related. Pero hindi ko alam na ganito kalapit.

"Don't worry nangyayari talaga yan." sabi ni Luna. "Headmaster Grey puts a lot of pressure to Gin. He is after all the Headmaster's son."

"Kaya ba siya ang Team Captain?" wala sa sarili na tanong ko.

Hindi ko alam kung bakit pero bigla akong naguilty. He's a control freak. He wants everything to be under his control. Hindi niya ako matagalan kasi ako ang sumisira sa authority niya. But I guess he has all the right to be so.

"No." mabilis na sagot ni Luna. "Nasa Board ang pagpili via majority decision base sa records at mastery ng isang estudyante sa ability niya. We are chosen because we are either on top of our class or having the highest ranks during trainings and other essential activities." Napangiti siya. "Look

at me. Hindi ko naman talaga gustong sumali sa Cup pero ako ang top sa klase ng healing so wala akong nagawa noong piliin nila ako."

Nakapasok na kami sa Breakfast Hall noong oras na yon. Pero tila ba nawalan ako ng ganang kumain.

"Gin on the otherhand is the top ranking student when it comes to trainings. He is the most valid candidate kahit pa wala pa kami sa tamang edad noon para sumali. Inaabangan na siyang tumapak sa senior year at makasali sa Cup kahit freshmen palang kami. Can you imagine?"

Umupo kami sa isang circular table. Nakahiwalay ito sa apat na mahahabang table para sa bawat year level. "We have our own table." sabi ni Luna nang mapansin na nagtataka ako. "Being in the group has its perks."

Ang table na yon ay malapit sa harap. Sa isang platform na kung saan mukhang mga teachers ang mga umu-upo. Pagkaupo namin biglang bumukas ang isang pinto sa left side namin. Hindi ko napansin na may pinto pala doon. Lumabas ang isang babaeng mukhang taga silbi. Kapareho niya ng uniform ang mga babaeng kasama ko noong madaling araw sa kwarto ni Miss Aura. Ang kaibahan lang mas makapal ang apron nito sa harap.

"Magandang araw, Miss Luna." bati niya. Napatingin siya sa akin at tila ba hindi alam ang sasabihin. Sino nga ba ako?

"Hello, Lisa. Pasensya na pumuslit nanaman ako. Siya pala si Shia, new member ng grupo."

Nanlaki ang mga mata ng tagapagsilbi at agad na yumuko. "Magandang araw, Miss Shia." bati niya sa akin.

"No need for formalities." monotone na sagot ko.

Natawa naman si Luna nang makitang parang nahihiya ako. "Don't worry, Lisa. Wala kang dapat ipag alala sa kanya. Can we have the usual, please?" sabi niya na tinutukoy ang pagkain.

"Masusunod, Miss Luna." sagot ni Lisa at bumalik sa pinangalingan na kwarto.

"Pansin mo naman siguro na bawal itong ginagawa natin." natawa siya. "We are supposed to be in our classrooms. Pero dahil lagi akong nala-late sa breakfast at kailangang tumakas sa klase pag nagugutom, nasanay na si Lisa sa akin."

Tumango ako. May paka weird talaga itong babaeng ito.

"So, where are we?" tanong niya na inaalala kung ano ang huli niyang sinabi. "Oh, right!" she exclaimed brightly. "I don't think kailangan pa kitang i-inform sa mga bagay tulad ng ability nila. Ilang oras nalang naman at magsisimula na ang training. You will see it before your eyes."

Isa lang ang pumasok sa isip ko noong oras na yun. Ang mga kasama ko sa grupo, hindi basta basta estudyante. Sila ang mga pili at pinakamagagaling. At ako? Isa lang akong babaeng nagkataon na napasubo sa isang kasalanan na hindi ko ginawa. I have no formal trainings. I only top at being reckless, hard headed, jump-without-even-looking bitch.

Matapos kumain, bumalik agad kami sa training room. Pagpasok namin wala paring dumadating sa grupo. Napatingin ako sa holographic image ng isang orasan sa ere. Halos twenty minutes pa bago mag ten.

Nagpaalam si Luna na may babalikan lang sandali sa kwarto niya. Naiwan ako doon na nakatunganga at nagsimula ng mabored. Umalis ako sa pagkakasandal sa pader at tumayo mula sa sahig. Namalayan ko nalang ang sarili ko na pinuntahan ang mga weapons na naka hilera sa isang metal na mesa. Meron ding nakasabit sa pader tulad ng mga katana at espada.

Pinagmasdan ko ang mga gamit. Kinuha ko ang isang dagger at pinagmasdan ang talim nito. Napaka pulido ng pagkakagawa. Ilang simbolo ang nakaukit sa handle nito. Every detail is entricately carved. Out of nowhere bigla ko itong hinagis. It slashed the air with a sharp sound bago tumama sa isang dummy na nasa kabilang dulo ng room. This feels good.

Bigla kong pinikit ang mga mata ko at kinuha ang ilan pang dagger na nasa mesa. Habang nakapikit, pinakiramdaman ko ang position ng mga nagkalat na dummy sa paligid. Hindi ko alam kung ilan sila. Doon ko lamang napansin na meron ang mga ito sa kwarto noong matamaan ko ang isa sa kanila. Pero alam kong nagkalat sila sa paligid.

In the darkness I can almost see the abstract position of everything inside the room. The tables, the weapons, the clock. Nakita ko ang hindi malinaw na position ng isang dummy. Nakasabit sa isang sulok. Humigpit ang hawak ko sa mga kutsilyong nasa kamay ko. Unti unting dumami ang mga dummy na nararamdaman ko sa paligid. Para silang mga ilaw na isa isang sumisindi sa dilim. Once I'm familiar about something, with the same content and form, madali kong nate-trace ang mga katulad nito.

Mabilis kong hinagis isa isa ang mga dagger sa direction ng mga dummy. Dalawa sa harap ko, isa sa left, tatlo sa likod. Rinig ko ang pagbaon ng mga ito sa mala tela na balat ng dummy. It created a sharp tearing sound that filled the room in seconds. Pero noong maigahis ko ang huling dagger bigla akong natigilan. Mabilis akong nagmulat ng mga mata at nakita ko kung saan ako nakaharap. Shit.

Napahakbang ako sa tangkang pagpigil pero alam kong imposible ng mapigilan ko yon. Halos mapamura ako nang makitang nakatayo siya sa tapat ng nakabukas na pintuan at wala man lang atang balak iwasan ang patalim ko. What the fuck is wrong with him?

Pumalakpak pa siya ng marahan at napangiti nang mapansin ang mga dagger na nakatarak sa mga dummy sa loob ng kwarto. Bulag ba siya? Hindi niya ba nakikita na-

Natigilan ako sa sumunod na nangyari. Ni hindi ko namalayan ito sa sobrang bilis. One minute halos gusto ko siyang sigawan sa katangahan niya and the next thing I knew isang metal shield ang bumulusok sa harap niya para harangan ang dagger na isang pulgada nalang ang layo sa kanya.

Maingay na tumama ang dagger sa shield, tumusok ang tip nito bago nalaglag sa sahig with a clutter. Nahulog din sa sahig ang shield at nakita ko ulit ang mukha ni Ethan. Hindi parin nagbabago ang expression nito.

Nakangiti parin ito at nasa gitna ng pagpalakpak na para bang walang nangyari. Ano bang klaseng tao ang mga ito?

Linampasan nito ang mga gamit na nagkalat sa harap niya. "Sharp senses, I never knew they can do a lot of things."

Hindi ako nakasagot. Hindi parin ako makapaniwala sa ginawa niya kanina. Isang segundo lang na difference sa ginawa niya baka nasaksak ko ang mukha niya. He has the power of matter levitation. But he took it to a whole new level.

Naalala ko may kaklase ako noon sa bayan na halos kapareho ng ability ni Ethan. Noong una ang tingin ko walang kwenta ang ability na yon. Kaya niyang magpagalaw ng mga gamit o kaya naman utusan ang isang bagay na lumapit sa kanya. Pero sa ginawa ni Ethan doon ko narealize na iba talaga kapag na-master mo ang ability mo. Iba talaga kapag nakapag aral ka sa Titan Academy. It's too fast, too precise, and in perfect timing. No wonder he is in the line of defense.

Napasipol siya habang pinagmamasdan ang mga dummy sa paligid. Kinuha niya ang dagger na nakatarak sa isang dummy at pinalutang ito sa ere hangang sa umabot sa kisame. Saka mabilis na pinabulusok pababa sa sahig.

"Pinanood kita kanina." sabi niya nang saktong tumusok ang dagger sa sahig. "Minaliit ka nga ni Gin."

I scoffed. "Right."

"You don't sound too happy." he commented habang nakapamulsang pinagmamasdan ako.

"Do I have to?" I asked in a matter of fact tone. "Can't you see it was begineer's luck?"

Tumalikod ako sa kanya at sinimulang alisin isa-isa ang mga dagger sa dummy. Why are they making such a big fuss about it? Kung nahuli sila ng

isang segundo sa pagdating malamang hindi papuri ang maririnig ko kundi pakikiramay.

Lumipas ang ilang minuto at hindi na siya nagsalita. In the corner of my eyes nakita ko siyang umupo sa sahig sa isang sulok at sinandal ang ulo sa pader. Nakapikit siya. Mukhang malalim ang ini-isip niya.

"Anong masasabi mo sa grupo, Shia?"

Napahinto ako sa pag aayos ng mga weapon dahil sa tanong niya. Bakit ba bigla bigla nalang siyang magtatanong matapos tumahimik?

"A bunch of fucked up people." maikling sagot ko. Importante ba ang opinion ko? Ang importante lang naman ay pakisamahan ko sila hangang matapos ito.

Natawa siya bigla at nagmulat ng mga mata. "Inaasahan kong isasagot mo yan."

Biglang humigpit ang hawak ko sa isang kutsilyo. May nakakatawa ba sa sinabi ko? Hindi ba totoo naman? Malayong malayo ang ugali ng bawat member sa isa't isa. Laging may gulo basta magkakasama kami. Tumayo si Ethan mula sa pagkakaupo sa sahig.

"Nandyan na sila." he commented at napatingin sa pinto habang nakapamulsa.

I know. I said silently. Ramdam ko na ang mga yapak nila kanina pa. Pababa na sila sa staircase na papunta ng training room. Nag uusap nanaman sila. Pero hindi ko masyadong marinig ang pinag uusapan nila. There's Cain and Gin, Victoria and Luna na mukhang sumabay na sa kanila, there's also Teacher Apollo.

"Yo! Nandito na pala kayo!" masiglang bati ni Cain nang makita kami. Siya yung klase ng taong mauuna mong marinig ang boses bago mo siya makita.

Sa lahat ng pumasok sa training room, nasentro agad ang tingin ko kay Gin. Ganoon parin ang aura niya. Seryoso at wala man lang makikitang

expression sa mukha niya maliban sa mga mata niya. His eyes are so penetrating to the point na kung hindi ka iiwas ng tingin pakiramdam mo maglalaho ka nalang bigla. Napatingin ako sa side ng pisngi niya. There's a visible bandaid in the place where the dagger hit him.

Teacher Apollo removed his cigarette from his lips and cleared his throat nang makapasok na ang lahat sa training room. Agad naging seryoso ang atmosphere. Hangang ngayon hindi parin ako sanay na nakikita silang ganito.

"Hindi naging maganda ang umpisa ng araw natin." I was expecting na titingnan niya ako habang sinasabi yon. Pero derecho lang ang tingin niya sa grupo. "Wala tayong oras para sa mga laro tulad ng nangyari kanina."

Tuluyan na niyang binitawan ang sigarilyo at tinapakan ito. "Alam niyo kung anong kayang gawin ng dalawang matanda sa taas." It was not a question. It was a statement on its own. Natawa ng mahina si Cain pero agad ding sumeryoso.

"Kaya nila kayong ipa-tangal sa game. Kaya kung hindi niyo aayusin ang mga sarili niyo, sige lang." Mukha talaga siyang lasing magsalita. Is he even sober? "Pare-pareho tayong nagsasayang ng oras dito."

Cain frowned this time. "This is a TEAM game." Teacher Apollo continued. "Yun ang lagi niyong tatandaan. Kung hindi niyo madidisiplina ang mga sarili niyo dito palang. Mabuti pang umatras na kayo. Walang makakabalik sa inyo ng buhay."

Ano bang klaseng pep talk ito? He was supposed to be motivating us. This man is really weird. Pumunta siya sa isang sulok kung nasaan ang silya na inupuan niya kaninang umaga. Muli siyang kumuha ng sigarilyo mula sa bulsa at sinindihan yun.

"Mag umpisa na kayo."

Halos hindi ko narinig ang huling sinabi niya dahil sa nakaipit na sigarilyo sa kanyang ngipin. Unti unti namang nag alisan ang grupo at nag kanya

kanya. So yon na yon? Tapos na? Narinig ko si Cain na tinatanong si Victoria kung anong type sila ngayon ng training.

"Duel." maikling sabi ni Victoria. Napangiti naman si Cain na para bang nakarinig ng isang magandang balita.

Lumapit si Luna sa akin. "Ready?" tanong niya na nakangiti.

Kumunot ang noo ko. Paano ako magiging ready kung hindi ko alam ang susunod na gagawin. Wala man lang bang orientation ito?

"Let me see your hand." Bigla niyang hinila ang kamay ko at tiningnan ang wrist ko. Out of nowhere isang black na tinta ang nakalagay doon. Nakasulat sa cursive letters ang pangalan ng isang tao.

"Siya ang makakalaban mo para sa training." Nagtataka na hinawakan ko ang tila ba tattoo na nakalagay dito. Sinubukan ko yung burahin pero hindi ko magawa. Wala naman ito kanina ah.

"Sinong sayo?" mabilis kong tanong kay Luna.

She shook her head lightly at natawa. "Healers don't do duel. Ang training ko ay nagsisimula kapag may nasaktan sa inyo."

"But Teacher Apollo said we all have to-"

"Of course I still do trainings." Tila natatawa siya na wala akong alam sa nangyayari. "We undergo different types of training depende sa kung anong mapili nila for the week. We have the duel training, basic and advance survival training, physical training, strategy and tactic and so on. But I don't do duels dahil mas kailangan ako after this type of training. Mas risky kasi ito kesa sa iba."

Bigla akong napatingin sa mga kamay ko. So this is the real deal.

"I'm sure you'll be okay." Luna offered. "Hindi naman tayo magpapatayan. Well, mostly kailangan nating pigilan ang sarili natin bago makarating sa point na yon."

Wow. Thanks for the motivation, Luna. I stared at the tattooed name in my pale wrist. Victoria.

Author's Note:

Thanks for the feedback on the previous chapters. I hope maging habit na natin ang pagiging expressive reader. Wala namang mawawala di ba? Mas nakikilala ko din kayo.

@april_avery

Chapter 9: Deceived

Chapter 9: Deceived

Si Victoria ang makakalaban ko para sa training na ito. Pero ano bang kaya niyang gawin? She's a deceiver. Hindi mukhang nasa defense-offense line tulad nila Ethan pero wala akong tiwala sa attitude niya. I know there's something more than her ability na kaya niyang magamit. She is not going to be Victoria, the bitch, kung simpleng bagay lang ang kaya niyang gawin.

"I'll wait for you, guys, here." sabi ni Luna na pumunta sa isang sulok at simpleng pinagmasdan kami.

Okay. So I have to face Victoria. Big deal. But in the back of my mind I know it's indeed a big deal. Ano bang kaya niyang gawin? Nagkanya kanyang pwesto ang iba pang member sa maluwang na training room. Saka sila napatingin sa gitna kung saan kami nalang ni Victoria ang natira. Balak ba nila kaming panoorin?

"Non-defense line is always the first to go." sabi ni Luna nang mapansin na nagtataka ako. Madalas niyang gawin yun. Hindi pa ako nagtatanong may sagot na siya. Ganun na ba ako kadali mabasa?

Napansin ko si Gin na sumandal sa isang pader habang naka crossed arms. Derecho ang tingin siya sa akin. Ni wala siyang balak itago na nakatitig siya sa akin at hinihintay ang gagawin ko.

"What are you waiting for?" tawag ni Victoria mula sa kabilang side ng training room. Muli akong napasilip sa wrist ko. Malinaw padin ang nakatatak doon na itim na tinta. I wonder kung maaalis pa ito.

Naglakad ako papunta sa direction niya. Hindi ako kinakabahan. As a matter of fact my body started to numb again. Yun ang ginagawa nito kapag nagiging overwhelming ang situation. Hindi nito gustong makaramdam. But I know for myself na hindi ako natatakot o kinakabahan. What can be worst than earlier? I already faced the Team Captain. It was one heck of deal gone wrong. Wala ng mas sasama pa doon. Pero may pakiramdam ako na may mangyayaring hindi ko gusto. Kung ano man yun kailangan kong maghanda.

"Ang tagal mo."

Hindi ko pinansin ang sinabi ni Victoria nang marating ko siya. Because something already occupied my senses. Bigla kong binalik ang tingin sa mga kasama ko-I stepped into something. Alam kong may mali akong naapakan. Pinagmasdan ko si Luna na kanina lang ay ilang metro ang layo sa akin. Pero ngayon halos hindi ko na siya makita. Napakalayo na niya. Pakiramdam ko nasa ibang lugar na sila. Lugar na malayo sa training room. What the heck happened?

Linibot ko ang tingin sa paligid at doon ko napansin. May kung anong bagay mula sa kisame na nag e-emit ng isang mala hamog na usok. Habang bumababa ang usok sa sahig mas nagiging clear ito. Nakikita ko ng malinaw si Luna at ang iba pa. Pero iba na ang distansya nila mula sa amin.

"It's a dimensional apparatus." sabi ni Victoria na nakatingin sa akin habang nakataas ang kilay. Mukha siguro akong tanga sa paningin niya. I don't even know how this training works.

Biglang lumapit si Victoria. Napaatras ako as a reflex. Napangiti siya sa nakita. "Scared?" she asked with mock innocence.

"More like suspicious." sagot ko. "Ano bang kaya mong gawin?"

Pinagmasdan niya ako na para bang natawa sa naging tanong ko. I feel like suffocating with this dimensional thing. Pakiramdam ko artificial ang hangin na hinihinga ko dahil sa nakikita kong usok.

Patuloy sa paglapit si Victoria sa akin. Hindi nawawala ang ngiti sa mga labi niya. Alam kong nasa malapit lang sila Luna at malinaw na nakikita ang lahat. But right here, right now, in this dimensional shit, ako at si Victoria lang ang nage-exist. I need to focus my attention on her. Kung gusto kong makaligtas.

Tuluyang nakalapit si Victoria sa akin. Her perfect face is just inches from mine. Makinis, maputi, isama mo pa ang nakakalokong ngisi sa mga labi niya. Pinatong niya ang mga kamay sa balikat ko at nagsalita ng halos pabulong. "Tell me, Shia, what can you say about Gin?"

Nabigla ako sa tanong niya. I can feel myself stiffen. In a slow motion, napatingin siya sa direction ni Gin, na para hinahamon na gawin ko din. Pero hindi ko ginawa. Hindi ako lumingon para tingnan si Gin.

"Don't worry, hindi nila tayo naririnig." her voice is too sweet, too angelic, to evil because of that. Kung titingnan mula sa malayo para kaming matalik na magkaibigan na nagu-usap. Our eyes are the only give away na iba ang nangyayari.

"I don't have to tell you." sagot ko na derecho parin ang tingin sa harap ko. Natawa siya ng mahina sa sagot ko.

"How about Corrine?" tanong niya ulit. Humakbang siya paikot sa akin. "Alam mo, may pagkakahawig kayo." she said. "The only difference is she looks angelic while you are a little devil."

Ano bang gustong iparating ng babaeng ito? Bakit ba kung ano anong tinatanong niya sa akin? Can she just shut up so we can start this fucking thing?

"Tell me something about Lucas, then."

Doon na ako tuluyang natigilan. I never saw that coming. Hindi sa bibig niya mangagaling ang pangalan ni Lucas. It's too eccentric. Paano niya nalaman ang tungkol kay Lucas? Something in my head is starting to tell me I should stay away from that question. Something is warning me that it's a disguised trap. Pero gusto kong malaman kung paano niya nalaman ang tungkol kay Lucas. Paano niya- Natigilan ako nang biglang may magbago sa paligid.

Victoria smiled sweetly. "Sweet dreams."

Yun ang huli kong narinig bago nagsimulang umikot ang paligid. Sobrang bilis na halos masuka ako at mawalan ng balanse. Napaluhod ako sa sahig at napahawak dito dahil sa sobrang hilo na nararamdaman. Is the floor shaking? Or the walls spinning? Ano bang nangyayari? I closed my eyes pero maging ang dilim na nakikita ko ay umiikot at nakakahilo. SHIT. THIS IS THE TRAP.

Mas pumikit ako sa pagbabakasaling mawala ang umi-ikot na paligid. My senses are in full numb condition pero alam kong hindi physical ang nararamdaman ko. Out of nowhere unti unting humina ang pag ikot. Naging mas stable ang sahig na inaapakan ko. Maingat akong napamulat hangang sa unti unti akong napatayo dahil sa nakita. My mouth went dry at hindi ako nakapagsalita. I'm not in the training room anymore. I'm inside a room, a very familiar room. Mula sa lumang kahoy na sahig, sa yellowish na bintana at halos hindi makapasok ang liwanag, sa lumang kama na may manipis na kumot, at sa matandang lalakeng nakahiga doon.

"Shia," tawag nito sa mahinang boses. Halos hindi ko ito narinig. Hinang hina na ang matandang lalake. "Shia,"

Isang babae ang lumitaw mula sa pintuan. Nagsusuot ito ng itim na jacket at para bang nagmamadali. "Lo, hintayin mo ako." sabi ng babae na may magulong buhok. Sinubukan niya itong ipusod pero halos wala naging pinagbago. "Nasa bayan ang isang healer ngayon." sabi nito na tuluyang humarap sa matanda. "Madadala ko siya dito. Please lang, Lo. Hintayin niyo ako."

Hindi nagsalita ang matanda. Pinagmasdan niya lamang ang babae. "Shia, umu-ulan. Hwag ka ng pumunta."

"Lo, kailangan niyo ng healer." Tiningnan ng babae ang kabuuan ng nanghihina at payat na matanda. "Hindi ko alam kung kailan ulit bibisita sa bayan ang mga katulad niya. Kaya kailangan ko siyang madala dito."

Hindi nagsalita ang matanda. Sinundan niya lamang ng tingin ang babae habang naghahanda ito. "Hwag." tahimik kong bulong. "Hwag kang tumuloy. Dito ka lang." Pero alam kong hindi niya ako maririnig. Hindi nila ako nakikita. Because this is my memory.

Humalik sa kulubot na noo ng matanda ang babae bago nagpaalam. "Hintayin niyo ako."

Halos hilain ko pabalik ang babae nang pumunta na siya sa pintuan. "Hwag kang umalis!" sigaw ko. "Shia, you're making the wrong decision! Hwag kang umalis sa tabi niya!"

Pero tuluyan ng nawala ang babae sa paningin ko. Naka alis na siya. Hindi makapaniwala na napatingin ako sa matanda sa kama. "Lolo." Sinubukan kong hawakan ang kamay niya pero wala akong mahawakan kundi hangin. "Lolo, sorry." Mas lumapit ako sa kama. Alam kong isa lang itong alaala pero gusto kong makita niya ako, gusto ko siyang mahawakan, gusto kong marinig niya ako. "Lolo, ako ito, si Shia. Lolo, bumalik ako, Lolo, binalikan kita."

Isang luha ang pumatak mula sa pisngi ko. Hangang sa naging sunod sunod ito. "Shia." patuloy na sabi ng matanda. "Shia." Ang marahan na paghinga ng matanda ay unti unting nawawala sa panrinig ko. Pumikit ito ng dahan dahan. Napaluhod ako sa tapat ng kama at sinubukang hawakan ang mukha niya. "Lolo." Naisandal ko ang noo ko sa mga palad niya. "Sorry."

Hindi ko maintindihan ang nararamdaman ko. Hindi ko na alam ang nangyayari. Bakit bumabalik sa akin ang mga alaalang ito? Kailangan kong makalabas. Paano ako makakalabas dito?

"Please lang, kailangan niyo siyang unahin!"

Napatingala ako sa boses na narinig. Nabigla ako nang makita ang paligid. Wala na ako sa kwarto. Nasa ibang lugar nanaman ako. Pinagmasdan ko ang puti at malinis na pader, narinig ko ang malakas na ulan sa labas. Nakatayo ako sa tapat ng isang pintuan.

"Hindi ko alam kong makakaya niya pa hangang bukas. Kaya please lang unahin niyo siya."

Napatingin ako sa babae na nasa labas. Basang basa siya ng ulan mula sa buhok hangang sa maputik niyang sapatos. Even her shabby coat is soaked wet. Ang dumi dumi niyang tingnan. Kaya naman pala hindi siya pinapasok sa puti at malinis na building.

"Hija, pasensya na." isang babaeng naka gray na coat ang nagsalita. Maputi ito at mukhang hindi taga bayan. Nasa loob ito ng building habang kausap ang babaeng nasa labas. "Kailangan kong unahin ang nagpatawag sa akin dito."

"Pero-"

"Miss, mabuti pa umalis ka na." sabi ng guard na may hawak na itim na payong. Isang itim na kotse din ang nakaparada sa harap ng puting building.

"Nakikiusap ako." sabi ng basang basang babae. Akmang lalapit siya nang harangan siya ng guard.

"Alam mo ba kung sinong binabanga mo sa gusto mong mangyari?" singhal nito sa iritableng boses. "Gusto mo bang pare-pareho tayong mapahamak dito?!"

Pinagmasdan siya ng healer. "Pasensya na talaga." malungkot na paumanhin nito. "Gusto kitang tulungan. Pero kailangan kong unahin ang chairman ng bayan na ito. Siya ang nagpatawag sa akin."

Inalalayan ng guard ang healer na makapasok sa sasakyan gamit ang payong. Nang tuluyan itong makapasok, napatingin ito sa huling pagkakataon sa babaeng nakatayo sa ilalim ng ulan bago isinara ng guard ang pinto. Agad umalis ang sasakyan sa mabatong daan. Pinagmasdan ng

babae ang paalis na sasakyan habang pinapahid ang putik na tumalik sa braso niya. Sa ilalim ng ulan, hindi niya alam kung luha o patak ng ulan ang dumadaloy sa pisngi niya.

"Pasensya na, Miss, trabaho lang." sabi ng guard bago bumalik sa loob ng building. Pero ang huling sinabi nito ang napagpatigil sa mga luha ng babae. "Konting sakit lang ng ulo, nagpatawag agad ng healer, mayayaman nga naman."

The girl continued to stare blankly at the empty street. Hindi niya alam kung ilang minuto siyang nasa ilalim ng ulan at pinagmamasdan ang dinaanan ng sasakyan. Mula sa hindi kalayuan, kita niya ang mararangyang ilaw ng isang portion ng bayan kung saan nakatira ang mga taga-pamahala ng bayan at mga pamilya nito at ilan pang matataas na tao.

"FUCK YOU." bulong ng babae sa ilalim ng ulan. "FUCK ALL OF YOU."

Nangyari ang lahat ng ito two years ago. Noong nawala ang lahat ng magagandang bagay sa akin at napalitan ng realidad. Sa unang buwan ng taon, namatay ang matandang babaeng kumopkop sa akin dahil sa isang sakit. Noong akala ko yun na ang pinakamasakit na pwedeng mangyari, sumunod na nawala ang asawa niya. Higit pa sa tunay na Lolo at Lola ang turing ko sa kanila. Sila ang naging magulang ko. Sila lang ang meron ako. Pero sa isang iglap, nawala sila, kasabay ng paniniwala ko sa mga tao sa bayan na ito.

Lumapit ako sa babae sa ilalim ng ulan. Hindi ko kayang tingnan ng derecho ang mukha niya. There's too much pain and hatred and blankness- pero ang galit ang pinaka ayaw kong makita sa lahat. Dahil mula noong araw na yun, hindi na nawala ang pagkamuhing nararamdaman niya.

Isang pag ikot ng palagid ang muling nangyari. It's happening again. Napapikit ako ng mahigpit at pilit pinakiramdaman ang susunod na mangyayari. Hangang sa isang napaka familiar na boses ang narinig ko.

"Shia, nandito ka lang pala."

Mabilis akong nagmulat para lang makitang muli ang mukha niya. Gaya ng inaasahan ko, nasa harap ko siya, nakangiti sa akin. His familiar smile gave me a sudden wave of comfort and the feel of being home and safe. Lucas.

Lumapit ako sa kanya at akmang yayakapin siya nang marealize ko na isa nanaman itong illusion-IT HIT ME. Isang illusion. Ang lahat ng ito ay isang illusion. Bigla akong lumayo mula kay Lucas. Hindi dapat ako magtagal dito. Hindi ko dapat maramdaman ang mga nararamdaman ko. The first rule of illusion, don't get sucked in. Hwag kang magpapadala. Dahil kapag naging isa kayo ng taong nasa alaala mo, hindi ka na makakabalik pa.

"Kanina pa kita hinahanap, alam mo ba?"

Pinagmasdan ko si Lucas. Nag lean siya sa railings ng isang tulay kung saan nakaupo isang ang babae. "Ano bang tinititigan mo sa ibaba?"

Pinagmasdan ni Lucas ang madilim na tubig sa pinaka ibaba ng bangin. They are not supposed to be at that place. Pinagbabawal na pumunta sa railway bridge dahil hindi pa ito tapos gawin noong panahon na yun.

"Mamamatay ba ako kapag tumalon ako mula dito?" tanong ng babae sa kanya.

Alam kong kailangan ko ng makaalis sa illusion na ito. Pero katangahan ba na gusto kong balikan ang sandaling ito? Gusto kong makita ang mukha ni Lucas. Gustong gusto ko na siyang makita.

Hindi sumagot si Lucas. Pinagmasdan niya lang ang babae. "Shia, sorry wala ako noong oras na yun."

Natawa ng mahina ang babae. Isang tawa na walang sigla. "Kung meron ka ba may magbabago?"

"Alam kong wala." sagot ni Lucas. "Pero wala ako noong mga oras na kailangan mo ng kasama."

Nagsimulang tumayo ang babae mula sa railings. Humawak ito ng mahigpit mula sa dalawang magkalayong poste bago bumitaw at binalanse ang katawan niya para makatayo ng mag isa. Napapikit ito nang maramdman ang malamig na hangin sa mukha niya. "Hindi ko kailangan ng kahit sino."

"Shia." kalmado paring boses ni Lucas. "Bumalik na tayo."

Muling natawa ang babae. The strong wind was sending her long messy hair in a chaos. "Bumalik?" tanong nito. "Saan?"

Lucas tensed a bit nang maramdaman na akmang tatalon ang babae. Pero hindi ito tumalon kundi naglakad lamang sa manipis na railings. Her arms are spread in both sides as she stepped slowly yet carelessly in the railings. "Wala na akong babalikan, Lucas."

"Kami. Ako."

Napalingon ang babae sa kanya. Nagtataka ang mga mata nito at nakakunot ang noo. "Hwag kang manatili dito, Shia." sabi ni Lucas. "Kailangan mong makalabas."

Mas lalong nagtaka ang babae. She is now staring at Lucas with a confussed expression on her face. Ano bang sinasabi niya?

"Shia, lumaban ka. You are sinking deeper. You are under an illusion."

Illusion? Sino ako? Nagpapatawa ba siya? Pinagmasdan ko ang ilalim ng tulay kung saan ako nakatayo. Gaano ba ito kalalim? Kung tatalon ba ako mamamatay ako?

"Shia, YOU ARE becoming your memory. You can't stay here! You need to wake up!"

Natigilan ako dahil sa sinabi niya. Doon ko narealize ang malamig na railing sa talampakan ko at ang malakas na ihip ng hangin sa mukha ko. SHIT- Napahawak ako sa post ng tulay at napatingin sa bangin sa ibaba nito. A wave of shiver runs down my spine. Linibot ko ang tingin sa paligid

pero wala na yung babae- ako na yung babae. Ako na yung naglalakad sa railings. Ako na yung nasa alaala ko. Hindi pwedeng mangyari ito!

Author's Note:

Hello, it's me again! We have a Facebook group! Kasama na din doon ang iba ko pang stories. Search niyo lang April Avery's Stories. You'll meet fellow readers and share your feels!

I know this update is bitin. Hinati ko yong scene into two chapters kasi masyado mahaba kung ilalagay ko dito lahat. I will try to update as soon as possible. Hello sa lahat ng hindi silent readers!

@april_avery

--

Tweet me! @avery_WP

Official hashtag: #TitanAcademy

Chapter 10: Escaped

Chapter 10: Escaped

I should never let myself feel what the old me feels. Ano bang kailangan kong gawin para makaalis sa lugar na ito? SHIT. I can't stay any longer in this stupid illusion. Napatingin ako kay Lucas na nasa harap ko. Bigla siyang ngumiti. In that moment bigla nanamang umikot ang paligid. Nasusuka na talaga ako. This whole spinning thing is making me so damn sick.

"Darating ang araw na makakatapak ako dyan."

I heard Lucas' voice once again. Pero ayoko ng dumilat. Masyadong masama ang pakiramdam ko para dumilat.

"Ano kayang ginagawa nila sa mga oras na ito, ano?"

Sandali- familiar sa akin ang usapan na ito. Binuksan ko ang mga mata ko at nakita kung nasaan kami. Sa isang burol. Sa burol sa labas ng bayan. Pinagmasdan ko kung saan nakaharap si Lucas. Ang Titan Academy.

Humarap sa akin si Lucas. Nakangiti siya. "Shia, anong pakiramdam ng isang estudyante ng Titan?"

Natigilan ako sa tanong niya. He is not supposed to say those words. Pinagmasdan kong mabuti ang nakangiti niyang mukha. There is something strange in the way he smiles. Victoria is altering my memory. That bitch.

"Bakit hindi mo sabihin, Shia? Ano ang pakiramdam na maging estudyante ng Titan? Ang paaralan na pinangarap ko?"

Alam kong hindi dapat ako makinig sa mga sinasabi niya. This is only an illusion. But my mouth suddenly went dry. Hindi ko alam kung bakit pero naaapektuhan ako sa sinabi niya. Minsan ng sumagi sa isip ko ang bagay na ito. Ako ang nakakuha ng pangarap ni Lucas.

Hindi ako sumagot. Pinili kong tumayo mula sa burol at lumayo mula sa kanya. Hindi ko alam kung saan pupunta. Pero mas mabuti ng lumayo kesa marinig ang mga sinasabi niya.

"Saan ka pupunta, Shia?" tanong niya. "Iiwan mo nanaman ba ako?"

Hindi ko masyadong napansin ang huling sinabi ni Lucas dahil isang bagay ang naramdaman ko mula sa mga palad ko. Isang malamig na metal. Napatingin ako doon at hindi nakapagsalita. Isang dagger ang nasa kamay ko. Bigla akong napatingin kay Lucas at pabalik sa dagger na nasa kamay ko. Para saan ito?

'If you and your past became one, you will forever be stuck. For you to get out, you need to break the thing that keeps you from staying.'

Kumunot ang noo ko dahil sa mga salitang biglang pumasok sa isip ko. Sandali-

"Shia?"

Bumalik ang attention ko kay Lucas. Unti unting nag sink in sa akin ang narinig ko. Biglang nanlamig ang mga kamay ko na hawak ang dagger. Si Lucas ba ang rason kaya hindi ako makalabas dito?

"May problema ba, Shia?"

Nagsimulang mag alala ang mukha ni Lucas. Ang boses niya, kung paano siya magsalita, ang mga ngiti niya- Kaya ko ba? Napahawak ako ng mahigpit sa handle ng dagger. You need to break the thing that keeps you from staying.

Humakbang ako palapit sa kanya. I have to do this. This is an illusion. Kailangan kong makaligtas. Hindi gumalaw si Lucas mula sa kinatatayuan niya. Nilabas ko ang dagger mula sa likod ko. Pero mabilis ko itong muling tinago nang magsalita ulit si Lucas.

"Shia, kahit anong mangyari, nandito ako. Tandaan mo yan."

Biglang akong nanghina sa narinig ko. Hindi ko na alam kung ano ang paniniwalaan ko. Nanginginig na ang mga kamay ko habang hawak ang dagger. Alam kong hindi totoo ang lahat ng ito. Pero bakit nasasaktan ako ng ganito?

I shake my head. Don't be stupid, Shia. Sandali akong pumikit para magfocus. Dahil hindi ko alam kung kakayanin ko ang mga susunod kong gagawin. Muli kong nilabas ang dagger. Ngayon maging si Lucas ay nakita na ang hawak ko. Huminga ako ng malalim. Hindi parin gumagalaw si Lucas. Marahan siyang ngumiti habang pinagmamasdan ako. And that made this thing a lot more painful. Kaya ko bang ibaon ang patalim na ito sa dibdib niya?

Go on, Shia.

Hit him with the dagger.

I raise my hand holding the dagger. Itinapat ko ito sa dibdib ni Lucas. The pointed tip already teared a bit of his clothe. I can feel his flesh. I can feel how his heart pumped as if he is as nervous as me. Naalala ko ang mga

panahon na pareho kaming natakot ng ganito. Mga oras na muntik kaming mapahamak pero tuwing nagagawa naming makaligtas, pinagtatawanan na lamang namin ang nangyari. But there is no reason to laught this time. Because this is between us.

Hindi siya gumalaw sa kinatatayuan niya. Nakatingin lang siya sa akin habang hinihintay ang gagawin ko. The same smile earlier is still on his face. What does it mean? Is he trusting me that much to do the right thing? Pakiramdam ko malalaglag ang kutsilyo sa panghihinang nararamdaman ko. All of a suddent pumikit ako at huminga ako ng malalim- Binaon ko kutsilyo- Hindi sa dibdib ni Lucas- kundi sa wrist ko.

A sharp sudden pain enveloped me. Pakiramdam ko nagkabutas sa parteng yun ng kawatan ko. I can feel myself yelling in pain. Thick red blood ooze out of the deep cut and trickled agonizingly into the ground. The pain is too overwhelming that my vision started to blur.

This is too much. The pain is too much. But I rather have this. Than to let my very own hand hurt Lucas- Unti unti akong nawawalan ng hininga- nagsimula nanamang umikot ang paligid- Pero bago tuluyang naging malabo ang lahat, nakita ko ang mukha ni Lucas sa huling pagkakataon. He is still smiling, smiling as if bidding me a good bye.

Ethan's POV

Bumagsak si Shia sa sahig. Hawak hawak niya ang kaliwang wrist niya na para bang nasasaktan dito. She gasped for air and yelled in pain. Mabilis kong hinawakan ang switch ng makinang bumubuga ng dimensional mist. I immediately turned it off. Tapos na. Nakalabas siya.

Nawala ang hamog na bumabalot sa kanilang dalawa ni Victoria. Agad silang pinuntahan ni Luna kasunod ni Cain at Sir Apollo. Napabuntong hininga ako. Akala ko hindi siya makakalabas. I nearly call a time out. Masyadong nangigil si Victoria sa kanya. She is not supposed to give that kind of illusion considering Shia's level of experience. Ni wala siyang idea sa nangyayari.

Pinuntahan ko sila. Shia is still on the floor. She gasped for air once more. Hangang sa tuluyan na siyang nagising- It's quite a show- Mabilis siyang dumilat na tila ba nagising sa hindi inaasahang pagtulog. Hindi muna siya nakagalaw o nakapagsalita. She can't even look at us. She is still in daze.

Makalipas ang ilang segundo napatingin siya sa wrist niya. Noong nakita niyang okay lang ito at walang matinding sugat gaya ng inaasahan niya bigla siyang napatayo. Halos mag-atrasan kami dahil sa ginawa niya. Saka siya humarap sa direction ni Victoria.

"YOU BITCH." she hissed.

Muntik akong matawa. Akala ko susugurin niya ito. Pero nagtitigan lang sila. It seems like they are sharing a secret. Napataas ng kilay si Victoria but she didn't say anything. On the other hand, I can tell Sir Apollo is quite impressed.

"Good job." he told Shia after flicking a cigarette out of his lips. Napatingin ito kay Victoria. "But dangerous." he frowned. "You should inform me if you're going that far." Hindi sumagot si Victoria. "Magpahinga na kayo."

Umalis si Victoria matapos marinig yun. Halata na napagod siya sa ginawa niya. Maging siya ay hindi pa gamay ang level na yun ng ability niya. Altering someone's memory is quite a business.

Sa totoo lang hindi namin inaasahan na makakalabas si Shia. Kanina halos ipatigil na ang duel dahil hindi na siya humihinga. We can't lose another member just for the training. But Gin told us to wait. Funny he seems quite sure she can make it. And she did.

Shia's POV

"THAT WAS EPIC!" Halos mabingi ako sa boses ni Luna. She seems very excited and can not contain it. Her beads clicked and clunked with her every move.

"Akala talaga namin hindi ka makakalabas."

"Is that a good thing?" walang siglang tanong ko.

Nandito kami sa katabing kwarto ng training room. Para itong isang maliit na clinic. May hospital bed at ilang medical equipment. Wala naman talagang kailangang gamutin sa akin. Sinaksakyan niya lang ako ng kulay asul na likido para ma-cleanse ang memory ko at maalis ang mga traces ng ability ni Victoria. Doon ko napansin na nabura na ang pangalan ni Victoria sa wrist ko.

"That is quite exciting I have to agree." Tumango tango siya na tila ba sumasang ayon sa sarili niyang opinion.

Hindi nalang ako nagsalita. Hangang ngayon ramdam ko parin ang mga naramdaman ko sa loob ng illusion. Parang nanatili na sila sa dibdib ko. Pain. Fear. Longing.

"Lucky, you countered her deceit."

Kumunot ang noo ko sa. "Deceit? Sandali, paano ba talaga ako nakalabas?"

Hindi talaga naging malinaw sa akin kung anong nangyari matapos kung saksakin ang sarili ko. Natatandaan ko ang lahat pero hindi ko maintindihan kung paano ako nakalabas. Napatingin ako sa wrist ko. Sa loob ng illusion parang totoo ang naramdaman kong sakit. Hangang ngayon pakiramdam ko nandoon parin ang sugat na ginawa ko.

Natigilan si Luna sa pag aayos ng mga syringes. "Hindi ka sumunod sa pinagagawa niya kaya ka nakalabas. Victoria can make you do something you think is your own decision which is actually not."

"Anong ibig mong sabihin?"

Bumuntong hininga siya at tuluyan ng humarap sa akin. "Victoria has two ways to use her ability. Usually the first technique is to USE the victim. Kaya ka niyang utusan na gawin ang gusto niya o sabihin ang lahat ng gusto niyang malaman. Sa isip mo tama ang ginagawa mo. She will let you think that it's your own decision pero sa totoo lang inuutusan ka na niya."

Naalala ko bigla ang boses na yun. Ang boses na nagbigay sa akin ng sagot. Hindi ko alam kung bakit ako sumunod. Ang alam ko yun ang tanging paraan para palabas. I thought it's my subconscious mind telling me what to do. Fuck.

"Habang sumusunod ka sa gusto niya mas lalo kang napapasailalim sa illusion na ginawa niya. And that is the second technique. Kapag nakuha na niya ang gusto niya o nalaman na niya ang kailangang malaman, hahayaan ka na niyang makulong sa illusion."

Bumuntong hininga si Luna. "Pero hindi pa talaga familiar si Victoria sa pag alter ng memory. Kadalasan kasi sapat na ang illusion para matrap ka sa loob. Pero namalayan mo ang pag-iisa ng dalawang katauhan mo. So gumamit si Victoria ng higher technique."

How cunning, Victoria.

"Akala talaga namin natrap ka na. Halos hindi na humihinga ang katawan mo. We nearly stop the duel. But, lucky you, you went back to breathing. Gin told us to wait, after a few more minutes, nagising ka na sumisigaw sa sakit."

She smiled proudly at me.

"Sa tingin ko na-counter mo ang gusto ni Victoria kaya ka nakalabas. Hindi namin talaga alam kung paano, but it seems you hurt yourself instead of hurting someone Victoria wants you to. The real exit is knowing which is your own thinking and which is not."

Natahimik ako. Nagpatuloy si Luna sa ginawa habang nakaupo parin ako sa edge ng hospital bed. Hindi ko alam na ganun kakomplikado ang kapangyarihan ni Victora. Maswerte parin ako at nakalabas ako. Maya maya pa napatingin sa akin si Luna. Nagtatanong ang mga mata niya.

"Shia?" medyo hesitant na tanong niya. "Pwede ba naming malaman kung sino si Lucas?"

Hindi ako nakasagot.

"I mean narinig namin ang pangalan niya ng ilang beses mula sayo habang wala kang malay. So I thought siya ang ginamit ni Victoria para linlangin ka. That means he is important to you, right?"

Hindi niya alam. Walang alam si Luna tungkol kay Lucas. Pero paanong nalaman ito ni Victoria?

"Kung ayaw mong sabihin, okay lang. Kadalasan si Victoria lang naman ang nakaka alam ng mga bagay bagay."

I stiffened with what I heard.

"But you know what?" Bumalik ang ngiti ni Luna. "The very first rule of facing a deceiver is never let her touch you. The contact is her way into your body. So we all groaned noong hinayaan mo si Victoria na makalapit sayo noong una palang. You didn't have any experience about this, haven't you?"

I scoffed. Malay ko ba.

"But you just proved that you can manage to survive without knowledge about certain things or help for that matter. I'm really glad you are one of us."

Tumayo siya mula sa silya. "Bumalik na tayo sa itaas. I think mag start na ang lunch. This time sumabay ka na sa amin, maliwanag?"

Napatango na lamang ako. But in back of my mind gumugulo parin sa akin ang sinabi ni Luna. Si Victoria. Alam na niya ang lahat ng tungkol sa akin.

Author's Note:

Victoria's ability and Shia's gut. What a combination lol. Sa mga nagtatanong kung ano ang schedule ko sa update: Wala po akong schedule. But you can check my Facebook account or group kasi kadalasan may announcement or post doon tungkol sa Titan Academy. Salamat! Hello sa lahat ng hindi silent reader!

@april_avery

--

Tweet me: @avery_WP

Official hashtag: #TitanAcademy

Chapter 11: The Tattoo

Chapter 11: The Tattoo

Pasimple kong pinagmasdan si Victoria habang kumakain kami. Himala, mukha atang wala siyang imik ngayon. Noong una balak ko talaga siyang iwasan. Lalo na at alam kong alam na niya ang lahat ng tungkol sa akin. Kilala niya na ako. Alam niya ang sekreto ko. Pero mukhang hindi ko na kailangang gawin yon dahil siya na mismo ang mukhang walang pakialam sa mga nalaman niya.

But I can't take any confidence from her. She's still the bitch that made me suffer in that freaking illusion. Wala akong naramdaman noong nangyari sa akin ang lahat ng yon sa totoong buhay. Pero dahil hindi ko kayang macontrol ang senses ko sa loob ng illusion, naparamdaman niya sa akin ang lahat.

Tahimik lang ang grupo habang kumakain kami. This is awkwardly strange since during ordinary circumstances ay napakagulo nila. Siguro dahil ito sa ayaw na nilang maulit ang nangyari kanina sa Breakfast Hall o dahil kasabay namin sa pagkain ang mga faculties ng Titan Academy.

Nakaupo ang mga teachers sa elevated part ng Hall at nakaharap sa amin. Ngayon ko lang nakita ang halos lahat sa kanila. They are intimidating. Puro sila mukhang strikto. They rarely smile. They cut their food elegantly, chew their food with grace, and talk in whispered conversation.

Pinagmasdan ko ang pagkain ko. Napakarami nito. Masasarap lahat. I admit ngayon ko lang nakita ang halos lahat ng mga nakahanda sa harap ko. Some

I don't even know what are made of. Naalala ko bigla ang buhay ko sa labas, si Lucas at ang pamilya niya.

"Wala ka bang ganang kumain?"

Napalingon ako kay Cain na nakatingin sa akin. May hawak siyang tinidor na para bang napapaused sa gitna ng pagsubo. Hindi ako sumagot.

"Hindi mo ba gusto ang pagkain dito?"

I heard Victoria scoffed. "She'll eat if she wants. But who can eat in this kind of atmosphere anyway?"

Nag angat ako ng tingin at napansin ang tinutukoy niya. Nakatingin sa grupo namin si Principal Bins, maging si Teacher Apollo at Miss Aura habang nasa harapan sila. Para bang pinag uusapan nila kami. Actually it's quite obvious na kami talaga ang topic nila.

"Ano bang problema nila? May gusto nanaman ba silang ipagawa?" said Victoria to nothing in particular.

Bumulong si Luna sa tabi ko. "Maybe they heard about the training that got overboard." Bumuntong hininga siya. "Another oh-ow moment for the group."

Medyo napangiti ako sa sinabi niya. Mukhang sawang sawa na silang masermonan. I wonder kung lagi bang nangyayari ito sa kanila. Hindi sila laging nag kakasundo maliban nalang kapag ito na ang usapan.

Sa ngayon apat lang kaming magkakaharap sa table. There is Cain na kung kumain akala mo wala ng bukas, Victoria who kept frowning throughout her meal, ako na walang gana, at si Luna.

Napatingin ako bakanteng upuan ni Gin. Hindi siya sumabay sa amin sa pagkain. Ang sabi ni Luna hindi siya talaga madalas sumasabay dahil nagla lunch siya kasama si Headmaster Grey. I wonder how intimidating that is.

Dumapo ang tingin ko kay Corrine na nakaupo sa table para sa mga senior year students. Nandoon din si Ethan. Nakaupo sila sa harap being the Head

Boy and Head Girl of our year level. When Corrine is still part of the group they either sit in the long table or sit with the group. It's definitely their choice. But now I have Corrine's seat. I wonder how she feels about that.

Natapos ang lunch at nagbalikan ang mga students sa dormitory. Sa ngayon alam na ng buong Titan Academy na ako ang bagong member ng group. They held a little introduction before the lunch started. Actually they don't have to. Sapat na ang nangyaring gulo sa Breakfast Hall para malaman ng lahat kung sino ako.

Bumalik ako sa kwarto ko. There is a schedule set for me for the afternoon. Isang one-on-one session with Miss Aura. A little introduction about History of Titan Academy or something. May sarili ding schedule ang ibang member. Tomorrow we'll have the training session again.

Pero lumipas ang oras at nanatili ako sa kwarto ko. Nakaupo ako sa bed habang nakayakap sa mga tuhod ko. Wala ako sa mood pumunta sa sinabi ni Miss Aura. Gusto kong matulog pero masyado akong madaming ini-isip. Bumuntong hininga ako. I think I need to release my frustration for a while.

Lumabas ako sa kwarto at naglakad sa hallway. May ilan akong nakasalubong at napapatingin sa akin. Wala silang sinasabi. Titignan lang nila ako mula ulo hangang paa na para bang nagtataka kung saan ko nakuha ang swerte ko para makasali sa group. I nearly scoffed. Believe me it's far from luck.

Dumerecho ako sa stone staircase pababa sa mala dungeon na training room. I don't know why but the thought of the weapons inside the room calms me. Given that I nearly kill myself a few times for the last twenty four hours. Maybe I need something to hold on to just to calm me.

Binuksan ko ang pinto ng training room. Nang makapasok ako agad ko itong sinara. I don't want Miss Aura to see me hanging around instead of doing what I'm supposed to do.

Wrong move.

Natigilan agad ako nang marealize na may nauna sa akin sa training room. I would know in seconds dahil sa usok na nagmumula sa itaas. Someone is using the dimensional apparatus.

I groaned inwardly. Balak ko na sanang umalis nang mapansin ang kakaibang nangyayari sa sulok ng training room kung nasaan ang dimensional area. It is as if some force is having a friction battle. Parang may dalawang malalaking batong nagkikiskisang sa loob kwarto at lumalabas ang energy mula dito.

The energy started to fill the room. My ability is warning me to stay away. Alam ko ang pakiramdam na ito. Familiar sa akin kung kaninong kapangyarihan ito. Pinagmasdan kong mabuti ang sulok ng kwarto kung nasaan ang dimensional mist at doon ko yon unang nakita.

His tattoo.

Nakatalikod si Gin mula sa akin. Tila ba may pinipigilan siya kung saan man siya nakaharap. His bare back seems to gleam beneat the weird light sources of the room. Wala siyang suot na damit pang itaas. Tagaktak ang pawis niya pero mukhang hindi niya alintana ito. He is too focused to even care if his muscles stayed rigid in concentration.

But what really caught my attention is the weird tattoo across his shoulders. It reminds me of something. Para itong isang seal. The tattoo looks like a thin metal chain made of black ink.

At first it takes the shape of a loop. Like an undisturbed rattle snake. Hangang sa unti unting gumalaw ang tattoo sa balikat niya. Para itong may buhay. The chain started to travel across his shoulder through his arms. Mukhang papunta sa palad niya.

I gasped. What the hell?

Napa atras ako. And that made the situation worse. Halos matutop ko ang bibig ko nang isa isang bumagsak sa sahig ang mga weapons sa mesa na nabanga ko. Ni hindi ko namalayan na nakasandal ako doon.

Mabilis na napalingon sa akin si Gin. Nanlaki ang mga mata ko. Even my breath was caught in my throat. Mabilis na naglaho ang kapangyarihan na naramdaman ko kanina. Ganoon din ang pag galaw ng tattoo sa balikat niya.

"Anong ginagawa mo dito?"

Hindi agad ako nakasagot. Lumapit si Gin sa pader at may ibinaba doon. Ang switch ng dimensional apparatus. Naglaho ang weird na pakiramdam na dala ng usok at nakita ko ng malinaw ang kabuuan ng training room.

"Bakit hindi ka sumagot?"

Pumunta siya sa isang sulok at kinuha ang isang towel doon na nakasabit kasama ang pang itaas na uniform niya. Kung umasta siya parang walang nangyari. Ano ba yong nakita ko kanina?

Mas lalo akong hindi nakapagsalita nang lumapit siya sa akin. Pilit kong iniwas ang tingin sa hubad na katawan niya.

"You have the seal." wala sa sarili na sabi ko nang umupo siya sa isang silya at nagsimulang magpunas ng katawan.

"Hindi ba may schedule ka ngayon?"

"What are you?"

"Being a nosy little devil this time?"

Naikuyom ko ang mga palad ko. "You have the seal." ulit ko.

Natawa siya sa sinabi ko. "Ngayon?"

Natigilan ako. He is right. Ano bang pakialam ko? Kung isa ang kapangyarihan niya sa mga cursed ability what is it to me?

We train to get the most out of our ability mainly for practicality and survival. But with people like him it will always be a never ending battle of controlling something inside of you that demands to have a life of its own.

It's a curse. Gin's body is a container of an ability that needs to be controlled and sealed.

Ngayon alam ko na kung bakit hindi siya pangkaraniwang student sa lugar na ito. His path is way more ahead than any of us. And being the Team Captain of a group that will be joining the Linus Cup is only a mediocre task under his hand.

"Bumalik ka na sa itaas. Avoid mendling with other people's business."

Nakaupo siya sa silya habang nakapatong ang towel sa balikat niya. Natatakpan na nito ang tattoo pero pakiramdam ko nakatitig parin ito sa akin na parang ahas. Napansin ko braso niya habang nakatalikod siya sa akin. Other than the beads of sweat gleaming beneath his biceps there is another thing that caught my attention.

Bruises. Black ink-like bruises.

Para itong mga maninipis na ugat na gawa sa tinta. Nagkalat ito sa braso niya hangang sa palad niya kung saan mas naging makapal ito at nagsimula nang dumaloy ang dugo mula dito. At first you would think na may nagdrawing lang ng mga linya sa kamay niya. But the inks seem like open wounds.

"Tatawagin ko si Luna."

Tiningnan niya lang ako na tila ba hindi interesado sa sinabi ko. His damp hair that falls just a few inches above his eyelids kept sticking on the upper part of his forehead kaya kinailangan niyang hawakan ito habang nakikipag usap sa akin.

"Bumalik ka na sa taas." monotone na utos niya.

I silently scoffed. If you don't need my help that's fine with me. I don't mean it anyway. Aalis na sana ako at iiwan siya nang may inabot siyang isang bagay pero bigla nalang nalaglag yon. Huminto ako sa paglalakad at napatingin sa kanya. Balak niya atang lagyan ng alcohol at bandages ang kamay niya.

I look down at the bottle of alcohol that rolled down my feet. Kinuha ko yon at ibinigay sa kanya. He is crazy to think that he can grab a thing properly with a severely injured hand.

"Team Captain." I addressed him with a blank expression on my face. "Let me remind you that this is a team game."

Kinuha ko ang bandages na nakalagay sa medical kit na iniwan ni Luna sa training room. Sinimulan kong alisin ang pagkakarolyo ng mga ito at tinantya kung gaano kahaba ang magagamit para takpan pansamantala ang mga dumudugong sugat ni Gin.

Wala naman talaga akong balak na tulungan siya. He can suffer for all I care. But that doesn't mean na hindi ko alam ang mga responsibility ko bilang member. He is still the Team Captain and he needs a member right now.

Hindi siya nagsalita nang sinimulan kong ibabad sa alcohol ang mga palad niya. The liquid almost sizzle in his arms. Halos umusok ito na para bang nadampi sa nagbabagang mga bato. I winced. I don't want to imagine how painful that is.

Mukha namang wala siyang balak magsalita kaya nagpatuloy lang ako. I'm not as careful and as precised as Luna but I found myself focusing on what I'm doing. The same way I always did to Lucas whenever he's injured.

Lucas used to tease me that I was the worst medic available in the history of Hesperia. Lagi niyang sinasabi na instead gumagaling ang sugat niya ay mas lumalala pa ito kapag ako ang gumagamot. Siguro dahil madalas sinasadya kong i-torture ang mga sugat niya kapag alam kong sa walang kwentang bagay niya lang ito nakuha.

"You look tamed when you're too focused."

Napapaused ako sa ginagawa at tumingala kay Gin. I blinked a few times to register what he said. Nakatingin siya sa akin na para bang isa akong uri ng hayop na unang beses niya lang makita. What was he thinking?

The corners of his lips turned into a slight curve nang makita ang confussed expression sa mukha ko. "I thought you're just a spitfire dragon that doesn't know the meaning of the word calm and controlled."

Inaasar niya ba ako? Wow what an asshole. Hinigpitan ko ang pagbabalot ng huling benda sa mga braso niya. Sobrang higpit na halos maramdaman ko na mapangiwi siya. The rough pieces of cloth almost tear itself. I smirked inwardly. Good.

Tumayo ako at pinagpag ang uniform na suot ko. Siya na nga itong tinutulungan siya pa ang may ganang manita. Obssessive authority freak.

"I know you will never say thank you but you're welcome." sabi ko sa formal na boses. "Team Captain."

Niligpit ko ang mga gamit bago tumalikod mula sa kanya. Pagharap ko sa direction ng pintuan bigla nanaman akong napatigil. Isang pares ng mga mata ang nakatingin sa amin. Her perfect angelic face seems to be digging her gaze upon me.

Corrine.

Chapter 12: Explosive

Chapter 12: Explosive

Pinanood kong mabuti kung paano ilabas ni Cain ang ability niya. Both Ethan and Cain is under the mist of the dimensional apparatus. Nasa gitna sila ng training room samantalang kami naman ay nakaupo o nakatayo sa gilid at pinapanood sila. Kanina ko lang nalaman na sila ang magkaduel.

Familiar na sa akin ang ability ni Ethan. He has the matter levitation that he took to a whole new level. But when it comes to Cain hindi ako sigurado. Luna mentioned something about it yesterday. Pero kahit anong paliwanag niya hangang hindi ko nakikita hindi ko maintindihan. Just like when it comes to Gin.

Napatingin ako kay Gin na nakasandal sa pader sa isang tabi. Nakafold ang mga braso sa harap ng dibdib niya at seryosong nakatingin sa dalawa. Hindi ko maiwasang maalala ang nangyari kahapon. Okay na ang mga kamay niya. Halos wala ka ng makikitang sugat dito. I wonder kung sinamahan siya ni Corrine na puntahan si Luna noong iwan ko sila.

She said she'll take it from there. Kaya hinayaan ko na sila. Wala naman akong pakialam. Mas mabuti yon para sa akin. But I wonder kung anong ginagawa niya sa lugar na yon. Is she still allowed to enter the training room? Ang pagkaka alam ko ang training room na ito ay para sa group lang. I guess there's an unverbalized rule that she's still one of us.

Natigil ako sa pag iisip nang makitang nagsisimula na ang duel. Ilang metro lang ang layo ni Cain at Ethan sa amin pero isang kakaibang usok ang bumabalot sa kanila. Nakikita ko sila ng malinaw pero alam kong iba na ang distansya nila mula sa amin. Ganito pala ang pakiramdam ng nanonood ng isang duel. Hindi kami maaapektuhan sa kung ano mang mangyayari sa kanila. Pero makikita ko kung paano nila pahirapan ang isa't isa.

Tila ba nag uusap si Cain at Ethan sa loob. They are in complete offense position pero wala ni isa man sa kanila ang balak pang sumugod. That is when I realized that something is changing inside the dimension. May lumilitaw na mga imahe sa paligid nila. Para bang unti unti silang pinapaligiran ng mga puno at halaman. Maging ang tunog ng gubat at mga hayop ay nagra-radiate mula sa kinatatayuan nila. Wait what is this?

"Real life simulator." sabi ni Luna na nanonood din sa tabi ko. Nakatingin siya ng derecho sa harap. She didn't even face me as she answered my silent query. Ang weird talaga ng babaeng ito.

"They have to undergo different environmental situation for every duel mainly for adaptation skill." she muttered while resting her chin in her palms. "Last time they had the rock cliff. Now a forest."

The Linus Cup is held in a special place where every possible situation and environment is present. Of course that means it's artificial. Ginawa nila ang lugar na ito for the sole purpose of holding the Linus Cup. It is located

somewhere outside the boundary of the twin District of the West- Shou and Shinoa.

Sa kasamaang palad ang Hesperia ay kabilang sa East District. Kaya naman halos dalawang araw ang byahe para mapuntahan lang ang lugar na yon. But we don't need to worry about that certain detail dahil sa pagkaka alam ko may underground transportation ang Council para sa specific na event na ito.

But nobody is foolish to assume na dahil sa isang lugar ginaganap ang Linus Cup every two years ay mapapag aralan na ang pasikot sikot dito. The thing is a lot of improvement can happen in a place within two year- added to the fact they can alter the environment.

What you see is not always what you get when you are already in the arena. Ito ang kadalasan na pagkakamali ng mga sumasali sa Cup. They are too confident with their environment. They see a normal forest so they assume the danger of a normal forest. Pero hindi nila alam ay may land mine na palang nakabaon sa ilalim ng mga lupang inaapakan nila. The certain incident itself killed half of a group on the Cup two years ago.

"They have to be exposed to an environment where they can easily spot what can be used as their advantage and what is so-called unbeneficial." pagpapatuloy ni Luna habang pinapanood sila. "We don't have much time to strategize in the game. So you better watch carefully now, Shia."

Eksaktong pagtango ko nang magsimula ang laban. Hindi naging malinaw sa akin kung sino ang unang sumugod since nakaharap ako kay Luna noong nangyari yon. Pero hindi na yon naging importante dahil sa isang iglap pareho na nilang nilalabanan ang isa't isa.

Halos mapatayo ako sa kinauupuan ko nang makita ang isang puno na nahugot mula sa lupa. Bumulusok ito sa direction ni Cain na noong oras na yon ay nasa itaas ng isang puno. Napakapit ako sa edge ng table nang makitang wala atang balak umilag si Cain. What the fuck umilag ka.

Dumerecho ang puno kay Cain habang nakaupo lang siya doon na para bang isang hayop. Nang ilang pulgada nalang ang layo ng puno sa kanya

bigla siyang tumalon sa ibabaw nito. Nagawa niyang umapak sa isang sanga bago niya hinawakan ang trunk nito. Tumigil siya ng ilang sandali doon bago muling tumalon palayo na para bang umi-iwas. Maya maya pa isang malakas na pagsabog ang narinig naming lahat.

"Ouch. That hurts."

Napangiwi si Luna habang pinagmamasdan ang mga sumabog na parte ng puno na tumama kung saan. Nakita ko si Cain na hinarangan ang ulo niya mula sa mga debris gamit ang kanyang mga braso. Some of the branches scratched his arms. Ethan on the other hand had prevented a thick branch to hit his face in the nick of time.

So this is what Luna meant. Cain can be very explosive. I thought she meant short-tempered or something close to that. Hindi ko narealized na ang tinutukoy niya ay ang ability nito. The ability to generate an explosive impact.

Nagpatuloy ang laban at bumalik ako sa pagkaka-upo. Hindi na naging malinaw sa amin ang ibang nangyayari sa loob maliban sa pagsabog na naririnig namin. Puro lumilipad na debris ang nakikita ko. Mga parte ng puno, ugat, tipak ng bato at lupa. Ilang segundo na magsa-subside ang paligid at makikita namin sila na hinihingal. Pero matapos yon bigla nanamang may sasabog na kung ano na tatakpan ang nangyayari sa loob.

Lumipas ang ilang minuto na ganoon ang nangyayari. Ni walang may alam kung buhay pa ba silang pareho. Siguradong sugatan na ang mga yon ngayon. Sa unang pagsabog palang halos mapuno na sila ng sugat. Pero mukhang walang pakialam ang ibang kasama kong nanonood.

"Hindi pa ba sila tapos?" tanong ni Victoria.

"Baka umabot nanaman tayo dito ng kalahating araw gaya noong last duel nila." sabi ni Luna.

"They know when to stop." sabi ni Teacher Apollo na prenteng nakaupo habang nakataas ang mga paa sa isang mesa. May nakaipit na sigarilyo sa bibig niya kaya naman halos hindi mo maintindihan ang sinasabi niya.

Ilang minuto pa ang lumipas nang biglang matigil ang mga pagsabog. Nawala ang kanina lang ay continuous na pagyanig ng sahig. Tumayo si Luna at hinanda ang mga gamit niya. Mukhang huminto na sila.

Ang pinakamahirap na parte na siguro ng duel training ay kung kailan ka hihinto. The decision to stop is all in your hands. It's a fragile responsibility. A responsibility that can easily be broken. When someone practically made you experienced hell you think madaling pigilan ang sarili mo na bumawi? No.

You will have the tendency to lose all your self control the moment na masaktan ka. Pero kailangan mong maging mas malakas kesa sa barbaric instinct mo na bumawi. It was like jumping on a cliff then stopping yourself before you hit the ground. It requires a huge amount of self control.

Pinatay ni Sir Apollo ang dimensional apparatus at bumungad sa amin si Cain at Ethan. Hingal na hingal sila, si Cain nakahawak sa duguan niyang braso na mukhang may bali ata. Samantalang si Ethan naman ay malayang dumadaloy ang dugo mula sa sugat sa noo niya. Hindi pa kasali doon ang mga galos at sugat sa buong katawan nila. Ethan's white shirt is nearly unrecognizable dahil sa dumi at dugo. Ganun din si Cain na halos wala ng natira sa suot niyang pang itaas.

But the funny thing is, tumatawa sila. Paika ika silang naglakad papunta sa direction namin habang nag uusap at tumatawa. Tiningnan ko sila nang hindi makapaniwala. Nagawa pa talaga nilang tumawa matapos ng nangyari? God. I belong to a weird group.

Pangatlong araw ko sa Titan Academy noong puntahan ko si Miss Aura sa office niya. She's still insisting on having the scheduled one-on-one kahit pa ilang beses ko na itong iniwasan. Bumuntong hininga ako. I'm not really good in conversations and Miss Aura seems to be the person na madaming itatanong sa akin sa oras na makaharap niya ako.

Pumasok ako sa isang classroom bandang alas singko ng hapon. She said she'll be in this room from three to five. Hindi nga ako nagkamali. Walang tao sa classroom noong dumating ako maliban sa isang babaeng nakaupo sa table sa harapan at mukhang may binabasang libro.

"Good afternoon." maikling bati ko.

She immediately raised her small cute head. "Oh! Shia, you're here. Come sit."

Isang upuan mula sa sulok ang biglang gumalaw mag isa at dumerecho sa harap ng table ni Miss Aura. Ginamit niya ang ability niya. Ngayon ko lang napansin na halos pareho sila ng ability ni Ethan. Mas precised nga lang kay Ethan.

"I thought hindi ka nanaman pupunta." nakangiting sabi niya.

"Mukhang hindi ko naman ito mai-iwasan." sagot ko.

Mas lalong lumapad ang ngiti niya. "You are too straight to the point."

"Thank you."

Binaba niya ang librong nasa kamay niya at humarap sa akin. I can't help but noticed how pretty her face is. Para siyang manika. But more natural. Idagdag pa ang sunset mula sa bintana na tumatama sa mukha niya.

May kinuha siya sa isang drawer sa ilalim ng mesa. Pinatong niya ito sa ibabaw ng mesa. Pinagmasdan ko yon habang nakataas ang kilay. A map?

"So Shia, are familiar with this?"

I almost rolled my eyes as I stare at the thing. "A map of the Districts. Are we going to discussed about this? I'm not illiterate. Nakapag aral ako kahit paano kaya alam ko ang bagay na ito."

Ngumiti lang siya ng marahan. "I know and I'm not saying that you don't have an idea about this. Hesperia's public schools have an excellent standard in teaching basic education. We are not going to discuss geology here. I'm here to point out your future rivals."

My interest suddenly pricked.

"As you know there are four districts under the category of special abilities in the Magic World. Hesperia is on the East as well as Prum and Salem. Then there is the twin district of the West, Shou and Shinoa. The Fishing District of the South, Kimmyye and Boran. And from the mountains of the Northern District, the town of Dione." Tinuro niya ang mga yon ayon sa location nila sa mapa.

"Obviously we are the biggest district. That explains the over population and incapacity to properly allocate the resources. I have a question. How many teams do you have to compete against the Linus Cup?"

"Seven." I watched the previous game two years ago. Sa pagkakatanda ko pito ang team sa simula ng game. Shinoa and Shou has only one team to represent the two communities.

Napangiti si Miss Aura. "This year it would only be six." Kumuha siya ng pulang marker at binilugan ang anim na bayan. "Naipasara na ang Salem Academy six months ago."

"What? Why?"

"Their government can't afford the cost of sustaining the school. Ibenenta ito sa kanila last year dahil nalulugi na ito. Only a few families in Salem can afford to send their children to advance education. The cost of running the place is more than what is incurred from the payment of the few students. The community of Salem is out of the competition."

"Pero paano ang mga gustong mag advance education doon?"

"They can go to Prum or go here, to Hesperia, and enroll in Titan Academy. I'm afraid that's the only solution for now. Do you know how this situation can affect you in the Cup?"

I shrugged. "Less competitor? More chances of getting out alive?"

Bumuntong hininga si Miss Aura. "If this is an ordinary game that would be the exact effect. But this is a survival game. Less competitor means less

distraction. Habang kumukonti kayo mas lumalaki ang tendency na mafocus sa inyo ang attention ng ibang team. Lesser is fatal."

Oh. Great strategical thinking.

"I want you to know your advantage, Shia. We are lucky that you are more than just a seer. You are physically capable of fighting one-on-one. You have a great weapon and aiming skill. We need to practice that while you're here. I scheduled you with a weapon training with Gin."

Halos masamid ako considering wala naman akong ini-inom. "What?!"

"You heard me right." Miss Aura said indifferently. "You are now under physical training. We are done with the duels for the week. The Team Captain needs to assess your physical capability. Para malaman niya ang limit ng bawat member."

Damn. Bakit si Gin pa? "Something wrong, Shia?" tanong ni Miss Aura nang hindi ako sumagot.

"Nothing. That's fine with me." What a liar.

I'm not comfortable with this set up. I don't want Gin to be near me. It just feels so wrong. My body is reacting strangely when I'm with him and it alarms me.

Author's Note:

Cain is pronounced as "Keyn" as in sugar cane. May nakapag tanong kasi sa akin.

By the way bakit ang dami paring silent readers? Anong nangyari sa atin? Nakaka disappoint naman. Magparamdam din po minsan okay ba?

@april_avery

Chapter 13: Close Contact

Chapter 13: Close Contact

Halos hindi ako nakatulog kagabi. Hindi ko alam kung bakit. Siguro masyado lang akong nag iisip. O masyadong nate-tense sa pwedeng mangyari. I know Gin. Pwede siyang maging approachable. Pero sandali lang yon. Mga ilang segundo. Matapos yon babalik na siya sa pagiging intimidating niya.

Another thing is he becomes a different person pagdating sa training. Napaka seryoso niya. Gaya nalang kahapon noong naglalaban si Ethan at Cain. Para bang pinag aaralan niya lagi ang mga galaw nila. In his head he is taking down notes. On what are the weakest point, the strongest point, and what to improve. In short he is the typical serious and competitive Captain. The kind of person I don't want to associate myself with.

Hindi ako nakapag breakfast kanina dahil late ako nagising. Hindi ko tuloy alam kung anong napag usapan ng grupo. We are now under physical training. It means new set of rules and procedure. Mabuti nalang nakita ko si Luna na naglalakad sa hallway habang nasa labas ako.

"Hey! Bakit ngayon ka lang?" tawag niya sa akin saka mabilis akong pinuntahan.

"Late nagising."

"Pareho tayo!" saka siya tumawa. "Ang dami ko kasing binasa tungkol sa medical plants at poisonous herbs kagabi."

"Hindi ba yon ang assignment na binigay sayo ni Sir Apollo kahapon?"

"Yes." Tumango tango siya. "Nagugutom na ako. Tara sa Breakfast Hall."

Sinundan ko siya doon. Ito nanaman kami sa patakas namin. Mabuti nalang talaga at nasa klase na ang iba at tanging mga tagapag silbi nalang ang pumupunta sa direction kung nasaan ang Breakfast Hall.

"Anong schedule mo ngayon? Physical training na tayo hindi ba?" tanong ko sa kanya nang maupo kami sa table ng grupo. Napakatahimik sa

Breakfast Hall ngayon. Pumapasok sa loob ang liwanag mula sa matataas na glass window. Nakabukas din ang itaas na parte ng mga ito na nasa ceiling kaya naman halos marinig mo ang mga ibon na tumatambay doon.

"Agility with Ethan." napansin kong halos narereklamo ang tono niya. "I swear sasakit nanaman ang katawan ko niyan. How about you?"

Lumabas mula sa pintuan si Lisa. Ang tagapag silbi na kayang sakyan ang mga trip ni Luna. Sinabi ni Luna na kung anong meron yon nalang ang kakainin namin. Tumango ito at bumalik sa kusina.

"Weapon training with Gin." sagot ko kay Luna nang makaalis na si Lisa.

Tumaas ang kilay niya. "Talaga? Wow."

Kumunot ang noo ko sa reaction niya. "Why?"

"Hindi lang mahilig si Team Captain sa one-on-one training. When he is in charge it is always with the whole team. But I guess you are an exemption since madami kang kailangang habulin."

Natigilan siya na para bang may naalala. "The last time he did it was with Corrine. That was almost a year ago. It was also a physical training since medyo mahina si Corrine doon."

"How was it?"

Luna shrugged. "Fine I guess. After their training kahit paano nakakaiwas na si Corrine sa mga pag atake. She was scared of Gin on the start you know? Pero unti unti silang naging close."

Ironic. This is fucking ironic. What the hell is this? Sumusunod ba ako sa yapak ni Corrine? So I'm not just her substitute this time but a copy. Her fucking copy.

Napansin ni Luna ang pag iiba ng mood ko. "You okay?"

Pilit kong pinakalma ang sarili ko. I stared at Luna like nothing happened. "Excellent."

I will never be a second version of her or anyone else in this place. We are way too different from each other. I will never fall on the same trap.

Pumunta ako sa training room isang oras matapos naming manggaling ni Luna sa Breakfast Hall. May sariling schedule ang ibang members sa mga oras na ito. This is a one-on-one training with Gin after all.

Gusto kong sabihin na hindi ako kinakabahan. Pero lolokohin ko lang ang sarili ko kapag ginawa ko yon. Kinakabahan ako. But I'm not scared. Its two different things. I just don't want to mess this. Gusto kong ipakita na kaya ko ang sarili ko kahit wala ang tulong ng kahit sino.

As expected nandoon na siya sa training room noong pumasok ako. He was never late when it comes to these kinds of things. Nakatalikod siya mula sa pintuan at nakaharap sa mga weapons sa isang mesa. Seryoso nanaman siya. I wonder kung ini-isip niya kung anong weapon ang makakasakit sa akin.

"Long range weapons first."

Nabigla ako sa sinabi niya. What the? So alam niyang nandito na ako. I straighten up para hindi ipahalata ang pagkagulat ko.

"Sure."

Pagkasabi na pagkasabi ko nito isang kunai ang mabilis na bumulusok sa direction ko. Sa sobrang gulat ko hindi agad ako nakapag react. I tilted my head to the side just milliseconds bago tumama ang kunai sa mukha ko. Napangiwi agad ako nang magawang dampalisan ng talim nito ang pisngi ko. I cupped my cheeks with my palms at tiningnan ang dugong dumaloy dito. Damn.

"What the fuck is that?!" I almost screamed at Gin. Walang hiya siya. Hindi pa nga ako nakakapag handa. Where is the justice on that?! Damn it!

Humarap siya sa akin at tiningnan ang palad niya. Then he faced me with a mock innocent look. "Kung ako ang kalaban, sasabihin ko ba kung kailan kita tatamaan?"

Wow. Nagawa niya pa talagang maging sarcastic. You ungrateful arrogant bastard! Hindi ko na napigilan ang inis ko. So ganito ang gusto niya. Walang warning. Walang orientation. Kinuha ko ang ilang gyro sa malapit na mesa, a type of knife designed to spin like a bullet when thrown, saka ako nag aim na patamaan siya.

With all my aiming strength sunod sunod kong nirelease ang mga gyro papunta sa direction niya. Hindi ko alam kung natawa siya o ano sa naging reaction ko. I saw the corner of his lips curved into an annoying smile bago niya hinablot ang isang dagger sa mesa at ginamit yon para banggain ang mga gyro na papunta sa mukha niya.

Sobrang bilis. Hindi ako makapaniwala na kaya niyang sabayan ang mga weapons na inihagis ko. The small knives just collided with the one in his hand, creating an annoying sound of metal to metal friction. Ganito ba talaga siya? Ganito din ba siya kay Corrine?

"You're a short tempered devil."

Humigpit ang hawak ko sa mga natitirang gyro knife sa kamay ko. "And you're an asshole, Captain."

Natawa lang siya. Funny he almost sounds like he's fairly entertained. "Come here."

Natigilan ako. I stared at him. He is still smiling. I don't like the way he smile. It's not even a smile. It's a cross between a smirk and a mischievous grin. Like he is silently planning something. "No." I find myself taking a step back instead.

He run his slender fingers through his fine dark hair. "Come here. I'm going to teach you something."

No. Paulit ulit na sinasabi ng isip ko. I know wala siyang balak saktan ako this time. But more than the physical pain he might cause there is something about him that bothers me.

Pinagmasdan niya ako na para bang naghihintay siya. I tried to stare back with courage. That is until I heard his warning voice.

"I said come."

I flinched. His tone is harsh, cold and commanding. I find myself taking a few steps toward him.

"I said here." Itinuro niya ang tapat ng mesa kung nasaan ang mga weapons. Halos sa tabi niya lang ito. Damn it. "I want you to look at these weapons carefully."

Bumaba ang tingin ko sa mga maliliit na weapons na nakahilera sa mesa. Unti unti na akong lumapit sa kanya. Ngayon ko lang nakita ang iba dito. Ang ginamit niya na kunai kanina may iba pa palang mga kauri.

Humarap na ako ng tuluyan sa mesa na sinasabi niya. On one side there is the shurikens, kunai, gyro, air knives, at iba pang ginagamit sa long distance attack. It's because of the rotation of their blades while in the air that made them useful than dagger in long distance attack. Mas malayo ang distansya mas malaki ang impact kapag tumama sa solid object dahil sa momentum na naipon.

On the other side is the short distance attack weapon gaya ng push dagger, trench knife, cat claws, at ripper. Yon lang ang familiar sa akin. Madami ang mga dagger na nakasalansan sa mesa. Iba ibang cut at sizes ng blade. Pero lahat sila may either golden or silver handle. Napalunok ako. I always love these things. Hinawakan ko ang isa. I run my fingers through the shiny blade. This is high quality steel. I wonder kung-

"Like what you see?"

Halos matigilan ako nang maramdaman ang mainit na hininga ni Gin sa batok ko. He is behind me. I almost forgot him. My hands stop in appreciating the blade. Hindi ako nakagalaw. He is close. Too close that the proximity is overwhelming. I can almost feel his body heat against my back.

"You love daggers, don't you?"

He is as if teasing me. The way his every words flow out of his lips, sending short warm rushes of air against my bare neck. And his closeness. What is he thinking? I almost shiver when he place his lips a few inches above my ear. Damn Shia. Get yourself together damn it!

Mas lalo pang lumakas ang tibok ng puso ko nang gumalaw siya at mas lalong lumapit sa akin. I was almost breathless when his toned chest made a contact with my back. Halos nakakulong na ako sa pagitan niya at ng table. Maswerte ako at nakatalikod ako mula sa kanya dahil kung hindi, makikita niya na halos hindi na ako humihinga. Why do I let myself in this freaking position?

Gin extended one of his arms on the table kaya mas lalo akong naipit. Halos gusto ko ng idikit ang sarili ko sa table para lang makalayo sa kanya but that would mean I will be lose in this intimidating game. At wala akong balak matalo. I know what's on his mind. He is trying to make me feel uncomfortable for the sole purpose of getting me out of track and providing his fucking ego an entertainment. I will never give him that satisfaction. Not even one bit.

Hindi ko namalayan na nakapikit na ako kung hindi pa siya nagsalita. The arms he extended grabbed one of the weapons on the table. Lumayo na siya nang bahagya matapos makuha yon. Nakahinga ako ng maluwag. Am I just overthinking?

"These are also called thrusting knives."

Lumayo na ako ng bahagya sa kanya bago pa maulit ang kanina. Humarap ako at nakita siyang nakangiti. Another mischievous smile. Para bang alam niya ang naging epekto niya sa akin. I stared back with a blank expression.

"Almost all short-distance blade weapons are thrusting knives. Dagger, dirks, cat claws, ripper. They are aim to be thrust on the flesh within close combat. No air, wind, or distance to make up for the momentum, just plain physical force."

"I got it."

A slow smile escaped his lips once again. "Let's see then." He tossed me a dagger. Halos hindi ko yon nasalo dahil hindi pa nagsa-subside ang tense na naramdaman ko kanina.

Pumunta si Gin sa gitna ng training room. Napansin kong meron na din siyang hawak na weapon. It was a dagger with a double-edge blade. "Once a drop of blood escapes, you will lose the game."

I stared at the corners of my eyes para tingnan ang sugat ko sa mukha kanina. Natuyo na ang dugo mula dito. It doesn't obviously count. So it means I just need to slide the blade wherever is enough to make the blood ooze out of the cut. Easy.

"Let's restrict it on the face."

I froze. "What?"

"On the face." sabi niya na para bang naglalaro lang ng taguan. "We can only hit on the face."

Halos mapanganga ako. Hindi pa ba sapat ang ginawa niya sa mukha ko? What is he? A devil? Well kung tutuusin pantay na kami ngayon. Both having a score. Nasugatan ko siya noong unang beses na nagharap kami. Nasugatan niya ako kanina. Back to square one. I need to get even.

I stared back at him then gave my sweetest smile. "Game on."

Left?

No. Right.

Damn it.

Naramdaman ko ang blade ni Gin na gumuhit sa hangin ilang inches lang ang layo mula sa pisngi ko. Mabilis akong napaatras palayo sa kanya. Muntik na. That was too damn close. Hinihingal na pinagmasdan ko siya mula sa kinatatayuan ko.

"Focus, Shia."

Gin is serious about this. Hindi siya mangingiming sugatan ako sa oras na magkaroon siya ng pagkakataon. But he also noticed that I'm too distracted. Kanina ko pa hindi mapredict ng maayos ang susunod niyang galaw. Malayong malayo ito sa nangyari noong una kaming nagharap. Ano bang nangyayari sa akin?

Humigpit ang hawak ko sa dagger sa kamay ko nang muli siyang sumugod. I'm too confused to think. Walang pumapasok sa utak ko. What is he gonna do? Out of the corners of my eyes I saw his arms twitched- he is about to attack.

Gin slashed the air in front of me. Nagawa kong umiwas. His free hand suddenly extended passed my face. He grabbed my shoulder and dragged me down. Napaluhod ako sa sahig. I winced when my bare knees hit the solid stone floor. Sinubukan kong tumayong muli but both of Gin's heavy hands are already on my shoulders trapping me. Shit.

Napakabigat ng palad niya to the point na hindi ko magalaw ang mga kamay kong nasa sahig. He is using his body weight to trap me on the floor. Halos nakalean na siya sa akin. Tumingala ako at tiningnan siya ng masama. Umupo siya sa harap ko. His hands never left my shoulder.

"I said focus, Shia. You are not like this."

The position we're in right now, if someone barge in the training room and sees us, he will be thinking we are having an intimate conversation. With Gin's hands on my shoulder and me slumped on the floor, it seems he is comforting me. But the situation is far from comforting. It is the fucking opposite of comforting!

But I noticed something strange in his tone. There is gentleness in it. Gently and threatening. I shake my head mentally. Get a grip Shia!

With all my strength I raised my hand holding the dagger. I swiftly slithered it in front of his face. Nagawa niyang umilag. He lost his grip on me. Tumayo kaming pareho mula sa sahig.

"Better." he muttered.

Muli akong sumugod. Halos matumba kami sa sahig. Ilang beses kong sinubukang patamaan ang mukha niya pero nagagawa niyang harangan ito. One move almost escaped his quick guard- halos masagi na ng tip ng blade ng dagger ang noo niya. Pero nagawa niya itong harangan.

Mahigpit niyang hinawakan ang wrist ko na may hawak ng patalim. I struggled to land the blade on his skin but he is too damn strong. Halos nanginginig na ang kamay ko. Out of nowhere hinila niya ako. He dragged me against the nearest wall. Tumama ang likod ko sa malamig na pader with Gin's hand still on my wrist holding the dagger.

Biglang naglaho ang lakas ko nang mapansin kong gaano siya kalapit. No air can almost pass through the space between us. I can feel is breath. Hinihingal siya gaya ko. His warm breath is filtering through my open lips. Why is he doing this? I need him to stop!

"You're too distracted."

I almost close my eyes with his deep husky voice. Damn it. Mas lalo niyang inilapit ang mukha niya. I wanted to whimper. He positioned his lips on top of my bare ear as if wanting to bite me.

"Tell me, what are you thinking?"

Please stop, Gin.

Both of us can feel the heat caused by adrenaline rush radiating from our bodies. Sweats trickled from every part of our skin. I can hear my heartbeat. It's filling my ear. Bumuntong hininga si Gin nang wala akong maisagot.

"Let's finish this."

Kinuha niya ang dagger mula sa nanghihinang kamay ko na hawak niya. I closed my eyes when he placed the tip of the blade on my left cheek. He slowly slide the blade on my skin deep enough to create a cut. I almost

whimper when I felt the searing pain. Naramdaman ko ang pagdaloy ng dugo pababa sa pisngi ko. I lose the game.

Author's Note:

I hope you enjoy this chapter as much as I enjoyed writing it. Are you Team #ShiGin?

@april_avery

--

Tweet me! @avery_WP

Official hashtag: #TitanAcademy

Chapter 14: The Visit

Chapter 14: The Visit

Ilang araw na akong naiinis sa sarili ko. I wanted to struggle myself with a live wire. Why do I have to feel this? Why do I have to fucking feel this? This tension between me and Gin. Hindi ko gustong maramdaman ito. It needs to stop.

Ilang araw na mula noong natapos ang weapon training ko kasama si Gin. llang araw na din akong umiiwas na makaharap siya. Those close encounters na either kami lang o kailangan niya akong kausapin kahit nandyan ang grupo. Nakakahinga lang ako ng maluwag kapag nasa ibang tao ang attention niya.

Isang lingo na ako dito sa Titan Academy. But that one week it self feels like one year in hell. Kung babalikan ko ang mga nangyari ni hindi ko alam kung paano ako nakasurvived. I guess maswerte lang talaga ako.

Pumunta ako sa Breakfast Hall gaya ng dati. Napansin ko agad ang kakaibang atmosphere pagpasok ko. Mukhang masigla ang mga tao ngayon.

Kadalasan kasi kapag umaga mga matang kung makatingin ay akala mo matatalim na kutsilyo ang bubungad sayo. Umupo ako sa table namin.

"Anong meron?" tanong ko kay Luna na nakaupo na doon. Minsan late siya, minsan naman siya ang pinakamaaga.

Inalis niya ang tingin sa librong dala niya at lumingon sa akin. "It's the last Friday of the month."

"So?"

"Town's Day."

Natigilan ako sa sinabi niya. Town's Day. Ang araw kung saan bumibista ang mga taga Titan Academy sa bayan ng Hesperia.

"T-Talaga?" Halos hindi makapaniwalang tanong ko. Isa lang ang pumasok sa isip ko noon. Si Lucas, makikita ko si Lucas, maaari kaming magusap.

Tumango siya. "Yep. Hindi ba sinabi sayo ni Miss Aura?"

Hindi na ako nag isip pa kung sinabi niya ba yon o hindi. Dahil madalas hindi naman ako nakikinig kapag nagdi-discussed siya sa akin. Baka nga hindi ko lang napansin noong sinabi niya. Bigla akong naexcite. Makikita ko na ulit ang bayan.

Hindi ko napansin ang pag dating ng iba pang member ng group. I was too preoccupied. Hindi ko alam kung bakit pero maliban sa excitement kinakabahan din ako. Kung kahapon ko pa ito nalaman baka hindi ako nakatulog. What will Lucas say kapag nakita na niya ako? Anong mararamdaman niya kapag nakita niyang nakasuot ako ng uniform ng Titan Academy at kabilang ako sa kanila?

Naalala ko ang sinabi ko noon sa kanya sa burol. Ayaw na ayaw ko ang araw na bumibisita ang mga students ng Titan Academy sa Hesperia. Umiiwas akong magawi sa bayan sa araw na yon. Noong minsan na kinailangan naming pumunta doon, nakita ko kung paano kami tingnan ng ilan sa kanila. In their eyes we are somewhat a dirty stain on a white cloth.

Tila ba hindi normal sa kanila ang makakita ng mga kaedad nilang nagtatrabaho instead na nagaaral ng advance education.

What will Lucas say? Gustong gusto ko na siyang makita at sabihin ang lahat ng nangyari. Pero natatakot din akong sa magiging reaction niya. Naalala ko ang pinagdaanan ko sa illusion na ginawa ni Victoria. Paano kapag naging ganoon ang reaction niya?

Shia, ano ang pakiramdam na maging estudyante ng Titan? Ang paaralan na pinangarap ko?

"Psst! Shia."

Natigilan ako nang maramdaman ang pag-nudge ni Luna sa tagiliran ko. Nakakunot ang noo na lumingon ako sa kanya. "WHAT-" Hindi ko naituloy ang sasabihin nang makita na nakaharap silang lahat sa akin. Ang buong grupo.

Tumaas ang kilay ko na tila ba nagtataka at naaalibadbaran at the same time. Hindi ko napansin na kompleto na kami. Maging si Ethan na madalas ay sa long table kumakain ay sumama sa amin ngayon.

Pinilig ni Ethan ang ulo niya sa direction ni Gin. Para bang may sinisenyas siya sa akin. Humarap ako kay Gin. Napansin ko agad ang nakakunot na noo nito. He was looking at me pointedly with his eyes as cold as steel. He looks really pissed off. Tahimik lang ang iba pang member.

"What?" nakataas ang kilay na tanong ko sa kanya. Cain groaned beside me as if naghamon ako ng away.

"Uhm- Captain was saying something about the Town's Day." Luna interfered with a nervous laugh. She stared at me as if telling me to cooperate or else magkakagulo sa Breakfast Hall.

"Ah okay." sagot ko with a shrug.

Pasimpleng nag lean sa direction ko si Luna. "He called your name two times already." bulong nito. "Isang tawag lang ni Team Captain dapat

sumasagot ka na. My God Shia, hwag kang mag space out sa harap niya."

Pasimple kong linibot ang tingin sa table. Napansin ko na halos katulad ng reaction ni Luna ang reaction ng iba pang mga kasama ko. Maliban siguro kay Victoria na walang reaction ang mukha. But I saw something flashed her deadly eyes. Natatawa ba siya?

Nag angat ng tingin si Gin. I even heard a silent sigh na tila ba pinili niyang hwag nalang akong patulan.

"Gaya ng sinasabi ko." Tiningnan niya ako ng derecho sa mga mata. I tried to stare back with an unconcern look but I find myself avoiding his penetrating gaze. Ayoko talaga kung paano siya tumingin. It's as if he doesn't need any words to communicate, his eyes are enough.

"Alam mo naman siguro na maliban sa grupo ay walang ibang estudyante na nakakaalam kung saan ka talaga galing."

Natigilan ako sa sinabi niya. It's not the statement that bothers me but the way he said it. Bigla akong naging hindi comfortable sa harap nila. I almost overlooked that one single fact. Hindi talaga ako katulad nila. If we are a product, they are the original and I'm the counterfeit.

"Kailangan mong mag ingat kapag nandoon na tayo." he continued. "Some people might recognize you. Stay away from them. We don't want to create another commotion."

Buong umaga kong inisip ang sinabi ni Gin sa Breakfast Hall. I can't help but scoffed. Malinaw na ang ibig sabihin nito ay hindi ko maaaring makita si Lucas. I might see him but I can't talk to him like I wanted to.

Nakakainis.

Magiging malaking gulo nga kapag nakilala nila ako. Hindi alam ng mga students dito na nagmula ako sa bayan. All along they thought anak ako ng kung sinong makapangyarihang pamilya kaya nagawa kong makapasok ng ganoon kadali sa Titan Academy at masama sa grupo. Rich kid my ass.

Naghanda na kami matapos ang breakfast. We need to be in our field uniform. Ito ang suot ng grupo noong unang beses ko silang makita sa bahay nila Lucas. That intimidating black leather coat. I even wondered kung ilang buwan akong hindi kakain para makabili ng isa nito. Pinagmasdan ko ang sarili ko sa salamin bago ako lumabas ng kwarto. Yet look at me now.

Nagkita kita kami sa harap ng kastilyo. Napansin ko na mga senior students lamang ang kasama sa trip. Luna told me na dahil ito sa schedule. Ang unang Biyernes ng buwan ay para sa mga freshmen students, ang pangalawa ay para sa mga sophomores, and so on. Kung ganoon mas kailangan kong mag ingat.

Nangunguna sa harap ang dalawang teacher. Isa sa kanila ay si Miss Aura. Hindi familiar sa akin ang isa pa. Kasama din nila sa harap ang Head Girl and Head Boy na si Corrine at Ethan. Nasa likod na bahagi naman ang grupo namin nila Luna.

Naglakad kami sa maluwang na daan palabas ng school. Mas maluwang pa pala ito kesa sa natatandaan ko. It almost looks like a deserted highway. Ganoon parin ang tunog ng gubat sa gilid nito. It's as if some wild animals are inhibiting the place. Idagdag pa ang electric fence na nakapaligid dito.

Nakalabas kami ng Titan Academy matapos ang ilang minuto ng paglalakad. Tahimik lang ang mga kasama ko. Minsan mag uusap sila tungkol sa kung anong kailangan nilang bisitahin o bilhin sa bayan. Minsan sasawayin nila ang ilang estudyanteng magulo sa pila. Minsan napapatingin sila sa akin. Para bang gusto nilang malaman kung ano ang iniisip ko sa mga oras na ito.

Nasa gubat na kami na pumapagitna sa bayan at sa burol nang magsimulang magreklamo ang mga kasama ko. It was nine o'clock in the morning but the humidity and fog in the forest remains heavy and stable.

Halos kalahating oras ang lumipas nang makalabas kami sa gubat at bumungad sa amin ang bayan. My heartbeat picked up its phase nang makita ang familiar na environment. The noise, the smell, the worn out old buildings, the place itself. Halos manghina ako. This is home for me.

Napansin kong napatingin sa direction ko si Gin nang pumasok kami sa entrance ng bayan. The group of senior students stayed in tack hangang sa makarating kami sa town square. Nagsimula akong maconscious sa mga tingin na nakukuha namin mula sa mga taga bayan. Some of them are familiar to me. Pero mukhang hindi nila ako napapansin.

"Stay with as much seniors as possible." Gin stated. Humarap siya sa akin at nag lean sa direction ko. I can't help but step back when his forehead almost touched mine. "Got it?"

Ano bang problema niya? "Yeah whatever." sagot ko.

Nang humiwalay siya, napansin ko agad ang mga matang nakatingin sa direction namin. Agad silang nag iwas nang mapatingin ako sa kanila. But a certain pair of eyes stayed to stare. Corrine.

Nagsimulang maghiwa-hiwalay ang mga estudyante. May ilan na pumunta sa direction kung nasaan ang black smith at iba pang tindahan ng mga weapons, ang ilan naman sa tindahan ng mga unusual na bagay gaya ng libro at ilang collector's item, may iba na dumerecho sa pub na ilang metro pa ang layo sa town square, ang iba nakontento sa paglalakad lakad.

Pero malayo pa ito sa totoong bayan. Malayo pa ito sa maingay na palengke, sa magulong plaza at maputik na downtown. I need to walk for at least a few minutes bago ako makarating doon. Nandoon si Lucas sigurado ako. Madalas siya doon. Hindi ko maiwasan na hindi mapakali. Ang lapit ko na. Ang lapit ko na sa kanya. Konting konti nalang makikita ko na ulit siya.

Napatingin ako sa dalawang kasama ko. Humiwalay sa amin si Victoria kanina pa, samantalang si Gin at Ethan naman ay sinabing mag kailangang puntahan. That leaves me with Luna ang Cain. Pakiramdam ko pinlano nila ito.

Pumasok kami sa shop kung saan may pinakamaraming estudyanteng tumitingin. Isa itong tindahan ng mga kakaibang hayop. Some of them are mutated. Pinili nila ang lugar na yon kung saan hindi kami magiging kapansin pansin dahil sa dami ng estudyante.

Naging busy ang dalawa sa pagtingin sa mga hayop na nakakulong sa maliliit na cage o di kaya naman ay glass aquarium. Nakahawak ang kamay ni Luna sa braso ko kaya wala akong kawala. Napabuntong hininga ako. Kailangan kong makaalis sa paningin nila.

Lumipas ang ilang minuto at ganoon parin ang nangyari. Ngayon naman ay nasa tindahan kami ng mga kakaibang halaman. Si Luna ang nagyaya na pumasok kami dito. Binati agad kami ng nagbabantay ng shop pagpasok namin. Pero natigilan siya nang mapatingin sa akin.

My body started to tense. Kilala ko siya. Isa siya sa nagtitinda ng medical herbs sa bayan kung saan kami bumibili ni Lucas ng gamot para sa Mama niya. Sandali- dito na ba siya nagta-trabaho ngayon? Kumunot ang noo niya na para bang inaalala kung saan ako nakita. I almost stared at him disbelievingly. Hindi niya ba ako nakikilala? Paanong nangyari yon? Halos lingo lingo ko siyang nakikita noon. He even knows my whole name.

"Uhm, I think nasa kabilang shop ang kailangan ko." Iginaya agad ako ni Luna palabas ng shop. Sumunod naman si Cain. Napabuntong hininga siya nang makalabas kami. "That was close. Did you saw the recognition in his eyes?" Napailing siya. "Mabuti nalang hindi ka agad nila nakikilala dahil sa ayos mo."

Then it hit me. Hindi na nga pala ako katulad ng dati. Hindi na ako yong Shia na may maputik na damit, magaspang na buhok, maduming mukha at nakasuot ng sira sirang gamit. I wanted to cursed myself. Pakiramdam ko nawawala ako. I don't even have an idea where I belong anymore.

Nagpatuloy kami sa paglalakad hangang sa nakalabas kami ng square. Napansin namin ang kumpol ng mga tao sa maluwang na bahagi ng entrance nito malapit sa fountain. Nagtataka na napatingin sa akin si Luna at niyaya kaming pumunta doon. Nang makalapit kami narealized namin kung ano ang pinagkakaguluhan nila, mga street performers. Pumupunta sila dito kada Friday dahil alam nila na nandito ang mga estudyante galing sa Titan.

Iba't ibang kumpol ng estudyante ang nakapalibot sa bawat nagpeperform. Meron tumutugtog ng ilang musical instruments, may nagpeperform ng

psychic tricks, may nagpapa amo ng nakakalasong uri ng insekto at kung ano ano pa. Pero may isang nakakuha ng pansin ko. Isang matanda sa sulok ang nagpe-perform ng bending trick. Pilit niyang pinagagalaw ang isang tubo na gawa sa bakal para bumaloktot at makuha ang shape na gusto niya. Pero mukhang nahihirapan siyang gawin ito. Naiinip na ang mga manonood sa kanya.

"Wala naman eh." reklamo ng isa.

"Akala ko ba magiging kasing liit ng bato yan."

"Ang tagal naman."

Pinagmasdan ko siya. Matanda na ito. Halos kulubot na ang buong mukha niya. Kita ko din ang puting buhok niya sa ilalim ng luma nitong sombrero. Ganun din ang kamay niyang nanginginig habang nakatapat sa bakal na nasa harap niya. Mula sa halos masirang maleta sa harap niya, ilang barya ang nakalagay doon kasama ng mga bakal na nagawa niyang ayusin sa iba't ibang maliliit na hugis.

Kilala ko siya. Madalas ko siyang makita sa bayan. Naalala ko noong mga bata pa kami bilib na bilib kami ni Lucas sa kanya. Itatapat niya ang kamay niya sa isang bagay at magbabago ang hugis nito. Kaya niyang baluktutin ang bakal o gawing malambot ang isang bato. Pero matagal ng panahon yon at matanda na siya. Hindi ko alam na nagpe-perform parin siya. Kapag nakikita ko kasi siya sa bayan nitong nakaraan, nandoon lamang siya sa paborito niyang pwesto sa plaza at nanonood sa mga batang naglalaro doon. Minsan makikita ko siyang nagbibigay ng pagkain o barya sa mga ito. Pero hindi ko alam na ginagawa niya parin ito.

"Lolo Arthur."

Hindi ko maiwasan na masambit ang pangalan niya. Pabulong lamang ito at maging ang mga kasama ko ay hindi ito narinig. Pero napatingin ang matanda sa direction ko. Hindi ko alam kung paanong nangyari yon pero tumitig siya sa akin. Saka ito ngumiti.

"Ano ba yan nagsasayang lang kami ng oras."

"Tara na nga."

Paalis na ang ilang estudyante nang sipain nila ng maleta kung saan nakalagay ang mga barya. Tumaob ito at natapon ang laman sa sementadong lupa. Halos mapatakbo ako sa kinaroroonan ng matanda. Humarang ako sa pagitan ni Lolo Arthur at ng mga estudyanteng ito. Itinuro ko ang maletang nasa ibaba.

"Pulutin mo." utos ko.

Nakuha agad namin ang attention ng ilan sa iba pang estudyanteng nandoon. Tiningnan ko ng masama ang lalake at mga kasamahan niya nang hindi siya agad sumunod.

"Ang sabi ko pulutin mo!" halos sigaw ko.

Nag iinit ang dugo ko. Kung alam lang nila kung gaano ako nagpipigil para saktan sila noong oras na yon. Halos nanginginig ang mga kamay ko sa pagpipigil. Bakit nila ginagawa ito? Ni hindi nila alam kung ano ang pinagdaanan ng matandang nasa harap nila.

Siniko siya ng kasamahan niya na tila ba sinasabing sumunod na lamang. Napatingin ako sa iba pang mga kasama niya. Nag iwas sila ng tingin at sila na mismo ang nanguna sa pagpupulot ng gamit at barya. Sumunod ang lalakeng sumipa ng maleta. Halatang masama ang loob nito dahil hindi maalis ang masamang tingin sa akin habang ginagawa yon.

Pero wala silang magagawa hindi ba? Susunod sila sa ayaw nila at gusto. Dahil parte ako ng grupo. And they have a high respect for every member of my fucking group. Even higher than those who really deserves the respect.

Inayos nila ang maleta sa position nito kanina. Napansin ko na mas lalo itong nasira. Pero hindi ko naman pwede na ipagawa ito sa kanila o sa kung sino man na may mechanical ability dito. Hindi kami pwedeng gumamit ng ability sa labas ng paaralan.

"Say sorry." utos ko ulit. Mas lalong sumama ang timpla ng mukha ng grupong yon. Napansin ko na madami na ang nanonood sa amin ngayon. I even heard Luna's worried voice telling me to calm down.

"Say sorry. Damn it!"

Halos magulat sila sa sigaw ko kaya naman mabilis silang nag sorry isa isa. Nagpagilid ako para makaharap sila sa matanda. Yumuko pa ang dalawa sa kanila habang nagsosorry.

Huminga ako ng malalim. "Subukan niyo pang ulitin ito." Nagkatinginan sila bago nagmadaling umalis sa harap ko. Even the guy who kicked the suitcase didn't give me a second glance.

"Okay lang po ba kayo?" tanong ko sa matanda.

He gave me a comforting smile. A smile that reminds me so much of my childhood. Sa kanya ko na-realized kung gaano na ako nagbago at gaano na lumipas ang panahon. He is that important to me.

"Shia Sheridan-"

I froze. Halos mabingi ako sa narinig. Namukhaan niya ako. Nakilala niya ako. Bahagya kong iniangat ang paningin ko sa mga taong nakapaligid sa amin. Nakita ko ang confusion sa mga mukha nila. Narinig nila ang sinabi nito.

"Tama po kayo. Yon nga po ang pangalan ko."

Ngumiti siya at tumingin sa mga mata ko. "Narinig ko ang pangalan mo mula sa kanila." Napatingin siya ang mga estudyante na pinakamalapit sa amin. "Maraming salamat, hija."

Hindi ko alam kung bakit pero mas lalo akong nanghina. Alam kong kilala niya ako. Nakita ko ang recognition sa mga mata niya bago pa man ako makalapit kanina. Nakita ko kung paano niya ako tingnan. He knew I'm the dirty child he used to entertain with his tricks. He knew it's me. Pero pinili niyang hwag akong kilalanin. Bakit? May idea ba siya sa situation ko?

Gusto ko siyang yakapin. Gusto kong sabihin na ako ito, si Shia Sheridan na taga bayan. Gusto kong makilala ako ng matandang nasa harap ko. Pero alam kong hindi pwede. Alam kong magiging malaking gulo kapag pinilit ko ang gusto ko. So instead tumango na lamang ako.

"Wala po yon. Ginawa ko lang ang dapat."

Ibinigay ko sa kanya ang maleta. Pero bago yon nilagay ko sa loob ang pera na binigay sa akin ni Miss Aura. Pera yon na maaari kong gastusin sa kung ano mang gustuhin kong bilhin dito sa bayan.

"Katulad ka parin ng dati." halos bulong nito nang abutin niya ang maleta. This time wala ng iba pang nakarinig sa kanya. "Magkapareho kayo ng kaibigan mo."

Halos manlamig ang mga kamay ko sa sinabi niya. "Alam niyo po ba kung nasaan si Lucas?" tanong ko sa maingat na boses. Mula sa sulok ng mga mata ko nakita kong palapit na sa amin si Luna at Cain.

Napansin ng matanda ang urgency sa boses ko. Kaya sinagot niya ako ng derecho. "Hija, wala na siya sa Hesperia."

Chapter 15: Exposed

Chapter 15: Exposed

Hindi ko alam kung maniniwala ba ako sa sinabi ni Lolo Arthur. Pero siya lamang ang nag iisang taong nakausap ko sa pagbisita namin sa bayan. Hindi na ako nagkaroon ng pagkakataon na malaman kung totoo nga ba ang sinabi niya dahil matapos ang nangyaring gulo sa town square ay pinuntahan kami agad ni Ethan at Gin na narinig ang nangyari. Mula noong oras na yon hindi na sila humiwalay pa.

Gin was angry. Napakarisky ng ginagawa ko. Konting pagkakamali at malaking gulo ang katumbas nito. Halos kaladkarin niya ako sa tabi niya buong maghapon para lamang hindi ako maalis sa paningin niya. Konting pagkakamali gaya ng hindi sinasadyang pagtapak ko sa sapatos niya o

pagbanga ko sa likod niya kapag bigla siyang humihinto habang nasa harap ko, ay bigla niya akong pagagalitan. Nakakainis.

But if there is one thing I'm thankful for, yon ay noong binigyan niya ng detention slip ang apat na lalake na nanggulo sa matanda. Maaaring magpataw nito si Gin bilang Team Captain, ganoon din ang Head Boy at ang Head Girl na si Corrine at Ethan. Walang nagawa ang apat kondi tanggapin ito. Kung natakot sila sa akin, aba, mas matakot sila kay Gin.

Hindi ako nakatulog noong gabing yon. O maging sa mga sumunod pang gabi. Nagaalala ako kay Lucas. Gusto kong malaman kung nasaan na ba talaga siya. Maaaring nagkamali lang si Lolo Arthur. Baka iba ang tinutukoy niya. Walang dahilan para umalis si Lucas sa Hesperia.

Alam kong maaari na siyang umalis kung gugustuhin niya. He was, after all, in legal age. Pero paano ang pamilya niya? Sinama niya ba ang mga ito? Bakit naman siya aalis? Hindi ba nangako siyang ilalabas niya ako sa lugar na ito? Isang tanong ang nangibabaw sa isip ko. Tanong na kanina ko pa ayaw harapin pero kahit anong gawin ko ay pilit itong sumisiksik sa isipan ko. Iniwan niya na ba ako?

Ilang araw matapos naming bumisita sa bayan nang mapansin ko yon. Ang mga kakaibang tingin ng mga estudyante sa akin. Nagsimula ito noong Lunes noong pumasok ako sa Breakfast Hall. Para bang may hindi tama. Para bang may iba sa mga tingin nila.

Pilit ko itong pinagsawalang bahala. Isa pa, madami din akong ini-isip noong mga oras na yon. Isa na dito si Lucas at ang bagong training namin na tungkol sa survival. Sa totoo lang madali lang naman ito, almost basic. Familiar na sa akin ang halos lahat ng pinagagawa nila.

Safety rope, cutting style, types of multipurpose utility weapons, poisonous plants and insects, edible plants and insects, hunting methods, marking and tracing at kung ano ano pa. Nabuhay ako sa mga paraan na yon sa loob ng ilang taon. Halos kabisado ko na ang mga ito. Survival skill is taught in Titan Academy to be an advantage in the game. I was forced to learn the same thing outside in order to survive.

Thursday ng umaga noong nagsimula akong mapikon sa mga tingin na binibigay nila sa akin. Naglalakad ako papunta sa Breakfast Hall gaya ng dati nang tumigil ako sa paghakbang at napatingin sa mga matang kanina pa ako tinitingnan ng masama.

"What?" Halos napipikon na tanong ko. Ang aga aga ganito ang bungad ng araw sa akin.

Agad silang umiwas nang dumapo ang paningin ko sa kanila. Nag alisan ang iba sa hallway. Mas lalong kumunot ang noo ko. Ano bang problema nila? Kung makatingin sila akala mo may ginawa akong masama.

Mas dumami pa ang mga kakaibang tingin na nakukuha ko noong pumasok ako sa Breakfast Hall. Nakakapikon na. Dumerecho ako sa table ng grupo kung saan nakaupo si Luna at Victoria.

"Good morning!" masayang bati ni Luna na hindi napapansin ang kakaibang atmosphere sa paligid.

"Morning." maikling bati ko. Si Victoria deadma lang. As if naman babatiin niya ako o kahit na sino ng magandang umaga.

"Wala pa ang iba?" tanong ko.

Luna shrugged. "Parang hindi mo naman sila kilala. Pahirapan sa pagising ang mga yon."

"Wala ka bang napapansin?" tanong ko ulit. "Why are people staring at me? Or staring at us?"

Natigilan si Luna at napatingin sa paligid. Agad namang nag iwas ng tingin ang mga estudyanteng madaanan niya. "Lagi naman silang nakatingin."

Tama si Luna. Walang bago sa inaasal ng mga tao ngayon. Pinili ko nalang na ipagsawalang bahala ang mga napansin ko. Though in the back of my mind I know there is something looming in the way they stare. I just can't point out what.

Naglalakad ako sa hallway bandang hapon noong may marinig akong tumawag sa pangalan ko. Kumunot ang noo ko at lumingon sa direction ng boses. Isang freshmen student ang lumapit sa akin.

"Miss Shia?"

"Yes?" Hindi ko alam kung kinakabahan ba siya o ano. Mukha siyang nai-iyak. Natatakot ba siya?

"Pinapatawag kayo ni Miss Aura sa Infinity Room."

Biglang tumakbo paalis ang freshmen student matapos sabihin yon. Nagtatakang sinundan ko ito ng tingin. Infinity Room?

Nagpatuloy ako sa paglalakad habang ini-isip ang sinabi ng estudyante. Puntahan ko daw si Miss Aura. Sa pagkakatanda ko wala siyang ibinigay na schedule sa akin ngayong araw maliban sa discussion ng advance medical aid kasama si Luna at Victoria kaning umaga.

Bumuntong hininga ako. Tinatamad talaga akong pumunta. Mas gusto kong matulog ngayong hapon. Pero kung ano man ang sasabihin ni Miss Aura alam kong kailangan ko itong pakinggan. Hindi na kami pwedeng maging kampante ngayon. Lalo na at malapit na ang Cup.

Lumiko ako sa hallway kung saan makikita ang mga classroom sa kastilyo. Gaya ng dati, tamihik doon tuwing ganitong oras. Maliban nalang siguro sa ilang boses ng mga teacher na nangagaling sa mga ukopadong classrooms.

"Hey, little devil."

Napa-paused ako sa paglalakad. Alam na alam ko kung kanino galing ang nakakairitang boses na yon. Lumingon ako pabalik sa nadaanan kong masikip na staircase. Agad sumama ang timpla ng mood ko nang makita na pababa mula doon si Gin.

Hey, Asshole. "Captain." bati ko. I tried my best to be civilized for once in front of him.

"Anong ginagawa mo dito?"

None of your business. "May kailangan lang akong puntahan, Captain."

Bahagyang tumaas ang isang kilay niya na para bang nagtataka. Pero agad ding nawala ang interest niya. "Just don't get yourself into any more trouble."

Yon lamang ang narinig ko mula sa kanya bago siya nagpatuloy sa pagbaba ng hagdan at nilampasan ako. Nagpatuloy naman ako sa paglalakad na parang walang nangyari. Maya maya pa napalingon ako nang may maalala.

"Nasaan nga pala ang Infinity Room dito?" tanong ko. "Captain."

Medyo nakalayo na si Gin pero nagawa parin nitong huminto. Hindi siya lumingon pero alam kong narinig niya ang sinabi ko.

"Infinity Room?" Humarap siya sa akin. Kumunot ang noo niya na para ba nagtataka kung anong kailangan ko sa lugar na yon.

"Kailangan kong puntahan doon si Miss Aura."

Hindi parin nawala ang pagtataka sa mukha niya. Maya maya pa bumuntong hininga ito. "East chamber. End of the hallway."

"Okay."

Tumalikod ako sa kanya at nagpatuloy sa paglalakad. Pero bago yon napansin ko na para bang may iba pa siyang gustong sabihin. Naghintay ako ng ilang segundo pero wala akong narinig. Bahagya akong lumingon sa direction niya at nakita na paalis na siya. Baka imagination ko lang yon.

Ilang minuto din akong naglakad bago narating ang chamber na sinasabi ni Gin. Napansin ko na hindi na mga ordinaryong classroom ang mga nandito. Tila ba mga rooms ito na may specific purpose katulad ng training room. At napakalayo pala nito mula sa mga main classrooms. Asar.

Binuksan ko agad ang pinto ng kwartong tinutukoy nilang Infinity Room. The moment I touched the handle naramdaman ko yon- the danger radiating from the room. Pero huli na noong marealize ko yon.

Ilang kamay ang agad na humila sa akin papasok sa loob. I cursed silently nang maramdaman ang marahas na paghila sa kamay ko. Masyado akong naging kampante- hindi ko pinansin ang warning na kanina pa gumugulo sa akin. Bakit ngayon ko lang ito naramdaman?

Mabilis na sumara ang pinto pagpasok ko. Once it did doon ko narealize kung bakit hindi ko naramdaman ang danger na nasa kwartong ito. Madilim ang kwarto. Halos hindi ko makita ang sarili kong katawan. But I know I'm stepping on a solid floor. Linibot ko ang tingin sa paligid. Pero hindi ito nakatulong. Para bang binabalutan ako ng kadiliman.

I flinched when I heard a noise. Mga yapak ito ng paa. Oh shit. Wala akong makita at hindi gumagana ang enhanced senses ko sa lugar na ito. Ano ba ito? Isa nanaman bang illusion? Pero paanong nangyari yon? Hindi naman ako nawalan ng malay kung saan. At wala naman akong hinawakan na kahit sino mula kaninang umaga maliban kay Luna.

Out of nowhere a pair of hard metal hit the side of my body. Halos mawalan ako ng hangin dahil doon. Napaluhod ako sa malasalaming sahig dahil sa tindi ng sakit na naramdaman ko. Pinalo ako ng kung ano and it was fucking painful. Nagpapanic na napapikit ako. I tried to tone down the searing pain with my ability. Pero hindi ito gumana.

"Hindi tatalab yan dito." a guy's voice said. Familiar sa akin ang boses na yon. "This is the Infinity Room o mas kilala bilang Detention Room. The room's interior can nullify every ability. Walang gumagana dito."

Narinig kong muli ang ingay. Footsteps. Mukhang hindi siya nag iisa. Pinilit kong tumayo mula sa sahig.

"What the fuck is your problem?" asik ko. Leche. Kung sino man ang mga taong ito humanda sila sa akin.

Isa nanamang bagay ang tumama sa akin. This time sa likod ko. I almost gripped the floor because of the impact. Ano bang tumatama sa akin? A metal bat? What? Nagtawanan ang ilan sa mga boses sa paligid ko. Damn it. Ilan ba sila? Bakit parang ang dami nila?

"Oh ano na? Nasaan na ang tapang mo ngayon, Sheridan?"

This time it was a girl's voice. Doon na ako tuluyang naguluhan. I have no idea who the hell these insane people are.

"Shia Sheridan." someone called again. It was as if they are mocking my name. "Ang babaeng taga bayan."

I froze. Pakiramdam ko may bumara sa lalamunan ko at hindi ako makahinga. My mouth suddenly went dry. Hindi ako nakasagot.

"Nagulat ka ba? Hindi mo ba inaasahan na malalaman namin ang tinatago mong sekreto?"

Hindi ko alam kung bakit pero instead matakot sa kapakanan ko, unti unti akong napangiti nang mag sink in sa akin ang sinabi nila. So alam na nila.

"What? Bakit hindi ka magsalita?" Tila napipikon na sabi ng isa pang boses. "Ikaw na taga bayan, anong ginawa mo para makatapak dito? Sabihin mo anong ginamit mo para payagan kang mag aral dito?"

Isang tawa ang kumawala mula sa bibig ko. Natigilan sila sa naging reaction ko. So alam na nila ang background ko? Pero hindi nila alam kung bakit ako napunta dito? How stupid. Kung aalamin na rin lang nila ang sekreto ng isang tao, mabuti pang alamin na nila ang lahat.

Ngayon alam ko na kung bakit ganoon nalang ang tingin ng ibang estudyante sa akin. Alam na nila ang totoo. Alam na nila na hindi ako mayaman gaya nila, na isa lang akong babaeng dating nagta-trabaho sa bayan, and I can't even afford their fucking uniform.

Nakakatawa. Maswerte parin pala ako at ang mga ito lang ang naglakas ng loob na ipamukha sa akin na hindi dapat ako nandito. I'm expecting more than this kapag nalaman na nila ang totoo. How disappointing.

Something hit me for the third time. Tumama ang makapal na bakal sa braso ko. I almost whimpered in pain pero kinagat ko ang labi ko para pigilan ang sigaw na gustong kumawala sa bibig ko. Nangangati na ang

kamay ko na humawak ng dagger o kahit anong patalim at saksakin silang lahat. Pero alam kong hindi ko sila pwedeng saktan kahit pa magkaroon ako ng pagkakataon.

Isang kamay ang humigit sa pisngi ko. Halata ko ang pangigigil dito.

"We almost made the mistake of respecting you as a member. Kung umasta ka akala mo kung sino kang magaling. Nakapasok ka lang sa grupo akala mo mas mataas ka na sa amin. Ito ang isaksak mo sa utak mo. You can dress like us, act like us, but no matter how you see it, a rock placed in a treasure chest is still a rock-"

Tinabig ko ang kamay niyang nakakapit sa akin. "Continue your fucking speech without touching my face."

Tumahimik ang paligid. The atmosphere immediately shifted from trifling to intense. "Done?" tanong ko nang walang ni isa sa kanila ang nagsalita. "Tapos na ang speech mo? What else do you want to say? Say it! You think it would affect me? You think I care?!"

Tumayo ako ng maayos kahit pa halos mawalan ako ng balanse dahil sa sakit na bumabalot sa katawan ko. I can feel a few of them took a step back.

"Tama kayo. Hindi ako mayaman. Nakatira ako sa isang luma at sira sirang bahay sa bayan. Halos hindi ako kumain sa loob ng isang araw. Yon ba ang gusto niyong ipagsigawan ko?!"

"May gana ka pa talagang sumagot sa amin!" one of them almost shrieked in anger.

I smiled sardonically. "Why not? I'm one of you now. Oh wait, I'm more than you will ever gonna be. Because I'm a member of the group and you are not. NOW SUCK IT UP."

Isang malakas na impact mula sa likod ko ang naging dahilan kaya halos masobsob ako sa sahig. The sudden hit almost knocked every air out of my body. Napaluhod ako at napaubo. Fuck this people.

"Let's go."

Nagkaroon nang tila ba debate sa paligid ko. Mukhang gusto pa akong saktan ng iba. Pero unti unti silang pumayag sa gusto ng babaeng nag utos. Isa isang nawala ang mga paang nakapalibot sa akin hangang sa naramdaman ko ang pagbukas ng pinto ng kwarto.

Hindi ako lumingon para tingnan ang mga mukha nila. I don't want to see them. Kapag nakilala ko sila baka hindi ako makapagpigil. Baka kapag masalubong ko sila sa corridor o makita sa Breakfast Hall ay mawalan ako ng control at mapatay ko sila. Hindi ko pwedeng gawin yon. Dahil sila parin ang totoong mga estudyante dito at mas lalaki ang gulo kapag sinaktan ko ang isa sa kanila.

Hindi ko alam kung ilang minuto akong nasa sahig. Pinilit kong tumayo pero halos matumba ako pabalik. Kailangan kong makalabas sa kwartong ito. I need to use my ability to tone down the pain. I don't even care if I will be breaking a rule here. Kung hindi ko gagawin yon baka mawalan ako ng malay.

Hindi ko alam kung bakit pero gusto kong matawa sa nangyayari. I don't belong here. I almost believe I am. Pero tama sila. Kahit anong gawin ko I will never be one of them. So this is what it feels like. To be a rock in a treasure chest.

Chapter 16: The Aftermath

Chapter 16: The Aftermath

Lumabas ako sa Infinity Room na hawak ang halos madurog na braso ko. Pagkalabas na pagkalabas ko agad kong ginamit ang ability ko para pamanhidin ang sakit. Pero narealize ko na hindi ko ito tuluyang magamit ng buo dahil sa logo ng Titan Academy na nakalagay sa uniform ko. It's as if pinipigilan nito na makagamit ng kapangyarihan ang mga estudyante dito.

Napailing ako habang naglalakad. Kaya ko pa naman. Makakarating ako sa training room sa ibaba at magagamot ang mga bali ko. Pinag aralan na

namin ito kahapon lang. I can fix this fucking thing. Halos paika ika akong maglakad sa hallway. Mabuti nalang at secluded ang lugar na ito. Hindi nila ako pwedeng makita sa ganitong kalagayan.

Palabas na ako ng east chamber at pabalik sa hallway kung saan ko nakita si Gin kanina nang may mabungo ako. Halos mapamura ako dahil sa impact ng pagsagi ng braso ko sa katawan niya.

"Hey."

Natigilan ako nang narealize kung sino yon. Pasimple akong lumayo ng bahagya sa kanya at umiwas sa tingin niya.

"Captain."

Pilit kong ginawang normal ang boses ko kahit pa alam kong walang ginawa ang mga ngipin ko kundi magkiskisan dahil sa sakit.

Kumunot ang noo ni Gin. Napatingin siya sa hallway kung saan ako nangaling. Ngayon alam ko na kung bakit ganoon nalang ang reaction nila sa lugar na yon. The rooms in that hallway are hells on earth.

"I have to go, Captain."

I tried hard to keep a straight face and walked as normal as I possible habang nakatingin parin siya sa akin. Mas lalong kumunot ang noo niya nang bumaba ang tingin niya sa kaliwang braso ko. Sinundan ko ang mga mata niya at nakitang dumudugo ito. Shit.

"Wait."

Natigilan ako sa naging tono niya. I knew that kind of cold and commanding voice so well.

"What happened to your arm?"

He is staring at me without a single expression in his face. I have a feeling na alam na niya ang sagot pero gusto niyang mangaling ito mula sa akin. Too bad because I will never tell him anything.

"It's nothing, Captain."

Derecho ang naging tingin ko sa kanya. For a minute nagtitigan lang kami. Siya na hinihintay na sabihin ko ang totoo bago pa siya magtanong ulit at ako na pinaninindigan ang pagsisinungaling ko.

The staring contest only came to halt nang may marinig kaming ingay. Mga yapak ng paa mula sa hallway hindi kalayuan sa amin. Sinundan ito ng tawanan at mga boses na para bang nag uusap. Natigilan ako nang marealize na familiar ang mga boses na yon. Damn. Ano pang ginagawa ng mga walang hiyang yon dito?

Gin became rigid beside me. I lowered down my gaze and saw his knuckles formed into a ball. Hindi ako nagkamali. May idea siya sa nangyari.

"Gin." I warned.

Wala na akong pakialam kung nawala na ang formality sa usapan namin. I know what he's thinking at hindi ko papayagan na mangyari yon. Mas naging malapit ang ingay na naririnig namin. Mukhang papunta sila sa direction kung nasaan kami. Unti unting naging malinaw ang usapan nila.

"Palaban eh. Lintik. Kung hindi ba naman kasi natakot itong si Beatrice sana nalumpo na natin."

"Kaya pala ganoon nalang ang pagtatangol niya sa matanda sa bayan. Kita mo nga naman. Kauri niya pala."

Halos hawakan ko ang braso ni Gin para lamang pigilan siya. I winced painfully because of the sudden movement. Nakakatakot ang aura ni Gin. Pero mas natatakot ako sa pwedeng mangyari sa grupo kapag nasangkot nanaman kami sa gulo.

"Gin, calm down."

Natigilan siya at napatingin sa akin. Dumapo ang mga mata niya sa mga paa kong halos bumigay na sa pagsuporta sa pagtayo ko hangang sa braso kong nagsisimula nang kumalat ang dugo.

"Go to the medic room." he commanded with a deep voice. It's frightening how he sounds so tranquil and threatening at the same time. Nagsimula siyang maglakad palayo sa akin.

"Gin, what the fuck are you doing?"

Pinilit ko siyang sundan, almost tripping on my way through. Mabilis kong hinarang ang sarili ko sa harap niya. Blood started to trickle down my arms to the tip of my fingers. Pero hindi ko ito pinansin.

"Hindi mo sila pwedeng saktan. Masyado nang madaming naging problema ang grupo. Kapag ginawa mo yan mas lalaki lang ang gulo."

Gin narrowed his eyes at me. Hindi ko maiwasan na manghina at matakot sa mga titig niya.

"I said go."

I stood my grounds firmly. "No."

"Go before I drag you." he ordered.

I raise my hands higher. "Just forget this, Gin."

He runs his fingers through his raven black hair in frustration.

"Bakit ba ang tigas ng ulo mo? Nakikita mo ba ang sarili mo ngayon? You can barely stand on your own feet. You think I can just let someone mess with my group and get the hell out without a fucking scratch?"

"Then don't treat me as a member!" asik ko. "I'm a substitute, an outsider. So just don't give a damn."

Natigilan siya. Tiningnan niya ako na para bang may sinabi akong hindi niya gusto. Maya maya pa bigla akong napaupo sa sahig- napahawak ako sa pinakamalapit na pader as a sudden searing pain shoot through whole my body. Napapikit ako nang mariin dahil sa sobrang sakit.

I heard Gin cursed. Mabilis siyang lumapit sa akin. Tinabig ko ang kamay niya at pilit na tumayo nang mag isa.

"I'm fine."

"Fuck it."

Nabigla ako nang hilain niya ako. Mukhang hindi na talaga niya ako matagalan. Ramdam ko ang higpit ng hawak niya sa mga kamay ko.

"Why are you always like this?" tila napipikon na tanong niya nang magsimula kaming maglakad. Gin is dragging me. Hindi ko alam kung saan kami pupunta. Pain is flooding my senses to even understand what is happening.

"Gin, bitawan mo ako." utos ko. But in my head it's more like begging. Masakit ang ginagawa niyang paghila sa akin. I'm trying hard to keep up with his phase.

"I said go before I drag you." seryosong sagot niya. "You made your choice."

I winced painfully habang naglalakad kami. Gin's patience is not one to be tested. Ilang beses ko nang napatunayan ito. Pero mas mabuti na ito kesa sa plano niya na saktan ang mga gumawa nito sa akin.

I bit my lips at tiniis ang sakit ng mga sugat sa katawan ko habang naglalakad kami. I keep repeating to myself that this pain is nothing, its temporary, it's not even real. Isa lang itong bagay na kayang controlin.

Dumaan kami sa hallway kung nasaan ang mga classrooms. Eksakto naman na palabas na ang ilang estudyante mula sa klase nila. Nanlaki ang mga mata nila nang makita kami ni Gin. Agad silang tumabi para padaanin kami. Ang iba sa kanila tila ba natakot nang makita ang expression ni Gin. Yong iba dumerecho ang tingin sa akin. Mukhang gulat na gulat sila.

This is what I freaking hate. Ang makita nila ako sa ganitong kalagayan, na ganito kahina. Kung hindi ko nasalubong si Gin hindi sana ganito ang

mangyayari. Damn it.

Biglang tumigil si Gin sa gitna ng hallway. Halos mabanga ako sa likod niya dahil doon. I heard another voice in front of him. Tila ba may nasalubong kami. Bumungad ang mukha ng taong yon. Nagtataka na napatingin ito sa amin. Ethan.

"Hey, what are you guys doing-" natigilan siya nang mapansin ang kalagayan ko. "What happened?"

"Bring her to the medic room." utos ni Gin.

Kumunot ang noo ni Ethan pero agad siyang sumunod. Lumapit siya sa akin at inalalayan ako. He held my uninjured arm in his shoulder and encircled his arms in my waist.

"Ano bang nangyayari?" tila nag aalala ng tanong ni Ethan.

Hindi sumagot si Gin. Nagsimula itong maglakad palayo sa amin.

"Where are you going?!" I almost shrieked

Lumingon ito nang bahagya at tiningnan ako ng derecho sa mga mata. "What do you think?"

"Don't." sagot ko sa nanghihinang boses. I don't need to complete my sentence for him to know what I mean.

Bumuntong hininga ito. "I'm going to find our healer."

Lumapit ito sa akin, nag lean nang bahagya sa harap ko na para bang may gustong ibulong, bago itinuro ang noo. "I will let you win this time, little devil. Now shut up and stop worrying."

Pagkatapos nito ay tuluyan nang umalis si Gin sa harap ko, leaving me with Ethan in the middle of the hallway. Napatingin ako sa likod niya habang naglalakad ito paalis. And even with my injured condition, I heard him cursed under his breath, before rounding in the corner.

"Is the dosage okay?"

"Dagdagan mo pa."

"But that would be too painful."

"Kaya niya yan."

Naramdaman ko ang pagpasok ng isang manipis at matalim na bagay sa balat ko. I can feel the strange cold fluid flowing out of it and sipping into my body. Masakit ang epekto nito. Nakakasuka at nakakahilo. Halos gusto kong saktan ang sarili ko sa hindi malamang dahilan.

"I told you the dosage is too much."

"She can handle it."

Napaupo ako bigla. Pakiramdam ko gusto kong iuntog ang ulo ko sa pader. Though my vision is still blurry nakita ko ang ilang mata na halos gulat na nakatingin sa akin. Lumayo sila mula sa bed kung saan ako nakaupo.

"Shia, you need to lie down. Medyo masakit ito."

It was Luna who spoke. May hawak siyang injection na may kulay indigo na likido. Alam ko ang uri ng gamot na yon. It was a heightened medicine that can repair a broken bone, an injured ligament, or a damaged joint. It's one of those medicines that have an odd, sometimes very painful, effect since your body is reproducing certain parts in a fast forward phase.

Then it downed on me.

Nasaan ako? Paano ako napunta sa lugar na ito? Hindi ako humiga gaya ng utos ni Luna. Pinagmasdan ko ang mukha ng tatlong taong nakatingin sa akin. Si Cain, Victoria, at Luna.

"Anong ginagawa ko dito?" tanong ko. Napahawak ako sa lalamunan ko nang maramdaman na tuyo ito at halos hindi ako makapagsalita.

"Nawalan ka ng malay habang inaalalayan ka ni Ethan para pumunta dito sa medic room." sagot ni Luna.

Ethan? Medic room? Pinagmasdan ko ang familiar na kwarto. Masakit parin ang ulo ko dahil sa gamot na binigay ni Luna. Para bang lahat ng sinasabi niya ay hindi agad magsink in sa utak ko. Narinig ko siyang bumuntong hininga. She bit her lips while gazing at my injuries na ngayon ay nababalutan na ng makapal na benda.

"Grabe ang ginawa nila sayo. Sorry, Shia, kung sinaktan ka nila. Nahihiya talaga kami sayo ngayon."

Kumunot ang noo ko. Cain groaned in the corner. Hindi ito nagsalita pero para bang yon din ang nasa isip niya. Pero hindi nila kailangan na humingi ng tawad. Siguro nga dapat lang ito sa akin. It was a reality slap. It made me realized a few things. Ilang bagay na unti unti kong nakakalimutan habang tumatagal ako dito sa Titan Academy.

"Kung bakit ba kasi hindi ka nalang lumaban." Napalingon ako kay Victoria na nakasandal sa pader at pinagmamasdan ako.

"Victoria," Cain warned.

"What?" asik ni Victoria. "She's part of our group. Hindi niya dapat hinayaan na ganyanin siya. Kung alam ko lang kung sino ang mga yon ako ang magpapamukha sa kanila kung sino ang binabanga nila."

She's part of our group. Those words made a sinking feeling in the pit of my stomach. Pinagmasdan ko ang tatlong taong kasama ko sa kwarto. Siguro nga kaya ko nakalimutan kung bakit ako napunta dito in the first place ay dahil sa kanila. Masyado na akong naa-attached sa grupo.

"Please lie down, Shia." pakiusap ni Luna. Napasin niyang halos mapakapit ako sa cushion ng bed dahil sa sakit na nararamdaman ko. My body is pulsating in sweltering pain.

"Don't worry, sandali lang ang sakit. Bukas babalik na sa dati ang katawan mo. Kailangan mo lang itong tiisin." paunawa niya.

Maya maya pa biglang bumukas ang pinto ng kwarto kung nasaan kami. Napatingin kaming tatlo dito. Pumasok si Teacher Apollo. Napansin ko agad na sa unang pagkakataon ay wala itong hawak na ano mang sigarilyo.

"You okay?" he asked in a drawling voice. Para bang kagigising niya lang mula sa isang hangover.

"Fine." I managed to say.

Lumapit siya sa akin at pinagmasdan ang kalagayan ko. Napangiti siya. Kumunot naman ang noo ko.

"Isipin mo nalang na nagkaroon ka ng hindi inaasahang indurance training." sabi nito.

"Sir, hindi isang biro ang nangyari." Luna pointed out. She lowered her gaze before continuing. "Kung mas malala pa dito ang nangyari baka pati siya ay hindi na makasali sa Cup."

Tumango tango si Teacher Apollo. "I know, Luna." sumeryoso ang boses nito. "But let Gin and Ethan handle the aftermath. Hwag na kayong makialam pa. This is a critical issue in a critical time of the Game."

"Are they still talking to Principal Bins?" tanong ni Victoria.

"Ano mang oras matatapos na sila." Umupo si Sir Apollo sa isa sa mga silya. He crossed his legs in a carefree way.

"Someone leaked the information about Shia. Nakarating na ang balita sa magulang ng ilang estudyante. They think it's unfair to import a student from Hesperia to compete in the Cup. Hindi natin sila masisisi. The remaining students have the privilege to be the first choice in the vacant position. Pero ano ang maidudulot ng right of preference na sinasabi nila kung hindi naman tayo mananalo? Stupid people."

Cain snorted with slight laughter.

"Kaya habang hindi pa naa-ayos ang issue na ito hwag muna tayong gagalaw nang wala ang pagsang ayon ng mga nasa itaas para hindi tayo

napapasama sa gulo. Just concentrate in your trainings and the things you need to do."

May ilang bagay pang sinabi si Sir Apollo. Pero hindi ko na nagawang makinig. Isang bagay lang ang tumatak sa isip ko.

Someone leaked the information.

Sino naman ang gagawan nito?

Author's Note:

Happy Valentine's Day! Thank you din sa lahat ng mga bumati sa akin kahapon on my birthday! Whether it's on Facebook, twitter, IG or here. Grabe nakakatouch kayo. Payakap nga! Hahaha.

By the way sino ang kailangan ng date ngayong Valentines? Free ang grupo ni Gin. Lol. Sino ang kailangan ng date kung may wattpad, movie marathon, at pizza? Hahaha.

But seriously have a great day ahead. Whether you are single, taken, confused, searching, or waiting, you deserve to be happy, not just today, but every single day.

Until the next update!

TeamGin or #TeamLucas?

@april_avery

--

Tweet me: @avery_WP

Official hashtag: #TitanAcademy

Chapter 17: Special Abilities

Chapter 17: Special Abilities

Gaya ng sinabi ni Sir Apollo sinubukan naming iwasan na mapasama sa kahit anong usapan o gulo sa mga sumunod na araw. Mukhang ganoon din ang ginawa ng iba pang estudyante na madalas magbigay sa akin ng masamang tingin. I wonder kung napagsabihan din sila. Pero isang bagay parin ang nagbago. Alam na ng lahat kung saan ako nangaling at kung ano ang ginagawa ko sa lugar na ito. I'm here because their school needed me. Pero hindi parin nila alam ay kung paanong paraan ako nakapasok.

Madalas ang naging usapan ng grupo tungkol sa reaction ng magulang ng mga estudyante sa nangyari. Marami sa kanila ay hindi parin ito matangap. Nagsimula nang makatangap ng reklamo ang paaralan. Madalas wala si Gin o kaya naman si Ethan dahil lagi silang pinapatawag tungkol sa bagay na ito. Magiging malaking dagok ito sa grupo kapag wala ang suporta ng buong paaralan sa darating na Cup. Pero wala kaming nagawa kundi ang pabayaan ang nangyayari at mag focus sa mga trainings namin.

Kasalukuyan kaming nasa training room noong araw na yon. Ilang araw na din ang lumipas mula noong nangyari ang insidente sa loob ng Infinity Room. Nakaupo kami sa mga silyang nakaset sa kwarto at nakaharap sa isang puting board, kasama si Miss Aura na pinapaliwanag ang mga dapat naming malaman. Nasa strategy and tactic kami ngayong araw.

"So here's the deal-" Itinuro ni Miss Aura ang surface ng board kung saan nakasulat ang isang graph. Kung hindi ako nagkakamali graph yon ng mga naging winners sa Cup.

"This year is going to be the 23rd Linus Cup. Ibig sabihin fourty six years na ang lumipas mula noong nagsimula ang Cup na sinasalihan ng mga schools sa Magic World na kabilang sa category ng special abilities. At gaya nga ng alam niyong lahat, may pitong bayan sa mundong ito na kabilang sa laro. Pero ngayong taon anim na lamang ang makakasama sa Cup."

Miss Aura cleared her throat nang makitang nag uusap si Ethan at Cain sa likod namin at mukhang hindi nakikinig. Nasa harap kami nila Victoria at Luna at nasa likod naman sila. Wala si Gin. Nasa itaas at kasama ang Headmaster.

Bigla akong nagtaas ng kamay. Natigilan si Miss Aura at napatingin sa akin. "Yes?"

"Paano ang mga paaralan na nasa ibang category of magic? Gaya ng charms, alchemy, at sorcery. Wala ba silang game na gaya nito?"

Natigilan sa pag uusap ang dalawang nasa likod namin. Maging si Victoria ay napataas ng kilay sa interest.

"I don't think they have to prove something to the Ministry of Magic." Miss Aura explained briefly. "Given that we are all products of the Great War here. They don't have to prove that they can stand on their own like we do."

Napatango si Luna na nasa tabi ko. Maging ako ay sumang ayon din. Kami lang talaga ang kailangan na laging patunayan ang mga sarili namin sa Ministry. Hindi pa ba sapat na patunay na nakasurvive kami ng ilang dekada nang kami lang? Naalala ko bigla ang pagsasara ng isang school sa Salem. Bumabalik ba kami sa dati?

Ang tinutukoy ni Miss Aura na Great War ay nangyari sa Magic World halos isang daang taon na ang nakakalipas. Kinasangkutan ito ng ilang mga

leader ng iba't ibang sectors of magic. Nagkaroon ng kampihan at alyansa kaya lumaki ito.

Noong panahon na yon madaming residente ng iba't ibang sector ang gustong umiwas sa labanan. Kung tutuusin wala naman talaga silang kinalaman. At kung sila ang masusunod ay hindi nila gustong mangyari ito. Umalis sila at pumunta sa mga liblib na lugar at doon pansamantalang nanirahan. Tumagal ang digmaan ng taon. Dumami ang mga taong gustong malayo sa gulo. Natapos ang labanan pero may mga sector na tahimik paring nag aalitan. Kaya naisipan ng mga nangibang lugar na manatili na lamang sa mga lugar na natagpuan nila.

Lumipas ang panahon at lumaki ang populasyon ng mga refugee galing sa giyera. Hangang sa nabuo ang walong bayan- ang bayan ng Boran, Kimmyye, Salem, Hesperia, Prum, Shou at Shinoa, at Dione. Doon nagsimula na mag insist ang mga leader ng bayan na ito na magkaroon ng sariling sector sa Magic World since halos mas malaki pa kami kesa sa ibang sector.

Pero naging mahirap ito dahil ang mga ancestors namin ay isa lamang grupo ng mga magic user na nagsama sama dahil sa giyera. Kung tutuusin may totoo silang kinabibilangan. Pero mahirap na itong ma-trace dahil sa paghahalo halo ng mga dugong dumadaloy sa mga taong matagal na nanirahan dito. May mga bagong kapangyarihan na nabuo. Kadalasan ay produkto ito ng mga pinaghalong kapangyarihan ng mga tao mula sa magkaibang sector na naging mag asawa. Hangang sa naipasa sa mga susunod pang generasyon ang mga pinaghalong kapangyarihan at nawalan ng definition o sector na kinabibilangan.

Minsan nga tinatanong ko ang sarili ko na kung iisa-isahin ko ang ability ko base sa kaya nitong gawin, anong sector kaya ako mabibilang? Ilang sector kaya ako mabibilang?

Matapos ang ilang taon ng pakikipag usap ay pinagbigyan ng Ministry- ang pinakamataas na organisasyon na namumuno sa lahat ng council sa Magic World- ang walong bayan sa kanilang kahilingan. Tinawag ang mga naninirahan sa bagong sector bilang mga taong may Special Abilities, o mga taong may kapangyarihan na walang kinabibilangan.

Pero nagkaroon ng isang condition ang Ministry. Kailangan na patunayan ng walong bayan ang kakayahan nila na magkaroon ng sariling sector. Training and education are the foundation of every sector in this world kaya naman yon ang ginawa ng Council na basehan. Forty six years ago ay naitatag ang Linus Cup- base sa pangalan ng Council Leader noon na si Narkis Y Linus.

Every two years we have to prove ourselves to the Great Council that we can stand on our own. That we have good education, that people under our category has the best trainings, na kaya naming makisabay sa mga main sectors. Pero hindi ito dapat permanente. No one expected na tatagal ang Linus Cup hangang sa 23rd time.

Kung tama ang pagkakatanda ko, base sa kwento ni Lolo Arthur, the Cup was supposed to be held only for the first 10 years of the new sector. Pero hindi naging stable ang condition ng mga bayan sa sector namin. Kaya naman naextend ang Cup hangang sa nakarating ito sa taong ito.

Sa tingin ko naging permanente na itong basehan ng kakayahan ng sector namin na makasurvive. Given the current situation we have now. Mas madami ang naghihirap ngayon. May naipasara pang paaralan. I wonder kung anong magiging epekto nito in the long run.

Kami ang pinakahuling sector sa Magic World na nabuo. We became the least important. Kaya ganoon nalang kahirap para sa amin na makapasok sa mga organization na gaya ng UBSL o kahit sa mga councils man lang. Kaya malaking bagay ang manalo sa Linus Cup- it means a sure ticket into the world of the original and recognize magic users. I doubt ganito kahirap na makapasok sa council o UBSL ang mga estudyante sa ibang sector.

Nagpatuloy ang discussion namin. Naka-sentro ito sa mga nakaraang Linus Cup sa loob ng halos limang dekada. Inisa isa ni Miss Aura ang mga bayan na nanalo sa bawat taon. Ang bayan ng Dione ang pinakamadaming beses na nanalo- anim na beses. Pangalawa ang bayan ng Boran na may limang panalo. Sumunod ang Hesperia at bayan ng Shou at Shinoa na may tig-tatlong panalo, ang Prum at Kimmyye naman ay may dalawang panalo at ang huli ang Salem na may isang panalo.

"You see, we are in the middle." Itinuro ni Miss Aura ang nakasulat na pangalan ng Hesperia sa board. "Dione and Boran are the leading groups. There are a certain time na nanalo ang Dione ng three consecutive games." Tumaas ang kilay ni Miss Aura at humarap sa amin. "Sa tingin niyo paano nila nagawa yon?"

Cain snorted with distaste. "Nandaya sila?"

Miss Aura stared at him pointedly. Ngumiti si Cain. "Biro lang."

"Teamwork?" suggested Luna.

Tumango si Miss Aura. "It is one of the most vital skills in the game. But Dione has another thing-"

"They are pressured to win."

Napatingin ang lahat sa akin dahil sa naging sagot ko. "What?" tanong ko. Ano bang mali sa sinabi ko? "Sila ang first winner ng Linus Cup. Sila ang naging leading group sa loob ng madaming taon. Takot silang maagaw ang title sa kanila kaya ginagawa nila ang lahat para manalo. Hindi lang kamatayan ang katumbas ng pagkatalo nila kundi kahihiyan."

Napatikhim si Miss Aura. "Okay." she said in a hesitant voice. "You have a point, Shia. But the proper word for it is competitiveness. The desire to win. The mindset that there's no other option but to win."

I flicked my pen absentmindedly on the wooden table. There's no other option for me but to win. Kung hindi ako mananalo hindi ko na ulit makikita si Lucas. Hindi ang gabing yon ang huling pagkikita namin. Pinapangako ko yan sa sarili ko. Gagawin ko ang lahat para manalo sa larong yon.

"I want you have that mindset but only better. Gusto kong magkaroon kayo ng mas malalim na rason para gustuhing manalo."

"If the prizes and status is not enough motivation, I don't know what is." Victoria commented with a role of her eyes.

Miss Aura smiled patiently na para bang inaasahan na niyang sasabihin ni Victoria ang bagay na yon.

"There are other reasons more important than the prizes and recognition. Believe me, kapag nasa game na kayo mare-realize niyo na ang mga bagay na gusto niyong makuha ay walang kwenta. If it's a matter of life and death those material things are nothing but words. If you have no other reason beside those stuff siguradong matatalo kayo."

Napatango si Cain at Luna na para bang bawat salita na bitawan ni Miss Aura ay napakahalaga. Kumunot ang noo ko. The way she said those words- para bang napagdaanan na niya ito. Para bang nangaling na siya sa game.

"Now let's rephrase it. There's no other option but-"

Sinadya ni Miss Aura na hindi ituloy ang sasabihin. Napangiti siya nang makitang natahimik ang mga kasama ko. Mula sa expression sa mga mata nila alam kong kanya kanya sila ng continuation sa mga salitang binitawan ni Miss Aura.

Binalik ko ang tingin sa harapan at wala sa sarili na bumulong. There's no other option but to see him again.

Author's Note:

So this chapter is kind of an explanation. Kung nabasa niyo na ang isa ko pang story na Charm Academy School of Magic you would know the connection between the two (hopefully). But take note na walang kinalaman ang dalawang story sa isa't isa. Completed na po ang Charm Academy.

Anyways thank you sa support sa story so far. I didn't expect na madami ang magbabasa neto. I really enjoy writing the story so sana nag eenjoy din kayo sa pagbabasa. Sana lang wag maging silent reader. Hindi naman ako nangangagat hahaha! You are free to say or type whatever your opinion about the story. Kasi binabasa ko silang lahat.

Til the next update,

@april_avery

--

Tweet me: @avery_WP

Official hashtag: #TitanAcademy

Chapter 18: The Visitor

Chapter 18: The Visitor

Maagang natapos ang discussion namin kesa sa inaasahan. Pinatawag si Miss Aura sa itaas kaya naman kinailangan niyang puntahan ito. Lumabas kami sa training room at naghiwa-hiwalay. Bumalik ang iba sa dormitoryo samantalang kami naman ni Luna ay dumerecho sa hallway papuntang cafeteria. Habang naglalakad hindi ko maiwasan na itanong sa kanya ang kanina ko pa gustong itanong kay Miss Aura.

"Sumali na ba si Miss Aura sa Linus Cup?"

Napa-paused sa paglalakad si Luna at bahagya akong liningon. "No. But her twin brother did."

Nanlaki ang mga mata ko sa sinabi niya. Twin brother? May kambal si Miss Aura? Sino? "Nasaan na siya ngayon?"

Napakurap si Luna sa naging tanong ko. "Namatay siya sa Linus Cup ten years ago."

Tuluyan na akong huminto sa paglalakad dahil sa sinabi niya. "Oh." tanging naging sagot ko.

"It was the 19th Linus Cup kung hindi ako nagkakamali. Senior student din noon sina Miss Aura dito sa Academy. Kasama ang kapatid niya na si Calum Lenard sa Linus Cup. He's one of the primary defenses."

"Pero hindi ba ang 19th Linus Cup ay ang year na nananalo ang Titan Academy sa game?" Yon ang nakalagay sa graph kanina.

Tumango si Luna. Nagsimula ulit kaming maglakad. "It was the second time Titan Academy won the Linus Cup. Kasama din sa grupong yon si Sir Apollo bilang Team Captain."

Doon tuluyang nanlaki ang mga mata ko. "Whoa, wait. Sir Apollo was a former Team Captain?"

Biglang pumasok sa isip ko ang mukha ni Sir Apollo kanina nang makita ko siya sa Breakfast Hall. Mukha siyang kulang sa tulog at kasalukuyang may hangover. Kung hindi niya lang siguro kaharap ang ibang teachers malamang naglabas na siya ng sigarilyo at sinindihan ito. He is a former Captain? Wala siya sa itsura niya.

"Hindi pa nga pala familiar sayo ang mga bagay tulad nito." Luna commented. "But yes. Sir Apollo was the Captain."

Bumuntong hininga si Luna. "Hindi ko masyadong natatandaan ang game na yon since I was only eight years old to even know. Pero ang sabi ng Mama ko hindi naman ganyan dati si Sir Apollo noong nag aaral pa siya. Medyo pasaway siya at laging nasasama sa gulo pero seryoso siya sa Linus Cup."

"Pero paano sila nanalo kung may isang nawala sa kanila?" tanong ko. Naalala ko ang laging sinasabi ni Sir Apollo sa amin. Mas mataas ang tyansang manalo kapag makakalabas kayong lahat ng buhay.

"It was the point system of the Game." sagot niya.

Sa mga salitang yon palang ay naging malinaw na sa akin ang dahilan. Sigurado ako na ang grupo ng Hesperia ang may pinakamataas na acquired points kaya napunan ang points na nawala noong namatay ang isa sa kanila.

Nakarating kami sa cafeteria nang hindi ko namamalayan. Umupo kami sa mga pinakamalapit na silya since wala pang tao doon maliban sa aming dalawa. Ilang minuto pa bago ang lunch.

"Nakarating sa safe zone ang iba pang member pero nastuck si Sir Apollo at ang kapatid ni Miss Aura sa field habang nakikipaglaban. Hawak ni Sir Apollo ang kalahati ng points ng grupo. Kapag hindi niya nasecure ang mga points na yon bago ang wipeout siguradong ibang grupo ang mananalo at parepareho silang mamamatay sa arena."

Parang alam ko na ang kahihinatnan ng kwentong ito.

"Kaya pinili ng kapatid ni Miss Aura na magpaiwan at tapusin ang mga natitirang kalaban para makarating si Sir Apollo sa safe zone, masecure ang points, at makaligtas ang kanilang grupo."

Oh shit. Tahimik kong bulong.

Bumuntong hininga si Luna na para bang doon na tinatapos ang usapan. "You know simula noong nakalabas sila sa Linus Cup ten years ago naging ganyan na Sir Apollo. Sa tingin ko sinisisi niya parin ang sarili niya dahil hindi niya nailigtas ang matalik niyang kaibigan noon sa arena."

Isang tanong ang biglang lumabas sa bibig ko. "Are Miss Aura and Sir Apollo getting along well?"

Napansin ko ang pag iwas ng tingin ni Luna. "Of course. They are our advisers. They have to be."

"No. I mean personally."

Alam kong ten years na ang lumipas pero sa sinabi ni Luna doon ko lamang napansin na maliban sa trainings at mga bagay na may koneksyon sa Linus Cup, hindi ko masyadong nakikita na magkasama o nag uusap man lang si Miss Aura at Sir Apollo.

"Mula noong nangyari ang Cup hindi na matingnan ni Sir Apollo si Miss Aura ng derecho sa mga mata. Nakikita niya siguro ang mukha ng kaibigan niya sa mukha ni Miss Aura. But you know what's more ironic?"

Luna stared on the distance and let a deep sigh.

"Before the game Miss Aura and Sir Apollo has a thing for each other. But now Sir Apollo keeps distancing himself from Miss Aura. And I think Miss Aura got too tired of pushing through the same barrier for the last ten years. So she just gave up and they both acted as if they are strangers."

Dumating ang lunch at unti unting napuno ang cafeteria ng mga estudyante. Pumunta kami sa sarili naming table at hinintay ang mga kasama namin. Ganoon parin ang tingin ng mga estudyante sa akin. They are staring at me as if I might cause them an infectious disease.

"Siya nga pala."

Tumigil si Luna sa pangangalkal ng maliit na bag na dala niya. Nagtataka siyang humarap sa akin. "What?"

"Kung ang grupo ni Sir Apollo ang nakakuha ng pangalawang panalo sa Linus Cup. Sino naman ang una at pangalawa? Nandito parin ba sila?"

Napaisip si Luna sa naging tanong ko. Sa pagkakatanda ko kailan lang noong nakuha ng Hesperia ang pangatlong panalo nito. Pero wala akong pakialam noon sa mga bagay na tulad ng Linus Cup at kung sino ang mga kasali dito.

"I think the first one is almost forty years ago?" Natigilan si Luna na para bang nagbibilang. "It was the third Linus Cup. Noong pasimula pa lamang ito. It was the group of our Headmaster who brought home the first victory."

Headmaster Grey? I can't help but scoffed. No wonder. I tried to keep straight face noong nagpatuloy si Luna.

"And the third one was just recently. Noong 21st Linus Cup. I think natatandaan na natin itong pareho. It was the brother of Gin and his team who won the-"

Hindi ko na napigilan ang sarili ko na sumagot. "Gin has a brother?"

Tiningnan ako ni Luna na para bang nagtataka kung bakit ngayon ko lang ito alam. "Yes. Si Priam Grey. Sila ang sumunod na nanalo ng Cup matapos

ang huling pagkapanalo ng Hesperia sa group ni Sir Apollo."

Damn. Kaya pala ganoon nalang kung magpressure ang Headmaster kay Gin. This winning thing runs in the family. Kaya ba ganoon nalang ang kagustuhan ni Gin na maging maayos ang lahat at manalo kami sa Game?

Hindi ko maimagine ang pressure na nararamdaman niya sa ngayon. He has the cursed ability, his Dad brought home the first Linus Cup victory, and his brother also won the Linus Cup. I don't even want to be him right now. Kahit gaano pa siya kaperpekto at kayaman.

"Member na si Priam ngayon ng UBSL at nagta-trabaho siya ngayon sa normal na mundo. Pero paminsan minsan pumupunta siya dito. Sa tingin ko nga makikita natin siya sa mga susunod na araw. Since malapit na ang Cup siguradong nandito siya para suportahan ang kapatid niya."

Priam Grey. Hindi ko alam kung bakit pero hindi ko gusto ang tunog ng pangalan niya. There's something in the mere notion of his name that I don't like. Mas malala pa sa hindi ko pagkagusto sa pangalan na Gin Grey.

Hindi ko alam na ang susunod na araw na binangit ni Luna tungkol sa pagbisita ng kapatid ni Gin ay literal na sa sumunod na araw. Dahil pagbaba ko isang umaga sa Breakfast Hall ay nandoon siya, nasa tapat ng table namin at kinakausap ang kapatid niya na si Gin.

Alam ko na agad na siya yon. Hindi lang dahil sa tingin ng mga tao sa paligid o sa mga bulungan nila na nakakarating sa pandinig ko. There is something in this guy that really bothers me. Kahit pa nakatalikod siya mula sa akin, alam kong sa unang tingin pa lang ay hindi ko na siya magugustuhan.

Ayoko kung paano siya tumindig at tumayo. Ayoko ng ayos niya. Ang clean cut niyang buhok na itim na itim tulad kay Gin. Ang hikaw niya sa kaliwang tenga na kumikislap mula sa kinatatayuan ko. Why do I hate him this much?

Umupo ako sa table na naka assign sa grupo gaya ng dati. Mukhang ako palang at si Gin ang member na nasa Breakfast Hall. Hindi ko siya pinansin

o binati man lang. Isa pa mukhang busy silang nag uusap. Halos magkasing tangkad lang sila ng kapatid niya. At kahit pa sabihin na mas nakakatanda niya itong kapatid, hindi parin nagbago ang cold na pakikitungo ni Gin dito. Siguro nga ganyan talaga siya sa lahat.

Pagkaupo ko narinig kong humalakhak ang kapatid ni Gin. Pumuno ang tunog nito sa Breakfast Hall. Tumahimik ang lahat. Tiningnan ko si Gin. Wala akong nakitang ano mang trace ng tawa o kahit na ngiti sa kanyang mukha. Ano naman kaya ang pinag uusapan nila?

Maya maya pa biglang napatingin sa akin ang kapatid niya na ikinabigla ko. Ngumiti ito sa akin. It was a really strange smile. Like a joker's smile. Half pleasant and half menacing. Tinapik nito sa balikat si Gin na para bang doon na tinatapos ang usapan nila.

Maya maya pa humakbang ito palapit sa akin. Hindi ko alam kung bakit pero natigilan ako at hindi nakagalaw. I stared at the strange guy walking his way towards me. My eyes fixed on his- dark grey, almost black. I saw the slight flicker of danger on his eyes. It's as if he's smiling at me- but at the same time he wants to kill me.

Hinawakan niya ang kamay ko. My hands felt frozen and pale with his grasp. Kinuha niya yon at tinapat sa mga labi niya. He stared at me as if asking permission but at the same time teasing me, slowly, his lips turned into a curve of a smile, bago niya inilapat ang mga labi niya sa palad ko.

And that's when I know I need to do something. Bigla kong hinila ang mga kamay ko mula sa pagkakahawak niya at tiningnan siya ng masama. Calm down, Shia. Remember hindi kayo pwedeng masangkot sa gulo. Lalo na sa isang taong katulad niya.

Tila ba inaasahan na niya na gagawin ko yon kaya hindi na siya nabigla. Sa halip ay mas lalong lumapad ang ngiti sa mga labi niya. He's staring at me like I'm some kind of a fucking little toy. The kind you feel excited to play with knowing that it would be treacherous.

"I'm very pleased to meet you, Shia Sheridan."

Even his voice sounds like him. Slow, drawling, yet threatening. Para bang lahat ng sabihin niya ay may ibang kahulugan na siya lang ang nakaka alam. And how the hell did he even know my name?

"And I'm not." walang interest na sagot ko.

Pinunas ko sa uniform na suot ko ang kamay kong hinalikan niya. Tiningnan ko siya ng derecho sa mga mata na para bang nandidiri sa ginawa niya bago ako tumayo at naglakad paalis sa Breakfast Hall. Napasinghap ang mga tao dahil sa ginawa kong pang iiwan sa kapatid ni Gin.

"How can she even attempt to do that?"

"Hindi niya ba alam kung sino ang binabanga niya?"

I rolled my eyes. What makes them think that I care?

Tuluyan na akong nakalabas ng Breakfast Hall nang hindi pinapansin ang mga bulungan sa paligid ko. I even heard Priam's amused chuckle. Nagngitngit ako bigla. Naalala ko ang tingin ni Gin sa akin noong nilampasan ko siya- there's something in his eyes that sent shivers down my spine.

Is he worried about me? For what?

Chapter 19: The Warning

Chapter 19: The Warning

Nagpatuloy ang training namin sa Strategy and Tactic. Nanatili ang topic namin sa mga nakaraang laro at ang mga technique na ginamit nila para manalo. Ganoon din ang ilang advantages ng iba't ibang members ayon sa mga categories nila bilang primary defense, deceiver, seer at iba pa.

Doon ko nalaman ang kayang gawin ni Sir Apollo at maging ang bisita namin na si Priam Grey kaya sila nanalo. Ang enigma ability ni Sir Apollo

na kayang makagawa ng mga traps, calculations, at physical puzzle na kapag hindi nasagot ay nakamamatay- ang nagpanalo sa kanila.

Samantalang si Priam naman ay may hawak ng advance stasis. Kaya nitong patigilin sa pag galaw ang ano mang bagay may buhay man o wala. Hindi lang pag galaw o kilos kundi maging ang systema ng katawan gaya ng tibok ng puso, pag iisip, o paghinga. In short an instant killing machine. Like Gin.

Kaya pala hindi ako nakagalaw noong gumawa siya ng eksena sa Breakfast Hall. Ang akala ko dahil lamang ito sa presence niya na hindi ko magawang ma-atim. Dapat noong una palang napansin ko na ginagamitan na niya ako ng ability. What a smooth piece of shit.

Matapos ang lunch ay naghiwa-hiwalay na kami para pumunta sa mga sarili naming schedule. Dahil wala akong nakatakdang gawin noong hapon na yon ay naisip ko na bumalik sa training room para sanayin ang reflexes ko pagdating sa mga weapons. Bahagya kasi itong nanghina matapos ang nangyaring insidente sa Infinity Room. Pakiramdam ko natrauma ang katawan ko sa naramdaman nitong matinding sakit.

Pababa na ako sa staircase nang matigilan ako. Kumunot ang noo ko at binalik ang tingin sa dulo ng hallway kung saan ako nangaling. Tiningnan kong mabuti kung sino ang dalawang taong nag uusap sa dulo. I scoffed automatically. Corrine and that bastard Priam.

Mukhang seryoso silang nag uusap. And from the looks of it hindi magandang topic para kay Corrine ang pinag uusapan nila. Napansin ko sa unang pagkakataon na nawala ang maamong aura ni Corrine at napalitan ito ng pagkapikon sa lalakeng kausap niya. Para bang may sinasabi si Priam na hindi niya gusto.

Hindi ko na lamang sila pinansin. Nagpatuloy ako sa pagbaba sa staircase papunta sa training room. Hindi ko alam kung ano ang pinag uusapan nila at wala akong pakialam. Pero kita mo nga naman, maging ang anghel ay hindi matagalan ang ugali ng isang manipulative na gaya ni Priam.

Pagdating ko sa training room ay nagsimula agad akong magsanay. Ginamit ko ang real life simulator para literal na patamaan ako ng iba't ibang uri ng

weapons. Sinet ko ito sa pinakamataas na difficulty level kaya naman halos masugatan ako ng mga weapons na sunod sunod na tumama sa akin mula sa iba't ibang direction ng training room.

Nasugatan ang balat ko sa binti at braso sa mga unang minuto. Pero noong nakapag adjust na ako sa bilis nito ay nagawa ko na itong sabayan. It was dangerously difficult and thrilling at the same time. Para kang nakikipaglaro ng bola sa isang taong hindi napapagod sa kakabato nito sayo. The only difference is instead of ball, knives and blades ang binabato sayo.

Hindi ko namalayan ang oras habang nasa loob ako ng training room. Halos mapaupo ako sa sahig sa pagod nang matapos ang huling round na sinet ko sa simulator. Hinihingal ako habang nakapatong ang palad ko sa mga tuhod ko at nakatingin sa sahig. Tagaktak ang pawis ko na maging ang buhok ko ay dumidikit na sa aking mukha. Bahagya ding nangi-nginig ang mga binti ko sa pagod at nagsisimula nang humapdi ang mga sugat ko.

Napangiti ako. Well that was fun.

Pinatay ko ang simulator at inayos ang sarili ko bago lumabas ng training room. Tiningnan ko ang holographic image ng orasan sa ceiling- halos oras na ng dinner. Nagmadali ako sa paglabas sa training room. Maganda parin ang mood ko dahil sa adrenaline rush na idinulot sa akin ng physical training na yon. Pero lahat ng good mood ko ay biglang naglaho nang makita ko ang taong nakatayo sa tapat ng pintuan. Priam Grey.

"That was a nice show."

He seemed very amused with what he saw. Napamura ako ng mahina. Anong ginagawa niya dito? Kanina pa ba siya dyan? Lumapit siya sa akin na may malapad na ngiti at kamay na mabagal na pumapalakpak.

"You are so much interesting than I thought. No wonder."

No wonder what? Gusto kong itanong sa kanya. Ano ba talagang kailangan niya sa akin? Sa halip na magtanong ay nanahimik nalang ako. Hindi ko gusto na nasa malapit siya. Lalo na sa isang lugar na gaya ng secluded na training room.

Nagpatuloy ako sa paglabas na para bang hindi siya narinig o nakita. Pinagmasdan niya lamang ako nang hindi naaalis ang amused na ngiti sa mga labi niya. I suddenly wanted to wipe that fucking smirk off his face.

Hinatid niya ako ng tingin hangang sa tuluyan na akong nakalabas ng pintuan. Wala siyang naging reaction nang iwan ko siya sa training room. Pero base na din sa expression ng kanyang mukha- may pakiramdam ako na may iba pa siyang dahilan kaya siya nandoon.

Pabalik na ako sa itaas at papunta na sana sa Dinner Hall nang bigla kong makasalubong si Luna. Napatingin siya sa hallway sa likod ko na para bang may hinahanap.

"Nagkita ba kayo ni Team Captain?" tanong niya.

Kumunot agad ang noo ko. "No."

Mas lalo siyang nagtaka. "Pero sabi niya pupuntahan ka niya sa training room."

"Wala si Team Captain doon." sagot ko. Only his fucking asshole of a brother.

"Sigurado ka?"

Natigilan ako. Sigurado ba ako? "Oo naman." pagsisinungaling ko. Malay ko ba kung nandoon siya o wala. Masyado akong nairita sa presence ng Priam na yon para alamin pa kung sino ang nasa paligid ng training room. "Bakit ba?"

Luna shrugged. "I don't really know. Basta hinanap ka niya sa akin. I told him na nasa training room ka dahil yon ang sinabi mo sa akin kaninang lunch." Nag aalala na napatingin ito sa hallway sa likod ko. "Mabuti pang i-check ko. Baka ako ang mapagalitan dahil-"

"Ako na." sabi ko nang hindi siya pinapatapos.

"Are you sure?" tanong niya.

I sighed as if it doesn't matter. "Ako naman ang kailangan niya."

Tiningnan akong mabuti ni Luna na para bang sinusubukang basahin ang isip ko. Sigurado kasi akong kapag si Luna ang pumunta sa ibaba ay masasalubong niya Priam. Ayokong isipin niya na may kinalaman ako sa taong yon.

"Okay then. Magkita nalang tayo sa Dinner Hall."

Pinagmasdan ko si Luna hangang sa makabalik siya sa hallway kung saan siya nangaling kanina at tuluyang mawala sa paningin ko. Tila ba nagtataka parin siya sa kinikilos ko. But that's the least of my concern. Bumalik ako sa hagdan papunta sa training room.

Kung totoo ang sinabi ni Luna na nandito si Gin, bakit hindi siya nagpakita sa akin? Impossible naman na hindi niya napansin na nasa loob ako. Bigla kong naalala ang ngiti ni Priam noong iwan ko siya sa training room. Para bang may iba pa siyang dahilan kaya siya nandoon. Alam niya kaya na nandoon si Gin?

Narating ko ang madilim na hallway sa ibaba nang hindi ko namamalayan. Dederecho na sana ako sa pinto ng training room nang may narinig akong ingay. Agad akong huminto sa paglalakad.

"Oh come on. I was just having fun." It was the slurred voice of Priam. Ayoko talaga ng boses niya.

"She's not just for fun." Napakurap ako nang marinig ang boses ni Gin. So nandito nga siya.

Tila naman mas naging interesado ang boses ni Priam. "What is it to you, little bro?"

Sino ba ang pinag uusapan nila?

"Tell me. Cause in my eyes she's just a piece of-"

Natigilan ako nang maramdaman ang unti unting pagkalas ng seal sa likod ni Gin. Mukhang naramdaman din ito ng kapatid niya kaya naman

napahinto ito. Na-alarma agad ako. Ano ba sa tingin niya ang ginagawa niya?

"Don't engage her with your fucking ways." Gin warned.

Pilit kumakawala ang kapangyarihan niya mula sa mga palad niya. Narinig ko siyang huminga ng malalim na para bang pinapakalma ang sarili niya.

"Consider this as a warning."

Natigilan ako nang marinig ang footsteps ni Gin. Mukhang paalis na siya. Nagmadali ako sa muling pag akyat sa hagdan para hindi siya masalubong. Hindi ko gustong malaman niya na narinig ko ang naging usapan nila.

Habang paalis narinig ko ang tawa ni Priam. "She's pretty interesting. Now I get it."

Naramdaman kong huminto sa paglalakad si Gin. "Screw you."

Halos hindi ko nagalaw ang pagkain ko noong dinner. Nasa isip ko parin ang narinig ko mula sa training room. Nakaupo ako kasama si Luna at Ethan. Kami lang ang magkakasabay sa pagkain ngayon. Pagdating ng dinner hindi na kami required na magsama sama sa pagkain.

Mas mabuti na din yon. Dahil sigurado akong mawawalan lang ako ng gana kapag nakita ko ang isa man sa magkapatid na yon. Ano bang problema nila? Ganoon ba talaga sila mag usap? Para silang hindi magkapatid. I never saw Gin that angry before. Kahit pa pagdating sa akin. Ano ba talagang pinag uusapan nila? Sino ba talagang pinag uusapan nila?

She's pretty interesting. Now I get it.

Priam's last sentence was kind of familiar. Parang may narinig na akong kapareho- Natigilan ako nang biglang may maalala.

You are so much interesting than I thought. No wonder-

"Shia, okay ka lang?"

Halos matabig ko ang baso sa gilid ko sa pagkabigla dahil sa boses ni Luna. Mabilis ko itong inayos. I tried to sit up straighter. "Fine." maikli kong sagot.

Nagkatinginan si Luna at Ethan pero hindi na nagtanong pa. Nagpatuloy sila sa pagkain. Halos mapamura naman ako dahil sa nangyari. Pero hindi nito naalis ang kabang bumalot sa dibdib ko. Impossible.

Matapos ang dinner ay dumerecho na ako sa kwarto ko. Wala na akong ibang balak kundi matulog at tapusin ang araw na ito. Pero mukhang may balak humabol sa pagsira ng araw ko.

Kumunot agad ang noo ko nang makita si Gin sa hallway papunta sa dormitoryo. Nakatayo siya at nakasandal sa pader na tila ba kanina pa siya naghihintay doon. Napalingon siya nang makita ako.

"What?" tanong ko nang mapansin na nakatitig siya sa akin. Ano bang ginagawa niya dito?

"I need to talk to you."

Hindi ko maiwasan na mapansin na may kakaiba sa boses niya. Hindi lang ito basta cold o walang pakialam. Para bang may malalim itong iniisip.

"About what?" tanong ko ulit. Ano bang problema niya at ganyan siya makatingin?

Biglang lumapit sa akin si Gin. Nang nasa harap ko na siya, huminto siya, at bumuntong hininga.

"Stay away from him."

Natigilan ako. Wala pa man siyang binabangit na pangalan ay isang tao agad ang pumasok sa isip ko. Priam.

"Why would I do that?" nagawa kong itanong. Alam kong kailangan kong lumayo sa taong yon kahit hindi niya pa sabihin. Pero ano ba talaga ang nangyayari? Pinaglalaruan ba nila akong magkapatid?

"Just stay away."

I couldn't help but scoffed. Wala talaga siyang kwentang kausap. Tiningnan ko siya nang masama bago nilampasan. Balak ko na sana siyang iwan doon nang maramdaman ko ang mahigpit na hawak niya sa braso ko. Halos mapamura ako sa biglaang sakit na naidulot nito.

Humarap ako sa kanya na halos napipikon na. "Ano bang problema, Captain?" Ano bang gusto mong iparating Gin?

Nabigla ako nang makita na halos ganoon din siya sa akin. "I'm doing you a favor." he hissed.

"Save your favor, Captain. I can handle myself."

"I wouldn't let you. Not with him!"

Halos mapaatras ako sa naging reaction niya. His deep voice echoed in the almost empty hallway. Napatitig ako sa kanya. Why did he keep losing his control these past few days? Huminga siya nang malalim na para bang sinusubukang pakalmahin ang sarili niya bago niya pa ako masaktan.

"Just stay away. I'm still your Team Captain. Do as you are told."

Saka siya umalis sa harap ko nang walang ano mang paalam.

Chapter 20: The Meeting

Chapter 20: The Meeting

Sinubukan kong iwasan si Priam Grey sa mga sumunod na araw. Hindi dahil ito ang sinabi ni Gin kundi dahil alam ko sa sarili ko na kailangan kong mag ingat pagdating sa kanya. He's cunning, he's manipulative. Ilang beses ko itong nasaksihan sa unang lingo ng pagbisita niya sa Titan Academy.

Ilang beses na siyang pumunta sa training session namin. Nandoon siya para magbigay ng ilang komento tungkol sa Cup at sa mga special abilities

namin. Kapag kasama namin ang grupo, tila ba normal lamang siya na nakikipag usap at nagbibigay ng instruction. He even smiled normally kapag kinakausap siya.

Pero kapag nagtatama ang mga mata nila ng kapatid niya biglang nag iiba ang ngiti nito. Tila ba nagkakaroon ito ng ibang ibig sabihin. Ganoon din kapag napapa-tingin siya sa akin. Para siyang naglalaro ng isang game na kasali kami pero siya lang ang may alam.

Dahil sa pagiging panandaliang mentor niya sa grupo, hindi ko siya lubusang maiwasan. Nagkikita kami halos araw araw. Nakakasabay namin siyang kumain sa Breakfast Hall. Nasasalubong sa corridor. Sa ganoong pagkakataon, makakausap mo siya ng maayos. Pero hindi parin ako makakasigurado sa isang taong tulad ni Priam Grey.

Matapos ang dinner noong araw na yon, pumasok ako sa kwarto ko para sa wakas ay makapag pahinga na. Halos hindi ako nakatapak dito mula nang umalis ako noong umaga. Naging hectic na kasi ang training namin nitong nakaraang araw dahil sa papalapit na Cup at halos wala na kaming pahinga. Nagiging madalas na din ang physical training.

Pagpasok ko sa kwarto nakita ko agad ang isang matingkad na kulay na damit na nakapatong sa kama. Kulay dark red ito na gawa sa malambot na tela at puno ng maliliit at kumikintab na desenyo.

Kumunot agad ang noo ko at kinuha ang damit. Nilahad ko ito sa harap ko at pinagmasdan. Halos umabot ito sa sahig, masikip, at- sandali- Binaliktad ko ang damit. I let a loud scoffed. Halos wala ng takip ang likod ko nito ah.

Hinagis ko ang damit sa maliit na sofa sa sulok at nahiga sa kama. Wala akong pakialam doon. Alam ko kung kanino galing yon at alam ko din kung para saan yon. Kaya siguro mas nawalan ako ng gana.

May dalawang okasyon na paparating sa Titan Academy. Ang una ay ang quarterly general meeting ng mga magulang at school administration na gaganapin bukas ng hapon. At ang pangalawa ay ang kaarawan ni Principal Bins sa susunod na lingo. Kasabay ang kaarawan ko.

Hindi naman dapat magkasunod ang dalawang event na ito. Ang sabi sa training kanina- supposed to be ay sa susunod na buwan pa ang general meeting. Pero dahil sa issue ng pagpasok ko dito at sa mga estudyanteng walang ginawa kundi magreklamo, mas napaaga ang meeting.

Hindi ko gustong pumunta. Halata naman siguro ang dahilan. Ako ang isa sa mga problema na pag uusapan nila.

At nagkataon na ang mga magulang na darating bukas ay mga uri ng taong ni minsan ay hindi ko gustong makaharap o masilayan man lang. Sila ang pamilya ng mga pinaka mayayaman at pinaka makapangyarihan na nakatira sa bayan. Kanino pa ba magmamana sa pagiging matapobre ang ilan sa mga estudyante sa paaralang ito?

Masasayang lang ang pinadalang damit ni Miss Aura para maisuot ko. Dahil kung tutuusin kahit suotan nila ako ng mamahalin hindi na mai-aalis sa isip ng mga estudyante o magulang na isa lang akong babaeng nang galing sa bayan. Naalala ko ang sinabi ni Miss Aura.

You should try to associate and socialize, Shia. Kailangang nandoon kayong lahat bukas. Kailangan ito ng grupo.

I snorted. Yeah right.

Kinabukasan ramdam ko ang pagbabago ng atmosphere sa paligid dahil sa meeting na mangyayari mamayang hapon. Sa ngayon ay dapat hindi na ako nagtataka. Pero hindi ko parin maiwasan na mamangha sa pagiging aksayado ng mga tao sa lugar na ito. Kung tutuusin isa lamang meeting ang mahahanap. Bakit kailangan pa naming mag suot ng magagarang damit o mag handa ng isang formal event?

Halos hindi magkamayaw ang mga tagapag silbi na nakakasalubong ko sa corridor. Lahat sila may dalang mga gamit o mga pang linis. May mga bulaklak, vase, candle holder, iba't ibang kulay ng tela etc. I scoffed. Mukhang nagkamali ako. Party ang magaganap mamaya at hindi isang meeting.

Nagtuloy tuloy lang ako hangang sa makarating ako sa Breakfast Hall. Wala kaming nakaschedule na training ngayong araw. Kailangan lang namin na maghanda para sa meeting. Pagdating ko sa Hall nandoon na si Cain, Victoria at Luna.

From the looks of it mukhang malalim ang pinag uusapan. Madalas kasi kung hindi inaantok o pagod, ay wala sa mood ang mga taong madadatnan ko sa table. Pero ngayon mukhang kanina pa sila gising at nag uusap. Anong meron?

Halos hindi nila ako napansin nang umupo ako sa tabi ni Luna. Maya maya pa tumigil si Luna sa pagsasalita at napalingon sa akin.

"Oh, you're here, Shia." masiglang bati niya. Pero hindi mukhang masigla ang mga kausap niya.

Tumango lamang ako.

"Nakita mo na ba ang damit na isusuot mo?" tanong niya. "Sinukat mo na ba? Sino nga pala ang pupunta para-" Natigilan siya nang mag sink in ang naging huling tanong niya. "Oh, I forgot."

I shrugged. "Okay lang." balewalang sagot ko.

Hindi ako tunay na estudyante dito para magdala ng pamilya o kung ano man na pupunta sa meeting. Isa pa wala naman talaga akong pamilya so why bother? It's not like it wasn't obvious.

"Kayo ba? Sinong pupunta?" tanong ko.

Nanahimik sila. Nagkatinginan si Cain at Luna. Victoria just rolled her eyes as if I said something frustrating.

"My Dad will go." sagot ni Luna na casual na boses.

"Buong pamilya ko, kasama ang dalawa kong nakababatang kapatid. Naging tradition na." sagot ni Cain with a shrug.

Victoria scoffed. "Kung pwede lang hindi na pumunta ang pamilya ko." she muttered.

Napataas ang kilay ko. Anong problema niya?

Dumami ang mga students sa Breakfast Hall at dumating ang pagkain namin. Mapapansin ang dalawang atmosphere sa paligid. Kung hindi excitement ang nakikita ko, frustrations. Gusto ko tuloy matawa. Anong problema ng mga estudyanteng ito? Hindi ba sila masaya na makikita ang mga pamilya nila? Kung alam lang nila kung gaano sila kaswerte.

Naglalakad na kami palabas ng Breakfast Hall ni Luna nang matanong ko siya out of curiosity.

"Anong nangyari kay Victoria kanina?" casual na tanong ko.

I tried to sound as if it's not a big deal for me. But honestly it was. Ang buong akala ko kasi nakuha ni Victoria ang pagkamaldita niya somewhere sa pamilya niya. Pero mukhang kahit sa sarili niyang kadugo ganoon siya.

"Ganoon lang talaga siya. Medyo hindi sila okay ng parents niya." sagot ni Luna nang hindi lumilingon sa akin.

"Hindi nila suportado ang pag sali ni Victoria sa Linus Cup. Masyadong practical ang mga Kingsley. Si Victoria ang tagapag mana ng negosyo ng pamilya dahil siya ang panganay. Pero nagkataon na gustong sumali ni Victoria sa Cup."

Napalingon si Luna sa akin. "Alam mo ba kung bakit?"

Nagkibit balikat ako. I have no idea. Hindi ganoon kadali basahin ang ugali ng isang Victoria Kingsley.

"To escape." sagot ni Luna. "Gusto niyang tumakas sa pressure ng pamilya niya. Nasasakal siya dahil nakaplano na ang buhay niya at kailangan niyang sumunod dito. Alam mo bang mag kaklase kami noong grade school?"

Natigilan ako. Hindi nga? Sa general education magkaklase sila? Kung ganoon bakit parang hindi sila magkakilala?

"Ganoon na siya dati pa. She had no friends dahil yon ang gusto niya. She has a schedule in and out of school. After school may iba pa siyang private lessons sa kung ano anong bagay. Kapag weekends lagi din siyang may ginagawa. I don't think I saw her play or something."

Tumango ako. Kaya naman pala medyo isolated ang ugali niya sa iba. Now it makes sense.

"Narealize ko na may plano siyang sumali sa Cup noong freshmen students palang kami. Nagsimula siyang mag excel sa mga trainings at masyadong nag focus sa mastery ng ability niya. Hindi ka magpapa-kahirap nang ganoon kung wala kang planong sumali. That's a common fact here in Titan Academy."

Bumuntong hininga si Luna.

"Gustong sumali sa Cup ni Victoria dahil kapag nanalo siya, magkakaroon siya ng pagkakataon na maging member ng UBSL. At kapag nangyari yon, hindi niya na kailangang sundin ang mga plano ng pamilya niya. Rare opportunity ang makasama sa UBSL at hindi yon basta basta tinatalikuran kahit pa ikaw ang future na tagapag mana ng isang negosyo."

Bahagyang humarap sa akin si Luna.

"Tingin ko nga halos pareho sila ni Team Captain. Noong freshmen kasi kami, taon din yon ng pagsali sa Cup ng kapatid ni Captain na si Priam. Noong naiuwi ng grupo ni Priam ang panalo para sa Hesperia matapos ang sampong taon, nagsimulang mag abang ang mga tao sa pagtapak ni Gin bilang senior student para makasali sa Cup. Everyone's already expecting that he will bring the 4th victory gaya ng ginawa ng Ama niya at kapatid."

"Oh," sagot ko.

Their life sucks. One advantage I have against these perfect people is at least I can do what I want, where I want, when I want. Kaya nga ako napunta sa lugar na ito nang wala sa plano. Kasi kahit paano, malaya ako in a sense that I can handle my own life with my own decisions. I don't just settle for it. I choose it. Kaya wala akong pinag sisisihan.

"Kung si Victoria gustong sumali sa Cup para makatakas," pagpapatuloy ni Luna. "Si Team Captain naman tinangap ang pagsali sa Cup bilang responsibilidad niya. They are under the same pressure but taking two different paths that will eventually lead to the same result. Ironic, isn't it?"

Napatango nalang ako. Damn ironic.

Nasabi din ni Luna sa akin na kaya gustong sumali sa Cup ni Ethan ay dahil gusto niyang manalo para sa nakakatandang kapatid niyang babae na sumali sa Linus Cup six years ago bago sumali ang kapatid ni Gin na si Priam. Eliza ang pangalan ng kapatid ni Ethan na sumali bilang isang deceiver. Pero sa kasamaang palad, hindi sila nakaabot sa final location bago ang wipeout kaya walang nakaligtas sa buong grupo. Ang sabi ni Luna, halos minuto lang ang pagitan. Isang minuto lang para makaligtas sila.

Si Cain naman ay sumali sa Cup dahil ito ang gusto niya. Matagal ng pangarap ng kanyang pamilya na makasali ang kahit isa man lang sa mga Hunter sa Linus Cup. Kaya naman halos ipagmalaki ng mga magulang niya sa buong angkan nila ang pagkakasali ni Cain sa grupo. Their family is pretty close. Malapit si Cain sa pamilya niya kaya masaya siya na gawin ito para sa kanila.

At si Luna? Well malinaw na kung bakit siya nasa grupo. Wala siyang balak sumali gaya ko. Pero dahil nag excel siya sa mastery ng ability niya nang hindi niya namamalayan, siya ang napili. Ang sabi niya nag a-aral siyang mabuti para sa Dad niya. Dahil isa din itong healer at gusto niyang matulungan ito sa pang-gagamot. Pero kita mo nga naman, dinala siya ng pangarap siya sa ibang direction.

I think we are interconnected somehow, hindi man sa sinasadyang paraan. Akala ko noong una para lang lahat ito sa prize, sa status na makukuha, o sa kung ano mang material na bagay. Kahit paano pala may sarili silang mga dahilan. At ang iba't ibang dahilan na yon ang nagdala sa amin sa iisang lugar- sa iisang grupo.

I'm not supposed to be part of it but neither do they. I guess at one point we all have similarities after all.

Dumating ang hapon at halos nakahanda na ang lahat para sa general meeting slashed party. Halos wala ka ng makikita na estudyante sa labas dahil lahat sila ay nagha-handa na. Maayos at elegante ang naging palamuti na chamber kung saan gaganapin ang meeting. Nababalutan ng pulang tela ang mga upuan at mesa. Nagkalat ang mga puti at itim na mga bulaklak. Kumikislap ang buong paligid dahil sa mga crystal chandeliers na nakasabit sa ceiling. Maging ang stage kung saan magsasalita ang bawat representative na magulang at guro ay nakahanda na.

Ilang minuto nalang magsisimula na ang meeting. At nandito ako sa kwarto ko at pinagmamasdan ang sarili ko sa salamin. Halos bigyan ko ng nakamamatay na tingin ang sarili ko. I was wearing the dark red or maroon sparkling dress na sinabi ni Miss Aura na isuot ko. Masikip ito. Hapit sa buong katawan ko. Pakiramdam ko nga permanente na itong dumikit sa katawan ko. Bahagya akong tumalikod para makita ang likod ko. Napamura ako.

"Fuck." bulong ko.

Ano bang klaseng damit ito? Damit pa ba ito? Isa lang itong manipis na tela na may kung anong mamahaling desenyo para ipagsigawan sa ibang tao kung gaano ka kadaming pera, na kaya mong magwaldas sa isang mamahaling damit na hindi ka naman kayang gawing comfortable. Pwede naman akong mag uniform nalang at iwagayway ang telang ito sa harap nila. Mas madali nilang malalaman ang gusto kong iparating at comfortable pa.

Naiinis na muli akong umupo sa kama. Kanina nang-galing dito ang ilang tagapag silbi na pinadala ni Miss Aura para ayusan ako. Nilagyan nila ako ng kung ano ano sa mukha ko, inayos ang buhok ko. Pero mukhang masisira lang ang lahat ng pinagpaguran nila. Damn.

Pumatak ang alas kwatro ng hapon, ang simula ng meeting. Nanatili ako sa loob ng kwarto ko, nilalaro ang isang dagger na nagmula sa training room sa pagitan ng mga daliri ko. Hindi ko gustong pumunta. Pero kailangan ko. Kailangan ng grupo. Fuck--

Isang matinis at nakakarinding ingay mula sa kung saan ang nakapag patigil sa akin. Halos matakpan ko ang tenga ko dahil dito. What the hell?! Naiinis na napatayo ako.Pakiramdam ko mabibingi ako. Hindi nawala ang tunog. Para bang nasa loob ito ng tenga ko ito. O nasa isip.

"Shia Sheridan!"

Halos mapamura ako ng marinig ang boses ni Miss Aura sa tenga ko. Pero nasaan siya? Ano nanaman bang pakulo ito?

"Ano ba ito?" tanong ko.

"It's the mind link." sagot niya.

Para bang nag e-echo sa tenga ko ang bawat sinasabi niya. Nang mag adjust ang katawan ko, doon ko lamang naririnig ko ng maayos ang sinasabi niya.

"Hindi ako dapat gumagamit nito but where the hell are you? Nagsimula na ang meeting!"

Narinig ko mula sa background niya ang ingay, mga taong nag uusap, mga tunog ng champagne glasses o kung ano man.

"Bababa na ako. Just stop this- whatever this is."

"Just make sure na nandito ka na within five minutes or else I'll send Gin into your room."

"I will." sagot ko. "Bababa na ako."

Isang ingay ang muli kong narinig- para bang static o kung ano man. Matinis at nakakarindi. Hangang sa biglang nawala ang ingay. I even heard a slight clicked or something. Nakahinga ako ng maluwag. Pakiramdam ko pinasok ang isip ng bagay na yon. Mind link.

Tumayo ako at isinuot ang sapatos ko na nasa gilid. Masakit ito sa paa pero mukhang kailangan kong mag tiis. Naglakad ako ng ilang hakbang sa loob ng kwarto bago pumunta sa pintuan. Huminga ako ng malalim bago ito buksan.

I guess I was left with no choice then.

Mabuti ng harapin ang mga taong yon at ipamukha sa kanila na kahit anong gawin nila wala silang magagawa kundi tangapin ako- si Shia Sheridan.

Chapter 21: Outrage

Chapter 21: Outrage

Bago pa dumating si Gin sa kwarto ko, bumaba na ako gaya ng utos ni Miss Aura. Nahihirapan parin ako sa suot ko at hindi nakatulong na mukhang ako nalang ang natitirang taong nasa loob ng dormitoryo.

Naglakad ako sa tahimik na corridor. Habang palapit ako sa chamber kung saan ginaganap ang meeting slashed party, unti unti kong naririnig ang ingay ng mga tao- nag uusap, nagtatawanan, tunog ng champagne glasses, mga yapak ng sapatos sa marble floor.

Bumuntong hininga ako.

Nang nasa harap na ako ng mataas na pintuan ng chamber, hindi ko maiwasan na matigilan. Pinagmasdan ko ang sarili ko for the last time. The sparkling fitted dress, the shoes, my attire in general- I held my chin high bago nilapat ang mga palad sa hardwood door para itulak ito.

You can do it, Shia. Chin up. You'll be fine.

Isang maliwanag na paligid ang bumati sa akin nang tuluyan kong mabuksan ang pinto. Malayong malayo ito sa dimly lit corridor na dinaanan ko. I had to squint my eyes to see beneath the blinding light. Nang mag adjust ang paningin ko, doon ko narealize na maling mali na pumunta ako sa event na ito.

Nakatingin ang halos lahat ng tao sa akin. I entered the side door na pinakamalapit sa stage kaya naman napunta agad ang attention ng lahat sa akin. Some of them stop from talking; some even paused on drinking their luxurious drinks. Pakiramdam ko biglang tumahimik ang paligid.

Fuck. Are they waiting for me all along?

Out of the corner of my eyes, nakita ko si Priam Grey. Siya ang unang familiar na mukha na nakita ko sa gitna ng mga tao. Nakaharap siya sa pintuan gaya ng iba, may hawak na half consumed champagne sa isang kamay, at nakangiti- sa akin. He did a once over of my appearance bago tinaas ang glass na hawak niya na para bang nakikipag cheers.

I had to fight the urge to roll my eyes at him- or at everybody in particular. Ano bang problema nila at ganyan sila makatingin? These people.

"God, Shia, finally!"

Isang kamay ang humawak sa braso ko na kinabigla ko. Napalingon ako at narealized na sila Luna ang may hawak sa akin. Hindi ko man lang namalayan kung saan siya nang-galing.

"Kanina ka pa namin hinihintay, alam mo ba?" she exclaimed.

Napansin ko ang trace ng kaba sa boses niya. She looked, for once, a part of them. Nasanay ako na nakikita si Luna na katulad ko na walang pakialam sa suot o mga gamit, pero this time, nakita ko kung saan siya talaga nabibilang. She's one of them after all.

She's wearing a vintage looking old rose dress na lampas hangang tuhod. It has some laces at the hems and embroidered details. It's feminine and at the same time simple and classic, just like her.

Nabigla ako nang hinila ako ni Luna papalapit sa harap ng stage. Lumingon ako sa kanya at akmang magtatanong nang napansin ko na may isa pang taong papalapit sa amin.

"Wait for Gin here." sabi ni Luna bago umalis at pumunta sa isang table sa gilid.

Doon ko napansin na nandoon ang iba ko pang mga kasama. Nandoon si Cain at Victoria, maging si Ethan. Ngumiti si Ethan sa akin at nag thumbs

up. Si Cain nag gesture na ngumiti ako. Victoria, in an elegant black dress just stared at me, nothing more.

They all look so made up, so perfect, so them, na tila ba hindi sila ang mga taong nakakasama ko lagi sa mga trainings. Then out of nowhere, he came. Hindi siya galing sa table ng grupo, nang-galing siya sa isang table na may mga nakaupong matatanda- maybe some of his relatives or people he knows.

Nakasuot siya ng itim na tuxedo gaya ng karamihan, with a black tie and a white polo underneath. There is nothing special or outstanding in his attire, pero litaw na litaw parin ang presence niya sa gitna ng mga tao. Maybe it's because of his height, or built, or simple his aura that signifies his authority as a Team Captain. I don't exactly know.

Naglakad siya papunta sa direction ko. Straight body and the blistering confidence I wish I can have in this exact moment. Inayos niya ng bahagya ang pagkaka fold ng sleeves ng suot niya and I find myself cursing silently. Now it dawned on me- how physically attracted I am towards Gin.

"You ready?" tanong niya nang makarating sa tabi ko at tuluyan nang na-ayos ang suot niya.

"Of course." sagot ko. Pero halata sa boses ko ang bahagyang kaba. Ano bang gagawin namin?

Humarap siya sa akin na para bang doon lamang napansin na hindi ako kasing confident gaya ng dati. Napansin ko na hinihintay ng mga tao kung ano man ang gagawin namin. Tiningnan niya ako ng bahagya.

"You look gorgeous." he murmured.

"You're not helping." sagot ko. Lalo lang siyang nakadagdag sa discomfort na nararamdaman ko.

Nabigla ako nang hawakan niya ako sa likod. I almost cursed in front of him nang lumapat ang kamay niya sa mismong balat ko. A sudden shiver

run downs my spine. Ngayon ko narealized kung gaano kawalang kwenta ang damit na ito.

Bahagyang nag lean sa akin si Gin at bumulong. "Breathe, Shia." he whispered. "You are more than half of these women in this room at this moment."

Lumingon ako sa kanya ng bahagya. What does he mean by that?

Natigilan ako nang muling maramdaman ang mainit na hininga niya sa gilid ng mukha ko.

"Remember, Shia, you are one of us. I wouldn't tell you to act like one- just be yourself; you are more endearing that way."

Lumayo siya ng bahagya at ngumiti sa akin- the kind of smile only Gin can give. A smile so rare you would think it's a precious metal or something close to it. Ngiti na tatatak sa isip mo dahil alam mong baka hindi na maulit yon. Half confident smirk and half genuine smile.

"Let's go."

Bahagya niya akong hinila sa gitna kung saan kailangan naming tumayo sa harap ng podium kung saan nakaupo si Headmaster Grey, Principal Bins at ilang authorities sa Academy kasama na si Miss Aura at Sir Apollo.

"Ladies and gentlemen, Miss Shia Sheridan, the sixth and final member of the group that will be joining the Linus Cup."

Matapos marinig yon mula sa boses ng tagapagsalita sa likod namin, doon ko narealized kung bakit kailangan akong samahan ni Gin sa harap. Parang isang alon na isa isang nagbago ang expression ng mga tao sa harap ko. Naibaba ng ilan ang mga ini-inom nila at tuluyang humarap sa amin. Yong iba napatayo sa kinau-upuan nila, a lot of them stared at me from head to toe as if searching for something that they can easily point out as embarrassing.

"What a hypocrite." I heard someone said.

"Look at her, dress like that as if it would erase the trace of being an ignorant and classless woman."

Naramdaman ko ang unti unting pag kuyom ng mga palad ko.

"No shame."

"I wonder how much she enjoyed her life as one of us now."

"How did she even get here?"

"She's beautiful. Maybe she used that asset-"

Doon na tuluyang nawala ang pagtitimpi ko. Napahakbang ako papalapit sa taong nagsabi nito.

"Shia," Gin said calmly. "You are not any of those words. Let them believe their assumptions as stupid as them."

Nagsimulang mag ingay ang mga tao. Someone said a complaint at sinundan ito ng isa pa, hangang sa napuno na ang kwarto ng mga galit na boses nila. I pursed my lips at pilit tumingin ng derecho, with my chin held high. Kahit pa alam kong unti unting pumupuno sa pandinig ko ang mga naririnig ko tungkol sa akin.

"You need to face this." Gin said beside me. "You need to see how this pathetic people would rave for supremacy. They will always find a flaw no matter who you are or what you do. Don't give them the satisfaction of getting into your system."

Mas lumakas ang ingay at palitan ng argumento. Pinanood ko lamang sila katulad ng sinabi ni Gin. Maya maya pa narinig ko ang boses ni Principal Bins.

"Nakakahiya." sabi nito. "Nakakahiya na ang mga taong katulad niyo pa ang mas mukhang walang pinag aralan kesa sa babaeng nasa harap niyo."

Doon natigilan ang ilan sa mga tao. Bumakas ang galit sa mga mukha nila. Hindi ko maiwasan na mapalingon kay Principal Bins na nakatayo sa

podium sa likod ko. Ano bang sinasabi niya? Hindi niya ba alam ang idudulot nito?

"Excuse me?" tanong ng isang matandang babaeng puno ng mamahaling alahas ang damit.

"Alam niyo ba ang sinasabi niyo, Principal Bins?"

"Anong nangyayari sa paaralan na ito?" asik ng isa pa.

"Huminahon kayo." kalmadong sabi ni Principal Bins. Walang ano mang bahid ng pangamba o pag aalinlangan sa boses niya. Para bang lahat ng nakikita niya ay pinag handaan na niya.

"Nandito tayo para sa isang importanteng okasyon, hwag niyo sanang kalimutan. At ito ay para sa kapakanan ng mga estudyante sa paaralang ito- para sa mga anak niyo. Hwag niyo sanang unahin ang sarili niyong interest."

May iba sa kanila ang mas lalong nainis sa narinig. Pero karamihan ay nagawang kumalma ang tumahimik.

"Maaari na ba tayong mag simula?" tanong ni Principal Bins habang nakangiti. Napatango na lamang ang ilan.

"Kung ganoon, maaari na kayong umupo, Miss Sheridan, Mr. Grey." tukoy niya sa amin ni Gin.

Naglakad si Gin papunta sa table ng grupo habang hawak parin ako sa likod. Nang nagsimula kaming maglakad, doon ko napansin na nanginginig ang mga binti ko. Hindi ko ito pinahalata pero mukhang napansin ito ni Gin kaya mas lumapit siya sa akin at inalalayan ako. Nang ma-upo na kami kaharap ang iba pang mga member doon lamang ako nakahinga ng maluwag.

"Nice job." nakangiting sabi ni Cain.

"You did well." sabi naman ni Ethan.

Hindi ako sumagot. Hindi ko alam kung tungkol saan ang sinasabi nila hangang sa nagsalita si Victoria.

"Hindi ko akalain na makakapag timpi ka. I'm expecting you would blow it off." she muttered as she sipped her drink. "I'm impressed."

Despite the situation gusto kong matawa sa sinabi ni Victoria. Kung alam mo lang kung anong klase ng pagtitimping ginawa ko.

Nagpatuloy ang meeting kung saan sila huminto bago ako pumasok sa chamber. Nagsimula ang usapan sa mga bagay na wala akong kinalaman katulad ng grades at progress ng mga estudyante, mga facilities sa loob at labas ng school, mga bayarin, at nalalapit na mga events.

Patuloy parin ang masasamang tingin sa akin ng ibang mga magulang at estudyante. Some of them are in whispered conversation pero halata naman na ako ang pinag uusapan nila. Mukhang hindi sila makapag hintay na ako ulit ang maging topic ng meeting na ito.

Napansin ko na panay ang tingin ni Luna na katabi ko, sa bandang likod ng kwarto. Ngumiti siya at bahagyang kumaway. Nang sundan ko ang tingin niya nakita ko ang isang lalakeng nasa middle forties, matangkad pero medyo payat. At nakasuot ng salamin.

"Dad ko." masayang sabi ni Luna nang mapansin na nakatingin din ako.

Mas dumikit si Luna sa akin at hinapit ang braso ko palapit sa kanya.

"Shia? Yes, she's my friend." she motioned to her Dad na para bang naririnig siya nito.

Napansin ko na mas lalong napangiti ang Dad niya at bahagya itong kumaway sa akin.

"My Dad is a fan of your special ability. Just like me." Luna beamed.

"Hindi siya galit?" tanong ko.

Kumunot ang noo ni Luna na humarap sa akin. "Bakit siya magagalit? You are more than what the group asked for."

Napansin ko din ang dalawang batang babae na nakatingin sa akin. Nasa malapit lang silang table kaya alam ko agad na ako ang pinagtitinginan nila sa buong grupo. They are staring at me with wide eyes and a slightly open mouth. I think nasa ten to twelve years old sila.

"Cain's younger twin sisters." sabi ni Luna. "Kanina ka pa nila gustong makita kaya ganyan sila."

Pinagmasdan ko ang table kung nasaan ang pamilya ni Cain. Kasama ng dalawa niyang kapatid at kanyang mga magulang. Napalingon sa akin ang Mama ni Cain. Akmang iiwas ako ng tingin ng bahagya siyang ngumiti.

"There's Ethan's Grandparents." turo ni Luna sa isa pang table sa bandang gitna. Sila yong napansin ko kanina noong nasa harap ako na dalawang matanda na para bang naiipit sa usapan na hindi naman nila gusto.

"Then there's Victoria's family." Nakaupo ang pamilya ni Victoria sa bandang harap sa kabilang dulo ng chamber. They somewhat looks like what I expected. Strikto ang mukha ng Mama niya at ganoon din ang Papa niya. Hindi sila umi-imik sa usapan pero alam mong nakikinig sila.

"And of course Gin's representative is either Priam or his Dad. May iba pa siyang malayong kamag anak na nag aaral din dito so there are some of his relatives here like his Aunt."

Lumingon ako sa table kung saan galing si Gin kanina bago niya ako sinamahan sa harap. Pero nawala ang attention ko doon nang makita ko ang kabilang table.

Naka-upo si Corrine at bahagyang nakaharap sa Papa niya. Naka-talikod ang Papa niya mula sa akin pero masasabi kong matangkad ito. Katabi naman ni Corrine ang Mama niya. Maganda ang Mama niya, maamo ang mukha. Pero hindi katulad ng kay Corrine, ang Mama niya mas simple tingnan. Hindi sila gaaanong magkamukha. Mas kamukha niya siguro ang Papa niya.

"That's obviously is Corrine's parents." sabi ni Luna. Napansin ko na umiiwas na mapatingin si Corrine sa direction ng grupo. "Member ang Dad niya ng Board of Trustees ng Titan Academy and also one of the mayor financer."

Hindi na nakapag tataka yon, I though. Corrine is a Head Girl and supposed to be a member of the group. Her parents must be something.

Nagpatuloy ang meeting hangang sa dumapo ito sa topic na hinihintay ng karamihan. Ako. Nagsimula ito sa usapin ng darating na Linus Cup na magaganap tatlong lingo mula ngayon. Pinag usapan ang mga bagay tulad ng kapakanan ng pamilya ng mga members na sasali, ang suporta ng buong school, hangang sa tuluyan nang nasali na ang pangalan ko. Muli, napunta nanaman sa akin ang attention ng lahat.

"Ano bang klase ng exam ang kinuha niya at agad siyang nakapasok dito?" mas civilized na tanong ng isa.

"Is she a scholar?" tanong naman ng isa pa.

"Nagbibigay na ba kayo ng scholarships ngayon para sa mga katulad nila nang hindi namin nalalaman?"

"Silence, our guests." kalmado paring sabi ni Principal Bins. Ang kalmadong atmosphere kanina ay unti unti nanamang nasisira.

"Si Shia Sheridan ay hindi isang scholar. Wala din nangyaring special entrance exam para makapasok siya dito. She was-" napapaused si Principal Bins. "She was convicted of an offense kaya pinagbabayaran niya ito dito sa Titan Academy bilang isang member ng grupo."

Sandaling natahimik ang paligid na para bang hindi nag sink in agad ang sinabi ng Principal. But slowly, and almost as expected, a violent uproar of questions and complains erupted.

"Offense?" someone cried.

"It this some kind of a joke?"

"Anong parusa ang sinasabi niyo?"

Hindi ko alam ang sasabihin. My mouth suddenly went dry. Sasabihin ba ni Principal Bins ang nangyari. In front of them?

"Shia," narinig kong tawag niya sa akin. Even the members are now confused on what is happening. Napatayo ako sa hindi malaman na dahilan. "Why don't you tell them what happened?"

I froze. Tell them what? Ang tungkol sa bagay na yon? Napatingin ako sa mga magulang na pinagmamasdan ako ng matatalim na titig. They would be furious. Pero hindi sila ang talagang pinag aalala ko. Nakita ko ang nagtatakang mukha ng Dad ni Luna at ang pamilya ni Cain. Maging ang ang parents ni Victoria at Grandparents ni Ethan.

For the first time in my life nangamba ako sa sasabihin ng ibang tao. Sa sasabihin ng pamilya nila.

"Go on." urged Principal Bins with a smile.

I stood up straighter at umaktong walang pakialam. I can do this. Wala na akong pakialam kung malaman nila ang totoo. Aalis ako sa lugar na ito after three weeks at wala na akong maririnig pa sa mga taong ito.

Huminto ako sa harap kung saan kami tumayo ni Gin kanina. Pero this time mag isa nalang ako. Hindi ko alam kung para saan ang lahat ng ito. Pero mas mabuti na ito kaysa umalis ako nang hindi nila nalalaman ang totoo.

The people waited for me to speak. Nakataas ang mga kilay ng ilan na para bang naghihintay ng paliwanag. Pero hindi ako magpapaliwanag. Sasabihin ko ang dahilan kung bakit ako nandito at bahala na silang mag isip kung gaano ako kawalang kwenta sa paningin nila. Wala akong pakialam.

"I stole the golden crest."

Natahimik ang paligid. I heard a few gasp of surprise. Pinagmasdan ko silang lahat habang tinititigan nila ako na hindi makapaniwala.

"Ito ang dahilan kaya ako nandito." I said. "This is my punishment for stealing the Titan's golden-"

Isang malamig na likido ang tumama sa mukha ko. Sa sobrang pag kabigla ko halos hindi ako nakagalaw. Agad na nabasa ang buong mukha ko at tumulo ang wine hangang sa damit ko. Kinailangan ng paningin ko na mag adjust dahil sa tubig na tumama dito.

"You're a criminal."

Isang magulang na pinakamalapit sa akin ang nagsabi nito. Bumaba ang tingin ko sa wine glass na hawak niya.

"Honestly you don't even deserve to be spilled by a wine or champagne. You are too cheap for that."

Tinignan ko lamang ito. Napansin ko na akmang pupuntahan ako ng mga kasama ko but Sir Apollo gestured for them na hwag ng sumama pa sa gulo.

This is better, I thought. At least they know. I don't have to act civilized anymore. At hangang nandito ako lugar na ito, they would hear nothing about Lucas.

Kalmado akong lumapit sa isang table. Hinawakan ko ang isang baso ng tubig. I can almost hear Luna's frightened voice, Shia please calm down. Or Gin's demanding voice, what do you think you're doing?

Napangiti lamang ako bago humarap sa babaeng nagsaboy sa akin ng wine. Nahalata ko ang pagkabigla at pilit na tinatagong takot sa mga mata niya.

"You said I don't deserve to be spilled by a wine." I said. "I agree with you. It's too much of a luxury to waste a precious drink on me."

Itinaas ko ang baso ng malamig na tubig at ibinuhos ang laman nito sa ulo ko. Napa atras ang babae sa ginawa ko. I let the cold water dripped down my face bago nagsalita.

"Happy?" tanong ko. Hindi ito umimik. "This is what you want to witness right? Now are you happy?" tanong ko ulit.

Walang sumagot. I can feel my hands shaking pero pinagpatuloy ko ang sasabihin.

"It still isn't enough, is it? Kahit ibuhos niyo pa ang lahat ng laman ng mga basong hawak niyo sa akin hindi parin kayo makokontento. So what do you want me to do? Do you want me to beg for your forgiveness? Gusto niyong umalis ako sa grupo at sa paaralan na ito?"

Pilit kong ini-iwas ang tingin ko sa grupo.

"A few months back, I'm hoping the same thing. Ang umalis sa lugar na ito. But you know what?"

Hinarap ko ang mga matang nakatingin sa akin.

"Nakita ko ang hirap ng mga taong nakapaligid sa akin para lang maging buo ang grupong ito. At namalayan ko ang sarili ko na tulad nila, natatakot din ako na masira ang grupong ito at mapunta ang lahat ang pinag hirapan namin sa wala."

Tiningnan ko ang babaeng may hawk ng wine glass.

"Alam niyo kung gaano kaimportante ang Linus Cup hindi lang para sa paaralan na ito kundi para sa buong bayan ng Hesperia, hindi ba? But I will ask you, anong naitulong mo?"

The woman opened her mouth to respond pero bigla siyang natigilan nang marinig ang ilang bulungan sa likod niya.

"Ang buhusan ako ng wine? Ang sabihan ako ng walang kwentang bagay?" I answered.

"Sa totoo lang wala akong pakialam kung gawin niyo sa akin yon. But before you go around announcing everyone your complaints, pakitingin kung ano ang na-icontribute niyo."

"If you did the same amount of effort as we do, doon lang kayo may karapatang magreklamo. And don't go around telling me that your money runs this school, it's not effort, its accountability."

"Aalis lang ako dito kung paalisin ako ng mga taong nagpasok sa akin. Kaya kahit anong sabihin o gawin niyo, hangang hindi dumadating ang oras na yon, wala kayong magagawa kundi tangapin ako."

Pabalang kong hinawakan ang hem ng damit ko para mabilis na umalis sa harapan at sa paningin nilang lahat. Pero natigilan ako nang makarinig ako ng isang palakpak. Hindi ko alam kung isa itong pang aasar.

Marahas akong lumingon sa pinang galingan nito at nakita ang isang familiar na babaeng marahang pumapalakpak habang nakangiti sa direction ko. Natigilan ako. Hindi ba magulang yon ni Corrine?

Chapter 22: Drunk

Chapter 22: Drunk

Ilang araw na ang lumipas mula noong nangyari ang meeting slashed party sa Titan Academy. Ilang araw na din mula noong napansin ko na nag iba ang tingin ng mga tao sa akin. Kung dati madalas masasamang tingin ang mga nakukuha ko, ngayon naman ini-iwasan ako na para bang nai-intimidate sila sa akin. Hindi ko talaga maintindihan ang mga tao sa lugar na ito.

Pero ang hindi ko inaasahan ay walang nangyaring parusa sa eksenang ginawa ko. Paglabas na paglabas ko sa Hall noong hapon na yon, ang buong akala ko ipapatawag ako o ang grupo.

Isang malaking risk ang ginawa kong pagsagot sa babaeng nagtapon sa akin ng champagne sa harap ng napaka raming importanteng tao ng Titan Academy. Pero halos parang walang nangyari dahil kinabukasan, nagpatuloy kami sa usual naming mga activities.

Noong tinanong ko si Luna tungkol dito, sinabi niya na maging siya ay bahagyang nagtaka. She's thinking the same thing as me- ang kahit paano ay mapagsabihan kami.

Pero ayon sa kanya, naging malaking factor dito ang pag sang ayon sa akin ng Mama ni Corrine. The Stanford family is a big influence in this school at sa buong Hesperia. Kaya naman noong kumampi ang isa sa pamilya sa akin, hindi na nila nagawang palakihin pa ang issue.

Pero nagkakamali sila kung iisipin nila na nag sisisi ako sa ginawa ko. Dahil wala akong ano mang pinag sisisihan. What I did is never for them but for me. Kinailangan kong ilabas ang nararamdaman ko dahil kung hindi- baka mabaliw ako sa lugar na ito. Isang lugar na puno ng mga mapanghusga, mapang lait at tila walang alam sa tunay na mundo, na mga nilalang.

Nakakatawa lang dahil para sa kanila isang napaka-laking problema na ang pagpasok ng gaya ko sa Titan Academy at sa Linus Cup. Wala silang idea kung ano talaga ang ibig sabihin ng salitang problema. These bits of issues they called problem are just pinch of sand compared to the problems as big as rocks, face by towns people on everyday basis.

Pumasok ako sa kwarto ko noong hapon na yon para magpalit ng damit bago pumunta sa Dinner Hall. Pinagmasdan ko ang sarili ko sa full length mirror ng kwarto, may ilang punit sa damit ko dahil na din sa agility training na ginawa ko kasama si Ethan kanina. May ilang sugat din sa katawan ko at sa mukha.

Hinawakan ko ang slit ng sugat sa pisngi ko. Wala akong maramdaman na sakit o hapdi. Pero nakikita ko ang katawan ko na puno ng sugat at bahagyang nanghihina. Alam kong mawawala din ito kapag ginamot na ako ni Luna. From the wound itself up to the fresh scar- mawawala ito na parang walang nangyari.

Pero minsan nang pumapasok sa isip ko ang possibility na sinabi ni Miss Aura. Maaaring bumigay ang katawan ko nang hindi ko namamalayan. Dahil sa ability ko nagkaroon ng pagitan ang katawan at isip ko- sa isip ko wala akong ano mang nararamdaman na sakit- pero hindi ko alam ang totoong nararamdaman ng katawan ko.

Pinagmasdan kong muli ang sarili ko sa salamin. Ano ang nararamdaman ng katawan ko? Hindi ko alam. Kailangan kong maramdaman ang sakit.

Kailangan kong ibaba ang harang para malaman ito.

Tiningnan ko ang sarili ko ng derecho sa mga mata as I started to tone down my ability. Parang isang manipis na damit na unti unting hinuhubad, my body was exposed to different kind of pulsating pain. Mula ulo hangang sa mga daliri sa kamay, hangang sa binti, at mga paa- I felt the different levels of pain.

Napangiwi ako ng bahagya nang maramdaman ng sakit sa tagiliran ko. It was the metal armor na tumama sa akin noong hinagisan ako ni Ethan at hindi ko agad ito naramdaman. Napahawak ako dito at sa salamin dahil sa sakit. Fuck.

Pinakiramdaman ko yonhabang halos pinagpapawisan sa harap ng salamin. Maya maya pa isang malalim na hininga ang pinakawalan ko bago ko muling ibinalik ang ability ko sa dati. Napaupo ako sa kama na tila ba nanghihina. Damn. So this agility training was not that easy than I thought.

Akmang hihiga ako sa kama nang isang bagay sa kwarto ang nakatawag sa pansin ko. Pinagmasdan ko ang dalawang damit na maayos na nakasabit sa isang sulok ng kwarto. Ang isa ay kulay dark red at ang isa naman ay kulay silvery white. Naalala ko ang nagbigay ng pangalawang damit na yon.

Ang Mama ni Corrine.

Matapos kong umalis sa Hall noong hapon na yon na basa ng pinaghalong tubig at champagne ang katawan, dumerecho agad ako sa kwarto ko. Wala na akong balak na bumalik pa sa meeting. Bahala na sila sa buhay nila. Pero nagulat nalang ako nang biglang may kumatok sa pintuan ko.

Noong una akala ko ang mga kasama ko yon. Mabilis ko yong binuksan at halos natulala nang makita ang Mama ni Corrine. Nakangiti ito sa akin at hawak ang damit. Natatandaan ko pa ang sinabi niya.

"You did a great job back there." sabi nito sa pino at maamong boses. "I admire you for that."

Hindi mukhang angel ang Mama ni Corrine dahil nakikita ko ang disiplina sa mata at tono ng boses niya. But she looks like a mother- yong image ng ina na nasa isip ko kapag pilit kong inaalala ang mga magulang ko na hindi naman nag e-exist in the first place.

"Kung sakali man na babalik ka doon at tatapusin ang meeting, here, wear this."

Inabot niya sa akin ang damit at pagkatapos ay umalis na. Ilang segundo din ang lumipas bago ko muling sinara ang pinto. Hindi ko nagamit ang damit dahil alam kong walang patutunguhan ang pagbabalik ko sa meeting. Pero hindi ko na ito nagawang ibalik.

Bumuntong hininga ako at inalis ang tingin sa damit. Humiga ako sa kama at pinagmasdan ang ceiling. Ang weird lang na maka encounter ng isa sa mga pinaka makapangyarihan na pamilya sa bayan na ito at malaman na malayo sila sa inaasahan mo. Maswerte si Corrine.

Natapos ang dinner noong gabing yon nang hindi ko nakikita si Luna, Cain, Gin at kahit ang nakakairitang kapatid nito na si Priam. Ang tanging kasabay ko sa pagkain ay si Victoria at Ethan.

Napansin ko na maging si Ethan ay may mga sugat din na hangang ngayon ay halata parin sa katawan niya. Wala si Luna at Cain dahil lumabas sila sa Titan Academy para sa isang assignment na binigay ni Sir Apollo kahapon pa. At dahil wala ang healer ng grupo, ibig sabihin ay matagal pa naming titiisin ang sakit na hindi nakukuha sa first aide lamang.

"Hindi sasabay si Captain?" tanong ni Ethan nang magsimula kaming kumain.

Sumagot si Victoria nang hindi inaalis ang tingin sa kinakain niya. "May meeting siya kasama ang Dad at kapatid niya."

Bahagyang kumunot ang noo ni Ethan. "Hindi ba nag usap na din sila kahapon?"

Victoria shrugged unconcern. "Kahapon ko pa napapansin na wala sa mood si Captain. Family issues maybe."

"Aah," Tumango siya Ethan at hindi na nagtanong pa.

Tila ayaw nilang pinag uusapan ang tungkol sa mga bagay na yon. Hindi ko sila masisisi. May kanya kanyang issues ang mga pamilya nila.

Matapos ang dinner ay dumerecho ako sa itaas para pumunta sa dormitory. Gusto ko nang magpahinga. Hindi na biro ang mga nagiging training namin. Mapapansin mo ito sa mga kasama ko. Hindi na madalas ang biruan. Halos seryoso na ang atmosphere kapag dumadating kami sa training room.

Dalawang lingo. Halos dalawang lingo nalang at Linus Cup na. At hangang ngayon hindi ko parin nakikita si Lucas.

Halos maghahating gabi na noong bigla akong nagising. Hindi ko alam kung bakit pero pakiramdam ko may mali. Umupo ako sa kama at pinakiramdaman ang madilim na paligid. Tahimik. Walang ano mang ingay.

Pero alam kong may hindi tama. Tulad ito ng naramdaman ko noong gabing pinuntahan ako ni Lucas sa bahay at sinabi na nasa panganib siya dahil nasa kanya ang golden crest. Ito yong pakiramdam na may hindi magandang mangyayari- hindi sa akin kundi sa taong nakapaligid sa akin.

Bigla akong napatayo sa kama. Shit. Ano nanaman ito?

Sinuot ko ang night robe ko at wala sa sarili na lumabas ng kwarto. Sino sa kanila? Saan?

Dati mabilis kong naramdaman na si Lucas yon dahil siya lang naman ang taong mahalaga sa akin na maaaring mapahamak. Pero ngayon- it could be anyone from the group.

Nagpatuloy ako sa paglalakad palabas ng hallway. Hindi ko alam kung saan ako pupunta pero alam kong may kailangan akong puntahan.

Was it Luna? Cain? No. Masyado silang malayo dito.

Bigla akong tumigil sa paglalakad sa hallway nang out of nowhere ay pumasok sa isip ko si Gin. Halos mapamura ako nang marealize kung para kanino ang warning na ito. Damn it, Gin.

Binilisan ko ang pagtakbo sa hallway. Wala na akong pakialam kung may magising ako. The image is clear- Gin is somewhere outside. Malapit sa lake sa likod ng school. Anong ginagawa niya doon? Wala akong idea. Pero alam kong maaaring may masamang mangyari.

Isa isang sumisindi ang mga ilaw na nadadaanan ko at kapag nakalampas na ako ay mabilis ding namamatay. Nakarating ako sa likod ng school at agad akong binati ng madilim na paligid at nakapalamig na hangin. Hinigpitan ko ang night robe na suot ko habang nagpapalinga linga sa paligid.

The lake.

Pinuntahan ko agad ang lake sa bandang likod ng property na halos pinaliligiran ng mga nagtataasang mga puno. Halos madapa ako dahil sa madulas na mga damo na nadadaanan ko. Mabuti nalang at kahit paano ay maliwanag ang paligid dahil sa bilog na buwan.

Huminto ako nang makarating sa tabi ng lake malapit sa isang malaking puno. Muli kong pinagmasdan ang paligid. Where the hell are you, Gin? Out of nowhere may nakita akong isang lalakeng naglalakad sa hindi kalayuan. The silhouette of the man was tall, lean, just like Gin. Pero mukhang may hindi tama dito. I just can't point out what.

Pinuntahan ko si Gin. Halos hindi ako makapaniwala sa nangyayari. Ito ba ang pinag aalala ko? Ang makitang naisipang mag lakad lakad ng Captian namin sa gitna ng gabi? Ano bang pakialam ko dito?

Huminto ako sa paglalakad kahit alam kong ilang metro pa ang layo ko mula sa kanya. Pinagmasdan ko ito sa gitna ng dilim. Mukhang hindi niya man lang ako napapansin. Nakapamulsa ito at tila ba malalim ang ini-isip.

Bumuntong hininga ako. Great. Is this some kind of a joke?

"Hey, Captain." wala akong nagawa kundi tawagin siya. Dahil mukhang kahit buong gabi ko siyang titigan ay hindi niya ako mapapansin.

Napansin ko ang pagkabigla niya nang marinig ang boses ko. "Shia?"

Lumingon siya sa direction ko at napansin ko ang mga mata niya. Tila ba pagod na pagod ang mga ito. Ganoon din ang buhok nito, it's as if he runs his fingers through his hair multiple times already. Isang habit na alam kong ginagawa niya lamang kapag nafu- frustrate o naiinis siya.

"What are you doing here?" tanong niya sa akin.

"I think I'm supposed to be the one asking you that."

I heard him scoffed. And even in a dark environment like this, I can still see his features- at hindi nakakatulong yon. I'm still quite aware that I'm physically attracted to Gin.

"Masama bang magpahangin?" he asked in a voice na para bang nang aasar.

"In the middle of the night?" I countered.

"It's more quiet."

"Beside the lake?"

Gin smirked. "You want to join me for a swim?"

Natigilan ako. "No." mabilis kong sagot.

Narinig ko ang bahagyang tawa niya. "Anong nakakatawa?" tanong ko.

He shakes his head in a manly way. Naglakad siya sa palapit sa akin. Now I'm fully aware na hindi ito ang tamang lugar at oras para mag usap ang dalawang taong tulad namin ni Gin.

Hindi huminto si Gin hangang hindi siya nakakalapit ng mabuti sa kinatatayuan ko. Nang halos magkaharap na kami at isang pulgada nalang ang layo sa isa't isa, bahagya siyang yumuko para tingnan ako.

"Everything." he whispered. Doon ko napansin ang amoy ng alak sa hiningi niya. "Everything is fucking funny."

It's weird how he sounds so damn serious while saying those words- threatening even.

"Gin," nag alangang tanong ko. "Naka inom ka ba?"

He smiled slightly as if my question doesn't even bother him. "So?"

"We have trainings tomorrow." sagot ko.

Natawa nanaman siya. Isang mababaw na tawa. "I do this all the time."

Natigilan ako sa naging sagot niya.

"I fucking do this to ease my mind."

Kumunot ang noo ko. Naalala ko ang sinabi ni Victoria kanina sa dinner. "Are you okay?"

Inalis niya ang tingin sa akin at tila ba muling natawa sa tanong ko. Lasing na nga talaga siya.

"I'm more than okay." he answered in a deep almost husky voice.

"You don't look like one." I pointed out. "Mabuti pa bumalik na tayo sa loob bago pa-"

Nagulat ako nang biglang lumapit si Gin sa pangpang ng lake. Lumusong siya hangang sa nasa binti niya na ang tubig.

"I always wanted to know how deep this water is." wala sa sarili na sabi niya.

Pinagmasdan niya ang kalmadong tubig nito. And in that exact moment nag sink in sa akin kung bakit ako nandito- he wants to test the water.

"You can't. You're drunk. Mabuti pa bumalik na tayo sa loob." halos utos ko.

"Go." he said. "I will stay here for a little while."

Halos matigilan ako. No. I'm not stupid to let you.

Lumapit ako sa kanya sa tubig. Nabasa ang hem ng night robe ko dahil dito. Pero wala na akong pakialam.

"Gin, come on." halos pakiusap ko na.

Nanatili siyang nakatingin sa gitna ng lake. "You know what my Dad told me?" tanong niya nang makalapit ako sa tabi niya.

"He told me to say sorry to my members because they have a failure for a Captain." kalmadong sagot niya.

Hindi agad ako nakapag salita. Pakiramdam ko nabingi ako sa sinabi niya. "Wait, what?" halos hindi makapaniwalang tanong ko.

"He said that if only I'm half as good as Priam maybe he would be a little proud of me." sagot niya nang hindi lumilingon sa akin.

I don't feel any emotions in his voice. Not pain, not disappointment. Para bang sanay na siya at hindi na kailangang pagtuunan ng emosyon ang mga salitang yon.

"I was always second best-" Natigilan ito. "No, I'm just a tag along. Kapag may okasyon isasama kaming dalawa ni Priam. Pero si Priam lang ang pinapa-kilala niya sa mga tao. Sabi niya wala pa akong ipagmamalaki kaya hindi ako kailangan na makilala ng mga tao. If I achieved enough, doon lang ako may karapatan na makilala bilang anak niya."

Pinagmasdan ko si Gin.

"It was never an issue for me. Mas gusto ko yon dahil ibig sabihin hindi nila alam na kabilang ako sa perpektong mag Ama na Grey. A powerful family-Hesperia's fucking pride."

Natawa siya ng mababaw.

"Pero dahil sa Linus Cup, hindi mapigilan na lagi kaming napagko-kompara ni Priam. He was great at this. He killed almost half the contenders in the Linus Cup. And I have to live with that pressure for years na matapatan ko siya o maabutan. Not just him- but also my Dad."

"You don't have to compare yourself to anyone." sagot ko. "A family is not a competition."

"Pero yon mismo ang meron sa pamilya ko. Priam and I was once close bago nangyari ang lahat ng ito. Bago siya sumali sa Cup at nanalo. Bago napunta sa amin ang pressure na higitan ang isa't isa."

Biglang humarap sa akin si Gin. Pero dahil hindi ko ito inaasahan, bigla akong napa atras at halos mawalan ng balanse.

"Fuck." bulong ko. Pinag masdan ko ang suot ko na mas lumala ang pagkabasa mula sa tubig. Kainis.

Natawa naman si Gin sa naging reaction ko. Hindi ko alam kung maiirita ako o ano sa lasing na si Gin.

"Is that the word that automatically comes out of your mouth whenever something bad happens?" tanong nito sa amused na boses. Tila ba bigla niyang nakalimutan ang pinaguusapan namin kanina lang.

"I have my second favorite." sagot ko sa walang kwentang tanong niya. Gin is quite modest to talk to kapag lasing siya.

Nag lean siya sa direction ko na para bang interesadong interesado. "And what would that be?"

"Why would I tell?" sagot ko. Tumalikod ako sa kanya at akmang babalik na sa damuhan nang hilain ni Gin ang braso ko.

"Tell me." halos utos niya.

Wow. He's persistent. Ganito ba talaga siya malasing? Nagiging interesado sa mga walang kwentang bagay?

"It's nothing." sagot ko. Hindi niya ba nararamdaman kung gaano kalamig ang tubig? Balak niya bang magbabad hangang umaga dito?

He smiled teasingly at me. Halos hindi ako nakagalaw sa pagkabigla- it was as if a warning.

Mas hinila niya ang braso ko para mapalapit sa kanya. I stood in front of him na hindi alam ang gagawin- lalo na noong hinawakan niya ang magkabilang pisngi ko. He smirked. Nang aasar ba talaga siya?

"Say it." he whispered.

Napalunok ako. Shia, he's drunk. He's fucking drunk. Calm down.

Marahan kong inalis ang mga kamay niyang nakahawak sa pisngi ko. "You're drunk." sagot ko.

"Is that it?" tila bata na tanong niya.

I smiled at his gesture. I think I like drunken Gin better. Tinitigan niya ako na para bang naghihintay ng sagot.

"Yes." sagot ko.

"You're lying." he pointed out.

"You're stubborn." I countered.

"I like you."

Hindi ako nakasagot sa huling sinabi niya. Napatingin ako sa mukha niya. He's staring down at me with a serious look. I can still smell the stench of alcohol in his breath. Huminga ako ng malalim. Good thing you're drunk Gin. Dahil hindi mo alam ang sinasabi mo.

"Right." I said. "Can we go back inside now?"

"I want you for myself."

Pinagmasdan ko siya. Naririnig niya pa ba ako?

"I don't do sharing with the things I like." he continued. "Not with Priam, not with anybody."

And in that moment, it happened- Gin slowly leaned in my direction, the smell of alcohol suffocating me. Wala akong nagawa kundi umatras, pero hinawakan niyang muli ang magkabilang pisngi ko and this time- I felt his cold lips crushed mine.

Gin was drunk. And maybe he doesn't mean any words he said. Or maybe he will never remember about this tomorrow. But in that specific moment- he almost sounds sincere.

Pinilit kong lumayo but his hands are trapping me in place. His lips, intoxicating. Nalalasahan ko ang alak sa mga labi niya.

"Gin-"

Bahagya ko siyang itinulak. Pero natigilan ako nang unti unti niyang inalis ang isang palad sa pisngi ko at marahan niyang hinawakan ang batok ko.

"Kiss me back, Shia." halos bulong niya.

I can't help but cursed. No. This is wrong. This is so damn wrong.

I tried contemplating kung pwede ko ba siyang saktan para lang matauhan siya pero bigla siyang tumigil. Our lips are still touching and I felt him smile beneath my lips. Damn.

"You are now sealed." he said in a satisfied tone.

Bahagya niyang nilayo ang mukha niya sa akin at tiningnan ako ng derecho sa mga mata.

"Sealed just for me." he slurred.

And in exact that moment nasabi ko ang ang salitang kanina niya pa ako pinipilit sabihin.

"Asshole."

Chapter 23: Confrontation

Chapter 23: Confrontation

Hindi ko alam kung paano kami nakabalik ni Gin sa loob ng kastilyo noong gabing yon. Ang alam ko lang, matapos niya akong halikan, naisandal niya ang ulo niya sa balikat ko na para bang gustong matulog nang hindi oras.

Nanatili kami sa ganoong position sa loob ng ilang minuto. Nakaharap siya sa akin habang ang noo niya ay nakapatong sa kaliwang balikat ko. Hindi ko alam kung paano siya paaalisin dahil nakapikit na siya at wala atang paki alam kung nasa labas pa kami.

Pero eventually, nagawa ko siyang itulak nang marahan. Naalimpungatan siya dahil doon. Akala ko isang masamang tingin ang matatangap ko but the weird thing is ngumiti siya sa akin.

"Stay with me, Shia." halos bulong niya. Hindi ko alam kung gising na ba siya o talagang nanaginip lang.

"Get yourself together, Asshole. May trainings pa tayo bukas."

Inalalayan ko siya hangang sa unti unti kaming nakaalis sa tabi ng lake at naka pasok sa loob ng kastilyo. Hindi ko alam kung nasaan ang kwarto niya. Ang alam ko kasi, nakahiwalay ang kwarto niya mula sa regular dormitory given that he is the Headmaster's son and all.

Wala akong nagawa kundi gisingin si Miss Aura. Siya lang ang alam kong maaasahan ko sa ganitong sitwasyon. Kumatok ako ng ilang beses sa pintuan ng kwarto niya habang hawak sa balikat ang half sleep na si Gin. Halos isang minuto ang lumipas bago bumukas ang pinto.

Bumungad sa amin ang halos hindi pa naaalimpungatan na si Miss Aura. Tiningnan niya kami habang marahang kinukusot ang kanyang mata.

"Shia, Gin, what are you doing here?" she said with a yawn.

Napatingin siya kay Gin at sa anyo nito. And that made all the explanation.

"So, he went into his routine again." kalmadong sabi niya.

Tila ba hindi na siya nagulat na makita si Gin sa ganoong sitwasyon. Samantalang ako, hindi parin makapaniwala na ang striktong Team Captain namin, na kinatatakutan ng halos lahat, na laging seryoso at halos walang pakiramdam, ay parang batang ayaw magpaiwan.

Bumuntong hininga si Miss Aura at tuluyang binuksan ang pintuan ng kwarto niya. "Ipasok mo siya."

Ginawa ko ang sinabi niya. Pumunta si Miss Aura sa isang telepono. Nag dial siya doon ng ilang beses. Walang sumasagot. Muli siyang napabuntong hininga at napatingin sa akin.

"Don't tell." sabi nito.

Hindi ko alam kung ano ang tinutukoy niya pero tumango ako.

Maya maya pa, isang malalim na hininga ang pinakawalan niya bago bahagyang pumikit at nag concentrate. Habang naka-pikit, kumunot ang noo niya na para bang may hinahanap.

"Thank God." bulong niya bago tuluyang buksan ang kanyang mga mata. "Apollo, I need you here."

Nagkaroon ng panandaliang katahimikan na para bang nakikinig siya sa kausap niya. "Yes. It's Gin."

Mind link, I thought. Kaya naman pala. Pag labag kasi sa school rule ang ginagawa niya.

Maya maya pa tumango si Miss Aura. "I'll wait for you here."

Matapos yon humarap siya sa akin. "You can go now, Shia. Parating na si Sir Apollo para dalhin si Gin sa kwarto niya."

Napatingin ako kay Gin na ini-upo ko sa pinakamalapit na sofa. "Okay." sagot ko.

Tumalikod ako at akmang lalabas na ng kwarto nang muli kong marinig ang pangalan ko.

"Shia?" Napalingon ako kay Miss Aura. "Paano mo nga pala nalaman?"

Hindi agad ako nakasagot.

Napatingin si Miss Aura kay Gin. "Hindi niya madalas gawin ito pero nitong nakaraan napansin kong napapadalas ito."

I shrugged as if wala akong pakialam. "Like water, too much pressure can lead to escape." sagot ko.

Miss Aura smiled knowingly.

"I sometimes feel the danger around the people close to me." sagot ko sa unang tanong niya. "Good night."

Lumabas ako sa kwarto at sinara ang pintuan. Nang ako nalang ang nasa hallway at tahimik na ang paligid, napabuntong hininga ako.

And it's a freaking curse. Especially when the times comes where you couldn't do anything.

Kinabukasan, halos tanghali na akong nagising. Habang nakahiga sa kama pinagmasdan ko ang orasan sa kwarto ko. Almost eleven o'clock. I rolled my eyes at nanatiling nakahiga doon.

Halos sumikat na ang araw noong makatulog ako kanina. Wala akong ginawa kundi ang tumitig sa ceiling ng kwarto ko. Paulit ulit na nagpa-play sa isip ko ang nangyari kasama si Gin. Ilang beses akong napamura. Sana lang wala siyang kahit anong maalala pag gising niya.

Tinatamad na tumayo ako mula sa kama at nag prepare para pumasok. Dumerecho agad ako sa training room pagbaba ko. Siguradong nasa gitna na sila ng training ngayon. Ano ba ang scheduled training namin ngayon? Physical? Survival? Strategy?

Pilit kong inaalala ang tungkol sa bagay na yon habang naglalakad ako sa hallway. Pakiramdam ko, ako ang nagkaroon ng hang over. Halos pababa na ako sa staircase nang marinig ko ang pangalan ko.

"Shia."

I think it was the first time na marinig ko ang pangalan ko mula sa kanya- mula sa ganoon kagandang boses. Napaka pino, kalmado, parang boses ng isang anghel. Napalingon ako dito at hindi na nagtaka nang makita ko si Corrine na nakatayo sa harap ko.

Hindi ko maiwasan na magtaka. May kailangan ba siya sa akin?

"Can I talk to you?" tanong niya.

Pinagmasdan ko siya. She was elegant looking as usual- neatly dressed with the gentlest face I've seen in this place. Pareho lang kami ng suot na uniform pero sa kanya, nagmumukhang mas maganda at elegante ito. Napatingin ako sa pababang staircase na nasa harap ko. Alam kong late na ako pero hindi ako pwedeng tumangi sa kagaya niya.

"Sure."

Napangiti ito bago tumalikod at naglakad papunta sa kung saan. Mukhang gusto niyang sumunod ako sa kanya. Medyo kumunot ang noo ko dahil dito. Hindi ba pwedeng dito nalang mismo sa hallway? Wala namang ibang tao ah.

Pumasok siya sa isang bakateng classroom malapit sa dulo ng hallway. Bumuntong hininga ako at sumunod dito. Nang pareho na kaming nasa loob, isinara niya ang pintuan at nakangiting humarap sa akin.

"Shia, do you know me?" tanong niya.

Gusto kong matawa dahil dito. Ano bang klaseng tanong yan? Instead sumagot, tiningnan ko lamang siya ng derecho sa mga mata, as if asking her 'what do you think?'

She smiled lightly. "I'm supposed to be the seer of the group, the position you are in right now."

Hindi ko alam kung bakit pero biglang nawala ang amusement ko sa nangyayari. Sumeryoso ang mukha ko habang nakatingin sa kanya. She's still smiling gently, pero mukhang iba ang gusto niyang ipahiwatig.

"So you are my substitute." she continued. "I'm glad they made a good choice for my auxiliary."

My. That word made it sound like everything is about her. Ang pagpunta ko dito, ang pagiging parte ko sa grupo, ang pag exist ko.

"Shia, can you do me a favor?" she asked sweetly.

I started to grit my teeth. This conversation is going downhill.

"Will you stay away from Gin?"

Napakurap ako sa sinabi niya. Tiningnan ko siya ng derecho sa mga mata na para bang hindi maka paniwala sa sinabi yon. And the funny thing is, hindi nagbago ang expression niya. She was still smiling as if her fucking request is as innocent as her face.

"I don't care about the other members. You can get close to them, if you want. But not Gin."

Pakiramdam ko nabingi ako sa sinabi niya. Gusto kong matawa. You don't care about the other members? Si Gin lang? At ano bang problema mo? Kung magsalita ka para silang mga produkto na i-pinamimigay mo. Are you really a former member of the group?

Sinubukan kong pakalmahin ang sarili ko bago sumagot. Baka hindi ako makapag pigil kapag hindi ko ginawa yon.

"Corrine," I started. "Are you considering me as a threat?"

Doon unti unting nawala ang ngiti niya.

"Makinig ka sa akin," pagpapatuloy ko. "Wala akong pakialam sa estado ng relasyon niyo ni Gin. Hindi ko sasabihin na sayo na siya dahil hindi naman siya gamit na pinamimigay."

"Ang sa akin lang, instead of making people stay away from him, gumawa ka ng paraan para mas mapalapit siya sayo. Hwag mong isisi sa ibang tao ang kakulangan mo. Do something. Don't make people do things for your favor."

"At pakiusap lang, hwag mo akong pagsabihan kung sino ang pwede kong lapitan at sino ang hindi. Dahil wala kang karapatan. Substitute mo ako, pero hindi ako nandito para sayo."

Corrine stared at me as if I said something offensive. Sa uri ng tingin niya sa akin para bang binastos ko siya o kung ano man. Hindi ako makapaniwala na ang taong hinangaan ko dahil sa mala anghel niyang itsura, ay may tinatago palang hindi mala-angel na ugali.

For a split second nakita ko ang hatred sa mga mata niya. Bigla akong natigilan dahil dito. Naalala ko bigla ang ilang bagay.

Member ang Dad niya ng Board of Trustees ng Titan Academy and also one of the mayor financer.

Naging malaking factor para sa side mo ang pag sang ayon ng Mama ni Corrine.

The Stanford family is a big influence in this school at sa buong Hesperia.

A hint of worry crossed my face. Because I'm having a fuck up conversation with a Stanford heiress. Pero hindi ko ito pinahalata kay Corrine. Sinalubong ko ang tingin niya.

Makakaapekto ba ito sa grupo? No. Hindi magagawa yon ni Corrine. May pakialam parin siya kay Gin at alam niya kung gaano ito kaimportante para

sa kanya.

Pero may isang bagay pa akong pinag aalala. Her Mom.

Hindi ko alam kung bakit pero ayokong masira ang reputasyon at tiwala na binigay ng Mama niya sa akin.

Naka-hinga ako ng maluwag nang mapansin na bumalik din sa dati ang expression niya.

"Noted." she said.

Hindi ko maiwasan na matigilan. Napansin ko ang pagiging kalmado niya. Para bang sincere siya sa sinasabi niya.

"Okay then." sagot ko. Akmang tatalikod na sana ako nang matigilan ako dahil sa sumunod niyang sinabi.

"Shia," she said. "Please do take this advice."

Wala akong nagawa kundi muling humarap sa kanya.

"People love playing with unusual things- things that pricked their interest. But eventually, interest fades, and everything will go back the way it is."

Lumapit siya sa akin.

"You are temporary, Shia. After the Game, if given the chance you will all survive, you will have to leave the Academy and go back to your old life, and so do we."

She smiled sweetly at me.

"And please don't consider yourself as a threat. You are just a mere disturbance."

Bumalik ako sa hallway papunta sa training room noong araw na yon na para bang walang nangyari. Na parang hindi ako sinampal ng katotohonan dahil sa sinabi ni Corrine.

Bumaba ako sa staircase at pumasok sa training room nang hindi napa-pansin kung ano ang kasalukuyang nangyayari doon. Kaya nagulat nalang ako nang pagpasok ko ay bumungad sa akin ang isang mala gubat na paligid at biglaang pagdagundong ng lupa.

Real life simulator.

Saka ko narealize kung ano ang uri ng training namin ngayon. Nakita ko ang unti unting pag shake ng lupa at paglakas ng dagundong mula dito na para bang gusto itong sumabog-

Oh shit.

Mabilis akong gumawa ng paraan para makailag pero halos nasa paanan ko na ang pagsabog. We are under a specific ability training today- Cain's ability to be exact.

Halos patalsik na ang surface ng lupa sa akin nang isang kamay ang naramdaman kong mahigpit na humawak sa braso ko. Hinila niya ako pero hindi na namin nagawang makalayo pa.

"Turn around and duck!" utos nito.

Ginawa ko ang sinabi niya. Isang malaking bagay ang narinig kong bumagsak sa lupa bago ang tuluyang pagsabog. Ilang maliliit na debris ang tumama sa akin pero karamihan ay sa ibang direction tumatama.

Lilingunin ko sana ang pagsabog nang muli siyang sumigaw. "It's inter-connected. Up! Up!"

Nakuha ko agad ang gusto niyang sabihin. Tumakbo ako papunta sa pinakamalapit na puno. Ginamit ko ang momentum ng pagtakbo ko para hawakan ang sanga nito at magswing paakyat dito. Mabilis akong nakatapak sa malaking sanga nito. Saka ako tumayo at, gamit ang isang kamay, hinawakan ang sanga sa itaas ko, at inabot ang isang kamay sa ibaba.

"Come on!" sigaw ko kay Ethan.

Patakbo niyang inabot ang kamay ko. Pilit ko siyang hinila para tulungan siya sa pag akyat. Nang magawa niya ng mai-tapak ang kanyang paa sa sanga kung nasaan ako, pareho kaming napatingin sa ibaba.

Sunod sunod ang naging pagsabog- mula sa kinatatayuan ko kanina hangang sa tapat ng puno kung nasaan kami. It was like a fireworks show. Pero instead sa madilim na langit, ay sa lupa ang pagsabog. And instead of lights, mga debris na lupa at halaman ang nagtalsikan.

"Six in total." bulong ni Ethan sa tabi ko.

Pinagmasdan ko ang nasirang lupa sa tapat namin. Sa gitna ng alikabok at kalat, napansin ko ang anim na butas na tinutukoy ni Ethan. Napansin ko din ang isang malaking puno na nahugot mula sa kung saan at nakatumba malapit sa pintuan. Para bang ginawa itong pangharang. Yon siguro ang ginamit ni Ethan kanina.

Maya maya pa, ilang boses ang narinig namin. Naglabasan isa isa mula sa gubat ang mga kasama namin.

"Oh my, God. Okay lang kayo?"

"The hell happened?"

"Shit. Shia, hindi ko sinasadya. Okay ka lang?"

Natawa ng bahagya si Ethan sa tabi ko bago tumalon pabalik sa lupa. Hindi ko alam kung anong nakakatawa since pareho kaming muntikan ng mamatay dahil sa nangyari.

Nang nasa baba na siya, nilahad niya ang kamay niya para alalayan akong bumaba. Inabot ko yon at mabilis na tumalon pababa sa tabi niya. The moment I stood firmly, pinalibutan kami ng mga kasama ko.

"Buti okay lang kayo." Luna said.

Napansin ko ang mga itsura nila. Puno sila ng galos, dumi, may nakaipit na dahon sa buhok ni Luna na tila ba hindi niya na napansin, at halos may punit ang kanilang mga damit.

Wow. I missed a heck of an awesome training.

Bigla namang lumapit si Cain sa akin. "Shia, hindi ko talaga sinasadya." sabi nito na bakas ang labis na pag aalala.

"Hindi ko alam na papasok ka ng biglaan. Akala ko nag defuse na ang mga unang ginawa ko."

Sasagot sana ako na, okay lang dahil parte naman talaga yon ng training, nang magsalita si Victoria.

"Nakaligtas naman sila, so why bother?" Napatingin ito sa paligid na para bang ina-assess ang damage. "Six out of ten."

Tumango si Ethan at napangiti. "Yeah. Six out of ten." masayang sabi nito.

Nagtataka na tiningan ko sila. "What?" tanong ko.

"Cain's post-explosion technique commonly lasts for two hours, max." paliwanag ni Ethan. "Nag de-defuse ito ng kusa kapag walang naramdaman na human movement sa loob ng nakatakdang oras. But six of it lasted for almost four hours today."

Napatingin si Ethan kay Cain. "Hindi ko alam na nag improve na ang time range ng post-explosion mo."

"Hindi ko din inaasahan." halos reklamo ni Cain. "Ibig kong sabihin- nag pa-practice ako para mapatagal yon. Pero muntik na kayo."

I scoffed. "At least nalaman mo ang bago mong time range. Isa pa hindi ko alam na kaya mo ang post-explosion." sabi ko.

Ang alam ko kasi direct explosion lang ang kaya ni Cain- the technique where he need a direct contact to the object to make it explode. Ngayon maging ang post kaya niya na pala.

Napakamot si Cain sa kanyang ulo. "Nalaman ko kasi na kaya kong i-contain ang explosive energy ng ilang oras bago ito hayaang mag inflate at

sumabog. Pero kadalasan mas mahina ito sa direct dahil may tendency na mag loosen ang contracting force sa loob."

"But it's still a good job." sabi ko.

"I have to agree." Ethan seconded.

Maya maya pa napatingin kami sa direction ng pintuan kung saan ako nangaling kanina. Kumunot agad ang noo ni Gin nang makita ang kalat na nakaharang sa daraanan niya.

Napatingin ito sa direction namin. Natigilan ako. Nagtama ang paningin namin pero walang ano mang emosyon ang mababakas sa mukha niya. Para bang ang lalake na nakausap ko kagabi sa lake at ang lalakeng nasa harap ko ngayon, ay mag kaibang tao.

"Team Captain." bati ng mga kasama ko.

So, wala siyang idea sa nangyari. Fine then. Mas mabuti na yon. After all, he was drunk. It will just complicate things kapag naalala niya ang nangyari.

Biglang pumasok sa isip ko ang sinabi ni Corrine.

People love playing with unusual things.

But eventually, interest fades.

Chapter 24: Weakness

Chapter 24: Weakness

Nagising ako noong umagang yon na masakit ang katawan. Katatapos lang ng training namin kahapon na nakafocus sa ability ni Ethan. Hindi yon naging madali. Kahit pa ilang beses ko na siyang nakasama sa training, mahirap parin na iwasan at i-counter ang lahat ng pag atake niya. Lalo na kapag naga-gamit niya ang halos lahat ng bagay sa paligid at his advantage.

Umupo ako sa edge ng kama at wala sa sarili na pinagmasdan ang orasan. Halos madaling araw pa lang. Hindi ako male-late kahit na gawin ko ang bagay na yon. Mabilis kong kinuha ang coat ko na nakasabit sa sulok at sinuot ito bago lumabas ng kwarto.

Tahimik parin sa corridor nang lumabas ako. Mukhang tulog pa ang iba. Sinadya kong magising ng maaga ngayong araw. Ayaw kong masira ang tradisyon na yon. Kahit pa wala si Lucas sa tabi ko.

Tumapak ako sa labas ng kastilyo at agad na binati ng papa-sikat palang na araw. Binabalutan ng manipis na hamog ang paligid. Basa ang mga damo sa ilalim ng sapatos ko. Pero wala akong naging pakialam.

Pumunta ako sa side ng kastilyo kung saan makikita ang pinakamataas na parte ng burol na ito. Halos nag jog ako paakyat dito. May ilang puno sa tuktok nito tulad ng nakikita ko mula sa bintana ng kwarto ko.

Nang halos nakarating na ako sa tuktok, pinagmasdan ko ang mahamog na damuhan sa ibaba- pabalik sa kastilyo. Nakahinga ako ng maluwag. Kahit paano pakiramdam ko nakalayo na ako.

Bumagal ang lakad ko nang marating ko ang tutok. Mas makapal ang hamog dito pero kitang kita ko parin ang paligid- ang kastilyo sa likod ko, ang nakapalibot na pader sa Titan Academy, ang kakahuyan na nasa gitna ng burol at bayan, at ang mismong bayan.

Pinagmasdan ko sa gitna ng makapal na hamog ang bayan sa ibaba. Dahan dahan at halos wala sa sarili na umupo ako sa isang naka-angat na ugat ng puno malapit sa akin. Isang malalim na hininga ang lumabas sa bibig ko at gumawa yon ng manipis na usok sa hangin. Niyakap ko ang mga binti ko habang pinagmamasdan ang bayan sa ibaba.

Kamusta na kaya sila? Kamusta na ang mga tao na kasama sa dati kong buhay? Kamusta ka na, Lucas?

Kada taon, tuwing sumasapit ang araw na ito, pumu-punta si Lucas sa bahay. Nakasabit ang halos sira niyang bag sa balikat, kakatok siya at hindi ako titigilan hangang hindi ako nagigising.

Pagbubuksan ko siya na pupungas pungas pa at naka amba ang isang suntok para lang tumigil siya. Pero hindi siya natatakot sa akin. Sa halos sampong taon namin na magkasama, alam na niya kung ano ang totoo, ano ang biro, at ano ang defense mechanism ko.

Hihilain niya ako palabas. Kahit halos nakapantulog pa ako at sabog ang buhok, kahit nakapikit pa ako ng bahagya. Saka niya ako dadalhin sa mataas na burol, hindi para tingnan ang pangarap niyang school- ang Titan Academy. Kundi para tingnan ang mahamog na bayan sa ibaba kasama ko.

Itututuro niya ang isang parte nito, at tatanungin ako kung may natatandaan ba akong nangyari sa lugar na yon ngayong taon. I would answer him with a scoffed na para bang sinasabi na ano bang pakialam ko sa nangyayari. But he would just smile at me; ruffle my hair, at sasagutin ang sarili niyang tanong.

Everything he would tell me would be good news. Mga magagandang bagay na nangyari noong taon na yon. Pilit siyang maghahanap ng maganda at itututuro o iku-kwento sa akin yon kahit na sa totoo lang, sa bayan na tulad ng Hesperia, napaka rare na magkaroon ng magandang balita.

Minsan nga naisip ko na buong taon niyang ini-ipon ang mga balitang yon, sinusulat para hindi niya makalimutan, at sunod sunod na iku-kukwento sa akin sa specific na araw na yon.

"See, Shia?" sabi niya kapag natapos na siyang magkwento. "Madaming nangyaring maganda ngayong taon na ito."

Haharap siya sa akin at ngingiti. "Nandito tayo para masak-sihan ang lahat ng yon. Kaya hwag mong isipin na balewala tayo, okay ba?"

He would then open his old, almost tattered, bag. At ilalabas niya ang dala niya-ang nilutong special na breakfast ng Mama niya para sa araw na ito, at isang tinapay na pinagmukha niyang cake.

"Ito lang ang nakayanan ko ngayong taon kaya pasensya na. Di bale, sa susunod, totoong cake na ang nasa harap mo."

Pagmasdan ko ang tinapay na hawak niya. Kada taon niyang sinasabi yon- na mas okay sana kung mabibigyan niya ako ng totoong cake sa halip na tinapay lang. Pero alam kong galing sa isang kilalang bakeshop sa bayan ang dala niya at alam kong pinag ipunan niya pa ito.

Gusto ko siyang pagsabihan na hwag na ulit gagawin yon. Pero kapag nakikita ko ang saya sa mukha niya habang sinisindihan ang kandila- habang naririnig ko ang malamyos niyang boses na kumakanta ng birthday song- habang hinihintay niya ako na gumawa ng birthday wish- nawawala ang lahat ng lakas ko para pagsabihan siya.

"Happy Birthday to you." he would say. "Happy Birthday to you. Happy Birthday, my dear, Shia." He would smile at me before kissing my forehead. "-Happy Birthday to you."

He would then place the bread in front of me. "Make a wish."

Noong mga oras na yon, pagmamasdan ko siya bago ako pumikit. At tatatak sa akin ang ngiti niya.

Hwag kang mawawala sa akin, Lucas.

Nanatili ako sa pwestong yon sa itaas ng burol hangang sa tuluyan ng sumikat ang araw. Nakaupo ako sa ilalim ng puno habang nakayakap sa mga binti ko at nakarest ang ulo sa tuhod ko.

I wanted to point out good things about this year tulad ng ginagawa ni Lucas tuwing birthday ko. Gusto kong iparamdam sa sarili ko na hindi ako balewala.

Pero habang naka upo sa burol na yon, habang pinagmamasdan ko ang dati kong buhay sa ibaba, habang pumapasok sa isip ko ang lahat ng masasamang bagay na narinig ko tungkol sa akin mula noong pumasok ako sa lugar na ito, habang nakikita ko ang mga mukha nilang nakatitig sa akin- Hindi ko maiwasan na sa unang pagkakataon, maramdaman ko na nag iisa ako.

I'm alone in this god forsaken place.

Kung saan isa akong laruan- isang bagay na kakaiba kaya pinagkaka interesan- pero sa totoo lang walang may paki alam.

Pumasok ako sa kastilyo at nag ayos para umabot sa oras ng breakfast sa Hall. Halos nandoon na ang buong grupo noong dumating ako. Kompleto kami sa unang pagkakataon matapos ang ilang lingo.

Umupo ako sa dati kong pwesto. Napa tingin ang ibang member sa akin. Luna mumbled a 'good morning', ganoon din si Cain. I manage to greet back a small 'morning' bago nagsimula sa pagkain.

Nasa side ko si Gin at ramdam ko ang mga titig niya. Pero tulad ng dati, wala siyang sinabi sa akin. Nitong mga nakaraang araw naramdaman ko yon- umiiwas siya sa akin. Hindi ko alam kung bakit o kung kailan ito nagsimula. Basta naramdaman ko nalang na hindi na siya tulad ng dati.

Hindi na niya ako pinagagalitan kapag nagkakamali ako, hindi niya na ako pinagsasabihan kapag late ako sa training, wala siyang pakialam kung tawagin ko siya sa pangalan niya at hindi bilang Team Captain sa harap ng iba, he would talk to me like I was just any other person in this place- no teasing, no annoyance, no sarcastic remarks, no Gin.

Pilit ko itong hindi pinansin.

Hindi na dapat ako nagtaka. Ano bang ina-asahan ko? Na magbabago ang tingin niya sa akin kapag naalala niya ang halik na yon? Na sincere siya sa lahat ng sinabi niya noong gabing yon?

Stupid, Shia. You should have known. You are temporary, kayang kaya ka nilang paglaruan sa lugar na ito kapag hinayaan mo sila. And you would end up being crap while they continue with their real prodigal lives.

Halos patapos na ang breakfast nang magsalita si Gin.

"As we all know- today is Principal Bin's 60th Birthday. Mamayang gabi ang celebration. All of us are required to attend the event."

Napansin ko ang sandaling pag shift ng tingin ni Gin sa direction ko- pero agad niya din itong binawi.

"No excessive training for today. Just go with the strategy and tactic."

Tumayo na siya matapos yon. Sumunod naman si Ethan at Cain na mukhang may sariling pag uusapan. Umalis si Victoria matapos ang ilang minuto. Naiwan kami ni Luna sa table.

"Another event." narinig kong sabi niya. "May isusuot ka na ba?"

Naisip ko bigla ang puting damit na nasa kwarto ko. "Hindi ako pupunta." sagot ko.

Bigla siyang napalingon sa akin. "Hindi pwede yon." she almost exclaimed. "This is an important event, Shia."

Important event. "Baka mapagalitan ka ni Team Captain kapag ginawa mo yan."

I shrugged. "Wala akong pakialam."

Nawala ang panic sa mukha niya at napalitan ng isang expression na hindi ko mabasa.

"Are you-" tila hindi siya sigurado sa itatanong niya. "Are you afraid na maulit ang nangyari noong meeting?"

I scoffed. Pero deep inside alam kong kahit paano inaalala ko din ang sinabi niya. Hindi ako takot. Pero ayoko lang mangyari ang bagay na yon- kahit ngayong araw lang. Spare me with their bullshitness.

"Shia, hindi na mauulit yon." Luna assured me. "Nakita mo naman, hindi ba? You made your point clearly at nirerespeto nila yon."

Gusto kong matawa sa sinabi niya.

"Isa pa- hindi na namin hahayaang maulit yon. Hindi ka na namin hahayaang tumayo mag isa sa harap nila kung sakali."

Luna smiled at me. "Please?"

At kahit anong pilit ko na mawalan ng pakialam sa mga taong nakapaligid sa akin sa lugar na ito- kahit anong pilit ko na muling ibalik ang harang na tinayo ko para protektahan ang sarili ko tulad noong unang araw ko dito- I know I can't disappoint Luna.

"Tingnan ko." maikli kong sagot.

Her face beamed. "Thank you!"

Halos late na noong magsimula ang birthday party ni Principal Bins. Alas otso ang sinabing time pero nine thirty na ito nagsimula. Hindi naman nag reklamo ang mga bisita dahil karamihan sa kanila ay matatanda na.

Ang iba sa kanila ay mga leader ng iba't ibang Academy. Nandito ang Headmasters ng Prum, ang dating Headmaster ng Salem na ngayon ay pinasara na, bumisita din ang Headmaster ng Boran at Kimmyye.

May ilan ding mga importanteng tao mula sa Hesperia. Pero hindi na ito tulad ng dati- tulad ng meeting na halos magulang ang mga bisita. Ngayon mas pili ang mga tao, mas maliit ang handaan, pero mas magara, mas mukhang exclusive at mamahalin ang lahat.

Tahimik akong nakaupo sa table malapit sa sulok kasama ang buong grupo. Nababalutan ang mga tables at upuan ng simpleng puting tela na may embroidered detail na gawa sa gold silk. Naka organize ang mga seats paikot sa gitna ng maluwang na hall.

Mas komportable ako sa suot kong damit ngayon. It was a long flowy white, almost silver, dress. Kapag tumayo ako, malayang nahahangin ang hem nito. It reminds me of those dresses na nakikita ko sa mga tindahan tuwing summer. But the shoes are a different issue. Mula sa ilalim ng mesa, pasimple kong inalis ang mamahaling sapatos na suot ko at tinabi sa sahig.

Kami lang ang estudyante na nasa okasyon. Mukhang isa ito sa mga privilege ng pagiging member ng grupo- ang maimbita sa mga exclusive

gatherings tulad nito. Dahil din doon kaya hindi maiwasan na mafocus ang attention ng mga bisita sa amin.

Alam kong wala silang pakialam sa issue ng Titan Academy na may kinalaman ako. Wala silang pakialam kung taga bayan ako o isa sa original na myembro ng grupo. Basta para sa kanila ang kalaban ay kalaban- kahit saang lupalop pa ito nang galing. At isa itong pagkakataon para pag aralan ang galaw namin.

The competition is not even starting yet at ganyan na sila umasta.

"The Headmaster of Boran keeps looking at us." komento ni Luna.

Bahagya naman na natigilan ang mga kasama ko. Napa-paused sa tahimik na usapan si Ethan at Cain. Literal naman na nilingon ni Victoria ang tinutukoy ni Luna. Si Gin, hindi parin umi-imik mula noong dumating siya. Nakaupo lang siya sa tapat ko, with his hands crossed in front of his chest at tila ba may malalim na ini-isip.

"Maybe he's wondering who's who." sagot ni Victoria nang ibalik ang tingin sa grupo. "Who's the Captain, who's the defenses- para madali niyang maituro sa mga estudyante kung sino ang pupuntiryahin."

Napatango si Ethan. "At this time of the Game, it's essential to make every moment an opportunity to get even."

Pasimple ko naman na pinagmasdan ang tinutukoy ni Luna. It's the Headmaster of Boran after all- mga nasa late forties. Mukha siyang mas bata ng ilang taon kay Headmaster Grey.

Aalisin ko na sana ang tingin mula sa taong yon nang nabigla ako. Naka tingin ito mismo sa akin. Napansin ko ang recognition sa mga mata niya. Natigilan ako. Kilala niya ba ako?

Kung hindi pa puma- ilanlang ang music mula sa stage hindi pa tuluyang mawawala ang attention nito sa akin. Marahan siyang hinila ng babaeng kasama niya- mukhang asawa niya ata.

The music was soft, classic, bagay na bagay sa taste ni Principal Bins. Pero hindi ko magawang kumalma dahil doon. Ilan sa mga bisita ang pumunta sa gitna ng hall para magsayaw. Samantalang nanatili akong nakatingin sa taong yon.

Nakita ko na ba siya dati?

Isang naka tuxedong lalake ang humarang sa paningin ko. Tahimik akong nagreklamo habang pilit pinag mamasdan ang Headmaster ng Boran- that is until I heard the guy speak.

"Daaamn, you just ignored me, you know that?"

Natigilan ako nang ma-realize kung kaninong boses yon. Automatic na isang masamang tingin ang sumilay sa mga mata ko nang tingnan ko ang matangkad at gwapong lalake sa harap ko. There's no doubt about it. Gin's brother is hot- but fucking insane.

A snide smirk is plastered on his face nang tingnan ko siya. "Better." he muttered.

I rolled my eyes at him. Ewan ko sayo.

Hindi ko siya pinansin at bumalik mula sa pagka kaupo ng maayos sa silya ko. Tila naman natawa lamang siya sa naging reaction ko. He shakes his head lightly- as if being severely amused. Pero bahagyang sumeryoso ang kanyang mukha nang ini-lahad ang palad sa harapan ko.

"May I have this dance, Miss Sheridan?"

Muli ko siyang tiningnan na para bang tuluyan na siyang nabaliw. Mula sa sulok ng mga mata ko, nahagip ng paningin ko si Gin. He became suddenly stiffed- his jaw clenched.

Priam stared at me expectantly, with that annoying smile on his face, as if he's genuinely waiting for my answer. Huminga ako ng malalim na para bang napipikon na sa eksenang gusto niyang gawin.

"N-"

Bigla akong natigilan nang maramdaman ang mga matang nakatingin sa amin. Para bang maging sila ay naging interesado sa usapan namin. Who wouldn't? It's Priam Grey, a former Captain, a victory holder, Headmaster's son. Napamura ako ng mahina nang ma-realize ang gusto niyang mangyari. Great thinking, Priam.

Wala akong nagawa kundi isuot muli ang sapatos ko na nasa ilalim ng mesa. I saw Luna's concern stare. I manage to smile at her to assure her that it's perfectly fine with me, bago tuluyang tumayo mula sa kina uupuan ko.

"You look nervous." Priam whispered nang makarating ako sa tabi niya. Fuck you.

"Oh come on, Shia. Am I that bad?" ramdam ko ang humor sa boses niya kahit wala akong makitang nakakatawa sa sinabi niya. Bahagya niya akong hinila palayo sa table at papunta sa gitna ng hall.

Napatingin ako sa kamay niyang nakahawak sa akin. Ang mga kamay niya- masyadong malambot. Halatang walang alam sa pagbabanat ng buto maliban sa mga trainings.

"May gusto lang naman akong malaman." pagpapatuloy niya habang marahang ginagaya ako sa gitna.

Kung titingnan parang normal lang ang lahat ng ito. The way he wanted to dance with me. Pero alam naming pareho na hindi lang ito basta basta pagyayaya lang sa akin para sumayaw. Ano ba talagang kailangan niya?

Huminto siya nang marating namin ang gitna ng hall. I can feel people staring- pero pilit ko itong hindi pinansin.

"Ano bang gusto mong malaman?" halos napipikon na tanong ko.

Priam smiled this slow, ironic smile. "Sshh. Not so harsh, Shia." Baliw na talaga ang isang ito.

We started dancing. It's funny how we can dance in a rhythm of a slow calm music, when our conversation is on the other way around- harsh, irritating,

both with the goal of annoying the hell out of each other.

"You know, I love your guts." he mumbled close to my bare ear.

Malinaw sa akin kung gaano siya kalapit. Nakalean siya sa direction ko kapag nagsasalita- tila ba gustong ibulong ang lahat ng sasabihin niya. Ang mga palad niyang nakahawak sa bewang ko. At wala akong magawa kundi ang humawak sa balikat niya.

"I hate you." bulong ko din.

Natawa nanaman siya. He looks genuinely amused whenever he's talking to me. Ngayon lang ba talaga siya nakakita ng isang tulad ko kaya ganyan siya umasta?

Muli siyang naglean sa direction ko- mas lumapit ang mukha niya sa akin. Naramdaman ko ang paglakas ng tibok ng puso ko dahil sa kaba. Ramdam ko parin ang mga matang nakatingin sa amin. Gusto ko siyang itulak palayo pero hindi ko ito magawa nang hindi nila napapansin. Ano ba talagang balak niya?

"Happy Birthday, Shia Sheridan."

Bigla akong natigilan sa sinabi ni Priam. Tuluyan akong napaharap sa kanya. He's still smiling- pero nag iba na ang ngiting yon. Nawala na ang amusement. Wala na ang pang aasar sa mukha niya. His smile became nasty and serious, as if he's silently planning something.

"Consider this as my birthday gift." bulong niya.

And in that moment, naramdaman ko yon. The suspension of my body. Para bang nabitin ako sa ere at hindi ko magawang gumalaw. Pakiramdam ko binalutan ako ng semento na biglang tumigas. Pinagmasdan ko si Priam sa harap ko na halos hindi makapaniwala. How dare you, you piece of shit!

"Sshh." There he goes again with that voice, as if mocking me. Walang kaalam alam ang mga taong nagsasayaw malapit sa amin sa nangyayari.

"Hindi ito magtatagal- trust me."

Sinubukan kong alisin ang mga kamay kong nakapatong sa balikat niya. Pero hindi ko ito magawa. Fuck. Kung kailan naging confident ako na walang mangyayaring masama ngayong araw na ito. Damn it.

"May gusto lang akong malaman."

Nag lean si Priam sa side ko. Sobrang lapit niya na sa naka exposed kong balikat at leeg. I can feel his warm breath on my bare skin. Bahagya siyang napa-paused na tila ba may pinagmasdan muna sa likod ko- saka ko siya naramdaman na ngumiti bago lumapat ang mainit niyang labi sa balat ko.

Gusto kong lumayo mula sa kanya. Gusto kong saktan siya para mabura ang ngiti na yon sa labi niya. Naramdaman ko ang mga tingin ng tao sa amin. Pakiramdam ko napapaso ang balat ko sa halik ni Priam.

Naramdaman ko ang pag galaw ng halik niya papunt sa leeg ko. Napalunok ako pero wala akong magawa kundi tumayo na parang estatwa sa harap niya- na tumayo sa gitna nilang lahat na parang isang laruan. Pakiramdam ko pinagtatawanan nila ako. Pakiramdam ko natutuwa sila na panoorin ako ng ganito.

Stupid, Shia. You're so stupid to assume that this day would somewhat be special-

Isang ingay ang biglang pumailanlang sa paligid. Naramdaman ko ang impact nito sa likod ko. Biglang nawala ang mainit na halik ni Priam sa balat ko. Marahas siyang napa-atras at halos mawalan ng balanse.

I heard the people around us gasped. The next thing I knew sumugod si Gin mula sa likod ko. Muli siyang lumapit kay Priam at sinuntok ito. Tumamang muli ang kamao niya sa panga ng kanyang kapatid. Halos mapaupo si Priam sa sahig. Napansin ko ang dugo sa gilid ng labi niya.

"FUCK OFF!" halos sigaw ni Gin sa harap ko. "DON'T-" Ramdam ko ang matinding pagtitimpi sa boses nito. "DON'T TOUCH HER. EVER. AGAIN."

Tumayo mula sa sahig si Priam na tila ba walang nangyari. Hawak ang kanyang panga, marahan niya itong ginalaw na tila ba sinubukang i-stretched ito, bago sumilay ang isang ngiti sa kanyang dumudugong labi.

"You're screwed, bro." sabi nito. Napansin ko ang satisfaction sa boses niya. "You are so screwed without even knowing it."

Napatingin sa akin si Priam. Naramdaman ko ang pagkawala ng tila ba harang na bumabalot sa katawan ko.

"This woman-" he started. Lumapit ito sa nagtitimpi paring si Gin at tila ba may gustong ibulong.

"This woman is going to be your weakness."

Chapter 25: Chaos

Chapter 25: Chaos

It was a chaos- ang nangyari sa birthday ni Principal Bins. Half of me feel sorry dahil sa kaguluhang nangyari. Pero maging ako hindi ko alam ang gagawin noong mga oras na yon.

Nakatayo ako sa gitna ng hall. Wala na ang ability ni Priam na bumabalot sa katawan ko pero hindi ko parin magawang gumalaw. Masyadong tahimik ang paligid na mas lalong nakapag pakaba sa akin.

Pinagmasdan ko si Priam na naglalakad paalis ng hall matapos may ibulong kay Gin. It's as if nothing happen. Nagawa pa nitong kumaway habang nakatalikod bago tuluyang nakalabas ng hall.

Samantalang si Gin, nakatayo lamang doon. Bakas parin ang matinding galit sa kanyang mukha. His fist still formed into a solid ball tulad ng pagkakatama nito sa panga ng kapatid niya. Pero alam ko na kung ano man ang ibinulong ni Priam sa kanya- naapektuhan siya dito.

Naramdaman ko ang isang kamay na humawak sa braso ko. Wala sa sarili na napatingin ako kay Victoria. "Let's go. Hindi makakatulong na nandito pa tayo sa lugar na ito." kalmadong sabi niya.

Marahan niya akong hinila paalis sa gitna ng hall. Nakita ko si Sir Apollo at sila Ethan na ganoon din ang ginawa kay Gin. Marahan din nila itong inialis sa harap ng mga taong walang ginawa kundi ang tingnan kami na tila ba hindi makapaniwala sa nasaksihan nila.

Halos nasa pintuan na kami nang sumabay sa amin si Luna. Hawak nito ang ilang gamit namin na naiwan sa table ng grupo. Her face is fear stricken pero pilit niya itong hindi pinapahalata. Wala din sa amin ang kayang tingnan ang mga taong nakaupo sa harapan ng hall.

"Oh, God. Malaking gulo ito." narinig kong bulong ni Luna.

Hindi siya mapakali habang naglalakad kami. Kabaliktaran siya ni Victoria na halos walang imik sa tabi ko. Her face is impassive. Walang pakialam. Pero sa intensity palang ng pagkakahawak niya sa akin alam ko na ang nasa isip niya.

Nag-iisip na siya ng paraan para i-counter ang epekto ng nangyari. I can almost hear her voice saying something like: This is not going to be a pretty sight but, hey, shit happens so we just have to deal with it.

Shit happens.

Gusto kong matawa sa mga nangyayari. Despite the chaos and everything that happened na hangang ngayon hindi parin nag sisink in sa utak ko- gusto kong matawa. Wala na akong pakialam sa nangyari at sa mangyayari. Dahil isang bagay lang ang malinaw sa akin.

Gusto ko umalis sa lugar na ito. Gusto ko ng umuwi.

Pumasok kami sa kwarto ko sa dormitoryo. Namalayan ko nalang ang sarili ko na nakaupo sa kama. Nanatili sa labas ng kwarto ang dalawa. Mula sa nakabukas na pintuan, nakita ko silang nag uusap.

Lumipas ang ilang minuto bago muling pumasok si Luna sa kwarto ko. Si Victoria mukhang umalis na. Sinara ni Luna ang pintuan. Marahang siyang ngumiti bago humarap sa isang mesa malapit sa kama ko.

Nagtaka ako kung ano ang gagawin niya doon. Saka ko napansin ang isang puting kahon na nakapatong doon na wala naman dati. I heard Luna sighed deeply bago maingat na binuksan ang kahon.

"Happy Birthday, Shia." halos bulong niya.

Pinagmasdan ko ang bagay na nasa tabi niya. Isang cake. Isang puting cake na binabalutan ng slices ng prutas. Isang manipis at maliit na kandila ang nakalagay sa itaas nito.

"It's-" Hindi niya masabi ng derecho ang kung ano man ang sasabihin niya. "It's supposed to be our surprise. Supposed to be matapos ang party ni Principal Bins." Bahagya siyang natawa. "Akala mo nakalimutan namin, ano? We would never."

Isang malungkot na ngiti ang pumalit sa mababaw niyang tawa. "Pero hindi namin inaasahan ang mga nangyari." Nangingilid na ang luha niya. "I'm so sorry, Shia. Sorry for messing your birthday. Sorry kasi alam kong nahihirapan ka na dito. Kung may magagawa lang sana ako."

Umupo siya sa silya sa tapat ko. Pinagmasdan ko ang cake na nasa mesa. Isang mamahaling cake. Isang napaka gandang cake. Cake na pinangarap mabili ni Lucas para sa akin. Cake na binili ng grupo para surpresahin ako. Naguguluhan ako. Gusto kong magalit sa lahat ng tao dito pero hindi ko magawa.

Isang katok mula sa pintuan ang nakapag patigil kay Luna. Mabilis niyang pinahid ang nangingilid niyang luha at tumayo para buksan ang pintuan. Sa yapak palang sa sahig alam ko na kung sino ang pumasok.

"Sir Apollo, kayo pala." bati ni Luna.

Napansin ko kung paano niya pagkiskisin ang mga kuko niya nang hindi niya namamalayan- a habit when she's nervous. Naaawa ako kay Luna.

Maging ang magandang damit na suot niya ay nagusot na. She seems tired. Ayokong nakikita siyang ganyan.

"Gusto ko sanang kausapin si Shia." Sir Apollo said. Napansin ko ang seryoso niyang boses. Minsan lang maging seryoso si Sir Apollo. Madalas lagi lang siyang mukhang lasing o may hang over.

Napayuko si Luna sa pag tango. "Sige po, Sir. Sa labas lang po ako."

Dumerecho si Luna sa pintuan. Pero bago ito tuluyang maisara, pinagmasdan niya ako. I smile at her to assure her that everything will be fine. She smiles back at sinara ang pintuan.

Nang maisara ni Luna ang pintuan, isang katahimikan ang bumalot sa kwarto. Hindi nagsalita si Sir Apollo. Ganoon din ako. Nakatitig lang siya sa kawalan at bumuntong hininga.

"Kailangan ko yata ng sigarilyo." bulong nito sa sarili. Nakatuxedo siya at lahat lahat pero yon parin ang nasa isip niya. Pero hindi ko siya masisisi. He looks strained.

"Aah," he breathed. "Ano ba itong grupong ito. Napakahilig niyong gumawa ng gulo at maging sakit sa ulo." Umupo siya sa silya kung saan umupo si Luna kanina. Humarap siya sa akin. "Shia Sheridan, alam mo ba kung ano ang nangyari kanina?"

Halos tingnan ko siya ng masama dahil sa tanong niya. Anong nangyari? Gusto niya bang isa-isahin ko ang lahat ng nangyari? Natawa siya ng bahagya nang makita ang reaction ko.

"Wala ka talagang pinagbago mula noong unang araw na tumapak ka dito. The same Shia Sheridan from Hesperia."

"Asal mahirap?" walang interest na sagot ko. Ano pa bang ibig niyang sabihin kundi yon.

"Pure. Untainted. Rare. Irreplaceable." seryosong sabi niya. Pinagmasdan niya ako ng derecho sa mga mata. I've never saw him this serious. Doon

palang alam kong hindi basta basta ang nangyari.

"You know the feeling when you find something so rare you want to keep it?" tanong niya out of nowhere. "Hindi mo ito gustong nagagasgas ko nasisira o nai-inpluwensiyahan ng iba. Gusto mong manatili ito sa original nitong anyo. Gusto mong ikaw lang ang may alam o may hawak ng bagay na ito."

Isang tao ang pumasok sa isip ko habang sinasabi niya ang mga bagay na yon. "What do you mean?" medyo iritadong tanong ko.

"Ikaw ang bagay na yon." derechong sabi nito.

Napakurap ako. He's too straight to the point. Dahilan para unti unting bumalot sa akin ang takot sa mga susunod niyang sasabihin.

"So isa akong bagay?" tanong ko na may blangkong tigtig. "Baka hindi nila nakikita na may pulso ako. Na humihinga ako. Hindi ako isang kung anong uri ng laruan na pagkaka interesan."

"Interest can turn into passion, Shia." he said. "One moment you are curious and interested. The next you can't live without it. You know the things it can fuel and the things it can destroy."

Sinalubong ko ang seryosong tingin niya. "What do you mean?"

Napansin ko ang pag crack ng boses ko. Hindi ko alam kung bakit pero ayokong marinig ang sasabihin niya. Natatakot ako. Ayokong harapin ito. Dito nalang ako sa gitna kung saan hindi alam kung ano ang totoo.

Si Gin- hindi na dapat niya ginawa yon. Gusto kong isipin na ginawa niya lang yon dahil responsibilidad niya ako bilang member. Pero iba ang sinasabi ng mga mata niya nang tingnan niya ako matapos umalis si Priam.

"Gin likes you."

Pakiramdam ko bigla akong nanghina dahil sa sinabi ni Sir Apollo. Hindi ito agad nagregister sa utak ko. Pakiramdam ko may gumuho. May nasira. Namuo ang luha sa mga mata ko sa hindi malaman na dahilan.

"No." sagot ko. "You're wrong." mariin kong sabi.

Please say you're wrong. I don't fucking need this.

"Shia, alam ko ang ini-isip mo. It's never wrong to like someone. Ang tanging mali lang ay oras at pagkakataon. Oo magiging malaking problema ito. Oo maapektuhan ang buong grupo dahil dito-"

"Then what am I supposed to do?!" halos singhal ko. I don't need this. Ayoko ng madagdagan pa ang mga bagay na magpapa hirap sa akin sa lugar na ito. Ayoko siyang mahirapan dahil sa akin.

"You need to avoid Gin." sagot ni Sir Apollo.

"Sa ngayon kasama siya ni Ethan at Cain. Pinapakalma parin nila. Gin never loses control. Never. Madami na ang nangyari na maaaring mas malala pa dito pero wala siyang pakialam. Hangang sa dumating ka."

So I'm ruining everything, huh? Fuck this!

"Less than two weeks. Ganoon nalang kaikli ang araw na natitira bago ang Linus Cup. Hangat maaari kailangan niyong panatilihin ang focus niyo sa laro. Ang bagay na tulad ng meron kayo ni Gin- kailangan nating isantabi."

Sa unang pagkakataon nakita ko ang emosyon sa mga mata ni Sir Apollo. Emosyon na tila ba matagal niyang tinago. Pain and resentment.

"You know what's more deadly than physical pain? It's emotional torture."

Umalis si Sir Apollo matapos ng pag uusap namin. Patuloy ang party sa Hall at kailangan niyang bumalik doon. Pinagtakpan nila ang nangyari. Sinabi na isa lamang yon ordinaryong away ng magkapatid na nagkataon na nadamay ang isang member ng grupo- ako.

Maghahating gabi noong bumalik si Priam sa Hall at sinabi na kasalanan niya ang nangyari. Inako niya sa pride niya ang gulo at humingi ng tawad sa mga matatandang bisita. Madali niyang nagawa yon since ang alam ng lahat ay napaka endearing at charming ng hayop na yon.

Natapos ang party ng maayos. Halos nakalimutan na ang nangyari. Pero alam kong may ilan parin ang hindi kumagat sa palusot na ginawa nila. Pero kung ganoon man hindi sila umimik. Isa lang ang nasa isip nila- yon ay magamit ng tahimik ang impormasyon na yon sa Cup.

Nagising ako kinabukasan na tila ba walang pakiramdam. Nakahiga lamang ako sa malambot na kama at nakatingin sa kisame nang walang ano mang makikitang expression sa aking mukha.

Para bang lahat ng pake ko ay lumipad kung saan at hindi na bumalik pa. Ang natira nalang ay isang Shia na walang paki-alam. Naghanda ako para pumasok. Nakita ko ang cake na nasa mesa. Tinapon ko ito sa basurahan.

Bumaba ako sa Breakfast Hall. Tulad parin ng dati ang lahat. Walang kaalam alam ang ibang mga estudyante sa nangyari sa party kagabi. Umupo ako kasama si Luna sa table ng grupo. Wala pa ang ibang kasama namin.

"Umalis na si Priam." Yon ang naging pangbati niya. "Bumalik na siya sa trabaho niya sa normal na mundo."

Hwag na siyang babalik. "Ganoon." Pinagmasdan namin ang Hall na nagsisimula ng mapuno ng mga estudyante.

"He took the blame for last night." sabi ni Luna. Lumingon ito sa akin. "May pinapasabi nga pala siya-" Natigilan si Luna nang mapansin ang expression ko. She cleared her throat gently. "He said he's not sorry. He did every one of us a favor."

Halos matawa ako sa narinig. Gusto kong hampasin ang mesa sa pinag halong inis at amusement sa hayop na yon. Naintindihan ko kung hindi ito magso-sorry. Wala sa bukabolaryo nila ang salitang sorry. But a favor? That's bullshit! Hindi isang favor ang ginawa niya kundi isang malaking problema.

"He said he gave both of you, his brother and you, a warning." Luna continued. Napansin ko ang pagtataka sa mukha niya na para bang maging siya ay hindi nage-gets ang gustong iparating ni Priam.

"Ang sabi niya mas makakapag adjust tayo kung dito palang ay malalaman na ang totoo. We don't have much time to strategize in the game let alone fight an internal battle. Mas mabuti ng dito malaman kesa sa Cup. Because-" Napalunok si Luna. "Because it would be a dangerous realization in the midst of the Game."

Pinagmasdan akong mabuti ni Luna. Tila ba may gusto siyang sabihin pero nagdadalawang isip siya.

"Shia, may hindi ba kami alam sa nangyayari?" tanong niya sa boses na pinahalong pag aalala at confusion.

"I know Gin. Gin is very protective when it comes to his members. Pero Shia yong nangyari kasi-"

"It's nothing." sagot ko.

Hindi nila kailangan na malaman ang lahat. Hindi kailangan na maging sila ay problemahin ang tungkol sa bagay na ito. Tama na na akala nila ay masamang pagkakataon ang nagtulak sa akin para madamay sa away ng magkapatid na Gin at Priam.

Hindi naalis sa akin ang tingin ni Luna. Kung may alam man siya ay hindi niya na binangit. Hinayaan niya lamang ako. Inabot niya ang kamay kong nasa mesa at marahan pinisil.

Maya maya pa nakita ko ang pagpasok ni Cain sa Breakfast Hall. Halos kasunod niya lamang si Victoria, Ethan, at Gin. Mukhang nagkataon na nagkasabay sabay sila sa pagpunta dito.

Nagtama ang paningin namin ni Gin.

Hindi niya inaasahan na darating ako ng ganito kaaga matapos ng mga nangyari kagabi. Balak ko sanang umiwas ng tingin. Pero nanghina ako nang makitang umaliwalas ang mukha niya at tila ba nakahinga ng maluwag nang makitang maayos lang ako.

I need to avoid you, Gin.

Stop making it unbearable.

Author's Note:

Tweet me your thoughts @avery_WP I'm following the hashtag #TitanAcademy for this story.

Thank you for everyone who got this far. Feel free to share your comments about the story. I'm reading all of it from top to bottom (really) so sana hwag maging silent readers.

@april_avery

Chapter 26: Internal Battle

Chapter 26: Internal Battle

Ginawa ko ang sinabi ni Sir Apollo. Iniwasan ko si Gin. Binigyan niya ako ng bagong training partner para sa paghasa ng aiming skills ko- si Ethan. Nagtataka man sa bagong scheme ng training namin, pumayag naman ito.

Iniwasan ko siyang makasabay sa pagkain o makasalubong sa hallways. Kapag nagkakataon na wala akong magawa kundi harapin siya, isang formal na bati lang ang nakukuha niya mula sa akin.

Nag uusap parin kami. Pero yon ay kung tungkol ito sa trainings o kapag kasama ang buong grupo. Pero maliban doon halos hindi na kami magkakilala. Nagpatuloy ang ganoong set up sa loob ng ilang araw.

Kung napapansin man ito ni Gin ay wala siyang sinasabi. Patuloy siya sa pagiging Team Captain at patuloy ako sa pagiging member ng grupo niya. Pero madalas ko siyang nakikitang nakatitig sa akin. Nakakunot ang noo habang pinagmamasdan ako. Para bang nagtataka o gustong mabasa ang ini-isip ko.

Bumalik ako sa kasalukuyan nang maramdaman ang isang manipis na bagay ang bumalot sa mga binti ko. Napatingin ako sa ibaba at napamura

nang makita na gumalaw ang ugat ng punong sinasandalan ko. Unti unting gina-gapos ng ugat ang mga binti ko. Oh right. Nasa training nga pala ako kasama si Ethan. Damn it.

"FOCUS, SHIA!"

Narinig ko ang sigaw niya mula sa kung saan. Pero nasa gitna kami ng isang gubat at maliban sa mga puno at halaman sa paligid- wala na akong ibang makitang may buhay.

"DAMN IT, ETHAN!" sigaw ko pabalik.

Kinalas ko mula sa ugat ang mga binti ko pero hindi ito bumitaw. I'm trapped. Agad kong kinuha ang natitirang patalim na nakasabit sa binti ko. Yumuko ako para putulin ang pesteng ugat. Pero natigilan ako nang isa pang bagay ang nahagip ng mga mata ko.

Shit!

Isang trunk ng puno ang mabilis na bumubulusok papunta sa direction ko. Nagpa-panic na pinutol ko ang pagkaka-kapit ng ugat sa mga binti ko. Asar naman. Wala talagang patawad ang Ethan na yon.

Halos nasa huling ugat na ako nang maramdaman ko ang hangin mula sa trunk ng puno na ilang pulgada nalang ang layo sa akin. Wala akong nagawa kundi ang mag dive sa lupa sa harapan ko para iwasan ang pagtama ng puno sa katawan ko. Nag fetus position ako para maabot ang pinuputol kong ugat at nang makalaya ako, mabilis akong nagrole paalis sa lupang babagsakan ng puno.

Isang dagundong ang naramdaman ko. Napapikit ako. Tumama ang trunk sa punong sinandalan ko bago bumagsak sa lupa. Halos mayanig ang buong katawan ko na nakasobsob sa lupa. Nang buksan ko ang mga mata ko, nakita ko ang bumagsak na trunk ng puno na ilang pulgada lang ang layo mula sa akin.

Isang hindi makapaniwalang hininga ang lumabas sa bibig ko. Halos balutan ako ng lupa at alikabok pero nagawa ko pang matawa. Gamit ang

mga palad ko na nakalapat sa lupa, pinilit kong tumayo ng maayos. Pinagmasdan ko ang gulo na nasa harapan ko.

"Holy shit." bulong ko.

Isang kaloskos ang naramdaman ko mula sa itaas ng mga puno. Maya maya pa, tumalon si Ethan sa tabi ko. Napakurap siya at tila ba maging siya ay hindi makapaniwala sa nangyari. Isang segundo na pagkakamali at siguradong durog ang buong katawan ko.

"Awesome, right?" nakangising tanong ko. I can feel the adrenaline rush pumping through my system. Pakiramdam ko nag iinit ang mukha ko at gustong sumabog. "Muntik na ako doon."

Kumunot ang noo niya. Napailing siya sa nakikita. "I almost got you crushed." seryosong sabi niya.

Bahagya ko siyang tinampal sa braso. Balak ko sanang sabihin na masyado siyang seryoso pero biglang bumigay ang mga binti ko. Napahawak ako sa balikat niya at halos mawalan ng balanse.

"Ngayon nararamdaman mo na ang intensity ng ginawa mo."

Ngumiti lang ako nang inalalayan niya ako. Unti unting nag fade ang real life simulator sa paligid namin. Muli kong nakita ang original na anyo ng training room. Dimly lit. Pader na gawa sa bato. Mga weapons na maingat na nakadisplay sa paligid nito. Ramdam ko parin ang rush dahil sa training namin. Kahit pa unti unti nang nangingibabaw ang sakit ng katawan ko.

Nitong mga nakaraang araw lang, iniwasan ko munang gamitin ang ability ko- my ability to tone down the pain. Lalong lalo na tuwing physical training. Kaya siguro ngayon ko lang naramdaman ang ganitong thrill.

Nagsimula kaming maglakad palabas ng training room. Mabagal ang naging mga paghakbang ko dahil sa pagod kaya inalalayan na ako ni Ethan. I always feel comfortable when it comes to Ethan. Siguro dahil halos magkatulad sila ng ugali ni Lucas.

Napatingin sa akin si Ethan. Ngumiti ito. Napansin ko na medyo singkit ang mga mata niya kapag ngumingiti. "What?" tanong ko. Tumigil siya sa paglalakad at may kung anong inabot sa ulo ko. Pinakita niya ito. Oh. Manipis na sanga.

Natawa si Ethan nang makita ang expression ko. Napahawak ako sa magulo kong buhok. Mukha na siguro itong pugad ng ibon. Seryoso kong inalis ang mga dumi sa buhok ko. Pero natigilan ako nang makita ang lalakeng pumasok sa training room. Tumigil sa pagtawa si Ethan at unti unti ko namang naibaba ang kamay ko.

"Hey, Captain." bati ni Ethan kay Gin.

Pero hindi niya ito pinansin. Derecho lang ang tingin ni Gin sa akin. Buong araw ko din siyang hindi nakita. Pinagmasdan niya ako with the same intensity na para bang pinagaaralan ako. Nag iwas agad ako ng tingin. Pakiramdam ko mas lalo akong nanghihina dahil sa titig niya.

"Katatapos lang ng training namin." sabi ni Ethan.

Alam kong pansin na ni Ethan kung anong meron. Bumaba ang tingin ko sa mga kamay ni Gin. Binabalutan ito ng benda. Narinig ko kay Luna kaninang umaga na nasobrahan siya ng training kahapon.

"Pumunta na kayo sa Medic Room." utos ni Gin.

Tumango si Ethan. Muli niya akong inalalayan para maglakad. Gusto ko sanang maglakad nalang ng mag isa pero alam kong magtatagal lang kami doon kapag ginawa ko yon. Nang nasa labas na kami, hindi ko maiwasan na lumingon sa kinatatayuan ni Gin.

Kusa ng sumasara ang pintuan ng training room. Mula sa siwang nito, nakita kong nakatalikod sa amin si Gin. Nakakuyom ang mga kamao nito. Bago tuluyang sumara ang pinto, nakita kong galit na hinagis niya ang ilang mga weapons na maayos na nakasalansan sa isang mesa.

Pakiramdam ko sumikip ang dibdib ko sa nakita. Gin.

Wala sa sarili na nakatitig ako sa kisame ng kwarto ko noong gabing yon. Wala ng dalawang lingo. Kaya ko pa ba? Hindi ko gustong nakikita si Gin ng ganoon. Nasasaktan ako.

Pero kailangan ko itong gawin. Para na din sa kanya at sa buong grupo. Ayokong kinakikitaan siya ng kahinaan. Lalo na ng ibang tao. Ayokong ako ang dahilan ng pagbagsak niya.

Halos wala akong naging tulog noong gabing yon. Pero kinailangan ko parin na magising ng maaga kinabukasan. Sunod sunod na halos ang naging training namin at tanging tulog at kain nalang ang nagiging pahinga namin.

Wala si Gin buong umaga. Hindi ko siya nakita. Sa Breakfast Hall wala siya. Wala din siya noong nagsama sama ang buong grupo para sa simultaneous crossed ability training. Halos buong hapon siyang wala.

Nagsimula na akong magtaka. Iniwasan ko nga siya. Pero hindi pa siya lumiban na magpakita sa grupo ng isang buong araw. Lalo na ngayon na malapit na ang Cup. Noong hapon na yon, matapos ang training namin, hinabol ko si Luna na palabas ng training room para magtanong.

"Wala si Captain?" pasimple kong tanong.

Lumingon siya sa akin habang naglalakad. "Oo." nagtatakang sagot niya. "May aksidenteng nangyari sa training room kahapon. Hindi mo ba alam?"

Gulat at pag aalala ang bumakas sa mukha ko. "Walang sinasabi sa akin." Hindi makapaniwalang sagot ko. Maging ito ba kinailangan na kasama sa pag iwas ko sa kanya?

Kumunot ang noo niya. "Akala ko alam mo na since halos kaaalis niyo lang ni Ethan noong nangyari yon."

"What?" Hindi ko mapigilan na mag taas ng boses.

Pinagmasdan ako ni Luna. Tila ba nagulat siya sa naging reaction ko. "Don't worry, Shia. Okay lang naman si Captain. Nagka-taon lang na may

injury siya the same time na nag overheat ang simulator kaya nahirapan siya na ibalik sa control ang buong training room."

"Is he okay?" tanong ko.

Napapaused siya sa paglalakad. "He's fine. Dahil sa nangyari medyo bumagal ang epekto ng gamot na binigay ko para gumaling ang mga injuries niya. So he needs to rest para gumaling yon ngayong araw din."

Nagpatuloy siya sa paglalakad papunta sa Medic Room. Nanatili naman akong nakatayo sa hallway. May masama akong pakiramdam sa sinabi niya. Hindi aksidente ang pag overheat ng simulator. Gin must have done something to trigger it. Nagwala ba siya sa loob?

Dumating ang oras ng dinner. Pero instead sa Dining Hall pumunta, lumabas ako sa kwarto ko at dumerecho sa kabilang side ng kastilyo. Halos walang makikitang estudyate sa hallway. Nasa gitna silang lahat ng pagkain sa Hall. Tahimik akong naglakad. Ilang minuto din ang lumipas bago ko narating ang chamber na hinahanap ko. Pumasok ako doon at bumungad sa akin ang common room ng men's dormitory para sa mga senior students.

Tulad din ito ng common room sa girl's dormitory. Mas simple nga lang ang mga gamit dito at walang masyadong palamuti tulad ng paintings at vases na puno ng mga bulaklak. Paikot ang common room at sa bandang likod nito ay may dalawang hagdan. Ilang steps lamang ito. Sapat lang para maging elevated ang mga kwarto. Dalawa ang hallway na sa itaas. Isa sa kanan at sa kaliwa. Parehong dimly lit at tahimik. Ang alam ko nandito siya at wala sa Headmaster's manor kung saan tumu-tuloy ang Ama niya.

Nagsimula akong maglakad papunta sa kaliwang hagdan. Alam kong bawal ang ginagawa ko. Ngayon lang ako nakatapak dito. Pero kailangan ko lang malaman kung okay lang siya at kung tama ang hinala ko.

Nadaanan ko ang mga pinto na nasa hallway. Lahat nakasara at nakapatay ang mga ilaw. Walang ano mang ingay na maririnig mula dito. Alam kong kailangan kong magmadali pero hindi ko alam ang saktong pupuntahan. Nakarating ako sa dulo ng hallway. Halos sampong pintuan na ang nadaanan ko.

Mukhang hindi dito.

Paalis na sana ako para bumalik sa common room nang may pag galaw akong naramdaman. Napahinto ako at pinakiramdaman ito. Mula sa maninipis na siwang ng pintuan sa pinakadulo ng hallway, biglang may nagbukas ng ilaw na nagdulot ng konting liwanag sa hallway.

Hindi ako agad nakagalaw. Kwarto ni Gin? Pero maaari ding hindi.

Pinagmasdan ko paligid. Tahimik parin. Naglakad ako papunta sa dulo ng hallway. Nang marating ko ito, marahan akong kumatok. Walang sumagot. Nagpatuloy ako sa pagkatok. Nanatiling tahimik ang paligid.

Bumuntong hininga ako at pinihit ang doorknob ng pinto. Bahagya akong nagulat nang marinig ko ang pag-clicked nito. Bumukas. Marahan kong itinulak ang pinto para makapasok. Bumungad sa akin ang liwanag mula sa loob ng kwarto.

Simple lang ang kwarto. Kung matatawag na simple ang malaking bed sa gitna. Furniture na gawa sa mamahaling mga kahoy. Mga bookshelves na puno ng makakapal na libro at ilang mamahaling mga gamit. Pero simple na ito kung tutuusin kesa sa inaasahan ko.

Walang tao sa loob. Biglang kumunot ang noo ko. Pinagmasdan ko ang paligid, may nakita akong tray na may gamot at fresh bandages na nakalagay sa table malapit sa kama. Kwarto niya nga ito. Pero nasaan siya?

"What are you doing here?"

Halos mapasigaw ako dahil sa boses niya. Muntik kong masagi ang mamahaling jar na nakapatong sa isang mesa sa tabi ko. Shit.

Napalingon ako kay Gin. Galing siya sa pintuan sa sulok ng kwarto. Nahawak siya sa kamay niya at tila ba binabalutan ito ng bagong bandages. Napa-paused ito sa ginagawa nang makita ako.

Halos hindi ako nakagalaw sa kinatatayuan ko. Pinagmasdan ko si Gin. Mukhang sa bathroom siya nangaling. Basa ang buhok niya. May bandages

sa kamay. At natatakpan ng twalya ang kalahati ng katawan niya. Oh shit.

Tila hindi niya alintana kung gaano ka-awkward ito para sa akin. Nakita ko ang pagkunot ng noo niya. Hindi ito ang unang beses na nakita ko ang katawan niya ng ganyan. I've seen it before in the training room. At malinaw parin sa akin ang itsura ng seal na nasa likod niya.

"Mukhang okay ka na kaya hindi ko na kailangang mag alala."

Agad akong tumalikod. Ramdam ko ang hindi magandang intensity ng hangin sa paligid. Nagmadali akong bumalik sa pintuan na bahagyang nakabukas. Ang sama ng timing. Shit. Halos aabutin ko nalang ang knob nang maramdaman ko ang mahigpit na paghawak niya sa braso ko. Mahigpit at magaspang dahil sa bandages na nakabalot dito. Marahan niya akong hinila.

"Nag aalala ka?"

Hinarap niya ako sa kanya nang tanungin yon. Nakita ko ang intensity sa mga mata niya. It almost seems like he's angry. Hindi naniniwala. Para bang nagpipigil at napipikon at the same time.

"Gin, ano ba, yong braso ko." reklamo ko sa mahigpit na kapit niya.

Hindi na dapat ako pumunta dito. Damn it. Mukha namang okay na siya. Mukha namang- Natigilan ako nang mapansin na maging siya ay napangiwi na tila ba nasasaktan dahil sa pagkakahawak niya sa akin.

"Nag aalala ka ba talaga o nakokonsensya ka lang?"

Napansin ko ang bahid ng lungkot sa mga mata niya nang sabihin ang huling mga salitang yon. Napaatras ako nang mas lumapit siya sa akin. I watch how the water slowly dripped from his hair down to his jawline and to the curve of his neck and shoulder blade.

"Shia, why are doing this?" he asked in a deep whisper.

Marahan niya akong tinulak gamit ang kamay kong hawak niya at naramdaman ko ang pagbanga ng likod ko sa pader.

"Why are you avoiding me?" nagtitimping singhal niya. "Why are you making me so damn crazy?!"

Halos mapanganga ako sa sinabi niya. "Gin-"

Humakbang siyang muli papalapit sa akin. "I've never wanted anything- fucking nothing- before you. Ikaw lang."

Hinampas niya ang magkabilang palad sa pader na nasa likod ko. Napapikit ako. Ako ang nasaktan dahil sa ginawa niya. Tama na, Gin. Can't you see? This is all for your fucking sake!

Huminga ako ng malalim para magawa kong salubungin ang mga titig niya. "Gin, stop proving your Dad he's right. Stop disappointing him and everyone. Stop being a failure because of me."

Natigilan siya sa sinabi ko. Alam kong masakit ang mga salitang binitawan ko pero wala na akong alam na paraan para tigilan niya ito. Pero instead magalit, nanghina ako nang makita ang pag aalala sa mukha niya.

"Are you scared?" tanong niya. Mas mahinahon. "Are you scared I would fail because of you?"

Naiinis na ako sa nangyayari. Hindi dapat ako ang sumuko sa sitwasyon na ito. Siya ang dapat tigilan ako. Pero wala akong nagawa kundi ang umamin. "Yes!" sigaw ko. "Because I will only drag you down. Can't you see? Mas maaayos ka bago ako dumating. Ako ang dahilan ng pagkasira mo, Gin!"

Umiling siya. Hindi parin makapaniwala sa naririnig.

"Ayokong nakikita kang nasisira dahil sa akin. The moment na malaman nila ang tungkol sa atin sa Linus Cup, they will use me against you. Don't make me your weakness, Gin. Hwag mo akong ingatan! Dahil hindi mo pwedeng dalhin ang mga bagay na ini-ingatan mo sa isang lugar kung saan lahat tayo ay maaaring mamatay!"

Isang hindi inaasahang luha ang dumaosdos pababa ng pisngi ko. Napakurap ako at mabilis na pinahid ito. Pero naging sunod sunod ang mga

luha ko. Hindi ko na maintindihan ang nararamdaman ko.

Nag lean siya at pinagdikit ang mga noo namin. "Shia-"

Wala dapat akong pakialam. Wala dapat akong pakialam kung maging mahina man siya sa harap ng iba. Sarili ko lang dapat ang ini-isip ko. Pero bakit kailangan kong masaktan? Am I falling for him? Am I falling the same way? Hindi pwede. Hindi maaaring mangyari yon.

"Just tell me, tell me you're feeling the same way."

"No." asik ko. Bahagya ko siyang tinulak pero hindi siya gumalaw. Nanatili parin ang akong nakakulong sa mga braso niya.

"Just tell me and I promised-" Bahagya itong pumikit. "Mananalo tayo sa Cup. Gagawin ko ang lahat para manalo sa Cup. Lalampasan ko ang ginawa ni Priam kung yon ang dapat. I will never let you or any one of you die. Just please tell me."

Napalunok ako. "Gin..."

"You're crying. It means you also care for me. Ibig sabihin nahihirapan ka din sa sitwasyon tulad ko. Hindi ka mahihirapan kung wala kang pakialam sa akin. Please, Shia-"

Wala akong nagawa kundi ang pumikit. Dahil ayoko na. Gusto ko nalang maglaho at hindi na bumalik sa lugar na ito. Kung saan naging komplikado na ang lahat. Gin doesn't deserve me. He deserved someone better. At kapag nanalo nga kami sa Cup tulad ng sinasabi niya. Who knows what will happen after that. Hindi siya pwedeng magkagusto sa akin. Hihilain ko lang siya pababa.

Ngayon lang ako umiyak ng ganito. Pinangako ko sa sarili ko na kung iiyak man ako sa lugar na ito- walang sino man ang makakakita sa akin. Pero hindi ko mapigilan ang nangyayari at ang nararamdaman ko. Nandito ako para kay Lucas. Hindi ba dapat si Lucas lang? Pero bakit ganito?

Naramdaman kong huminga ng malalim si Gin. Isang katahimikan ang namayani sa amin. Hangang sa naramdaman ko ang mainit niyang labi sa mga labi ko. Hindi ako nakagalaw.

His kiss was slow, his lips moving in a gentle rhythm, parang pinapatahan ako. Hindi ko magawang dumilat. Wala na din akong pakialam kung ano mang oras ay magdatingan na ang mga tao galing sa Dining Hall at makita kami. Tumingala ako para salubungin ang mga halik niya.

And this time I kissed him back.

Chapter 27: Jane Elizabeth

Chapter 27: Jane Elizabeth

Nakatunganga ako habang nakaupo sa kama. Nakatingin ako sa kawalan na para bang hangang ngayon ay hindi parin makapaniwala. Hinawakan ko ang labi ko at napakurap. Hinalikan ko si Gin. Hindi ko alam kung anong pumasok sa isip ko noong mga oras na yon at ginawa ko yon. It was a selfish decision. Ngayon sigurado na ako na mas lalala pa ang sitwasyon dahil sa ginawa ko.

Napamura ako at pabagsak na nahiga sa kama. Wala sa sarili na pinagmasdan ko ang kisame ng kwarto ko. Ni hindi ko namalayan kung paano ako nakabalik dito. Ang natatandaan ko lang ay nakarinig ako ng ingay. Mga estudyanteng galing sa Dining Hall at pabalik na sa dormitory. Malayo pa ang mga ito pero sigurado ako sa hindi magandang mangyayari kapag nakita nila kami. Kaya hinila ako ni Gin at tahimik kaming lumabas bago pa sila tuluyang makapasok sa common room.

Noong mga oras na yon, pakiramdam ko napaka selfish naming dalawa. Habang tahimik kaming naglalakad sa hallway na malayo sa mga tao, hindi ko maiwasan na maramdaman ang guilt. Pakiramdam ko kinalimutan namin ang kapakanan ng grupo. Binalewala namin ang bilin ni Sir Apollo at ang babala ni Priam.

Napansin ni Gin na wala akong naging imik mula noong lumabas kami sa kwarto niya. Basa parin ang buhok niya pero nagawa niyang magbihis ng maayos bago kami makaalis. Nang makarating kami sa hallway na malapit sa dormitory ko, humarap siya sa akin.

"Shia,"

Nawala ang malalim na iniisip ko at bahagyang nabigla bago ko siya matingnan ng derecho sa mga mata. I wanted to act impassive. Walang pakialam. Pero alam ko na ang ginawa kong paghalik kay Gin ay nasabi ko na ang sagot na gusto niyang malaman.

"Hindi dapat nangyari yon." wala sa sarili na sabi ko. Pinagmasdan ko siya habang nag aalala. "Gin, it was a mistake."

Pain flashed through his eyes for a second. Subalit nabigla ako nang hawakan ni Gin ang pisngi ko. "Magpahinga ka na. I'll see you tomorrow."

Pinagmasdan ko siya. Malinaw sa akin na higit pa sa physical attraction ang nararamdaman ko pagdating kay Gin. At ito ang dapat kong iniwasan noong una palang.

Hinila ko ang braso niya bago pa siya tumalikod sa akin. "Gin." Hindi ko alam ang sasabihin. "You'll lose everything."

Humarap sa akin si Gin at bahagyang ngumti. "I don't have anything to lose, Shia." aniya. "If what I fucking want is not supposed to happen, then I'm willing to risk everything."

Nagsimula siyang maglakad pabalik sa hallway dinaanan namin kanina. Tinitigan ko siya. I know I made a huge mistake here. I can feel it in my guts. I had let Gin break through my wall- isang pader na matagal ng nakapaligid sa akin mula noong napagtanto ko na nabibilang lang ang mga taong maaaring mapagkatiwalaan sa mundong ito.

But he got through with ease, even destroy it inside out. At hindi ko namalayan yon dahil masyado akong nag focus kung paano makakasurvive sa lugar na ito. Kung paano ako makakabalik sa dati kong mundo. Kung

paano ko ulit makita si Lucas. I didn't realize sooner that he started to break in, with his penetrating stare and commanding voice, with his drunk and honest state, with his self-doubt and overprotective side. I started to care for that version of Gin. And that is my biggest mistake. I never cared for anyone this deep beside Lucas.

Halos ten o'clock na nang magising ako kinabukasan. Sigurado akong nasa training room na ang mga kasama ko. Wala ako sa mood magtraining. Wala ako sa mood na gumawa ng kahit ano. Lumabas ako ng dormitory pero hindi ko alam kung saan pupunta. Hanggang sa naalala ko na kahapon pa pala ako hindi kumakain. Naisipan kong dumerecho sa Breakfast Hall.

Habang naglalakad, hindi ko agad napansin ang mga boses na nag uusap sa loob. Saka lang ako napahinto nang halos nasa pintuan na ako. Natigilan ako at agad na umatras palayo nang marinig ang boses nila. Hindi ba dapat wala ng estudyante dito sa ganitong oras?

"Hinihintay mo ba siya dito?"

It was the angelic voice of Corrine. Pino at mahina. Pero mababakas na dito ang pagkapikon.

"Sinabi ni Luna na dederecho siya dito kapag bumaba na siya."

Natigilan ako nang marinig ang boses niya. It was monotonic. Halos walang interest. Pero nagawa parin ako nitong pakabahin. Shit. Ano bang nangyayari sa akin?

"You're waiting for almost two hours." Corrine pointed out. "Ano bang nangyayari sayo, Gin?"

Nagkaroon ng pandaliang katahimikan bago nakasagot si Gin. "None of your business, Corrine." mariing nitong sabi.

Sandali. Hindi ganito ang usapan na inaasahan ko.

"It's also my business, Gin. Because I care for you. Alam ko ang nangyari sa inyo kahapon."

Natigilan ako sa sinabi ni Corrine. Nangingibabaw ang boses nila kahit pa halos bulungan sila mag usap. It was the Breakfast Hall after all. Maluwang at nakukulong ang ingay, at walang katao tao maliban sa aming tatlo.

"What do you want me to do, Corrine? Sasabihin mo nanaman ba ito tulad ng ginawa mo sa personal information ni Shia?" Nanlaki ang mga mata ko sa sinabi ni Gin. Wait what?

Hindi agad nakasagot si Corrine. "I- I didn't-" Hindi niya masabi ng maayos ang gusto niyang iparating.

"I'm not stupid, Corrine." His patience was slipping. Hindi niya mapagsasalitaan ng ganito si Corrine kung hindi talaga siya galit. "Walang makakagawa ng bagay na yon maliban sayo. What the fuck for?"

I don't want to hear this. Kahit paano umaasa ako na hindi magagawa ni Corrine ang bagay na yon. Kahit pa hindi ko gusto ang ugali niya, hindi ko akalain na kaya niyang gawin yon.

"Alam mo ba ang nangyari sa kanya? Halos mamatay siya, Corrine. We almost lost another member. Thanks to you!"

"I didn't mean to, okay!" she shrieked. Naramdaman ko ang pag crack ng boses niya. "Hindi ko alam na ganoon ang gagawin nila. I thought they would just threaten her. Hindi ko alam na sasaktan siya ng ganoon. Do you think I'm that evil enough, Gin?!"

Pinagmamasdan lang siya ni Gin. Alam kong hindi niya sinadya ang mga lumabas sa bibig niya. "Pero hindi mo parin dapat ginawa yon. If you really care for me and the group you once part of, hindi mo gagawin ang bagay na yon." Naging mas kalmadong sagot nito.

"Nagseselos ako. Nagseselos ako sa attention na nakukuha niya mula sayo!" Tuluyan ng nawala ang calm na aura ni Corrine. "Akala ko noong una hindi siya magiging problema. There's no chance na magiging malapit ang grupo o ikaw sa katulad niya. Hindi siya kagaya natin. She's just a mere ignorant town's girl na-"

"Naririnig mo ba ang mga sinasabi mo, Corrine?" Tila bumalik ang pagkapikon sa boses ni Gin. "Kailan ka pa naging ganyan? You have everything and you complain for a stranger's presence in a place you don't even own. What do you want me to feel? Appreciative?"

"Gin, you know I don't have everything. These- These are not even mine-" Halos sigaw ni Corrine. This is worse than my previous conversation with her. "Kaya ko nagawa yon dahil gusto kong lumayo siya sa inyo. Hindi ko gusto na mapahamak ka dahil sa kanya."

Ramdam ko ang lalim ng paghinga ko habang nakasandal sa pader sa labas ng Breakfast Hall. Hindi ko na alam ang isipin ko. Naintindihan ko ang point ni Corrine. Dahil yon ang gusto ko mismong iparating kay Gin.

"No. This is all for your benefit, Corrine." said Gin. "Don't make it an excuse to make someone's life miserable because you care for someone else's. That's not how it works. I care for you, pero hindi ko gagawing miserable ang buhay ng iba dahil lang doon."

Gin took a sharp breath. "Kaya nakiki usap ako, hwag mo na siyang ipahamak. Ayokong nadudumihan siya dahil sa mga tulad natin. I still care for you, Corrine. But I don't care for you enough like I do with Shia."

Naramdaman ko ang pag alis ni Gin kaya mabilis akong lumayo mula sa pintuan. Nagtago ako sa likod ng makapal na kurtina sa isa sa mga bintanang nasa hallway. Tahimik akong nakatalikod mula sa kanila habang naririnig ang kanilang mga yapak paalis.

"Gin," muli kong narinig ang boses ni Corrine. "Kahit manahimik pa ako, hindi magtatagal malalaman din ito ng mga nasa itaas at alam mo yon. Titan Academy still clutches her life."

Hindi sumagot si Gin. Nagtuloy lamang siya sa paglalakad hangang sa nakalayo na siya sa Breakfast Hall. Tahimik na sumunod si Corrine matapos ang ilang minuto. Naiwan ako doon na hindi makapaniwala sa lahat ng narinig ko.

--

Wala sa sarili na pinagmasdan ko ang patalim na hawak ko habang nakatayo sa gitna ng training room. Nakalabas na ang lahat ng member ng grupo maliban sa akin. Natapos na sila sa kanya kanya nilang training subalit hindi ako dumating. Wala pa ako sa mood na makita ang kahit sino sa kanila.

Sinet ko ang real life simulator para sa isang precision training. Pero maging yon ay hindi ko mapagtuunan ng pansin. Hindi parin nawawala sa isip ko ang nalaman ko kanina sa Breakfast Hall. Lalo na ang huling sinabi ni Corrine. This school still holds my goddamn life. At kahit ano pang gawin nila dito ay wala akong magagawa kundi ang tangapin ito.

Muli kong binalik ang attention sa patalim na nasa kamay ko. Kailan nga ba ako natutong humawak ng ganito? Ilang taon ako noon? Wala akong masyadong matandaan. Sa totoo lang, maliban sa mukha ng dalawang matandang kumupkop sa akin, sa mukha ni Lucas at ng pamilya niya, wala na akong masyadong matandaan. Umiling ako at pilit na kinalimutan ang nasa isip ko. Mahalaga pa ba yon ngayon? Ngayon na halos hindi na akin itong buhay ko.

Tumayo ako ng mas maayos at huminga ng malalim. Pumikit ako para pakiramdaman ang mga bagay na kailangan kong patamaan. Moving target. Gumagalaw sa buong training room na para bang anino ng mga totoong tao. Para bang pinaliligiran at pinagtatawanan ako. Hinagis ko agad ang patalim na hawak ko sa pinakamalapit sa akin. Narinig kong tumusok ito. Mula sa kung saan, nalaglag sa sahig ang isang mukhang dummy na may patalim na nakatusok sa gitna nito.

Kumuha ako ng mas madaming patalim sa mesa. Balak ko na sanang tuluyang mag-concentrate sa ginagawa nang makaramdam ako ng kakaiba. Bahagya akong natigilan. A swinging chandelier. Kumunot ang noo ko sa imaheng biglang pumasok sa isip ko. Anong kinalaman ng isang swinging- Napakurap ako nang maramdaman ang unti unting pagkalas ng pagkakakapit nito sa ceiling. Tuluyan ko ng naibaba ang mga hawak kong patalim. Someone is going to be underneath it nang walang kamalay malay. Mababagsakan siya ng bagay na yon.

Binitawan ko ang lahat ng hawak ko at napatakbo palabas ng training room. Sino? Sino sa kanila? Pilit kong inaninag ang mukha niya pero walang pumapasok sa isip ko. Basta kilala ko siya. Basta mahalaga siya. Sinundan ko kung saan ako dinadala ng imaheng yon. Tila ba nag zo-zoom out at pinapakita sa akin kung saan ito matatagpuan.

Namalayan ko nalang na nasa loob na ako ng isang chamber sa kastilyo. Hinihingal ako. Isa itong chamber na hindi ko pa napupuntahan. Walang classroom dito. Mukha lamang itong isang lobby. Linibot ko ang tingin sa loob, walang tao. Napakatahimik ng paligid.

Muli kong naramdaman ang pag kalas ng chandelier mula sa ceiling, napatakbo ako sa hallway sa bandang likod ng lobby. Naaninag ko ang liwanag mula sa dulo nito. Pinapakita nito mula sa nakabukas na double door ang berdeng mga halaman at kakahuyan sa likod ng kastilyo.

Hangang sa isang matandang babae ang bigla nalang pumasok mula sa nakabukas na pinto. Naglakad ito sa hallway nang walang kamalay malay. Dumako ang tingin ko sa chandelier na nasa ceiling at pumapagitna sa aming dalawa. Hindi ko kilala ang babae. Ngayon ko lamang ito nakita. Pero bakit nararamdaman ko ang panganib na mangyayari sa kanya?

Bago pa man siya makatapak sa tapat ng chandelier, tumakbo ako at inunahan siya. Marahas ko siyang hinila para tumabi. Kasabay nito ang tuluyang pagkalas ng chandelier mula sa ceiling at pagbagsak nito ilang pulgada mula sa likod ko. Malakas ang naging impact ng pagbagsak nito. Nabasag ang mga crystal na nakasabit dito. Hindi kalakihan ang chandelier tulad ng nasa Breakfast Hall, pero kung sakaling naabutan kami ay pareho kaming madadamay.

Napakurap ako at pinagmasdan ang kalat na nasa likod ko. Hangang sa nakaramdam ako ng hapdi. I stretched my neck at tiningnan ang likod na parte ng balikat ko. Naabutan ito ng mala sanga na parte ng chandelier. Isang hindi kalakihang scratch ang pumunit sa dami ko at namuo ang dugo dito. Napamura ako ng mahina. Saka ko lamang inalis ang tingin ko dito nang maramdaman ang mata ng matandang nasa harap ko na nakatingin sa akin.

"Jane."

Pinagmasdan ko ang matanda. Ano bang sinasabi niya? Tuluyan akong tumayo mula sa sahig. Inabot ko ang kamay ko para tulungan siya. Pinagmasdan niya lamang ako habang hawak ang kamay ko at tumayo ng maayos. Ngayon ko lang siya nakita. Mukhang hindi naman siya nagtatrabaho dito. Mas maayos ang pananamit niya kesa sa mga tagapag silbi dito. Sa totoo lang maliban sa mala apron na suot niya, hindi siya mukhang tagapag silbi.

"Jane." ulit niya na halos hindi kumukurap at pinagmamasdan ako. "N-Nandito ka? Nandito ka Jane?"

Mas lalo akong nawirduhan dahil sa sinabi niya. Pilit akong ngumiti habang ini-inda ang sugat sa likod ko. "Shia po ang pangalan ko." sagot ko. Nakarinig kami ng mga yapak. Tumatakbo papunta sa amin.

"Anong nangyari dito?!" Humahangos na nagsidatingan ang ilang tagapag silbi at isang mukhang guard. Nandoon din si Miss Aura na tila ba hindi makapaniwala na nandito ako sa lugar na ito.

"Shia?" nagtatakang tanong niya.

Inalalayan ng mukhang guard ang matanda. Samantalang inasikaso ng mga tagapag silbi ang kalat na dulot ng nabasag na chandelier.

"Anong ginagawa mo dito?" tanong ni Miss Aura. Wala akong nai-sagot. Hindi ko din alam. Pinagmasdan ko ang matanda na ngayon ay kasama na ang guard.

"Nasa labas na sina Madam, Senior Camilla. Hindi na dapat kayo sumunod dito sa loob." sabi ng guard. Hindi sumagot ang matanda. Pinagmamasdan niya lang ako. Nawi-wirduhan na ako sa kanya.

"Elizabeth- Jane Elizabeth." muling sambit niya.

Pinagmasdan ako ng guard at pilit na ngumiti na parang humihingi ng paumanhin. "Halos lahat ng makasalubong niya pinagkakamalan niyang si

Jane." Bumaling ito sa matanda. "Mabuti pa, bumalik na kayo sa sasakyan. Siguradong hinahanap na kayo nina Madam."

Nagpaalam ang mukhang guard at inalalayan niya sa paglalakad ang matanda. Lumabas sila sa pintuan kung saan nangaling ang matanda kanina. Halos ayaw sumama ng matanda at patuloy ang tingin sa akin.

"Hector, hindi mo ba siya nakikilala? Siya si Jane." narinig kong sabi niya bago sila tuluyang makalabas.

Bumuntong hininga lang ang lalakeng may pangalan na Hector. "Senior Camilla, matagal ng wala ang alaga niyo."

Pinagmasdan ko lamang sila. Pakiramdam ko lumulutang parin ang isip ko dahil sa sakit ng sugat ko at bilis ng mga pangyayari. Bahagyang kumunot ang noo ko sa inaasal ng matanda. Hindi ko alam kong maaawa ako o mawi-wirduhan sa kanya. Jane Elizabeth.

Author's Note:

Hello guys! May bago nga pala akong story. It's a vampire story so sana mabasa niyo din. The Devil's Trap. I really really hope you can check it.

You can also tweet me your thoughts about Titan Academy: @avery_WP or use the hashtag #TitanAcademy. Thank you! And oh, please, don't be silent readers.

@april_avery

Chapter 28: Evoke

Chapter 28: Evoke

Dalawang araw na mula noong nangyari ang eksena sa hallway kung saan muntik ng matamaan ng chandelier ang matanda. Hanggang ngayon hindi ko parin kilala kung sino ba siya. She's not even familiar with me.

Pinapunta ako ni Miss Aura sa office niya matapos ang insidente. Tinanong niya ako kung kilala ko ba ang matanda na niligtas ko. I can't help but role my eyes. Mukha ba akong may idea sa nangyari? Ni hindi ko nga maintindihan kung bakit ganoon nalang ang tingin ng matanda sa akin.

Sinabi niya din na hindi ako maaaring pumunta sa parteng yon ng kastilyo dahil mga importanteng tao lamang ang dumadaan o pumupunta doon. At hindi maganda na nakikita ang estudyanteng tulad ko doon. Kung alam ko lang eh di sana hindi na ako pumunta. Sa tingin niya ba gusto kong nakakasalubong ang mga taong tulad nila?

May iba pa siyang sinabi. Kung may gumugulo ba sa akin para ma-trigger ng ganoon kadali ang senses ko. She even mentioned Gin. Pero hindi ko hinayaan na makita niya na naapektuhan ako sa pangalan na binangit niya. I know what I have to do. At hindi na dapat ako magkamali sa pangalawang pagkakataon.

Palabas na ako sa office niya noong hapong yon nang muli niya akong tawagin. I grunted at lumingon sa kanya.

"What?"

"I have to remind you about Saturday's event. Hwag kayong malalate. It's lunch in the Stanford's mansion."

Kumunot bigla ang noo ko sa narinig. Stanford? "What event?" tanong ko. Mukhang may hindi nanaman ako nalalaman.

Natigilan siya. "It's for Corrine's birthday."

--

Kaya ito ako ngayon nasa training room, nagngingitngit at pinagbubuntungan ng inis ang dummy na nasa harapan ko dahil kailangan kong pumunta sa event na may kinalaman sa babaeng yon.

I mean, come on. Halos isang lingo nalang ang meron kami. Kailangan namin ang lahat ng oras para magtraining. Tapos kailangan pa naming

pumunta sa isang birthday party?

Naalala ko ang sinabi ni Miss Aura. "Corrine is a former member. It's a form of respect." I wanted to role my eyes with that. Respect is earned. And as far as I'm concern, wala akong nakitang nag effort siya para makuha yon.

Pero wala naman akong magagawa kundi sumunod. The event is the last event the group has to go to bago ang Linus Cup. It was a special request according to Miss Aura. Hindi ito tulad ng isang party na maasahan mo mula sa isang Stanford. Isa lamang itong maliit na salo salo kasama ang grupo.

Yet, ayoko paring pumunta. Lalo pa sa pamamahay ng isang Corrine Stanford. Ayokong tumapak sa isang lugar na dominado niya.

Yes, I feel bad for her. I get her point. Ini-isip niya lang ang kabutihan ng grupo at ni Gin. May time pa nga na pareho kami ng inisip. Pero hindi ibig sabihin nito ay nakalimutan ko na ang mga ginawa niya sa akin.

Isang pagkakamali sa pinagkalat niyang information tungkol sa nakaraan ko at maaaring madamay si Lucas. Kapag nangyari yon hindi ko na talaga siya mapapatawad.

Nilaro ko ang dagger sa kamay ko at muling binato sa gumagalaw na dummy. Agad itong tumusok sa dibdib nito. Halos sirang sira na ang dummy sa ginagawa ko. Kasi naman.

Walang training ngayon ang grupo dahil sa event mamaya. Malamang nagre-ready na ang mga yon ngayon. Bumuntong hininga ako at muling umupo sa sahig habang nakasandal sa pader.

Si Gin, buong umaga ko siyang hindi nakikita. Sa totoo lang kahapon pa noong breakfast ko siya huling nakita. Ang sabi ni Luna may special training siya na ina-assigned ng Dad niya. Baka nga nasa Academy ulit si Priam para tulungan siya.

Tulungan? Tss. Yong dalawang magkapatid na yon? Impossible.

Pero hindi ko na kasi nakausap ng maayos si Gin kaya hindi ko din alam kung anong nangyayari. Ang huling narinig ko sa kanya ay noong nag usap sila ni Corrine sa Breakfast Hall. And that was two days ago. Matapos yon, inassign na siya sa special training.

Muli akong kumuha ng dagger mula sa mesang katabi ko.

He's the Captain after all. Kung kailan namin na magready, mas kailangan niya. Pero may pakiramdam kasi ako na may nangyayaring iba eh. I don't know. Dahil ba hindi nanaman niya ako pinapansin? Damn it.

Bumaling ang tingin ko sa pinto ng training room nang bumukas ito. Pumasok si Luna at hinanap ako sa madilim na training room. Bumuntong hininga ako at tumayo mula sa sahig. Pinagpag ko ang likod ng pants na suot ko.

"I'm here." I muttered.

Sumindi ang ilaw sa training room at nakita niya ako. Ngumiti siya. "Ang dilim naman dito. Akala ko ba nagte-training ka?"

"Para namang may pagkakaiba para sa akin kung may ilaw o wala." sagot ko.

Natawa lang siya. "It's eleven o'clock, Shia." she said. "Corrine's party starts at one."

Napairap ako sa hangin. "Right."

Lumapit sa akin si Luna. "Nasa kwarto mo na daw ang dress sabi ni Miss Aura." she said.

"Shia, it was the last event before the Cup. We only have several days. We need you at that party."

"I know. Sinabi ko ba na hindi ako pupunta?" I asked with arched eyebrows. Ngumiti siya. Believe me, if only I can, I would rather.

--

Nagprepare na ako para sa party ni Corrine. Ang dress na nadatnan ko sa kwarto ay isang cream color dress na flowy at may embroidered lace flowers na design. Sinuot ko ito at tiningnan ang sarili ko sa salamin.

Ito nanaman ako sa pag peke ko sa kung sino talaga ako. These dresses and silver shoes are not me. Pero konting konti nalang, makakabalik na ako sa dati. Ilang araw nalang. Sisiguraduhin kong makakabalik ako.

Pumunta ang isang tagapagsilbi sa kwarto ko para ayusin ang buhok ko. She put it in a messy bun with losed strands framing my face. Sinabi niya din na nasa labas na ng kastilyo ang iba at hinihintay ang sasakyan na magdadala sa amin kina Corrine.

Lumabas ako sa kwarto ko matapos ang ilang minuto. Mabuti nalang at wala akong masyadong taong nadaanan. Kulang nalang kasi tingnan nila ako mula ulo hangang paa. Tingin ba nila ginusto kong isuot ang mga ito?

Naghihintay ang mga kasama ko sa side ng kastilyo. Si Victoria, Luna, at Cain. Pinagtitinginan sila ng mga estudyanteng dumadaan dahil sa mga suot nila. Nakasuot ng fitted black dress si Victoria at pale pink naman si Luna. Si Cain nakasuot ng dark blue polo at gwapong gwapo. Sanay na sanay na talaga 'tong mga ito.

"Buti naman bumaba ka pa." komento ni Victoria na tiningnan ako ng masama. Or is it just her resting bitch face? I don't know the difference.

"Ganda natin, ah." puna ni Cain to lighten the mood. Napatingin siya sa itim na sasakyan mula sa likod ng kastilyo na papunta sa amin. "Nandyan na pala ang sundo natin."

Huminto ang mahabang sasakyan sa harapan namin. Gaano ba kalayo ang bahay nila Corrine mula dito? Pinauna kaming pumasok ni Cain being the gentlemen that he is.

"Nasaan yong dalawa?" tanong ko nang mapansin na kami lang ang nasa loob ng sasakyan kasama ang driver.

"Nauna na sila." answered Luna beside me. Oh okay. "Ganoon din si Miss Aura at Sir Apollo."

Pumasok si Cain sa loob ng sasakyan at sinara ang pinto. Nagsimula itong umandar. Hindi na ako muling nagsalita pa. Hindi ko alam kung gaano kalayo ang bahay nila Corrine o kung saan itong parte ng bayan. Wala din akong pakialam. Sana lang matapos na agad ang araw na ito.

Tumingin ako sa labas ng bintana habang nag uusap naman si Luna at Cain. Magkakaharap kami sa loob ng sasakyan. Pinag uusapan nila ang nakaraang birthday ni Corrine.

Dumaan kami sa kabilang side ng bayan. Opposite ito ng madalas naming dinadaanan kapag pumupunta kami sa downtown kaya hindi ako familiar sa daan. Nag simula akong maboring sa byahe. Puro kasi puno ang nadadaanan namin.

Lumipas ang halos kalahating oras at hindi ko namalayan na halos nakaidlip na ako. Saka lamang ako tuluyang bumalik sa kasalukuyan nang bahagyang huminto ang sasakyan.

"Bahay nila Victoria." narinig kong sabi ni Luna.

Nagpatuloy din ang sasakyan nang may sinabi si Victoria. Hindi ko masyadong narinig. Pinagmasdan ko ang mansion na dinaanan namin. Napakalaki nito. Pinalilibutan ng matataas na pader at manipis at eleganteng gate. Napakaganda din ng loob nito. May mga sasakyan, fountain, at maaayos na garden.

Doon ko narealize na napalitan na ang mga punong nadadanan namin ng mga malalaking bahay. Hindi lang malalaki, kundi nagtataasan. Halos pinaliligiran ang kalyeng yon ng mga bahay na mukhang mas malawak pa plaza sa downtown. Kung ganoon, magkabitbahay itong si Victoria at Corrine?

"Malapit na ba tayo?" inaantok na tanong ko.

"Medyo." sagot ni Cain.

Nagpatuloy sa pag andar ang sasakyan. Napakaayos ng kalye nila dito. Trimmed ang mga halaman. May street light sa bawat sulok. Nalampasan namin ang kalye at muli kaming binalot ng dilim dahil sa mga puno sa paligid. Medyo paakyat na ang dinadaanan namin.

Lumipas ang ilang minuto ay bumungad sa amin ang isang maluwang na daan. Isang mataas na gate ang makikita dito. Stanford. Yon ang simpleng cursive sign na nakalagay sa archway ng gate. Naalala ko tuloy ang unang araw na pumasok ako sa Titan Academy.

Bumukas ang gate pagtapat ng sasakyan dito. Dalawang mukhang guard ang bumati sa driver nang dumaan ito. Nagpatuloy sa pagpasok sa loob ng gate ang sasakyan hangang sa dumaan nanaman kami sa kalye na pinaliligiran ng mga puno. Kailan ba matatapos ito?

Maya maya pa, unti unting lumuwang ang dinadanan naming kalye hangang sa bumungad sa amin ang isang nakapalaking bahay. Halos kasing laki na ito ng isang parte ng kastilyo sa Titan Academy.

Hindi talaga biro ang yaman ng pamilyang ito.

Dumaan ang sasakyan sa paikot na driveway kung saan isang buong garden ang nasa bilog na gitna nito. Huminto ito sa tapat ng heganteng double door ng mansion kung saan isang mukhang butler at tatlong katulong ang naghihintay sa amin.

"Very fancy." muttered Victoria.

Bumaba kami mula sa sasakyan at agad na nagbow ang mga katulong para batiin kami. Dinala kami sa loob ng mansion. It's like entering Titan Academy all over again. The golden lights, the carpet, the chandelier, the gigantic staircase looming in front of us. Sigurado ba silang bahay pa ito?

Pumasok kami sa isang mukhang hall. Maluwang sa loob at may isang mahabang mesa na halos puunin ang buong kwarto. Mga labing limang upuan siguro ang nandoon. Nandoon si Corrine at ang mga magulang niya, si Miss Aura at Sir Apollo, at si Ethan at Gin.

Oh, so kami lang talaga.

Napalingon ang mga nasa table nang dumating kami. Agad bumaling ang paningin ko kay Gin na pinagmasdan ako. Naka upo siya katabi ni Corrine sa kabilang dulo ng table.

Napansin ko din na kahit si Sir Apollo ay nakabihis ng matino ngayon. Though isang bote ng wine ang nasa side niya at hawak niya ang isang baso nito na kalahati ang laman.

"Good afternoon, Victoria, Luna, Cain, and Shia." nakangiting bati ng Mama ni Corrine. "Mabuti at nakapunta kayo."

Napalunok ako nang bangitin niya ang pangalan namin. It's like hearing something smooth and velvety. Nakita ko nanaman sila. Ang pamilya Stanford. Umupo kami sa bakanteng mga upuan. Katabi ko si Ethan sa kanan, kasunod ko si Luna, Victoria, at si Cain ang nasa dulo.

Napaka formal ng paligid na pakiramdam ko masasakal ako. Pinagmasdan ko ang mga kasama ko. Napansin ko na kausap na ngayon ni Corrine si Gin.

Maya maya pa naramdaman ko ang paghawak ni Luna sa kamay ko na para bang kinukuha ang attention ko. Bumaling akong muli sa harapan. Magkakatabi sa harap namin ang mga magulang ni Corrine. Sa magkabilang dulo naman ay si Miss Aura at Sir Apollo.

"Y-Yes?" nagtatakang tanong ko nang mapansin na nakatingin sa akin ang Mama ni Corrine.

"Ito ang unang beses na pumunta ka dito, hindi ba?" tanong niya.

Wala sa sarili na napatango ako at pilit na ngumiti. Napatingin ako sa asawa niya na katabi niya. Masyado itong tahimik. Parang may laging pino-problema. Ni hindi nito nagawang ngumiti nang dumating kami kanina.

"Sana hwag kang mahihiya o maiilang." sabi ng Mama ni Corrine.

"Salamat." maikling sagot ko.

Masyado silang mabait. Ganyan ba talaga siya kabait sa lahat? May mga tao pa ba talaga na ganito kayaman pero napakabait?

Nagsimulang dumating ang mga pagkain. Ayon sa Mama ni Corrine, sa Lunes pa ang original birthday nito. Pero minabuti nila na maghanda ng pagsasalo para sa grupo ngayong weekend dahil alam nila na baka hindi na kami makapunta sa susunod na lingo.

Ngumiti si Corrine at nagpasalamat sa pagpunta namin sa kabila ng pagiging busy namin sa para sa Linus Cup.

Kung tutuusin, para talaga siyang mabait. A perfect daughter. Mukhang angel, maganda, matalino, mayaman. Halos nasa kanya na ang lahat. I wonder kung ano ang birthday wish ng isang tulad niya.

Nagsimulang kumain ang mga kasama ko. Pinagmasdan ko ang pagkain na nasa harap ko. Magsisimula na din sana ako nang mapansin ko ang isang bagay sa plato ko. Olives. I hate olives.

Kinuha ko isa isa ang mga olives sa dish ko at nilagay sa gilid para hindi ko makain. Nakafocus ako sa ginagawa ko nang mapansin ko na may nakatingin sa akin. Nag angat ako ng tingin at nakita ang Papa ni Corrine na nakatitig sa akin.

M-May mali ba akong ginawa? Hindi ko ba dapat ginagawa yon sa isang formal na kainan?

"Hindi mo din pala gusto ng olives?"

Napalingon ako sa Mama ni Corrine. "Uh, hindi ko gusto ang lasa." simpleng sagot ko.

Pero sa totoo lang, allergic ako dito. Ito ang pagkain na kahit gutom na gutom na ako, hinding hindi ko kakainin dahil hindi ako makaka hinga ng maayos kapag ginawa ko yon. But they don't have to know.

Nagpatuloy ako sa pagkain. Habang kumakain, nagsimulang magusap ang mga kasama ko. Tinanong kami ng mga magulang ni Corrine kung

kinakabahan ba kami sa darating na Cup, kung ano ang mga plano naming gawin, kung ano ang reaction ng mga magulang namin ngayon na nalalapit na ito.

Halos kilala ng mga magulang ni Corrine ang mga magulang ng mga kasamahan ko. Maliban sa akin. Kaya naman noong dumako ang tingin sa akin ng Mama niya mas nagfocus nalang ako sa pagkain ko.

"How about you, Shia? Wala bang nakaka alam sa kanila na sasali ka sa Cup?" she asked.

Pilit akong ngumiti. "Wala akong mga magulang." sagot ko bago nagpatuloy sa pagkain na parang walang nangyari.

Nagpatuloy sila sa kwentuhan. Nang matapos na kaming kumain pinapunta kami sa isang kwarto sa mansion kung saan maaari nilang ipagpatuloy ang usapan. Nasa hulihan kami ni Luna na naglalakad nang huminto siya.

"Shia, pwede bang samahan mo muna ako sa CR?"

"Sure." sagot ko.

Mas gusto ko naman talaga na malayo muna sa kanila. Kanina pa ako nagtitiis na maging formal sa harap nila. Humiwalay kami sa grupo at pumunta sa kabilang dulo ng corridor.

Sigurado ako na kapag nakatira ako sa ganito kalaking bahay, may tendency na maligaw ako. Ilang minuto din kaming naglakad bago makarating sa isang hallway kung saan makikita ang CR.

"I'll wait for you here." sabi ko.

Tumango siya at pumasok sa loob ng kwarto. Naghintay naman ako sa hallway. Habang naghihintay, napatingin ako sa mga gamit sa paligid ko. Napakalinis at tahimik. May ilang mamahaling frames at gamit sa bawat sulok, at palaging may fresh na bulaklak.

Bahagya akong naglakad lakad. Isang staircase ang nadaanan ko. Maaliwalas ito at bahagyang maluwang at carpeted. Isang hallway ang

nakikita ko sa itaas. Na may malaking picture frame na nakaharap sa akin.

Wala sa sarili na umakyat ako dito. Nang makalapit ako, narealize ko na isa yong picture ng batang babae. Mga five years old. Napakurap ako. Naka suot ito ng mamahaling bestida, nakatayo ito sa isang mukhang garden, at sa likod niya makikita ang dalawang katulong at isang matandang babae.

Bigla akong napaatras. Sandali, familiar sa akin ang matandang babaeng yon. Pinagmasdan kong mabuti ang picture. Hindi ako pwedeng magkamali. Siya yong matanda sa hallway. Yong tinawag ako na Jane Elizabeth.

Sandali, ano bang nangyayari?

Muli kong pinagmasdan ang mukha ng bata sa picture. She was smiling brightly. A smile very familiar to me. Sino ba siya? Isang ingay ang biglang pumuno sa tenga ko. Tila isang matinis at derechong linya.

Napahawak ako sa mesa sa harap ng picture frame kung saan nakalagay ang isang vase na puno ng bulaklak. Pakiramdam ko umiikot ang paligid ko. Bumaling ako sa hallway na nasa harapan ko at nakita ang ilan pang pictures ng parehong bata.

Pumikit ako para pakalmahin ang sarili ko. Hindi ako makahinga. May nakain ba akong masama kanina? Nagpatuloy ang pagpintig sa tenga ko. Nang buksan ko ang mga mata ko, isang imahe ng bata ang pumapasok sa isip ko. Tumatakbo ito sa hallway papunta sa akin.

"Jane, dahan dahan baka madapa ka." sinundan ito ng isang tila echo na boses ng babae. "Jane? Jane Elizabeth?"

Isang malakas na ingay ang narinig ko. Namalayan ko nalang ang sarili ko na tinatakpan na ang tenga ko. Nasagi ng mga kamay ko ang vase at nahulog ito at nagkanda pira-piraso ito sa sahig.

Narinig ko ang boses ni Luna at ang pagtakbo nito papunta sa akin. Dumating siya sa harapan ko at may sinasabi. Pero wala na akong maintindihan.

"Shia?!"

Sinusubukan niyang kunin ang attention ko. Pero naka upo lamang ako sa sahig habang tinatakpan ang tenga ko. Pilit akong pinaharap ni Luna para matitigan siya. Pero isang blurred na imahe lamang ang nakita ko.

"Shia, look at me!"

Umiling ako. Ayaw mawala ng ingay at ng mga imahe. Ayoko ang ingay at ng mga imaheng yon.

"Shia, what's happening?!"

Umiling lang ako. Wala akong nagawa kundi ang umiling nang umiling. Naririnig ko parin ang mga boses sa tenga ko. Pakiramdam ko umiikot ang paligid ko. Ang sahig na tinatakapan ko, ang pader, ang mga imahe, ang blurry na mukha ni Luna sa harapan ko.

Jane Elizabeth, nandyan ka lang pala.

Halika na. Kanina pa kita hinahanap.

Chapter 29: Downfall

Chapter 29: Downfall

Namalayan ko ang sarili ko na nakahiga sa malambot na kama. Familiar ang amoy nito at bahagyang gumaan ang pakiramdam ko. Maliwanag na sa labas at pumapasok ang liwanag mula sa nakabukas na bintana.

Binuksan ko ang mga mata ko. I groan painfully nang maramdaman ang sandaling pagkahilo. Nakita ko si Luna na nakatayo at nakaharap sa isang mesa na may lamang first aid na gamot.

"Mabuti naman gising ka na."

Humarap siya sa akin at umupo sa isang silya. Doon ko napagtanto na nasa Titan Academy na ako. Sa loob ng sarili kong kwarto. Tiningnan ko ang

orasan sa pader. Alas otso ng umaga.

Umupo ako sa kama at nagtataka na napatingin kay Luna. "What happened?" napapaos na tanong ko.

Her eyebrows perk up in interest. "Ikaw dapat ang tinatanong namin niyan. Bigla ka nalang nag breakdown sa loob ng mansion ng mga Stanford kahapon. Halos ayaw mo kaming kausapin."

Unti unting nag sink in sa akin ang mga sinabi niya.

"What happened, Shia? Naging masama ba ang pakiramdam mo? May nakain ka bang hindi maganda?"

Hindi ko magawang sagutin ang tanong niya.

"Nag alala kami sa nangyari, alam mo ba yon?"

Kinuwento niya ang nangyari. Ayon sa kanya nakarinig siya ng nabasag na kung ano kaya mabilis siyang lumabas sa kwarto kung saan siya nag CR. Pagtingin niya sa hallway wala na ako. Sinundan niya ang ingay at nakita ako sa hallway sa itaas ng hagdan na halos hindi makatayo ng maayos.

She asked me kung anong nangyayari pero hindi ko magawang sumagot. Nakaupo lang ako at tinatakpan ang mga tenga ko na para bang may nakakabinging ingay kahit napakatahimik sa loob ng mansion.

"Dumating ang ibang mga kasama natin." Luna said. "Sinubukan kang pakalmahin ni Gin pero umiiling ka lang."

Natigilan ako nang maalala ang sinabi niya. Nakahawak ako ng mahigpit kay Gin at isang bagay lang ang sinasabi ko.

"Gusto ko ng umuwi."

Pakiramdam ko noong mga oras na yon, habang tumatagal ako sa mansion mas lumalala ang mga boses na naririnig ko. At dumoble yon nang makita ko ang nagaalalang mukha ng mga magulang ni Corrine.

"Corrine's parents are worried." Luna said. "Baka kasi may nakain kang masama or something. Then Senior Camilla came."

Biglang natigilan si Luna na para bang maging siya ay may hindi alam sa totoong nangyari. Gusto ko nang patigilan siya sa kwento niya. Pero siya na mismo ang tumapos nito.

"Medyo naging magulo ang pangyayari." she said absentmindedly. "Pero ang importante gising ka na. Nakatulog ka kasi sa sasakyan noong pauwi kayo at ngayon lang nagising."

Natatandaan ko ang lahat. Natandaan ko kung paano lumabas mula sa isa sa mga pintuan sa hallway ang familiar na matandang may pangalan na Senior Camilla. Nagtaka itong napatingin sa amin pero natigilan siya nang makita ako. At sinabi niya ang mga salita na mas lalong nakapagpalala sa nararamdaman ko.

Jane Elizabeth.

"Nakauwi ba ng maayos ang iba? Anong nangyari matapos naming umalis?" tanong ko kay Luna.

"Sumunod din kami agad sa inyo ni Gin. Nag paalam lang kami ng maayos sa mga magulang ni Corrine."

"I messed up another event, didn't I? What's new?" I muttered casually to wash away the tension building inside my stomach.

"Hindi naman sa ganoon." she said. "Nag aalala nga sayo ang mga magulang ni Corrine. They really look uneasy yesterday."

Natigilan ako sa sinabi niya. Pero isang katok mula sa pinto ang pumukaw sa amin ni Luna.

"Is she awake?"

Natigilan ako nang marinig ang boses ni Gin. Bigla namang tumayo si Luna sa silya bago ko pa siya mapigilan.

"Mabuti naman nandito na si Captain. Kailangan ko na kasing dalhin ang mga ito sa medic room."

Kinuha niya ang mga gamot na nasa mesa at naglakad para buksan ang pintuan. "Babalik ako mamaya."

Bumungad sa akin si Gin nang buksan niya ito. Nakahawak ito sa buhok niya na para bang nasa gitna ng marahang pagsabunot dito na ginagawa niya lang kapag napo-frustrate siya.

Napatingin siya sa akin. Saka siya marahang ngumiti. The solid dry feeling in my stomach melted into a puddle. Kahit kailan talaga, nakaka panghina ang mga titig at ngiti niya.

Nag usap sila ni Luna sa doorway. Umiling siya habang may sinasabi saka siya bumuntong hininga. Kinuha niya ang mga gamit na hawak ni Luna at umalis habang naiwan si Luna sa doorway.

"I thought he wants to talk to you or something pero ngayong gising ka na hindi ka naman niya kausapin." she said. "Halos buong gabi siyang nasa labas asking if you are okay or not."

Bigla akong bumangon mula sa kama.

"Hey, wait, Shia. Saan ka pupunta?"

With my bare feet, lumabas ako sa kwarto at hinanap si Gin sa hallway. Nakita ko siyang naglalakad sa may dulo nito at malapit na sa staircase. Tumakbo ako para maabutan siya.

"Gin!"

Napahinto siya. Naimagine ko agad ang pagkunot ng noo niya habang nakapamulsa siya.

"What the hell is your problem?" singhal ko nang humarap siya.

Pinagmasdan niya ako, night gown and bare feet, with an annoyed expression on my face.

"Hindi ka dapat naglalakad-"

"Oh, cut the bullshit!" I snap. "Ano nanaman ang kasanalan ko, Gin? Just tell me para hindi ako nanghuhula."

Napataas lang ang kilay niya. Nakakainis dahil kaya niyang maging kalmado sa ganitong sitwasyon.

"Wala kang kasalanan, Shia. Ano bang sinasabi mo?"

"You're avoiding me." Something flickers in his eyes the moment I spilled the words.

"I'm not avoiding you." Kalmado parin pero may pagbabago na sa tono na sinabi niya. "Kailangan nating magfocus sa training, Shia. Hindi ba yon ang gusto mo? Ang makaalis agad sa lugar na ito?"

Napatunganga ako sa sinabi niya. Yes, it was my obvious reason from the very beginning. Pero may mali eh. Hindi ko namalayan na ilang segundo na ang lumipas nang hindi ako makasagot sa kanya.

Hinawakan niya ang buhok ko at marahan na ginulo ito saka siya ngumiti. A halfhearted smile.

"I will help you win so you can go back to him."

Pakiramdam ko nabingi ako sa sinabi niya. Napakurap ako pero walang ano mang lumabas na salita sa bibig ko. Namalayan ko nalang na naglalakad na si Gin palayo sa akin. Gusto ko siyang pigilan pero hindi ko magawa.

Lucas. Did he mean Lucas?

--

Noong gabing yon, wala akong magawa kundi ang tumunganga sa kisame. We are so close. Anim na araw nalang. Pero bakit ngayon pa nangyayari ang lahat ng ito? Pakiramdam ko mababaliw na ako.

Not all of the members know the reason why I'm here. Sa pagkaka alam ko ay si Victoria lang ang may idea sa bagay na ito. Pero hindi malayo na malaman ito ni Gin, hindi ba? Shit.

Gusto kong balewalain ang mga nangyari. Hindi ba yon naman ang dapat? He was stating the truth. I'm here for Lucas. At tutulungan niya ako para makalabas kami ng ligtas sa lugar na yon. I should be damn grateful.

But I can't.

--

Kinabukasan, matapos ang breakfast, hinabol ko si Luna bago pa man siya makapunta sa training room.

"Luna, may itatanong ako."

Nagtatakang napatingin siya sa akin. "What?"

Nagdalawang isip ako na itanong ang bagay na yon. Paano kung wala pa talaga silang alam?

"Pwede bang hwag dito?" tanong ko habang dinadaanan kami ng mga estudyante na palabas din ng Breakfast Hall.

May ilan na binabati na kami ng good luck para sa Linus Cup limang araw mula ngayon. I want to tell them to shut up dahil hindi ko gustong marinig ang mga bagay na yon ngayon.

Nang nasa side na kami sa labas ng kastilyo, doon ko sinabi. "Kilala mo ba si Lucas?"

Agad siyang natigilan sa sinabi ko. So alam na nga nila? Kailan pa? Damn it. Ako nalang pala ang naniniwala na ako lang ang nakakaalam ng sarili kong rason kaya ako nandito.

"Luna." I warn nang hindi agad siya sumagot.

"You didn't really steal the golden crest, Shia. That's all we know." sagot niya. "Pinagtakpan mo ang kasalanan ng iba kaya ka nandito, tama? We need to know it somehow."

Pero hindi siya ang kumuha! Gusto kong sumigaw pero pinakalma ko ang sarili ko. "Paano niyo nalaman?"

"Last week pinatawag kami sa Headmaster's office." sinabi niya. "It's part of the process, Shia. Like a background check or something. Hindi mo pwedeng itago ang ganoon kaimportanteng bagay sa amin."

"Shit." bulong ko.

"Inako mo ang lahat mula umpisa at ilang beses kang nasaktan sa lugar na ito dahil sa kanya. Is he that important to you, Shia?"

"Dahil walang kinalaman si Lucas dito." malamig na sagot ko.

Pinagmasdan niya ako. "Pero para sa mga nasa itaas may kasalanan siya." she mumbled. "Naniniwala ako, Shia. Pero sa mundong ginagalawan natin hindi sapat na alam mo lang."

"Kaya kailangan kong manalo sa Linus Cup." I said.

But this is too much. Everything is just too much. Hindi ko inaasahan na malalaman pa nila ang bagay na ito bago ang mismong Cup. Balak ko sana itong itago hangang sa matapos ang laro. Nakakainis.

--

Noong hapon na yon, tinanong ko kay Ethan kung nasaan si Gin. Sinabi niya na nasa training room parin ito. Bahagya akong nagdalawang isip dahil doon. Pero hindi pwedeng magpatuloy ang ganitong pakikitungo niya sa akin.

Hindi ako kumatok nang pumasok ako. Binuksan ko nalang ang basta ang pinto. Bumungad sa akin ang tila hamog sa loob na mula sa real life simulator. Madilim ang paligid at madulas ang sahig.

"Gin!" sigaw ko.

Masyadong makapal ang hamog at wala akong makita. Pero kalaunan may napansin akong pag galaw sa isang sulok. Naramdaman ko agad ang familiar na paglabas ng ability ni Gin mula sa katawan niya. Napansin ko na may pagbago ito mula noong huli kong naramdaman. Parang mas controlled ito ngayon. Parang isa itong tuwid na linya sa halip na magulong bilog.

Bahagya siyang napatigil sa pagrelease ng kapangyarihan kaya kinuha ko yon na pagkakataon para lumapit. Nakatayo siya at hinihingal habang nakapatong ang magkabilang palad sa mga tuhod niya.

Nang halos nasa harapan na niya ako, nag angat siya ng tingin na para bang inaasahan na akong nakatayo doon. Hindi man lang ito nagulat o ano. Pinagmasdan niya lang ako.

"What are you doing here?" kalmadong tanong niya kahit pa bahagya siyang hinihingal.

Umayos siya sa pagkakatayo at gamit ang braso niya, pinunasan ang pawis na tumatagaktak sa mukha niya. Wala siyang suot na pang itaas at kitang kita ko ang itim na chain tattoo sa braso niya na unti unting gumagapang pabalik sa likod niya.

"I'm in the middle of a training, Shia."

I know. Pero dito lang ang alam ko na makakausap kita nang maayos nang hindi umiiwas sa akin.

"Step away." he grunted.

"No."

Muli kong naramdaman ang ability niya dahilan para matigilan ako. Ilang beses na sinabi sa amin na dapat kaming mag ingat kapag nasa Cup lalo na kapag tungkol sa kapangyarihan ni Gin.

I like to refer it as the silent death. Isang madilim na anino o usok na gagapang sa paligid at lahat ng madaanan na may buhay ay mawawalan ng buhay. It was too dangerous even for Gin's body. At wala itong sinasanto kakampi ka man o kaaway. That is why Gin needs to have an excessive training.

"Shia, get out." utos niya.

Napatingin ako sa itim na itim na anino na kumakalat sa sahig na nagmumula sa kinatatayuan niya. Pilit kong iniangat ang tingin ko para bumalik sa mukha ni Gin. "It's about him, isn't it?" Napalunok ako sa sarili kong tanong. "Lucas?"

"Don't be a little devil this time, Shia."

Little devil. Matagal ko na ding hindi narinig yon mula sa kanya. We've come a long way, aren't we Gin?

"Kung hindi ka aalis, hindi ko masisigurado ang kaligtasan mo."

Pero sa halip na tumalima tiningnan ko lang siya ng derecho sa mga mata. "Bring it."

"Shia, I'm serious."

Napalunok ako nang makita na mas bumilis ang pagkalat ng itim na bagay mula sa kinatatayuan niya.

Pero hindi ako umatras. "Bring it, Gin. Hindi ako natatakot."

Nakita kong nag flexed ang balikat niya na para bang nagtitimpi. "Being a stubborn little devil again, aren't we?"

I smirked. "Being a cold expressionless asshole again, aren't we?" I mocked.

Pero sa totoo lang habang magkaharap kami noong mga oras na yon, mas lalo akong naguluhan sa nararamdaman ko. I could even sacrifice my own safety para lamang kausapin na niya ako ulit.

Tumalikod siya mula sa akin. Bumalik sa pagiging kalmado ang itim na bagay na yon. "Suit yourself."

Naramdaman ko na nag iba na ang focus ng ability niya at hindi na sa direction ko. Bumuntong hininga ako at pinagmasdan ko ang nakatalikod na si Gin. Ngayon ko napagtanto na hindi na biro ito. Did I already fell that hard? Maliit lang na bagay ang hinihingi ko pero nagpapakatanga ako ng ganito?

I will help you win so you can go back to him.

It was guilt. Sigurado ako doon. Hindi ko lang gusto na isipin ni Gin ay ginagamit ko lang siya. Tama na na ang turing ng ibang tao sa kanya ay trophy na pwedeng ipagmalaki o gamit na kinokompara.

Gin, I'm sorry.

Hindi ko alam kung ilang minuto akong nakatayo doon nang hindi namamalayan. Nakatingin ako kay Gin pero wala sa training room ang isip ko. Hangang sa maramdaman ang isang kakaibang pakiramdam sa talampakan ko.

An ink-like darkness was slowly sipping underneath my shoes. Parang isang napakalamig na bagay pero nakakapaso at the same time. Like the feeling of being inside a void. Isang nakakahilong pakiramdam na para bang lumulutang ka nang walang katapusan.

Pinagmasdan ko ang nakatayo parin na si Gin at nakatalikod sa akin. Umatras ako palayo sa bagay na yon pero tila tali ito na dumikit sa ilalim ng sapatos ko. Naramdaman ko ang panghihina ng kaliwang binti ko na para bang bigla itong nawawalan ng lakas. Napaatras ako at bumagsak sa sahig.

Doon napalingon si Gin sa akin. Nagtataka ito noong una pero biglang nanlaki ang mga mata niya.

"FUCK."

Napahawak siya sa sarili niyang braso, mahigpit, na para bang gusto itong hilain palayo sa kanya. Nakita kong muli ang tattoo doon na parang ahas na mabilis na dumaan sa balikat niya pabalik sa kanyang likod. Hangang sa unti unti nang sumunod na lumayo at nawala ang madilim na bagay sa sahig.

Namatay ang real life simulator. Nawala ang hamog sa paligid. Bumalik sa dati ang training room. At wala akong nagawa kundi ang mapakurap dahil sa nangyari. Shit. Muntik na ako.

Isang marahas na pagyogyog sa balikat ko ang naramdaman ko. Balak niya yatang baliin ito.

"SHIA, WHAT THE FUCK?!" singhal ni Gin. Wow ngayon ko lang ulit nakita siyang nagalit ng ganito.

"ANG SABI KO, UMALIS KA, HINDI BA? ANONG GINAWA MO? YOU FUCKING STAYED!"

"I told you, hindi ako aalis-"

"DAMN IT!"

Nagulo niya ang buhok niya sa inis. Balak niya yatang kalbuhin ang sarili niya. Hinihingal siya at doon ko napansin ang malalim na sugat sa mga kamay niya. Agad nagsink in sa akin ang ginawa ko.

"Look, I'm sorry. Hindi ko lang namalayan okay?"

He scoffed as if what I said is a joke. "You little hard header dare devil." he muttered more to himself than to me. "Ganoon na ba kaimportante na makausap mo ako at nagawa mong gumawa ng ganoong stunt? Fuck."

Hindi parin siya matigil sa pagmumura.

"Oo, Gin." seryoso kong sagot. "Ganoon ka kaimportante."

I tried to sound as casual as possible. Even trying to be careful with my choice of words. Pero sa nakikita kong reaction niya, gusto kong sabihin

ang lahat ng nasa isip ko. My doubts, my fears, my confusion.

Natigilan siya sa sinabi ko saka siya bumuntong hininga. "Shia, I promise to bring you back alive-"

Hindi ko na pinatapos ang sasabihin niya. Nag lean ako sa direction niya habang nakaupo kaming pareho sa sahig ng training room. Hinalikan ko si Gin. Ramdam ko ang pagkabigla niya sa nangyari. At maging ako ay nabigla din sa ginawa ko.

Dahan dahan akong gumalaw hangang sa sinabayan niya ang bawat pagalaw ng labi ko. Ramdam ko ang mainit niyang hininga, ang pagkakadikit ng pawisan na katawan niya sa akin. Ramdam ko ang lakas ng tibok ng puso niya dahil sa hindi inaasahang nangyari kanina. Napahawak ako sa buhok niya at siya naman ay sa magkabilang bewang ko. The seal on his back feels burning.

"Shia," he groans between our kisses. "Why are you making everything so fucking difficult?"

Napapikit ako nang maramdaman ang labi niya sa leeg ko. "I don't know, Gin." I breathed. Gin buried his face between my bare shoulder and neck, kissing me. I groaned.

I guess I'm crazy for setting my own downfall.

Chapter 30: Twisted

Chapter 30: Twisted

It was sure a stupid thing to do. But if feels like the right thing. They say stupidity is contiguous. And I might drag Gin down into this senseless downfall. Pero noong mga oras na yon, wala na kaming pakialam.

His closeness was overwhelming, too intoxicating for my own good. I can hear him moaning and that didn't help me one bit. Nakasandal ako sa pader and his towering over me.

"Gin." I tried to say. Tinulak ko siya ng bahagya habang hinalikan parin ako. "Someone's coming."

"Ignore it." he groaned pero naramdaman kong huminto siya.

"Don't be stupid."

Naramdaman ko ang paglalakad nito pababa sa stairs papunta sa training room. Agad akong tumayo ng maaayos at inayos ang damit ko. Napailing ako. Halos hindi ko napansin na nakalislis na ito paitaas.

I can feel Gin smiling, his warm lips still pressed on my skin. There is something about this skin to skin contact that made me lose any rationality left in my already clouded mind. It's seems that all this situation created an electrical bond between me and Gin that can only be diffused by close contact.

"Umayos ka na. My God, Gin." asik ko. Pero napapangiti ako sa reaction niya. He seems drunk. The good kind of one. Drunk from everything that happened. From recklessness turned into this.

"What can't you admit it, Shia?"

"Admit what?" Pinilit ko siyang muling itulak. Palapit na nang palapit ang yapak na naririnig ko.

"That you feel the same way."

Natigilan ako sa sinabi niya. Napalunok ako at umiwas ng tingin. In the back of my mind, nandoon si Lucas, nakangiti sa akin. But in front of me, here's Gin. Smiling or more like grinning. His hair unruly because of my fingers running through them endlessly, his breathing ragged and deep.

They are different, yet all the same. I would do everything for Lucas. And I might do everything for Gin as well. But we are on a different situation, a different stage. I wouldn't trade the times I had with Lucas for anything.

But the short times I had with Gin- the chaos, the fights, the sacrifices- everything dug deep within me. Ni hindi ko alam kung ano ang nakita niya

sa akin. I don't know how to fight for something like this. Especially when I know sooner or later everything may fall apart.

"What if I am, Gin?" I asked in an almost whisper. "Hindi ka ba natatakot kung saan papunta ito?"

"You're afraid of something you want because you're already thinking the ways you can lose it."

"Dahil madaming paraan para mawala ang lahat ng ito, Gin. And I wouldn't want that kind of hell."

Tumayo ng maayos si Gin para tingnan ako ng derecho sa mga mata. "Then I would gladly walk by your side through the abyss of hell, Shia." he said. "Because you will never lose me."

--

I was so damn thankful na nagawa naming mag ayos ng mga sarili namin nang dumating si Miss Aura sa loob ng training room. Nagtataka na pinagmasdan niya kaming dalawa ni Gin, asking in a silent query kung ano ang ginagawa ko sa lugar na yon.

Sinabi ko na may tinanong lang ako kay Captain. Which is not that deep of a lie. Totoong nandoon ako para may itanong. But one thing happen to the next at wala akong naging control doon.

Sinabi ni Miss Aura na pinapatawag sa Headmaster's Office si Gin. Napansin kong natigilan si Gin nang marinig yon. Napatingin siya sa akin bago nagpaalam kay Miss Aura. Nang makalabas na siya, nanatili parin kami sa loob.

Hindi ko alam kung dahil ba ito sa steady na tingin sa akin ni Miss Aura kaya hindi ko magawang umalis kahit gustuhin ko. I know what she's thinking. Hindi niya ganoon kadaling palalampasin ang nangyari. Pero malayo ang sinabi niya sa salitang inaasahan ko.

"Shia, we want you all to come back safe. All of you."

Natigilan ako sa sinabi niya. "I know." sagot ko. Hindi maiwasan ang pagtataka sa mukha ko nang tingnan ko siya. I know she's pertaining to the Linus Cup. But why does she have say those words now?

"This Game will not be easy for you." She stared at me, worry evident in her gaze. "Just- Just do your best to come back."

Pinagmasdan ko siya nang maglakad siya paalis sa training room. Ano bang klaseng statement yon? Of course I will do my best to come back. Ito ang hinintay ko at pinaghandaan ng ilang buwan.

Gagagawin ko ang lahat para makabalik. I still have to fix a few things up. And I have to keep my promise to Lucas. Makakabalik ako at magkikita kami. But I know there's something off with Miss Aura's statement.

She's trying to tell me something. May alam siya na hindi niya masabi ng derecho sa akin. Ano nanaman ba ito? Five days. Can my days before the Linus Cup get even worst?

--

Hindi ko dapat sinabi yon. Dahil mukhang nagdilang anghel yata ako. My remaining days definitely got worst- it got out of hand. Nag umpisa ito noong apat na araw bago ang Cup.

Natapos na ang official training ng grupo. Pakiramdam ko para kaming nag graduate. The relief na wala ka ng aasahan na sakit ng katawan at maagang pagbangon sa umaga.

Pero doon palang mag uumpisa ang totoong laro. Nagsimula na kami sa strategy. Ang literal na procedures ng Game. Ang totoong kakaharapin namin na environment pagdating ng Cup.

People are now staring at us as if bidding their goodbyes in advance. Walang nakakaalam kung makakabalik kami o kung kompleto ba kami kung sakali. People are staring at us funny.

I suddenly felt like we're some kind of prisoners ready for the chopping block. All the privileges and prestigious rights of being a member were soon gone. And all we can feel is the pressure, the nervousness, the dread for the upcoming Game.

Apat na araw bago ang Linus Cup, hapon, noong makita kong muli ang taong yon. Naglalakad ako papasok sa kastilyo nang makita ko siyang kagagaling sa loob. Ang Headmaster ng Boran.

Ang unang pumasok sa isip ko ay kung anong ginagawa niya sa Titan Academy sa ganito ka-critical na panahon ng laro. Pero mukha namang hindi siya nagtagal. Pabalik na siya sa itim at heavily tinted na sasakyan na nakaparada sa harap nang magtama ang paningin namin.

I stood there, staring at him. Derecho ang tingin ko sa mga mata niyang pinagmamasdan din ako. I saw a flicker in them, a recognition. Kilala niya ako. Ganoon din ang naging reaction niya nang makita ko siya ng unang beses sa birthday party ni Principal Bins.

Hindi ko inalis ang tingin sa kanya. Who are you? Bakit mo ako kilala? His face was stone hard, wala ano mang expression. But I can see a hint of apprehension in the way he moves. Para bang hindi siya palagay na nakatitig ako sa kanya.

Nag iwas siya ng tingin at nagpatuloy sa paglalakad papunta sa sasakyan. Inabot niya ang handle ng pintuan bago pa makarating ang driver sa side niya para buksan ito. Para bang nagmamadali siyang makaalis sa harapan ko.

And then I saw it.

May kung anong itim na bagay ang nakalagay sa kamay niya. Like a tattoo. Nakasulat ito sa wrist niya, isang kakaibang itim na letra. Hindi ko ito nakita agad dahil laging natatakpan ng cuff ng formal suit na suot niya ang kanyang wrist. Pero sa ginawa niyang pag abot sa handle ay nalislis ito.

Umalis ang sasakyan at nanatili ako sa labas. Nawala na sila sa paningin ko pero nanatili akong nakatitig sa dinaanan nila. Isang bagay lang ang nasa

isip ko noong mga oras na yon.

I know that sign.

I've seen it before.

Para itong isang letter W written in a cursive, complicated way. Nakita ko na yong kamay na yon in front of my bare face. Nakaharap ang tattoo sa akin. I've seen it. I'm sure of it. Pero saan?

--

Hindi na ako muling nakapag concentrate ng maayos matapos ng nakita ko. It's happening again. Kung ano yong naramdaman ko sa bahay ng mga Stanford, nangyayari nanaman sa akin sa Titan Academy.

Pero mas mild ito. Walang pagkahilo. Pero yong mga boses, yong mga imahe, yong nakakarinding ingay, bumabalik nanaman. And there's something else this time. It was the sound of something heavy being dropped into the water. And then silence, everything suddenly went completely silent.

Noong gabing yon hindi ako makatulog. Something is bothering me pero hindi ko masabi kong ano. This is bad. This is worst. Ano bang nangyayari sa akin?

--

"Mom, they are here."

"Who, sweety?"

"Mom, we should hide."

"Jane, what's wrong?"

"They are coming, Mom."

Napabalikwas ako ng bangon. Nakaupo ako sa kama na malalim ang paghinga at tagaktak ang mga pawis. Linibot ko ang tingin sa madilim na paligid habang pinapakalma ang nanginginig kong mga kamay.

Huminga ako ng malalim. I'm still here. I'm still here in this godforsaken place. Sinubukan kong pakalmahin ang aking sarili. Umupo ako ng sa ibabaw ng kama at huminga ng malalim.

Naihilamos ko ang kamay sa aking mukha. Tiningnan ko ang holographic clock. Alas tres ng madaling araw. Gusto kong sumigaw sa frustration. Bakit? Bakit kailangan kong makita ang mga bagay na yon ngayon? Kinakalimutan ko na ang mga nakita ko sa mansion ng mga Stanford hindi ba? Damn it!

Pinilit kong muling mahiga at pumikit. Pero walang naging epekto ito sakin. Bumalik akong muli sa pagkakaupo sa kama. Pero hindi na ako komportable. Bumaba ako sa sahig at umupo doon. Ramdam ko ang malamig na surface nito sa balat ko. Sumandal ako sa side ng kama at wala sa sarili na pinatong ang ulo ko sa aking tuhod. Pinikit ko ang mga mata ko.

Kahit saan nakakatulog ako dati. Kahit pa nasa gitna kami ng gubat, o sa loob ng madilim at malamig na kweba, kayang kaya kong makaidlip. Hindi mapili ang katawan ko. Kahit umuulan pa yan o pinalilibutan na kami ng insekto.

Sa bayan ako pinanganak. Sigurado ako sa bagay na yon. Sanay ako sa hirap. Kaya ko ang sarili ko kahit hindi ako kumain ng ilang araw. Pinalaki ako na marunong sa mga bagay tulad dagger at mga patalim. Kasama kong lumaki si Lucas.

Pero ano itong mga nakikita ko? Ano ang mga bangungot na ito?

Pakiramdam ko mula noong tumapak ako sa Titan Academy, unti unti na nitong binabago ang lahat ng tungkol sa akin. Halos hindi ko na alam kung may natitira pa akong babalikan.

--

Three days before the Cup. Nasa breakfast Hall ang ilan sa amin at kumakain, o tamang sabihin ay tinititigan ang mga pagkain namin. Kahit pala ang katulad nila Victoria, Cain, at Luna, na inaasahan at matagal na pinaghandaan ang Cup ay marunong din kabahan.

Walang masyadong umiimik sa amin. Halos kaming lahat ay malalim ang iniisip. Nabangit ni Luna kahapon na nandito ang Papa niya sa Titan Academy. Halos huling araw na ng pagdalaw ngayon. Bukas ay kailangan na naming maghanda dahil dalawang araw bago ang Cup, dapat nasa byahe na kami papunta sa arena.

"Nandito daw ang Headmaster ng Boran kahapon."

Nag angat ako ng tingin sa sinabi ni Luna. Nakuha niya din ang attention nina Victoria at Cain.

"Ah, oo. May problema ata, eh." sinabi ni Cain.

My attention suddenly heightened. "Problem about what?" I asked.

Tila sinusubukang alalahanin ni Cain ang mga narinig niya. "Narinig ko kasi noong isang araw si Sir Apollo at Miss Aura na nag uusap. Ang alam ko, may problema sa isang member nila."

"Oh? Anong kinalaman natin dyan?" komento ni Victoria.

Cain shrugged. "Ewan ko ba." Kumunot ang noo niya. "Kung titingnan daw kasi sa records, taga Boran ang pamilya niya. Pero yong member kasi, dito lumaki sa Hesperia."

"Totoo ba yan?" Hindi makapaniwalang sabi ni Luna. "Nag import sila galing sa Hesperia? Is that even possible?"

"Yon nga ang pinag usapan nila." Cain muttered. "May civil record daw kasi ang member na yon sa Boran bilang pinanganak doon. Pero registered din siya sa Hesperia. Kaya medyo magulo."

They are still talking about it pero ko na magawang makinig. Something is going haywire inside me. Like an immense warning shooting through my

system. I know someone- I know a certain someone from Hesperia with a bloodline from Boran.

My hands are shaking at kailangan kong bitawan ang kubyertos na hawak ko bago pa malaglag ang mga yon sa sahig. This can't be happening. Am I just overthinking? I need to calm down.

Hindi lang naman siya ang may pamilyang nagmula sa Boran sa buong bayan na ito, hindi ba? I shouldn't assume anything. I'm just making myself lose my sanity. Pinagmasdan ko ang mga kasama kong seryosong nag uusap. Tahimik akong napamura.

Please. Sana mali ako ng iniisip.

Chapter 31: Wrecked

Chapter 31: Wrecked

Three days. Three days bago ang Linus Cup noong naramdaman ko yon. Nasa Breakfast Hall kami ng mga kasama ko at nag uusap tungkol sa isang member ng Boran na mula sa Hesperia.

Hindi ako mapakali. Natapos na ang pag uusap nila at napalitan na ng bagong topic subalit ang utak ko, nandoon parin. Bandang tanghali noong araw na yon noong tinanong ko si Luna.

"Posible ba na malalaman natin ang pangalan ng mga makakalaban natin sa Cup?" tanong ko. Desperado na ako. Masama ang pakiramdam ko tungkol sa narinig ko at kailangan kong malaman.

Umiling siya. "I'm sorry, Shia. Hindi natin pwedeng malaman." sinabi niya. "Isa yon sa mga pinagbabawal. Ang makilala natin ang mga makakalaban natin bago ang Linus Cup."

Bahagya akong nanghina sa sinabi niya. Kumunot ang noo niya at pinagmasdan ako. "Bakit mo natanong?"

"Wala. Wala ito." Halos nanginginig ang boses ko. Ayoko nitong nararamdaman ko. Buong araw kong iniisip ang bagay na yon. Wala na akong oras. Kailangan kong malaman kung tama ang hinala ko.

Kinailangan kong lumabas ng kastilyo para makapag isip at magpahangin. Dumerecho ako sa burol na pinuntahan ko noong madaling araw ng birthday ko. Gusto kong sumigaw sa bayan sa ibaba.

Paano ko ba malalaman?

Pumasok sa isip ko si Gin. Pwede niyang malaman ito. Maaari siyang makapasok sa Headmaster's office. Mabilis akong umiling dahil sa naisip. Stupid, Shia. Hanggang kailan mo sasaktan si Gin?

But I was desperate. Mababaliw ako kapag nalaman kong tama ang hinala ko. Napamura ako habang pinagmamasdan ang bayan sa ibaba. Sinubukan kong pakalmahin ang sarili ko. Imposibleng mangyari yon.

Bumalik ako sa kastilyo na wala sa sarili. Hapon na at unti unting nawawalan ako ng oras. Muli kong napansin na isang itim na sasakyan nanaman ang nasa tapat ng kastilyo. Kumunot agad ang noo ko sa nakita. Mukhang may bisita nanaman ang Academy.

Pumasok ako sa loob at hindi ito pinansin. Hindi ito ang sasakyan ng Headmaster ng Boran. Halos memoryado ko na ang sasakyan na yon. Nagpatuloy ako sa paglalakad. Subalit natigilan ako nang makita ang isang babae na nakatayo sa daraanan ko. Mas lalong sumama ang timpla ng mood ko.

Medyo malayo pa siya pero huminto na ako. Plano ko sanang sa iba nalang dumaan pero tinawag niya ang pangalan ko. "Shia," There it was again. Ang napakaganda at mala-anghel niyang boses. It's intimidating as hell that I look like a nervous wreck while she looks her usual gorgeous self.

"What?" tanong ko.

Ngayon ko napagtanto na napaka-swerte niya na nagback out siya sa larong ito. Tama ang naging decision niya. Hindi ko ipagpapalit ang meron ako sa

kung ano mang physical na bagay o prestige na makukuha ko sa Cup. Pero magkaiba kami ng sitwasyon. I need this. I need this for my freedom. How ironic. Dahil kailangan kong pagdaanan ang mga bagay na inuubos ang pagkatao ko para makalaya. I don't even know if I will be truly free after this.

Lumapit siya sa akin. Her every move is graceful. Nakasuot siya ng puting bistida samantalang halos itim ang kulay ng suot ko mula ulo hangang paa. An angel and a devil. Napansin ko na hindi niya ako matingnan ng derecho sa mga mata. Mula noong nang galing kami sa mansion nila, ngayon ko lang ulit siya nakita.

"I-I want to talk to you."

"Wala akong oras." sagot ko. "Pasensya na." At wala ako sa mood kaya please lang. Tumalikod ako at akmang maglalakad na palayo nang muli kong marinig ang boses niya.

"Matutulungan kita."

Agad akong napa-paused sa paghakbang. Hindi agad ako lumingon sa kanya. What does she mean? Alam niya ba kung ano ang pino-problema ko? Tumingin ako ng derecho sa daraanan ko. Bakit naman ako magtitiwala sa kanya? Pero kalaunan ay nagdecide akong lingunin siya. Bahagya akong nabigla nang makita ang expression niya.

Whoa. Naiiyak ba siya?

"Hey," sambit ko. Pakiramdam ko biglang naging awkward ang situation. Kung may dapat umiyak sa lugar na ito, ako yon. Dahil hindi ko na alam ang nangyayari. "Hey, may problema ba?"

Bumalik ang composure niya at pinagmasdan ako. Pero ramdam ko parin na may gumugulo sa babaeng nasa harapan ko. Umiling siya bilang sagot. "Gusto kitang tulungan." mariin na sagot niya.

Tumaas ang kilay ko. Bakit niya naman ako tutulungan? She is Corrine Stanford. She hates my gut. "At ano ang kapalit?" tanong ko. I don't want to

beat around the bush. Alam naming pareho ang tinutukoy niya.

"I don't want anything back." sagot niya. I was so tempted to answer back her: even Gin? Subalit hindi ito ang tamang pagkaka-taon para sa ganoong usapan. Huling tatlong araw ko na sa lugar na ito. Kahit gaano pa kadami ang ginawa niyang hindi maganda sa akin, wala na akong pakialam doon. It's natural for her to get jealous. After all, nandito ako sa pwesto niya.

"Sumama ka sa akin." Nagsimula siyang maglakad sa ibang direction. Direction na malayo sa dormitory kung saan ako papunta. Sumunod lang ako. Wala namang mawawala sa akin. Huminto siya sa tapat ng isang hallway. Hindi ko pa ito napupuntahan.

Nagpatuloy ulit siya sa paglalakad. Pero kating kati na akong tanungin siya. "Bakit mo ba ako tinutulungan?"

"You need this." simpleng sagot niya habang naglalakad. "Ito lang ang alam kong paraan para matulungan kang makabalik mula sa Cup." Agad na kumunot ang aking noo sa sinabi niya.

"Wala na akong pakialam sa mga ginawa mo dati kaya hindi mo na kailangang maguilty." sagot ko. Tahimik at madilim ang hallway kung saan kami naglalakad. Nasaan na ba kami?

Bigla siyang humarap sa akin. "Shia, please make sure na makakabalik ka."

Natigilan ako sa sinabi niya. What? Bakit niya ba biglang sinasabi yan? Nawi-wirduhan na talaga ako sa babaeng ito.

"Matagal ka nilang hinanap kaya pakiusap bumalik ka."

Tumigil ako sa tangkang pagsagot sa kanya. Muli siyang tumalikod at nagpatuloy sa paglalakad. Pakiramdam ko nabingi ako. Huminto ako sa paglalakad habang nakatitig parin sa kanya. Pumasok siya sa isang pinto malapit sa dulo ng hallway. Nakatayo lamang ako doon.

"Shia, hurry up. Hindi tayo pwedeng magtagal dito."

I found myself stepping on the room to join her. Isang lamp lang ang binuksan niya at hindi ang ilaw ng buong kwarto. Nadatnan ko siyang may hinahanap sa iba't ibang drawers ng malaking table malapit sa bintana.

"Ang alam ko nandito lang yon." narinig kong bulong niya sa sarili. Pinagmasdan ko lamang siya. Why? Bakit kailangan niyang dumagdag sa hinala ko. Bakit kailangan niyang patunayan ang bagay na yon?

"Nasaan ba tayo?" tanong ko.

"Sa office ng Vice Principal."

Hindi ko kilala kung sino ang Vice Principal. Nakita ko na ito ng ilang beses sa kastilyo pero hindi ko pa nakakausap.

"Alam mo bang bawal itong ginagawa natin?"

Kung hindi lang masama ang sitwasyon, gusto kong matawa sa eksena na ito. Isang Head Girl, almost perfect student, ay nangangalkal ng mga files nang hindi nagpapaalam sa office ng isang Vice Principal para lang tulungan ako- isang babaeng ayaw niya.

"Kaya nga kailangan nating bilisan."

Nagpatuloy si Corrine sa paghahanap. Hangang sa huminto siya sa isang drawer. Biglang bumalik sa akin ang kaba. Ang totoong rason kung bakit kami nandito. Malalaman ko na. My throat suddenly went parched dry.

"Umaasa ako na kapag nalaman mo ito ng mas maaga, mas makakapaghanda ka." sinabi niya.

Kinuha niya ang isang puting folder sa gitna ng iba pang mga files na nandoon. Nang macheck niya ang unang page nito, tuluyan niya itong kinuha. Inayos niya ang mga gamit sa dati at hinila ako palabas ng kwarto.

"Let's go."

Dumaan kami pabalik sa hallway. Pero instead bumalik sa entrance kung saan kami nagkita kanina, sa likod kami ng kastilyo pumunta. Nagtaka ang

ilang estudyante na nakasalubong namin. Binati lamang sila ni Corrine with her usual Head Girl smile at agad silang pinapaalis. Mas lalong nagtaka ang mga tao pero mukhang walang pakialam ang kasama ko.

Nang makarating kami sa isang hindi ginagamit na classroom, agad siyang pumasok dito. Parang nangyari na ito dati. Siya, na sinundan ko sa loob ng isang bakanteng classroom, pero iba na ang sitwasyon ngayon. Nang pumasok ako, sinara niya agad ang pintuan. Humarap sa akin si Corrine at binigay ang folder.

"Nandyan ang pangalan ng lahat ng kasali sa Linus Cup ngayong taon. Don't worry, hindi nakalagay dyan ang mga abilities at position nila sa grupo. So we're not exactly cheating."

Napalunok ako nang hawakan ko ang folder. Wala akong balak mandaya. I don't care about the other groups. Ang importante sa akin ay ang hinala ko. Bahagyang nanginginig ang mga kamay ko. Napansin ito ni Corrine.

"Shia." she started.

"Okay lang ako." sagot ko.

Pero hindi. Hindi ako okay. Dahil paghawak ko palang sa folder, alam ko na. Binuksan ko ito. Ang unang papel ay may seal ng Hesperia at nakalista doon ang pangalan namin. Sumunod ang district ng Dione at Shinoa. I flipped through the pages hangang sa makarating ako sa hinahanap ko.

Tiningnan ko ang papel sa likod ng listahan ng Kimmyye at nakita ang green na seal. Boran. My hands are trembling, maging ang folder sa kamay ko. Halos hindi ko na magawang i-flip ito ng maayos sa sobrang kaba. Hindi ko na pinatagal pa at binasa ko ang mga nakasulat.

Thomas, Damian

Higgins, Jerry

Wilson, Olivia

Tyler, Lucas-

Bumagsak ang folder sa sahig. Lumikha ito ng manipis na ingay sa bakanteng classroom. Iniangat ko ang paningin ko para iwasang makita ang mga nakalitaw na pangalan. Pinagmasdan ko ang palubog na araw sa labas mula sa bintana.

Hangang sa namalayan ko nalang na sunod sunod nang bumagsak ang luha mula sa mga mata ko. Hindi. Hindi pwedeng mangyari ito. Sinubukan kong pakalmahin ang sarili ko dahil alam kong nandoon si Corrine at pinapanood ako. Pero hindi ko na magawa. Si Lucas. Bakit si Lucas?

"Shia," nag aalalang sabi ni Corrine.

Umiling ako at umupo dahil hindi na kaya ng binti ko. I was crying like a damn child. Pumapasok sa isip ko ang mga panahon na pinapatahan ako ni Lucas sa iilang pagkakataon na umiyak ako sa harapan niya.

Shia, hwag ka ng umiyak.

Nalulungkot ako kapag nakikita kang ganyan.

Umiling ako, umaasa na kapag ginawa ko yon ay mababago nito ang katutuhanan. "Lucas." I breathed through my sobs. Sa pangalawang pagkakataon ay umiyak ako sa lugar na ito. At dahil yon kay Lucas. I squatted on the floor, my head resting on my trembling knees, hindi ko ma-control ang emosyon ko. Bakit? Bakit kailangang mangyari sa akin ito?

--

Hindi ko alam kung ilang minuto o oras ang lumipas bago ako huminto sa pag iyak. Unti unti akong huminto pero hindi nagbago ang pakiramdam ko. Tahimik lang akong pinanood ni Corrine. Hindi niya ako iniwanan. Maging siya ay tila naapektuhan sa kahinaan na pinapakita ko.

Nakakatawa kung tutuusin. Nandito kami sa isang bakanteng classroom habang papalubog ang araw sa labas. Pumapasok ang liwanag mula sa salamin na bintana. Nakaupo ako sa sahig at umiiyak at sinusubukan niya akong patahanin. Two train wrecks on a single track, seeking comfort that

will never be there. Dahil kahit anong sabihin niya, hindi na kailanman gagaan ang loob ko.

There's Lucas and I. Different teams. A single survival game.

"Kaya mo na bang tumayo?" tanong niya nang sinubukan kong tumayo.

"Kailangan na nating bumalik. Baka hinahanap na tayo." sagot ko. Pinahid ko ang mga luha ko at sinubukang huminga ng malalim.

Pinagmasdan niya ako. "Hindi ko na dapat ito pinaalam. I didn't-" Natigilan siya. "I didn't know he's that important to you."

"He is." sagot ko. "Salamat sa pagpapaalam sa akin ng mas maaga."

It was a sincere gratitude. Dahil kapag sa mismong Game ko ito nalaman, siguradong mapaparalisa ang grupo dahil sa akin. Look at me. I'm so fucked up with everything. Inayos ko ang tindig ko at pilit tinago ang aking emosyon.

Kinuha ni Corrine ang folder sa sahig. Narinig ko siyang bumuntong hininga. Nang paalis na ako sa classroom, bigla niya akong tinawag. "Shia?" Tumigil ako sa paglalakad.

"Alam kong hindi tamang oras para sabihin ito pero-"

Hindi ko magawang lumingon sa kanya kaya natahimik nalang ako at hinintay ang sasabihin niya.

"Hwag mo sanang sasaktan si Gin."

Tweet me: @avery_WP

Official hashtag: #TitanAcademy

Chapter 32: Procedure

Chapter 32: Procedure

Two days. Two days bago ang Linus Cup ay naghahanda na ang Academy para sa pagalis namin. Inaayos na ang mga kwarto namin at inaalis ang mga gamit doon na maaaring hindi na mabalikan. Sinara na din nila ang training room kung saan namin ginugol ang halos araw araw namin sa Academy. Cleared na din ang mga schedule ng mga kasama ko sa mga natitirang klase nila.

Ang natitirang ginagawa nalang namin ay ang mag meeting sa office ni Miss Aura o Sir Apollo para sa strategy and tactic. Napapansin ko na unti unti na kaming pinag titinginan ng mga tao kapag dumadaan kami. Hindi na ito iba sa amin. Pero may kung ano sa tingin nila- pag asa, awa, tahimik na 'good luck' at pag papaalam- ang dahilan kaya hindi kami nagiging komportable.

"Kahapon pa ako naaalibadbaran sa tingin nila." asik ni Victoria habang naglalakad kami sa hallway noong araw na yon. Napairap siya nang pagtinginan kami ng isang grupo ng mga estudyanteng nakatambay sa hallway.

"Hayaan mo na. Para namang hindi mo pinagdaanan yan sa mga dating kasama sa Linus Cup." mahinahon na sagot ni Cain. Magkakasama kaming naglalakad nina Victoria, Cain, Luna at Ethan papunta sa office ni Miss Aura.

"Hindi ako mukhang namatayan kung tumingin." she pointed out habang patuloy kami sa pagla-lakad. "Nakaka-dagdag lang sila sa pressure, eh." Pasimple kong pinagmasdan si Victoria sa sulok ng mga mata ko.

Nitong mga nakaraang araw lang sumagi sa akin na pare-pareho lang kaming kinakabahan sa darating na Linus Cup. Masyado akong naging komportable sa pagkaka alam na ang mga kasama ko ang pinakapili at pinakana-train ang ability sa lugar na ito. Ngayon ko lang naisip na katulad ko din sila na natatakot sa posibilidad na hindi na kami makakabalik ng buhay.

Naalala ko noong una ko silang nakita. It seems so long ago kahit na ilang buwan lamang ang nakararaan. Napakaganda nilang tingnan. Malayong

malayo sila sa akin. I don't even want to touch them or be near them. Kitang kita ko sa ayos nila ang pagiging estudyante nila sa paaralan na ito.

Wala pa si Luna noon. But there's Victoria who is a bitch since then. Mareklamo. Maarte. Then Cain's who is confused as hell when he saw that the culprit was a girl. Then there's Ethan who's seriously searching the household. And finally, Gin.

Noon pa man hindi na ako naging komportable sa presence niya. Masyado siyang tahimik, seryoso, gusto laging nasusunod ang gusto. Authority is radiating from his mere gaze at kailanman hindi ko gusto na pinapasunod ako.

Kapag naalala ko nga ang mga unang araw ko sa Academy ay natatawa nalang ako. The stupid deal with Gin, the training between me and Victoria. Pakiramdam ko isa akong basahan na nilagay sa gitna ng makikintab na trophy. Masyadong nangingibabaw kaya pinagdidiskitahan.

Dahil doon nasangkot ako sa kung ano anong gulo kasama ang grupo, mula sa pagbisita namin sa bayan, sa eksenang nagawa ko noong general meeting, sa pagdating ni Priam, sa gulo sa pagitan namin ni Gin.

Kita mo nga naman- malayo na din pala ang narating ng grupong ito. Ito siguro ang dahilan kaya nahihirapan ako ngayon. Hindi ko na sila kayang iwan nalang ng basta basta.

Kahapon, nalaman ko na kasali si Lucas sa Linus Cup at isa siya sa makakalaban namin. Halos gusto kong saktan ang sarili ko noong mga oras na yon para lamang mabaling sa iba ang sama ng loob na nararamdaman ko. Hindi ko na alam ang gagawin. Halos mabaliw ako.

Nagkulong ako sa kwarto at umiyak. Dahil hindi pumasok sa isip ko na ang dahilan kaya ako lumalaban ay ang siya ring makakalaban ko. It was the end of the line for me- there's no point in fighting. I was already contemplating to get away from this place. Kahit mamatay ako sa mga perimeter fence at guards sa lugar na ito, wala na siguro akong pakialam.

Pero naalala ko ang mga kasamah ko. Naalala ko ang mga trainings na pinagdaanan namin. Naalala ko ang mga gulong na-survived namin. At hindi ko kayang bitawan ang mga yon. Hindi ko kayang mawala nalang bigla ang lahat ng pinaghirapan nila nang dahil sa akin.

Kaya nag-decide ako na manatili. Kung makikita ko man si Lucas sa Linus Cup, hindi ko parin alam ang gagawin. Hindi ko na gustong isipin ang mangyayari. Pero kung yon man ang huling pagkikita namin at hindi man makabalik ang sino man sa amin, kailangan kong tangapin yon. Siguro nga ito ang nakatadhanang mangyari. Siguro nga ito ang ibig sabihin ng tulad namin na hindi pinalad.

Nakarating kami sa office ni Miss Aura. Nakaupo na siya sa kanyang silya nang dumating kami. Nandoon na din si Sir Apollo. Pero wala si Gin. Umupo kami sa mga silya kung saan nagmukhang classroom ang office ni Miss Aura. May malaking illustration sa tapat namin na naka-project sa pader. Nang makaupo na kaming lahat, tumikhim si Miss Aura bago nagsalita.

"Bukas ay babyahe na kayo papunta sa arena." tahimik ngunit mariin niyang sinabi. "Umaasa ako na sa mga oras na ito ay handa na kayo. Physically, mentally, emotionally."

Napatingin siya sa akin nang bangitin ang mga bagay na yon. Tiningnan ko siya ng derecho sa mga mata. Napaka-solemn ng atmosphere sa paligid. Masyadong tahimik kumpara sa dating atmosphere ng mga meeting or discussion tulad nito. Muling napatikhim si Miss Aura saka tumabi para makita ng buong grupo ang illustration sa pader. Nakaupo lamang sa sulok si Sir Apollo.

"Maging kami ay hindi alam kung ano ang environment na nakaset ngayong taon sa Linus Cup. Pero binase namin ang illustration na ito sa mga nakaraang laro." Tinuro ni Miss Aura ang pader gamit ang isang stick.

Isang imahe ang unti unting nabuo dito. It was a bird's eye view of a confined and barren place. Maluwang ito, tila isang buong isla, masukal, madaming talahib at mga puno, may ilog din at batuhan. Nagkalat din ang

mga kakaibang bagay tulad ng perimeter fence, mga patay sinding pulang ilaw sa iba't ibang parte ng lugar, mga electric induced fields.

Natahimik ang mga kasama ko. Unti unti itong nagzo-zoom in ang imahe. Tumigil ito nang nakafocus na sa isang pahaba at kulay itim na polished metal na nakatayo sa lupa. It looks like a smooth piece of black iron strip na malayo ang dating sa mga berdeng nakapaligid dito. Halos hangang bewang lamang ito at kadangkal lang ang lapad.

"Do you know what this is?" tanong ni Miss Aura na tila ba yon na ang pinaka importanteng bagay sa loob ng arena. "It's the most basic and the most important information you have to know before joining the game."

May nag-blink sa surface ng itim na metal. Isang green at pulang ilaw. Paulit ulit at mabilis. Hangang sa ilang mga numbers ang biglang lumitaw dito. Tila isang countdown.

Alam ng halos lahat kung ano ang bagay na yon. Bata palang kami ay nakatatak na sa isip namin ang importansya ng bagay na yon pagdating sa laro. May apat na importanteng bagay na dapat malaman sa Linus Cup. Ang pointing system, ang Drift, ang wipeout, at ang cartridge.

Ang una ay ang pointing system. Bawat member ay may corresponding points sa umpisa ng laro. Each of us is holding a permanent 30 points except for the Team Captain na may 100 points.

We can acquire as much points as possible by killing our opponents. But here's the catch- lahat ng pinaghirapan mong points ay maaari ding mapunta sa iba sa oras na mapatay ka nila.

The second term is The Drift. Ito ang unang stage ng laro kung saan binibigyan ang mga member ng oras para mangalap ng mga points o sa mas madaling salita- pumatay. That is why it's also known as All Kill.

Sa umpisa ng laro ay ikakalat ang mga member ng bawat grupo sa ibat ibang parte ng arena. Ibig sabihin, mag isa kang lalaban hangang sa mahanap mo ang mga kasamahan mo.

Kadalasan tumatagal ang stage ng Drift base sa bilang ng grupo na natitira sa laro at mga points na hawak nila. Kapag namonitor na nila na maaari nang may manalo, ilalabas na nila ang countdown para sa wipeout.

Ang wipeout, isang simpleng bagay, ang pagkawasak ng buong arena. Para masigurado na ang tanging makalalabas ng buhay sa laro ay ang nanalong grupo, mawawasak ang buong arena sa katapusan ng laro.

Kasabay ng countdown ay ang pagbu-bukas ng final location kung nasaan ang cartridge ng bawat grupo. Ang cartridge- ang itim na metal na tila gravestone na pinapakita sa amin ni Miss Aura. Dito namin kailangang i-secure ang mga nakuha naming points bago ang wipeout.

Binibilang ng metal cartridge ang points at kinokompara sa ilan pang cartridges sa arena. Ang grupo na may pinakamaraming secured points ay ang tanging makaka-ligtas pagdating ng wipeout.

Sa madaling salita, sa oras na tumapak kami sa arena, ang halaga ng buhay namin ay nasusukat na lamang ng mga numero na nakatatak sa mga wrist namin, maaaring madagdagan, maaaring tuluyang mawala. At wala silang pakialam kung buhay ka pa at humihinga pagdating ng wipeout, dahil maliban sa nanalong grupo, mamamatay ang lahat sa arena. That is the Linus Cup.

Habang nagdi-discuss si Miss Aura sa harapan, pilit kong binura sa isip ko ang maaaring kahinatnan ng larong ito para sa akin. Sinubukan kong magconcentrate habang tinatap ang mga daliri ko sa mesa.

Walang mangyayari sa akin kung mag aalala ako nang ganito. Wala ng iba pang pupuntahan ang sitwasyon na ito, mula umpisa, kundi ang Linus Cup. Doon na matatapos ang lahat kaya mabuti pang tangapin ko na.

Namalayan ko na nagsasalita si Sir Apollo sa harapan kaya sandali kong pinikit ang mga mata ko para maibalik ang focus ko.

"... this metal is your life. It's your safety. Ito ang maglalabas sa inyo ng buhay sa arena..."

Tinuro ni Sir Apollo ang imahe cartridge sa pader. Kulang nalang ay maputol ang stick na hawak niya na hiniram niya kay Miss Aura. Victoria scrunched her nose in bewilderment. Hindi mo kasi alam kung lasing ba si Sir Apollo o ano. Pero hindi din namin siya masisisi. This is the last meeting- the last official coaching- bago ang game.

"Tatlo lang ang pangunahing strategy ng grupo na ito sa laro." sinabi niya. Mas sumeryoso ang mukha niya nang humarap siya sa amin. "Una, pagdating ng Drift, pagpasok na pagpasok niyo sa arena, hanapin niyo ang mga kasama niyo. Hwag kayong magha-hunt ng member ng ibang grupo ng mag isa para lang sa points, maliban nalang kapag sila mismo ang umatake sa inyo. Mahalaga ang bawat segundo sa laro."

"Pangalawa, kapag nakita niyo na ang bawat isa, habang unti unti kayong nabubuo at may suporta ng mga kasamahan niyo, saka lamang kayo mangalap ng puntos o umatake ng ibang grupo na malapit sa inyo. Inuulit ko, ang malapit lamang sa inyo. Mangalap kayo ng puntos habang hinahanap niyo ang mga natitira niyo pang kasamahan."

"Pangatlo at huli, wala akong pakialam kung nasaang lupalop kayo ng arena kapag nangyari ang countdown. Kapag narinig niyo ang bagay na yon at nakita kung ilang oras o araw nalang ang meron kayo bago ang wipeout, umalis kayo sa lugar na tinatapakan niyo at hanapin ang final location. Sinasabi ko sa inyo, walang kwenta ang mga points na makukuha niyo, wala silang pakialam kung hawak mo ang pinakamadaming points sa buong laro, kapag hindi na-secure ang mga yon, walang kwenta! Mamamatay kayo!"

Natahimik ang mga kasamahan ko. Luna let a nervous laugh at napahawak lang sa batok si Cain. This last coaching session is really something. Hindi ko alam kung mamo-motivate ako o ano.

Sinubukan kong alalahanin ang tatlong strategy na sinabi niya. Kung tutuusin tila ni-summarize ni Sir Apollo ang lahat ng mga strategy na pinag aralan namin mula noong tumapak ako sa Titan Aademy.

Search for the members and no gathering of points alone unless provoke. Use teamwork to gather points. When the countdown started, immediately

secure the acquired points.

Search. Gather. Secure.

Nagsalita si Miss Aura na ngayon ay siya ng nasa harapan namin. Bumalik na sa pagkakaupo si Sir Apollo.

"Bukas ng madaling araw, magsisimula ang ating byahe papunta sa boundary ng twin district ng Shou at Shinoa kung nasaan ang arena." she said. "Naayos na ang mga dapat ayusin at mga maiiwan niyo kaya wala na kayong dapat pang ipagalala. Makakasama niyo kami ni Sir Apollo sa byahe papunta sa arena, susunod ang ilan sa mga school officials at mga magulang niyo sa araw ng Introduction to the Council hangang sa game proper."

It seems like the last instruction. Pagpapaalam. Naghintay kami na matapos si Miss Aura ang sasabihin niya. Bumuntong hininga ito at marrin kaming pinagmasdan. Bahagya akong umiwas ng tingin nang makita ang medyo naluluha niyang mga mata. Hindi ako komportable na nakikita siyang ganyan. Mas sanay akong pinagagalitan nilang dalawa ni Sir Apollo ang grupo. Bahagya siyang ngumiti na tila naisip na hindi tamang maging emotional sa harapan namin.

"O-Okay, you may go. Magkikita tayo bukas."

Lumabas kami ng mga kasamahan ko sa maluwang na office. Naiwan doon si Miss Aura at Sir Apollo. Bago ko sinara ang pintuan sa likod ko, nakita ko na marahan na niyakap ni Sir Apollo si Miss Aura na para bang pinapakalma ito. May sinabi si Sir Apollo pero hindi ko na narinig pa. Despite the situation, hindi ko maiwasan na mapangiti sa nakita. I hope they are going to be fine. Sayang lang dahil kapag nagsimula na ang game, hindi ko na sila muling makikita.

Author's Note:

We're so close to the Linus Cup! Can you feel the gist of it? We are not even in the brink of the chaos yet haha! Anyways, how are you guys doing?

Never had an author's note in a while eh? So I'll make the most of the opportunity to thank everyone (and your superb patience) who's reading this story up to this point.

It's still quite a shock for me honestly, to gain such awesome readers like you! Yes, you're awesome, especially those comments, messages, predictions, and opinions about Titan Academy. I love reading those! Sorry if I can't always reply but I'm reading them from top to bottom so please don't hesitate.

Anyways, I'll end my note here and I don't know when you'll see me again (I mean the author's note so chill guys haha!) But! You can always talk to me, especially on Facebook or twitter (@avery_WP) I'm more accessible in these two. Links are on my profile.

So, til the next update guys! Stay awesome!

@april_avery

Chapter 33: Departure

Chapter 33: Departure

Isang araw bago ang official na pagbubukas ng Linus Cup hindi ako nakatulog. Nakatitig lamang ako sa kisame ng aking kwarto, sa kwarto na halos ilang buwan din akong nanatili. Ito na ang huling gabi ko sa Titan Academy. At hindi ko alam kung anong mararamdaman ko.

Nagpa-baling baling ako ng pwesto para maging komportable. Pero hindi ito nakatulong. Halos wala ng gamit sa loob ng kwarto ko. Tanging ang mga original nalang na nandoon tulad ng kama at mga muwebles. Parang kailan lang noong unang beses akong tumapak sa kwartong ito at halos matawa nang walang sigla dahil sa karangyaan na nakikita ko.

As much as I don't want to admit, I will miss this place. Hindi dahil napamahal na ito sa akin. Kundi dahil madami akong natutunan sa lugar na ito, madaming napagdaanan. Mga bagay na kailanman hindi ko akalain na makakayanan kong lampasan, kung mananatili lamang ako sa bayan.

Naramdaman kong nakaidlip ako, mga ilang minuto, bago tumunog ang holographic image ng orasan sa loob ng kwarto. Alas tres na ng madaling araw. Kailangan ng bumangon. Tumayo ako mula sa kama. Tahimik at madilim ang paligid. Pinagmasdan ko ang reflection ko sa malapit na salamin. Magulo ang buhok, gusot gusot ang damit, halatang walang tulog.

Pumasok ako sa banyo at nagbihis. Sinuot ko ang naka assign na damit namin sa byaheng ito. Wala nang ano mang natirang gamit o damit maliban doon. Muli kong pinagmasdan ang sarili ko sa salamin bago lumabas ng kwarto. Maayos na nakapusod ang buhok, malinis na damit, itim na pantalon at sapatos.

Am I ready? Hindi ko alam. Kulang ang ilang araw para mapaghandaan ang pagkikita namin ni Lucas. Bumuntong hininga ako at pinatay ang ilaw ng aking kwarto. The gesture was as if a closure, dito na natatapos ang pananatili ko dito. Dumilim ang kwarto tulad ng dati noong wala pa ako dito- bleak and abandoned. Saka ko sinara ang pintuan at tuluyan ng iniwan ito.

Tahimik ang hallway habang naglalakad ako sa lobby kung saan kami magkikita. Payapang natutulog ang ilan habang naghahanda naman sa bagong araw ang mga tagapagsilbi at mga tauhan sa Titan Academy. Ganito din ang atmosphere noong unang araw ko dito. Madaling araw din noon at ang tanging gising ay ang mga tagapagsilbi at ilang school officials. It's a de ja vu. A nostalgic reminiscing in a cruel time and way.

Sa dulo ng dimly lit na hallway kung saan ako naglalakad, nakita ko ang silhouette ng mga tao sa maliwanag na lobby. Bahagya akong huminga nang malalim dahil napagtanto ko na mula noong lumabas ako sa kwarto ay pigil ang aking hininga. Unti unting lumiwanag ang paligid habang papalapit ako. At doon ko nakita ang mga kasamahan kong naghihintay para mabuo ang grupo.

Nandoon si Ethan, Victoria, at Luna. Nandoon na din si Miss Aura. Noong dumating ako, nagkatinginan lamang kami. Ngumiti nang tahimik si Luna. Walang nagsalita. Walang gustong sumira sa katahimikan na dulot ng madaling araw. Lumipas ang ilang minuto at dumating si Cain. Wala ang

usual na sigla sa mga mata nito. Siguro ay inaantok pa tulad ko. Lahat kami ay mukhang hindi nakatulog ng maayos.

Sumunod na dumating si Sir Apollo. Inaasahan ko na siya ang pinaka hindi handa sa maagang byaheng ito. Subalit bahagya akong nabigla nang makitang maayos ang damit niya, mukhang gising na gising, at higit sa lahat walang dalang sigarilyo o ano man. Pinagmasdan niya ang grupo, mukhang sinisipat ang estado namin. Bumuntong hininga siya. Not bad but not that good either.

Halos kasunod lamang niyang dumating si Gin. Natigilan ako at halos huminga nang malalim nang makita siya. Tulad ni Sir Apollo ay mukhang handa siya. Katulad nang dati ay mababakas ang authority sa aura niya. Bahagya akong nakahinga nang maluwag dahil doon. At least someone can assure me, by his mere presence, that everything is going to be fine. Kahit habang nasa byahe lamang na ito. Dumerecho si Gin kay Sir Apollo na tila may sinabi. Gusto ko siyang lapitan. Sa huling pagkakataon gusto kong sabihin niya na magiging okay ang lahat.

Nagsimula kaming maglakad palabas ng lobby. Ayon kay Sir Apollo, mauuna kaming magbyahe. Susunod ang mga school officials at iba pa sa araw din na ito. Dalawang itim na sasakyan ang naghihintay sa amin. Lumingon ako kay Gin at tiningnan kung saan siya sasakay. Pero ginaya ako ni Miss Aura papunta sa unang sasakyan kasama si Luna, Ethan, at siya.

Tumahimik na lamang ako at pumasok sa loob. Katabi ko si Luna sa bandang likuran ng sasakyan. Samantalang nasa harapan namin si Miss Aura at Ethan, at sa bandang harapan pa ay ang driver at kasama nito. Nagsimula ang byahe namin. Kasunod namin ang sasakyan nila Gin. Wala kaming dala na kahit ano maliban sa mga sarili namin. Ang mga school officials na ang bahala sa mga kailangan namin pagdating namin doon.

Madilim sa labas at napakatahimik. Tanging ang tunog ng sasakyan at marahang pagalaw nang ilan sa amin sa leather seat ang tanging maririnig. Habang lumalayo kami, unti unting nawawala ang kakarampot na liwanag na mula sa mga nabukas na ilaw ng Titan Academy. Unti unti kaming nilalamon ng dilim. Napansin ko na lumingon si Luna sa direction ng

paaralan sa huling pagkakataon. Nilapat niya ang mga palad sa bintana at tila ba gustong hawakan ang kabuuan nito sa mga kamay niya.

Napalingon ako tulad niya. Mababakas ang itim na silhouette ng mga tore nito sa grayish na langit at tila lumulutang ang mga liwanag mula sa ilang nakabukas na bintana sa Titan Academy. Pinagmasdan ko kung paano ito unti unting lumiliit at nawawala sa paningin ko. I guess this is goodbye, huh? Habang lumalayo kami, pakiramdam ko ay isang mahabang panaginip lamang ang pananatili ko sa lugar na yon. Isang kastilyong nasa tuktok ng burol, pinaliligiran ng kakahuyan at gubat, kung saan nag aaral ang pinakamararangya sa bayan namin. Tuluyan nang nawala sa paningin ko ang paaralan.

Bumalik ako sa maaayos na pagkakaupo at muling bumaling sa harapan. There's a heavy sinking feeling on the pit of my stomach. Pangamba? Takot? Lungkot? Sa dami ng nararamdaman ko ay tila nag uunahan sila sa isip ko para mapansin. Walang gustong magpadaig. Lahat kailangang mangibabaw. Nanatili akong tahimik at pilit pinakakalma ang sarili ko. Tahimik parin ang byahe. Kahit si Luna at Miss Aura ay walang sinasabi. Maya maya pa, sinandal ko ang ulo ko sa headrest at sandaling napapikit.

Pero mabilis din akong dumilat nang marealize na dumadaan kami sa bayan. Mabilis akong sumilip sa labas ng bintana. Hindi tulad ng ibang lugar sa Hesperia, laging gising ang bayan. Hindi sa ingay o ilaw, kundi sa atmosphere nito. Alam mong may gumagalaw, may humihinga, sa likod ng madidilim at lumang mga kalye at iskinita, sa kumukurap na street lights bawat kanto, sa ingay ng mga hayop na nangangalkal sa mga basurahan, sa ilang mga taong gising para maagang umpisahan ang araw.

Merong kakaibang bagay sa madaling araw na gustong gusto ko. Isang kakaibang pakiramdam. Ang maingay at magulong lugar ay tumatahimik na tila ba maging ang kasiyahan ay napapagod din at kailangang magpahinga. Tila ang katahimikan ay nakikinig din. At ang tanging mga gising ay nasa kakaibang lugar- sa pagitan ng kahapon at hinaharap.

Dumaan kami sa downtown at kahit madilim, madali kong naaninag ang bawat establishment dito. Dito ako lumaki. Ito ang naging palaruan ko noong bata ako. Dito ako nagtrabaho, araw araw naglalakad ako sa mga

lubak na daan nito papunta at pauwi sa bahay ko. Lumampas kami sa downtown at ngayon ay nasa boundary na ng bayan. Napatingin ako sa bawat madaanan naming bahay, gusto kong makita ang bahay ko. Pero wala akong maaninang dahil sa dilim.

Bumuntong hininga lamang ako at muling sumandal sa upuan. Kita mo nga naman, hindi na pala kita muling makikita. Nagpatuloy ang byahe, hindi ko magawang umidlip kahit gustuhin ng katawan ko. Kaya nanatili akong nakatingin sa labas. Hindi ko alam kung ilang minuto o oras ang lumipas bago ko narinig ang boses ni Miss Aura na sumira sa katahimikan.

"Malapit na tayo sa train station." sinabi nito sa harapan dahilan para mapapitlag si Luna na halos nakaidlip na sa tabi ko. "May train doon na para lamang sa event ng Linus Cup. It's an express transportation kaya sa halip na dalawang araw ay makakarating tayo sa boundary ng Shou at Shinoa mamayang hapon."

Muling natahimik ang loob ng sasakyan matapos niyang magsalita. Pinagmasdan ko ang madilim na paligid mula sa bintana. Sinilip ko ang maliwang na building hindi kalayuan sa harapan namin na tila isang nakakairitang gold na bombilya sa gitna ng kadiliman. Isa itong open area brick building na kasing laki ng downtown market. Pero hindi katulad ng magulo at maputik na palengke, ang train station na ito ay isa sa pinakamaayos na building sa bayan. Kompleto ang facilities nito at malinis dahil madalas ang mga gumagamit dito, mga madalas na lumabalas sa bayan para sa importanteng mga lakad, ay mga taong mas nakakataas sa lipunan. Ilang minuto lamang ang lumipas ay huminto na ang sasakyan.

"We're here."

Naunang lumabas sa sasakyan si Miss Aura at Ethan. Sumunod kami ni Luna. Pagbaba namin, bigla kong naramdaman ang malamig ng hangin ng madaling araw. Halos tumagos ito sa balat ko. Hinapit ko ng mas mahigpit ang suot kong jacket. Napansin kong parating na din ang sasakyan nila Gin. Huminto ang sasakyan at isa isang bumaba ang iba pang kasama namin. Si Sir Apollo, si Victoria, Cain at si Gin. Nagtama ang mga mata namin ni Gin. Subalit napapitlag ako nang hilain ni Luna ang braso ko.

"Let's go." tahimik nitong sinabi.

Tumango lamang ako at sumunod. Pumasok kami sa loob ng open building. Bahagyang nakasisilaw ang ilaw na bumati sa amin. Hindi ito ang unang beses na nakarating ako dito. Minsan hinahatid ko si Lucas o ang Lolo ko kapag may kailangan silang puntahan sa ibang bayan. Nakasindi ang mga ilaw noong pumasok kami. Malamang ay inaasahan na kami. May ilang tao akong nakita doon. Mga nakauniform na guard at iba pang tauhan ng station.

Pinagmasdan nila kami. Sila na ba ang grupong sasali? Makakabalik kaya sila ng buhay o ito na ang huling pagtapak nila sa Hesperia? Kahit nakapoker face sila at mukhang professional tingnan, halata ko ang pangamba at paghanga sa kanilang mga mata. Binati ni Miss Aura at Sir Apollo ang isang lalake doon na naghihintay para sa amin. Lumapit kami nang bahagya sa riles, riles na dumadaan sa mga district ng East kung saan kami ang isa sa pinakadulo.

Nakita namin ang sasakyan naming train na nakaparada na sa riles. Isa itong silver-ish na train na may katamtamang haba at mukhang ngayon lang gagamitin. Mukha itong bago. Napagtanto ko na ang kinakausap nina Sir Apollo ay ang Captain o ang magmamaneho nito. Ilang minuto pa ang lumipas ay pinapunta na kami sa tapat ng pintuan ng train. Tahimik na bumukas ang sliding door nito.

"Huling tapak sa lupa ng Hesperia." narinig kong biro ni Cain na dahilan para mapa-paused ako sa pagtapak sa loob.

Napakurap ako at bahagyang napangiti sa biro niya. Tama ka, Cain. Ito na ang huli. Agad akong pumasok sa loob at pinagmasdan ang paligid. Katamtaman lamang ang liwanag sa loob. Hindi sobrang nakasisilaw. Bumungad din sa amin ang mabangong amoy. Parang amoy ng mga kwarto sa Titan Academy. Amoy fresh na bulaklak at scented oil. Hindi ito mukhang train. Lalong lalo na sa loob. It looks like a mini hotel! Pinagmasdan ko ang mga kasamahan ko. Mukhang hindi na sila nagulat sa nakita. Ibang iba ito sa train na alam ko. Hindi sila ganito kaganda o kalinis o kabango. Tumapak ako sa carpeted na hallway. For fucks sake, carpeted ang hallway ng train! This is ridiculous.

Sinundan ko ang mga kasamahan ko at nakarating kami sa isang compartment na mukhang living room. May mga silya, mesa, sofa, at higit sa lahat ay miniature chandeliers. Napanganga ako. Dumako ang tingin ko sa bandang likod nito, mukhang isang malit na kitchen station. Sinilip ko din ang compartment sa kabilng dulo, sa direction kung saan kami nangaling, nakita ko na tila may mga kwarto pa doon. Gusto kong matawa. Sa huling pagkakataon, ginulat ako ng walang kwentang economic system ng Hesperia.

Pumasok sa loob si Miss Aura at Sir Apollo. "Nasa harapan na ang Captain at papaandarin na ang train." sinabi ni Miss Aura. "May mga crews dito sa loob ng train para sa mga kailangan natin katulad ng pagkain at necessities sa mga kwarto at facilities sa loob ng train. Hangat maaari ay magpahinga kayo. We have a long day ahead."

Sumangayon ang mga kasamahan ko. Ngunit walang gumalaw mula sa kinatatayuan namin. Nagka tinginan kami. "What are you guys waiting for?" tanong ni Sir Apollo. "Alas kwatro palang ng madaling araw. Mamayang hapon pa tayo makakarating sa pupuntahan natin. You should get some sleep. Ayokong dumating tayo doon na mukhang walang pahinga o tulog."

Naghikab si Cain. "Yeah. Kung ganoon, una na ako, guys. Gisingin niyo nalang ako kapag breakfast na."

Naglakad siya sa kabilang dulo ng train papunta sa mga kwarto. "Mabuti pa nga." sangayon ni Victoria na sumunod kay Cain.

"Oh well." sinabi ni Ethan at sumunod na din.

Sumunod kami ni Luna. Bahagya akong napalingon kay Gin na nasa likuran lang namin. Akala ko susunod na din siya. Subalit narinig ko ang boses ni Sir Apollo na tinawag siya.

"Sandali, Gin."

Hindi ko maiwasan na mapalingon. Bakit? Kailangan ding magpahinga ni Gin. Pinagmasdan ko sila at nakitang agad tumalima si Gin. Bumuntong

hininga ako. Sinabi ni Luna na kailangan na namin silang iwanan doon kaya wala akong nagawa kundi sumunod papunta sa mga kwarto. May limang magkakatapat na compartments sa loob. Sa bawat compartment ay isang maliit na kwarto na may puting kama, cabinet, at mesang may lampshade. Kinuha na ng tatlong ang mga nasa unahan kaya sa bandang dulo kami ni Luna.

"Good night, Shia. See you later." nakangiting sinabi nito bago pumasok sa compartment na napili niya.

"Good night." sinabi ko at pinagmasdan siya hangang sa sinara niya ang pinto ng kanyang kwarto.

Naging tahimik ang hallway. Ang tanging nararamdaman ko ay ang bahagyang pagyanig ng sahig na tinatapakan ko dahil sa pag andar ng train. Nanatili akong nakatayo doon. Maya maya pa, naramdaman ko ang marahan na paghinga ng mga kasamahan ko na ibig sabihin na tulog na ang ilan sa kanila. Bumuntong hininga ako at sa halip na pumasok sa sarili kong kwarto, pinili kong maglakad lakad. Sinundan ko ang hallway papunta sa kabilang dulo ng train at nakita ang isang mukhang living room doon katulad ng nasa bandang harapan kung nasaan sila Gin. Pinagmasdan ko ang tahimik na paligid at mamahaling mga gamit. Bumaling ang paningin ko sa mahabang kurtina na bahagyang tinatakpan ang bintana. Pumunta ako doon at bahagyang hinawi ito. Doon ko napagtanto na isa itong sliding door papunta sa isang tila terrace sa labas.

Napalingon ako sa hallway kung saan ako nangaling. Wala akong natatandaan na sinabi nilang bawal gamitin ang terrace. Kinabig ko pabukas ang pinto subalit nakalocked ito. I frown. Linibot ko ang tingin sa living room at naghanap ng magagamit para buksan ito. Isang letter opener ang nakapatong sa mesa malapit sa lamp shade. Kinuha ko yon at sinubukang sirain ang lock ng pinto. Hindi ito matulis pero gamit ang tamang pwersa ay nagawa kong sirain ang keyhole. Oops. Nakarinig ako ng mahinang click. Bahagya kong hinila ang sliding door at bumukas ito. Halos mapaatras ako sa hangin na bumungad sa akin. Kaya naman pala nakalocked ito. Mabilis na pumasok ang hangin sa loob at winagayway ang mga kurtina. It was like a breath of fresh air dahil kabaligtaran nito ang tila kulob at tahimik na atmosphere sa loob.

Lumabas ako sa terrace at bahagyang sinara ang pintuan sa likod ko. Pinagmasdan ko ang paligid. Napakabilis ng takbo namin. Maging ang nakapony tail kong buhok ay nawala sa pagkakapusod dahil sa lakas ng hangin. Pilit kong hinawakan ang mahabang buhok ko na naglalaro sa hangin. Muli akong bumaling sa madilim na paligid. Dumadaan kami ngayon sa isang malawak na bukirin o lupain. Wala akong makitang anino man lang ng bahay. Nasa elevated part ang riles at kitang kita ko ang malawak na kadiliman sa harap ko. Puno ng matataas na talahib at puno ang gilid ng riles. I wonder kung bangin ang nasa ibaba nito. Kung tatalon ba ako ngayon, mabubuhay ako? Kung tatakas ako ngayon, kakayanin ko ba?

Napakurap ako sa mga iniisip ko. Hindi. Hindi ko gagawin yon. Nakapag desisyon na ako. Muli akong bumaling sa kalupaan sa harap ko. Bahagya akong pumikit at pinakiramdaman ang marahas na hangin na tumatama sa mukha at balat ko. Alam kong nakalampas na kami sa town proper ng bayan kung saan nakatira ang karamihan ng mga tao. Tanging mga bukirin, gubat, at burol nalang ang makikita mo bago ka tuluyang makaalis sa bayan ng Hesperia. Napahawak ako sa railings at mas naglean sa labas ng train. So this is it, huh? My last day in Hesperia.

"A little push and you're dead."

Bigla akong dumilat nang marinig ko ang boses na yon. Hindi ko na alam kung ilang minuto akong nakatayo doon. I lost track of time the moment I closed my eyes. Napakurap ako at napalingon sa lalakeng ngayon ay nasa tabi ko na. Nakalean ang braso niya sa railings tulad ko. Tumatama sa mukha niya ang buhok ko kaya naman pilit kong hinawakan yon.

"Gin." I said, out of breath.

"Picking the lock with a letter opener and now leaning on the railing of a fast-moving train. Very typical of you, Shia."

Bahagyang kumunot ang noo ko sa sinabi niya. Is that supposed to be sarcasm? Pinagmasdan ko siyang mabuti. Nakatingin siya sa di-kalayuan at hindi man lang lumilingon sa akin. Pinagmasdan ko ang features niya sa kakarampot na ilaw mula sa loob. Ang noo niya na madalas nakakunot lalo na kapag hindi gusto ang nakikita, ang kilay niya na nakataas kapag may

ginawa kang masama o pinag aaralan ka, ang mga mata niyang nakakatakot tumingin kapag galit, ang matangos niyang ilong, ang matikas niyang panga na nakakadagdag sa pagiging intimidating niya, at ang kanyang mga labi, minsan nakasimangot, minsan nakangisi, pero kapag ngumiti siya ay nawawala ang lahat ng nakakatakot na features niya at nakikita ko si Gin- hindi bilang Team Captain o anak ng Headmaster- kundi si Gin na naglalasing para makalimot, si Gin na may magulong pamilya, si Gin na laging second best, si Gin na bata palang ay nasa kanya na ang pressure na maging tulad ng Ama at kapatid niya, si Gin na hindi kayang ipagmalaki ng Ama niya.

Lumingon si Gin at napansin na nakatingin ako sa mga labi niya. Hindi ko inalis ang tingin doon. Tuluyan akong humarap sa kanya. Ini-angat ko ang kamay ko para hawakan ang mga features niya. Naramdaman kong natigilan siya sa ginawa ko. Tahimik ang paligid maliban sa malamig na hangin na pumupuno sa pandinig ko at tumatama sa likod ko. Gusto kong imemorize ang bawat detalye ng mukha niya, mula sa pagkunot ng noo niya, sa dulo ng ilong niya, sa kilay niya, at sa labi niya.

Akala ko dati magkaibang magkaiba kami. Hinding hindi kami magkakasundo. Pero may pagkakapareho kami. Pareho naming kinailangan ang isa't isa noong mga panahon na akala namin ay walang makakatangap sa amin. I often wonder, why me? Of all people, why me, Gin? But now I realized the answer. We are seeking home in a place like hell and we found it in each other. We made hell feels like home. And I think that's the most important part of what we have. Acceptance. Belonging. Flaws, mistakes, fears, and all.

But Gin has a life ahead of him. A life without me. Napayuko ako nang maramdaman ang pangingilid ng luha ko. Nakaharap ako sa dibdib niya at alam kong nakayuko siya at pinagmamasdan ako.

"Shia," His comforting voice made my hand, still placed on his face, slightly tremble. Mabuti nalang bahagyang tinatakpan ng nililipad kong buhok ang mukha ko para hindi niya makita kung paano ako nahihirapan, marinig lamang ang boses niya. Bahagya niyang hinawakan ang chin ko para matitigan niya ako. Ngumiti siya. "Everything is going to be fine."

Pilit akong ngumiti sa sinabi niya. Gin, it's not. Unti unti kong binaba ang kamay kong nakahawak sa mukha niya subalit hinawakan niya ang palad ko para pinigilan yon. Naramdaman ko ang init ng palad niya sa kamay ko. At gamit ang isa pang palad na nasa chin ko, hinawi niya ang buhok ko at hinawakan ang side ng mukha ko. Saka niya ako hinila palapit.

Gin, can I ask you something?

Naramdaman ko ang mainit niyang labi sa labi ko. Unti unti nang sumisilaw ang liwanag sa di-kalayuan na nabibigay ng kulay sa madilim na langit. I responded with the kiss, cherishing every second of it. Because I know it would be the last. Napapikit ako at tuluyang tumulo ang luha ko.

Can you forgive me after this?

Chapter 34: Watch Tower

Chapter 34: Watch Tower

Nagising ako dahil sa narinig na ingay mula sa pintuan ng aking kwarto. Hindi ko ito pinansin at nanatiling nakahiga sa kama. Tinakpan ko ng kumot ang mukha ko at muling pumikit. Pero maya maya pa, narinig kong muli ang pagkatok at ang boses ni Luna.

"Shia, kailangan mo ng lumabas. Halos nandito na tayo."

Muli kong binuksan ang mga mata ko dahil sa sinabi niya. Binaba ko ang kumot at pinagmasdan ang maliwanag na kwarto kung saan pumapasok ang liwanag ng papalubog na araw mula sa bintana. Bahagya akong napakurap dahil hindi agad nagsink in sa akin kung nasaan ako.

Muli kong narinig ang pagkatok sa pintuan. "Shia, gising ka na ba?"

Umupo ako sa kama at wala sa sarili na nakatitig sa aking kwarto. Wala na nga pala ako sa Titan Academy. "Susunod ako, Luna." sagot ko habang inaayos ang aking magulong buhok. "Mauna ka na."

Nagkaroon ng panandaliang katahimikan sa kabilang parte ng pintuan bago sumang ayon si Luna. "Okay, Shia. Just hurry up." Narinig kong naglakad na ito palayo. Bumuntong hininga ako at tumingin sa labas ng bintana.

Mabilis parin ang takbo namin at ramdam ko ang marahang pagyanig ng sahig na tinatapakan ko. Hapon na. Ibig sabihin malapit na kami. Hindi ko alam kung ilang minuto ang lumipas bago ako tuluyang lumabas. Tahimik sa hallway. Naglakad ako papunta sa unahan kung saan makikita ang living room na parte ng train. Nang makalapit ako, nakita ko agad ang lahat ng mga kasamahan ko. Hindi pa nila napapansin ang pag dating ko kaya naman malaya ko silang pinagmasdan.

Magkakasama si Cain, Luna, at Ethan habang nakaupo at may pinag uusapan. Si Victoria ay may hawak na tasa ng tsaa at tila ba walang pakialam sa paligid niya. Si Miss Aura ay binabasa ang schedule ng grupo. Si Sir Apollo at Gin ay seryosong nag uusap sa sulok. Tahimik kong pinagmasdan si Gin.

Gusto ko siyang lapitan. Gusto ko siyang hawakan o yakapin o kahit manatili lang sa tabi niya hanga't maaari. Pakiramdam ko ay hindi sapat na nakikita ko lang siya sa harapan ko. Gusto ko siyang makasama kahit hangang sa matapos lamang ang byaheng ito.

Napalingon si Gin sa direction ko nang mapansin ang pagdating ko. Agad na umaliwalas ang nakakunot niyang noo nang makita ako. Bahagya siyang ngumiti. Natatakot ako, Gin. Pwede bang tumigil nalang ang oras? Ayoko ng matapos ang byaheng ito.

Pilit akong ngumiti at ginawa ang lahat para umiwas sa tingin ni Gin. Naglakad ako papunta sa bintana at pinagmasdan ang paligid. Nag bago na ang terrain na dinadaanan namin. Kung kanina ay halos walang katapusang patag na kalupaan, ngayon ay bundok at kagubatan ang nadadaanan namin. Mukhang malapit na nga kami.

Napatingin ako sa unahan ng train at nakita ang isang kakaibang bagay na malayo sa berdeng paligid. Sa likod ng mga bundok na nasa harapan namin, isang silver na building ang matayog na nakatayo at litaw na litaw ang

kumikintab nitong tore habang nasisinagan ng araw. Kumunot ang noo ko habang pinagmamasdan ito na unti unting napapalapit sa amin.

"We're almost here."

Bahagya akong natigilan dahil sa sinabi ni Miss Aura. Ano bang nasa likod ng mga bundok na yan? Naririnig ko ang mahinang usapan nina Luna tungkol sa location ng Linus Cup pero habang papalapit kami sa toreng yon ay unti unting tumatahimik ang mga kasama ko.

Isang tunnel sa pagitan ng dalawang bundok ang nasa unahan namin. Tila yon ang nagsisilbing entrance sa kung saan man lugar hihinto ang train. Lumipas ang ilang minuto at bumungad sa amin ang madilim na entrance nito, hangang sa tuluyan ng binalot ng dilim ang buong paligid.

Nag iba ang ihip ng hangin sa loob ng tunnel. Tila hinihigop kami ng mismong kadiliman. Walang gustong umimik. Kasabay ng pagkawala ng liwanag sa paligid ay napalitan ng tensed na atmosphere ang loob ng train. Dahil malinaw sa amin na sa muling pagdaan ng train sa lagusan na ito, ay maaaring hindi na kami makasama sa pag uwi.

Lumipas ang ilang minuto ng katahimikan bago kami nakakita ng kakarampot na liwanag mula sa harapan ng train. Hangang sa unti unting natalo ng liwanag mula sa labas ang kadiliman at muli kaming binalot ng matingkad na kulay ng liwanag mula sa papalubog na araw.

"Whoa."

Si Cain ang unang nangahas na sumira sa katahimikan. Tumayo siya mula sa kanyang silya at pumunta sa tapat ng bintana para tingnan ang paligid. Sumunod si Luna. Tahimik kong pinagmasdan ang dinadaanan namin.

Bumungad sa unahan namin ang isang kakaibang building. It was the epitome of the word 'artificial' kung ikukumpara sa natural na kulay ng paligid. It was made of silver and glass. At mataas ito, like a watch tower. Nawala ang natural na daan kung saan makikita ang lupa at halaman at napalitan ito ng metal train tracks na nakalagay sa elevated na lupa sa gitna ng... tubig? What the fuck?

Muli akong bumaling sa dinaanan namin. Nandoon parin ang dalawang higanteng bundok at ang tunnel sa gitna nito, pero mukhang ang tunnel na yon lamang ang pwedeng daanan papasok mula sa pinagmulan naming direction. Dahil sa ibaba ng mga bundok ay may metal field na naghi-hiwalay sa lupa at sa tubig. How is it even possible?

Binalik ko ang tingin sa harapan. Puro tubig ang nakikita ko maliban sa makitid na lupang dinadaanan ng train at sa pabilog na artificial landmass sa gitna kung saan nakatirik ang building. Pakiramdam ko ay nasa gitna kami ng dagat. An artificial one. Nang makalapit nang tuluyan ang train sa building, doon naging malinaw sa akin ang structure ng lugar na ito. It was web-like. Nasa pinakagitna ang silver building, pinalilibutan ito ng mga makikitid na lupa kung saan dumadaan ang train mula sa iba't ibang direction ng mga bayang sasali sa Linus Cup.

Nagpatuloy ang byahe namin at nanatili ang tingin ko sa labas. Hindi ko alam kung nasa dagat ba kami. Wala akong makitang alon. Everything seems man-made. May mga silhouettes ng bundok at kalapuan sa hindi kalayuan. Subalit isang kakaibang bagay ang napansin ko. Force field is being use. I can see noticeable traces of it. The way the sceneries itself seems moving similar to the way a curtain steadily sways beneath a lone gust of wind, the random spots of swirling spaces, creating a weird spectral light in mid-air. Alam na alam ko ang mga bagay na ito dahil isa ito sa mga iniiwasan kong puntahan noong nakatira pa ako sa bayan- ang mga lugar na may force field.

We entered what seems like a gate or an arch. Isang metal na arko na nakatirik sa magkabilang side ng riles. Napansin ko ang green na laser na tila ba ini-scan ang buong sasakyan habang dumadaan kami. Dumaan ang manipis na liwanag nito sa bintanang nasa harapan ko. Nang makalampas na ang buong train sa arko, bigla kaming nakarinig ng kakaibang ingay. Isang mechanical at walang tonong boses ng babae ang pumailanlang sa paligid.

"Welcome, Team Hesperia. Please proceed to Station 5."

Nagkatinginan ang grupo. Tila lahat kami natigilan. "I guess we're here." Luna stated with a hint of uneasiness in her usually calm voice. Doon unti

unting bumalot ang familiar na kaba sa sistema ko. Makakalabas lang kami sa lugar na ito gamit ang mga train ng kanya kanyang bayan. There's no other way out and we're not even in the arena yet.

Bumagal ang takbo ng train at unti unting lumuwang ang dinadaanan namin. Halos nasa tapat na kami ng silver na building. Paikot ang isla o kalupaan kung saan ito nakatirik. Puti, silver, at itim, ang tatlong nangingibabaw na kulay sa paligid. Napakalinis tingnan ng lahat at napakatahimik. Tila walang tao. Walang makikitang ano mang natural sa lugar tulad ng halaman o lupa. Ang building at ang labas nito ay binabalutan ng puti at makintab na sahig.

Muling binalutan ng kadiliman ang paligid. Pumasok ang train sa isa nanamang mukhang tunnel na daan. Pero ngayon ay may mga ilaw na sa bawat sulok nito- ilaw at mga security cameras.

"You are now entering Station 5."

Naramdaman namin na pababa ang takbo ng train. Tila ba isang underground station ang tinutukoy ng monotonous na boses. Paglabas ng train sa tunnel, doon bumungad sa amin ang iba't ibang klase ng ingay. Mga tunog ng metal, pagyanig ng sahig, mabibilis na yapak ng mga paa, nakaka iritang tunog ng mga gulong na kumikiskis sa sahig, mga taong walang tigil sa pag uusap. Bahagyang nag adjust ang mga mata ko para makita ang paligid. Binabalutan ito ng synthetic na liwanag mula sa mga naglalakihang mga ilaw sa itaas. Ang sahig sa tabi ng riles ay puting puti at halos makita ang buong reflection ng train.

"Ang first level ng underground ay para sa work room at central station kung saan hihinto ang lahat ng train na papasok sa premises ng building." sinabi ni Miss Aura na naghahanda na sa pagtayo.

Tila hindi na nagulat dito si Ethan at Gin. Oo nga pala, pamilya sila ng mga dating kasama sa Linus Cup. Malamang ay naranasan na nila o nakita ang mga bagay na nakikita namin sa unang pagkakataon.

Tumikhim si Sir Apollo at tuluyang tumayo. "Nandito na tayo."

And sure enough, unti unting huminto ang train na sinasakyan namin. In a smooth, screeching stop, natapos na sa wakas ang halos buong araw na byahe namin. Napalingon ako sa direction ng pintuan nang maingay itong bumukas na tila nagbabagang metal na binuhusan ng tubig. Pumasok sa loob ng train ang boses ng babae mula sa intercom sa labas.

"Team Hesperia has arrived."

Bumaba kami sa train. Una ay si Sir Apollo at Miss Aura, kasunod si Luna, Cain, Victoria, ako, si Ethan at si Gin. Bumungad agad sa amin ang kakaibang amoy na malayo sa mala rose scented interior ng train. Ang hangin ay amoy metal- like the smell of fresh smooth iron and cleaning substance. Napalunok ako. Pakiramdam ko naso-suffocate ako sa kawalan ng natural na hangin sa lugar na ito.

Madaming tao sa paligid. Pero lahat sila busy, nagmamadali, o may importanteng ginagawa. At halos lahat sila ay nakasuot ng puting uniform na madalas ay sa laboratory lang nakikita. May mga mask sa bibig at gloves sa kamay habang tulak ang mga metal na kahong may gulong na hindi ko alam kung ano ang laman. Napalingon ang iba sa amin, pero hindi nagsalita, at agad ding bumalik sa kanya kanyang ginagawa.

May sumalubong sa aming babae. Naka uniform ito ng navy blue pencil skirt, puting blouse at itim na vest. Naka suot din ito ng itim na heels na gumagawa ng ingay sa sahig habang naglalakad siya papunta sa amin. Maayos na naka-pusod ang kanyang buhok at walang kahit isang gusot sa suot niyang damit.

"Welcome to the Underground Level of the Linus Building. Team Hesperia, please follow me."

Mas masigla ang boses niya kesa sa babaeng nasa intercom. Naglakad siya sa unahan, sumunod ang buong grupo. Ayon sa kanya ay nahahati ang building na tinatapakan namin sa tatlong parte. Ang una ay ang mga floors sa underground level. Dito makikita ang central train station, work station, underground operating system, underground transportation at kung ano ano pang hindi ko maintindihan. Sa pangalawang parte ay ang Hotels kung saan tutuloy ang mga Heads ng iba't ibang bayan, mga school officials, at mga

magulang. Pang huli ay ang Watch Tower sa pinakaitaas. Kung saan manonood ang mga tao ng Game mula sa mga security cameras na naka install sa arena.

Habang naglalakad hindi ko maiwasan mapatingin sa buong paligid. May ilang malalaking entrance gate ang nakabukas at sumisilip mula doon ang kakarampot na langit mula sa labas. Sa mga entrance din na ito makikita ang mga riles ng train papasok sa loob ng building mula sa magkakaibang direction. May mga train na nakahinto na sa station tulad ng sa amin samantalang ang ibang tracks ay bakante pa.

Pinagmasdan ko ang mga stations at signs sa itaas ng mga ito. Station 1: Dione. Station 2: Kimmye. Station 3: Shou. Station 4: Shinoa. Station 5: Hesperia. Station 6: Prum. Station 7: Boran.

Tumigil ako sa paglalakad nang makita ang Station 7. Wala pang nakaparadang train doon. Hindi pa sila nakakarating. Pakiramdam ko bigla akong nanghina isipin lamang na ano mang oras mula ngayon ay nasa iisang lugar na kami ni Lucas. Kailanman hindi ko naisip na sa ganitong paraan kami magkikita.

Umiwas ako ng tingin sa mga station at binalik ang attention sa grupo na halos nakalayo na. Naglalakad sila sa isang dimly lit na corridor palayo sa mga stations at work room. Nagmadali akong sumunod. Doon ko napansin na wala na si Gin at Sir Apollo sa grupo.

"Nasaan si Gin?" tanong ko kay Luna nang makarating ako sa tabi niya.

Bahagya siyang napalingon sa akin. "They need to meet the Heads to inform the official arrival of our team." sagot niya. Oh.

Sumakay kami sa isang metal elevator para makapunta sa lobby sa itaas. Kumpara sa underground ay halos walang laman ang lobby. Bilang lamang ang mga taong nasalubong namin. Puting pader at sahig, itim na mga palamuti, silver na mga bagay tulad ng frames at vase, yon lang ang nakikita ko. Why is everything so calm and serene? Malayo ito sa inaasahan ko. It was a game, a survival game. Pero para sa kanila tila ba isa lamang itong procedure- an examination.

Binigay kay Miss Aura ang card para sa sariling hotel suite ng grupo. It was on the 48th floor. Tahimik kaming pumasok sa elevator. Tila hindi pa nagsi-sink in sa akin at mga kasamahan ko na nandito na nga talaga kami. Nang makarating kami sa designated floor ay agad kaming pumasok sa naka assign na suite para sa amin. Laking pasalamat ko dahil kahit paano ay mukha itong normal. May kulay ang mga gamit katulad ng maroon na carpet at brown na sofa. Habang nililibot ko ang paningin sa kabuuan ng suite, muling pinaalala ni Miss Aura ang schedule ng mga activities hangang sa mismong laro na official na magsisimula bukas.

"Tomorrow is the official opening day of the Linus Cup." sinabi nito. "We'll have The Introduction to the Council at nine o'clock in the morning. At sa hapon naman ay ang opisyal na pagpapa-alam sa inyong mga magulang. You'll be isolated from anyone starting at six o'clock in the evening. Hindi niyo na maaaring makita ang mga kasamahan niyo o sino mang mula sa Hesperia. And in the morning, you'll be transported to the arena."

Pilit kong hindi pinakingan ang mga sinabi ni Miss Aura. Hindi dahil wala akong pakialam kundi dahil ayokong marinig ang mga salitang magdidikta ng kaligtasan o kamatayan namin. I know she's trying to sound proficient and calm. Subalit ramdam ko sa boses niya ang pangamba at takot. At hindi ko man gustong aminin ay pareho kami ng nararamdaman. Pumunta ako sa kwarto kung saan makikita ang naka assign na bedroom namin. Binuksan ko ang pinto at nasilayan ang interior nito. Simple. Walang masyadong gamit. Hindi na dapat ako nagtaka pa. Isang gabi lang naman itong gagamitin.

Pumunta ako sa glass wall na natatakpan ng manipis at puting kurtina. Marahan ko itong hinawi. Bumungad sa akin ang view sa harapan ng building, ang tila dagat na nakapalibot sa amin at ang mga makikitid na metal train tracks na parang sapot na papunta sa gitna. Pero hindi doon napako ang attention ko. Napakurap ako at mas lumapit sa glass wall. It created a sudden light electrical buzz nang dumampi ang palad ko sa salamin. Agad kong inalis ang palad ko. Security features. I scoff. Hindi ba sila nasobrahan ng higpit? It's just a freaking glass wall. Tingin ba nila ay may makakatakas pa sa lugar na ito?

Bahagya na lamang akong lumayo sa wall habang pinagmamasdan ang bagay na napansin ko. I was staring at it- the arena. Tama ako. Hindi totoo ang mga sceneries na napapansin ko kanina. Ginamit nila ang mga force fields para takpan ang totoong bagay na nasa harapan ng building na ito. Siguradong ilang metro lang ang taas ng force field na yon, dahil mula dito sa floor na kinatatayuan ko, kitang kita ko ang malayong isla kung saan maaaninag ang silhouette ng mga puno at bundok, puting guhit ng mga ilog, at ilang pula at berdeng ilaw na ngayon ay litaw na dahil sa papalubog na araw.

Pilit kong kinalma ang sarili ko habang nakatitig sa lugar. Malayo ang building sa mismong arena but with the proper devices and technicalities I'm sure as hell mapapanood mula dito ang mismong nangyayari sa arena. Maybe that's the reason why the upper part of the building is called the Watch Tower. Pakiramdam ko bigla akong nawalan ng hininga dahil sa mga naiisip. I wonder kung ganito din ba ang ginagawa ng ibang grupo na ngayon ay nasa kanya kanya na nilang mga suites. Pinagmamasdan din ba nila ang lugar kung saan sila maaaring mamatay?

Hindi ko alam kung ilang minuto akong nakatayo sa tapat ng glass wall habang naka titig sa labas. Saka lamang ako bumalik sa kasalukuyan nang marinig ko ang isang boses sa intercom- the same mechanical female voice.

"Welcome Team Boran. Please proceed to Station 7."

Tuluyang nabura ang lahat ng iniisip ko dahil sa narinig. They are announcing every team's arrival. Pakiramdam ko ay biglang lumakas ang tibok ng puso ko. Si Lucas, nandito na si Lucas. Napa-atras ako mula sa glass wall na tila ba hindi alam ang gagawin. Walang alam si Lucas na nasa iisang lugar kami sa mga oras na ito. I need to see him. I need to talk to him.

Mabilis akong lumabas sa kwarto. Nasalubong ko si Miss Aura at si Luna na nagtatanong. "I just need to see something." sagot ko bago lumabas ng suite. May sinabi pa si Miss Aura pero hindi ko na masyadong narinig.

Sumakay agad ako sa elevator at halos nanginginig na pinindot ang button ng lobby. Gaano katagal? Maaabutan ko ba siya? Naghintay ako sa pagbaba

nito, napapamura ng mahina tuwing may nakakasabay akong nakauniform na mga taong nagta-trabaho sa building. Ang iba pinagtitinginan ako na tila ba nagtataka kung ano ang ginagawa ko sa labas. Pero wala na akong oras para pansinin sila. Nagtagal ang pagbaba ko kesa sa inaasahan. Nang bumukas ang elevator sa lobby ay tumakbo ako papunta sa isa pang elevator para sa underground. Habang tumatakbo, narinig kong muli ang intercom.

"Team Boras has arrived."

Shit! Nagmadali akong pumasok sa underground elevator at pinindot ang first level kung nasaan ang stations. I keep tapping my shoes on the metal floor because of impatience. Nang sa wakas ay bumukas ang pinto, muling bumati sa akin ang matinding liwanag at ang metallic na amoy ng hangin. Lumabas agad ako at halos patakbong pumunta sa Station 7. Halos tumigil ang paghinga ko nang makitang nakahinto na doon ang isang train na halos katulad ng sinakyan namin. Mabilis akong lumapit. Subalit agad akong natigilan nang isang babae ang lumabas doon, halos kasing edad ko lang siya. Mabilis itong naglakad paalis na tila ba siya na ang huling taong nandoon.

"Sandali guys, nahanap ko na!" narinig kong sigaw nito.

Dumako ang tingin ko sa direction kung saan siya nagmamadaling tumakbo. Sa isang madilim na corridor tulad ng dinaanan namin kanina, ilang silhouette ng mga tao ang nakita kong magkakasamang naglalakad. Nanatili ako sa gilid ng entrance at pilit sinilip ang mga ito. Hangang sa dumako ang tingin ko sa likod ng isang lalakeng tila ba familiar na sa akin. Nakikipag usap siya noong una, subalit bahagya siyang humarap nang marinig ang boses ng babaeng nagmamadaling abutan sila. At doon ko muling nasilayan ang ngiti na ilang buwan ko ding hindi nakita.

"Ang bagal mo talaga."

Natatawang sinabi nito. At halos manghina ako sa kinatatayuan ko. Naabutan sila ng babae at nagpatuloy sila sa paglalakad habang nag uusap. Tumalikod ako at walang nagawa kundi ang pigilan ang luhang gustong umagos mula sa aking mga mata. Tinakpan ko ang bibig ko para pigilan ang

aking paghikbi. Naalala ko ang araw na huli kong nakita ang mga ngiti niya, ang araw na nasa burol kami at nag uusap ng mga hinaing at pangarap namin.

"Shia! Ang bagal mo talaga. Tara na!"

Noong mga oras na yon pakiramdam ko walang pwedeng mangyaring masama sa amin. Pero sa isang iglap, tuluyang nagbago ang lahat. Ngayon ay pareho kaming lalaban sa isang survival game, magkaibang team, iisang dahilan. Pinahid ko ang mga luhang dumaosdos pababa ng pisngi ko. Alam kong nakapag decision na ako at kailangan ko itong sundin. Pero sa nakikita ko, hindi ko na alam kung ano ang gagawin ko. Natatakot ako.

Chapter 35: Choice

Chapter 35: Choice

Ilang oras bago ang opisyal na pagbubukas ng Linus Cup, pinagmamasdan ko ang labas ng Linus Building mula sa terrace nito sa 48th floor. Alas dose na ng gabi at ramdam ko ang malamig na hangin na tumatama sa mukha ko. Pinanood ko ang mga ilaw sa arena di-kalayuan sa akin at ganoon din ang mga tao sa ibaba ng building na gising pa.

Sinubukan kong lumapit sa safety railings ng terrace pero mahinang tunog ng kuryente ang dahilan kaya hindi ko magawang hawakan ito. Kaya nanatili na lamang akong nakatayo habang pinagmamasdan ang paligid. Sa itaas ay tila ba napakapayapa ng lahat. Maaaring tulog na ang ilan sa mga kasamahan ko sa suite at nagpapahinga na para bukas. Pero hindi ko magawang makatulog.

Mula sa kinatatayuan ko ay naaaninag ko ang mga suites sa building na may nakabukas pang ilaw. Malamang ang iba sa kanila ay hindi rin makatulog tulad ko. Ang kaibahan lang ay hindi ko gustong magsindi ng ilaw. Hinayaan kong balutin ng kadiliman ang paligid ko. Naramdaman kong may bumukas din na terrace door sa bandang ibabang floor kung nasaan ako. Naramdaman ko ang dalawang taong nag uusap pero hindi ko sila kilala o marinig ang pinag uusapan nila. Wala din akong pakialam.

Bumaling ang tingin ko sa suite na nasa bandang kanan ko sa ibaba. Ang 41st floor. Nakabukas ang ilaw sa isa sa mga kwarto na nagdudulot ng liwanag sa bakanteng terrace. Ang suite nila Lucas. Matapos ng ilang buwan ay sa wakas nakita ko na si Lucas. Ang dami kong gustong sabihin sa kanya. Nasa Titan Academy palang ako ay halos nakaplano na ito sa isip ko. Kung paano ko ipapaliwanag ang mga nangyari. Subalit lahat ng ito ay hindi ko nagawa.

Nakita ko siya pero hindi niya ako napansin. Hindi niya alam na nasa iisang lugar na kami. Ginusto ko siyang puntahan sa floor kung nasaan siya pero hindi ko maaaring gawin yon lalo na at nasa magkaibang grupo kami. Gusto kong matawa sa sitwasyon na kinasadlakan ko. Bakit nga napunta ang lahat sa ganito?

"Why are you still awake?"

Napapitlag ako nang marinig ang nagsalita. Lumingon ako at nakitang nakasandal si Gin sa door frame ng nakabukas na terrace at pinagmamasdan ako. Mula noong dumating kami sa building na ito ay ngayon ko lamang ulit siya nakita. Hindi ako sumabay ng dinner kanina kaya hindi ko alam kung nandoon siya. Tinitigan niya ako and I know he's thinking something deeply.

Humarap akong muli sa labas. Hindi ko kayang tingnan si Gin. Hindi sa ngayon. Baka hindi na kailanman. Natatakot ako na baka kapag tinitigan ko siya ay mabasa niya ang mga nasa isip ko. Funny to think of it that way pero ganoon ako natatakot sa mga gagawin ko.

"Are you scared?"

Natigilan ako sa tanong niya. Naramdaman ko ang paglalakad niya papunta sa akin. Please, stop. Don't get any closer, Gin. Baka masabi ko sayo ang lahat ng takot ko. Hindi ka pwedeng madamay dito. Mariin akong pumikit nang maramdaman ang presence niya sa likod ko.

"Are you thinking of him?"

Napadilat ako sa sinabi niya. What? Nanlamig ako at halos hindi mapalagay dahil sa sinabi niya. Does he know? Alam niya bang nandito si Lucas? Gusto ko sanang lumingon sa kanya subalit muli siyang nagsalita.

"I can never replace him there, can I?"

Nabigla ako nang mas lumapit si Gin sa akin. He encircled his arms on my waist at marahan na niyakap ako mula sa likod. Naramdaman ko agad ang init ng katawan niya na malayo sa malamig na hangin ng madaling araw. Halos hindi ako nakahinga. Nakalapat ang dibdib niya sa likod ko and I can feel his steady breathing and the beating of his heart. Napakaliit ko kumpara sa katawan niya. Halos hangang balikat niya lamang ako.

"Will you still be there for us when the Game starts?"

Tuluyan na akong nanghina sa mga bisig niya. He knows. Gin goddamn knows everything. Hindi ko kayang sagutin ang tanong niya. Ramdam ko ang mainit niyang hininga sa gilid ng mukha ko habang halos nakasandal siya sa balikat ko. Hindi ko alam. Hindi ko alam, Gin. Naramdaman kong mas hinila niya ako palapit sa kanya na tila ba natatakot akong mawala.

"Will I still see you after the Game?"

Umiling ako habang unti unting bumagsak ang mga luha na kanina ko pa pinipigilan. Halos gusto ko ng takpan ang bibig ko para hindi kumawala ang iyak na gustong lumabas dito. Gusto kong sumigaw. Halos manghina ako at mapaupo sa sahig dahil hindi ko na kayang tumayo. Gin, I'm sorry. I'm so sorry.

Naramdaman ko ang pagkalas ni Gin mula sa pagkakayakap niya sa akin. No no. Gin, please. Tuloy tuloy ang pagbagsak ng luha ko. Hinawakan ni Gin ang balikat ko at marahan akong ini-harap sa kanya. Tumitig siya sa akin at kinailangan kong umiwas dahil ayokong nakikita niya akong umiiyak.

"I know you made your choice, Shia. The moment we stepped out of Hesperia, you already made your choice." Hinawakan niya ang mukha ko at marahang pinahid ang mga luha sa pisngi ko. "And I know it's not me."

Umiling ako sa mga palad niya. Gin, no. Bahagya niyang hinawi ang buhok sa mukha ko at ngumiti. "But it doesn't change the fact that I'll still do anything for you." Mas lumapit ang mukha niya sa akin. "Anything." he whispered. "Even if I'm going to lose you this way."

Huminga siya ng malalim at tinitigan ako na tila ba yon na ang huling pagkakataon na titigan niya ako. "So rest, Shia. We have a long day tomorrow." at tuluyan na siyang lumayo mula sa akin.

Nagsimula siyang maglakad pabalik sa loob ng suite pero bigla ko siyang pinigilan. Hinila ko ang braso niya dahilan para tumigil siya. "Gin." I almost whisper. Lumingon siya sa akin and for the first time I saw the exhaustion he's trying to hide beneath his familiar penetrating gaze.

"Will you... stay with me?" Bahagyang kumunot ang noo niya sa sinabi ko. "Stay with me." sinabi ko. "For tonight. Even just for tonight."

--

Pinagmasdan ko ang mukha ni Gin sa tabi ko, ang nakapikit niyang mga mata, ang marahan na pagtaas at baba ng dibdib niya, ang mga braso niyang yakap yakap ako habang nakahiga kami sa kama. We're so close, yet so far at the same time.

Marahan kong hinawakan ang mukha niya. If only I know you would be this important to me. Pinigilan ko sana ang sarili ko para hindi tayo nahihirapan ng ganito. I'm sorry for making things hard for you.

Marahang gumalaw si Gin sa harap ko, naramdaman kong mas humigpit ang yakap niya sa akin. Biglang bumukas ang kanyang inaantok na mga mata at tinitigan ako. "Sleep, Shia." utos niya. Pilit akong ngumiti at mas linapit ang sarili sa kanya. Naramdaman ko ang mga labi niya sa noo ko at hinalikan ito.

"Good night, Shia."

Muli siyang pumikit at ganoon din ako. Pero bago yon, pinagmasdan ko ang mukha niya. Gin, if I could be selfish, I want to have you. But in a

place where freedom and lives of people like me could be in the hands of somebody else, there's no place to be selfish. So Gin, do everything to live, okay?

"Good night, Gin."

--

"WELCOME TO THE OFFICIAL OPENING DAY OF THE 23rd LINUS CUP!"

Napakaingay. Halos mabingi ako sa sigawan na naririnig ko sa labas. Hindi ko alam kung ilang tao ang nasa dome ngayong araw. Pero malaki ang dome na matatagpuan sa building. At sa umagang ito ay hindi lamang magulang o school officials ang nasa lugar, maging ang ilang piling estudyante at importanteng mga tao ng bawat bayan nandito.

Hindi ko mapigilan na kabahan habang nakatayo sa likod ng isang malaki at silver double door na naghihiwalay sa amin at sa mga taong nasa labas. Ilang minuto lang tatawagin na kami para lumabas. It's the official opening day of the 23rd Linus Cup. Ang huling araw namin sa labas ng arena.

Pinagmasdan ko ang mga kasama ko. Panay ang tap ng sapatos ni Luna sa sahig dahil sa kaba. Panay naman ang pagbuga ng malalim na hininga ni Cain. Maliban doon ay tahimik na kaming lahat sa madilim na hallway. Walang gustong magsalita. Lumipas ang ilang minuto at natapos ang speech ng kung sino mang nagsasalita sa harap. Humigpit ang hawak ng pinagpapawisan kong kamay sa hem ng formal na damit na suot ko.

"Ladies and gentlemen, let's start the program! Delegates from different districts, it's time for the Introduction to the Council."

Biglang bumukas ang pintuan na nasa harapan namin. Halos mapapitlag kaming lahat. Sumilay ang matinding liwanag na mabilis na kumalat sa madilim na hallway kung nasaan kami. Mas dumoble din ang nakakarinding ingay. Nang mag adjust ang paningin ko sa liwanag, ang una kong nakita ay ang silhouette ng taong nakatayo sa gitna at parte ng bleachers na puno ng tao.

"From the Northern District- Dione!"

Nagpalakpakan ang mga tao. Mukhang madami ang pumunta para manood sa kanila dahil halos dumagondong ang dome kung nasaan kami. Isa sila sa pinakamayan na bayan sa distritong kinabibilangan nila. Biglang nag dim ang liwanag kung saan nakatayo ang lalakeng nagsasalita. Maya maya pa, mula sa nakabukas na pintuan sa mismong tapat namin, anim na tao ang lumabas mula dito. Subalit hindi ko maaninag ang mga mukha nila. Masyadong malalayo.

"From the West District- the joint Team of Shou and Shinoa!"

Muling nagpalakpakan. Lumabas na ang Team mula sa pinagsamang bayan ng Shou at Shinoa. Pero mula sa direction namin ay hindi ko na sila makita. At nanatiling dim ang ilaw sa gitna ng dome kung nasaan sila. Nag patuloy ang pagtawag sa mga Teams.

"From the South District- Kimmyye!"

South. Ibig sabihin sila na ang susunod. Huminga ng malalim ang tagapagsalita bago sinabi ang sumunod na grupo.

"Also from the South District- Boran!"

Automatic na lumakas ang tibok ng puso ko nang marinig ang salitang yon. Pero hindi ko ito pinahalata sa mga kasama ko. Ang tanging nakakaalam lamang ng reaction ko ngayon ay si Gin.

Bahagya akong napalingon sa kanya. Tahimik at seryoso siyang nakatayo habang hinihintay ang pangalan ng bayan namin. Napaka-kalmado niyang tingnan. The aura of a Team Captain is back on him. The authority and confidence that, at this critical moment, only a Team Captain can possess.

"From the East District- Prum!"

Huminga ako ng malalim nang malaman na kami na ang susunod. Bumalik ang tingin ko sa harapan. Nasa harap ko na ang pagkakataon na matagal kong hinitay. Lucas, magkikita na tayo.

"From the East District- Hesperia!"

Nagsimula kaming maglakad papunta sa nakasisilaw na liwanag ng pintuan. We walk with our head held high with pride and the outmost confident we can muster at this moment. Rinig ko ang hiyawan ng mga tao sa paligid namin. Pinupuno nito ang pandinig ko. For a second, walang ibang nag exist kundi ang ingay at liwanag kung saan kami patungo.

Tila wala ako sa sarili noong mga oras na yon. Tila lumulutang ang bawat apak ko sa sahig. Bumungad sa akin ang maliwanag na paligid at ang mga mukha ng daan daang taong pinagmamasdan kami. They're cheering pero maging ang ingay ay tila naglaho sa pandinig ko.

Pinaakyat kami sa maluwang at dimly lit na stage. Muli kaming binalutan ng madilim na paligid. Napapitlag ako nang may humawak sa akin para alalayan na tumayo sa mga circular platform na nasa stage. Nang isa isa na kaming natayo sa ibabaw ng mga bagay na yon, muling nagsalita ang lalakeng nasa gitna namin.

"AND HERE IN FRONT OF YOU, LADIES AND GENTLEMEN, ARE OUR DELEGATES!"

Biglang bumukas ang ilaw sa stage. Nakakasilaw. Hindi ko alam kung saan ako babaling. May ilaw sa gitna, at may ilaw din sa gilid ng mga pabilog na bagay na tinatapakan namin. I squinted my eyes to see beneath the annoying lighting of the surrounding, subalit nang muling mag adjust ang paningin ko, isang tao ang napansin kong nakatitig sa akin.

Napakurap ito nang magtama ang paningin namin. Hindi makapaniwala. Humakbang siya, tila gusto niyang umalis sa bilog kung nasaan siya. Nanatili siyang nakatitig sa akin. Pinagmasdan niya ako- ang buong ako. Ngayon ay nakikita na naming lahat kung sino sino ang makakalaban namin. Dahilan para muli ko siyang makita. Ang familiar niyang mukha, ang brownish niyang buhok, at ang mga mata niya- those comforting deep hazel eyes that makes me feel like I'm home. Finally- nakauwi na ako.

Pero sa halip na titigan siya tulad ng ginagawa niya sa akin, nanatili akong nakatingin sa harapan ko. Nawawasak ako sa loob, pero kailangan kong

ipakita na buo ako, na kaya ko, at wala akong pakialam. Ramdam ko ang tingin ng mga tao sa amin, nasa pinakamalapit na bahagi ng stage ang mga matataas na taong galing sa Council. Hindi nila pwedeng mahalata na magkakilala kami ni Lucas. Sa sulok ng mga mata ko, nakikita ko parin siyang nakatitig sa akin, isang pinaghalong pagkalito, pag aalala, at matinding takot ang bumakas sa mukha niya.

Halos gusto ko ng bumitaw sa maskara ko at bumaling sa kanya, tingnan siya at ipaalam na ako nga ito- ang Shia na kilala niya. Napalingon kay Lucas ang mga kasama niya nang halos bumaba na siya sa bilog. Lucas, don't. Please don't stare at me that way. Kailangan mong magpakatatag. Kailangan mong tangapin ito. Nag aalangan na bumalik siya sa maaayos na pagkakatayo sa platform. At halos manghina ako nang muling marinig ang pangalan ko mula sa kanya.

"Shia."

Chapter 36: Stanford

Chapter 36: Stanford

Isa isa na kaming umalis mula sa stage. Tapos na ang Introduction to the Council. Tapos na silang pagmasdan kami habang tinitingnan sa mga folders ang pangalan namin, position sa grupo, at mga abilities na hawak namin. Sila lamang ang nakakaalam ng bagay na ito. Para alam nila kung sino ang tututukan pagdating ng mismong Game.

Bumaba ako sa stage kasama si Luna. At doon ko napagtanto na nanghihina ang mga binti ko. Halos mapahawak ako sa balikat niya para suportahan ang pagtayo ko. Napalingon siya sa akin, nagtataka. Pero pilit akong ngumiti at sinabi na nawalan lamang ako ng balanse. Pero sa totoo lang kanina pa ako nanghihina at nanginginig. Hindi ko alam kung napapansin ito ng mga taong nakamasid sa amin, maging ang Council. Habang nakatitig si Lucas, hindi ko maiwasan na manghina.

Bumalik kami sa pintuan kung saan kami galing. At ganoon din ang ibang grupo. Hindi ko ginustong lumingon para hindi na makita si Lucas.

Dumerecho kami palabas sa dome at pabalik sa main building. Tahimik ang daan kung saan kami naglalakad. Malayo sa mataong exit para sa mga nanood ng program. Nasa bandang hulian ako, kaya naman noong makalabas kami ng tuluyan sa dulo ng madilim na hallway, agad kong napansin na natigilan sa paglalakad ang mga kasamahan ko sa unahan. Nagtataka na nagpatuloy ako sa paglalakad para maabutan sila. Subalit noong makita ko ang dahilan kung bakit sila natigilan ay sana nanatili muna ako sa madilim na hallway.

Magkaka lapit ang pintuan kung saan palabas ang mga grupo. Mukhang nandito kaming lahat sa tanging exit na malayo sa mga tao at malapit sa main building. Nagkatinginan ang ilan sa amin, tila sandaling pinag aralan ang bawat isa, yong iba biglang nagbulungan habang pinagmamasdan ang ibang mga grupo. Nagpatuloy naman sa paglalakad ang iba na tila ba walang pakialam. Bahagya kong linibot ang tingin sa paligid subalit hindi pa lumalabas ang grupo ni Lucas. Nakahinga ako ng maluwag dahil doon. Hindi ko pa kayang harapin si Lucas sa mga oras na ito.

Unti unting naubos ang mga tao sa maluwang na hallway, sumakay ang ilan sa mga elevators na nasa unahan namin. Nauna ang iba kaya hinayaan na namin. Gin told us not to make a fuss with the other groups while we're outside the arena. Madami kaming oras para gawin yon kapag nagsimula na ang game. Nang halos ang grupo na namin ang susunod sa elevator, bigla akong natigilan nang may marinig akong familiar na pangalan.

"Lucas, okay ka lang?"

Napapaused ako sa pagpasok sa elevator. Narinig ko ang mga yapak ng grupo nila Lucas na palapit sa amin. Gusto kong lumingon pero alam kong hindi pwede. Nasa harap ko at naghihintay sa loob ng elevator ang mga kasama ko. At nasa likod ko si Lucas.

Nagtataka na tiningnan ako ni Cain. "Shia, pasok na." sinabi nito.

Huminga ako nang malalim, pilit kinalimutan ang presence ni Lucas, at tuluyang pumasok sa loob. Tiningnan ako ng mga kasamahan ko. Alam kong nagtataka na sila sa kinikilos ko lalo na si Luna. Umayos ako ng tayo at muling humarap sa labas. Habang unti unting sumasara ang pintuan ng

elevator, muli ko siyang nakita. Nakakatitig siya sa akin, ganoon parin ang kanyang reaction. Nagtataka, nalilito, naguguluhan. Napahakbang siya palapit sa amin habang panipis nang panipis ang siwang sa pintuan. Halos mapapikit ako dahil sa sakit na nararamdaman ko. Nagtatanong ang kanyang mga mata.

Shia, anong nangyayari?

--

Nagmamadaling mag bihis ang mga kasamahan ko. Hindi sila magkamayaw habang nasa suite kami. Ilang minuto na lang kasi bago ang opisyal na pagpapaalam sa mga magulang. Subalit sa halip na magmadali ay nakaupo lamang ako sa aking kama habang nakatingin sa glass wall at pinagmamasdan ang paligid. Wala akong mga magulang para paghandaan ang bagay na ito. At wala din akong pakialam. Nanghihina parin ako dahil sa mga nangyari kanina. Lucas didn't deserve this kind of torture. Wala siyang kaalam alam na magkikita kami dito. He looks so confused, so dazed. At natatakot ako dahil maaaring ang isa't isa ang dahilan kung bakit kami sumali sa larong ito. Kung maaari ko lamang sana siyang makausap nang hindi lumalabag sa mga patakaran ng laro.

"Shia?"

Napapitlag ako nang marinig ang pagkatok sa pintuan. Narinig ko ang boses ni Miss Aura na tinatawag ako.

"Bakit?"

Ang walang emosyon kong sagot. Pumihit ang knob at tuluyan siyang pumasok sa loob. Napakurap siya nang makita ako.

"Bakit hindi ka pa nakabihis?"

Pinagmasdan ko ang suot ko. Yon parin ang suot ko mula sa program kanina. "Do I have to?" tanong ko. "Wala akong magulang na pupunta." walang interest na sagot ko. Wala akong oras sa issue na ito ngayon. Masyado na akong madaming iniisip para paglaanan ng attention ang

kawalan ko ng magulang na matagal ko ng tinangap. Napansin ko na natigilan si Miss Aura.

"Some people want to see you."

Bumaling ako sa kanya na nakakunot ang noo. Subalit napansin ko na maging siya ay naguguluhan.

"Mr. and Mrs. Stanford want to see you."

Mas lalo akong naguluhan sa sinabi niya. Bakit? Anong kailangan nila sa akin? Napansin ni Miss Aura ang tahimik na tanong na bumakas sa mukha ko.

"Shia, this is a request from the Stanfords."

Tiningnan ko lamang siya. Bigla kong naalala ang mga nangyari sa akin kapag napapalapit ako sa mga Stanford. Hindi ko kailangan ang pagkalitong yon ngayon. Masyado na akong madaming iniisip.

"Please go."

Pero tulad ng dati, at sa huling pagkakataon, ay wala akong nagawa. This is the Stanford we are talking about. Ang isa sa pinakamakapangyarihang pamilya sa bayan ng Hesperia. Hindi maaaring tumangi ang tulad ko sa request nila. Kaya nagbihis ako ng damit na nakalaan para sa activity ngayong hapon. Isang dark blue formal dress. Pinagmasdan ko ang sarili ko sa salamin bago lumabas ng kwarto. For the last time, makikita ko ang pamilya Stanford. Ano nga bang mawawala sa akin? Matapos nito ay e-isolate na kami hangang sa dumating ang oras ng Game. Mabuti pang puntahan sila at malaman ang kailangan nila sa akin.

Lumabas ako sa kwarto ko at nakita na wala ng tao sa suite. Nakaalis na ang mga kasamahan ko at maging si Miss Aura. Lumabas ako suite at nakita ang isang babaeng naghihintay sa akin sa labas. Nakasuot siya ng uniform na nagpapahiwatig na nagtatrabaho siya sa building. Tinanong niya ang surname ko.

"Sheridan." sagot ko though hindi ko alam kung para saan yon.

Nagsimula siyang maglakad kaya sinundan ko lang. Dinala niya ako sa isang pintuan sa isa sa floor na nasa itaas namin. Bawat madaanan naming pintuan ay may nakalagay na pangalan. Grey. Hunter. Kingsley. Parson. Sarton. Malamang ay nasa loob na ang mga kagrupo ko at kasama na ang mga magulang nila. I even heard na nandito din si Priam. Biglang huminto ang babae nang makarating kami sa huling pintuan. Pinagmasdan niya ang sign na nasa pinto bago binalik ang tingin sa folder na hawak niya. Kumunot ang noo ko nang mabasa yon.

Stanford.

"We're here." sinabi niya.

Tiningnan ko lamang ang babae. Updated ba ang files na hawak niya? Surname ni Corrine, ang dating seer ng grupo, ang nasa harapan ko. Hindi ang akin. Tumabi ang babae na tila ba pinapapasok na ako sa loob. Hindi na ako umimik. Mukha namang hindi niya napansin ang kaibahan. Bumuntong hininga na lamang ako at hinawakan ang knob ng pinto para buksan ito.

Natigilan agad ako nang makita kung sino ang mga nasa loob ng kwarto. Nakatayo si Mr. Stanford malapit sa bintana at pinagmamasdan ang labas, tila kanina pa naghihintay. Samantalang nakaupo sa isa sa mga mamahaling sofa si Mrs. Stanford at panay ang haplos sa kamay niya na tila ba kinakabahan. At si Corrine. Nandito si Corrine. Ano bang nangyayari?

Napapitlag sila nang narinig na bumukas ang pinto at makita ako. Napatayo bigla si Mrs. Stanford, at napalingon sa amin ang asawa niya. Biglang lumapit sa akin si Corrine at niyakap ako. Okay?

"Shia, mabuti dumating ka. Akala namin hindi mo na kami pupuntahan."

Bakas ang matinding pangamba at relief a boses ni Corrine. Mas lalo akong naguluhan. Agad siyang humiwalay sa akin nang mapansin ang expression ko. Nag aalalang napalingon siya sa kanyang mga magulang na tila ba sinasabing sila ang kailangang humarap sa akin. Lumapit sa akin ang Mama

niya. Napaka ganda talaga ng Mama niya. Elegante at napakapinong gumalaw.

"Ja- Shia." sinabi nito sa tonong tila nanghihina. "Masaya akong makita ka bago ang Game."

This is weird. May kung ano sa expression ng mga taong kaharap ko na tila ba may alam sila at may kinalaman ako. Nabigla ako nang lumapit ang Mama ni Corrine at niyakap ako ng napakahigpit. Saka ito biglang umiyak. Hindi ako nakagalaw sa kinatatayuan ko. Sandali. Ano bang nangyayari?

"Hindi ko akalain... Nasa harap na kita... Alam kong ikaw..." May mga sinasabi siya subalit hindi ko maintindihan. Paputol putol ang boses niya dahil sa pag iyak. "Ginawa namin ang lahat para mai-alis ka sa laro... Pero huli na kami... Hindi na namin maaaring baguhin..."

Mas humigpit ang yakap niya sa akin. Gumalaw ang mga kamay ko, para yakapin siya pabalik. Pero agad ko yong pinigilan. Napatingin ako sa iba pang nasa kwarto, humihingi ng sagot. Sabihin niyo, anong nangyayari?

"Selene, huminahon ka. Pakiusap." sinabi ng asawa nito. "Hindi siya pwedeng maguluhan ng ganito. Hindi makakatulong ang ginagawa mo."

Biglang umalis mula sa pagkakayap sa akin ang Mama ni Corrine. Humarap siya sa kanyang asawa. "Edward, gumawa ka ng paraan. Do anything. Everything." halos pakiusap na nito.

"We did everything, Selene." tila nanghihinang sagot nito. "Pero wala na tayong oras para patunayan na siya ang hinahanap natin. The Linus Cup is our adversary here, a long time respected tradition. At kasali siya dito."

"Pero alam ko! Nararamdaman ko. Edward--"

Pinanood ko lamang sila. Hindi ko alam kung bakit pero pakiramdam ko hindi ako makahinga. Habang pinapanood ko ang nangyayari sa pamilyang nasa harap ko, ang paguusap nila, tila isang familiar at masamang pakiramdam ang unti unting bumabalik sa akin. The noise, the voices, the thin line of sound making the insides of my head whittle in pain. Hindi.

Hwag ngayon. Hindi ko kailangan ito ngayon. Pakiramdam ko masusuka ako. Gusto kong umalis. Sumasakit ang ulo ko.

Naging kalmado si Mrs. Stanford nang muling humarap sa akin. Maging ang asawa nito. Hindi ko alam kung ano pa ang ibang pinagusapan nila. Wala ng ano mang pumapasok sa isip ko. Lumapit si Mr. Stanford sa akin at marahan akong niyakap. Hindi ko nagawang gumalaw. Sumunod si Corrine, pinahid niya ang mga luha sa kanyang mata at ngumiti nang yakapin ako. Pinagmasdan ko sila. Hindi ko na alam kung ano ang magiging reaction ko. Lumapit sa akin ang Mama ni Corrine at muli ako nitong niyakap.

"Shia." sinabi nito. "Gagawin parin namin ang lahat para mailabas ka sa Game. Kaya sana gawin mo din ang lahat para manatiling buhay. Bumalik ka. Nakikiusap ako." Hinawakan niya ang gilid ng mukha ko at ngumiti kahit pa muling namumuo ang luha sa kanyang mga mata.

"Jane, my daughter."

--

Wala ako sa sarili noong lumabas ako sa kwartong yon. Pakiramdam ko lumulutang ang isip ko. Hindi ko na alam kung ano ang nangyayari. Natapos ang pag uusap ko kasama ang pamilya Stanford. Pinapunta ako sa isang kwarto kung nasaan ang mga kasamahan ko at ang mga pamilya nila. Hindi na sumama dito si Corrine at mga magulang niya. Matapos nilang mag paalam sa akin ay kinailangan din nilang umalis agad.

Nandoon ang Papa ni Luna, maging ang pamilya ni Cain at grandparents ni Ethan. Subalit wala doon si Gin o ang pamilya niya. At ang pamilya ni Victoria ay hindi na sumama sa maliit na pagtitipong yon. Mababait ang mga magulang ni Ethan, Luna, at Cain. Kinausap ako ng Papa ni Luna. Niyakap ako ng grandparents ni Ethan. At nakatunganga sa akin ang mga kambal na kapatid ni Cain na tila ba hindi makapaniwalang kaharap nila ako.

Pero hindi ko magawang suklian ang pagpapaalam nila o ang mga bilin nila. Dahil maging ako ay hindi na alam ang gagawin. Nakita ko ang mga

kasama ko na nagpaalam sa kanya kanya nilang magulang noong tumunog na ang hudyat ng pagtatapos ng oras para makasama sila. Umiyak si Luna na pilit pinapatahan ng kanyang Ama. Panay ang bilin ng mga grandparents ni Ethan lalo na ang Lola niya. At maingay na umiyak ang kapatid ni Cain na pilit niyang pinapatahan kahit siya mismo ay naiiyak na. Pinanood ko sila at hindi ko maiwasan na manghina sa nakikita. Bumalik sa akin ang sinabi ni Gin.

Will you still be there for us when the Game starts? Will I still see you after the Game? Pinahid ko ang hindi inaasahang luha sa pisngi ko habang pinagmamasdan ang mga kasama ko. I may not be there for them after the Game pero gagawin ko ang lahat para makabalik silang lahat ng buhay. Tuluyan na kaming nagpaalam sa kanila. Pinapunta kami sa suite para magpahinga, ayusin ang natitira pa naming mga gamit, at magpalit ng damit. Dahil matapos nito, pagtapat ng alas sais ng hapon, tuluyan na kaming mawawala sa mundo. We're going to be isolated from our own group, from parents, from the world. Hangang sa magsimula ang Game kinabukasan at makikita nalang namin ang aming mga sarili sa arena.

--

Hindi ko namalayan na nakatulog ako. Hindi ko alam kung dahil ba ito sa sakit ng ulo na naramdaman ko kanina. Pero pagmulat ng mga mata ko at nakita ang oras, halos mapamura ako. Labing limang minuto na lamang bago mag alas sais ng gabi. Shit. Nagmadali akong umalis mula sa kama. Mabuti na lamang nakapagbihis ako bago umidlip. Pinagmasdan ko ang aking kwarto para tingnan kung may iba pa akong nakalimutan. Saka ko napagtanto na isang gabi nga lang pala akong nanatili sa lugar na ito.

Bumuntong hininga ako bago nagmadaling lumabas. Tahimik na ang paligid. Abandunado na ang suite. Hindi man lang ba nila ako ginising? Paglabas ko sa suite, halos mabanga ko ang kung sino man na nakatayo sa tapat ng pintuan. Huminto agad ako bago pa kami magbangaan.

"Shit." asik ko dahil sa gulat.

Pinagmasdan ako ni Ethan saka ito natawa. "We're going to be isolated from the world and you're still your typical cursing self, Shia."

"Akala ko nandoon na kayo." sagot ko.

"Kaya pinasundo ka na sa akin dahil ikaw nalang ang wala." nakangiting tugon niya. "Tara na?"

Pinagmasdan ko si Ethan. Napaka kalmado niyang tingnan. Tila walang inaalala at hindi isang isolation ang pupuntahan namin. Sana kaya ko ding maging kalmado bago ang Game tulad niya. Dahil sa ngayon pakiramdam ko sasabog na ako. Hindi na malinaw ang mga bagay na pumapasok sa isip ko at wala na akong maintindihan. Pinipilit ko nalang na matapos ang bawat prosesong ito na hindi ko alam kung para saan o bakit ko ginagawa.

Nakarating kami sa designated underground floor para sa grupo, isa ito sa pinakamababang floor sa building na napuntahan ko. Mas mababa pa ito sa dome o sa underground station. At naging bahagyang madilim na ang paligid. Tumunog ang elevator kung nasaan kami ni Ethan. Nang bumukas ito, bumungad sa amin ang isang dimly lit na hallway. Narinig ko agad ang mga boses na nag uusap. Nang tuluyan kaming lumabas, doon ko napansin na maging si Miss Aura at Sir Apollo ay nandito kasama ang grupo. Nag uusap si Sir Apollo at Gin, samantalang kausap ni Miss Aura si Luna at Cain. Si Victoria tahimik lang. Lumapit kami ni Ethan kaya natigilan sila at napatingin sa amin.

Tiningnan ni Sir Apollo ang wrist watch niya. "We have five minutes left." sinabi nito. Humarap siya sa buong grupo at agad na nagsalita. "Pagpasok niyo sa mga passageway na yan, hindi niyo na kami muling makikita maliban nalang kapag kayo ang mananalo." Pinagmasdan ko ang mga silver na pintuan sa hallway na tinutukoy ni Sir Apollo. "Tandaan niyo sana lahat ng mga tinuro namin sa inyo. Gawin niyo ang lahat para sundin ang plano." sinabi niya.

"Isipin niyo ang plano para hindi kayo mag panic sa mga unang oras sa Game. Magiging mag isa kayo sa unang mga araw. Ang pinaka kalaban niyo sa Drift ay ang pag galaw nang hindi iniisip ang magiging epekto nito sa inyo, sa mga kasamahan niyo, at sa mga kalaban niyo. Halos kalahati ng mga kalahok ay namamatay sa phase ng Drift. Maging kalmado kayo. Kapag natagpuan niyo na ang isa sa mga kasamahan niyo, mas malaki ang tyansa na tatagal kayo sa iba pang mga phase." Pinagmasdan kami nang

mabuti ni Sir Apollo, isa isa, na tila ba mine-memoryado ang mga mukha ng kanyang mga estudyante.

"Malaki ang tiwala ko sa grupong ito. Madami na kayong napagdaanan. Sa lahat ng grupong nahawakan ko, kayo ang pinakamahirap na turuan, mahirap magkasundo, napakadaming gulo at alitan na napag daanan. For the past couple of months I saw how all of you survived those anarchies that tested you, I saw you grow, not just as individuals but as a group." Sa unang pagkakataon ay nakita ko ang isang expression sa mukha ni Sir Apollo na hindi ko kailanman nakita mula noong pumasok ako sa Titan Academy. It was a smile- a smile filled with pride. "Dalhin niyo ang samahan na yon sa arena at bumalik kayong lahat ng buhay."

Nagkatinginan ang grupo. Ngumiti si Luna at Cain na tila ba naaalala ang mga bagay na tinutukoy ni Sir Apollo. Humarap sa amin si Miss Aura at niyakap kami. "Hihintayin namin ang pagbabalik niyo." sinabi niya sa bawat isa sa amin sabay yakap nang mahigpit. "You're always be the best group for us, remember that." nakangiting sinabi niya na nangingilid ang luha sa mga mata.

Pilit kaming ngumiti nang tuluyan humiwalay sa amin si Miss Aura. "One minute." narinig kong sinabi ni Sir Apollo.

Nagulat ako nang bigla akong niyakap ni Luna "Shia, magkikita pa tayo, hindi ba?" bulong niya sa akin. Bigla akong nanghina sa sinabi niya. Tumango ako at pilit pinakalma ang boses ko para hindi niya mahalata ang pagbitak nito. "Oo naman." I don't know, Luna.

"Magkikita pa tayo sa Game." natatawang sinabi ni Cain. "Hanapin niyo ako ah." biro niya. Subalit maging ang kanyang boses ay mababaw din. Lumapit siya amin at sumama sa group hug. Hangang sa pati si Ethan ay sumama na din. Hinila nito ang nakasimangot na si Victoria na walang nagawa kundi ang sumama sa amin. Pinagmasdan ko si Gin na nakatayo lamang doon saka ko siya hinila. "Come on." nakangiting sinabi ko.

Pero lingid sa kaalaman nila, unti unti ng bumibigay ang mga luha ko. Naalala ko ang sinabi ni Cain noong unang beses na nagsama sama ang grupo. Hindi ko makakalimutan ang araw na yon.

"Wala pang ilang oras na nagsasama ang buong grupo nagka spark na agad. The best team!"

Ayokong napapalapit, ayokong nag oopen up, ayokong nag iinvest ng emosyon sa isang bagay na alam kong mawawala din kalaunan. I couldn't take that risk dahil ako ang laging naiiwan para umalala ng lahat. But this group- this group became an important part of my life. At kahit dumating ang araw na kailangan na naming iwan ang isa't isa, hindi ko pinagsisisihan na napabilang ako sa kanila.

Tumunog ang hudyat na kailangan na naming magpunta sa mga nakasarang pintuan sa hallway. Naghiwa-hiwalay kami, nagtatawanan dahil sa ilang birong binulong, nakangisi. Nagpa alam kami sa isa't isa at kumaway habang unti unti kaming naglalakad sa mga pintuan na naka-assign para sa amin. Dahil pagpasok namin sa mga pintuang yon ay sa arena na kami magkikita. Pinanood kami nina Miss Aura at Sir Apollo na nanatili sa dimly lit na hallway.

Nang nasa harapan na ako ng pintuan para sa akin, muli akong lumingon sa mga kasamahan ko. Isa isa ko silang pinagmasdan, ang masiyahin na si Luna, ang mapagbirong si Cain, ang laging nakasimangot na si Victoria, ang mabait na si Ethan, ang seryosong si Gin. Nagtama ang mga mata namin ni Gin. Ngumiti ako pero unti unting tumulo ang luha sa mga mata ko.

The best team.

Chapter 37: Survival

Chapter 37: Survival

Napasigaw ako dahil sa matinding sakit na naramdaman ko. Halos masuka ako sa epekto nito sa katawan ko. Mabilis akong napabalikwas ng bangon mula sa kamang hinihigaan ko pero ilang kamay ang biglang nagtulak sa akin pabalik. Nanlalabo ang paningin ko pero naaninag ko ang mga taong nakapaligid sa akin. Naka suot sila ng puting lab coat.

"Hwag kang magulo. Mabilis lang ito."

Muli akong napasigaw nang maramdaman ko ang matulis na bagay na tumusok sa wrist ko. Halos magpumiglas ako dahil sa sakit na nararamdaman. Pero hindi ko magawang gumalaw ng malaya dahil nakahawak sila sa balikat at binti ko upang manatili ako sa kama. My vision is blurry and out of focus at pakiramdam ko ay lumulutang ang isip ko. Ano bang nangyayari?

Ang huli kong natatandaan ay pinapunta ako sa isang isolation room. Isang puting kwarto na walang laman. Ilang oras akong nanatili doon at walang ginawa kundi ang umupo sa sahig at alalahanin ang lahat ng bagay na maaaring mangyari sa akin pagdating ng laro. Halos mabaliw ako dahil pakiramdam ko hindi tumatakbo ang oras sa kwartong yon.

Ginawa ang isolation stage para makapag focus ang mga kasali nang wala ang presensya ng ibang tao, bigyan sila ng oras para isipin ang mga bagay tulad ng strategy, at ihanda ang sarili sa Game. Pero hindi ito nakatulong sa akin. Mas lalo ko lamang naalala ang mga bagay na pilit kong kina-kalimutan bago ako tumapak sa arena.

"It's set."

Narinig ko ang pag uusap ng mga tao sa paligid ko. Isang holographic image ang lumitaw mula sa clip board na hawak ng isang babae. Kasunod nito ang pagtunog ng kung anong bagay sa wrist ko. Pinilit kong tingnan ito. Nang iangat ko ang wrist ko, isang green na tuldok ang nakita kong umilaw doon. What the fuck?

"We have five minutes."

Hinawakan nila ako at inalalayan paalis sa kama. Hindi ko alam kung saan kami pupunta o kung ano ang ginagawa ko dito. Nakatulog ako sa isolation room at pag gising ko nandito na ako. Nagsimula kaming mag lakad palabas ng kwarto. Wala parin ako sa focus at halos distorted na mga imahe lang ang nakikita ko. Narinig ko silang nag uusap pero wala na akong maintindihan. Dahil ba ito sa tinusok nila? Ano bang ginawa nila sa akin?

Muli kaming pumasok sa sa isa nanamang kwarto. Napakadilim. Wala akong makita maliban sa mga maliliit na ilaw sa dinadaanan namin. Naramdaman ko ang isang platform sa harapan ko. Inalalayan nila ako hangang sa maayos akong makatapak doon.

"The sensor will be activated the moment you step into the arena."

Yon ang huling narinig ko bago may kung anong humarang sa pagitan ko at ng mga taong nasa harapan ko. It was glass. Doon nagsink in sa akin ang nangyayari. Pakiramdam ko binuhusan ako ng nagyeyelong tubig. Nakulong ako sa kung anong glass tube at unti unting umaangat ang platform na tinatapakan ko. Sandali! Nakita ko ang mga taong nakaputi na nakatingin sa holographic image ng isang timer. Nagbibilang sila. Pero hindi ko sila marinig. Sinubukan kong hampasin ang salaming nasa harapan ko.

Five.

"Sandali!"

Four.

"May gusto pa akong malaman!"

Three.

Tuluyan na akong nawalan ng lakas nang halos nasa ibaba ko na sila at hindi na makita.

Two.

Tuluyang bumukas ang ceiling itaas ko at bumungad sa akin ang isang matinding liwanag.

One.

Huminto sa pag galaw ng platform na tinatapakan ko. Halos mabingi ako sa katahimikan na bumalot sa akin. Tirik ang sikat ng araw sa bughaw na langit na nasa itaas ko at nakapaligid sa akin ang katahimikan ng isang

berdeng gubat. Napakurap ako at hindi agad umalis sa metal na bagay na inaapakan ko. Ramdam ko ang matinding pintig ng puso ko. Hindi ko alam kung dahil ba ito sa labis na kaba, takot, o pareho.

Lumipas ang ilang minuto bago ko nagawang tumapak sa lupang nasa harapan ko. Pagtapak ng parehong paa ko, isang bagay ang napansin kong nagblink sa wrist ko. Mabilis na nawala ang green na ilaw at napalitan ng ilang mga numero. Tila ba isang counter ang nasa balat ko.

30.

Yon ang nakalagay. Ang bilang ng points na nakalaan para sa buhay ko. I flicked my wrist at napalitan ang imahe. Limang magkakasunod na 30 ang nakita ko at isang 100. Ang counter para sa buong grupo. Ibig sabihin nandito na din sila. Nasa arena na din ang mga kasama ko. Bumalot ang matinding kaba sa dibdib ko. Kung ganoon nagsimula na. Opisyal ng nagsimula ang Linus Cup.

Sa unang mga oras ko sa arena ay halos hindi ko magawang lumayo sa itim na platform kung saan ako nang galing. It's my recognized safe zone. Para bang kapag lumayo ako doon ay tuluyan akong mapapahamak. Pero alam kong kailangan kong gumalaw. Nagsimula akong maglakad sa loob ng gubat. Hindi ko alam kung saang direction mag uumpisa. At hindi ko alam kung sino ang una kong matatagpuan. Kakampi o kaaway.

Hindi ko alam kung ilang oras na ang lumilipas. Ang tanging senyales na tumatakbo ang oras sa loob ng gubat ay ang pagbabago ng position ng araw sa itaas. Tirik na tirik ito. Malamang magtatanghali na. Nagsisimula na akong mauhaw. My only source of legit food in this place is if I exchange it with my points. Medicine, food, needs like weapons, or as simple as blanket, will be purchase with points. At hindi ko iririsk ang hawak ko. Dahil sa oras na maubos ito, maa-activate ang sensor at ang arena mismo ang papatay sa akin. Tatlo sa kalahok sa nakaraang Game ay namatay dahil sa pagkaubos ng points. Pinasabog sila sa mismong lupang tinatapakan nila sa unang segundong naubos ang points na hawak nila.

Tiniis ko ang init ng araw at nagpatuloy paghahanap sa mga kasama ko. Search. Gather. Secure. It was the group's strategy. And as much as possible

we'll never hunt anyone down unless provoked. Pero kailangan ko ng points o di naman ay isang ilog para punan ang uhaw ko. Shit. Hindi ko maisasagawa ang plano ko kapag manghihina ako sa mga susunod na araw.

Bigla akong tumigil sa paglalakad nang may maramdaman na gumalaw sa paligid. Something in the forest started to move frantically- mabilis at pwersahan. The dry leaves on the ground scrunched loudly beneath its weight. Naging alerto ako at pinakiramdaman ito. The downside of a seer, I'm defenseless. The upside, I can predict the slightest movement. Lumingon ako sa kaliwa ko. Bahagyang gumalaw ang ilang halaman sa likod ng isang puno. Napakalayo pa nito kung tutuusin. Halos ilang metro pa mula sa akin. Nagpatuloy ang pag galaw. Pero hindi ito papunta sa akin o kahit saan. It was as if stuck on that certain place.

Kumunot ang noo ko pero hindi ko inalis ang pagiging alerto ko. Lumipas ang ilang minuto at huminto ang pag galaw. Bumalik sa pagiging tahimik ang paligid. The movement completely stopped. What the hell was that? Pinag isipan ko ang susunod kong gagawin. I have no weapon at hand but it's clear to me I need whatever resources crosses my path. Nagsimula akong maglakad papunta sa direction ng ingay. Bawat apak ko sa lupa ay sinisigurado kong handa ako kung sakaling umatake ito. Pero habang lumalapit ako, doon nagsink in sa akin na maaaring hindi kalaban ang nasa harapan ko. Nakarating ako sa mismong tapat ng puno at walang nangyari. Isang kakaibang ingay lamang ang narinig ko. Bumaba ang tingin ko sa halaman at doon ko napagtanto ang nangyayari. Nakahinga ako ng maluwag. Akala ko ano na.

Umupo ako sa tapat ng matinik at malagong halaman at marahang ini-angat ang parte nito kung saan isang batang usa ang halos nakasalampak na sa lupa. Mukhang naipit ang paa nito sa kung ano mang nasa loob ng halaman. Hindi na nito magawang gumalaw at rinig ko ang marahang pagdaing nito. May hayop pala sa lugar na ito kahit paano. Pinagmasdan ko ang bagay kung saan ito natrap. Bigla akong natigilan. Sandali, hindi ito isang ordinaryong trap.

Napatayo ako bigla at linibot ang tingin sa paligid. None. There's no danger lurking. Malamang naka-alis na ang may gawa nito. Muli akong umupo at tiningnan ang matinik na sanga ng halaman na nakakapit sa paa ng usa. Tila

ba gumalaw nang kusa ang sanga at ginapos ito dito. Alam ko ang technique na ito. Minsan nang nangyari sa akin ito sa training kasama si Ethan. Hindi kaya nandito lang siya sa malapit? I immediately shake my head. No. I shouldn't assume anything. Maaaring hindi lang siya ang may ganoong ability dito. There's various facet of motion or manipulation ability existing in our goddamn system. Sinubukan kong alisin ang usa sa mahigpit na pagkakakapit ng sanga. Bahagya itong nasugatan dahil sa mga tinik nito. Hindi ko alam kung bakit ko ito ginagawa. It's not like it would help me or something. I wouldn't eat it anyway. I don't have anything, even a freaking source of fire. Nang makalaya ito, halos magtatalon ito palayo sa akin. Great. Agad itong nagtatakbo sa isang direction. Bumuntong hininga ako at pinagmasdan ito. Subalit habang nakatitig, unti unti akong may naalala.

Shit. Bakit ba tila nakalimutan ko na ang mga bagay na yon? This is a forest. This is my freaking place. Lumaki ako na ginawang playground ang mga lugar na tulad nito. Pakiramdam ko bigla akong nagkaroon ng panandaliang lakas dahil sa napagtanto. I know the rules of the forest. I know how things work here. Agad kong sinundan ang direction na tinahak ng usa. Maingat parin ako pero ngayon mas sigurado na ang mga kilos ko. Dahil sa technical trainings at artificial environment na dala ng real life simulator sa Titan Academy, halos makalimutan ko na kung saan ako nagaling. Kung ano talaga ang pakiramdam ng nasa labas, ng nasa totoong gubat, ang behavior ng mga hayop, galaw ng hangin, even the texture of the trees and the consistency of the forest ground. Maaaring may mga dinagdag sila ito, traps, mine bombs, those kinds of deadly shits. But this is still a forest. And every living creature in a forest is connected to something else. It's the rule of an ecosystem.

Umaliwalas ang mukha ko nang makita na tama ang hinala ko. Mula sa unahan ko, naaninag ko na huminto ang usa sa tapat ng isang ilog sa gitna ng gubat. Halos nakahinga ako ng maluwag nang makita ang kumikislap na tubig nito sa ilalim ng araw. Pinagpatuloy ko ang pagtakbo hangang sa bigla nalang huminto ang paa ko out of danger reflex. Napakurap ako at pinagmasdan ang isang maliit na pulang ilaw sa lupang halos nasa tip na ng sapatos ko. Halos ma-estatwa ako. Bahagya itong nagpatay sindi. Hangang sa unti unting lumitaw ang iba pa sa daraanan ko. It seems like I activated

something. Fuck. Mine bombs? Mabilis akong lumayo. Hindi. Alam kong wala pa akong natatapakan. Movement activated?

Nasa gitna ako ng nagpa-panic na paglayo sa mga bomba nang mapansin ko ang isa pang bagay. I whip my head to the side at agad na umilag nang isang dagger ang bumulusok sa direction ko. Napakurap ako dahil sa bilis ng pangyayari. Saan nang galing yon? Linibot ko ang tingin sa paligid hangang sa bigla akong tumingala sa itaas. Shit. Isang dagger ang muling bumulusok sa akin. Naaninag ko ang isang babaeng naka-squat sa isa sa mga sanga, habang hawak ang halos kalahating dosenang daggers. Saan niya nakuha yon? Tumakbo ako palayo sa kanya. Alam kong susundan niya ako. She's one of the members of Dione. Habang tumatakbo, pilit kong pinakiramdaman ang ability niya. Masyado siyang mabilis magpalipat lipat ng punong tinatapakan. It's definitely a skill associated with her ability. Napa-duck ako nang maramdaman ang patalim na papunta sa likod ko. Halos marinig ko siyang magmura. Stupid, I'm a seer.

Tuluyan akong humarap sa kanya noong mapagtanto ko kung ano ang ability niya. Does she have the density control? Kaya ba hindi ko halos marinig ang bawat apak niya sa sanga dahil kaya niyang control-in ang impact ng body weight niya sa bawat kilos niya? Heck, she's almost flying! Natigilan ito nang makitang nakaharap ako sa kanya. This will be hard for me. Kaya kong i-predict ang galaw ng dagger kapag papunta sa akin. Pero ang kilos niya, dahil walang masyadong impact, hindi madaling hulaan. I need physical pressure to know someone's next move. And she has none.

Unti unti itong ngumiti. Nilaro niya ang dagger sa mga kamay niya. Hindi ito akmang aatake, pinag aaralan niya din ako tulad ng pag aaral ko sa galaw niya. Hindi ko maiwasan na mapansin ang mga gamit na dala niya. Did she exchange some of her points?

"Well, well, what do we have here?" naka ngising tanong niya. "Hmm, let me guess. A primary defense?" Bigla siyang natawa. "Ah, how about a deceiver?" Hindi ko alam kung sinasadya niya bang magkamali sa kanyang mga hula. Biglang semeryoso ang mukha niya. "Whatever it is, it doesn't matter because your points will eventually be mine."

Tumayo siya mula sa sanga. Halos wala man lang marinig na ingay sa ginawa niya. She almost floating a few inches from the branch itself. Weak point. I need her weak point. Alam kong hindi ako pwedeng umiwas lang. Kailangan ko ng pang opensa. Pero ano? I don't have anything-- Bigla akong natigilan nang may maalala. The mine bombs. The fucking mine bombs. Napaatras ako at agad na tumakbo papunta sa direction ng mga ito. Tulad ng inaasahan ko ay sumunod siya.

"Running again?" narinig kong sinabi nito. Marahan itong natawa. "Wala ka na bang gagawin kundi ang tumakbo palayo sa akin?" Fuck you.

Nagpatuloy ito sa pagtalon sa sanga ng mga puno habang sinusundan ako. Ngayon kailangan ko nalang siyang mapababa sa lupa. Hindi ko alam kung alam niya ang tungkol sa mga bomba kaya nananatili siya sa itaas. Pero kailangan ko parin itong subukan. Huminto ako sa pagtakbo nang maramdaman ang panganib ilang sintimetro mula sa paa ko. We're here. In a garden of freaking mine bombs.

Bahagya akong sumilip sa likod ko. Hindi parin sumasabog ang mga ito. Tama ako, they need pressure to be fully activated. Ito ang mga klase ng bomba na kapag natapakan, hindi ka na maaaring umalis dahil doon sila sasabog. Hindi ko alam kung dahil ba sa enhanced senses ko kaya nakikita ko ng malinaw ang maliliit na ilaw na natatabunan ng mga tuyong dahon at lupa. But whatever it is, mukhang hindi ito napapansin ng kaharap ko.

Kumunot ang noo nito sa biglang paghinto ko. "Tired?" she asked with a fatal grin.

Isang ngiti din ang binigay kong kapalit. "Tired being a monkey?"

Natigilan siya sa insultong yon. Mukhang hindi siya sanay na naa-argabyado. Sa totoo lang maganda siya. At siguradong mayaman. She's from Dione after all, isa sa pinakamayamang bayan sa kanilang distrito. Nagngitngit siya bigla. Sige, mapikon ka. Bumaba ka dito!

"Stupid." sinabi niya. "Do you even know where group I came from?"

"Wala akong pakialam. Lahat tayo pantay pantay sa lugar na ito, flying monkey."

"What the fuck did you say?" Typical rich kid.

Bigla siyang humugot ng dagger mula sa bag na nasa likod niya. She aimed the weapons in my direction. Pero agad ko itong naiwasan. Napansin ko na bahagyang nadagdagan ang pressure sa kilos niya. Pero hindi sapat ito. Ang kailangan ko ay bumaba siya.

"Come on!" Bigla kong sigaw, hinahamon siya. Umatras ako at tahimik na nagfocus para hindi maapakan ang magkakasunod na pulang ilaw na nasa likuran ko. "Afraid to get dirty, rich kid?"

Mas tumindi ang galit sa mukha niya. "Don't you even call me names-"

In a swift, almost sudden move, halos lumusong siya sa harapan ko. Hindi niya lang nako-control ang bigat ng katawan niya, napakabilis pa niya. Lumitaw siya sa tabi ko at halos mapamura ako at mapaatras dahil sa pagkabigla. I did a quick turn para maiwasan siya at ang mga bomba. Pero nakawahak agad siya balikat ko at naramdaman ko ang pointed tip ng dagger sa tagiliran ko. Shit.

"Got you."

We're almost face to face at halos nasa edge na ng sapatos ko ang ilaw ng bomba. One wrong move, pareho kaming mamamatay. Hindi pa ako pwedeng mamatay ngayon. Pinigilan ko ang mag kabilang kamay niya para mailayo ang dagger sa katawan ko. Tuluyan siyang tumapak sa lupa para makalaban. Ganyan nga. Pinihit ko siya sa direction ng bomba pero nagmatigas siya. Kaya sinipa ko ang tagiliran niya at nang mapayuko siya, siniko ko ang kanyang likod. Tuluyan niyang nabitawan ang dagger na agad kong pinulot saka inunday sa kanyang direction. Napaatras siya sa pag iwas subalit isang bagay ang naapakan niya.

Shit. Ang bomba.

Agad akong lumayo nang makita ang mabilis na pag blink ng ilaw. Tiningnan ako ng babae pero hindi ito umalis sa kinatatayuan niya. Hindi ko alam kung bakit sa huling pagkakataon ay nagdalawang isip ako na gawin ito sa kanya. Pero kailangan kong iligtas ang sarili ko.

"Come on!" sigaw ko nang muling humarap sa kanya. "Kill me!" Nang maramdaman ko ang paghakbang niya, nagdive ako sa tapat ng isang puno, tumalikod, tinakpan ang tenga ko, at pumikit.

Halos mabingi ako sa lakas ng pagsabog na naramdaman ko. Dumagundong ang lupang inaapakan ko at naging marahas ang hangin sa mag kabilang side ng puno kung saan nadaplisan ng debris ang long sleeves na suot ko. Naramdaman ko ang pagbagsak ng katawan niya sa lupa. Ilang minuto ang lumipas bago ko nagawang tumayo ng maaayos sa pwesto ko. Unti unting bumalik sa dati ang paligid. Nawala na ang alikabok at kaguluhan sa gubat na dala ng pagsabog. Isang bagay ang napansin kong gumalaw sa wrist ko. Bumaba ang tingin ko doon at nakita ang pagbabago ng numero. Mula sa 30 naging 52 ito. Gusto kong maging masaya sa nakikita pero hindi ko magawa. Sinusumpa ko ang larong ito.

Chapter 38: Switch

Chapter 38: Switch

Isa isa kong pinagmasdan ang mga bagay na nakuha ko mula kay flying monkey habang nakaupo sa ilalim ng puno malapit sa ilog. Hindi ko gustong tawagin siya ng ganoon pero hindi ko naman talaga alam ang pangalan niya. At matapos ang ginawa ko, wala na akong balak malaman. Mula sa halos magutay na bag pack niya ay may nakita akong ilan pang mga dagger, isang water container, ilang basic first aid supplies tulad ng alcohol at bandages, at isang pakete ng tinapay. Hah. Nakipagpalit siya ng points para sa mga bagay na ito.

Kinuha ko agad ang isang matigas na bun ng tinapay at kinain yon. Hindi ito ordinaryong tinapay. Masyado itong siksik at may lasa na tila dinurog na gulay at karneng sinama sa tinapay. Good choice, flying monkey. Matapos kong inspectionin ang kanyang gamit, binalik ko ito sa bag pack at sinabit

sa likod ko. Hindi ko din nakaligtaan na kumuha ng dagger at sinabit sa bewang ko. Mabuti ng handa. Dahil hindi ko alam kung ano ang susunod kong madadatnan sa kagubatan na ito.

Bahagya akong sumandal sa trunk ng punong nasa likod ko. Tumingala ako sa langit at bahagyang pumikit. Wala akong maramdaman na ano mang panganib sa paligid. Siguro nga si flying monkey ang tanging pinakamalapit sa akin. Binuksan ko ang mga mata ko at napatingin sa matingkad na kulay ng langit. Papalubog na ang araw. Kita mo nga naman. Mukhang nagawa kong makasurvive sa unang araw ng larong ito.

Matapos ng sandaling pahinga, agad akong tumayo para maghanap ng secured na pwesto para magpalipas ng gabi. Masyado na akong madaming nasayang na oras. Bahagya akong lumayo sa ilog. Hindi ko gustong ako ang madatnan ng kung sino man na naghahanap ng tubig sa lugar na ito. Pinagmasdan ko ang madilim na kakahuyan. Pwede kong ipagpalit ang points ko para sa isang komfortableng higaan o tent. Pero ayokong sayangin ito kung kaya ko namang matulog kahit saan.

Pinagmasdan ko ang isa sa mga mataas na puno at sinimulang akyatin ito. Nang mahawakan ko ang sangang pinupuntirya ko, agad kong ini-angat ang sarili ko gamit ang dalawang palad ko na nakatukod dito. Nang makatayo ako ng maayos, bahagya akong tumalon para i-test ang tibay ng sanga. Okay na siguro ito. Nang masigurado kong kaya na nitong suportahan ang bigat ko, maingat akong umupo at naghanap ng komportableng pwesto bago sumandal sa magaspang na trunk ng puno. I couldn't risk being below the forest ground at night time. Masyadong delikado. Hindi ko alam kung sino ang maaaring makakita sa akin. It could be a wild forest animal or worst, an enemy.

Unti unti akong binalot ng katahimikan ng buong paligid. Tanging ang mga natural na ingay ng kagubatan ang aking naririnig. Mga insekto, pagdaan ng hangin sa malalagong dahon ng puno, ang ingay ng pag agos ng ilog 'di kalayuan sa akin. Pinagmasdan ko ang wrist ko kung saan nakatatak ang points na nakuha ko. 52. I flicked my wrist at lumitaw ang listahan ng points ng mga kasama ko. Maging sila nakaligtas sa araw na ito. Gin has 155 points. Ethan remains at 30 as well as Luna. Si Cain ay naka 56 points at si Vitoria ay naka 45.

Pumikit ako at bahagyang sinandal ang ulo ko sa trunk ng puno. Kamusta kaya sila? May sugatan kaya sa kanila? Matutulog na din kaya sila o kasalukuyan pang naglalakad sa kagubatan o nakikipag laban? Si Lucas, kamusta na? Bumuntong hininga ako. Bukas kailangan ko nanamang lumayo, lumayo sa ilog, sa parteng ito ng gubat, para hanapin ang mga kasama ko. Hindi ko alam kung bakit pero biglang nangilid ang luha ko. Gusto ko ng matapos ito. Gustong gusto ko ng matapos ang lahat ng ito. Binuksan ko ang mga mata ko at tumingala sa langit para pagmasdan ang kadiliman nito. At least we are under the same sky.

--

Nagising ako kinabukasan na masakit ang katawan. Masyadong nag stiffen ang katawan ko dahil sa pagkakasandal sa puno at sa pag iwas na hindi mahulog. Ilang beses din akong nagising sa gitna ng gabi dahil sa mga kaluskos at ingay na nararamdaman ko. Agad akong tumalon sa mahamog na forest floor noong tuluyan akong magising. Basa ang mga bagay na natatapakan ko at masyadong makapal ang hamog sa paligid.

Inayos ko ang bag pack sa likod ko at nagsimulang maglakad papunta sa ilog. Pumapasok ang kakarampot na sinag ng araw sa kagubatan mula sa siwang ng nagtataasang mga puno. Kung tutuusin napakagandang tingnan ng kagubatan tuwing ganitong oras. Napakapayapa at tahimik ngunit buhay na buhay ang buong paligid. Ramdam ko ang pag galaw ng mga insekto at maliliit na hayop na tila unti unting nagigising sa mahabang pagtulog, tila ba humihinga maging ang kagubatan at naghahanda sa bagong umaga.

Nakarating ako sa ilog at nag hilamos. Kumain din ako at nag refill ng tubig sa container. Sinasala ng container ang tubig na pumapasok at kapag lumabas na para inumin ay malinis na. Inayos ko ang gamit ko at muling sinara ang bag pack. Pinagmasdan ko ang mahamog na paligid. Hindi ko alam kung saan maguumpisa. Ang alam ko lang ay kailangan kong makalayo dahil mukhang wala sa parteng ito ng arena ang mga kasamahan ko.

Habang naglalakad, doon ko napagtanto kung gaano kaimportante ang oras na sinasabi ni Sir Apollo sa grupo. Hindi ko alam kung ilan na ang namatay kahapon sa unang araw ng laro. Nakabase sa bilang namin ang oras ng

countdown. And no one knows kung kailan magsisimula ito. Maaring bukas o sa mga susunod na araw. Kailangan kong masigurado na makakabalik ang grupo ng buhay bago dumating ang oras na yon. Pero ang paghahanap sa kanila tulad nito ay mas mahirap kesa sa inaasahan ko.

Nagsimula kong tahakin ang daan na sinusundan ang agos ng tubig sa ilog. Nanatili ako sa loob ng gubat, ngunit sinigurado kong hindi malalayo sa tanaw ko ang ilog. Tubig ang hahanapin ng sino man sa arena kaya maaaring mas madali para sa akin kung mananatiling abot tanaw ko ito. Ito ang pinaka madaling paraan sa ngayon para matagpuan ang sino man sa mga kasali. Kahit pa ang kalaban.

Lumipas ang buong umaga na naging tahimik ang buong paligid. Nakakapanibago. Ngunit hindi ako dapat maging kampante. Nagsimula nanamang tumirik ang araw. Lumipas ang tanghali at pakiramdam ko unti unti akong nauubusan ng oras.

Halos hapon na noong bigla akong tumigil sa paglalakad sa gubat. Naramdaman ko ang isang kakaibang bagay sa paligid. Pakiramdam ko biglang tumahimik. Maging ang mga natural na ingay sa gubat ay tila nawala. Hinawakan ko ang dagger na nakasabit sa bewang ko at naging alerto.

Bahagya akong napaatras nang makita ang isang babae na lumabas sa likod ng isang puno. Kalmado itong naglakad papunta sa direction ko. Walang weapon na dala o ano mang sinabi. Basta naglakad lamang ito palapit sa akin. The fuck? Pinagmasdan ko ang expressionless nitong mukha. Isa siya sa member ng pinagsamang grupo ng Shou at Shinoa. Hindi ko pinahalata kung gaano ako na-intimidate sa presence niya. Tila wala itong balak sumugod. Hindi katulad ni flying monkey na sinubukan agad akong patamaan ng patalim sa unang segundo ng pagkikita namin.

Tuluyan itong huminto nang halos ilang metro nalang ang layo niya sa akin. Hindi ko gusto ang pagiging kalmado nito. Mas gusto ko pa na sumugod siya agad. Pero mukhang hindi siya ganoong klase ng kalaban. Nag iisip siya at pinag aaralan ako. Nakikita ko yon sa mga mata niya. Hindi ko maiwasang mabahala dahil dito. Sa lugar na ito, utak ang isa sa pinakamatinding kalaban.

"Quite impressive for a fear stricken person like you."

Halos manlamig ang katawan ko sa boses niya. Walang emosyon. Pakiramdam ko nakikipag usap ako sa isang manika. Her curly ginger hair is not helping either. Tinago ko ang emosyon ko sa pamamagitan ng matalim na pagtitig sa kanya.

"Oh?" walang interest na sagot ko.

Kailangan kong malaman agad ang ability niya. Dahil base sa galaw niya at sa warning na binibigay ng katawan ko, alam kong delikado ako sa isang ito. Nanatili siyang pinagmamasdan ako. Kainis. Wala ba itong balak sumugod?

"I can smell your fear from here." sinabi nito. She twitched her head to the side as if assessing me. Halos mangilabot ako. "Fear and unstable emotions. The putrid stench is circulating over your body like an open invitation. An invisible arrow pointing an easy target."

Nagngitngit ako sa narinig. Hindi agad nagsink in sa akin ang sinabi niya dahil sa inis ko. Sino ba ang babaeng ito? Mukhang maamong manika pero kapag magsalita daig pa ang demonyo. Huminga ako ng malalim. Kailangan kong kumalma. Hindi dapat ako magpadalos dalos.

"I've been hunting you down all morning." derechong sinabi niya.

Halos mapamura ako. If my body could scream, it would be this one word. Danger. It's as if telling me to stay away, have as much distance as possible from this freak. Nagsisimula ng kumalat ang pangamba sa sistema ko. Mas malala pa ito kesa kahapon.

"Did I scare you?" tanong nito habang nakatingin ng derecho sa mga mata ko. "I can detect your growing fear."

Napakurap ako. Detect? Halos mapantig ang tenga ko nang magsink in sa akin ang sinabi niya. Shit.

"I'm a seer."

Hindi ako nagsalita. Siya na mismo ang nagkumpirma ng nasa isip ko. Walang pagaalinlangan niya itong sinabi. Walang pangamba na magagamit ko ang impormasyong binigay niya. Ngayon alam ko. Malinaw na sa akin kung bakit ganito nalang ang pagkainis ko sa babaeng ito. Pareho kami ng hawak na position. Pinagmasdan ko siya na tila hindi naapektuhan sa nalaman ko.

"Too bad I'm also one."

Ito ang esaktong bagay na kanina pa ako pinagbabalaan ng aking katawan. She's a goddamn seer. Alam ko ang takbo ng isip ng isang seer. Hindi ito maganda. Kailangan ko agad malaman ang ability na hawak niya.

"But I'm better."

Hindi agad nag register sa akin ang sinabi niya nang bigla siyang umatake. Shit! Napakabilis ng naging paglapit niya sa akin. Pinaghandaan ko ang kilos niya. I was in full offense position with my senses and a dagger in hand. Pero bigla ko lamang naramdaman ang malamig na palad niya sa balikat ko bago siya muling lumayo. Ano bang nangyayari? Bumalik sa ilang metro ang pagitan namin. Muli niya akong pinagmasdan. May mali dito.

Naramdaman kong muli ang paghahanda ng katawan niya sa pag atake. Nade-detect niya ang takot ko at emosyon. Nararamdaman ko ang galaw niya. It's a seer against seer. Pero ano bang ability na hawak niya? Hangang hindi ko nalalaman, magiging delikado ako.

Naghanda ako nang muli siyang lumapit sa akin. Kailangan kong maging kalmado. Paglapit niya, mabilis kong pinatamaan ng dagger ang direction niya. Naramdaman kong dumaplis ang patalim sa kanyang braso. Bahagyang napunit ang itim na tela ng kanyang damit. Muli siyang umatras palayo at gumawa ng distansya sa pagitan namin. Fuck. It seems like a cycle.

Hinihingal na pinagmasdan ko siya mula sa kinatatayuan ko. Pinagmasdan ko ang sleeves niya, hinahanap ang sugat na nagawa ko. Subalit nabigla ako

nang maramdaman ang isang mahapding sugat sa sarili kong braso. Napadaing ako. What the fuck?!

Pakiramdam ko nawalan ako ng hininga nang makita ang hiwa sa balat ko. Ang eksaktong sugat na ginawa ko sa kanya. Bumaling ako sa direction niya at nakita siyang nakatayo at pinagmamasdan ako, tila pinapanood ang reaction ko. Bigla akong nanlamig nang magsink in sa akin ang kaya niyang gawin. Body switching.

"Did your own attack hurt?"

Napahawak ako sa braso kong dumudugo habang ramdam ko ang hapdi ng malalim na sugat dito. Hawak niya ang conditional body switching. Pinagpalit niya ang body condition namin kaya sa akin napunta ang epekto ng sarili kong atake.

Humigpit ang hawak ko sa dagger nang maglakad siya palapit sa akin. Pero hindi ko alam kung magagamit ko pa ang patalim laban sa kanya. Huminto siya at halos magkatitigan kami. Hindi siya umatake. Nakatitig lamang siya sa akin. Gusto kong i-angat ang dagger sa kamay ko at itarak sa dibdib niya. Subalit alam kong hindi ko na pwedeng gawin yon. Nakakainis. Hindi ko na dapat siya hinayaang lumapit kanina. Stupid, Shia.

"Now you know why I'm a better seer than you." sinabi niya sa walang emosyong boses. Mas lalo akong nagngitngit sa inis. "Kill me, seer." utos niya. "I'm standing unguarded and open. Kill me."

Fuck you! Hindi ko napigilan ang sarili ko na durahan siya sa mukha. Natigilan siya at inabot ang basang pisngi niya habang nakatitig parin sa akin. Saka niya dahan dahang pinunasan ito na tila ba hinahayaan akong panoorin ang katangahan na ginawa ko. Ngayon lang ulit ako nainis ng ganito sa isang tao.

"Bitch."

Bigla niyang inabot ang leeg ko at mahigpit na hinawakan ito. Marahas niya akong sinandal sa pinakamalapit na puno. Halos mawalan ako ng hangin nang tumama ang likod ko sa magaspang na trunk nito. Napakalakas niya.

Humigpit ang hawak niya sa leeg ko at halos mapatid ang hininga ko. Pero wala man lang itong naging epekto sa katawan niya. Bakit? Bakit hindi siya naaapektuhan ng switching?

"Do you know why I'm a seer?" mahinahong tanong niya na tila hindi kasalukuyang pumapatay ng tao. Sinubukan niya akong i-angat sa lupa. Halos masuka ako at mamilipit sa mga kamay niya. "I know every aspect of your body. I know when you're nervous, or trembling in fear, confused, or craving to kill. Your sweaty hands, your deep breathing, even the current palpitation in your head and the count of your heartbeat."

Mas lalo niya akong ini-angat at halos manlabo na ang paningin ko. Sinubukan kong saktan ang mga kamay niyang nakahawak sa akin gamit ang dagger. Subalit sa sarili kong kamay tumama ang epekto at nagsisimula ng tumulo ang dugo mula dito.

"I can feel you, the same way you can feel the danger around you. I can feel strength and I can search fear. I know which one to avoid for switching and which one is an easy target. And the latter is you."

Halos nawawalan na ako ng malay. Pero bago tuluyang mapatid ang hininga ko, nagawa kong iangat ang kamay kong hawag ang dagger at pinatamaan ang mukha niya. The blade swiftly slides against the smooth side of her face. Bahagya siyang lumayo dahil sa pag galaw ko. Nawala ang pagkakahawak niya sa leeg ko. Halos mahulog ako at masubsob sa lupa. Muling bumalik sa akin ang hangin na tila ba nalunod ako at ngayon lang nakahinga. Napahawak ako sa leeg ko at marahas na umubo. Pero kasabay ng pagluwag ng paghinga ko ay ang matinding sakit na naramdaman ko sa pisngi ko. Pinilit kong tumayo mula sa lupa habang hawak ang pisngi kong dumudugo. Ang pisngi na siya dapat ang may hiwa sa mga oras na ito. I started to tone down the searing pain. Pero hindi ko mapigilan ang pag dugo.

"I see you're desperate."

Napa hawak ako sa trunk ng puno at pilit kinalma ang nanginginig kong katawan. I'm in the verge of killing her even if I would kill myself on the process. Pero naalala ko ang dahilan kung bakit ako nandito in the first

place. Hindi pa ako pwedeng mamatay. Not this soon in the Game. Napa sandal ako sa trunk at pinagmasdan ang kamay kong puno ng dugo. Kailangan kong mag isip. Kailangang malaman ko kung paano siya masasaktan.

"The ability is in my hand." sinabi niya habang nakapilig ang ulo at pinagmamasdan ako. "Ano mang gawin mo sa akin ay sayo mapupunta. At ano mang gawin ko sayo ay walang epekto sa akin. You either kill yourself by killing me or I'll kill you. Accept your defeat."

Gusto kong matawa sa sinabi niya. Talo? "Stupid." I spat. "Sa pagtapak ko palang sa arena na ito, matagal na akong talo." Tumayo ako ng maayos at pinagmasdan siya. "Hindi ako takot mamatay. And If I'm going to be wiped out of this game, I'll drag you down with me. Seer to seer."

A flicker of confusion flashed before her eyes. Sa lahat ng sinabi niya kanina may isang bagay ang nagregister sa utak ko. The ability is in my hand. Sa gitna ng duguan kong mukha at braso, nagawa kong ngumiti. Siguro nga desperado na ako. Pero kung mamatay na rin lang ako, mabuti pang idamay ko na siya.

Muli kong nilabas ang dagger, pero sa halip na itutok sa kanya, tinutok ko ito sa dibdib ko. Nanatili ang titig niya sa akin. Nagkamali siya dahil may tatlo akong pagpipilian dito. Kung papatayin ko ang katawan niya, ako ang mamamatay. Kung papatayin niya ang katawan ko, hindi siya maaapektuhan. Subalit kung ako ang papatay sa katawan ko, doon siya madadamay. And it's obvious what option is way better.

"And what do you think you're doing?"

Ngumiti ako. "Killing both of us." sagot ko. "Ako mismo ang papatay sa sarili ko para mapatay ka."

Naramdaman ko ang pangingit niya. Ang tanging emosyon na pinakita niya mula kanina. "You're crazy."

Hindi ako sumagot. Tuluyan kong diniinan ang tip ng patalim sa damit ko hangang sa bahagyang mabutas ito. Ngayon ramdam ko na ang malamig na

metal sa balat ko. Bumaling ako sa kaharap ko at nakita kung paano siya mapakurap at mapatingin sa sarili niyang dibdib. Nagkaroon ng punit ang kanyang damit at isang pulang sugat na sumilip mula doon.

"I can tone down pain, but can you?"

Ginagamit ko ang lahat ng lakas ko para lang hindi maramdaman ang sakit sa buo kong katawan. Patuloy ang pag daloy ng dugo sa mga sugat ko at yon ang tanging senyales na delikado ang condition ko. Kailangan kong magmadali. Kailangan ko siyang itrigger sa pinakamabilis na paraan para bitawan niya ang ability bumabalot sa amin. Dahil pakiramdam ko ano mang oras ay bigla nalang bibigay ang katawan ko nang hindi ko namamalayan.

"Your body is in the verge of death." sinabi niya na tila na-detect ang estado ng katawan ko. "Even if you can tone down pain, it doesn't change the fact that your body is deteriorating. You'll die before me."

Pilit kong pinakita na wala akong pakialam. "I told you, I'm not afraid to die."

Mas binaon ko ang dagger sa dibdib ko. Tuluyan na nitong nahiwa ang balat ko. Wala akong nararamdaman pero malinaw sa paningin ko ang unti unting pag tulo ng dugo mula dito. Halos mapasinghap ang babaeng nasa harapan ko dahil sa sakit na nararamdaman niya. Pinihit ko ang talim ng dagger hangang sa lumalim ito sa laman ko. Halos mawalan ng hininga ang babae sa harap ko at tuluyang napaupo sa forest floor. Para kong pinapanood ang dapat ay reaction ko. Bumitaw ka na. Alisin mo na ang ability.

"You bitch."

Hindi ko pinansin ang sinabi niya. Pinagmasdan ko siya gamit ang blanko kong titig at mas binaon ang dagger sa dibdib ko. Namilipit siya sa sakit. Hangang saan ka magtatagal? Mas diniinan ko pa ang patalim hangang sa maging ako ay tila nakaramdam na ng bahagyang sakit.

Napasigaw siya. Doon siya tuluyang bumitaw. Naramdaman ko ang pagkawala ng tila pressure na bumabalot sa aming dalawa. Agad siyang tumayo mula sa lupa habang hawak ang dibdib niyang may sugat at kinakapos ng hininga. Wala akong sinayang na sandali. Agad akong umatake sa direction niya. Inunday ko ang dagger sa dibdib niya. Nagawa niyang umilag. Sumuntok siya pero naharang ko ito ng isang kamao saka marahas siyang hinila palapit. Nagpumiglas siya subalit hindi ako natinag. Inabot ko ang kanyang leeg at akmang ihahampas siya sa lupa. Subalit napadaing ako at napahawak sa sarili kong dibdib dahil sa matinding sakit. Shit.

Nakawala siya mula sa pagkakahawak ko. Nagsimula siyang tumakbo palayo. Sinubukan kong tumayo ng maaayos at humarap sa direction niya. Huminga ako ng malalim kahit pa panay ang daing ko. Hinawakan ko ng mahigpit ang dagger na nasa kamay ko. I may be desperate and reckless but I'm not going to run away from my enemy. You're a shame for a seer. With all of my aiming ability, I automatically pitched the dagger in her direction. Agad itong tumusok sa likod niya. Nagpatuloy parin siya sa pagtakbo hangang sa unti unti siyang tumigil. Naikuyom ko ang palad ko habang pinagmamasdan kung paano siya magdusa. Hangang sa tuluyan na siyang bumagsak sa lupa.

Hindi ko alam kung ilang minuto ang lumipas bago ako lumapit sa katawan niya. Hindi pa nagbabago ang numerong hawak ko kaya malamang ay humihinga pa siya. Naglakad ako hangang sa nasa paanan na ng mga paa ko ang nakadapa niyang katawan sa lupa. Nakaharap ang kanyang nakadilat na mukha kung saan ako nakatayo. Nanlilisik parin ang mga mata nito na tila galit na galit. Nag squat ako sa tabi niya at kinuha ang dagger na nakatarak sa kanyang likod. Lumipas ang ilang segundo at unti unti siyang pumikit. Nakita ko ang pagbabago ng numero na nasa wrist ko. Mula 52 ay naging 82 ito. Pinagmasdan ko sa huling pagkakataon ang walang buhay niyang katawan bago tumayo.

"I'm the better seer."

Chapter 39: Shattered

Chapter 39: Shattered

Hindi ko na alam kung gaano ako katagal na naglalakad sa loob ng gubat. Wala na akong ibang namamalayan. Hindi na malinaw sa akin ang mga dinadaanan ko. Tila ba mga malabo at gumagalaw na imahe nalang sila sa paningin ko. Binabalutan ako ng matinding sakit na hindi na kayang pagtakpan ng nanghihina kong katawan. At ano mang oras pakiramdam ko bibigay na ang katawan ko.

Huminto ako sa tapat ng isang puno at sumandal doon. Napahawak ako sa dibdib kong patuloy sa pagdudugo. Sinubukan ko itong linisin ng gamot at balutan ng benda na nakuha ko mula sa una kong naging kalaban. Pero maging ang mga ito ay hindi napigilan ang paglala ng kondisyon ko. Nakakainis. Nakaligtas nga ako sa babaeng yon, pero mukhang hindi rin naman ako magtatagal.

Kinagat ko ang labi ko at tiniis ang sakit. Kailangan kong makahanap ng lugar kung saan ako pwedeng magpahinga. At kailangan kong pilitin ang sarili ko na lumayo mula sa ilog. Dahil hindi ko pa kayang makaharap ang sino man sa mga oras na ito. Muli akong naglakad habang hawak hawak ang duguang parte ng katawan ko. Kung nandito lang sana si Luna, magiging madali ito. Pero hindi na ako umaasa na matatagpuan ko siya sa ganitong kondisyon.

Lumipas ang oras at unti unti ng tumitigil ang mga paa ko sa paglalakad. Maging ang mga kamay ko ay nagsimula ng mamanhid. Napahawak ako sa trunk ng isang puno para suportahan ang pagtayo ko. Pero maging ang paningin ko ay nagsimula ng magdilim. Pinagmasdan ko ang estado ng katawan ko sa huling pagkakataon. Hangang dito na lang ba ako? Sa gitna ng umiikot kong paligid, naramdaman ko ang sarili ko na bumagsak sa lupa. I felt the severe struggle of my body to shut down. Pilit nitong binabalutan ng kadiliman ang lahat ng nasa isip ko. No. Hindi pwede.

Naaninag ko ang number sa wrist ko na unti unting nagbi-blink. Ang kulay nito ay naging pula at tila nagbabadya na tuluyang mabura. Pilit kong ginising ang sarili ko. I struggle to get back on my feet and stand up while leaning against the tree trunk. Subalit hindi nagbago ito, patuloy lang ito sa pagblink na tila ba inaasar ako ni kamatayan. Napamura ako. Unti unti ng

bumibigay ang katawan ko. Sa huling pagkakataon, sinubukan kong pagmasdan ang kagubatang nakapalibot sa akin. Hangang sa dahan dahan at kusang pumikit ang aking mga mata.

--

"Edward, our daughter!"

Rinig na rinig ang iyak ni Mrs. Stanford sa loob ng Watch Tower kung saan makikita ang mga VIP o pinaka importanteng tao sa lahat ng distrito. Humarap ito sa kanyang asawa, si Mr. Stanford, na member ng Council, at humilig sa mga bisig nito habang umiiyak. Hinawakan niya ang sleeves ng mamahaling damit na suot nito nang may nanginginig na kamay.

"Hindi siya pwedeng mamatay sa larong ito!"

Pinagmasdan siya ng mga kasamahan nila sa kwartong yon. Halos lahat ay inalis sa ang tingin sa monitor na nakapalibot sa buong kwarto kung saan pinapakita ang iba't ibang lugar kung nasaan ang bawat kalahok. Nagtaka ang karamihan sa narinig mula kay Mrs. Stanford. Dumako ang tingin nila sa pamilya at sa dalagang si Corrine Stanford. May iba pa ba silang anak?

Pilit inalo ng Ama ang asawa nitong halos hindi na makausap ng maayos dahil sa paghagulgol. Mula sa isang sulok, tahimik na pinagmasdan sila ni Sir Apollo. Tuluyan nitong inalis ang sigarilyo mula sa pagkaka ipit sa kanyang bibig at pinatay ito sa ashtray na nasa mesa. Pinagmasdan niyang mabuti ang eksenang nasa harapan niya. Mukhang may hindi siya alam sa nangyayari.

Binalik niya ang tingin sa monitor kung saan naka focus si Mrs. Stanford kanina. Makikita doon ang walang malay niyang estudyante, si Shia Sheridan mula sa Hesperia. Bahagya siyang napailing. Humihinga pa ito. Pero ilang minuto lamang ay tuluyan ng bibigay ang katawan niya. Minuto lamang ang hinihintay bago tuluyang maging pantay isa sa mga linyang nasa harapan nila.

Kitang kita niya ang pag tunog at unti unting pagbagal ng heartbeat nito mula sa monitor na nasa bandang itaas ng naglalakihang mga screen. Doon

makikita, hindi lamang ang bilang ng mga nananatiling buhay sa arena, kundi maging ang puntos na hawak ng bawat isa, at ang estado ng katawan nila. Isang berde at taas-baba na linya sa bawat kalahok na buhay pa. Pula at tuwid na linya para sa mga patay na. At umaalong asul na linya sa mga nanganganib. Tulad ni Shia Sheridan.

Madami ang nawalang dugo kay Shia. What she did is one of the riskiest moves in the arena. Nakatutok sa kanya ang halos lahat ng mga nasa Watch Tower noong oras na yon kahit pa may iba pang kasalukuyang naglalaban sa arena. Isa sa tinutukang estudyante ni Sir Apollo si Shia. Simula noong pumasok ito sa Titan Academy hangang sa mga oras na ito. He knows there's something peculiarly special about this kid. Hindi lamang dahil nangaling ito sa bayan o sa ability na hawak nito. Kundi dahil sa kilos nito at paniniwala.

Halatang madami na itong napag daanan. Matigas ang ulo. Malalim ang prinsipyo. She's strong but fragile when no one is looking. Sa pagmamahal niya sa ibang tao ay nakakalimutan niya ang kanyang sarili. Buong buhay niya, ang tanging alam niya ay magsakripsiyo. Kaya kapag may taong handang gumawa ng parehong bagay para sa kanya, hindi niya ito alam tangapin. Natatakot siya. Nawawalan siya ng balanse. Kaya tinutulak niya ang mga ito palayo para iwasan ang pangamba at pagkalito, at manatili siya sa sitwasyon kung saan siya pamilyar. It's Shia Sheridan's way of dealing with other people. Napansin ito ni Sir Apollo noong nasa Titan Academy pa lamang sila. Kung paano iniwasan ni Shia na tuluyang mapalapit sa grupo. At kung paano niya pilit tinatangi ang nararamdaman kay Gin.

"I need to talk to the Council Head!"

Natigilan si Sir Apollo nang marinig ang humahangos na boses ni Mrs. Stanford. Isa sa mga tatak ng mga Stanford ay ang kalmadong aura ng mga ito. They have almost everything. Kaya wala silang dapat ipangamba. Pero ngayon nasa harapan nila ang isang bagay na kailanman ay hindi matutumbasan ng yaman nila. Their dying daughter.

"Edward, I need to save my daughter!"

Halos nagmamakaawang sinabi nito sa kanyang asawa. Dalawang beses lamang nakita ni Sir Apollo kung paano mawala ang pagiging kalmado at mahinahon ni Mrs. Stanford. Ngayon. At noong gabing yon thirteen years ago. Naalala niya pa. Fifteen years old siya noong pinatawag ang kanyang Ama sa mansion ng mga Stanford. Hawak ng kanyang Ama noon ang pinakamataas na position ng isang tagapagbantay sa bayan. Ito din ang unang beses na nakatapak siya sa mansion ng mga Stanford. Nadatnan niya noon na umiiyak si Mrs. Stanford habang naka upo sa isa sa mamahaling sofa sa mansion. Halos katulad din ito ng eksenang nasa harapan niya ngayon.

"Edward, I need to find my daughter!"

Yon ang paulit ulit nitong sinasabi sa kanyang asawa habang kausap nito noon ang kanyang Ama.

"We're doing everything, Selene. Nandito na si Officer Wycliffe. Mahahanap natin siya."

Napakailit ng kanilang mundo. Hindi alam ni Sir Apollo na ang batang pinahanap sa kanyang Ama ay isa sa mga estudyanteng tinuruan niya ng ilang buwan. Si Shia Sheridan o sa pagkakatanda niyang pangalang sinabi sa kanyang Ama ay Jane Elizabeth Stanford. Ang batang dinukot at tuluyang nawala labing tatlong taon na ang nakararaan.

Alam ng lahat ng nasa Watch Room na wala ng magagawa ang pamilya. Isang nirerespetong tradition ang kanilang binabanga. Dahil sa Linus Cup, bumalik si Shia Sheridan sa mundong dati niyang ginagalawan. At ang Linus Cup din ang may karapatang bumawi sa kanya ng panghabang buhay.

Napailing si Sir Apollo at binalik ang tingin sa mga heganteng monitor sa harapan nila. Hindi niya inaasahan na magiging ganito kabilis ang pagkawala sa isa sa mga estudyante niya. Sa lahat ng grupong hinawakan niya ang grupong ito ay pinaka pinaniwalaan niyang may tyansang makabalik ng buo. Pero napaka layo nila sa isa't isa. Nasa kabilang parte ng arena at kasalukuyan na nakikipaglaban si Ethan at Victoria. Sugatan si Cain dahil sa katatapos na laban sa isang primary defense mula sa Prum. Si Luna ang pinakamalapit kay Shia pero palayo ang direction na tinatahak

nito. At si Gin na labis ang injury na nakuha sa kanyang kamay dahil sa sunod sunod na pag gamit ng kanyang ability.

Isa ito sa pinakamahirap na parte ng kanyang trabaho bilang isang adviser. Ang isa isang panoorin ang pagkaubos ng kanyang mga estudyante sa loob ng arena. At wala siyang magawa kundi ang panoorin ang lahat hangang matapos ang laro. Pero kung meron mang pinaka nahihirapan sa sitwasyon ngayon ay ang mga nasa mismong arena.

Pinagmasdan ni Sir Apollo ang monitor kung saan makikita si Gin. Pilit itong tumayo mula sa sandaling pagpapahinga sa ilalim ng puno habang nakatingin sa wrist nito. Napamura ito at tila gustong saktan ang sarili. Saka nito muling tinahak ang kagubatan. Napansin ni Sir Apollo ang tila pag pahid ni Gin sa kanyang mga mata. Nakikita ng bawat member ang estado at pagkawala ng mga kasamahan nila. At pinakamahirap na sigurong isipin na nasa iisang lugar sila pero wala silang magawa. Dumako ang tingin ni Sir Apollo ang asul na linya para sa buhay ni Shia Sheridan. Pinagmasdan niya ang walang malay na katawan nito. Hangang dito ka nalang ba? I know you are better than this, Shia.

Natigilan si Sir Apollo nang mapansin ang pag galaw ng mga daliri ni Shia Sheridan habang nakapatong ang mga ito sa lupa. Unti unting kumukuyom ang mga ito, tila naghahanap ng makakapitan o suporta. Muling bumukas ang mga mata ni Shia. Natigilan ang mga Stanford at tila pinagmasdan ang nangyayari sa anak nila. Gumalaw ang katawan ni Shia, pilit ina-angat ang sarili mula sa lupa. Humawak ito sa ugat ng isang puno. Hangang sa unti unting umakyat ang mga kamay nito sa trunk habang maingat niyang tinatayo ang sugatang sarili. Sumandal agad ito sa puno nang muli itong makatayo. Halos hindi parin nagbabago ang kondisyon ng katawan niya. Sugatan at mahina parin. Pero iba ang sinasabi ng kanyang mga mata.

"Hindi..." Mula sa speaker ng Watch Room ay narinig nila itong nagsalita. "Hindi pa ako pwedeng mamatay."

Halos gumagulgol si Mrs. Stanford habang yakap yakap ng asawa. Pero isang bagay ang hindi nila napansin. Muling na-focus ang tingin ni Sir Apollo sa monitor kung nasaan si Shia. Isang member mula sa kalabang grupo ang naka tayo malapit sa kanya. Nakita niya kung paano halos

muling bumagsak si Shia sa lupa ngunit naging mabilis ang pag galaw ng taong yon at sinalo ang tila muling nanghina na si Shia. Nagtama ang paningin ng dalawa. Tila kilala nila ang isa't isa. Hindi sumugod ang lalake at nag simulang magtaka ang mga nanonood. Nabuo ang mga nalilitong usapan sa loob ng Watch Tower. Kilala ito ni Sir Apollo. Mula sa grupo ng Boran. Lucas Tyler.

--

Halos gumapang ako sa lupa para lamang makatayo ng maayos. Sumandal ako sa puno at halos masuka sa sama ng pakiramdam ko. Hindi ko alam kung saan ako nakakuha ng lakas para tumayong muli. Buong akala ko ay patay na ako. Patuloy ang pagbalot ng matinding sakit sa katawan ko. Umiikot ang paligid at halos wala akong maaninag sa harapan ko. Isang bagay lamang ang malinaw sa akin. Hindi pa ako pwedeng mamatay.

Umalis ako mula sa pagkakalean sa puno at sinubukang maglakad. Subalit hindi pa man ako nakakahakbang ay isang matinding sakit ang pumintig sa dibdib ko. Muling nanlabo ang aking paningin at mabilis na nawala ang lakas sa mga binti ko. Naramdaman kong muli ang unti unting pagbagsak ng katawan ko. Napamura ako. I expected my body to hit the forest ground with a thud. Pero dalawang braso ang tila sumalo at mabilis na umalalay sa akin. Hindi ko alam kung nagha-hallucinate lang ba ako noong oras na yon. Pain seems to be flooding my vision. Subalit ramdam ko, sa pagdampi pa lamang ng mga balat namin, kilala ko ang taong nasa harapan ko.

"Lucas."

Halos hindi ko makilala ang sarili kong boses dahil sa panghihina. Inaninag ko ang taong nasa harapan ko. Hindi ako pwedeng magkamali. Si Lucas ang nasa harapan ko. Pilit kong inabot ang mukha niya gamit ang sugatan at nanginginig kong kamay.

"Shia, calm down."

Tuluyan ng tumulo ang mga luha ko nang marinig ang boses niya. Boses na ganito kalapit at kinakausap ako. Pinilit kong tumayo ng maayos para matitigan ang mukha niya.

"Lucas, I'm sorry. I'm so sorry. Lucas, believe me. I didn't know-- I--"

Hindi ko na napigilan ang mga salitang gusto kong sabihin sa kanya mula noong nalaman ko na sa arena kami magkikita.

"Huminahon ka, Shia, pakiusap. Hwag kang masyadong gumalaw. Lalala ang kondisyon mo."

Umiling ako habang lumuluha. "Lucas, bakit?" Humigpit ang hawak ko sa kanyang damit. "Bakit kailangang dito tayo magkita? Bakit ka umalis sa bayan natin? Lucas, hindi ko kaya -"

Isang matinding sakit ang bumalot sa akin. Sa bawat pag galaw na gawin ko ay tila tuluyang bumibigay ang katawan ko. Naramdaman kong maingat akong binuhat ni Lucas sa mga bisig niya.

"Sssh. Magiging okay din ang lahat. Sa ngayon, kailangan kitang dalhin sa pinaka malapit na kasamahan mo."

Muli akong umiling kahit pa tila kusa nang pumipikit ang aking mga mata. "No! Lucas. Kailangan kitang makausap. Don't go. Please. Please, don't leave me."

Pinagmasdan ako ni Lucas at naramdaman ko ang mabilis naming pag galaw. Tumakbo siya ng mabilis habang buhat ako. My vision started to blur and darken. Ayoko. Hindi pwede. Kailangan ko si Lucas. Hindi ko alam kung ilang minuto ang lumipas bago siya huminto. Ramdam ko ang malalim niyang paghinga habang buhat ako. Naglakad siya ng ilang hakbang hangang sa binalot ang paningin ko ng kadiliman. Binaba niya ako sa isang matigas at malamig na sahig.

"Shia, dito ka lang."

Umiling ako at pilit siyang hinawakan sa braso upang pigilan ang kanyang pag alis. "Lucas-"

Pilit siyang ngumiti. Umupo siya sa harapan ko at pinagmasdan ako. Hinawakan niya ang gilid ng mukha ko at pinahid ang luha sa aking pisngi.

"Shia, magpakatatag ka. Makakaalis ka dito." Saka niya ako hinalikan sa noo.

Napapikit ako nang dumapi ang labi niya sa balat ko. Hindi ko siya kayang tingnan. Ayoko siyang mawala. At wala akong magawa kundi ang hawakan siya gamit ang nanghihina kong mga kamay. Kung naging mas malakas lamang sana ako. Kung sana may kalayaan kami para lumayo sa sitwasyong ito.

Hinawakan niya ang mga kamay ko at dahan dahang inalis sa kanyang braso. "Magkikita pa tayo. Pero sa ngayon, mas kailangan mo ang kasamahan mo."

"Lucas, no, please."

Tinitigan niya akong mabuti, tila minememoryado ang buong mukha ko. Bago siya muling tumayo.

"I'm sorry, Shia."

Yon ang huling bagay na narinig ko bago siya naglakad palabas ng madilim na lugar kung saan niya ako dinala. Pinilit kong tumayo para mahabol siya subalit bumagsak lamang ako sa malamig na lupa. Pinahid ko ang mga luha sa mga mata kong unti unting pumipikit.

Lucas.

--

Nagising ako dahil sa malamig na bagay na tumatama sa mukha ko. Binuksan ko ang aking mga mata at hinawakan ang pisngi ko. Tubig. Bahagyang kumunot ang noo ko. Pinagmasdan ko ang paligid. Bahagyang madilim. Tumingala ako sa pinangagalingan ng patak ng tubig na patuloy sa pagtama sa mukha ko. Binati ako ng isang kisame na gawa sa mga bato. Tuluyan akong umupo sa malamig na sahig. Linibot ko ang tingin sa masikip at madilim na lugar. Dumako ang paningin ko kung saan nangagaling ang kakarampot na liwanag mula sa labas. Isang kweba. Nasa isang kweba ako.

Ilang bagay ang napansin kong nalaglag sa lap ko. Nagtataka na pinagmasdan ko ang mga ito. Tuyong dahon. Mas lalo akong naguluhan. Napahawak ako sa ulo ko. Ano bang nangyayari? Isang pagkaluskos sa labas ang narinig ko. Naging alerto agad ako. Kinapa ko ang dagger na nasa beywang ko. Pero wala ang mga ito doon. Shit. Nasaan ang mga weapon ko?

"Shia, thank God."

Halos mapaatras ako sa gulat nang marinig ang familiar na boses. Hindi ko alam kung dahil ba ito sa mga nangyari nitong mga nakaraang araw na kahit familiar na boses ay hindi ko na kayang pagkatiwalaan. Pinagmasdan ko ang taong kapapasok lamang sa maliit na kwebang yon. Naningkit ang mga mata ko at pinagmasdan itong mabuti. Silhouette lamang ang nakikita ko dahil sa liwanag na nasa kanyang likuran. Pero noong lumapit siya at binaba ang dalang mga dahon at container ng tubig sa tabi ko, napakurap ako nang makilala siya.

"Luna."

Bigla niya akong niyakap. Pakiramdam ko nananaginip ako. Pinagmasdan ko siya nang hindi makapaniwala. Naramdaman ko ang tila paghikbi niya habang yakap ako. Bahagya ding nanginginig ang kanyang mga kamay.

"Shia, mabuti gising ka na."

Umalis si Luna mula sa pagkakayakap sa akin at pinahid ang kanyang luha. Tila ba hindi pa nagsisink in sa akin ang nangyayari. Nasa harap ko na ang isa sa mga kasamahan ko. Sinubukan kong tumayo pero pinigilan niya ako.

"Kagigising mo lang." sinabi nito. "Hwag ka munang tumayo."

Inalalayan niya ako para sumandal sa pader ng kweba. Pinagmasdan ko ang katawan ko. Halos wala ng sugat sa mga braso at kamay ko. Hinawakan ko ang mukha ko, tanging pilat na lamang ang nandito. Tiningnan ko ang punit sa dibdib ko. May naramdaman akong bahagyang sakit, pero tanging malinis na benda at ilang dahon lamang ang nandoon.

"Ilang oras na ba akong walang malay?" tanong ko sa napapaos na boses. "Paano mo ako nahanap?"

Natigilan si Luna sa pag inspection sa kalagayan ko at napatingin sa akin. "Dalawang araw kang walang malay."

What? Pinigilan ko ang sarili ko na mapamura sa harapan ni Luna. Dalawa? Hindi pwede. Paano ang Game? Ang mga kasamahan namin? Napansin ni Luna ang gulat na gulat kong mukha.

"Patuloy parin ang Game. Hindi ko din alam kung ano na ang nangyayari sa ibang kasamahan natin o kung ilan na ang namamatay sa arena. Pero kompleto parin tayo. Tingnan mo."

Tinuro niya ang wrist ko. Bumaba ang tingin ko dito. Bumalik na sa dating kulay ang numerong nakalaan para sa akin. Nang ginalaw ko ito, lumitaw ang score ng mga kasamahan ko. Gin has 215 points. Victoria has 100. Cain has 81 points. Ethan and Luna equally hold 60 points. And my points remain at 82.

Nakahinga ako ng maluwag nang makitang ayos lang silang lahat. Madami nga ang nagbago sa loob ng dalawang araw. Sigurado akong kalahati na lamang ng kalahok ang nasa arena. Ibig sabihin malapit na ang countdown. Nakakainis. Ang dami kong nasayang na oras. Muli kong pinagmasdan si Luna na nanatiling nakatitig sa akin.

"I thought we're going to lose a member." sinabi niya. "You were on the brink of death, Shia. Nakita namin ang halos pagfade ng score mo sa mga wrist namin. Ang buong akala ko talaga mawawala ka na."

"But I'm alive." I pointed out. "Paano mo nga ba ako nahanap?"

Napakurap siya. Saka siya mabilis na umiling. "I didn't."

Kumunot ang noo ko sa sinabi niya. "Anong I didn't?"

Pinagmasdan niya ako na tila ba maging siya ay naguguluhan. "Shia, hindi ako ang nagdala sayo dito. May isang lalake, member siya ng Boran, akala

ko nga aatakihin niya ako noong nagkasalubong kami. Pero sinabi niya kung saan ka makikita, na kailangan mo ng tulong."

Napantig ang tenga ko sa mga sinabi ni Luna. Tila isang alon ang marahas na humampas sa akin habang unti unti kong naalala ang mga nangyari bago ako nawalan ng malay dalawang araw na ang nakararaan. Patuloy sa pagsasalita si Luna pero tuluyan ng nawala sa kanya ang attention ko.

"Shia." Humarap ako kay Luna nang makita ang pag aalala sa kanyang mukha. "Shia, siya ba?" tanong niya. "Nandito siya, hindi ba? Si... Si Lucas?"

Tinitigan ko si Luna at pilit ngumiti. Kahit pa ramdam ko ang unti unting pag iinit ng sulok ng aking mga mata at ang pakiramdam ko na tila ba nawawasak. Shia, magpakatatag ka. Makakaalis ka dito. Nagkausap kami. Kahit sandali lang. Nakausap ko siya.

"Nandito siya, Luna." Tumulo ang hindi inaasahang luha mula sa mga mata ko. Mabilis ko itong pinahid. "Nandito si Lucas at-" Hindi ko na naituloy ang sasabihin nang tuluyan na akong manghina at umiyak sa harap ni Luna. Ito ang unang pagkakataon na nakita niya ako na ganito kahina. Naramdaman kong muli niya akong niyakap, pinapatahan ako.

"Luna... hindi ko na alam... Hindi ko na alam kung ano ang gagawin ko."

Chapter 40: Terrified

Chapter 40: Terrified

Pinagmasdan ako ni Luna habang naglalakad kami sa kagubatan. Bakas sa mukha niya ang pag aalala habang tinititigan ako. Kahit hindi niya ito pinapahalata ay napapansin ko ito sa tingin niya. Gusto niyang magtanong. Madami siyang gustong sabihin.

Nagpatuloy kami sa paglalakad nang wala siyang sinasabi. Tahimik akong bumuntong hininga. Malamang nagtataka na siya sa kinikilos ko. Nag aalala. Siguro inasahan niya na manghihina ako dahil sa sitwasyon na

kinakaharap ko ngayon. Tama siya. Hindi lang ako nanghihina, nawawasak ako, at natatakot. Pero hindi ko kailangang ipakita ito sa kanya.

Pag gising ko kaninang umaga napag desisyunan ko na kalimutan pansamantala ang nangyari. Umakto ako na walang pakialam na nandito si Lucas at nagkita kami ilang araw na ang nakararaan. Unang beses akong nakitang umiyak ni Luna kahapon. At wala na akong balak ulitin yon sa harap niya o ng kahit sino. What happened between me and Lucas got me out of track. Wala ito sa plano kaya hindi ko napigilan ang emosyon ko. Pero tapos na ito. Mas kailangan kong magfocus ngayon.

"Kailangan na nating maglunch." maya maya ay sinabi ni Luna.

Pinagmasdan ko ang tirik na araw sa likod ng nagtataasang mga puno. Tanghali na nga. It's the sixth day of the Linus Cup. Dalawang araw ng pakikipaglaban. Dalawang araw na walang malay. Nagising sa panglimang araw. Nagpahinga sa umaga at nagsimula ulit tahakin ang kagubatan noong bandang hapon. Halos bende kwatro oras na mula noong nagsimula kaming maglakad. Pero wala pa kaming natatagpuan na kalaban.

"Maghanap tayo ng magandang pwesto." sinabi ko kay Luna.

Sumang ayon siya. Mukhang wala namang panganib sa paligid. May pakiramdam ako na may nang galing na dito at tinapos na ang mga kalaban na dito makikita. Kaya siguro ganito nalang kapayapa at tahimik ng paligid. The atmosphere has this eerie 'calm after the storm' feel. Nag decide kaming huminto sa tapat ng dalawang nagtataasang mga punong mukhang pine tree.

"Okay na ba dito?" tanong ko.

Hindi siya sumagot. Bumaling ako kay Luna at nakita siyang nakatingala sa punong hinintuan namin. Pinagmamasdan niya itong mabuti, tila nagtataka at pinag aaralan ito. "No." sagot niya nang halos pabulong. Masyado siyang nakafocus sa tinititigan niya para masagot ako nang maayos.

"Hindi ko alam na may ganitong puno dito."

Kumunot ang noo ko at tiningnan ang tinutukoy niya. Napansin ko ang ilang kulay pulang berries sa puno na inakala kong pine tree. Sinubukan kong abutin ang pinakamababang parte nito pero halos magulat ako dahil sa sigaw na Luna.

"Hwag mong hahawakan!"

Napaatras agad ako palayo sa puno. "Okay." Halos hindi makapaniwalang sagot ko. Muli kong pinagmasdan ang puno at si Luna. "Ano bang meron dyan?"

Humarap siya sa akin. "Shia, pinag aralan natin ang tungkol sa punong ito." she said. "It's a type of Yew tree." Yew tree? Sa dami ng iniisip ko maaalala ko pa ba ang isang uri ng puno?

"The seeds and leaves of the tree are highly poisonous. Kaya nitong patigilin ang tibok ng puso mo. No symptoms, you'll simple drop dead." Napakurap ako sa sinabi niya. Shit. "Kaya as much as possible iwasan natin itong madikit sa atin, lalo na ang maconsume."

Tumango ako. "Sa ganitong paraan mo ba napatay ang una mong naging kalaban?" tanong ko.

Natigilan siya sa sinabi ko at umiwas ng tingin. "Hangat maaari hindi ko gustong pumatay. I'm a healer. Our knowledge is supposed to be use as a cure. Not the other way around." tahimik niyang sagot.

Pinagmasdan ko si Luna. Hindi ko alam pero gusto ko siyang yakapin. She's still the same Luna that I know. Sweet, compassionate, na��ve. Hindi siya dapat sinasama sa mga ganitong laro. Kung alam ko lang na may taong gaya niya sa Titan Academy siguro hindi ko masyadong kinamuhian ang lugar na yon. Gusto ko siyang yakapain at magsorry sa kanya habang nasa harapan ko pa siya. Dahil hindi ko alam kung magagawa ko pa ito sa mga susunod na araw. Bahagya akong umiling dahil sa naisip. Hindi ko pwedeng gawin yon. Mahahalata niya.

"But we're in a survival game." I pointed out. "Kung hindi tayo ang papatay, tayo ang papatayin."

"I know."

Hangang ngayon ay hindi parin malinaw sa akin kung paano siya nakasurvived sa arena nang wala halos galos. Mas mukha pa siyang okay kesa sa karamihan sa amin. Siguro nga malaking advantage na alam niya ang halos lahat ng uri ng puno at halaman sa lugar na ito. She knows every aspect of the forest as much as I do. At nagawa niyang pagalingin ang mga sugat ko gamit lamang ang mga ito at ilang first aid supplies.

"Kalimutan mo na yon. Magkasama na tayo." sinabi ko. "Ako nalang ang papatay kapag hindi mo gusto."

Pinagmasdan niya ako at pilit ngumiti. Maya maya pa may kinuha siya sa kanyang bag. Isang gloves at maliit na container. Ito ang mga bagay na pinagpalit niya gamit ang puntos na nakuha mula sa kalaban. Sinuot niya ang gloves at bahagyang nag tiptoe para abutin ang sanga na inaabot ko kanina. Maingat niya itong hinawakan at pinutol ang isang parte nito. Inalis niya ang mga dahon nito at maging ang maliliit na berries saka nilagay sa container.

"Maswerte lang siguro ako." sinabi niya habang nagka-focus sa kanyang ginagawa. "The guy was not a seer para maramdaman ang pagdating ko. I distracted him para sandali niyang iwan ang pagkain niya. Doon ko nilagay ang lason. Ang akala niya ay hayop lang ang narinig niya. Kaya bumalik siya at nagpatuloy sa pagkain. Not knowing a few seconds later babagsak siya sa lupa na bumubula ang bibig." Bumuntong hininga si Luna matapos magpaliwanag. "Kung sa iba yon malamang lumapit man lang ay hindi ko nagawa."

"Kung sa iba yon ay magagawan mo parin ng paraan." sagot ko. Tuluyan siyang tumayo nang matapos siya sa kanyang ginagawa. "You're a genius to use a natural poison as a weapon. Kaya hwag mong maliitin ang sarili mo. We are Team Hesperia. We are born to survive this shit."

Napangiti siya sa sinabi ko. "Yeah." she exclaimed. "Konti nalang. Makikita din natin ang mga kasamahan natin."

Pinagmasdan ko ang puno ng pag asa niyang mukha. Tama siya. Kailangan naming mabuo bago ang countdown. And when that time comes, it would be the end of the game for me. And everything will fall back into place.

Naghanap kami ng lugar na malayo sa Yew tree at doon nag lunch. Tinanong ko kung saan gagamitin ni Luna ang nakuha niyang nakalalasong dahon. Sinabi niya na maaaring magamit ko yon sa talim ng dagger para mas mapabilis ang pagkamatay ng kalaban.

Nag usap kami ng ilang bagay habang kumakain. Nasa akin parin ang tinapay na nakuha ko mula kay flying monkey. Siya naman ay hawak ang natirang canned meat mula sa una niyang naging kalaban at ilang energy bars. It was good na kahit sa ganitong sitwasyon ay may kasabay kang kumain. Tuwing kakain kasi ako sa lugar na ito, doon ko pinakanararamdaman na mag isa ako.

"Ano kayang ginagawa nila ngayon?" tanong ni Luna habang kumakain. "Kumain na kaya sila?"

Napatingin ako sa wrist ko. Nandoon parin ang numero para sa kasamahan ko. Nakabase ito sa position namin. Una para sa Captain. Pangalawa at pangatlo para sa Primary Defenses. Pang apat na numero ay para sa healer. Pang lima sa deceiver at panghuli ako. Ito ang tanging komonikasyon namin sa lugar na ito.

Maging si Luna ay napatingin na din sa wrist niya. "At least we know they are alive. Siguro naman okay lang sila."

But not all those who are alive are fine, Luna. There are some who are alive but wish they would rather die.

Nang matapos kumain nagpahinga kami ng ilang minuto bago nagpatuloy sa paglalakad. We are heading to center of the arena. Sa east napadpad si Luna nang magsimula ang Drift. Doon niya nakasalubong ang una niyang naging kalaban. Sa south naman ako napadpad. Pareho kaming papunta sa sentro ng arena at halos magkrus na ang landas. Subalit nakaharap ko ang babaeng gumagamit ng switch at doon tuluyang nagulo ang lahat.

Hinabol ni Lucas si Luna para sabihin ang kalagayan ko at kung saan ako makikita. Inamin ni Luna na noong una ay nagduda siya sa intension nito. Hindi niya kilala ang lalakeng nasa harapan niya. Ang tanging pinanghawakan niya ay hindi siya nito sinugod. Pero nag decide parin siya na tingnan kung totoo ang sinabi ni Lucas. Halos isang oras siyang naglakad papuntang south. Noong dumating siya sa kwebang tinutukoy ni Lucas, sa tapat ng isang putol na puno malapit sa ilog, nakita niya ako doon na walang malay.

Hangang ngayon kapag tinitingnan ko si Luna may parte parin sa akin na hindi makapaniwalang nagkita na kami. Natatakot ako na si Luna ang huling member na makikita ko bago dumating ang countdown.

Halos buong hapon kaming naglakad papunta sa sentro ng arena nang walang nadadaanan na panganib. Nagsisimula na kaming mangamba sa katahimikan ng paligid. Unti unti nang nake-clear ang mga lugar na dinadaanan namin. Ibig sabihin ilan nalang kaming natitira sa arena. At ano mang oras mula ngayon maaari na naming marinig ang countdown. Kailangan na naming mahanap ang mga kasamahan namin. Nagsisimula na ang kritikal na phase ng Game, where lesser is fatal.

Nang dumating ang gabi nag decide na kaming magpahinga. Ayon sa compass na nakuha ni Luna mula sa una niyang kalaban, malapit na kami sa gitna ng arena. Naghanap kami ng magandang pwesto sa kagubatan para magpahinga. Hindi kaya ni Luna na umidlip sa sanga ng puno kaya naman namili nalang kami ng tagong lugar sa tapat ng ilang malalagong halaman. Lumipas ang ilang oras bago nakatulog si Luna gamit ang bag pack niya bilang unan. Sumandal naman ako sa isang puno at umidlip sa tabi niya.

Hindi ko alam kung ilang oras ang lumipas nang bigla kong minulat ang mga mata ko. May naramdaman akong pag galaw sa paligid. Nanatili ako sa aking pwesto habang alertong pinagmamasdan ang kagubatan. Madilim ang paligid at ang tanging nagbibigay liwanag ay ang bilog na buwan sa likod ng nagtataasang mga puno. Pakiramdam ko buhay na buhay ang kagubatan sa ganitong oras. It was an eerie feeling. Like a secret place you're not supposed to witness.

Pinagmasdan ko si Luna na mahimbing na natutulog malapit sa akin. Hindi ko alam kung bakit pero hindi ko gustong matulog. It seems like I'm waiting for something to take place in the midst of the sinister silence. Pero lumipas ang oras at nanatiling tahimik ang paligid. Muli akong pumikit habang nakasandal sa puno. Wala akong idea na sa muling pagbukas ng mga mata ko, iba na ang sasalubong sa akin.

--

Nagising ako dahil sa isang kakaibang bagay. Pakiramdam ko may mali sa hinihinga kong hangin. Malamig at makapal. Tila matinding hamog na may kasamang amoy ng usok mula sa bonfire. Agad kong binuksan ang aking mga mata. At halos hindi ako nakagalaw nang tumambad sa akin ang paligid. What the fuck? Umalis ako mula sa pagkakasandal sa puno at napatayo mula sa lupa. Ano ito? Usok? Hamog? Bumaling ako sa katabi ko pero nagulat ako noong wala na si Luna sa pwesto niya. Doon nagsimulang kumalat ang panic sa sistema ko.

"LUNA!" sigaw ko. Linibot ko ang tingin sa buong paligid. Puro usok o hamog ang nakikita ko. At alam kong hindi ito natural. Hindi ganito kakapal ang hamog sa kagubatan. "LUNA!" Nagsimula akong maglakad palayo kung saan kami natulog. "LUNA, NASAAN KA?!"

Bigla akong tumigil sa paglalakad nang may marinig na ingay. Ilang mga boses. Masayang nag uusap. Kumunot ang noo ko at agad naging alerto. Kinuha ko ang dagger na nakasabit sa bewang ko at maingat na naglakad sa pinangagalingan ng ingay. Nakakapagtaka na hindi man lang ako makaramdam ng kahit anong panganib sa direction na yon kahit pa mukhang madami sila. Nakarating ako sa isang clearing sa kagubatan. Lugar na may bakanteng espasyo kung saan hindi masyadong tumutubo ang mga puno. Napalunok ako nang makita ang pinagmumulan ng ingay. Halos mabitawan ko ang hawak kong dagger. Anong nangyayari? Bakit sila nandito?

"Shia!"

Halos mapaatras ako nang humarap si Luna at tinawag ako.

"Halika na, kanina ka pa namin hinihintay."

Pinagmasdan ko ang nakangiti niyang mukha. Pinagmasdan ko ang mga taong katabi niya. Nakapalibot sila sa isang siga o bonfire kung saan nagmumula ang usok sa buong paligid. Nakaupo sila sa mga putol na trunk ng puno at masayang nag uusap. Nandito sila. Si Cain, Victoria, at Ethan. Kasama si Luna.

"Shia, halika na! Tulog mantika ka!" biro ni Cain.

Bumaling ako sa katabi niya. Si Victoria. Umirap lamang ito na tila ba nainip sa paghihintay sa akin. Samantalang may hawak na patpat si Ethan na inaayos ang pagkakasalansan ng mga kahoy sa apoy. Ngumiti ito sa akin. Ang biro ni Cain. Ang kasungitan ni Victoria. At ngiti ni Ethan. Akala ko hindi ko na makikita ang mga ito kahit kailan.

"What are you waiting for?" narinig kong tanong ni Victoria.

Hindi ko alam kung ano ang magiging reaction ko. Totoo ba ito? Nasa harap ko na ang mga kasama ko. Lumapit ako sa kanila, hindi makapaniwala. Pinagmasdan nila ako, hinihintay na umupo ako sa pwestong nakalaan para sa akin. Anim ang mga log na nakapalibot sa apoy. Umupo ako.

"Buti nandito ka na." sinabi ni Ethan.

Pinagmasdan ko lamang ang apoy na nasa harapan ko. Pakiramdam ko biglang napako ang tingin ko sa bagay na yon. The woods crackle and send tiny specks of glowing ember on thin air as Ethan repeatedly prod the woods in the flame. It was beautiful. I didn't know fire could be this beautiful.

"Paano niyo kami nahanap?" tanong ko.

Ngumiti lamang si Cain. "Hindi kami ang nakahanap sa inyo, Shia." sinabi niya. "Si Captain."

Si Gin? Linibot ko ang tingin sa paligid. "Nasaan si Gin?"

Nagkatinginan si Ethan at Victoria. "Nandyan lang si Captain." sagot ni Ethan. "Kung gusto mo sundan mo siya. Baka pabalik na yon." Tinuro ni Ethan ang direction na opposite kung saan ako nangaling.

Tumayo ako mula sa kinauupuan ko. "P-Puntahan ko siya." Hindi ko mapigilan na magstutter. Just the thought of Gin makes my heart pound. Gusto ko siyang makita. Kahit minsan pa. Gusto ko siyang makita.

Sinundan ko ang direction na tinutukoy nila. Makapal parin ang hamog o usok sa paligid. Wala akong makita maliban sa malapit na mga puno at halaman. Noong bahagya akong makalayo sa grupo, huminto ako at pinagmasdang muli ang paligid. Sandali. Totoo ba ang lahat ng ito?

Nakarinig ako ng kaluskos dahilan para matigilan ako. Napalingon agad ako sa direction na pinagmumulan nito. Wala akong masyadong makita dahil sa kapal ng hamog at usok. Subalit isang silhouette ng lalakeng naglalakad ang naaninag ko. Napakurap ako at pakiramdam ko hindi ko magawang huminga ng maayos. Palapit nang palapit ang lalakeng yon na tila ba naramdaman din ang pagdating ko. Napakalakas ng tibok ng puso ko. Hindi ko gusto ang nararamdaman ko. Dahil pinatunayan lamang nito ang isang bagay.

Pinagmasdan ko ang lalakeng nasa harapan ko. Halos manghina ako makita lamang ang mukha niya. Gin. Nagulat ako nang halos mangilid ang luha sa mga mata ko. Bahagya akong umiwas ng tingin para hindi niya ito makita. It was deep longing. I miss him. I goddamn miss him so bad. At hindi ko mapigilan na matakot dahil alam kong darating ang araw na kailanman hindi ko na siya makikita. Kinuyom ko ang mga kamao ko upang pigilan ang aking nararamdaman.

Nagtataka siyang napatingin sa akin. Tila maging siya ay hindi makapaniwala. Pero agad ding umaliwalas ang kanyang mukha nang makita na ako nga ito, si Shia. Bahagya siyang ngumiti. Tila ba matagal niyang hinintay ang pagkakataon na ito. Mas lalo akong nanghihina sa mga tingin niya. Lumapit siya sa akin. Nanatili ako sa kinatatayuan ko. Nang nasa harapan ko na siya, pinagmasdan niyang mabuti ang mukha ko. Pilit akong umiwas dahil hindi ko gustong makita niya kung gaano ako

nanghihina. Subalit hinawakan niya ang magkabilang side ng mukha ko at pinaharap sa kanya.

"Shia."

Pinangako ko na kapag nakita kita sa arena, paninindigan ko ang decision ko. Para hindi ka na tuluyang masaktan. Kailangan kong bumalik sa panahon na hindi ka pa mahalaga sa akin. Pero bakit? Bakit hindi ko magawa ngayong nasa harapan na kita? Pinahid ni Gin ang luha na dumaosdos sa pisngi ko. Nilapit niya ang kanyang mukha, naramdaman ko ang marahang pagdampi ng mga noo namin, napapikit ako nang tuluyan.

"You're here." he whispered. "You're finally here."

It was supposed to be easy. Kung sana katulad ako ng ibang nasa arena, magiging madali ang lahat. Makikipaglaban ako kasama ang aking grupo para mabuhay at manalo at makakaalis kami. Pero hindi. It was never meant to be easy. Pinaglaruan ako ng tadhana kaya kailangan kong harapin ang lahat ng ito. Hindi ang ibang grupo ang kalaban ko sa larong ito. I'm fighting against my destiny.

Tuluyan akong naluha nang maramdaman ang labi ni Gin sa labi ko. Napahawak ako sa damit sa kanyang dibdib, nanghihina. The kiss was slow and gentle as if filled with both of our longing, pain, and unbearable sadness. In the back of my mind a soft warning lingers, telling me that no matter how painfully perfect this moment is everything is not quite right. That this is too good to be true. Pero hindi ko kayang umalis sa harap ni Gin. Not now. At natatakot ako na kung magtatagal pa ako, I will never be able to stay away.

"Shia, stay with me. Everything will be fine. Just stay with me."

Tumango ako. Ang alam ko lang ayokong mawala sa akin si Gin. Isang kakaibang bagay ang unti unti kong naramdaman. It's as if I'm slowly sinking into something. An invisible water or a dark pit. Hindi ko ito pinansin. Nanatili akong yakap ni Gin. Pero habang tumatagal pakiramdam ko tuluyan akong nalulunod. Pinagmasdan ko ang mukha ni Gin, nagtataka. Ngumiti siya and this time hinalikan niya ako sa noo. And everything went

calm again. Sobrang payapa. Dito nalang ako. Ayoko ng lumabas. Ayoko na.

"Say you'll stay."

I nodded. "I will-"

"Shia, no!"

Natigilan ako sa narinig na boses. Pinagmasdan ko ang mukha ni Gin sa harap ko. Ganoon parin ang expression niya. We're so close to each other and it seems like I'm drunk with the proximity of his presence.

"Say it." he whispered.

Hindi ako agad nakasagot. May narinig ako kanina. Malayo sa malambing na boses ni Gin na nasa harapan ko.

"Shia, say it."

Bigla akong napaatras palayo sa taong nasa harapan ko. Siya si Gin, hindi ba? Muli siyang lumapit sa akin at marahan akong hinalikan sa labi. Napapikit ako. Muli akong nalunod sa presence ni Gin.

"Shia, no! Damn it!"

Muli akong nag mulat ng mga mata. Para akong nasa isang laro. Lalapit siya. Malulunod ako at hindi na gugustuhing umahon pa. Pero maririnig ko ang familiar na boses. Tila hinihila ako pabalik sa ibabaw ng tubig. Isang nakamamatay na laro. Tuluyan akong lumayo sa lalakeng nasa harapan ko. Isa isang tumulo ang luha sa mga mata ko.

Ano bang iniisip ko? Stupid, Shia. Gusto kong sabunutan ang sarili ko. Noong una palang alam ko na. Hindi totoo ang mga nasa harapan ko. Noong mapansin ko ang kakaibang hamog alam ko na ang pwedeng mangyari. Pero pilit ko itong kinalimutan. Dahil sa kagustuhan ko na makasama ko ulit siya. Kahit sa isang illusion lang. Pilit ko itong pinagsawalang bahala.

Tumayo ako ng maayos at muling pinagmasdan ang Gin na nasa harapan ko. Alam ko kung paano lumabas sa ganitong uri ng illusion. I've encountered one of the best deceivers that I know. Hindi dapat ako sumunod sa pinapagawa niya sa akin. Pero halos gusto ko ng manatili. Dahil alam kong paglabas ko, wala din akong babalikan. You're pathetic, Shia.

Huminga ako ng malalim bago nagsalita. "No. I will not stay with you, Gin."

Napa atras ako nang unti unting magbago ang anyo ng taong nasa harapan ko. Parang alikabok na naglaho ang mukha ni Gin. Biglang umikot ang buong paligid. Tila isang switch ang sinabi ko dahilan para magulo ang munting perpektong mundong nasa harapan ko. Isang mundo kung saan natagpuan na namin at isa't isa at magkakasama na kami. Tuluyang nawala si Gin at hindi ko alam kung makikita ko pa siyang muli. Bumalik ako sa mahamog na paligid. Pero nakapagtataka dahil tila walang nagbago. Hindi ko ito pinansin at tumakbo paalis. Kailangan ko ng balikan si Luna. Hindi ko alam kung ano ng nangyayari sa kanya.

Napapitlag ako at agad na tumigil sa paglalakad nang maramdaman ang pag ikot ng dinadaanan ko. Para bang lahat ng tingnan ko ay unti unting natutunaw at nagsisimulang umikot. Maging ang lupang tinatapakan ko ay tuluyang nawala at mabilis akong nahuhulog. Napapikit ako at halos masuka sa sama ng pakiramdam na dulot nito. Shit. Nasa illusion parin ako.

Lumipas ang ilang segundo bago unti unting huminto ang pag galaw sa paligid ko. Bumalik sa pagiging steady ang lupang tinatapakan ko. Tumayo ako ng maayos at agad binuksan ang aking mga mata. Nagpamura ako nang makita na nagbago ang paligid. Bumaba ang tingin ko sa malambot na carpet kung saan ako nakatapak. Sa mamahaling sofa at fire place sa harapan ko. Sa maliwanag at kumikinang na chandelier sa itaas. Wala na ako sa gubat. Nasa isang kwarto na ako. Isang mamahaling kwarto sa loob ng isang mansion.

"Jane?"

Napapitlag ako bago lumingon sa pintuan. Pumasok sa kwarto ang isang napakagandang babae. Napakurap ako at hindi nakapagsalita. Doon ko napagtanto na iba na maging ang ayos ko. I'm wearing an elegant crimson dress. Malinis na ako. Walang dumi na nakuha mula sa gubat. Pinagmasdan ko ang reflection ko sa isang salamin sa kwarto. Napahawak ako sa silver necklace na nasa leeg ko. Maging ang buhok ko ay nakaayos sa isang mahabang braid.

"Jane, ready ka na?"

Pinagmasdan ko ang babae na may elegante at kulay cream na damit. Ang Mama ni Corrine. Isang Stanford. Umiling ako. Hindi pwede. Bakit ba kailangan na pati sila makisali sa magulong sitwasyong ito?

"Jane-"

"No." mariin kong sinabi ko.

"Jane, are you okay?"

"Itigil mo na ito." Pinagmasdan niya ako. "Hindi ko kilala ang sinasabi mo. Hindi kita kilala."

"Pero Jane Elizabeth-"

"Shia! Shia Sheridan ang pangalan ko. At wala akong kinalaman sa mga katulad niyo!" singhal ko. Tama na. Hwag niyo na akong pahirapan. Kailangan kong makalabas sa illusion na ito.

Lumapit sa akin ang Mama ni Corrine. "Jane, stay here. This perfect world is just for you. Everything you need is here." Natigilan ako sa kanyang sinabi. "Nasa living room ang Dad mo as well as your group. Hinihintay nila tayo."

Naramdaman kong niyapak niya ako. "Hindi mo na kailangang bumalik sa Linus Cup, Jane. Ano ba ang babalikan mo? Ang pumatay at mamatay? Ang walang kasiguraduhang bukas?"

Humigpit ang pagkakayakap niya sa akin. Gusto ko ng maniwala sa sinasabi niya. "Hindi mo kailangang harapin ang mga ito, Jane. Nandito kami. Hindi mo kailangang bumalik."

She strokes my back with her delicate hands as she embraces me. And I suddenly remember how I was put to sleep when I was a child. The delicate hand, the soft strokes on my back, a warm voice singing a slow song.

"Sleep well, my little one,

for another day has gone.

Close your little eyes

and let the moonlight shine.

Let your dreams take you

into wondrous view.

And tomorrow when you wake up,

I'll be here waiting for you."

Unti unti kong pinikit ang mga mata ko. Isang kakaibang pakiramdam ang bumalot sa akin. Para bang pinapaalala ng kantang ito ang isang pakiramdam na tuluyan ko ng nakalimutan. Unti unting bumalik sa akin ang mga pagkakataon na narinig ko ang kantang ito.

"Mommy, will you still be there when I wake up?"

"Of course, sweety."

"You're not going to sleep?"

"I will. After I ensure that no monster can harm my daughter."

"Mommy?"

"Yes, sweety?"

"When I grow up and I'm not afraid of monsters anymore, will you still be there when I sleep?"

"Of course, sweety. And when you wake up, I'll be here waiting."

But you didn't. I woke up one day and you were not there. I woke up one day and I'm alone in a dark place. And the monsters grew up with me. Because you were not there to drive them away. I stayed terrified.

"I'm here now, Jane. You can now sleep well."

I nodded.

"Goodnight, my daughter."

The warmth and calmness of her embrace envelops me.

"Goodnight, Mom-"

"SHIA, NO!"

Bigla kong binuksan ang mga mata ko dahil sa narinig. Tuluyang nawasak ang kalmadong atmosphere na bumabalot sa akin. Ang mga gamit at maging ang tinatapakan kong sahig ay unti unting nasira. Mabilis na nawawasak ang mga ito na tila ba hinihigop papunta kung saan. Bumaling ako sa babaeng nasa harapan ko. Natigilan ako nang makitang natutunaw ito na tila ba isang kandila. Bigla kong narinig ang mga ingay. Mga natural na ingay ng lugar na halos ayaw ko ng balikan. Ang tunog ng hangin. Ang mga puno. Nagpalinga linga ako. Bumabalik na sa dati ang lahat. Bumabalik na ako sa arena.

Nakarinig ako ng sigaw. Isang nakakabinging sigaw ng taong namamatay. Humarap ako sa direction nito at nakita ang isang lalakeng nagpupumiglas habang isang kakaibang bagay ang bumabalot sa katawan niya. Isang itim na anino o tinta. Halos takpan nito ang lalake, sa katawan, sa leeg, tila may buhay ito at sinasakal siya.

"TAMA NA! AAHH!"

Nagpumiglas ang lalake at pilit inaalis ang itim na bagay na hindi niya mahawakan. Naging kulay abo ang kanyang balat. Parang isang taong mabilis na tumatanda at unti unting namamatay.

"ITIGIL MO NA ITO!"

Tuluyang tinakpan ng itim na bagay ang buo niyang katawan. Hangang sa bumalot ito sa kanyang ulo. Ang huli kong nakita ay ang kaliwa niyang mata na nakatitig sa direction ko.

Napakurap ako. Hindi makapaniwala. Biglang tumahimik ang buong paligid. Pinagmasdan ko ang itim na bagay na unti unting umaalis sa lugar kung nasaan ang lalakeng naging biktima niya. It seems like the life was sucked out of him. At tanging katawan niya ang natira.

Hindi ako gumalaw sa kinatatayuan ko. Sinundan ko ng tingin ang bagay na yon. Para itong isang itim na ahas na gumagapang sa lupa pabalik sa kanyang amo. Hangang sa tumama ang paningin ko sa isang lalakeng nakatayo ilang metro mula sa akin. Tila hinihigop nito pabalik ang anino gamit ang sugatang palad niya. Natigilan ako at hindi nakagalaw. Kilala ko ang taong may hawak ng ganitong ability.

Umakyat ang tingin ko sa mukha ng taong yon. Pinagmamasdan niya ako. Sugatan ito at bahagyang nakahawak sa kanyang kaliwang kamay. Tumutulo ang pinaghalong itim at pulang dugo mula dito at halos gutay gutay ang sleeves ng kanyang damit. Pero hindi ko makita ang kahit anong bahid ng sakit sa mga mata niya. Nanatili itong nakatitig sa akin.

Tuluyan akong nanghina at tila ba hindi alam ang gagawin. Please, don't make this an illusion. Please, make this real. Unti unti kong tinakpan ang bibig ko gamit ang nanginginig kong kamay para pigilan ang pagiyak na gustong kumawala dito. Humakbang siya papunta sa akin. Halos ramdam ko ang muling pamumuo ng luha sa mga mata ko. Nanginginig ako. Ang mga binti ko. Ang mga kamay at mga dailiri ko. Hindi ko alam kong kaya ko pang tumayo ng maayos.

Huminto siya nang halos nasa harapan ko na siya. Tuluyang bumigay ang iyak at mga hikbi na gustong kumawala. My shoulders shake involuntarily due to overwhelming longing and pain. Naramdaman ko ang paghawak niya sa magkabila kong balikat. At dahan dahan, hinila niya ako palapit sa mga bisig niya. Niyakap niya ako. I buried my face in his chest, and cried silently.

"I'll die if I ever lose you again, Shia."

Humigpit ang yapak niya sa akin. Hinawakan niya ang magkabilang side ng mukha ko at hinalikan ang tuktok ng ulo ko. Niyakap ko siya pabalik, natatakot na muli siyang mawala. I stayed in his arms as if I was born to do so.

And in that moment a terrible realization sinks in. A feeling I never wanted to put into words. A feeling I can never run away from no matter what I do.

I'm in love with Gin.

Chapter 41: Let Go

Chapter 41: Let Go

Napadaing si Gin habang ginagamot siya ni Luna. Pinagmasdan ko ang bawat pagngitngit ng kanyang ngipin at paglalim ng kanyang hininga habang bahagyang nakapikit at pinipigilan ang sarili na mapamura.

"Kahit isang buong araw lang, Captain. Bigyan mo ang katawan mo ng isang buong araw para magpahinga." sinabi ni Luna.

Napansin ko ang bahagyang panginginig ng mga kamay niya. Ito ang unang beses na nakita ni Luna si Gin na sugatan nang ganito.

Bigla akong tumayo at nagpaalam na lalabas muna. Napalingon sa akin si Luna pero hindi nagsalita pa. Hinawi ko ang ilang baging sa harapan ko at tumapak sa labas. Bumati sa akin ang malamig na hangin sa gubat.

Si Gin ang nagdala sa amin sa lugar. Halos ilang kilometro lamang ito mula sa lugar kung saan kami natulog ni Luna. Dito siya nagpahinga ng isang buong gabi bago kami nagkita. Isa itong mala kwebang espasyo sa pagitan ng makakapal na puno at dalawang malalaking bato.

Umupo ako sa isang natumbang kahoy at bumuntong hininga. Muling bumalik sa akin ang mga nangyari noong umagang yon- the dawn I was caught inside an illusion. Hangang ngayon hindi parin nagse-settle ang pakiramdam ko kapag naalala ang bagay na yon.

Ang buong akala ko ay wala si Luna sa tabi ko noong nagising ako. Pero ang totoong nangyari ay ako ang umalis. Noong nagising ako sa kalagitnaan ng gabi ay nagsimula na ang deceiver mula sa Kimmye na isailalim ako sa isang illusion. Nagising ako ng madaling araw at naglakad sa kagubatan nang hindi ko namamalayan. It was like sleepwalking. Isang napakahabang bangungot habang naglalakad sa gubat. The mist, the smoke, even Ethan and the rest of the group were all an illusion.

I walked endlessly inside the forest. Gising ang diwa ko pero nasa ibang mundo o reyalidad. Until the illusion came to its peak. Ang sabi ni Luna mas prone sa deceiver ang mga taong tulad ko. Mga taong may unsettle emotions. Ginamit ng deceiver ang mga alaala ko. Ang grupo, si Gin. Luna was right. I almost stayed. In the midst of the illusion, ilang beses kong kinwesyon ang nangyayari. I saw the flaw in the deceiver's technique. But I almost- no, I desired to stay. Not knowing I already reached the real Gin.

Hindi inasahan ng deceiver na magtatagal ang proseso ng ganoon. He can't make several people undergo the same trick simultaneously. Sinubukan niya akong pwersahin na manatili. Ginamit niya ang lahat ng mahahalagang alaala ko. Ang hindi nito inasahan ay ilapit ako sa kinaroroonan ng mismong Captain namin. Naramdaman ni Gin ang pagdating namin at siya ang tumapos ng lahat.

It took me hours bago ako nakalabas sa illusion. Hindi ko magawang maalala ang lahat ng nangyari sa loob. But if there is one thing that shit left me, it was the emotions. The deep longing, the sadness of having something so perfect that was shuttered, the unfairness of having to wake up and go

through it all. It's like waking up from a lovely dream to discover that reality is the nightmare.

And this is the nightmare. Bumuntong hininga ako at tumayo mula sa kahoy. Few meters away from me is Gin. Halos isang buong araw na ang lumipas mula noong nagkita kami subalit hindi parin nagbabago ang kondisyon niya. Noong una ay hindi ko ito napansin. Kung gaano siya nanghihina, kung paano halos hindi na siya makatayo sa dami ng kanyang sugat.

Malalalim ang mga sugat niya na nagmula sa mga naging kalaban niya at sa sarili niyang ability. Ang iba ay ilang araw nang hindi nagagamot o napagtutuunan man lang ng pansin. Sinabi ni Luna na halos nasa limit na ang katawan ni Gin. Kinakain ng sarili niyang kapangyarihan ang kanyang katawan. Kilala ko siya. Gin knows his limit. Alam kong hihinto siya kung kinakailangan. But Gin used what was left of his strength to save me. At ito ang kinahinatnan.

Huminga ako ng malalim. This is not supposed to happen. This is not in my plan. Nagsimula akong maglakad lakad sa paligid. Kailangan ko parin na mag focus. Lumilipas ang mga araw na hindi namin alam kung ano ang nangyayari sa arena. We've passed the one week mark. Karamihan ng mga nakaraang laro ay tumatagal lamang ng isang lingo.

Ilang kilometro na lamang kami mula sa sentro ng arena. Sa gitna ng arena makikita ang mga cartridges. Maa-activate ang mga ito sa oras ng countdown. Sa mga oras na ito ay siguradong doon na din papunta ang mga natitirang kalahok sa arena. Siguradong kung nasaan man sina Ethan, Cain, at Victoria ay sa sentro din sila papunta. Sana magkakasama sila.

This is the phase where lesser is fatal. Sa iisang direction na kami papunta at wala kaming pagpipilian kundi ang tapusin ang sino man na makasalubong namin. Every point is becoming significant. The group with the highest gathered points is the sure target. Malalaman kung sino ang grupong nangunguna kapag nagsimula na ang countdown. Hindi sila hahayaan ng ibang grupo na masecure ang hawak nila. Dahil siguradong katapusan na ng laro kapag nangyari yon.

Katapusan ng laro. Isang mapait na ngiti ang sumilay sa labi ko. Malinaw na sa akin kung paano matatapos ang larong ito.

Pero sa ngayon kailangan ako ni Gin at Luna. Magkakasama kami. But we are in a vulnerable position due to the previous attack. Maging si Luna ay kailangan ding magpahinga. We could not afford another attack. Not yet. Kailangan namin ng oras para makabawi. Lalo na si Gin. Kailangan naming mag-ingat at umiwas sa mga kilos na makagtuturo sa kinalalagyan namin.

"Shia?"

Bigla akong napalingon nang marinig ang boses ni Luna. Naglakad siya papunta sa akin, hinawi ang ilang mababang sanga sa daraanan niya bago ako narating.

"S-Si Gin?" tanong ko. "Bakit mo siya iniwan?"

Napakurap siya, tila nabigla sa reaction ko. "Nakatulog siya." sagot niya. "Shia, kailangan kong umalis."

Natigilan ako. "Umalis?"

"Naubos na ang mga halamang gamot na dala ko at hindi parin nagbabago ang kalagayan ni Captain." Napansin ko ang pagod at pagaalala sa mga mata ni Luna. "Masyadong mataas ang lagnat niya. Hindi ko alam kung natural pa ba ito o dahil sa ability niya. His ability seems slowly consuming his body. Hindi tumitigil sa pagdudugo ang mga sugat niya. Kailangan na gumaling ng kanyang katawan para maibalik ang control niya."

Halos manghina ako dahil sa narinig. "Pero hapon na, masyado ng delikado. Kung gusto mo ako nalang-"

"I need Betony or woundwort to speed up the healing of cuts. And the barks of Cinchona Tree and extracts of Arborvitae para sa lagnat ni Captain." she said. Pinagmasdan niya ako. "Familiar ba ang mga halaman na tinutukoy ko?"

Natigilan ako at umiling.

Luna gave me a reassuring smile. "Shia, I will be fine." she said. "Lahat ng binangit ko ay ginamit ko na sayo noong ikaw ang nasa panganib. Babalik lang ako sa dinaanan natin kaya hwag kang mag alala."

"Pero-"

"We are team Hesperia. We're born to survive this shit, remember?" Napakurap ako sa sinabi niya. Did Luna just curse?

She immediately caught herself. "I mean- oh well. Kapag nakauwi tayo hwag mong sabihin kay Dad."

Despite the situation ay napangiti ako. Pero agad din itong nawala. Kapag nakauwi tayo. Pero paano kung nandito ang uuwian ko, Luna?

Nag alangan ako. Pero sa huli wala akong nagawa kundi ang pumayag sa gusto ni Luna. Nagpaalam siya na babalik bago magdilim. Pero kung magtagal man siya ay hwag akong magalala o mag panic hangang hindi nabubura ang numerong nasa wrist ko. Luna knows me so damn well. At hindi ko mapigilan na manghina kapag naiisip na hindi ko na siya makikita kahit kailan.

Muli akong bumalik sa lugar kung saan nagpapahinga si Gin. Pumasok ako doon at hinawi ang ilang halamang baging na tinatakpan ang lugar. Nakita ko si Gin na nakasandal sa pader na bato at nakapikit. Bahagya siyang nakatingala, his sharp jaw clenched, his breathing ragged and deep, tila tinitiis ang sakit sa kanyang buong katawan kahit natutulog siya.

Umupo ako sa tabi niya at pinagmasdan siya. In front of me is the man I've grown to love. The man who can sacrifice everything for me. He was right all along. Noong tinanong niya ako sa Titan Academy, noong nagmakaawa siya na marinig ang mga salitang yon mula sa akin, kahit pilit kong itangi ay alam kong lolokohin ko lang ang sarili ko.

I'm in love with Gin.

But what difference would it make? Sa arena parin matatapos ang lahat. Sa pakikipaglaban para mabuhay. And the situation came to an entire dead end

noong malaman ko na makakalaban ko si Lucas. So this is better. Hinawi ko ang buhok niya na basa ng pawis mula sa kanyang mukha.

Mas mabuti na hindi na malaman ni Gin. Mas mabuti na isipan niya na si Lucas ang pinili ko. Dahil masasaktan lamang siya kapag natapos ang lahat ng ito. Ayoko na siyang saktan. Malinaw na sa akin ang lahat ngayon. Gin had done enough. He was always been enough. He doesn't deserve anymore of this pain.

Nanatili akong tahimik habang pinagmamasdan siya. Nasasaktan ako kapag naiisip na nakaraang gabi lamang ay mag isa siyang nanatili dito sa halos ganitong kondisyon. Napansin ko na nagsisimula nanamang tumulo ang dugo at itim na bagay mula sa kanyang mga kamay. Gin's hands and arms are almost tattered. Natatakot ako na maaari siyang maputulan ng kamay dahil sa nangyayari.

Kinuha ko ang mga gamit ni Luna na iniwan niya para gamutin si Gin. Mataas ang puntos ni Gin. Maaari siyang makipagpalit para makakuha ng mga gamot na mas makapagpapabilis ng pagaling niya. Kahapon pa ito sinasabi ni Luna. Pero isa lang ang nagiging sagot ni Gin.

"I can't lose any points."

Mga gamot ang pinakamahal na pwedeng makuha sa labas ng arena. A simple first aid can cause one kill or thirty points. Alam kong sa mga oras na ito bawat puntos mahalaga. One point deficit against other team and we are going to lose this battle. Hangang sa puntong ito ang grupo parin ang inaalala niya.

Huminga ako ng malalim at sinimulang linisan ang kanyang kamay. Napapadaing siya sa bawat pagdampi ng pamunas na may likidong pinaghalong tubig at katas ng halaman. Hindi ko maiwasang maalala ang unang beses na ginamot ko siya nang ganito.

Sa training room kung saan nakita ko sa unang pagkakataon ang seal sa likod niya. Hindi siya sanay na humihingi ng tulong kahit pa noon. Gin was full of pride and authority. He was born to be a Team Captain. I even

remember the first time I saw him- sa bahay nila Lucas. How I was afraid of his stare, or his commands, and even his mere presence.

Napangiti ako nang mapait sa alaalang yon. How did we end up here, Gin? How did everything turned out to be this hard for both of us? Naging tahimik ako at pinagpatuloy ako sa pagamot sa kanya.

Hindi ko alam kung hangang saan ko sila masasamahan. Pero alam ko kung paano matatapos ito. Nandito ako para samahan sila hangang sa oras ng countdown. Ito ang plano ko mula umpisa bago pa man ako makatapak sa lugar na ito. It's my concrete plan. At ang tanging dahilan kaya pinipilit kong mabuhay sa arena hangang sa mga oras na ito.

Kapag narinig ko na ang countdown at nalaman kung sino ang grupong may pinakamataas na puntos, kailangan kong gawin ang lahat para 'Hesperia' ang pangalang lilitaw sa itaas. Para sila ang makaligtas at makaalis sa lugar na ito. Dahil hindi ko kayang iwan si Lucas dito. Hindi ko kayang iwan ang tanging taong babalikan ko. I choose Gin over Lucas. But I choose Lucas over myself.

Isa lang ang hinihiling ko. Ang mabigyan pa ako ng oras para makasama sila. Dahil sa totoo lang natatakot ako na marinig ang countdown. Dahil ibig sabihin kailangan ko na silang iwan.

Nagulat ako nang bahagyang gumalaw si Gin. Tila tuluyan siyang nagising dahil sa ginagawa ko. Binuksan niya ang kanyang mga mata saka lumingon sa akin. He gave me weak smile.

"Shia."

Nawawalan ako ng lakas ng loob kapag nakikita siyang ganito. Kaya as much as possible ay gusto kong umiwas at manatili sa labas. I don't want my last memories of him to be like this.

"Umalis si Luna para kumuha ng mga halamang gamot." sinabi ko para itago ang panghihinang nararamdaman ko.

Marahan siyang tumango saka muling tumahimik. Pinagmasdan ko siya sa gilid ng aking mga mata. Nakatingin siya sa akin. Hindi ako umimik. Muli akong nagfocus sa ginagawa ko. Naging tahimik sa loob ng kweba. Maya maya pa, nagsalita si Gin na siyang kinatigil ko.

"I love you."

My hand was automatically suspended from moving. Nanatili ang tingin ko sa kamay kong may hawak ng pamunas.

"Shia, I fucking love you that it kills me."

Humigpit ang hawak ko sa tela. Sa gitna ng nanghihinang boses, bawat salita ay tumatatak sa akin. Gin, please, stop this. Nagpatuloy ako sa paglilinis ng mga sugat niya na tila walang narinig. Ramdam ko ang tingin sa akin ni Gin.

"I never thought you would be this important to me." Bahagya siyang natahimik na tila inaalala ang unang pagkikita namin. "I despised you the first time I saw you. I even regarded you as foolish for owing the blame on something you would never do. Someone like you in a place like the Academy was the last thing I need. But I was curious on how far you would last."

"But you have this determination in your eyes, the desire to see Lucas again. And it made you survived all the bullshits. I never understand how someone can love up to that degree where you can sacrifice your freedom and your life for someone. But I started to admire you for that... until I became jealous of it."

Bawat salitang lumalabas sa bibig ni Gin, sa bawat malalim na paghinga niya para mailabas lamang yon, ay naninikip ang dibdib ko.

"As shallow as it may sound, I envy Lucas for having you. I told myself I don't have to envy a town's boy or a town's girl; I have everything I wanted, any fucking time. But whenever I saw you, your determination to see him, the expression on your face whenever a topic touches him, how you endured everything for him- the humiliation, the pain, that fucking tears in

your eyes because of him- I don't understand why anyone has to go to such extent for someone. Dahil hindi ko naramdaman ito kahit kailan. Kahit mula sa sarili kong pamilya."

Ramdam ko ang pangingilid ng luha ko habang nagsasalita si Gin.

"Ano bang meron sa mundong ginagalawan niyo bakit kaya niyong magmahal ng ganoon katindi? And why can't I have it, Shia? Why can't someone love me even a percent of such extent? I've fucking tried, didn't I? I've tried everything to feel it. But it was never enough. I've never been enough..."

Tuluyang tumulo ang luha ko habang nakatitig kay Gin. Mabilis ko itong pinahid bago niya pa man makita. I wanted to tell him, I wanted so bad to tell him- Gin, someone already do. I do, Gin. I love you.

Bahagyang humina ang boses ni Gin. Ramdam ko ang pagbabago ng kanyang paghinga. Tuluyan kong iniangat ang tingin ko at nakita na hindi na siya nakatingin sa akin. Nakapikit na siya.

"I never thought I can do the same thing for someone. Never thought that envy would developed into protecting you, to make sure that all your sacrifices would never go down the drain; all your tears would never come to waste. I won't let something as valuable as your love be wasted, Shia, even if it was never for me."

Marahan siyang ngumiti and that half smile broke my heart. "Seeing how you love someone that deep made me love you." Lumingon siya sa akin habang nakasandal parin sa batong pader.

"I want you to stay. I badly want you to stay that it kills me knowing that no matter what I do, I can never make you. You are the only person I want and the only person I can never have."

I bit my lips so hard to prevent my emotions from betraying me. Because it will never change anything.

I couldn't admit it now. And I know I will never be able to. It will only fuel the fire in this hell-like place. We need to let go, Gin. We may have found home in the presence of each other, but eventually, this home will burn down from all the fire this hell can bring. Until we feel the need to go back to where we used to be, where nothing can burn, where there is no complications and everything is much easier. Because Gin, I'm tired. I'm tired from everything. And I know you are, too. We don't belong in each other's future. Si Lucas ang rason ko kung bakit ako nandito at si Lucas ang babalikan ko.

Tumahimik ang paligid. Naramdaman ko ang pagkalma ng paghinga ni Gin. Tila ba muling umeepekto ang pampamanhid na nilagay ni Luna sa tubig para hindi niya maramdaman ang sakit. Naging maaliwalas ang kanyang mukha at muling pumikit. Pero hinawakan niya ang kamay ko. Hinawakan niya ito na tila ba natatakot na muli akong mawala sa tabi niya. Pinagmasdan ko ang kalmado niyang mukha.

"I can't sleep." narinig kong bulong niya. "I don't want to wake up and realize you're gone."

Hinawakan ko ang kamay niya pabalik. "I'll be here." sagot ko.

"Until when?" he murmured.

"I don't know."

"Shia."

"Hmm?"

"I'm sorry... for making things difficult for you." Tinitigan ko ang mukha niya at nakapikit niyang mga mata. No, Gin. In the midst of all the hardship, you made me feel better. Thank you for being my temporary home.

Humigpit ang hawak niya sa kamay ko. "Shia."

"I'm here."

"Stay with me... with us." Alam kong pinipigilan ni Gin na makatulog pero hindi na kaya ng katawan niya. "I can't leave this arena without you. I don't know what to do anymore if I ever lose you. I can't..."

Tuluyang kumalas ang mahigpit na pagkakahawak ni Gin sa akin, a sign that he is finally asleep. Sumandal ako sa pader at tumabi sa kanya. I rested my head on Gin's shoulder at hinawakan ang palad niya.

Naalala ko ang lahat ng pagkakataon na nakasama ko siya, mga gulo at away na pinagdaanan namin, mga panganib at kasiyahan. Pinagmasdan ko ang natutulog niyang mukha bago pumikit.

"I love you, Gin."

Hindi ko alam kung ilang araw o oras na ang natitira na maari ko siyang makasama. Pero noong hapon na yon, habang nakaupo kami ni Gin sa loob ng kweba, habang hawak ko ang kanyang kamay, at naririnig ang kanyang marahang paghinga, alam kong maaaring yon na ang huling pagkakataon na makasama ko siya.

Chapter 42: Countdown

Chapter 42: Countdown

Naalimpungatan ako at namalayan na nakatulog ako sa tabi ni Gin. Pinagmasdan ko ang mahimbing niyang tulog habang nakasandal parin kami sa pader ng kweba at magkahawak ang kamay namin. Umayos ako ng upo at bahagya inalis ang kamay niyang nakahawak sa akin. Tiningnan ko ang kondisyon niya. Bahagya ng bumaba ang kanyang lagnat.

Pinagmasdan ko ang paligid. Madilim. Mula sa pagitan ng mga baging na tinatakpan ang bukana ng kweba ay sumisilip ang liwanag ng buwan. Naisip ko si Luna. Nasaan na siya? Hindi pa ba siya dumadating? Bahagya akong napapitlag nang maramdaman ang pagalaw sa paligid. Isang tao ang pumasok sa kweba.

"Oh, you're awake."

Napakurap ako nang makita si Luna. Binaba niya ang container na tubig na dala niya.

"Kanina ka pa nakabalik?" tanong ko.

Umiling siya. "Kababalik ko lang. Kumuha lang ako ng tubig sa malapit na sapa. Pasensya na hindi na kita ginising."

Napansin ko na napatingin siya sa natutulog na si Gin. Tila ba may gusto siyang itanong sa akin. Pero pinili niya na lamang na tumahimik. This is one of the reasons why I admire Luna. She knows something is up. But she understands. There's no need for words because she's sensitive enough to know.

"Kamusta? Nahirapan ka ba sa paghahanap?" tanong ko. "Mabuti pa siguro na magpahinga ka muna."

"Mas madali ito sa inaasahan ko kasi natatandaan ko ang mga daan." Bigla siyang tumahimik. Nagfocus siya sa container at sa mga bagong halaman na nasa harapan niya. Pakiramdam ko may iniiwasan siyang sabihin.

"Luna." sinabi ko. "May nangyari ba?"

There's a hint of uneasiness in my voice. May hindi siya sinasabi sa akin. Bigla siyang napatigil sa ginagawa. Ilang segundo ang lumipas bago niya ako muling hinarap.

"Nakita ko siya."

Natigilan ako. "S-Sino?" The moment the words are out, pumasok sa isip ko ang sagot sa sarili kong tanong.

Umiwas ng tingin si Luna, tila nagdadalawang isip na sabihin ito sa akin. "Si Lucas. Nakita ko si Lucas."

Pakiramdam ko biglang huminto ang aking paghinga. Hindi ko alam kung relief o pangamba ang mangingibabaw sa akin. A few words and a wave of emotions crashed into me. Pag aalala. Takot.

"Kamusta siya?" nanghihinang tanong ko. "Okay lang ba siya? Wala ba siyang mga sugat?"

Tila nabigla si Luna sa sunod sunod na tanong ko. Hindi agad siya nakapagsalita. "At this time of the Game impossible na wala siyang sugat. Pero okay siya. Hindi kami nakapag usap. Nakita ko lang siya, nagkatitigan kami. Malamang nakikilala niya ako. Saka siya muling lumayo."

Hindi ko alam kung ano ang sasabihin. Ang daming bagay ang nasa isip ko pero masyado itong magulo para matanong si Luna. Pinigilan ko ang sarili ko na tanungin kung saan ko siya makikita.

"Shia, bakit hindi niya ako sinaktan?" tanong ni Luna. "This is the phase where every point is crucial. Magkalaban ang grupo natin. I'm an easy target. Pero wala siyang ginawa."

Unti unting nagsink in sa akin ang gustong ipahiwatig ni Luna. Tiningnan niya ako ng derecho sa mga mata. "Why didn't he fight for his team? Wala ba siyang balak manalo?"

Isang hindi maintindihan na pakiramdam ang bumalot sa akin. Maging ako ay gustong masagot ang bagay na yon. Hindi kami nakapagusap. Hindi ko alam kung bakit nandito si Lucas at bakit hindi siya lumalaban ngayon.

"Shia, kapag natapos ang laro-"

I cut her off. "Magpahinga ka na."

Alam ko ang kahihinatnan ng tanong ni Luna. It's about me and Lucas. Kung ano ang mangyayari sa aming dalawa kapag natapos na ang Game. Ayokong isipin ang bagay na yon sa harap ni Luna.

"Shia-"

Pinagmasdan ako ni Luna. Bakas sa boses niya ang pag aalala at matinding takot. Hindi para sa sarili niya kundi para sa akin. Does she know about my plan? Nararamdaman niya ba kaya ganito siya kung mangamba?

Muli akong sumandal sa pader at napalingon kay Gin. Bahagya siyang gumalaw. Subalit muling nagpatuloy sa malalim na pagtulog. Gin looks so calm. Hindi katulad kanina na panay ang inda niya. Napakapayapang tingnan ng bawat paghinga niya. Napangiti ako. I want this one. Gusto kong ito ang huling alaala ko mula sa kanya. Gusto kong ito ang matandaan ko.

"You've fallen for him, haven't you?"

Bigla akong napalingon kay Luna. Pinagmasdan niya kami ni Gin. "You know, our Captain." she pointed out. She knows it or maybe it's her mere assumption. Gusto kong itangi ito subalit pagod na ako. I didn't just fell for him, Luna. I hit the ground with a loud thud.

Sumandal siya sa pader sa tapat ko kaya ngayon ay magkaharap na kami. "Luna, salamat." sinabi ko. Tila nagulat siya sa mga binitawan ko. Nagtataka na tinitigan niya ako.

"For what?" she asked.

I shrugged. "Hindi ko alam." sagot ko. Wala sa sarili na napatingin ako sa pader na nasa likod niya. "Para kang kapatid, alam mo yon?" sinabi ko. "Masayahin. Mabait. Maalalahanin."

Nakita kong natigilan si Luna. "Sa mundong ginagalawan namin, mahirap makakita ng taong tulad mo. Kaya tuwing nag aalala ka para sa akin ay madalas hindi ko alam ang gagawin."

Natawa ako ng mababaw. "Nakikita ko ang lahat ng effort mo. Pero hindi ko alam kung paano yon masusuklian. Hindi ako sanay na may nag aalala para sa akin. Kaya pasensya na sa mga pinagagagawa ko noong magkasama tayo."

Bahagya siyang napangiti. "Yong mga pagsusungit mo ba? Yong bigla ka nalang nagiging tahimik? Or is it that usual look of yours na sanay na sanay na ako?" nakangiting sinabi niya.

"What look?" nakakunot ang noo na tanong ko.

Bigla siyang natawa. Ito ang unang beses na narinig ko ang tawa niya sa lugar na ito, at siguro ang huli. "Ang mukha mong yan, minsan nakasimangot o seryoso kung makatingin, pero madalas walang emosyon."

"Seryoso."

"Hey, I'm just stating a fact here." pigil ang ngiti na sinabi niya. "Lalo na noong mga unang araw mo sa Academy. It's like I'm staring at a blank wall. Napaka tipid mong magpakita ng emosyon."

I gave her a pointed look, trying hard to suppress a smile. "Blank wall?"

"Yeah." she smiled while nodding her head in agreement. "You were that cold."

Sa gitna ng dilim at malamig na hangin ng madalim araw, ay tanging ang tahimik bangayan namin ni Luna ang maririnig sa loob ng kweba. I would miss this.

"Pero alam mo ba?" sinabi niya. Napansin ko na biglang sumeryoso ang kanyang boses. "Lagi akong nagpapasalamat na naging member ka ng grupo. I know it's a product of a cruel by chance but I can't imagine Team Hesperia without a Shia Sheridan."

Hindi ko alam kung yon din ba ang mararamdaman ko. Kung hindi ako napunta sa Academy, baka nasa bayan parin ako, kami ni Lucas, doing the same old stuff, sometimes messing around, laughing in the midst of problems. Pero hindi ko din maimagine na kapalit nito ay hindi ko nakilala sina Luna, ang grupo, si Sir Apollo at Miss Aura, si Gin.

There's no use in regretting things like failed decision and imagining the alternative. Maybe I'm meant to be here, to meet them, to see that there is a life way beyond the dirty downtown streets, rusty rooftops, and people with unrealized dreams buried six feet under the ground. Maybe the circumstances put me here because there is something I'm supposed to find or understand.

And I did.

Napansin kong nag yawn si Luna. Siguradong pagod na siya. "Luna."

She snapped back in attention. "Yes?"

Pinagmasdan ko siya. Hindi agad ako nakapagsalita. Noong mga oras na yon hindi ko alam kung bakit ko ito sinasabi. Siguro nga naramdaman ko na din na yon na ang huling pag uusap namin.

"Hindi ko pinagsisisihan na nakilala ko kayo." sinabi ko. "Saan man humantong ang lahat, tandaan mo sana na naging masaya ako. I will never forget this- I will never forget the group."

Napangiti siya sa sinabi ko. "Me too."

I tried to smile to hide the feeling that made every limb of my body tremble in pain. "Matulog na tayo."

"Good night, Shia."

Pinagmasdan ko si Gin na nasa tabi ko saka bumaling kay Luna at ngumiti. "Good night."

--

Isang kakaibang bagay ang gumising sa akin. Binuksan ko ang mga mata ko at bumungad ang madilim at tahimik na paligid. Payapa paring natutulog si Luna sa harapan ko at si Gin sa tabi ko. Pero alam kong may mali. Pinakiramdaman ko ang paligid. Ilang oras lang ba akong nakatulog mula noong nag usap kami ni Luna? Napatayo ako sa hindi malamang dahilan. Doon ko napagtanto na tila may pumipintig sa wrist ko. Napatingin ako dito. Halos hindi ako nakahinga.

My wrist is showing the total. Ang pinagsama samang points na nakuha ng grupo namin. Automatic na bumilis ang pintig ng puso ko. Magkahalong takot at kaba ang naramdaman ko. Isa lang ang ibig sabihin nito. I flicked my trembling wrist. Hindi ko nagawang huminga sa sumunod kong nakita. Tinakpan ko ang bibig ko gamit ang nanginginig kong mga kamay.

It's written in red on my pale skin. 51:43:09. Ang countdown. Ang natitirang oras bago ang wipeout.

Nanatili akong nakatayo sa loob ng kweba. Still and unresponsive. Hindi ko alam kung ano ang gagawin. Tila lahat ng paghahanda ko ay biglang nabura sa utak ko at naging blanko ito. Bawat segundo ay mabilis na lumilipas. Sinubukan kong huminga ng malalim. Nanginginig ang mga binti na tinungo ko ang labas. Tumingala ako at pinagmasdan ang madilim na langit. A team's name is flashing in a slightly faded yellowish light. Dione. Ang Dione ang may hawak ng pinakamaraming points sa mga oras na ito.

Calm down, Shia. Paulit ulit na sinasabi ko sa utak ko. Kailangan kong kumalma. Muli kong pinagmasdan ang wrist ko. Kung ang Dione ang nangunguna at buhay pa si Lucas, ibig sabihin tatlong grupo ang siguradong natitira sa arena at may pag asa na manalo. Ang Hesperia, Boran, at ang Dione. Si Lucas, kailangan kong makausap si Lucas.

Muli akong bumalik sa loob ng kweba. Pinagmasdan ko si Luna at si Gin. Pagkagising nila ay malalaman nila na nagsimula na ang countdown. Ang points na hawak ko ay hindi na makakatulong sa kanila simula sa oras na ito. Kaya mas kailangan kong bilisan. Gusto kong umalis nalang at hwag na silang muli pang tingnan. Pero hindi ko parin napigilan ang sarili ko.

I stare at Luna ang mumbled a 'thank you' saka ako umupo sa tapat ni Gin na mahimbing na natutulog. Sinilip ko ang countdown sa wrist ko na mabilis na gumagalaw. Pinagmasdan ko ang mukha ni Gin. Ginawa ko ang lahat para hindi siya hawakan dahil natatakot ako na magising ko siya. I managed to smile while staring at the man I fell in love with.

"Live, Gin. Do everything to live. Go back home."

At noong mga oras na yon, alam kong yon na ang huling beses na makikita ko ang kanyang mukha.

--

Ginawa ko ang lahat na maging kalmado at alerto nang lumabas ako sa kweba. Wala na akong panahon para kaawaan pa ang sarili ko, matakot, o

mangamba. Hindi ko kailangan ng emosyon sa mga oras na ito. Nang makalayo na ako, nagsimula akong tumakbo pabalik sa lugar kung saan nakita ni Luna si Lucas. Kailangan kong magmadali. Hindi ko na hawak ang oras.

Pero kahit ilang beses kong sinabi sa sarili ko na magiging okay lang ako, na ito ang kapalaran ko at tangap ko ang lahat, habang tumaktakbo sa madilim na kagubatan, hindi ko napigilan ang pagtulo ng aking mga luha. Pinahid ko ito at gustong matawa. Napatingala ako sa itaas ng mga puno at sa langit kung saan sumisilip ang papasikat na araw sa di-kalayuan.

"I'm Shia Sheridan and fuck you, Linus Cup! Screw all of you in the system! Rot and burn to the pits of hell!"

--

Tuluyang sumikat ang araw. Ilang oras na akong tumatakbo at tinatahak ang kagubatan. Binalikan ko ang daan na sinabi ni Luna. Familiar ang tinatahak ko. Sana nandito lang siya. Alam kong nandito lang siya. Hindi siya lalayo sa gitna ng arena. Noong una ay paulit ulit kong tinitingnan ang wrist ko, natatakot na biglang bumilis o magbago ang mga numero doon at sabihin na wala na akong oras. Paranoid. I'm fucking paranoid.

Kinailangan kong magpahinga matapos ng ilang oras na paglalakad. Hindi ko alam kung gising na sina Gin ngayon o kung alam na nila ang nangyayari. Iniiwasan kong sumagi sila sa isip ko. Hindi nila ako masusundan. Nanghihina pa si Gin. Hindi siya pwedeng iwan ni Luna. Hinihingal na huminto ako sa tapat ng isang puno. Bahagya akong sumandal doon. Dalawang oras na ang lumipas mula noong umalis ako. Shit. Hindi ko alam na ganito kaimportante ang bawat oras. Nakakabaliw. Hindi ko alam na ganito ang epekto ng countdown.

Nagpatuloy ako sa pagtahak sa gubat matapos kumain ng natitirang dala ko. Nakakapanibago na mag isa nanaman ako. Tila bumalik ako sa pinaka unang araw ng Game. Ilang minuto ang lumipas bago ako biglang tumigil sa paglalakad. My legs remained rigid. Someone is nearby. Pero hindi ito si Lucas. Papunta ito sa direction kung saan ako nangaling. Papunta sa sentro ng arena.

Napalunok ako. Not now. Hindi ko kailangan ng makakaharap ngayon. Pero paano kung isa ito sa member ng Dione o Boran? Kapag nakuha ko ang points nito siguradong maaapektuhan ang total nila. Hindi ba ito ang plano ko? Huminga ako ng malalim. Pero kailangan kong makita si Lucas agad. Natigilan ako nang maramdaman na papalapit na sa direction ko ang taong yon. I froze. Naramdaman niya na ba ako? Did he already know he's not alone? Naging alerto ako. Mukhang wala akong pagpipilian. Damn it.

Tuluyan ko itong nakita sa likod ng isang puno. Nagpalinga linga ito, hindi nito alam kung nasaan ako. But he can feel my presence. Kung isa siya sa mga natitirang kalahok sa larong ito ay siguradong hindi siya basta basta. Pinagmasdan ko ang structure ng kanyang katawan. He doesn't look like the type na physical kung makipaglaban. Mukha siyang bata. Pinakabata na yata sa lahat ng kalahok na nakita ko. Anong kaya niyang gawin?

Biglang nagtama ang paningin namin. Napakurap ako. Ilang metro pa ang layo namin sa isa't isa, pinagigitnaan ng mga puno at makakapal na halaman. Alam kong hindi dapat ako magpadala sa itsura. There must be something about this kid that made him last this long in the Game. Hindi ito gumalaw. Tila ina-assess ang sitwasyon tulad ko. Napalunok ito at napaatras. Nagtaka ako. What? Natatakot ba ito? Umiling ako. Hindi ito tatagal kung duwag ito tulad ng pinapakita niya.

Maingat akong naglakad papunta sa kanyang direction. Napaatras ito, pero hindi tumakbo palayo. Nakatitig lamang ito sa akin. He has a brownish hair, magulo, mas maliit siya sa akin, at halos magkasing payat lang kami, too skinny for a guy his age. Nagpatuloy ako sa paglapit. Umatras siya. Doon ko napansin ang expression sa mga mata niya. Tila may hinihintay. Bigla akong tumigil. Napakurap ito saka biglang tumakbo. What the hell?

Agad ko itong sinundan. Out of nowhere a form of sticky liquid hit my face. Tila may natapakan akong trap dahilan para biglang tumama mula sa kung saan ang likidong yon. Halos balutan nito ang buong mukha ko. Napatigil ako sa pagtakbo at halos mapasigaw sa sakit.

Fuck!

Sinubukan kong alisin ang malagkit na bagay mula sa mukha ko. But my eyes are stinging in severe pain. Hindi ko nagawang magconcentrate. Para itong nasusunog. Napaupo ako. Wala akong makita. Masyadong masakit! Naramdaman ko paglapit ng taong may gawa nito, naramdaman ko ang relax nitong aura, malayo sa kanina na akala mo munting usa na natatakot.

"Didn't expect that, did you?"

Even his voice sounded like a kid. Tumayo ako. My eyes are stinging so bad na naluluha na ito sa hapdi. Pumikit ako and it soothes the pain slightly. Pakiramdam ko unti unting sinisira ng likidong tumama sa mukha ko ang paningin ko. Doon ko napagtanto ang nangyayari.

"Who knows a combination of deadly herb extracts can create this kind of reaction?" he contemplated. "The burning sensation is the effect of poisoning that will leave the sensitive parts of your face, especially your eyes, into a complete dysfunction. Incredible, right?"

Sa lahat ng sinabi niya, isa lang ang pumasok sa isip ko. Isa siyang healer. Ang technique na ito ay halos kapareho ng ginawa ni Luna. Poisoning. Nanatili ito sa kanyang pwesto, nagiingat. Naramdaman ko na may kinuha ito sa kanyang beywang. Isang patalim. Ramdam ko parin ang bawat pag galaw niya base sa pressure ng kanyang katawan. Napahawak ako sa sariling dagger na nakasabit sa beywang ko. Alam kong maaaring maparalisa ang sino man kapag nawala ang kanilang paningin. Pero hindi ako.

Naramdaman ko ang patalim na papalapit sa akin- a long range weapon. I swerved my head to the side para maiwasan ito. Wala akong sinayang na oras. Hawak ang dagger ay tumakbo ako at mabilis na umatake. I slashed the dagger in his direction, naramdaman ko na may napunit ito.

I can feel the state of his body- obstructive movement, rigid in shock. Tila hindi niya inasahan na magagawa ko paring umatake.

Nagsimula siyang lumayo. Pero hindi ko siya hinayaan. Nahawakan ko ang kanyang braso at agad na sinaksak ito. Napadaing ito at marahas na napamura. He tried to create distance between us. Pilit ko siyang sinundan.

Wala akong pakialam kung mabangga ako sa puno o masabit sa matutulis na halaman. Hindi ko na napapansin ang ibang bagay maliban sa mga kilos niya.

Isang patalim ang bumulusok sa direction ko. I immediately ducked para iwasan ito. Halos rinig ko ang slashed ng talim nito sa hangin ilang inches ang layo sa mukha ko. Muli akong kumilos para sundan siya. Pero bigla akong tumigil nang muling maramdaman ang matinding sakit sa mga mata ko.

Halos mapasigaw ako. It's worse- it's worse than earlier. Hindi ko alam kung ano ang nangyayari. Pakiramdam ko tuluyan ng nasusunog ang mga mata ko. Gusto kong simigaw. I felt paralyzed by the pain. Nawalan ako ng focus dahil dito. Hindi ko pwedeng i-tone down ang sakit dahil maaapektuhan nito ang iba pang senses ko. I can't lose any of my senses now!

Isang kamay ang biglang humawak sa buhok ko at pilit akong pinatingala. Napamura ako dahil nakaharap ang mga mata ko sa liwanag ng araw at mas pinapalala pa nito ang sakit.

"Nakikita mo ba ang istura ng mga mata mo sa mga oras na ito? Pitch black and deteriorating."

Ramdam ko ang pagluha ng mga mata ko dahil sa hapdi. Inunday ko ang dagger sa direction niya subalit mabilis niyang nahawakan ang mga kamay ko. Hindi ko namalayan na ganito na siya kalapit.

"And?" nagawa kong sabihin. "We will both die in this place anyway so what's the difference?"

Naramdaman kong natigilan siya. Pero mabilis din siyang nakabawi. "Hindi ko alam kung paano mo nagagawang gumalaw nang walang nakikita pero sinisigurado ko sayong sa pagitan nating dalawa, ikaw ang mauuna."

Kinuha niya ang dagger sa kamay ko. Akmang itatarak niya ito sa akin pero nagpumiglas ako at tuluyan siyang hinarap. Sinanga ko ang dagger na

papunta sa dibdib ko. Hangang ngayon nandoon parin ang pilat na ginawa ko noong nakaraang laban. Hindi ko hahayaan na madagdagan ito.

Nanggigigil na pinilit niyang ilapit sa akin ang talim ng kutsilyo gamit ang dalawang kamay niya. Hinawakan ko ang magkabilang kamay niya gamit ang mga kamay ko. Hindi ko nakikita ang mismong nangyayari. Halos itim na silhouette lamang ang naaaninag ko base sa mga galaw niya. Pero ramdam ko ang panginginig ng kamay niya sa sobrang gigil na patamaan ako at ang talim ng kutsilyo na halos ilang inches lamang mula sa akin.

Itinuon niya ang lahat ng pwersa sa kanyang mga braso. Kinuha ko yon na pagkakataon para sipain siya sa tagiliran. Tulad ng inasahan ko ay halos bumagsak siya sa lupa. Mahina siya sa close combat. Agad kong kinuha ang dagger mula sa kamay niya pero hindi niya ito binitawan. I twisted his wrist at nagbingi-bingihan sa sigaw niyang pumailanlang sa paligid.

"We'll both die here." sinabi ko. "Kaya bitawan mo na ang dagger at hayaan akong tapusin ka sa mabilis na paraan."

"You're crazy!" he spat.

Nagpumiglas siya sa lupa kaya kinailangan kong hawakan ang magkabilang kamay niya. I pinned his arms into the ground while I straggle him with my knees painfully positioned on either of his legs. Mas mabigat ako sa kanya, mas sanay sa ganitong laban.

"Hesperia ang mananalo, sila lang."

"H-Hesperia? Kung saan nangaling si Lucas?"

Natigilan ako sa sinabi niya. Kung ganoon isa siyang member ng Boran. Gusto kong tanungin kung nasaan si Lucas pero alam kong hindi ito makakatulong sa sitwasyon. Naramdaman ko ang muling pagsakit ng mga mata ko. Kailangan kong magmadali. Pero bago ang lahat kailangan ko itong malaman.

I twisted his right arm using the hand I pinned himself into hangang sa may narinig akong naputol na buto. Napasigaw siya sa sakit at halos maluha.

Binitawan ko ang kamay niya at tila lantang gulay itong bumagsak sa lupa. With my now free hand, kinuha ko ang dagger sa isang kamay niya at tinutok ito sa kanyang dibdib.

"Paano ko maaalis ang bagay na ito?" tukoy ko sa likido na tumama sa aking mga mata. "Tell me how I can remove this shit!"

Napangisi siya. Mas lalo akong nagngitngit. "Why would I tell you? We will both die in this place anyway so what's the difference?"

Napakurap ako. Inulit niya lamang ang sinabi ko. Huminga ako ng malalim para pakalmahin ang nagngingitngit kong dibdib. "As you wish."

Walang kagatol gatol na tinarak ko ang dagger sa dibdib niya. Napanganga siya at nanlaki ang kanyang mga mata sa bilis ng ginawa ko. Masyado na akong madaming nasayang na oras sa kanya.

"Tuluyan kang mababulag, naririnig mo ako?" nagawa niyang sabihin kahit pa halos hindi na niya maibuka ang mga labi niya. "Walang lunas sa lason na kumalat sa mga mata mo."

Tinitigan ko lamang siya. Hindi ako umalis hangang hindi ko nasisigurado na bumaon ang dagger sa kanyang dibdib. Nang alisin ko ito, doon dumaloy ang dugo mula sa kanyang sugat. Tuluyan akong tumayo at humarap sa nakahandusay na katawan sa lupa. Halos mag convulse ito. He began spitting blood. Ramdam ko ang pagtama ng dugo sa sapatos ko.

"I already lost everything." walang emosyon na pahayag ko. "My vision and my entire life will follow suit. So what makes you think I care?" Sinipa ko siya padapa sa lupa nang tuluyan siyang pumikit. "I have nothing to lose."

Bahagya akong yumuko at pinunasan ang dugo sa sapatos ko gamit ang damit niya. Saka ako muling tumayo. Muli kong naramdaman ang mga bagay sa paligid. Ang position ng mga puno sa paligid, ang maliliit at natural na ingay ng kagubatan, ang liwanag ng araw na tumatama sa mukha ko.

Para akong nasa gubat sa kalagitnaan ng gabi. Tanging mga itim na silhouette ang nakikita ko. Everything is dark and empty, so is my soul. Hindi ko na kilala ang sarili ko. Lumuha ang mga mata ko sa sakit dahil sa liwanag ng araw. Pinahid ko ito. Naramdaman ko ang pagpintig sa wrist ko. Siguro ay nagbago ang numerong nakalagay doon. Ang total ng grupo. Sa mga oras na ito ay wala nang nakakaalam kung kung kanino galing ang puntos na madadagdag. Maaari na ding pagtakpan ng puntos ang bawat member na malalagas sa grupo. Hindi na buhay ang mahalaga sa mga oras na ito kundi ang puntos.

Bahagya akong tumingala sa langit kahit pa nasasaktan ang mata ko sa liwanag ng araw. Pinilit kong maaninag ito pero alam kong hindi ko na ito makikita. Kung sakaling Hesperia man ang lumitaw sa itaas ano mang oras mula ngayon ay hindi ko masasaksihan.

I lost my vision. But I will soon lose everything.

Author's Note:

Less than five chapters and we're done! Thank you for all of you, awesome people, who gave this story a chance and for your boundless patience for sticking up this far. I hope to see you guys until the end of the story. Thank you for supporting Titan Academy (especially your comments and messages) and for loving every bit of the story as much as I love writing it.

Stay awesome!

@april_avery

--

Tweet me! @avery_WP

Official hashtag: #TitanAcademy

Chapter 43: Go Home

Chapter 43: Go Home

Pitch black. Everything is pitch black. Para bang hindi na sumikat pa ang araw mula noong huli ko itong nakita. Nararamdaman ko ang init nito sa balat ko pero hindi ko maaninag ni katiting na liwanag. Hindi ko alam kung ano ang mararamdaman ko. Siguro nga ay nawalan na din ako ng pakialam. Pakiramdam ko kahit ano pa ang mangyari sa akin ay kaya ko ng tangapin. Life can give me its best shot, I can not be shaken anymore.

Naglakad ako papunta sa isang sapa, sinusundan ang tunog nito. Hindi ko maiwasan na matisod o mabangga sa mga puno at halaman na nadadaanan ko. Nararamdaman ko ang mga pag galaw sa loob ng gubat subalit hindi ko naaaninag ang lahat. Nahihirapan ako kapag stagnant ang paligid. Stillness and silence is the enemy of my senses.

Narating ko ang sapa at inabot ang tubig. Pinakiramdaman ko ang malamig na tubig sa mga palad ko bago naghilamos. Umaasa ako na pagmulat ng mga mata ko ay masasama ang lason sa tubig. Pero alam kong kahit anong hilamos ang gawin ko, walang mangyayari. Totoo ba ang sinabi ng healer? Hindi na ba babalik sa dati ang paningin ko? Kahit sandali lang? Maging si Lucas ba hindi ko na makikita sa huling pagkakataon?

I splashed the cold water into my face once again. Hindi. Hindi dito matatapos ang lahat. Kaya ko parin siyang hanapin. I still have my senses and I know he's here somewhere. I can almost feel his trails. Tulad dati, noong nasa bayan pa kami. Lagi siyang nauuna sa loob ng gubat dahil sa ability niya. Pero madali ko siyang nahahanap gamit ang ability ko at dahil sa familiar trails na naiiwan niya.

Muli kong tinahak ang gubat, mas mabagal at mas maingat kesa kanina. Pero kung may magandang naidulot ang pagkawala ng paningin ko, yon ay mas madali kong nararamdaman ang mga pag galaw at ingay sa paligid. Kahit gaano pa kahina o kaliit. Mas naging alerto ang ibang senses ko.

Hindi ko alam kung ilang minuto o oras ang lumipas. Hindi ko nakikita ang countdown sa wrist ko. Wala akong idea kung sino na ang grupo na nangunguna. May mga segundong pinanghihinaan ako ng loob at biglang titigil dahil hindi ko maaninag ang dadaanan ko. Pero kapag iniisip ko na

nasa malapit lang si Lucas, muli kong pipilitin ang mga paa ko para maglakad.

Makalipas ng ilang oras ng paglalakad, bigla kong naramdaman ang paglamig ng hangin. Nagsimula itong umihip nang malakas. Ramdam ko ang pag galaw ng mga dahon at halaman sa paligid. Nawala ang init at liwanag ng araw na dahilan nang pananakit ng mga mata ko. Hangang sa naramdaman ko ang malamig na bagay na pumatak sa braso ko. At naging sunod sunod ito. Ulan. Umuulan sa gubat.

Hindi ko alam kung bakit pero hindi ako umalis sa kinatatayuan ko. Pinakiramdaman ko ang ulan at bawat pag patak nito. Mula sa mga dahon ng puno, mga halaman, sa tuyong dahon sa lupa. Binalot ako ng familiar na tunog nito. Tumingala ako sa langit at pumikit. Hinayaan ko ang sarili ko na salubungin ang ulan. Naalala ko noong bata pa ako, madalas ko itong gawin. Pumikit ako ng mas madiin. I can't help but to have a foolish wish- sana panaginip lang ang lahat ng ito. Sana pagbukas ng mga mata ko, babalik na ang lahat sa dati.

"Shia?"

Bigla kong binuksan ang mga mata ko. Napakurap ako at pinakiramdaman ang paligid. Pagtingin ko sa harapan ko, nandoon siya, nakatayo, at pinagmamasdan ako. Kahit hindi ko siya nakikita, alam kong siya yon. Mula sa tindig niya, sa katawan niya, sa familiar niyang boses. I almost believe that I finally woke up from this nightmare at nakabalik na ako sa dati. Pero sa kadiliman na bumabalot sa akin, alam kong nasa arena parin ako- kami.

"A-Anong ginagawa mo dito?" dahan dahan ang pagkakasabi niya, tila hindi makapaniwala. "Bakit ka mag isa? Anong nangyari sa mga mata mo?"

Ramdam ko ang pagpatak ng ulan sa balikat niya, sa buhok niya, sa familiar niyang mukha. I was ambushed by the familiarity, it's overwhelming. Matagal kong hindi naramdaman ang bagay na ito mula noong umalis ako sa bayan. And now all I want is to let the feeling sink in. It is like coming back after a long and faraway travel and realized that everything is the same in the place you call home.

"Lucas."

Ngumiti ako. Nanatili siya sa kanyang kinatatayuan. "Shia, hindi ka dapat nandito. At ang mga mata mo-"

Umiling ako. "Okay lang ako." Nandito na siya. Paulit ulit na sinasabi ng isip ko. Natagpuan ko na si Lucas.

Nanatili kaming nakaharap sa isa't isa. Siya nakatitig sa akin at ako nakaharap sa kanya. Gusto ko siyang makita. Gustong makita ng dalawang mata ko na okay lang siya. Pilit kong inaninag ang mukha niya sa gitna ng ulan na pumapatak sa mukha ko. Pero alam kong ang itsura ng kausap ko ngayon ay mula lamang sa alaala ng huli naming pagkikita.

Humakbang siya papunta sa akin, tila nagdadalawang isip kung lalapitan ako. "Shia, hindi ka dapat nandito." ulit niya. "Dapat kasama mo sila."

Noong mga oras na yon, isang tanong ang nabigyan ng sagot. Kaya ko ba talaga siyang iwan? Seeing him now, standing in front of me, doon ko nalaman ang sagot. I can never leave him here, alone, to die. Tuluyan siyang nakalapit sa akin at pinagmasdan ako. Dumako ang tingin niya sa aking mga mata. Narinig ko siyang huminga nang malalim at tahimik na napamura. Nagmumura lamang siya kapag galit siya sa kanyang sarili.

Alam kong madami siyang gustong sabihin. Nararamdaman ko yon. Pero pinili niya itong kalimutan sa ngayon. "Kailangan nating maghanap ng masisilungan." Inalalayan niya ako.

"I can handle myself, Lucas." sinabi ko.

"Alam kong kaya mo ang sarili mo kahit sa ganitong sitwasyon." narinig kong sinabi niya. "Pero hindi ibig sabihin na kaya mo ay wala ng nag aalala para sayo. Maaaring hindi ka nasasaktan pero may mga nasasaktan para sayo tuwing nakikita kang ganyan."

Nakarating kami sa ilalim ng isang mataas na puno. Mula sa patak ng ulan na tumatama dito, alam kong isa ito sa pinakamalaki at pinakamakapal na puno sa gubat. Bahagyang nakausli sa lupa ang nagtataasang mga ugat nito,

creating a cave like structure. Pumasok kami sa loob. Tumingala ako as if expecting to see the insides of the tree.

"What happened?" narinig kong tanong ni Lucas. His voice created a slight echo through the hollow space of the tree above us. "Shia, I- I didn't- You are not supposed to be-"

"Lucas." sinabi ko dahilan para matigilan siya.

"Naalala mo noong birthday mo? Noong tumangap tayo ng utos mula sa kainan sa bayan at may pinapakuha sa atin sa gubat kapalit ang isang plato ng ulam para sa pamilya mo."

Natigilan siya sa sinabi ko. Nanatili akong nakaharap sa labas, pinapakingan ang patuloy na pagbagsak ng ulan. Alam kong nasa tabi ko siya, pinagmamasdan ako. Gusto ko siyang hawakan, para lang masigurado na nandito nga siya. Kasama ko na siya ulit.

"Naabutan tayo ng ulan sa gubat at sumilong tayo sa ilalim ng isang puno. Hindi ito tumigil. Hindi natin alam na may bagyo. So we ended up spending your birthday under a freaking tree."

"Naalala ko." kalmado niyang sinabi.

"Noong may pagdiriwang sa bayan? Naalala mo ba? Umuulan din doon. Puno ng putik ang paligid. Hindi tayo pinapasok kahit inimbita ng Chairman ang lahat ng mga mamamayan sa bayan. Masyado tayong madumi. Sabi ko umuwi na tayo. Pero dumaan ka sa likod, umakyat sa pader, pagbalik mo ang dami mong dalang pagkain. Tawa ako nang tawa dahil nagtataka ang tagapagsilbi dahil sa nawawalang tray ng pagkain."

"Shia."

"Naalala mo din ba yong may nadaanan tayong taniman ng ubas? Kasama natin yong kaibigan mo noon. Ang sabi niya isa sa tagapagbantay ang Tatay niya kaya okay lang na kumuha tayo. Noong nasa gitna tayo ng pagpitas, nakita tayo ng tunay na tagapagbantay. Hinabol tayo. Hindi mo ako iniwan.

Nasugatan ka sa wire na nakapalibot sa taniman pero hindi mo yon sinabi hangang hindi tayo nakauwi."

"Shia, bakit mo-"

"Ilang beses kang nasugatan nang dahil sa akin. Napahamak dahil sa akin. Pero kailanman hindi ka nagreklamo. Pagkatapos ng lahat, uuwi tayo tapos tatawanan na lamang ang mga nangyari, ang mga naging reaction natin, mga mukha natin, kung paano tayo tumakbo na parang wala ng bukas."

Tuluyan akong humarap sa kanya. "Lucas, sabihin mo, paano kita iiwan?" tanong ko. "Paano kita iiwan sa lugar na ito kung ikaw ang lahat ng meron ako? Paano ko kakalimutan ang lahat? Paano ko papalitan ang mga bagay na yon na bumuo sa pagkatao ko?"

Tumulo ang isang luha mula sa mata ko. Agad ko itong pinahid. I didn't know na possible pang lumuha ito sa kalagayan nito ngayon.

"Noong parehong namatay ang mga nag alaga sa akin, noong nasa tulay tayo at gustong gusto kong tumalon, hindi ba sinabi mo nandito ka lang? Hindi mo ako iiwan. Magkadikit tayo kahit anong mangyari. Lucas... kahit anong mangyari. Hindi ba? Naalala mo yon? Pinangako natin yon, hindi ba?"

"Pero Shia-"

"Hindi kita iiwan." sinabi ko. "Lucas, hindi kita iiwan tulad ng hindi mo pag iwan sa akin. Nandito lang ako. Magkadikit tayo. Kahit anong mangyari."

Nagkaroon ng panandaliang katahimikan bago siya muling nagsalita. Huminga siya ng malalim.

"Akala ko kapag sumali ako dito, kapag nagtraining akong mabuti at naging mas malakas, mailalabas kita sa Titan Academy. Pinangako nila yon sa akin, Shia. Pinangako ng Headmaster ng Boran na manalo man ako o matalo sa larong ito, ilalabas ka nila sa Academy kapalit ng pagsali ko."

Tuluyan akong natigilan sa sinabi niya.

"Hindi ko alam na nandito ka. Walang sinabi sa akin. Siguro nga kasalanan ko ang lahat. Shia Sheridan na nakapiit sa kulungan ng Titan Academy. Siya ang kailangan niyong ilabas. Yon ang sinabi ko sa kasunduan. Pero sana nagduda na ako noong sinabi nila na hindi ka nila mahanap, na walang nakapiit na may pangalang Shia Sheridan sa Titan Academy. Hindi ko alam na naging estudyante ka na, na pareho na tayong nagte-training para sa larong ito."

Umiwas siya ng tingin at muling humarap sa labas.

"Para akong pinaglaruan ng tadhana noong nakita kita sa stage noong pinakilala ang bawat grupo. Sinabi ko sa sarili ko, ano bang naging kasalanan natin? Bakit pinaruhasan tayo ng ganito?" Naramdaman ko ang pagbitak ng boses niya. "Shia, nandito ako para sayo, para makalaya ka na. Shia, kailangan mong mabuhay."

"For what?" Halos asik ko sa huling sinabi niya. "Lucas, for what?"

Natahimik siya. "Para sa mga bago mong kasama... sa mga bago mong kaibigan. Magiging maayos na ang lahat kapag nakalabas ka dito. Hindi ka na babalik sa dati, Shia-"

"Paano ko gagawin yon kung wala ka, Lucas? Anong silbi ng mga makukuha ko?" Umiling ako. "Dito lang ako sa tabi mo. Ano pang babalikan ko kung wala ka doon, Lucas."

"Pero may mga naghihintay na sayo, mga bagong naghihintay sa pagbabalik mo." kalmadong sinabi niya. Pero alam ko, kahit hindi ko siya nakikita, alam kong nahihirapan siyang sabihin yon. "Nakita ko ang mga kasamahan mo, alam kong poprotektahan ka nila. Hindi sila katulad natin, pero alam kong hindi ka nila pababayaan. Tulad ko din sila, Shia. Napamahal na sayo."

Umiiling lamang ako. Wala akong magawa kundi umiling. Dahil hindi ko kayang tangapin.

"Isa pa maaaring may balikan ka pang pamilya. Nandito ka sa Linus Cup at napapanood ito ng lahat. Hindi ka ba umaasa na may makakakilala sayo?"

Biglang pumasok sa isip ko ang mga bangungot na yon. Jane? Napansin ni Lucas na natigilan ako.

"Hindi." sagot ko.

Kapag sinabi ko ang bagay na yon mas lalo lamang niya akong ipagtutulukan palayo. Hindi ako nabibilang sa kahit anong pamilya. Nabibilang ako sa bayan, kay Lucas, at hindi sa kanila.

Jane? Napapikit ako at bahagyang umiling. Kaya ko ba siyang iwan para sa isang bagay na hindi ako sigurado?

"Lucas, nakapag desisyon na ako." sinabi ko. Sa loob ng labing tatlong taon siya ang nakasama ko. Si Lucas ang pamilya ko. Taga bayan ako, doon ako lumaki, at mamamatay akong yon ang paniniwalaan. I'm a town's girl at hindi na kailanman magbabago yon.

Hindi siya nagsalita. Natahimik kaming pareho. Patuloy parin ang pag ulan sa gubat, naging mas malakas pa ito. Tila ba napakapayapa ng paligid. Tahimik. But not an empty silence.

Ang dami kong gustong sabihin sa muling pagkikita namin ni Lucas. Pero noong mga oras na yon, gusto ko munang tumahimik ang paligid. Gusto kong tumahimik ang isip ko. Dahil pagod na ako.

"Lucas, anong pangalan ang nasa itaas?"

Hindi ko alam kung ilang minuto ang lumipas nang bigla ko siyang tanungin. Pinagmasdan ko ang langit na kailanman ay hindi ko na makikita.

"Ano ang bayan na nanguguna?"

Natahimik siya bago sumagot. "Hesperia ang nangunguna, Shia."

Napangiti ako sa sinabi niya. "Kailangan nilang maka labas, Lucas." sinabi ko. "Tulungan mo ako para makalabas sila ng buhay."

Pinagmasdan niya ako. "Shia-"

"Magkasama na tayo, Lucas. Wala na akong mahihiling bukod doon. Ito ang dahilan kaya ako sumali, ito ang iniisip ko mula noong tumapak ako sa Titan Academy, ang makita at makasama ka ulit."

Naramdaman ko na gumalaw siya hangang sa nasa mismong harapan ko na siya. Hinawakan niya ang magkabilang kamay ko at tinaas ang mga ito. Bigla kong naramdaman ang mukha niya sa ilalim ng palad ko. Ang labi niya, ang ilong niya, ang talukap ng mga mata niya at magaspang na kilay.

"Nararamdaman mo ba?" tanong niya. Tumango ako. "Hindi mo ako kailangan na makita para maramdaman na nandito ako. Nandito lang ako palagi sa tabi mo, Shia. Kahit noong mga panahon na nagkahiwalay tayo."

Naramdaman ko ang pamumuo ng luha sa mga mata ko kaya agad kong binaba ang mga kamay ko at umiwas ng tingin.

"Noong bata pa tayo," muli akong humarap sa kanya nang muli siyang nagsalita. "Noong unang beses nating magkita, naalala mo?" Bahagya siyang napangiti sa alaalang yon. "Ikaw yong batang inuwi ni Lolo Ben at Nanay Rosa. "Isang batang hindi nagsasalita."

Hindi ko alam kung bakit sinasabi niya ang mga bagay na ito ngayon.

"Ang sabi ni Lolo Ben nakita ka nila habang tumatawid sa isang ilog sa boundary ng Boran. Limang taon ka noon at walang malay. Pinagtanong ka nila sa Boran pero walang nakakakilala sayo. Walang gustong kumupkop dahil katulad ng Hesperia, mahirap din ang buhay sa Boran."

Natigilan ako dahil sa mga sinabi ni Lucas. Mula noong bata ako, hindi ako mahilig magtanong tungkol sa nakaraan ko. Ang alam ko lang ay napulot ako sa isang ilog. Pero hindi ko alam na sa Boran ito.

"Nagulat si Mama dahil paguwi ng mag asawang kapit bahay namin ay may dala na silang bata. Kinagabihan ay pumunta kami sa inyo. Wala kang maalala. Nakatunganga ka lamang at hindi nagsasalita. Pinakilala ka nila sa akin bilang Shia- base sa pangalan ng ilog kung saan ka nila nakita."

"Ang saya ko noon dahil may makakalaro na ako na halos kasing edad ko. Pero lumipas ang mga araw na hindi ka parin nagsasalita. Kapag nakikita kita sa tapat ng bahay niyo, tititigan mo lang ako saka lalampasan ng tingin. Akala ko noong una ay pipi ka. Hangang sa ilang lingo na ang lumipas at hindi ka parin nagsasalita."

Unti unti kong naalala ang mga sinasabi niya. Hindi malinaw, pero ilang bagay ang pumasok sa isip ko. He was the annoying kid then. Yong bata na tanong ng tanong kung bakit hindi ako nagsasalita, marunong ba akong magsalita, pipi ba ako? Hindi ko din alam kung bakit hindi ko magawang magsalita noon. Narinig ko mula kay Lola Rosa na dahil ito sa trauma.

"Halos isang buwan ang lumipas bago lumabas ang unang salita sa bibig mo." pagpapatuloy ni Lucas. "Natatandaan mo pa ba?"

Kung may isa man akong hindi makakalimutan, yon ay noong unang beses akong nagsalita sa harap nila. Hapon noon at kauuwi lamang ni Lucas mula sa bayan. Madalas siyang makipaglaro sa ibang mga bata. Buhay pa noon ang Papa niya kaya hindi pa sila namomroblema sa pera. Tulad ng dati ay dederecho siya sa bahay namin para tingnan ako. Naiinis ako noon dahil para akong isang attraction sa circus na sasadyain niya sa umaga at hapon para tingnan kung magsasalita na ako.

Nakaupo ako sa balkonahe ng bahay kada hapon at pinagmamasdan ang papalubog na araw. Masigla siyang babati sa akin. "Hi, Shia!" Hindi ko siya papansinin. Lalampasan ko siya ng tingin dahil hinaharangan niya ang araw. Gagawin niya ang usual na routine niya ng pagtatanong kung bakit hindi ako nagsasalita. Madami siyang tanong. Saan ako nangaling. Sino ang magulang ko. Bakit wala akong maalala. Hindi siya nagsasawang kausapin ako, minsan magtatagal siya ng ilang oras o minsan hangang gabi at doon na siya maghahapunan. Nagkukwento siya ng kung ano ano kahit hindi naman ako nakikinig o hindi sasagot sa mga tanong siya.

Pero noong hapon na yon, may nangyaring hindi inaasahan. Nasunog ang likod na parte ng bahay namin dahil sa napabayaang kalan. Tanda ko ang matinding usok na nagmula sa loob ng bahay. Ang apoy. Tumigil si Lucas sa pagku-kwento sa tabi ko noon at tumayo mula sa sahig. Binuksan niya ang pintuan. Halos balutan kami ng usok sa balkonahe. Tinawag niya ang

pangalan ng mga kumopkup sa akin. Doon ko din nakita sa unang beses ang ability niya. Sobrang bilis niyang gumalaw.

There's something about open fire and smoke that often gave me a weird feeling. Hangang ngayon kapag nakikita ko ang mga ito napapatitig parin ako. Hindi ko namalayan na pumasok ako sa loob ng nasusunog na bahay noong hapong yon. Sinundan ko ang pinangagalingan ng apoy. Habang papalapit ako ay may naririnig akong boses sa isip ko, tinatawag ako, sumisigaw. Ang akala ko noon unti unti nang bumabalik ang alaala ko kaya mas lumapit ako. Doon ko narealize sa unang pagkakaton ang disgrasya na dala ng mga alaala ko.

Hindi ko namalayan na nasa kusina na ako. Halos bagsakan ako ng nasusunog na kisame. Hindi ko nagawang sumigaw o humingi ng tulong. Pero dumating parin siya. Agad niya akong hinila palayo sa apoy at dinala sa labas ng bahay kung saan naghihintay ang mga taong kumupkop sa akin at ang Mama niya. Si Lucas ang unang nagsermon sa akin.

"Nababaliw ka na ba? Ano bang pumasok sa isip mo? Hindi ka lang pala pipi, baliw ka din!"

Tinitigan ko lamang siya. Napakurap ako dahil sa matinding galit niya. Kahit mga bata kami at halos ilang lingo palang na magkakilala, pinagalitan niya ako na tila ba nakatatanda ko siyang kapatid. Nagalit na din ako sa kanya. Ang dami kong gustong sabihin. Nag uunahan sila sa isip ko. Pero walang lumabas sa aking bibig. Ayokong dahil sa kanya babalik ako sa pagsasalita. Pero sa inis ko noong hapon na yon, bigla akong napasigaw.

"Shut up!"

Tumigil siya sa gitna ng pagsasalita at tinitigan ako. Tinitigan ako ng matandang magasawa. Tinitigan ako ng Mama ni Lucas. Sandali nilang nakalimutan ang sunog na nangyayari at pinagmasdan ako.

"N-Nagsalita siya."

Muli akong bumalik sa kasalukuyan. Muling bumalot sa akin ang tunog ng ulan na tila ba sandali itong nawala. Napangiti ako dahil sa alaalang yon at

naramdaman ko na maging si Lucas sa tabi ko ay ganoon din.

"It was never a 'thank you' or 'I'm sorry'. It was a 'shut up'." Bahagyang natawa ng mababaw si Lucas. "Noong mga oras na yon, alam kong mahihirapan tayong magkasundo. Pero dahil doon kaya mas ginusto ko na maging kaibigan ka."

Humarap siya sa akin.

"At siguro, tulad ng lahat ng bagay, ang pagkakaibigan na yon ay may katapusan." Iniwas niya ang tingin sa akin. "Mula noong araw na yon-" Naramdaman kong iniangat niya ang kanyang palad at pinahid ang kanyang mga mata. Umiiyak siya. Umiiyak si Lucas. "Hangang dito."

Napatingila siya sa makulimlim na langit sa labas. "We can't be both alive after this, Shia. Pero ikaw, maaari ka pang mabuhay. Kayo na ang nangunguna. Wala ng dalawang araw at makakalabas ka na."

Tuluyan na akong umiyak at yumakap sa kanya. "Lucas, pakiusap. Hwag mo akong ipagtabuyan. Lucas, dito lang ako-"

Hinawakan niya ang magkabilang mukha ko at hinawi ang buhok ko. Tinitigan niya akong mabuti.

"Hayaan mo na ako dito, Shia. Bumalik ka sa kanila. Umuwi ka na."

Hindi ko alam kung ano ang tinutukoy niya. Kung saan ako babalik. Kung sa Hesperia ba, sa bayan kung saan kami lumaki, o sa lugar bago ko pa man siya makilala- sa lugar kung saan talaga ako nangaling.

"Ayoko."

"Thirteen years ka naming hiniram. Kailangan mo ng bumalik, Shia. Paglabas mo, babalik na sa dati ang lahat."

Umiling ako sa palad niya. "Lucas, ayoko. Nawala na si Lolo Ben at Nanay Rosa. Hwag pati ikaw, pakiusap."

Naramdaman ko ang pagdampi ng labi niya sa noo ko. Noong mga oras na yon nagpapasalamat ako na hindi ko makikita ang mukha niya. Dahil hindi ko kayang tingnan ang expression ng mga mata niya habang sinasabi niya ang sumunod na mga salita.

"May bago ka ng uuwian. Gawin mo ito para sa akin. Umuwi ka na, Shia."

Chapter 44: Conspiracy

Chapter 44: Conspiracy

Natahimik ang lahat ng mga nasa Watch Tower habang pinapanood ang nagyayari sa isang screen na nakafocus sa kalahok na si Shia Sheridan. Hindi mapigilan na magtinginan ng iba. Some of them are impassive, walang pakialam. Tila sanay na nakikita ang pagpapaalam sa loob ng arena. Pero may iba na umiwas ng tingin at tahimik na bumuntong hininga.

Madami silang hindi inasahang nangyari sa larong ito. This year's Linus Cup has the most interesting set of finalist and turn of events for the last ten years. Subalit maliban doon ay may isa pang dahilan kung bakit biglang natahimik ang mga pinaka importanteng pamilya at opisyal ng mga bayan. Isang hindi inaasahang impormasyon ang nalaman.

"Anong ibig sabihin nito?"

Napatayo sa kinauupuan si Mrs. Stanford. Nananatili ang tingin niya sa screen ng kanyang anak, kalmado ang kanyang bawat galaw. Subalit nag iba na ang tono ng kanyang boses. Hindi makapaniwala. Pagkalito. Galit. Sa loob ng mga nakalipas na araw, halos hindi na niya kayang panoorin ang nangyayaring labanan. Sa loob ng dalawang araw ay nagkasakit siya at nanatili sa kanyang kwarto sa loob ng Linus Building.

Hindi niya kayang panoorin ang kanyang anak, na matagal niyang hinanap, na nakikipaglaban para mabuhay. Lalo na noong nalaman niya ang kanyang plano. Hindi niya matangap.

Alam niya na may pagkukulang siya bilang Ina. Wala siya sa tabi ni Shia ng halos buong buhay niya. Estranghero sila sa bawat isa. Hindi siya magtataka na hindi sila ang piliin ng kanyang sariling anak. Pamilya sila sa dugo. Pero nagkaroon siya ng ibang pamilya na nakasama niya sa paglaki, na naging sandalan niya, at bumuo sa pagkatao niya.

Hindi niya ito gustong tangapin pero alam niyang wala siyang magagawa. Ang anak niya ay may itinuturing na pamilya at hindi sila. Ito na siguro ang isa sa pinakamasakit na pwedeng maramdaman niya bilang isang magulang. Her daughter grew up brave, selfless, beautiful, and strong. Mga bagay na hindi niya kayang ibigay sa anak, mga bagay na hindi maibibigay ng kahit anong yaman nila. Pero ngayon, sa lahat ng narinig niya mula sa loob ng arena, may isang bagay ang tumatak sa kanya. Ang nakaraan ng kanyang anak na hindi niya kailanman nalaman.

"Tell me what's happening!" she demanded.

Napatingin sa kanya ang mga tao sa Watch Tower. Sa mga sumunod na araw pinilit niyang maging kalmado habang pinapanood ang kanyang sariling anak na halos mamatay sa loob ng arena. Pero hindi ngayon. Hindi matapos ang lahat ng kanyang nalaman. Humarap siya sa direction kung saan nakaupo ang mga opisyal mula sa bayan ng Boran.

"Arturo Cornelius." mariin na sinabi nito.

Hinawakan siya ng kanyang asawa para pakalmahin. "Selene."

Humarap si Mrs. Stanford sa kanyang asawa. "Edward, thirteen years ago pumunta tayo sa bayan ng Boran para ipaalam ang pagkawala ng ating anak umaasa na matutulungan nila tayo- ng kaibigan mo."

Muli siyang humarap sa Headmaster ng Boran na nakatitig lamang sa kanilang mag asawa. "We seek their help to find Jane. Sinabi nila na gagawin nila ang lahat. Pinahanap nila, pinaalam nila sa buong bayan, they distributed notice and announcements. Pero walang nangyari. Tapos maririnig ko ito ngayon pagkatapos ng madaming taon. Sa Boran natagpuan ang anak natin!"

"Calm down."

"Hindi mo ba narinig ang sinabi ng kaibigan ng anak mo?" She cut her husband. "Sinubukan ng mga kumupkop sa kanya na ipagtanong siya sa buong bayan. Kung totoong gumawa ng paraan si Arturo para ipaalam ang pakiusap natin, they would have known. Malalaman ng buong bayan na may nawawalang tagapagmana mula sa Hesperia."

Natahimik ang mga tao sa loob ng Watch Tower. Nawala ang pagiging kalmado ng lahat. A few gasp of surprise and whispered conversations were heard. Tila ngayon lamang naging malinaw sa kanila kung bakit ganoon nalang tutukan ng pamilya Stanford ang kalahok na si Shia Sheridan.

"Ginawa mo ba talaga ang mga pinangako mo thirteen years ago?" tanong ni Mrs. Stanford. "Ikaw ang isa sa mga una naming nilapitan dahil matalik kang kaibigan ng asawa ko. Now I'm asking you. Ginawa mo ba ang mga pinangako mo noon? Pinahanap mo ba talaga siya? At kung hindi man, bakit?"

Kalmadong tumayo ang Headmaster ng Boran mula sa kanyang silya. Inayos nito ang suot na itim na coat na tila walang pakialam sa pag aakusa ng asawa ng kanyang kaibigan.

"Ah, Mrs. Stanford, Selene, ano ba ang sinasabi mo?" kalmadong sinabi nito. "Of course we did our best to find your daughter in our town. Ikaw na din ang nagsabi, paano ako makakatangi sa maliit na hiling ng isang matalik na kaibigan. Pero masisisi niyo ba ako na hindi ko kayang tutukan ang bawat parte ng bayan? Hindi natin kontralado o gamay ang lahat ng nangyayari sa bayang sinasakupan natin sa bawat oras, alam niyo yan."

"Arturo-"

"Isa pa, mas maniniwala ba kayo sa kwento ng isang binata mula sa bayan kesa sa tulad ko na may iniingatang pangalan? Facts can be easily twisted, Selene. Lahat ng tao sa mundong ginagalawan natin ay alam ito. What happened is likely to have variations base on the people who tell the story."

"Anong gusto mong palabasin? Na nagsisinungaling ang mga taong kumupkop sa kanya? At bakit nila gagawin yon? Ano ang makukuha nila? Pera? Pabor? Kayamanan?" tanong ni Mrs. Stanford, hindi makapaniwala.

"Kung material na bagay lamang ang habol nila kaya nila kinupkop ang anak ko, matagal ko na sana siyang kasama ngayon. I can give everything I own just to have my daughter back. Pero hindi nila alam. None of them know that they are keeping a heiress. A Stanford heiress!"

The Headmaster shrugged. "I think the issue doesn't concern me anymore. Nagmalasakit lamang ako na tumulong thirteen years ago." Kalmado ngunit mariin na sinabi nito.

Tuluyang napatayo si Mr. Stanford. Sa nakalipas na araw mula noong nagsimula ang Linus Cup ay naging kalmado ito. Bilang parte ng Council ay naging patas ito sa pamilya ng mga kalahok. Hindi ito nagtaas ng boses sa gitna ng kaguluhan na nangyayari. Kaya hindi mapigilan na matigilan ng mga tao sa Watch Tower sa pagtayo lamang nito.

"Let me handle this, my wife." mariin na sinabi nito.

Bumakas ang pag aalala sa mukha ni Mrs. Stanford dahil sa tono ng kanyang asawa. "Edward."

Inalalayan siya ni Corrine para umupo sa isang silya. "Mom, let Dad handle this, please." sinabi nito.

Subalit maging ito ay nag aalala na. They know what Edward Stanford is capable of. Alam ito ng lahat ng tao. Hindi ito madalas magsalita o magbigay ng opinion sa isang bagay. Madalas nakikinig lamang ito. Nagmamasid sa kanyang sinasakupan. But he has the tendency to make a decision that can alter a whole town. And he is in the position to do so.

"I'm filing a conspiracy case against Headmaster Arturo Cornelius."

Natahimik ang mga tao sa sumunod niyang sinabi. No gasp, no whispered conversation. Just plain silence. Nag aalala na napahawak sa braso ni Corrine si Mrs. Stanford. Si Sir Apollo na kanina pa pinagmamasdan ang

nangyayari ay kalmadong binaba ang kanyang hawak na sigarilyo. Even Headmaster Grey and Principal Bins didn't expect this kind of decision.

A conspiracy case is a serious matter for the Council. It means a crime inside the prestigious organization. A planned scheme to put someone down. At hindi sila makakapayag na may mga opisyal na nasasangkot sa ganitong gulo sa sarili nilang organisasyon.

Sa halip na matigilan ay napangiti ang Headmaster ng Boran. "Oh come on, Ed." balewalang sinabi nito. "You are filing a case base on what? Your long lost daughter being in the Linus Cup? Isn't it a bit egotistical? Filing a case and insulting our organization for something that every parent of the current contenders suffer-"

"I'm filing a conspiracy case not on the basis of my lost daughter. But for a crime committed thirteen years ago."

Doon tila natahimik ang Headmaster ng Boran. Nagsalita ang isa sa mga member ng Council, si Headmaster Newman. "And what crime are we referring to here?" Maliban sa mga technician na nakatutok sa mga monitor na nasa arena, tila sandaling nakalimutan ng mga tao ang nangyayari sa laro. Maging ang mga opisyal ng mga bayan ay nakikinig. It's a conspiracy not only between Boran and Hesperia. But because both of the people concerned are part of the high organization which is the Council.

"Hindi basta basta nawala ang anak ko-"

"What are you going to do?" exclaimed Headmaster Cornelius. "Stop a long respected tradition because of an old crime that concerns your daughter? You are using your position to influence a judgement. You are better than this, Ed."

Tila hindi ito narinig ni Mr. Stanford. Pumunta ito kung saan nakaupo ang kanyang asawa. Nag aalala na napatingin si Mrs. Stanford sa mukha niya. Alam nila ang maaaring kahinatnan ng bagay na ito. They can lose his position in the Council, isang bagay na buong buhay niyang pinahirapan, dahil sa pagfile ng kaso sa sarili niyang kasamahan sa organisasyon. Pero walang makikitang kahit anong pagaalinlangan sa mukha ng kanyang

asawa. Wala silang pakialam sa ano mang mawawala basta maibalik ang anak nila.

"Do you remember the General Meeting held at Titan Academy few months back? It was the first time we set our eyes on our daughter after thirteen years without even knowing it." Hindi alam ng mga tao kung bakit sinasabi ito ni Mr. Stanford sa ganitong sitwasyon. Tumango ang kanyang asawa.

"You admire the brave girl who made a scene in front of hundreds of people. Ilang beses mo akong tinanong kung sino siya, bakit ngayon mo lang siya nakita, at kung totoo ba na siya ang nag nakaw ng golden crest. I'm not usually concern with a student's background. Pero dahil gusto kong masagot ang mga tanong mo, inalam ko ang mga detalye kung paano siya nakapasok sa Academy."

Muling humarap si Mr. Stanford kay Headmaster Cornelius.

"Binasa ko ang imbistigasyon at nagtanong tungkol sa nangyari. At dinala ako nito sa gabi kung kailan nangyari ang pagnanakaw. Nasa Titan Academy ka noong gabing yon, Arturo."

Tinitigan siya nito. "It was an official visit conducted by the Heads themselves. You can ask the officials to confirm."

"I know about the meeting." mariin na sagot ni Mr. Stanford. "Kaya alam kong nandoon ka sa pagbabalik ng anak kong si Jane Elizabeth sa mundong dati niyang ginagalawan. Ikaw ang isa sa mga unang taong nakakita sa kanya noong tumapak siya sa Titan Academy."

"You are being ridiculous." sagot ng Headmaster ng Boran. "Paano ko makikilala ang isang taong labing tatlong taong nawala."

"You didn't." Mr. Stanford stated, dignified. "You didn't recognize my daughter right away. But you know you've seen her before. And your theory was confirmed noong nalaman mo ang kanyang ability."

The Headmaster of Boran scoffed. "I don't think you know na hindi namin maaaring malaman ang ability na hawak ng mga kasali sa laro. Nag iingat

ang lahat ng mga paaralan tungkol sa bagay na ito."

"Pero hindi rin lingid sa iyong kaalaman mo nagmula sa bayan ang anak ko. Napakadaling mangalap ng impormasyon sa bayan." sagot ni Mr. Stanford. "Kaya nakilala mo ang matalik niyang kaibigan. Lucas Tyler."

Natigilan ang Headmaster ng Boran. Sa mga salitang yon ay alam ng lahat ng nasa Watch Room na ang mga susunod na mangyayari ay maaaring makasira sa samahan ng dalawang bayan at ng Council.

"Hindi mo maaaring isangkot ang pangalan ng kahit sino sa mga bagay na wala kang ebidensya."

"You tricked Lucas Tyler." Nagkatinginan ang mga tao sa Watch Room.

"Natatakot kang muling maungat ang krimen na nangyari thirteen years ago. Lumiit ang mundong ginagalawan ng pamilya ko at ng nawawala kong anak. Natakot ka dahil nasa position ka na ngayon na matagal mong hinangad at hindi ka papayag na masira ang lahat."

Bahagyang natawa ang Headmaster ng Boran. "You are insane."

"You made Lucas Tyler join the Linus Cup. Pinangako mo na kapalit nito ay ililigtas mo ang kaibigan niya. But you didn't." Pinagmasdan siya ni Mr. Stanford. A look full of resentment and rage. "Isn't that a familiar tactic, Arturo? To make people believe you did them a favor but the reality is you did the exact opposite. And you watch them suffer. Because nothing can destroy someone more than their hope slowly diminishing into emptiness."

"You know so damn well that Shia Sheridan, my daughter, was joining the Linus Cup. But you didn't tell the poor guy, did you?" Humakbang si Mr. Stanford. Sa unang pagkakataon ay mababakas ang matinding pagtitimpi sa mukha nito. "Because what you really want is to see both of them in the arena, two different teams, fighting against each other."

"You know what you did will destroy both of them. It was enough to make anyone insane. To kill her only known reason why she wants to live. It was almost a perfect plan. Mabubura ang kasalanang ginawa mo thirteen years

ago kapag namatay ang anak ko sa Linus Cup. At sinigurado mong hindi makakabalik ng buhay si Shia Sheridan."

"Naririnig mo ba ang sinasabi mo, Edward Stanford?" Hindi makapaniwalang saad ni Headmaster Cornelius.

"I want to stop the 23rd Linus Cup." mariin na sinabi ni Mr. Stanford dahilan para matahimik ang lahat. "This year's Linus Cup was a set up to erase a crime committed thirteen years ago. I won't let that happen."

"This family is insane."

Nanatiling kalmado si Mr. Stanford. "Ang tanging pinagsisisihan ko sa lahat ng ito ay hindi kita kailanman pinaghinalaan. You are my friend, my closest companion in the Council. Ilang beses na nasangkot ang pangalan mo sa lahat ng ito. Pero hindi ko magawang maghinala kahit lahat ay nakaturo na sa iyo. You had my trust. And that's my only regret."

"Oh spare me with this bullshit!" The Headmaster of Boran exclaimed. "A crime committed thirteen years ago? Isn't that a little too much? Sasama ako. Hell, you can hand me the handcuff and I'll do it myself. I will let you investigate every inch of my being. But you can never stop a long respected tradition such as the Linus Cup."

Napatayo si Mrs. Stanford. "How can we investigate if the victim is in the arena facing her own death?" she exclaimed.

The Headmaster of Boran shrugged, nonchalant. "That is your problem, Stanfords. Don't twist the facts to save your daughter. Hindi lamang ang anak niyo ang nandyan. There are Headmaster's sons, daughters, heiress and children of families who are as powerful and influential as you."

Humarap ito sa mga pamilyang nasa Watch Room.

"Ano sa tingin mo ang mararamdaman ng mga namatayan na kung ngayon mo ipapatigil ang laro?" he challenged. "They would hate us." he sneered. "They would think the Council is being unfair."

"Fairness could never pay a crime, only justice can." saad ni Mr. Stanford.

"Thirteen years ago noong nakuha ko ang position na ito, position na pinangarap mo. Namili ang Council sa pagitan natin at ako ang mas pinaburan. Alam kong naging masama ang loob mo pero binati mo parin ako. Tinanong mo ako noon kung may mahihiling pa ako. Sinabi ko na ang pinaka importanteng bagay parin para sa akin ay ang kaligtasan ng pamilya ko. Kaya kong bitawan ang lahat, maging ang position na hawak ko, kung magiging dahilan ito para magulo ang aking pamilya. At yon ang ginamit mo."

"You planned to use my daughter as a threat. Pero isang malaking pagkakamali ang hindi mo inasahan. Nakatakas siya mula sayo. Ikaw ang unang nakaalam ng kanyang ability dahil una niya itong ginamit laban sayo. Kaya madali mo siyang nakilala. Lumipas ang labing tatlong taon at inakala mo na nakalimutan na ng lahat ang nangyari. But you found her that night on the premises of the school I owned. At gumawa ka ng paraan para mabura ang kasalanan na ginawa mo. Pero hindi kita papayagan."

"Hinayaan ko na maging parte ng Linus Cup ang anak na matagal na nawalay sa akin dahil nirerespeto ko ang tradition ng mundong ginagalawan natin. Kung may nakakaalam man ng kahulugan ng sakripisyo, ako yon. Isa itong sakripisyo na kailangang pagdaanan ng lahat ng mga magulang ng mga kalahok sa Linus Cup kada dalawang taon, umaasa na darating ang araw na magiging sapat ang uri natin para tumayo sa sarili nating mga paa bilang isang debisyon at hindi na kailanman kailangang patunayan ang sarili natin."

"Pero ang hindi ko matatangap ay gamitin ang tradition na ginagalang at nirerespeto ng lahat para pagtakpan ang isang kasalanan. Hindi ginawa ang Linus Cup para sa kasinungalingan ng mga taong tulad mo, Arturo Cornelius. If there is unfairness and inequity here, it's from you and your greed."

Mr. Stanford faced the Council.

"The 23rd Linus Cup is a fraud, a set up. At handa kong isugal ang position na meron ako mapatunayan lamang ito."

Chapter 45: Signs

Chapter 45: Signs

Pinagmasdan ni Sir Apollo ang mga tao sa Watch Room. Halos nagkakagulo na ang Council dahil sa mga nalaman nila. Nanghihina na nakaupo sa sulok si Mrs. Stanford habang inaalo ni Corrine. Nanatili namang kalmado ang asawa nito, si Mr. Stanford, habang kaharap ang mga member ng Council kasabay ang galit ng Headmaster ng Boran.

It was chaotic. But more than the chaos it was a dangerous scene. Isang eksena na kailanman ay hindi naisip ng sino man na mangyayari. Nasa iisang kwarto ang mga pinaka importanteng tao ng kanilang debisyon at nakakagulo sa mga oras na ito. He was watching the clash of the human representations of every district. Ang prestihiyosong organisyon ay unti unting gumuguho.

But Sir Apollo knows better. The internal environment of organizations like the Council is not as pure as what they want people to think. He knows it since he was a kid. Everything you see at the surface is a flimsy piece of veil covering the entire bin of garbage. You may not see the trash, but the stench will eventually find its way out. Greed. Manipulation. Deception. Mistrust. Ito ang tinatagong parte ng organisasyon- ang parte kung saan siya namulat.

Ang kanyang Ama ang isa sa pinakamataas na taga bantay ng bayan. Kaya hindi na nakapagtataka ang ganitong eksena kay Sir Apollo. Ito ang mga rason kung bakit nadadatnan niyang gising ang kanyang Ama sa gitna ng gabi noong bata pa siya, nakaharap sa napakaraming papel ng mga kasong pilit tinatago ng Council mula sa publiko.

Fifteen years old siya noong nagsimula siyang sumama sa kanyang Ama sa mga kasong hinahawakan nito. Ito ang nagsilbi niyang unang training. His Dad is the chief peacemaker kaya hindi na nakapagtataka na gusto niyang sundan ang yapak nito. Everyone treated him fairly kahit bata pa siya. Apollo was known to be one of the smartest kid in Titan Academy. At dahil sa kanyang ability na gumagamit ng mga calculations, puzzles, at logistic

reasoning, naging malaking tulong siya hindi lang sa kanyang Ama kundi sa iba pang nagtatrabaho sa law enforcement ng bayan ng Hesperia.

Pero kasabay ng pagsali niya sa Linus Cup sampong taon na ang nakararaan ay namatay sa natural na sakit ang kanyang Ama. Dahil ng tindi ng training ay halos nawalan siya ng oras para magluksa. Sinikap niya parin na maging responsableng Captain sa kanyang mga kasamahan. Pero tuluyang nasira ang buhay niya nang maging ang matalik niyang kaibigan ay nawala dahil sa larong ito. Nawalan siya ng direction. Tuluyang nabura ang kanyang pangarap sa sumunod sa yapak ng kanyang Ama. Hindi niya nailigtas ang kanyang kaibigan kaya paano niya maililigtas ng madaming tao?

Kinalimutan niya na ang lahat. Ang taon ng pagsali niya sa Linus Cup, ang mga trainings na pinagdaanan niya, ang mga nangyari sa kanya sa arena, ang alaala ng kanyang kaibigan, maging ang kanyang Ama at ang mga kasong pareho nilang hinawakan, binura niyang lahat at hindi na binangit pa mula noong lumabas siya sa arena. Pero ito siya ngayon at pinagmamasdan ang epekto ng isa sa mga bagay na kinalimutan na niya.

Noong kinuha siya ng Titan Academy para magturo limang taon na ang nakararaan, hindi niya inasahan na lahat ng mga iniiwasan niya ay siyang makakaharap niya sa lugar na ito.

Bahagyang napalingon si Sir Apollo kay Miss Aura na nasa tabi lamang niya at pinagmamasdan ang Council.

Araw araw niyang nakikita ang mukha ng kanyang kaibigan kay Miss Aura- ang kambal nito. And immense guilt would eat him up every now and then. Hindi lang dahil naaalala niya ang kanyang kaibigan kundi dahil nangako siya kay Miss Aura na ibabalik ang grupo ng kompleto pero hindi niya nagawa.

Ngunit isang pangyayari nanaman ang nagpapaalala sa kanya ng nakaraan. Bumaling siya sa Council ay kay Mr. Stanford. Napatingala siya habang nakaupo sa sofa at bumuntong hininga.

Ang Ama niya ang may hawak ng kaso ng mga Stanford labing tatlong taon na ang nakararaan. Isa ito sa mga kasong hindi nabigyan ng kalutasan ng

kanyang Ama. Dalawang taon nilang hinawakan ang kasong ito. Isa ito sa kasong kinalakihan na niya. Subalit noong nagsisimula na siyang magtraining sa Titan Academy noong labing pitong taong gulang na siya nabalitaan niyang hininto na ang imbistigasyon dito. Naalala niya ang dahilan na sinabi ng kanyang Ama.

"Hindi gusto ng Council na palakihin ang bagay na ito at idamay pa ang organisyon. Tama na ang dalawang taon."

Dahil sa kagustuhan ng organisasyon na hindi madamay ang pangalan nito kaya tinigil ang imbistigasyon. Hindi talaga maiiwasan na madamay ang Council sa kasong ito. Hindi imposible na may kinalaman ang kaso sa trabaho ni Mr. Stanford. Nakipagtulungan ang Council sa imbistigasyon. But they can only go to such extent. Hindi gusto ng Council ng ganitong publicity. Kaya matapos ang dalawang taon ay piniling ipasara na ang kaso.

Hindi niya nalaman ang naging reaction ni Mr. Stanford. Siguro nga tinangap niya ito. Dalawang taon din siyang nawalan ng focus sa kanyang trabaho at pamamahala sa pag aari ng pamilya tulad ng Titan Academy dahil sa pagkawala ng kanyang anak. Because of the responsibilities hanging in his back, he was forced to move forward. Alam ni Sir Apollo ang pakiramdam na ito. Dahil ito mismo ang naramdaman niya noong namatay ang kanyang Ama. He was forced to move on because he has a Team to protect.

Pero kita mo nga naman ang pagkakataon. Hindi niya akalain na ang kasong hinawakan nila ng kanyang namayapang Ama, ang batang dalawang taon nilang hinanap ay naging estudyante na niya, at isa sa hinangaan niya. The reckless, hard headed, and foolishly brave town's girl from the outskirts of Hesperia is a Stanford. At muli siyang bumalik sa mundong dati niyang ginagalawan upang ipamukha sa kanilang may mga bagay na hindi nababaon sa nakaraan.

Pero hindi pa ba huli ang lahat? He stared at the countdown, a rectangular monitor flashing the bold red numbers. Kulay ng apoy. Apoy na nagwasak sa kalahati ng mansion ng mga Stanford noong gabing yon. Apoy na nagsiklab ng kaguluhan sa mansion dahilan para hindi mapansin ang pagkawala ng nag iisang anak ng mga Stanford.

Halos wala ng dalawang araw bago ang wipeout. Kaya ba nilang ipatigil ang laro? Kahit simulan nila ang imbistigasyon sa oras na ito ay impossibleng makakuha sila ng sapat na ibidensya sa loob ng dalawang araw. Ibidensyang makapagtuturo na kagagawan ni Arturo Cornelius ang lahat. Tusong tao ang kinakalaban nila. At hindi ito papayag na matigil ang laro nang basta basta.

Bumuntong hininga si Sir Apollo at pinatay ang apoy ng sigarilyo sa ashtray bago tuluyang tumayo.

Mukhang kailangan na niyang makialam. Siguro nga ay kailangan niyang balikan ang nakaraan para tuluyan itong kalimutan.

--

Ramdam ko ang presence ni Lucas sa tabi ko. Pareho kaming nakaupo sa loob ng mala kwebang ugat ng puno habang nakaharap sa labas. Ilang oras na mula noong tumila ang ulan. Gabi na at ramdam ko ang paglamig ng hangin sa paligid. Subalit nanatili kami sa lugar na yon. Para bang ayaw na naming umalis. Ayoko ng umalis sa tabi niya.

"Ang mga kasamahan mo, mukhang mababait sila."

Napalingon ako kay Lucas dahil sa sinabi niya. Saka ko muling binalik ang tingin sa labas. Mababait? Bahagya akong napangiti. Naalala ko ang mga biro ni Cain, at mga ngiti ni Ethan, ang nakasimangot na mukha si Victoria, si Luna at si Gin. We had a rough start as a group. Pero hindi ko din akalain na magiging malapit ako nang ganito sa kanila.

"Sila ang grupong nagdakip sayo noong gabing yon, hindi ba?"

Natigilan ako sa sinabi niya bago ako tumango. "Sila nga."

"Sa unang lingo mo sa Titan Academy sobra akong nag aalala. Halos hindi ako makatulog sa gabi kapag sumasagi sa isip ko na nandoon ka. Paulit ulit ang mga tanong sa isip ko. Anong ginagawa mo? Kumain ka na ba? Hindi ka ba nila pinapahirapan? Nakakatulog ka ba ng maayos?"

Naramdaman ko ang pagsilay ng ngiti sa labi niya. "Ilang beses ko ding naisip na pasukin ang lugar na yon para kunin ka. Minsan magigising ako sa gabi at wala sa sariling tititig sa labas, iniisip kung paano kita kukunin."

Bahagya siyang napatingala na tila ba pinagmamasdan ang madilim na langit. "Pero noong nakita kita sa stage kasama ang grupo mo, noong nakita ko ang pag aalala sa mukha nila noong nasa elevator tayo at hinihintay ka nilang pumasok sa loob. Kahit matinding pagkalito at takot ang nararamdaman ko noong oras na yon, hindi ko maiwasang isipin na nararapat kang kasama nila. Hindi ko alam kung bakit pero pakiramdam ko sa kanila ka talaga nabibilang. Mukha silang mula sa mararangyang pamilya. And you seem to fit with them."

"Lucas, alam mo namang-"

"Nanibago ako. Buong buhay ko tayo ang magkasangga. Tayo ang magkatuwang sa lahat. Lumaki tayo ng magkasama at parehong pinagdaanan ang lahat. Pero noon pa man naiisip ko, paano kung bigla mong maalala ang lahat? Paano kung bigla kang bumalik sa buhay na meron ka bago mo kami nakilala? Paano kapag hindi tayo pareho? I'm in the bottom end of the society, pinakamahirap sa mahirap. Paano kapag nasa itaas ka? Paano-"

"Nothing would change." sinabi ko. "Sa taas man o sa ibaba, ikaw parin ang nakasama ko. Sa bayan parin ako lumaki. Hindi kailanman magbabago yon." Umupo ako ng maayos at niyakap ang aking tuhod. "Blood doesn't signify belonging. Some people travel the world to find where they belong."

"Shia?"

"Hmm?"

"You already found where you belong."

Bahagya akong tumango. "I know."

Natahimik siya bago muling nagsalita. "Hindi yon ang lugar na binabalikan mo dahil kailangan. Yong ang lugar na pinupuntahan mo dahil gusto mo at

masaya ka doon. Walang pumipilit sayo."

Napalingon ako sa kanya.

"Alam kong gusto mo silang balikan, Shia. I'm your home, but I'm not where you belong."

"Lucas, napag usapan na natin ito."

Hindi ko siya iiwan. Ilang beses ko ng sinabi ko ito sa kanya. Kahit anong gawin niya hinding hindi ko siya iiwan sa lugar na ito. At wala akong pakialam kung ipagtabuyan niya ako. Dito lang ako sa tabi niya.

Natahimik si Lucas. Hindi na ako nagsalita pa. Pinakiramdaman ko na lamang ang madilim na paligid. Ang mga maliliit na ingay sa loob ng gubat. Ang pagkaluskos ng mga dahon dahil sa hangin.

"Nakita kita noong kasama mo siya."

Muli akong napalingon sa kanya, nagtataka. "What?"

"Nahuli ako ng ilang minuto. Noong dumating ako nandoon na siya." Huminga ng malalim si Lucas. "Nakita ko ang mukha niya, ang matinding pag aalala niya noong nakita niyang tuluyan ka ng bumibigay sa deceiver. Ang takot niya na mawala ka. At nakita ko kung paano mo siya yakapin. Nakita ko kung paano ka umiyak nang makita mo siya."

"Lucas, hindi mo sinabi na nandoon ka-"

"Hindi lang siya isang Team Captain, hindi ba, Shia?" Lumingon sa akin si Lucas. "Ngayon ko lamang nakita ang ganoong reaction mula sayo. Lumakas ka at nanghina, nawasak at nabuo nang sabay noong nakita mo siya."

Tuluyan akong hindi nakapagsalita.

"Shia, ang Team Captain niyo... mahal mo siya, hindi ba?"

Napakurap ako. "Lucas-"

"Noong nakita yon, sa halip na balikan ka, sa halip na piliin kong makasama ka ulit, napagtanto ko ang isang bagay. Magiging okay ka na kahit wala ako. May iba ng magliligtas sayo."

"I don't need someone to save me. I need someone to fight this battle with me." sagot ko.

Bahagya siyang natawa. "Alam ko, Shia." sinabi niya. Pero napansin ko sa likod ng tawa niya, may hindi tama. Alam kong may kakaiba. Habang tumatagal ko siyang kasama mas napapansin ko yon. There's something wrong on the way Lucas moves and speak.

"Matulog na tayo." sinabi ko.

Dahil ayaw ko ng palakihin pa ang usapan na ito. Ayaw kong bumalik ulit kami sa usapan na kailangan ko siyang iwan. Ayoko siyang iwan.

Ramdam ko ang bahagyang pagpintig sa wrist ko. Ang countdown. Halos wala ng dalawang araw. Alam kong may posibilidad pang mabago ang pangalan ng grupong nangunguna. Gusto ko lang masigurado na ang Hesperia ang mananalo hangang sa huli.

Bago ako tuluyang nakatulog narinig ko ang boses ni Lucas.

"Sorry, Shia. I can't go on any further."

--

Naalimpungatan ako nang maramdaman ko na wala ang katabi ko. Kinapa ko ang pwesto niya subalit wala talaga. Hindi ko maramdaman ang presence niya. Bigla akong napatayo. Mabilis na kumalat ang panic sa sistema ko. Lumabas ako sa silong ng malalaking ugat at napadaing nang tumama ang liwanag ng araw sa mga mata ko. Umaga na. Pero nasaan si Lucas?

"LUCAS!" sigaw ko.

Hindi. Hindi niya naman ako iiwan hindi ba? Dapat hindi na ako natulog. Dapat sinigurado kong hindi siya mawawala sa tabi ko.

"LUCAS!"

Halos patakbo kong linibot ang lugar malapit sa puno kung saan ako nagpalipas ng gabi. Hindi maiwasan na mabanga ako sa mga kalapit na halaman at puno dahil hindi ko magawang macontrol ang senses ko ngayon.

"LUCAS! NASAAN KA?!" Please. Please hwag mo akong iwan.

"Shia, ano bang-"

Napalingon agad ako sa direction ng boses. Naramdaman ko ang presensya niya at napatakbo ako papunta dito. Nang mahawakan ko siya, bigla ko siyang niyakap. Malalim ang paghinga ko ganoon din ang tibok ng puso ko.

"Damn it, Lucas!" asik ko sa kanya. "Where have you been?" Halos nanginginig ang boses ko. "Akala ko iniwan mo na ako."

Naramdaman ko ang bahagyang paghinga niya ng malalim at ang kamay niyang hinaplos ang buhok ko. "Nandito lang ako, Shia."

Huminga ako ng maluwag. "Saan ka ba nagpunta-"

Hindi ko naituloy ang sasabihin nang muli kong maramdaman ang bagay na yon. Napadaing siya. Marahan niya akong nilayo mula sa bisig niya. Nang makalayo ako, naramdaman ko ang pagbabago ng paghinga niya. Tila nahihirapan.

"Lucas, okay ka lang?" tanong ko habang nakaharap sa kanya.

Hindi ko siya nakikita. Tanging ang mga parte ng katawan niyang gumagalaw ang nararamdaman ko. When he remains steady, hindi ko na din siya nararamdaman.

His breathing relaxes. "Oo naman." Bahagya niyang inabot ang ulo ko para guluhin ang aking buhok tulad ng nakasanayan niyang gawin. Pero ramdam ko na maging sa gesture na yon ay tila nahirapan siya.

"May ibibigay ako sayo."

Pinagmasdan ko lamang siya. May hawak siya sa kaliwang kamay. Isang maliit na kahon o container.

"Ano yan?" tanong ko.

Ngumiti siya. "Gamot. Para sa mga mata mo."

Natigilan ako sa sinabi niya. "Gamot? Ginamit mo ang points mo? Pero hindi-"

"May natitira pa akong twenty points." sinabi niya. "Kaya hwag kang mag alala."

Twenty? Pero noong tinanong ko siya kahapon may halos one hundred fifty points siya.

"Wala na ding silbi ang points na hawak ko. Kaya pinagpalit ko nalang para dito." Inilahad niya ang maliit na container na nasa palad niya sa harap ko. "Hindi ito ang mismong gamot na makapagbabalik ng paningin mo. Pero makakatulong ito para maaninag mo ang paligid." sinabi niya.

"Hindi ba gusto mong makita ang pangalan ng Hesperia sa itaas?" tanong niya. "Gusto kong makita mo ito."

Gusto ko siyang pagalitan dahil sa ginawa niya. Lagi niyang ginagawa ito. Tulad din ito tuwing birthday ko. Tuwing bibili siya ng tinapay kahit wala siyang pera para lamang may mapasaya ako.

"Hindi ito ang pinakamabisa. Kulang ang points ko para doon. Kailangan mo pang maghintay ng ilang oras bago tumalab-"

"Lucas, thank you."

Hindi ko alam kung kailan ang huling beses na sinabi ko ang mga salitang ito sa kanya. Kahit lagi akong nagpapasalamat na nandito siya sa tabi ko, napakadalang ko lamang itong bangitin sa kanya. Minsan sa halip na magpasalamat, inaasar ko lamang siya o pinapagalitan.

"Thank you." ulit ko. "For everything."

"Ano pa't naging best friend mo ako."

Pinagmasdan ko siya, kung paano siya tumayo sa harapan ko.

Kung nahalata ko lamang sana noong mga oras na yon. Kung pinagtuunan ko lamang sana ng pansin ang mga senyales. Siguro hindi naging huli ang lahat.

Chapter 46: The Fallen

Chapter 46: The Fallen

Kinurap ko ng ilang beses ang mga mata ko.

"Ano? May naaaninag ka na ba?"

Humarap ako kay Lucas saka umiling. "Sasabihin ko naman kung may epekto na ang gamot."

Napansin ko na natahimik siya. "Gusto ko lang malaman." sinabi niya.

Nanatili akong nakaharap sa kanya. Muli kong napansin ang bagay na yon. Ang uneasiness sa bawat galaw niya. Tila bawat galaw niya ay nagdadalawang isip. Nahihirapan. Ilang oras na ang lumipas mula noong ginamit ko ang gamot na binigay niya. At sa buong oras na yon ilang beses niya akong tinanong kung may naaaninag na ako.

Muli kaming nagpatuloy sa paglalakad sa gubat. Nagplano kami na pumunta sa pinakamataas na bahagi ng arena. Gusto ni Lucas na makita ko ang pangalan ng Hesperia nang malapitan, yong halos mahawakan ko ito sa mga kamay ko. Hindi ko alam kung possible ito pero sinabi niyang alam niya kung paano. Mula din sa pinakamataas na parte ng arena makikita namin ang lahat ng nangyayari, maging ang pag alis ng nanalong grupo bago tuluyang masira ng wipeout ang paligid.

Bahagya akong natigilan sa naisip. Pero kapag naiisip ko na nandito si Lucas sa tabi ko, alam kong tama ang naging desisyon ko. Halos wala ng

isang araw. Oras nalang ang binibilang. Napalingon ako kay Lucas na tahimik na naglalakad sa tabi ko. Ano kaya ang iniisip niya sa mga oras na ito? Natatakot din ba siya tulad ko? I have no regrets whatsoever. Lahat ng desisyon ko ay sa akin nagmula kaya wala akong pinagsisihan.

Pero hindi ko parin maiwasang isipin- kung hindi kami nadamay sa larong ito nasa bayan parin kaya kami? Kasalukuyan kaya naming pinanonood ang larong ito? Mapapansin ko kaya si Gin o ang grupo mula sa Hesperia? Sino ang pumalit kay Corrine? Mananalo ba sila? Mababuhay kaya kami ni Lucas hangang tumanda kami? Magbabago kaya ang kapalaran namin?

Nakakatawa na ngayon ko pa naiisip ang mga bagay na ito. Siguro nga ito ang epekto ng kamatayan. Sa gitna ng takot, gusto mong hanapin ang punto ng buhay mo kung saan maaari mong ibalik ang lahat sa dati. Maaaring natatandaan mo ito, maaari din namang hindi mo maalala kung saan nagsimulang magulo ang buhay mo. Dahil kadalasan wala tayong idea sa epekto ng bawat desisyon na ginagawa natin. Nakakatakot na sa isang desisyon ay maaaring mabuo o masira nang tuluyan ang buhay ng isang tao.

Noong pumayag ako sa gusto ng Titan Academy na sumali sa grupo bilang isang seer, noong pumayag si Lucas na sumali sa Linus Cup para mailigtas ako, maging ang decision ni Gin, Luna, at ng iba pang mga kasama ko, maybe even how Corrine decided to back up from the Game, on how Sir Apollo decided to punished himself for not saving his best friend thus resulting for him to be our adviser, or even how Priam treated his brother as competition para masigurado na gagawin nito ang lahat para matapatan siya.

Every decision results to another, our world is interconnected. And maybe there are decisions way before us that resulted into this, and our decision will result into something in the future. We are powerful and that made the world scary. We are someone else's decision. But we have the power to make decisions for ourselves. We don't need special abilities or any form of magic. A single decision is enough to alter one's existence.

"Are you scared?"

Napalingon ako kay Lucas. "Of dying?" I asked.

Tumango siya. Umiwas ako ng tingin sa kanya. "I am." I admitted. Bahagya akong huminto sa paglalakad. "Nakakatakot na wala na akong aabangan na umaga o ng susunod na araw, o ng susunod na ulan, o tag araw. Nakakatakot na hindi ko na mararamdaman ang lamig ng hangin, o ang ingay ng mga tao. I'm not afraid of the process and I'm not regretting this either. I'm just..." Natigilan ako. "I'm afraid to disappear into oblivion."

Natahimik si Lucas. Bumaling ako sa kanya. "How about you? Natatakot ka din ba, Lucas?"

Naramdaman ko na bahagya siyang natigilan sa pagalakad. "Hindi ako natatakot." Natigilan ako sa sinabi niya. "My life was a great adventure at wala akong pinagsisisihan. Lalo na noong dumating ka." Bahagya siyang napatingala sa langit. "Nanghihinayang lang siguro ako dahil may mga taong hindi ko na makikita pang tumanda, o maging twenty five, thirty, o mag asawa. Anong itsura ng mga kapatid ko kapag pumasok na sila ng high school? Kapag may nanligaw sa isa sa kanila?" Bumaling siya sa akin. "Anong itsura mo kapag kinasal ka na?" Bahagya siyang natawa. "Gusto kong makita. Magiging best man ako hindi ba?"

Noong oras na yon, gustong gusto kong makita si Lucas. Gusto kong makita ang kanyang mukha, ang labi niyang nakangiti, ang mga mata niyang naniningkit sa pagtawa. Doon ko pinaka-naramdaman ang pasakit ng pagkabulag ko. Dahil gustong gusto ko siyang makita noong oras na yon.

Hinawakan ko ang kamay ni Lucas at humarap sa kanya. Ngumiti ako. Alam kong pinagmamasdan niya ako. "But we are okay right?" sinabi ko. "Even though we will never make it. Our story doesn't need a happy ending. We had our set of great adventures. It was enough. We are enough."

"You finally did it, Shia."

Nagtatakang pinagmasdan ko siya. "Did what?"

"Hindi tayo balewala."

Natigilan ako nang maalala ang isang bagay. Naalala ko ang lagi niyang ginagawa tuwing birthday ko. All the good news he would tell me on that specific day just to remind me I'm significant, I'm here for a reason.

"We are enough." Marahan niya akong hinila at inikot na tila ba nagsasayaw kami sa gitna ng gubat. Natawa ako sa gesture niya. Naalala ko ang mga panahon na nakasama ko siya ng ganito, dalawang batang naglalaro sa gitna ng gubat, hindi alintana ang marahas at magulong mundo sa labas. "And even though we die young, we did great."

Wala akong idea na yon ang huling pagkakataon na maririnig ko ang kanyang tawa. Ang tawa at masayang boses ni Lucas.

15:38:02

Nagsimula kong mapansin ang pananahimik ni Lucas habang paakyat kami sa pinakamataas na bahagi ng arena. Hindi na siya umiimik o nagsasalita pa. Sabay kaming naglalakad pero lagi akong napapalingon sa kanya. I can feel his uneven breathing. Maging ang bahagyang panginginig ng kanyang mga paa.

"Lucas, okay ka lang?" tanong ko.

Nagsisimula ng dumilim ang paligid. Hindi pa tuluyang umeepekto ang gamot. Nagsisimula ko ng makita ang mga silhouettes sa paligid subalit hindi sapat ito lalo na at papalubog na ang araw.

"May naaninag ka na ba?"

Nagtaka ako sa tanong niya. "Lucas, ikaw ang tinatanong ko."

"Gusto ko lang malaman."

"Wala pa." sagot ko. "Mga tila anino at silhouettes lang--"

Natigilan ako nang nagsimula ulit siyang maglakad. "Kung ganoon, tara na." he said. "Kailangan nating bilisan."

Nilampasan niya ako at naglakad sa unahan ko. "I know fifteen hours nalang ang natitira sa atin pero hindi mo kailangan na magmadali." sinabi ko.

Paakyat na kami sa elevated part ng arena na tila isang burol. Ito ang destinasyon namin. Ang sabi ni Lucas, mula dito ay makikita ang halos lahat ng nangyayari sa arena. Makikita namin ang mga cartridges na nasa sentro ng arena at sa huling pagkakataon makikita namin nang harapan ang pangalan bayan kung saan kami nagmula.

"Paano kung isa sa mga kasama mo ang makita natin?" tanong ko sa kanya kanina. Alam ko na kung may makasalubong kami ay kailangan namin itong tapusin para masigurado ang pagkapanalo ng Hesperia.

"Ang healer na napatay mo, siya ang huling kasama ko." sagot niya.

"Nasasaktan ka din ba kapag naiisip na wala na sila?" tanong ko.

Natigilan siya. "Nakasama ko sila ng ilang buwan. Mababait ang iba sa kanila kaya nasasaktan din ako. But we are not a solid team either. Walang pakialam ang Team Captain namin. May kanya kanyang personal na alitan ang ibang members. Kaya madalas umiiwas nalang ako."

Hindi ko maiwasang isipin kung nahirapan ba siya sa pananatili niya sa Boran. Alam kong hindi niya sasabihin yon. Palubog na ang araw sa di kalayuan at nagsimula ulit kaming magpatuloy sa paglalakad. Nagkwentuhan kami at minsan nagtawanan, hindi namin alintana kung saan pupunta ang paglalakad na ito. I thought we're going to end this together pero nagkamali ako.

13:01:56

Naging matarik na ang dinadaanan namin. Bahagya na akong hinihingal. Napalingon ako sa katabi ko. Tahimik lamang siya sa paglalakad. Pinagmasdan ko ang nasa harapan namin, unti unti ng nababawasan ang silhouettes ng mga puno. Lumalamig na at lumalakas ang ihip ng hangin. I can smell the saltiness in the air. Isang amoy na malayong malayo sa

malagong kagubatan. It seems our path is opening out for something wide. Gusto ko itong makita.

11:50:42

Naramdaman ko na huminto si Lucas sa paglalakad. Tumigil ako at humarap sa kanya. Naaninag ko ang silhouette niya, bahagya siyang nakahawak sa kanyang kaliwang braso.

"Lucas-"

Natigilan ako nang mapa hawak siya sa balikat ko. Tila nawalan siya ng balanse. Kinapa ko siya para tulungan. Subalit muli siyang huminga siya ng malalim bago tumayo ng maayos.

"Lucas, anong nangyayari?" tanong ko.

Muling kumalma ang paghinga niya. "Wala 'to. Bilisan natin."

Hindi ako gumalaw sa kinatatayuan ko. Kanina ko pa ito napapansin sa kanya. "May problema ba, Lucas?" tanong ko. "Sabihin mo sa akin dahil hindi ko nakikita." sinabi ko.

Bahagya siyang natawa. "Wala ito, Shia."

"Magpahinga muna tayo." sinabi ko.

Naramdaman ko ang pag iling niya. "Hindi na kailangan. Kailangan nating makarating sa destinasyon natin."

Wala akong nagawa nang magpatuloy siya sa paglalakad. Pinagmasdan ko ang silhouette niyang nasa harapan ko. Unti unting bumalot sa akin ang kakaibang pakiramdam. Lucas is hiding something from me.

10:35:57

"Lucas, ano ba talagang nangyayari?" tanong ko.

Tuluyan na akong huminto sa paglalakad. Napa-paused si Lucas sa harapan ko at lumingon sa akin.

Sampong oras nalang. Pero bakit iba ang nararamdaman ko sa nangyayari? It seems like Lucas is slipping away from me. Napakalapit na namin sa aming destinasyon. Ramdam ko na ang malakas na ihip ng hangin sa mukha ko at ang pagpantay ng lupang dinadaanan namin. We are almost there. We are almost at the top. Pero hindi ako mapalagay.

"Ano bang sinasabi mo, Shia?"

"I know there is something wrong, Lucas. Hindi ko nakikita pero nararamdaman ko." sinabi ko. Nagsisimula na akong magalit sa kanya. Ito ang usual response ko kapag nagaalala ako sa kanya.

"Nakikita mo na ba ako, Shia?"

Ayan nanaman. Ibabaling nanaman niya sa iba ang tanong ko. "Hindi pa." asik ko. "That's why I'm asking you!"

"Then I'm fine." sagot niya. Inabot niya ang kamay ko at marahan na hinila. "Tara na. Malapit na tayo."

09:57:12

Ilang minuto lang ng paglalakad ang lumipas nang tuluyang mawala ang silhouette ng mga punong nasa itaas namin. Nawala ang mga dahon at sanga na tumatakip sa liwanag ng buwan at tuluyan kaming nasilayan nito. Winagayway ang buhok ko ng malakas na hangin. I'm expecting the breeze to be cold, nipping through my skin, subalit kabaligtaran niya ito. The breeze is warm, salty and fresh. Isang bagay na matagal kong hindi naramdaman.

Naglakad ako papalapit sa direction ng hangin at palayo sa gubat na nasa likuran ko. Naramdaman kong pinagmamasdan ako ni Lucas. Huminga ako nang malalim, breathing the saltiness in the air. Pinikit ko ang aking mga mata. I can hear a strange noise- of waves crashing on boulder and rocks, of wind swirling around us. I can feel the openness of the space we're stepping

on. Para bang nakaharap ako sa isang maluwang na lugar. I can feel its vastness, its infinity, as sudden gusts of wind dance around me. Dagat. Hindi ako pwedeng magkamali. Nakaharap ako sa dagat.

Muli kong binuksan ang aking mga mata. Hindi ko alam kung dahil ito sa buwan na malayang nagbibigay liwanag sa lugar kung nasaan kami, o dahil tuluyan nang umepekto ang gamot na binigay ni Lucas. Unti unti kong naaninag ang paligid- ang lupa na tinatakapan ko, ang naglalakihang mga bato na nasa paligid namin, ang maluwang at kalmadong dagat sa harapan namin na nasisinagan ng silver na buwan. Nasa dulo kami ng isla. Nakatayo malapit sa isang bangin. At kitang kita ko ang lahat mula dito. Lalo na ang isang bagay.

Tumingala ako at halos malula sa pangalan na nasa itaas ko. Tama si Lucas. Halos abot kamay ko lamang ito. This cliff is the main place where it is projected. It was golden, glistening in the midst of the silvery dark environment, tila isang steady na fireworks na hindi kailanman matitinag. Napakaganda nito, at napaka laki. It was gigantic and it's looming above us. Ang pangalan ng Hesperia- ang pangalan ng bayan namin.

Tumayo akong mabuti at ini-angat ang aking kamay para maabot ito. Nasagi ang dulo ng aking daliri ang isa sa mga letra. Bahagya itong nag flicker, tila kumurap at pinagmasdan ako, bago muling naging steady para makita ng lahat ng tao. Tulad namin, tulad ng grupo, tulad ng bayan. Gusto kong umiyak. Napaka special ng pagkakataon ito para sa akin. Naabot ko ito, nahawakan. At tulad ng simbolong ito sa gitna ng madilim na langit- we may flicker but we will never vanish. Hesperia will remain steady and strong. At ano man ang mangyari ay naging parte ako ng bayang ito. I will never vanish into oblivion. I'm part of something great. Something worth living and telling stories about. I'm from Hesperia.

Pinahid ko ang luhang dumaosdos sa aking pisngi. Kahit sa huling pagkakataon ay nakita kong muli ang langit, ang buwan, ang dagat, ang mundo. Isang payapang pakiramdam ang bumalot sa akin. Nakangiting lumingon ako sa direction kung saan nakatayo si Lucas. At doon tuluyang nabura ang ngiti sa labi ko.

Tila nestatwa ako sa kinatatayuan ko. Maging ang paghinga ko at ang buong paligid ay tila tuluyang tumigil. Napaatras ako. Tuluyan ko siyang nakita. Pero malayo ang kalagayan niya sa inaasahan ko.

Nakasandal si Lucas sa isang puno at pinagmamasdan ako. May bahagyang ngiti sa kanyang labi. Pero halos nakapikit na siya, ang kanyang pahinga halos nahihirapan na. Pinagmasdan ko ang dumudugong sugat sa kanyang ulo, ang braso niyang tila may nabaling buto, ang halos magutay na pantalon niya sa dami ng sugat, at ang hiwa sa kanyang dibdib.

My hands found its way to my lips, blocking a sheer cry to escape. Lucas is dying in front of me.

09:45:12

"L-Lucas."

Halos patakbo akong pumunta sa kanya. Nanginginig ang mga kamay ko sa panic at matinding takot. Bakit hindi ko napansin? Bakit hindi ko ito agad nakita! Unti unting dumaosdos si Lucas sa damuhan. Umupo siya doon na tila ba kanina pa siya nanghihina at tinitiis lamang niya na makatayo. Hindi. Hindi pwedeng mangyari ito. Agad akong umupo sa harapan niya.

"Lucas, buksan mo ang mga mata mo. Tingnan mo ako." Halos nagmamaka-awa na ako sa kanya.

"Nakikita mo na ako." sinabi niya.

Hindi ko alam ang gagawin. Tila nawalan ng lakas ang buong katawan ko. "B-Bakit hindi mo sinabi?" tanong ko sa kanya. "Bakit hindi mo agad pinaalam sa akin?!" naluluhang singhal ko.

Sunod sunod ang mga taong sa isip ko. Kailan pa? Bakit? Paano? Pinahid ko ang luhang hindi sinasadyang dumosdos sa aking pisngi. "Kung ganoon... Mula noong nagkita tayo, mula noong umuulan at-"

"Tatlong araw na akong ganito, Shia."

Pakiramdam ko tuluyang huminto ang mundo ko sa sinabi niya. Umiling ako. "Hindi. Nagkita kayo ni Luna hindi ba? Ang sabi niya may mga galos ka pero okay ka lang. Lucas-"

Gusto ko siyang hawakan pero kada ilalapit ko ang mga kamay ko sa duguan niyang katawan ay agad ko itong binabawi. Hindi ko alam ang gagawin para matulungan siya. Wala akong magawa.

"Hindi pa ganito kalala ang kondisyon ko noong nagkita kami." Bahagya siyang napatingala habang nakasandal ang likod niya sa puno. "It was the Team Captain of Shou and Shinoa. Nakalaban ko siya bago mo pa man nakita ang mga kasama mo. Hangang sa sinundan pa ito ng deceiver ng Dione at primary defense ng Prum." Bahagya siyang napangiti. "Napuruhan ako eh."

Napuruhan? Halos gusto ko na siyang sapakin noong oras na yon. Hindi lamang ito injury, halos hindi na makagalaw ang katawan niya. All this time, yong pag uusap namin, yong pag akyat namin dito, yong pag kuha niya ng gamot, all this time he's dying.

"Hindi mo na dapat ginamit ang points mo para sa akin. Ginamit mo sana yon para makipagpalit ng-"

"Ginamit ko yon para makita mo na wala ng patutunguhan ito." sinabi niya habang pinagmamasdan ako. Hindi ito ang gusto kong makita sa kanya. Gustong gusto ko siyang makita pero hindi ganito.

Pinilit niyang tumayo habang nakahawak sa trunk ng puno. "Shia, tingnan mo." Bahagya siyang humarap sa kanan at kahit nahihirapan ay naglakad siya ng ilang hakbang.

Pinagmasdan ko siya. Humarap siya sa kabilang side ng bangin- sa kagubatan sa ibaba kung saan kami nangaling- at huminga siya nang malalim. Winagayway ng hangin ang maikli at brownish niyang buhok. Hindi ko maiwasan na manghina dahil sa nakikita ko. Lucas.

"Mula dito ay makikita mo ang sentro ng arena kung nasaan ang mga kasama mo." narinig kong sinabi niya. "Nakikita mo mga berdeng ilaw?"

Bahagya siyang napa-paused bago muling nagsalita. "That's the safety, Shia. That's the way out of this hell."

Naglakad ako sa tabi niya at pinagmasdan ang kanyang tinutukoy. Sa gitna ng mga nagtataasang puno sa gubat sa ibaba namin, ilang green na ilaw ang nakasindi. Matingkad. Patay sindi. A guide in the midst of the echoing darkness. Nandoon na kaya sina Gin? Nasecure na kaya nila ang mga puntos na hawak nila?

"Kaya mo ba ako dinala dito, Lucas?" tanong ko. Pilit kong ginawang mahinahon ang aking boses, walang emosyon. Pero alam kong kahit anong gawin niya, hindi ko makakayang magalit sa kanya. "Para makabalik sa kanila?" Humarap ako sa katabi ko. Ramdam ko ang hindi pantay na paghinga niya habang pareho kaming nakamasid sa sentro ng arena. "Akala ko hindi mo ako iiwan. Akala ko ba hangang sa huli magkasama tayo?"

Ramdam ko ang hangin na nagmumula sa dagat sa ibaba ng bangin kung nasaan kami. Nasa dulo kami ng isla, ng arena, sa pinakamataas na parte nito. At pinagmamasdan ang kabuuan ng empyernong nasa harapan namin. Naririnig ko ang paghampas ng alon sa naglalakihang bato sa ibaba, ang bilog na buwan, ang kagubatan kung saan kami nangaling, ang pangalan ng Hesperia sa itaas namin. Everything was enchantingly beautiful in the dark. How come hell could be this beautiful?

Dahan dahang umupo si Lucas sa damuhan. Tila ba pagod na pagod na siya. Bawat galaw niya ay nahihirapan at nanghihina. Am I selfish if I want to keep him? If I want to stay with him longer? Magiging makasarili ba ako kung ayaw ko pa siyang magpahinga?

"Alam kong darating ang araw na mangyayari ito, Shia." Lumingon ako sa kanya. "Darating tayo sa punto na kailangan mo ng umuwi kung saan ka nangaling." Nanatili ang tingin niya sa gitna ng arena.

"Noong nakita kita sa ilalim ng ulan, nakatingala at sinasalubong ang mga patak nito, yon ang pinakamagandang bagay na nakita ko sa arena. Mahal na mahal kita, Shia. Ikaw ang pinakamagandang nangyari sa akin. Salamat sa lahat ng sakripisyo na ginawa mo para sa akin."

Pinagmasdan niya ang mukha ko at ngumiti. Umupo ako sa tabi niya at wala akong nagawa kundi ang umiyak at manghina.

"You are now free, Shia."

Umiling ako. "Lucas, please..."

Gusto kong sabihin sa kanya ang lahat ng nararamdaman ko. Na hindi niya ako pwedeng ipagtabuyan nalang. Hindi siya pwedeng mawala sa akin. He was my foundation. I'm Shia Sheridan because of him. Hindi ko kayang mawala siya. Subalit wala akong magawa kundi ang magmakaawa.

"Lucas, please. Please, hwag kang mawawala sa akin." pagmamakaawa ko. Hinawakan ko ang kamay niya. "Pwede kong gamitin ang puntos na hawak ko. Magpagaling ka. Please. Kahit ilang oras lang. Hwag mo akong iiwan ng mag isa, Lucas."

Humigpit ang hawak niya sa mga kamay ko habang nakaharap parin sa gitna ng arena. "Kailangan ng grupo mo ang hawak mong puntos para makalabas kayo. Gamitin mo ang natitirang oras para bumalik sa kanila."

"No." Umiling ako. "Lucas, no!"

Naramdaman ko ang pagsandal niya sa balikat ko at ang pagbabaw ng kanyang paghinga. Para akong bata na umiiyak sa tabi niya, nagmamakaawa. "Lucas kaya mo pa naman hindi ba? Lucas, please kayanin mo. Nangako ka. Hindi mo ako iiwan hindi ba?"

Pero kahit sinasabi ko ang mga bagay na yon, ako mismo ay nanghihina dahil alam kong maaaring hindi niya na kaya. Na hinintay niya lamang ang pagkakataon na ito, ang madala ako dito, bago tuluyang magpahinga. Pinagmasdan ko ang dumudugong sugat sa dibdib niya. I can't lose him. I can't lose my best friend.

"Ipangako mo, Shia. Babalik ka sa kanila."

Humigpit ang hawak ko sa kanyang kamay nang marinig yon. Kung hindi ko ito hahawakan ay babagsak na lamang ito sa lupa sa kawalan ng buhay.

Nakita ko ang pag flicker ng score na natitira sa halos wala ng dugo na wrist niya. Nagbabadya na mabura.

"Lucas-"

"Ito ang huling hiling ko sayo, Shia." Pilit ko siyang pinagmasdan habang nakasandal siya sa balikat ko at pinagmamasdan ang arena sa ibaba. Gusto kong makita ang kanyang mukha.

"Gusto kong manalo ang Hesperia. Hindi ko man ito makikita, gusto kong kayo ang makakaligtas sa larong ito. Ipangako mo, Shia." Naramdaman ko ang bahagyang paglalim ng kanyang paghinga. "Hwag kang manatili dito. Gawin mo ang lahat para makabalik sa mga kasama mo."

"Umuwi ka na sa Hesperia."

Pinagmasdan ko si Lucas sa tabi ko. Si Lucas... ang best friend ko. Naalala ko ang lahat ng pagkakataon na nakasama ko siya. Ang kanyang halakhak, ang mga biro at pang aasar niya, ang nag aalala niyang mukha, ang boses niya na tinatawag ang pangalan ko at kumakanta ng Happy Birthday. Hindi ko kaya na hindi ko na kailanman ito maririnig o makikita.

Naramdaman ko ang pagkalas ng kanyang kamay mula sa mga palad ko. Humigpit ang hawak ko pero unti unti na siyang bumibitaw. Unti unti ng nagfa-fade ang numerong nasa wrist niya. Pinagmasdan niya ako- hinihintay ang aking sagot. Pinilit kong ngumiti kahit pa patuloy ang pag bagsak ng luha sa mga mata ko.

"Pangako, Lucas."

Pagkasabi ko nito, kumalma ang kanyang paghinga at isang marahang ngiti ang sumilay sa labi niya. Muli siyang humarap sa kabuuan ng arena habang nakasandal parin sa balikat ko at magkahawak ang kamay namin.

"Gusto ko ng magpahinga, Shia."

Pinilit ko ang sarili ko na kumalma at maging mahinahon sa tabi niya kahit pa unti unti na akong nawawasak.

"Hayaan mo na akong magpahinga."

Hinawakan ko ang kanyang mukha at hinalikan ang kanyang noo. Saka ko siya muling sinandal sa aking balikat. Pinagmasdan naming pareho ang arena sa ibaba. Naging banayad ang pag ihip ng hangin sa lugar kung nasaan kami. Naririnig ko ang paghampas ng alon di kalayuan sa amin.

"Mahal na mahal kita, Lucas. Magpahinga ka na."

At noong oras na yon, tuluyang pumikit ang kanyang mga mata at unti unting naglaho ang numero sa kanyang palad.

My best friend is gone. Lucas Tyler had fallen.

Chapter 47: Final Hit

Chapter 47: Final Hit

Hindi ko alam kung ilang oras na ang lumipas. Hindi ko magawang lumayo o umalis. Hindi ko kayang gumalaw man lang. Nanatili ako sa tabi niya. Kahit pa alam kong tuluyan ng nawala si Lucas. He's here beside me. But he's long gone. Hindi ko na maririnig pang muli ang tawa at ang boses niya na tinatawag ang pangalan ko. Everything he signifies is gone.

Gusto kong sumigaw. Gusto kong magwala. Gusto kong umiyak at isumpa ang lahat dahil sa nangyari sa natatanging taong natira sa akin. Subalit wala akong magawa kundi umupo at pagmasdan ang arena sa ibaba. I was alone. Lucas already left me. Ang daya. Bakit ang daya daya? Nangako kami na magiging magkasanga kami. Hangang sa huli. Walang iwanan. Ganito ba talaga? Kailangan kong maiwan ulit magisa? Kailangan kong bumalik sa panahon na hindi ko pa sila kilala?

Alam kong nangako ako. Babalik ako. Pero hindi na isang Shia ang babalik. I lost myself the moment I lost Lucas. Sirang sira na ako. Half of me died with Lucas and it was the best part. And the other half is bound to exist until my physical body dies. Ganoon naman hindi ba? There are certain incidents throughout a person's life that are more damaging than death

itself. These are the incidents that do not kill people but left them death inside for the rest of their lives.

Sinandal ko ang noo ko sa aking mga tuhod. Pinakiramdaman ko ang malamig na hangin na bumabalot sa paligid. Sinilip ko ang countdown na nasa wrist ko. Seven hours. Nakakatawa. I'm seven hours between life and death. Para akong mababaliw. Kaya kong manatili dito at hintayin na mangyari nalang ang lahat. Ang wipeout. I can die here with Lucas and I don't have to endure for the rest of my life.

I want to be a coward for once. Ayoko ng maging matapang at ipakita na kaya ko. Kasi hindi ko kaya. Kasi mahina talaga ako. At pagod na akong magpangap para protektahan ang sarili ko. Nagkukunwari akong matapang para hindi ako maliitin ng ibang tao dahil sa totoo lang ang liit ng tingin ko sa sarili ko. I'm not brave. I'm not selfless. I'm not strong enough to handle all of this. I'm not one to admire because beyond this armor of braveness, there's a kid who's been afraid all her life to be abandoned for the second time.

Pero kahit gaano ko pa gustuhin na tumakas. Hindi ko kayang sayangin ang sinakripisyo ni Lucas. Kahit gaano kasakit na namatay siya sa mga kamay ko, alam kong naging payapa ang huling mga sandali niya. Pinangako ko na tatapusin ang larong ito kahit wala na siya at tutuparin ko yon. Kahit pagod na pagod na ako. Kahit gusto ko ng magpahinga kasama niya. I know I need to face what lies ahead and continue to survive.

Bahagya akong pumikit at huminga ng malalim. Pinakiramdaman ko ang malamig na hangin ng madaling araw sa huling pagkakataon bago ako tuluyang tumayo. Maingat kong sinandal si Lucas sa isang malaking bato. Kinagat ko ang labi ko at pinilit na maging kalmado. Umupo ako sa harapan niya at pinagmasdan ang kanyang mukha. Winagayway ng hangin ang buhok ko, patuloy sa paghampas ang alon sa ibaba ng bangin, at nananatiling steady ang pangalan ng Hesperia sa gitna ng madilim na kalangitan.

"Iiwan na kita, Lucas." Pinahid ko ang luhang dumaosdos sa pisngi ko. "I know right now you are more than okay. And I really hope..." I smile beneath my tears. "I really hope I can be the same."

Tuluyan akong tumayo at nanatiling nakaharap sa kanya. "But I'm so empty I can't feel anything anymore. And I'm scared I will never be complete again." Huminga ako ng malalim at tinitigan siya sa huling pagkakataon. Hangang sa unti unti na akong humakbang paatras.

"Natatakot ako sa mundong dadatnan ko dahil wala ka na. But I'm going to be fine. I need to be brave, right? I'm Shia Sheridan." Pinahid kong muli ang aking mga luha. Gusto kong matawa dahil sa irony ng sitwasyon ko. "Okay lang ako." I said more to myself than to Lucas. "Okay lang ako."

Napatingin ako sa madilim na langit upang pigilan ang walang tigil na pangingilid ng luha ko. Tuluyan akong tumalikod kay Lucas at piniglan ang paghikbi ko gamit ang aking mga palad. Dahil alam kong sa pagtalikod kong ito hinding hindi ko na siya makikita kahit kailan.

"So long, Lucas."

Humakbang ako palayo sa kanya. Bawat tapak ko gumagawa ng distansya na kailanman hindi ko mababalikan. Hindi ako lumingon kahit gustong gusto ko. Dahil natatakot ako na baka hindi na ako umalis pa kapag nakita kong muli ang kanyang mukha.

--

06:41:09

Pinagmasdan ng ilang taong natitira sa Watch Room ang screen na nakafocus sa kalahok na si Shia Sheridan. Ngayon malinaw na sa lahat kung bakit ang dalawang taong nagmula sa magkabilang grupo ay magkasama sa natitirang oras bago ang wipeout.

May ilan na natahimik. May ilan na walang pakialam. Sanay na ang mga ito sa pagpapaalam na nakikita sa parehong screen sa mga nakalipas na taon. Ngunit hindi mapagkakaila na ang Linus Cup sa tao na ito ay isa sa mga pinaka hindi pangkaraniwan na nasaksihan nila.

Ilang tao na lamang ang natitira sa Watch Room. Karamihan sa mga importanteng opisyal ng Council ay wala sa malaking kwarto. Pero hindi

masasabing payapa at tahimik ang atmosphere. The air was filled with pressured silence. Bawat galaw ay may kasamang naiilang na tinginan at buntong hininga.

Ilang oras na ang nakalilipas nang magkagulo sa Watch Room dahil sa mga pinakamataas na opisyal ng Council. It was chaotic. Nakakatakot. Halos walang sino man ang naglakas ng loob na sirain ang tension na nabuo dahil sa mga nalaman nila mula sa arena. Ang nagkakagulong mga opisyal mula sa perpektong organisyon na namumuno sa kanila ay isa sa mga eksenang hindi nila gustong makita.

Subalit isang guro ang tumayo at sinira ang namumuong tension sa pagitan ng dalawang panig. It was Sir Apollo.

"Mukhang may maitutulong ako. Pero maaari ding wala."

Napalingon sa kanya ang mga opisyal na pinipilit maging mahinahon sa gitna ng kaguluhan sa pagitan ng Hesperia at Boran. Napalingon si Headmaster Grey kay Sir Apollo. Nagtataka kung bakit gugustuhing masangkot ng isa sa mga gurong nagtatrabaho sa Academy sa gulong ito.

"Ano nanaman ito?" asik ng Headmaster ng Boran nang makita ang pagtayo ni Sir Apollo. "Wala akong panahon sa biro ng mga tulad niyo. Pwede bang wala munang makikialam sa importanteng-"

"Makinig ka sa akin, tanda."

Halos matigilan ang lahat ng nasa Watch Room dahil sa sinabi ni Sir Apollo. Halos mapanganga dito si Principal Bins at maging si Teacher Aura. Tahimik naman na sumilay ang ngiti sa labi ni Headmaster Grey.

"Ikaw lang ang nagpapatagal ng usapan na ito. Nakikita mo ang mga batang nasa loob ng arena na yan?" Tinuro niya ang screen kung saan makikita ang mga natitirang kalahok sa laro. "Ginagawa nila ang lahat para mabuhay. Bilang isa sa mga tagapangasiwa, hindi ba dapat ikaw din? Estudyante mo ang isa sa mga batang yan. Ikaw ang mismong nag recruit kay Lucas Tyler. Siya nalang ang natitirang estudyante sa grupo mo. Bakit hindi mo siya

maipagtangol? Ganoon nalang ba ang kagustuhan mong ipagpatuloy ang laro para siguraduhin na hindi makakaalis ang sino man sa kanila?"

Mariin siyang pinagmasdan ng Headmaster ng Boran. "Isa ka lamang guro kaya mag ingat ka sa mga sinasabi mo."

"Tanda," ulit ni Sir Apollo dahilan para mas lalong mang galaiti sa galit ang Headmaster ng Boran. "Isa akong guro kaya hindi ako papayag na masayang ang buhay ng mga estudyante ko dahil sa isang tulad mo. May tiwala ako sa kanila pero wala akong tiwala sa tulad mo. Kung sa tingin mo kawalan ng respeto sa mga namatayan ang ipatigil ang larong ito, ito ang sasabihin ko sayo, tanda." mariin na sinabi ni Sir Apollo. "Madaming importanteng bagay na ang kinuha sa akin ng larong ito at wala ng mas nakakabastos pa sa alaala ng mga taong namatay dito kundi ang pagamit mo sa Linus Cup para sa sarili mong kagustuhan na itago ang baho mo. Kaya kong totoong wala kang oras sa mga biro, hayaan mong malaman nila kung anong kinalaman mo sa krimen na nangyari labing tatlong taon na ang nakararaan. Hindi ka dapat mangamba kung wala kang kinalaman, hindi ba tanda?"

Hangang ngayon, napapailing parin si Miss Aura kapag naaalala ang nangyari ilang oras na ang nakararaan. Hindi niya mapigilan na mailing at mapangiti ng bahagya. Alam niyang maaaring maging dahilan ng pagkasira ng propesyon ni Sir Apollo ang ginawa nito. Pakikialam sa usapan ng Council. Pambabatos sa isa sa mga opisyal. Subalit hindi na siya nagtataka na kayang gawin yon ni Sir Apollo nang walang alinlangan.

Apollo was always been the risk taker. Laging curious at may gustong subukan. Noong magkakasama pa silang tatlo ng kapatid niya, bago mangyari ang Linus Cup at mga estudyante pa sila, si Apollo lagi ang pasimuno sa mga kalokohan. Siya ang nagpaplano kung paano lalabas sa Academy sa gitna ng gabi, paano makakapunta sa pinagbabawal na mga chamber sa kastilyo, minsan siya ang gumawa ng plano kung paano makuha ang answer sheet sa office ng isa sa mga kinatatakutang guro para makapasa ang buong klase.

No one suspected of him. Even the teachers. Matalino siya. Tahimik. Kadalasan nasa sulok lang, nakaupo at gumagawa ng calculations at plano

para sa mga traps at puzzles na ginagamitan ng ability niya. Malaki ang tiwala sa kanya ng mga guro. Ang hindi nila alam ay siya ang pasimuno ng halos lahat ng kalokohan. Tatlo sila noon. Kasama ang kanyang kapatid na si Calum, halos hindi sila mapaghiwalay. Ang tagaplano ay si Apollo, kasama niya si Calum na isasagawa ang plano, at si Aura na dating Head Girl ang tagasaway sa kanila, madalas naghahabulan sa buong kastilyo para lang mahuli sila.

Ngayon wala na si Calum. Nagbago ang lahat matapos ang Linus Cup kung saan namatay ang kapatid niya. Ngayon niya lamang ulit nakita na nagbalik nang ganoon ang Apollo na nakilala niya sampong taon na ang nakalipas. Napangiti si Miss Aura. It was bittersweet to be reminded of the times where the world hadn't wrecked them yet.

Dahil sa lumalaking kaguluhan, napagpasyahan ng Council na lumabas sa Watch Room at tuluyang harapin ang problemang ito. Noong mga oras na yon ay may dumating ng mga taga bantay para siguraduhin na magiging maayos ang lahat. Kasama din doon si Sir Apollo. Pero may isang bagay parin silang hindi pinayagang mangyari hangang hindi formal na napapatunayan ang pagkakasangkot ng Headmaster ng Boran sa insidente. The countdown. Patuloy parin ang countdown.

Anim na oras na lamang ang natitira. Nawala na si Lucas. Tuluyan ng naging tuwid na linya ang monitor na nagsisilbing buhay niya. Hindi mapigilan na maluha si Miss Aura habang pinapanood ang nangyayari sa arena. Halos takpan niya ang kanyang bibig dahil sa lungkot na nararamdaman.

Pero hindi na nabigla dito ang mga nasa Watch Room. Kitang kita nila ang estado ni Lucas Tyler sa loob ng mga nakalipas na araw. Hindi nila inaasahan na magtatagal pa siya ng ganoon. Noong nagkita sila habang umuulan sa arena, halos hindi na magawang tumayo ng maayos ni Lucas. Kasama ng ulan ay dumadaloy ang kanyang dugo mula sa mga sugat niya. Subalit nagawa niya pang makipag usap kay Shia habang tinitiis ang mga ito, nagawa niyang umakyat sa pinakamataas na bahagi ng arena kahit bawat tapak ay halos hindi na niya kaya. The people watching are just waiting for it to end. Dahil maging sila ay naaawa na sa kalagayan ni Lucas. Kaya noong nakita nilang payapa itong nagpahinga nang may ngiti sa

kanyang labi, kahit si Miss Aura na hindi kilala si Lucas ay tahimik na nagpasalamat sa lahat ng nagawa niya sa larong ito.

Pero may isang bagay na higit na pinangangambahan si Miss Aura. Ang epekto ng nangyari kay Shia. Natatakot siya sa estado ni Shia sa mga oras na ito. Nakita ng dalawang mata niya kung paano halos mawasak ito dahil sa nangyari. Sa lahat ng mga estudyanteng hinawakan niya, ngayon lamang siya nakakilala ng estudyanteng hindi niya alam kung ano ang susunod na gagawin. Nakakatakot ang takbo ng isip nito. Magluluksa ba siya? Magagalit? Ano ang susunod niyang gagawin?

Sa loob ng halos dalawang oras nanatili ito sa tabi ni Lucas. Kaya bahagya siyang nabigla nang makitang tumayo ito. Kapansin pansin sa mga mata nito ang kawalan ng sigla o ano mang expression. May isang bagay na tila ba nawala kay Shia noong tuluyang nawala si Lucas. Umiiyak ito pero walang ano mang emosyon na makikita sa kanyang mata. Tears are falling from her eyes pero automatic lamang itong pinapahid ni Shia. Bawat galaw ay tila hindi niya namamalayan na ginagawa niya. At ito ang mas pinagaalala ni Miss Aura. Shia Sheridan is too broken to know what is happening around her. She's currently an empty body without a soul.

Anim na oras. Makakabalik ba siya sa loob ng anim na oras? Matatapos ba ang usapan ng Council sa loob ng anim na oras? Mangyayari ba ang wipeout? Napakaliit na panahon. Subalit napakarami ang pwedeng mangyari. Kung hindi makakabalik agad ang Council siguradong hindi mapigigilan ang wipeout. At hindi mapigilan na mangamba ni Miss Aura kung makakaligtas ba talaga si Shia Sheridan sa larong ito.

Tension slowly rises inside the Watch Room. Bawat segundong lumilipas nagiging apprehensive ang mga tao. Familiar na eksena na ito para kay Miss Aura. Sa loob ng ilang beses niyang pagsaksi sa pagtatapos ng Linus Cup hindi na bago sa kanya ang pakiramdam na ito. She's waiting for it to happen- everyone is waiting for all of it to end para matapos na ang paghihirap nila at maaari na silang bumalik sa kanya kanya nilang buhay. Pero iba ang laro sa taong ito para kay Miss Aura.

Pinagmasdan niyang muli ang monitor na nakafocus kay Shia Sheridan. Nasa pinakamataas na parte parin ito ng arena malapit sa bangin. Tuluyan

na niyang iniwan si Lucas at ngayon ay papunta na siya sa gitna ng arena. Tila bawat apak niya ay wala sa sarili. Hindi siya aware sa nangyayari sa kanyang paligid.

Shia, kayanin mo. Tahimik na dasal ni Miss Aura. Konti nalang. Ipagtuloy mo lang pakiusap. Makakarating ka sa kanila. Hwag kang gagawa ng ano mang bagay na makakasira sa pinangako mo.

Ngunit halos matigilan si Miss Aura nang mapansin ang isang bagay. Halos mawalan siya ng hininga. Bumaling siya sa isang monitor ng ibang grupo at muling binalik ang tingin sa monitor na nakalaan kay Shia. Napailing siya. Hindi makapaniwala.

Hindi. Hwag ngayon. Hindi niya pa kaya.

Pinagmasdan niya ang lalakeng nakamasid kay Shia mula sa likod ng mga punong nasa kagubatan. Shia is walking on the grassy space between the cliff and the dark forest. Unti unting lumabas ang lalake sa kagubatan, bawat galaw niya ay maingat habang nakatitig kay Shia. Ang Team Captain ng Dione.

She's too broken right now. She can't take another blow. Hindi niya ito kakayanin.

Napatingin si Miss Aura sa mga monitor ng iba pang member ng Hesperia. Halos nasa gitna na sila ng arena, halos nakikita na ni Victoria ang cartridge kung saan dapat isecure ang points na hawak niya. Magkasama na si Ethan at Cain kahit pa matindi silang sugatan. Konti nalang ay makakarating na si Luna sa dalawa na pinakamalapit sa kanya.

Bumaling si Miss Aura sa monitor ni Gin. Ang natatanging tao na palayo sa gitna ng arena. Sugatan ito matapos halos wasakin ang lahat ng madaanan niya. Lahat ng pahinga at gamot na ginawa ni Luna ay tuluyang nawalan ng silbi nang malaman niyang umalis si Shia.

Bumaling si Miss Aura sa monitor ni Shia. Nagpabalik balik ang tingin niya sa monitor ni Gin at Shia. Sinubukan niyang kalkulahin ang distansya sa pagitan ng dalawa. Halos manghina siya.

Makakaabot ba siya? Hindi ba mahuhuli ang lahat?

Hindi niya alam kung ano ang magiging kahihinatnan ng pangyayaring ito sa loob ng halos limang oras na natitira. At maaaring dito matatapos ang lahat. Pinagmasdan niya si Gin.

Pakiusap, Gin. Umabot ka.

Author's Note:

Two chapters to go. Thank you for reading Titan Academy! I'm really overwhelmed by your response in the previous chapter. Thank you for your immense love for Lucas Tyler.

But be reminded that the Linus Cup is not yet over. No one is still safe.

By the way to all the silent readers that are not so silent anymore (ahem) thank you! And to the readers who's been with me through the ups and downs of this story, specially your comments and messages, wow guys. You're one heck of awesomeness!

I hope to see you until the last chapters. You can also tweet me your comments @avery_WP and I stalk (lol) the hashtag #TitanAcademy. It's really fun talking with you guys here.

Stay awesome!

@april_avery

Chapter 48: Death Fall

Chapter 48: Death Fall

Halos limang oras na lamang ang natitira. Nasa pinakamataas na parte ako ng arena. Wala akong pakialam kung saan ako dadalhin ng aking mga paa. All I know is I'm heading at the center. To safety. To home. Gusto kong isipin ang ilang bagay. Gusto kong isipin ang mga babalikan ko. I tried hard to remind myself of the things I can look forward to. Pero walang ano mang

pumapasok sa isip ko. Even my tears already stopped from falling. Maybe I'm tired, maybe I'm empty, maybe I'm broken, I'm everything at once.

I'm moving forward though I don't know what lies ahead. Bumalot ang katahimikan ng paligid habang naglalakad ako. Tila maging ang natural na tunog ng paligid ay nakalimutan ko na. All my senses withdraw from hurting too much, feeling those destructive emotions all at once. Noong una akala ko wala na akong ibang mararamdaman pa. Empty silence envelops me like a warm blanket in the midst of the freezing sea air. Naging kalmado ang lahat habang naglalakad ako. Maybe I'm calm because I'm already dead inside. You can't break what's already broken. There's nothing that can shake me anymore. And I'm walking without direction for the sake of ending this shit.

05:13:01

Isang bagay ang nakapagpatigil sa paglalakad ko. Isang familiar na pakiramdam ang bumalot sa akin. My feet automatically halted from taking another step on the grassy cliff. Ini-angat ko ang paningin ko at walang emosyon na pinagmasdan ko ang kagubatan sa harapan ko.

Danger. My senses warn me. There's danger. Hindi ko alam kung bakit pero noong oras na yon sa halip na matakot gusto kong matawa. Ngayon pa ba ako matatakot sa kamatayan kung halos pinakiusapan ko na itong kunin ako? I laid my expressionless eyes on the surrounding. May kasama ako sa bangin na ito. My senses are still in a hazy and chaotic state but it was enough to tell me that someone few meters from me is breathing and alive.

Hindi ako umalis sa kinatatayuan ko. Wala akong hawak kundi ang dagger na nasa beywang ko bilang weapon. Kung sino man ito, maaari niya akong sugurin kung gugustuhin niya. Wala akong maaaring pagtaguan sa open area na ito. Ano pang hinihintay niya?

Naramdaman ko ang mga mata niyang nakatingin sa akin. My mind warns me to be alert. It's telling my body to move. Pero hindi na kaya ng katawan ko na gumalaw maliban sa paglalakad. Every move other than that requires too much effort that my body's immediate reaction is to shut down. Everything is hazy. Umiikot ba ang paligid? Hindi ko alam.

Naramdaman ko ang pag tapak ng taong yon sa mga tuyong dahon sa lupa. Napalingon ako sa kanyang direction. A pair of eyes met me in the dark. Unti unti siyang tumapak palayo sa kagubatan at palapit sa open area kung saan ako nakatayo. Mula sa liwanag ng buwan sa itaas, nakita ko ang logo sa uniform na suot niya. Green. Dione.

Pinagmasdan ako ng lalake. Ilang hakbang ang layo namin mula sa isa't isa. May kakaibang expression sa kanyang mga mata. Napansin ko ang bahid ng amusement dito. Hindi niya inaasahan na malalaman ko kung nasaan siya. He reminds me of someone. The way he stands, his broad shoulder, the way his jaw clenched as he assessed me. Gin. He reminds me of Gin.

Pumasok sa isip ko ang imahe ng Gin. Pero agad din itong nawala. Pinagmasdan ko ang lalakeng nasa harapan ko, may clean cut na buhok at may pilat sa gitna ng kanyang kaliwang kilay. His confident stride, his calculated movement, his piercing stare. I've never face a Team Captain before. But I'm pretty sure at this moment, I'm staring at one.

Dumako ang paningin niya sa gray na logo na natitira sa damit ko. A millisecond of reaction crossed his face. Bahagya siyang napatango, seems like he's taking the information in.

"Mukhang isa ka sa kailangan kong iligpit para kami na ang manguna."

Malalim at puno ng autoridad ang kanyang boses. Tinitigan niya ako.

"You don't even look fit for battle anymore."

Sinalubong ko ang titig niya nang wala ano mang pangamba. Ano pa ba nga ba ang kinatatakutan ko? Kamatayan? Isang mahinang tawa ang kumawala sa bibig ko. Mababaw at halos walang buhay na tawa. Nabigla siya sa reaction ko. For a moment tinitigan niya lamang ako. Saka siya tila natawa.

"Seems like you already lose your shit." sinabi niya. "Magsasayang lang ako ng oras kapag nagtagal pa ako dito."

A weird expression flashed on his face. Hangang sa isang kakaibang bagay ang naramdaman ko. Akala ko dahil lamang ito sa pagkahilo o panghihina

ng aking katawan. Hindi ako nakagalaw. Nabalutan ng matigas na bagay ang katawan ko. Suddenly my body was suspended in the air.

Napangiti ang lalake nang makita ang epekto ng ability niya sa katawan ko. Naramdaman ko na ito dati. Sa kapatid ni Gin na si Priam. Pero hindi sila mukhang pareho. I can still think clearly. Hindi nagbago ang paghinga ko hindi tulad noong ginamitan ako ni Priam ng kanyang ability. Minsan lamang sa bawat generasyon ang mga illegal ability tulad ng kay Priam o kay Gin. This is not advanced stasis. This is different.

Humalukipkip ang taong yon habang pinagmamasdan ako, tila nanonood ng isang show. Maya maya pa bumaba ang tingin niya sa dagger na nasa beywang ko. A strange glint flashed in his piercing black eyes. Unti unti kong naramdaman ang pagalaw ng sarili kong mga kamay. Bumaba ang tingin ko dito. Gumagalaw ito nang kusa, nang hindi ko nako-control. My body remained suspended and the only part moving is my hand.

Pinagmasdan ko ang sarili kong kamay na ngayon ay hawak na ang dagger. Iniangat ko ito na tila in-examine ang talim nito. Sinubukan kong pigilan ang pag galaw ng kamay ko. Ayokong may ibang taong komokontrol sa katawan ko. Pero nagpatuloy lamang ito sa pag galaw. Hindi lamang body suspension ang hawak ng taong nasa harapan ko. It was body control. Ang ability na kahinaan ng sino man na umaasa sa physical na kakayahan tulad ko.

Tinapat ng kamay ko ang talim ng blade sa sarili kong dibdib. Ngayon ay alam ko na ang gusto niyang mangyari. Gusto niyang mamatay ako sa sarili kong mga kamay. Hindi ko alam kung may emosyon pang bumalot sa akin noong marealize ko ang nangyayari. Nakakatawa lang dahil akala ko hinarap ko na ang pinakamababang parte ng pagkatao ko. But right at this goddamn moment, I'm facing one of my weakest points.

"Seems like even your emotions scampered in fear."

Nag angat ako ng tingin para titigan siya sa kanyang mga mata. Kung may emosyon man na makikita sa akin, yon ay galit. My eyes are full of hatred, of disgust, of everything all at once. I did everything to stay alive up to this moment. But reality is a bitch.

"I don't have much time to waste." he sneered. "Any last words?"

Pinag aralan niya ako, mula sa mga mata kong nakatitig sa talim ng dagger na nasa aking dibdib hangang sa kamay kong nasa ilalim ng kanyang control. Naramdaman kong mas bumaon ang talim ng dagger sa aking dibdib. This scene is too familiar. Ginawa ko na ito dati. Sinaksak ko na ang sarili ko nang walang alinlangan. Will I be able to do it again? Will I die in my own hands? Would I really care on what way I will die? Kung may isang bagay man na alam ko, yon ay kahit anong gawin ko hindi ko na ito matatakasan.

"None?"

Hindi ako nagsalita. Just goddamn do it. You want to kill me? Fucking bring it!

Bahagya siyang natigilan nang makita ang expression sa mga mata ko. Napangiti siya. Napailing.

"Ah, the souless expression in your eyes is too fascinating."

Sa unang pagkakataon mula noong nagkaharap kami, humakbang siya at mas lumapit sa akin. Lalong tumindi ang pagkaka-suspend ng aking katawan sa ere. Hinawakan niya ang kamay kong may hawak ng dagger at dahan dahan itong binaba. My body flinched with his touch. Nawala ang matulis na talim ng dagger mula sa pagkakadikit sa dibdib ko. Mas lalo siyang lumapit sa akin hangang sa isang dipa na lamang ang layo namin sa isa't isa. I can feel his warm breathe. Bigla niyang inabot ang chin ko at tinitigan ako sa mga mata.

"Why don't we play a game?" Tinitigan ko lamang siya. "It seems like you hate this world enough to doesn't give a damn if you die or not. I guarantee you; I hate this fucking world as much as you do. The only difference is... only one of us can live and that would be me."

Kumurba sa kanyang labi ang isang ngisi. "That's why I will make you choose." Nag lean siya sa side ko para bumulong. Hindi ko gustong ang mga pinagsasabi niya. Kailanman hindi ako magiging katulad niya.

"Die in your own hands or a death fall."

Sa huling mga salitang sinabi niya, bigla kong naramdaman ang muling pag galaw ng aking katawan- ng aking mga paa. Humakbang ako palayo sa kanya. At kahit yon mismo ang gusto kong gawin, ang pag galaw na yon ay hindi ko kontrolado. Isang hakbang ang muli kong ginawa. Hangang sa sinundan pa ito ng isa. Unti unti ay nakalayo ako sa kanya. Naramdaman ko ang pagbabago ng lupang tinatapakan ko habang paatras ako palayo. The dagger is still in my unmoving hand.

Unti unting naging malinaw sa akin ang isang kakaibang tunog. Habang umaatras ako ay tila mas lumalakas ito. Ang damuhan na tinatapakan ko kanina ay unti unting nagiging mabatong lupa. Maging ang hangin ay tila lumakas at marahas nitong winawagway ang aking buhok. The wind started howling around me. Nangaling sa isang malalim na lugar. Halos mawalan ako ng balanse nang matapakan ko ang ilang maliliit na bato sa lupa. Behind me, the sound of angry waves crushing against rocks and heavy boulders fills my ear. Unti unting naging malinaw sa akin ang lahat. I'm heading to the edge of the cliff.

Bigla akong huminto. Pinahinto niya ako. From the corners of my eyes I can see the edge of the cliff on my back- three steps away from where I stand. Maging ang katawan ko ay tila nag se-sway dahil sa position ko sa mga oras na ito. Maingay ang hangin. Maingay ang dagat. Pinupuno ng tunog nito ang pandinig ko. Nakakabingi. Bumaling ako sa kanya. Naglakad siya papunta sa akin. He was as if mimicking my every step. Nakataas ang kanyang may pilat na kilay.

"So, what's your choice?" tanong niya. "Dead in your own hands or..." sumilip siya sa ibaba ng bangin na nasa likod ko. "A death fall?"

Hindi ako sumagot. Ayoko itong sagutin. Ayokong mangaling sa akin ang bagay na ito. Tinap niya ang sapatos sa batuhang lupa. "I'm waiting."

Pinagmasdan ko ang sentro ng arena sa kaliwang parte kung saan kami nakatayo. Patuloy sa pag patay sindi ang mga berdeng ilaw doon. Safety. Halos apat na oras nalang. Ano mang oras ay sisikat na ang araw at

mawawala ang kadilimang bumabalot sa amin. Matatapos na ang lahat ng ito.

"Ayaw mong pumili?"

Hindi parin ako sumagot. Naramdaman ko ang muling paggalaw ng aking mga paa. Tila isang puppet. Kahit anong pilit ko ay wala akong magawa. I plead my body to fight against it- to fight against the control. But the more I struggle from the restrain, the heavier the degree of control set in my body.

Para kong pinapanood ang katawan ko nang gumalaw ito at unti unting humarap sa dagat. Dahan dahan akong tumalikod mula sa arena at nasilayan ang walang katapusang kadiliman sa harapan ko. Marahas na hangin ang bumungad sa aking mukha, making my hair wave like curtain on my back. Nagreflect ang buwan sa mala silver na tubig.

"Ang ganda, hindi ba?"

I flinched when I heard his voice too close from my ear. Ramdam ko ang katawan niyang halos madikit sa likod ko. Derecho ang tingin ko sa dagat habang binabalutan ako ng malamig na hangin nito. And again, I find my mind pleading my body to fight against it. Pero alam kong... wala na akong magagawa. Every ability has a weakness and I'm facing mine right now.

"Kung hindi ka mamimili, ako na ang pipili para sayo."

Naramdaman ko na bahagya siyang lumayo mula sa akin. Gumagawa ng distansya bago niya isagawa ang kanyang napili. Nanatili ako sa dulo ng bangin, tatlong hakbang mula sa tuluyang pagkahulog. Binitawan ng kamay ko ang dagger at tuluyan itong nahulog sa lupa sa tabi ko. Kung ganoon may napili na siya. Muli kong naramdaman ang pag galaw ng aking mga paa.

Don't do it. Please don't do it. Do not take another step. My feet started trembling because of the altitude and the retrain. Hindi ko gustong tingnan ang nasa ibaba ko. I don't know if I'm going to instantly die the moment I hit the water. O tatama ako sa batuhan. Hindi ko alam. Ginawa ko ang lahat para manatili ang tingin ko sa harapan, sa madilim na dagat.

Mula sa malayo nakikita ko ang maliit na guhit ng liwanag sa gitna ng kadiliman. Ngayon ang araw ng wipeout. Ngayon matatapos ang lahat. Dahan dahan akong humakbang ng isa. At ng isa pa. Tila pinaglalaruan niya ako, hinihintay na magmakaawa ako sa kanya habang tinatahak ko ang tatlong nalalabing mga hakbang. Pero hindi ko kailanman gagawin yon. Hinding hindi ako magmamakaawa. I took the final step. The moment my feet hit the remaining ground, a wave of shiver runs through my body.

Napatingin ako sa ibaba ko. Kalahati na lamang ng paa ko ang nakatapak sa lupa. Ilang metro sa ibaba ko ay ang batuhan, ang dagat- ang pagkahulog. Akala ko wala na akong ikakawasak pa, pero unti unti kong naramdaman ang panghihina... ang takot. Iniangat ko ang tingin ko sa pangalan ng Hesperia sa gitna ng madilim na langit. Naalala ko ang pagkakataon na nahawakan ko ito sa palad ko. Until a wave of memories crashed through me.

"Shia, ipangako mo."

"Wala pang ilang oras na nagsasama ang buong grupo nagka spark na agad!"

"Shia, magkikita pa tayo hindi ba?"

"Jane Elizabeth, my daughter."

"Will I still see you after the game?"

"The best team."

Isang hindi inaasahan na luha ang dumaosdos sa aking pisngi. Isang luha na hindi ko akalain na kaya ko pang ibigay matapos ang lahat ng mga nangyari. Hangang sa naging tuloy tuloy ang mga ito. Hangang sa nanghihina na ako at hindi makahinga. Pinagmasdan kong muli ang madilim na dagat sa harapan ko. Muling bumalik sa akin ang bawat bagay na akala ko ay tuluyan ko ng kinalimutan. Pumikit ako nang maramdaman ang pag galaw ng aking mga paa para tuluyang umapak sa kawalan.

Gusto ko... Pumikit ako nang mariin at naalala ko sila. Gusto ko pang mabuhay.

Naramdaman ko ang pagtapak ko sa kawalan. Una ang kanang paa hangang sa sinundan ng pangalawa, hangang sa tuluyang nawalan ng hangin ang aking dibdib. Pumikit ako, mariin. Ngunit isang kakaibang bagay ang nangyari.

Isang kamay ang humawak sa kamay ko, mahigpit, preventing myself from the immediate fall. Binuksan ko ang mga mata ko at nakita sa ibaba ko ang naglalakihang alon at mga bato. A piece of rock from the surface fall from the sudden movement at agad itong nahulog sa tubig.

Iniangat ko ang paningin ko sa kamay na nakahawak sa braso ko. May kung anong kulay itim na mga sugat dito- tila dumudugo ng itim na tinta. Tuluyan kong pinagmasdan ang mukha ng taong hawak ang mga kamay ko. Nakasampa ang isang palad niya sa lupa habang ang isa ay mahigpit na nakahawak sa akin, bahagyang nanginginig na tila natatakot na sa isang maling galaw ay tuluyan akong bumitaw at mahulog.

Dumaloy ang itim na bagay- tila pinaghalong tinta at dugo- mula sa kamay niya papunta sa braso ko. Ramdam ko ang pagpintig ng kanyang pulso, ang kanyang malalim at sunod sunod na paghinga. Pinagmasdan ko ang mga mata niyang nakatitig sa akin. His familiar dark piercing eyes. Naghahalo ang mga emosyon dito, takot, pagod, at nakikiusap.

"Shia..."

Narinig kong muli ang boses niya. At hindi ko alam kung bakit pero tuluyan akong nanghina. Mas lalong tumindi ang luha sa aking mga mata. Gin.

"Don't let go."

Chapter 49: Memories

Chapter 49: Memories

Pinagmasdan ko ang mukha ni Gin habang mataman siyang nakatitig sa akin. Madaming tanong ang pumasok sa aking isip. Naguguluhan ako, natatakot, at nagpapanic all at the same time. Halos hindi ko matingnan ang kamay niyang nakahawak sa akin dahil sa labis na pinsala dito. Paano niya ako nahanap? Dapat ay nasa sentro na siya ng arena sa mga oras na ito. Mahigpit ang pagkakahawak niya sa akin at nakikita ko sa kanyang expression na labis siyang nasasaktan.

"Aah, the Team Captain came to save his member."

Halos mawalan ako ng hininga nang muling marinig ang boses na yon. Ang Team Captain ng Dione. Walang naging emosyon si Gin. Tila hindi ito naapektuhan sa presensya ng taong ito. Nanatili siyang nakatitig sa akin- nakafocus sa akin. Natatakot na baka bigla niya akong mabitawa dahil sa isang maling galaw niya. Mula sa kanyang braso ay dumadaloy ang dugo mula sa kanyang mga sugat papunta sa kamay kong hawak niya. Ito ang tanging dahilan kaya hindi pa ako tuluyang nahuhulog.

Ramdam ko ang malamig na hangin na halos tumatagos sa aking buto. Nanginginig ako dahil takot at sa kalalukuyan naming position. Bahagya akong napatingin sa ibaba. Marahas na humahampas ang mga alon sa naglalakihang mga bato. Pilit akong huminga ng malalim para pakalmahin ang sarili ko. Subalit tanging malamig na hangin ang pumapasok sa aking lalamunan.

"Akala ko hindi ka makakaabot. Sayang naman ang plano ko."

Natigilan ako dahil sa sinabi ng Team Captan ng Dione. Anong ibig niyang sabihin? Lumapit ito sa amin. Pero hindi siya tuluyang nakalapit dahil sa ability ni Gin na pinalilibutan ang lugar kung nasaan kami. Mukhang inilabas niya yon noong niligtas niya ako para maiwasang makalapit ang Team Captain ng Dione. Pinagmasdan nito ang ability ni Gin.

"The cursed ability. How fascinating. Hindi na nakapagtataka na kayo ang nangunguna."

I stared at Gin's face, desperate for answers. Ano bang sinasabi niya? Ano yong planong tinutukoy niya? Tinitigan ako ni Gin noong makita ang

naguguluhang expression sa mukha ko.

"Focus on not letting go." tanging sinabi niya. Pero hindi. Alam kong may mali.

May plano ang Team Captain ng Dione. Nakikita ko yon sa mga mata niya. Tila inaasahan niya ang pagdating ni Gin. Pero bakit?

"Inaasahan ko na makakaharap kita. Alam kong isa ang grupo mo sa matitira."

Naguguluhan ako. Hindi ko alam ang nangyayari.

"Pinagaralan ko ang ability mo at alam kong kalahati lamang ng katawan mo ang kayang apektuhan ng ability ko. The same way a deceiver or any manipulation or controlling technique affects you."

Natigilan ako sa kanyang sinabi. Tama siya. Ang mga ability tulad ng manipulation, illusion, o control, ay isang tao lang ang kayang isailalim. Maaari itong ilipat pero hindi mapagsasabay ang dalawa o higit pang katawan. Only the people in the higher level or the people already working for organizations can do that high degree of magic.

Unti unting nagsink in sa akin ang sitwasyon. Ang ability ni Gin ay may sariling buhay. It's an ability that demands to have a life of its own. And Gin's body is a container of an ability that needs to be controlled and sealed. Controlling Gin means controlling two individual beings. Pero dahil isa lamang ang kaya niyang kontrolin, kalahati lamang ng katawan ni Gin ang maaaring mapasailalim sa kanyang ability.

Pero paano niya nalaman ang lahat ng ito? Information like this is supposed to be confidential. Pinagmasdan ko si Gin subalit walang pagbabago sa kanyang expression. Sa mundong ginagalawan niya ay tila inaasahan na niya ito. Ang makaharap ang mga taong gugustuhing matalo ang isang tulad niya.

"Sinabi ng aking Ama na wala akong laban sa isang tulad mo." isang mapait na halakhak ang narinig mula sa Team Captain ng Dione. "Ang grupo na

aking pinamumunuan ang puputol sa magkakasunod na panalo ng aming bayan dahil mahihirapan ako. Yon ang sinabi sa akin."

Tila nagbago ang expression ng Team Captain ng Dione. Napangiti siya- isang nakakaloko at makapag tindig balahibong ngiti. "Pero kita mo nga naman. Ang taong inaakala kong makakatalo sa akin ay dinala ang mismong kahinaan sa arena na ito." Bumaling siya sa akin at ngumiti.

"You brought a gun to use in your own death."

Hindi ako nakapagsalita. Pakiramdam ko biglang tumigil ang lahat at bumalot ang katahimikan sa akin. Kung ganoon... alam niya. Alam niyang may namamagitan sa amin ni Gin. And he is using me as a bait. Pinagmasdan ko si Gin na ngayon ay nakatitig na sa akin. Gusto ko siyang tanungin. Tama ba ako, Gin? Kaya ba wala kang reaction sa lahat ng sinasabi niya? Kaya ba hindi mo masagot ang tanong na gusto kong iparating?

Nahirapan akong huminga. Pakiramdam ko nangyari ang isa sa mga kinakatakot ko. Ngayon ay naiintindihan ko na. The Team Captain of Dione planned it. Alam niyang darating si Gin para iligtas ako. Hinintay niya ito at nagawa niya pang paglaruan ang aking kamatayan. Because all this time si Gin ang target niya.

"Sayang lamang at wala na akong oras para patagalin pa ang lahat ng ito." Napansin ko na napatingin ito sa kanyang wrist. Tatlong oras. Halos tatlong oras na lamang ang meron kami. "Kailangan ko ng tapusin ito."

Unti unti kong naramdaman ang pagkawala ng control niya sa akin. Nawala ang paninigas ng aking katawan mula sa aking mga paa hangang sa dulo ng aking mga daliri. Muli kong naramdaman ang pag galaw ng aking katawan. Ngunit sa halip na matuwa ay matinding takot ang bumalot sa akin. Agad akong bumaling kay Gin. Nanlamig ako nang makita ang pag galaw ng isa niyang kamay na nakalapat sa mabatong lupa.

"Gin, what's happening?" tanong ko.

Pinagmasdan niya lamang ako. "It's nothing. I'm okay." he tried to assure me. Pero hindi. Alam kong hindi!

Nakita ko ang kanyang kamay na tila may hinahanap sa lupa. Hangang sa bigla itong tumigil at may inabot. Napatitig ako dito. Tuluyan akong nawalan ng hininga nang makita ang kanyang hawak. Hawak niya ang dagger. Ang dagger na binitawan ko kanina. Hindi. Hindi pwedeng mangyari ito. Nanghihina na ako at halos hindi na makahinga dahil sa nakikita ko. Lalo na noong unti unting tinapat ni Gin ang talim ng dagger sa kanyang puso.

Napangiti ang Team Captain ng Dione sa nakikita.

"Ginamit mo ang kanang parte ng katawan mo kung saan kadalasang lumalabas ang iyong ability para iligtas siya. Dahil alam mong ito ang bahagi na hindi ko kayang ma-control. Pero ito din ang dahilan kung bakit hindi mo magamit ang ability mo para lumaban tama ba? Dahil maaari siyang madamay."

Hindi ko na alam ang gagawin. Alam nitong hangang hawak ko si Gin ay hindi niya magagamit ang ability niya. Ito ang eksaktong plano ng Team Captain ng Dione. Napakadali para sa kanya na utusan akong bumitaw. Pero hindi niya ito gagawin dahil kailangan niya ako. He made half of Gin's body occupied so he can freely control the other half. Unti unting napapadaing si Gin dahil sa talim ng dagger na bumabaon sa kanyang dibdib. Wala akong magawa.

Alam kong gusto niyang lumaban. Nakikita ko yon sa mga mata niya. Kung malaya lamang sana siyang nakakagalaw. Kung magagamit niya lamang ang ability niya nang hindi ako nadadamay. Kung hindi niya lamang ako hawak. Nagsimulang pumatak ang dugo mula sa dibdib niya. Hangang sa pumatak ito sa aking pisngi habang nakatingala ako sa kanya.

"Gin..."

Pilit siyang ngumiti habang tinititigan ako. "Everything will be fine."

Namuo ang luha sa aking mga mata dahil sa kanyang sinabi. Nothing is fine, Gin. In the end only few people can get to live their happy endings. At hindi tayo yon. Kailangan kong magdecision. Pareho kaming mawawala kapag nagpatuloy ito. Hindi siya pwedeng mawala. Kailangan siya ng Team. Kailangan niyang lumaban. Kapag sinama ko siya pagbagsak na ito ay buong Team Hesperia ang hindi makakalabas sa arena. Kailangan siya ng Team para makaalis dito.

Bahagya kong pinagmasdan ang ngayon ay lumiliwanag na paligid. Dawn is breaking. Unti unti ng nagkakaroon ng kulay ang madilim na langit. Tatlong oras nalang. Sa pagsikat ng araw ay matatapos aang lahat. Tatlong oras para makabalik sa sentro ng arena ang masecure ang mga puntos. Pinagmasdan ko ang mukha ni Gin. His penetrating eyes staring into my soulless one. Ang kanyang mukha na kahit na nahihirapan ay pilit niyang ginagawang mahinahon para sa akin. You have sacrifice enough, Gin. This is the dead end.

Lumalim ang talim ng dagger sa dibdib niya at halos mapapikit na ako. Tuluyang dumaosdos pababa ang luha sa aking pisngi. Huminga ako ng malalim bago tuluyang sinabi ang mga salitang yon.

"Gin... bitawan mo na ako."

Tinitigan niya ako. Labis na pagtutol ang makikita sa kanyang mga mata. "No." mariin niyang sinabi. "Shia, no."

"Gin..." halos pakiusap ko. "Okay lang." Pilit akong ngumiti. "Tama na. Bitawan mo na ako."

Napansin ko na natigilan ang Team Captain ng Dione. Tila hindi niya inasahan ang decision ko. Naramdaman ko ang paghigpit ng pagkakahawak ni Gin sa akin. Naramdaman ko ang panginginig ng kanyang kamay habang magkadikit ang aming mga balat.

Tinitigan ko siya. Ang napakagwapo niyang mukha na puno ng takot at pag aalala na ngayon ko lamang nakita mula sa kanya. I feel so damn hard for him. At isa ito sa mga bagay na hindi ko pinagsisisihan. Gamit ang malaya

kong kamay ay unti unti kong inabot ang kamay niyang nahawak sa akin. Saka ko unti unting kinalas ang pagkakahawak ng duguan niyang kamay.

"Kailangan ka ng Team para makalabas dito. Lumaban ka. Ilabas mo silang lahat ng buhay."

Nagpumilit siyang pigilan ako. "Shia, no. Please don't do this."

Pinagmasdan ko siya. Siguro nga sasayangin ko ang sakripisyo ni Lucas dahil sa gagawin ko. Pero kung ililigtas nito ang buong Team at si Gin ay alam kong tama ang magiging decision ko. Siguro nga ay may ilang bagay na hindi nakatadhanang mangyari. Ginusto kong mabuhay. Pero para sa akin ito ang nakatadhana. Dito matatapos ang lahat. Naramdaman ko ang isang bagay na muling pumatak sa aking pisngi. Pero hindi ito dugo kundi luha ni Gin.

"Shia, please."

Gusto kong hawakan ang kanyang mukha at pahirin ang luha sa kanyang mga mata. Gin is crying and I thought I'm not going to break anymore because of everything that had happened subalit ang makita siyang umiiyak sa harapan ko ang isa sa pinakamasakit na nangyari sa akin. Tuluyan kong inalis ang kamay ko mula sa pagkakahawak niya. Bumagsak ang aking luha sa huling mga salitang nais kong sabihin.

"Mahal na mahal kita, Gin."

Ngumiti ako sa huling pagkakataon habang nakatitig sa kanyang mukha at sinusubukang tandaan ang bawat detalye ng kanyang mukha.

"I'm sorry."

Sa huling dalawang salitang yon ay tuluyan akong nakawala mula sa pagkakahawak niya. Sinubukan niya akong muling abutin pero huli na. Naramdaman ko ang bilis ng aking pagbagsak. Ang marahas na hangin na pinalilibutan ako. Hangang sa tuluyang pumikit ang aking mga mata.

02:37:09

Naramdaman ko ang pagtama ng katawan ko sa matigas na bagay. Halos mapamulat ako at mawalan ng malay dahil sa matinding sakit na bumalot sa akin. Water immediately flooded my vision and hearing. Nasilayan ko sa huling pagkakataon ang madilim na kalangitan bago tuluyan itong nilamon ng bula at tubig mula sa aking pagbagsak.

Bago tuluyang bumagsak ay isang kakaibang pakiramdam ang bumalot sa akin. This scene. This scene is so familiar to me. Naramdaman ko ang malakas na impact ng pagtama ng aking ulo sa isang bato. Tuluyang nanlabo ang aking paningin. Matinding sakit ang bumalot sa aking katawan dahilan para tumigil ang aking pag galaw. The searing pain almost felt like being electrocuted. My eyes snapped open. I was suspended in the water. Unmoving. Staring. Lifeless.

--

"Mom, they are here."

"Who, sweety?"

"Mom, we should hide."

"Jane, what's wrong?"

"They are coming, Mom."

Isang magandang babae ang nakita ko. Nakaharap siya sa isang bata. Parehong magagara ang kanilang suot. Nakabistida at may mamahaling mga sapatos at nakaayos na mga buhok. Nasa gitna sila ng isang hallway. Nakasabit ang ilang mamahaling paintings sa pader at napakaliwag ng paligid. Nag aalala ang mukha ng babae.

"Jane, are you okay?"

Pinagmasdan ko ang batang tinatanong niya. Sino siya? Bakit napakapamilyar ng kanyang mukha? Ang mapupungay niyang mga mata niya, ang kulay ng kanyang buhok, ang mukha niyang tila parte ng isang nakalimutang panaginip.

"Edward, I think there's something wrong with our daughter."

Dumating sa hallway ang isang matangkad na lalake. May striktong mukha. Pero pinagmasdan niya ang bata na puno ng pag aalala. Umupo siya sa harapan nito. Yumakap ang maliliit na kamay ng bata sa kanyang leeg. Ang pamilyang ito. Bakit ko sila kilala?

"Sa tingin ko ay nagmamanefest na ang ability niya."

Nagtataka na pinagmasdan sila ng bata. "My ability?" tanong nito sa maliit na boses. "Does it mean I will also have Mom's ability?"

Marahang ngumiti ang lalake habang pinagmamasdan siya. "Your Mommy has enhanced synesthesia and I have advanced logistic reasoning. I can make quick adjustment and planning because I can predict the results faster than any normal person."

"What will I have?"

"You can have your Mommy's senses ability or you can have precognitive ability like mine. Or you can have a mixture of both."

"When can I use it?"

Marahang ni-pat ng Ama ang kanyang ulo na tila natutuwa sa curiosity ng kanyang anak. "Soon, my daughter." nakangitisng sinabi nito. "Now, tell me who is coming."

"Monster, Daddy. Monsters are coming."

--

Nagbago ang paligid. Hangang sa unti unti kong nakita ang loob ng isang familiar na kwarto. May kama sa dulo nito na may manipis na canopy sa ibabaw. Nakaupo sa kama ang familiar na bata, mahigpit siyang nakahawak sa kumot na bumabalot sa kalahati ng katawan niya. Natatakot siya.

"Mommy?"

Nilibot ng bata ang tingin sa madilim na kwarto. Ngunit ang tanging nakikita niya ay ang malaking grandfather clock sa pader na nasisinagan ng buwan mula sa kanyang bintana. Alas dose na ng hating gabi. Napalingon ang bata sa isang direction tila may hinahanap. Pumintig ang sarili kong pulso. My danger reflex. Tila nararamdaman ko kung ano man ang nararamdaman ng bata. Alam ko ang kanyang hinahanap. Nararamdaman ng bata ang panganib na nasa kanyang paligid. It was her first danger reflex.

"Mommy? Daddy?"

Umalis mula sa kama ang bata. I wanted to tell the kid to stop what she's about to do. Subalit hindi niya ako naririnig o nakikita. Umapak siya sa malamig na sahig at tuluyang lumabas ng kanyang kwarto. Sinimulan niyang sundan ang ingay na naririnig niya sa loob ng mansion. Mga mabibilis ngunit maiingat na yapak, mga boses na pabulong kung magusap.

"Mommy?"

Naglakad ang bata sa madilim na hallway. Tanging ang liwanag ng buwan na tumatagos sa mga salaming bintana ang nagbibigay liwanag sa dinadaanan niya. Pinanood ko siya, sinusundan kung saan siya dadalhin ng kanyang mga paa. Pilit niyang hinanap ang pinagmumulan ng ingay. Hangang sa makarating siya pinakalikod na parte ng kastilyo.

Madilim ang paligid at nakapatahimik. Binuksan ng maliit niyang kamay ang knob ng isang lumang pinto. Madilim sa loob at halos wala akong maaninag. Anong klaseng kwarto ito? Nakita ko ang mga nakatambak na mga lumang gamit sa sahig. Hangang sa dumako ang paningin ko sa basag na bintana. Halos mawala ang salamin dito dahil sa laki ng pagkakabasag. Tinitigan ko ito at ganoon din ang ginawa ng bata. Maya maya pa isang bagay ang muling nakakuha ng aming attention. A spark. Isang maliit na apoy mula sa dulo ng kwarto. Hangang sa may narinig kaming mga boses.

"Bilisan mo."

"Dito mo simulant sa mga tambak ng lumang libro."

"Kailangan nating makaalis kaagad."

Napakurap ako sa narinig at halos matigilan. Naaninag ko ang mukha ng dalawang lalake mula sa apoy na kanilang hawak. Sino sila?

"Who are you?"

Bumaling ako sa batang kasama ko. Ano ba? Hindi ka na dapat nagsalita! Mabilis na napalingon sa kanya ang dalawang lalake. Humarang ako sa pagitan ng bata at ng dalawang estranghero para protektahan ito. Anong pinaplano niyo? Sigaw ko. Pero kahit anong gawin ko o isigaw ay walang nakakarinig sa akin.

"Shit, may bata."

Nabitawan ng lalakeng may hawak ng apoy ang kahoy at nalaglag ito sa tambak ng mga papel. Halos hindi ako nakagalaw sa pagkabigla. Lalo na noong mabilis na kumalat ang apoy mula dito. Hindi. Tumakbo ako papunta sa apoy para subukang pigilan ito. Pero natigilan ako nang makitang lumapit ang isang lalake sa bata. Pilit akong humarang para protektahan ang bata pero tumatagos lamang ako. Anong nangyayari? Isa ba itong panaginip? Patay na ba ako?

Mabilis tinakpan ng lalake ang bibig ng bata. "Hwag kang maingay." sinabi nito sa nagbabantang tono.

Hindi na nakapalag ang bata. Bawat pagpupumilit niyang makaalis mula sa pagkakahawak ng lalake ay mas humihigpit ang pagkakahawak nito sa kanya. Nagsisimula ng mapuno ng usok ang buong kwarto. Napaubo ang bata at nagsisimulang manakit ng kanyang mga mata. Ganoon din ako.

"Tara na!" sigaw ng isang lalake.

Nasa tapat na ito ng nabasag na bintana at palabas na ng kastilyo. Nagsisimula ng tumaas ang apoy hangang sa kisame ng kwarto.

"Paano itong bata? Nakita niya ang mga mukha natin."

"Ikulong mo dito sa loob ng kwarto!"

Nanlaki ang mga mata ko sa narinig. Sinubukan kong kunin ang bata mula sa kanila pero tumatagos lamang ako sa kanilang katawan. Ano bang nangyayari? Ano ang gagawin nila sa bata? Bakas ang matinding takot sa mukha ng bata. Hindi na ito makahinga ng maayos dahil sa matinding usok at init na nagsisimulang punuin ang aking lalamunan.

"Nababaliw ka na ba? Baka makahingi pa ito ng tulong!" sigaw ng lalake.

"Isama na natin. Wala na tayong oras. Si Boss na ang bahala sa kanya."

Hinila ng lalake ang bata habang nakatakip parin ang kamay nito sa kanyang bibig. Gusto kong hilain palayo ang bata mula sa kanila. Hindi nila ito pwedeng isama! Nagsimula ng balutan ng usok at apoy ang buong paligid. Nahihirapan na akong huminga. Hindi ko alam kung bakit pero naaapektuhan ako apoy, malinaw ko itong nararamdaman. Nawala sa paningin ko ang dalawang lalake at ang batang babae. Pilit ko silang hinanap. Hangang sa tuluyan akong hindi nakahinga at muling bumalot sa akin ang kadiliman.

--

Nakapikit ako. Binabalutan ng tubig. Lumulutang. Hindi ko alam kung nasaan ako. Patay na ba ako? Nasaan na ang bata? Anong nangyari sa kanya? Isang ingay ang muli kong narinig. Isang malakas na sampal. Binuksan ko ang aking mga mata. Hangang sa nakita ko ang aking sarili sa loob ng isang madilim at gumagalaw na sasakyan.

"Istupido!"

Nagmula ang sampal na yon sa isang lalake. Familiar ito. Pero hindi ko agad ito nakilala. Nakita ko ang bata at nakahinga ako ng maluwag. Natutulog ito sa loob ng sasakyan. Pero tila ba nagising ito tulad ko dahil sa narinig na malakas na sampal. Pinagmasdan ko ang labas ng bintana ng sasakyan. Bahagya paring madilim ang paligid. Anong oras na? Anong lugar ito? Saan nila dinala ang bata?

"Sinabi ko ba na isama niyo ang bata pabalik dito!?" singhal ng lalake.

Bumalik ang attention ko sa kanya. Saan ko nga ba siya nakita? At bakit kasama niya ang mga taong ito?

"Hindi namin siya pwedeng iwan dahil namukhaan na niya kami, Boss."

"Ang kastilyo." Muling tanong ng familiar na lalake. "Sinigurado niyo ba na malaki na ang apoy bago kayo umalis?"

"Kalahati na po ng kastilyo ang natupok ng apoy noong nakalabas kami ng bayan."

Nanlaki ang mga mata ko sa narinig. Ang kastilyo. Ang mga magulang ng bata. Matinding galit ang bumalot sa akin. Sino ba ang mga taong ito? Bakit nila ito ginagawa?

"Magaling. Ihinto mo ang sasakyan."

Lumingon sa aming direction ang nagmamaneho ng sasakyan. "Pero nasa boundary palang po tayo ng Boran."

"Sinabi ng ihinto mo."

Biglang huminto ang sasakyan at halos masubsob ako sa upuang nasa harap ko ganoon din ang bata. Binuksan ng familiar na lalake ang pintuan. Bumungad sa akin ang amoy ng kagubatan at ang malamig na hangin.

"Ilabas mo ang bata."

Muli akong natigilan. Wala akong nagawa kundi ang sundan ang bata sa paglabas sa sasakyan. Natatakot ako sa kung anong gagawin nila sa bata. Pero wala akong magawa.

"Hindi ito kasama sa aking plano. Hindi ko dadalhin sa bayang sinasakupan ko ang batang ito. Kailangan niyang maglaho. Kailangan kong siguraduhin na hindi na siya makakabalik."

Humarap ako sa kanilang pinuno. Hindi. Hindi niyo pwedeng gawin ito! Pakiusap. Isa lamang siyang bata! Maawa kayo sa kanya!

"Kung hindi ako nagkakamali ay may malapit na ilog dito. Ang Shia river. Malapit lamang ang talon kung saan ito nagmumula, hindi ba?"

Nagkatinginan ang dalawang lalake sa sinabi ng kanilang pinuno. "Alam ko po ang tinutukoy niyo."

"Dalhin niyo ako doon."

Gusto ko silang pigilan. Gusto kong hilain ang bata palayo sa mga halimaw na ito. Subalit kahit gustuhin kong iligtas ang bata ay wala akong magawa. Nanghihina ako dahil sa takot at awa. She's too young to suffer, to witness and hear all of this. Pinagmasdan ko ang bata. Bakas ang matinding takot sa kanyang mukha. Ngunit maliban doon ay may isang bagay pa akong napansin. Unti unting nawawalan ng emosyon ang kanyang mga mata. Kung maaari ko lamang siyang kausapin sasabihin ko na magpakatatag siya. Na hwag siyang mawawalan ng pag asa. Na magiging maayos din ang lahat.

Kinaladkad nila ang bata hangang sa makarating sila gitna ng kagubatan sa tapat ng isang rumarahasang talon. Halos maguumaga na. Papasikat na ang araw hindi kalayuan. At napakaganda ng talon kung pagmamasdan. Subalit sa mata ng isang inosenteng bata ay isa itong empyerno.

"I want to go home." sinabi nito. "Please... let me go home."

Tinitigan lamang siya ng kanilang pinuno at hinila siya palapit sa talon. Walang emosyon o katiting na awa man lang ang makikita sa kanyang mukha. Isa siyang halimaw. Hinding hindi ko siya mapapatawad. Kapag nakabalik ako ay hahanapin ko siya. Sasabihin ko ang lahat ng ginawa niya sa bata!

"Mukhang mas mabuti pa ito kesa sa inaasahan ko." sinabi nito na may ngiti sa kanyang labi. "I'm not just about to rattle Edward Stanford's life, I'm about to destroy it. Tingnan natin kung magawa niya pang makabangon matapos ang dilubyong ito. Makakabalik pa kaya siya sa dati kung tuluyan ng nawasak ang pamilyang iniingatan niya?"

Muli niyang hinila ang bata palapit sa talon hangang sa tanging ang kamay nalang niyang nakahawak dito ang pumipigil sa pagkahulog ng bata sa tubig sa ibaba. Nanghihina ako at halos hindi makahinga habang pinapanood ang lahat ng ito. Hangang sa napansin ko na may tinititigan ang bata. Pinagmasdan nito ang wrist ng taong nakahawak sa kanya. Napansin ko ang tattoo na sumisilip sa ilalim ng cuff ng damit na suot ng lalake. Isang familiar na simbolo. An intricately tattooed cursive letter "W". Alam ko kung sino ang nagmamayari ng tattoo na ito.

"Tito Arturo."

Napalingon ako sa bata nang marinig ang kanyang sinabi. Nakatitig ito sa mukha ng lalake na tila ba ngayon lamang napansin kung sino ang nasa likod ng hood na bahagyang nakatakip sa mukha ng lalake.

"Tito Arturo Cornelius."

Tila nabigla ang lalake sa sinabi ng bata. Hindi niya inasahan na makikilala siya nito. Walang pagdadalawang isip na binitawan niya ang bata sa talon. Halos hindi ako nakahinga dahil sa bilis ng kanyang ginawa. Natigilan si Arturo Cornelius and for a second ay tila hindi niya alam ang susunod na gagawin. Hangang sa tuluyan siyang tumalikod bago pa marinig ang marahas na pagbagsak ng bata sa batuhan at rumaragasang tubig sa ibaba.

Hindi ako nakagalaw dahil sa mga nasaksikhan ko. Lumapit ako sa edge ng talon at agad na hinanap ang bata sa ibaba. Subalit wala na akong makita kundi ang rumaragasang tubig. Pumikit ako bago huminga ng malalim. Saka ako tumalon para sundan ang bata.

Mabilis akong bumagsak sa tubig. Lumubog ako at hindi makahinga. Pinilit kong makaahon pero binabalik ako ng pressure ng tubig sa ibaba. It was too familiar. Everything is too familiar. Tila nauulit lamang ang pagkahulog ko sa arena. Napasinghap ako nang tumama ang aking ulo sa bato. Halos maiyak ako at hindi makahinga sa matinding sakit na bumalot sa akin.

Nagsimulang dumilim ang aking paningin. Pakiramdam ko masusuka ako. Ano bang nangyayari sa akin? Patay na ba ako? Nalulunod ba ako sa pangalawang pagkakataon? Pero isa lamang itong panaginip hindi ba? Sari

saring tanong ang pumasok sa isip ko. Hindi ko maramdaman ang aking katawan. Pero alam kong pinaliligiran ako ng tubig. Pero saang lugar? Saang sitwasyon? Napasinghap ako nang isang matinding liwanag ang bumungad sa akin.

"Hija, naririnig mo ba kami?"

"Anong pangalan mo, hija?"

Binuksan ko ang mga mata ko at dalawang matanda ang nakatitig sa akin. Nanlaki ang mga mata ko at halos manghina nang mamukhaan ko sila. Halos gusto ko silang yakapin.

"Anong ginagawa mo sa dito sa ilog?"

"Bakit basang basa ka?"

"Sandali. Dumudugo ang ulo mo."

Naguluhan ako sa sinabi nila. Ako ba ang kinakausap nila? Nasaan na ang bata?

Inabot ni Lolo Ben ang aking kamay para tulungan akong makatayo. Doon ko napansin ang kamay ko na sugatan. Dalawang malilit na kamay na puno ng galos at namamagang sugat. Napatitig ako dito. Hindi ko nagawang gumalaw.

"Hija, taga saan ka?"

"Natatandaan mo ba ang pangalan mo?"

Nanlamig ako nang unti unti mag sink sa akin ang nangyayari. Wala na yong batang kasama ko kanina. Ako na yong bata. Ako yong bata at kaharap ko sa unang pagkakaton ang mga taong kumukopkop sa akin.

Pakiramdam ko sasabog na ang utak ko. Ang bata, ang mga Stanford, ang kastilyong nasusunog, ang mga dumakip sa akin, at talon at ang tattoo na nakita ko bago ako nahulog. Ako ang batang yon. Akin ang mga alaala na ito. Ako si Jane Elizabeth. Isa akong Stanford.

Author's Note:

Next chapter will be the last chapter. The Wipeout. Then epilogue na ang next. So we have at least two parts. Okay, you can now breathe.

Thank you for the awesome people who read this story up to this chapter. Writing this story is a roller coaster ride not just of emotions but of all the effort I didn't know I can give in a story, and for the (unexpected) amount of love this story receives from you, readers. I wrote Titan Academy as a challenge but it gave me an enjoyable journey instead.

Ito yong story na mahirap bitawan. But all stories end and for Titan Academy, there's no Book 2. This story is enough for me. The effort and your efforts as readers are enough for me. I'm satisfied.

So, see you on the last chapter? And thank you for being part of the story of Shia Sheridan and the whole town of Hesperia.

Stay awesome!

@april_avery

--

Tweet me! @avery_WP

Official hashtag: #TitanAcademy

Chapter 50: Wipeout

Chapter 50: Wipeout

02:29:41

Pakiramdam ko nagising ako sa isang mahabang pagtulog. Hindi ko na alam ang nangyayari. Epekto ba ito ng pagtama ng ulo ko sa mga bato? Is this a mirage? My head's spinning in a desperate and painful haze. Pakiramdam ko na-suspend ako ng ilang minuto ng walang malay sa tubig.

Binuksan ko ang aking mga mata and I was suddenly enveloped by immense amount of water.

Sinubukan kong huminga subalit walang hangin na pumapasok sa dibdib ko. Nagsisimula ng sumikip ang aking dibdib. I was desperate to breathe air. Patuloy ang aking paglubog sa malalim na parte ng tubig. Pinagmasdan ko ang ibabaw ng tubig habang mabilis na lumulubog ang aking katawan. My vision started to black out. My pulse weakened. Hangang sa huminto nang tuluyan ang paglaban ng katawan ko para huminga. Naramdaman ko ang unti unting pagpikit ng aking mga mata. Pero bago tuluyang mawalan ng malay, isang bagay ang nahagip ng aking paningin. Pilit kong inaninag ang bagay na lumusong sa tubig. He's as if staring at me, as if calling my name. Sa tuluyang pagpikit ng aking mga mata ay isang pangalan ang pumasok sa aking isip.

Gin.

--

"Gin!"

Isang batang babae ang tumatakbo sa hallway, tinatawag ang pangalan niya. May hawak itong isang maliit na kahon. Maingat ang pagkakahawak niya dito habang maririnig ang mga yapak niya sa maliwanag na hallway.

"Gin!"

Lumingon ang isang batang lalakeng naglalakad sa dulo ng hallway. Kahit sa batang mukha ni Gin ay lumalabas kung paano ito pinalaki. Ang tindig at tayo, maging ang tingin sa kanyang mga mata. It's commonly polite for a child raised in a wealthy environment. But it was calculated, as if his every movement and words are measured. For a child, he seems to know more than what's intended. After all he's the Headmaster's son. Nakasuot ito ng formal na damit, maliit at itim na tuxedo at bow tie, nakaayos din ang itim na buhok nito. Lumingon ito sa batang babaeng humahangos papunta sa kanya.

"Jane, bakit ka ba tumatakbo?" tanong nito na nakakunot ang noo.

"Nakita mo ba si Priam?"

Natigilan siya sa tanong ng batang babae. Tila tuluyan siyang nadismaya dahil dito. "Nasa west chamber siya. Hindi ba dapat nasa Great Hall ka na ngayon? Hindi pwedeng pakalat kalat ang bata dito sa Titan Academy. Baka makita ka pa ng mga totoong estudyante."

Sumimangot ang batang babae. "Ang sungit mo talaga. Para kang matanda kung magsalita." sinabi nito saka bahagyang ngumiti. "Bata ka din naman ah. Bawal ka din dito. Tsaka nakita mo ba yong mga estudyante? Nakapila sila kanina sa labas. Ang gaganda ng mga suot nilang uniform." The little girl's smile brightened. "Alam mo ba pinakilala ako ni Daddy kay Kuya Apollo, at sa kambal na si Ate Aura at kay Kuya Calum. Kapag lumaki na tayo dito din tayo mag aaral at magsusuot natin ang mga uniform nila."

"Ang daldal mo." sinabi ng batang Gin. Kahit pa nahahalata ang amusement sa mga mata nito. "Mabuti pa bumalik na tayo sa Great Hall. Magsisimula na ang birthday ni Principal Bins."

Hinawakan ni Gin ang kamay ng batang babae. Pinagmasdan ko ang dalawang batang nasa harapan ko. Ako... at si Gin.

Muli silang nawala sa paningin ko. Hangang sa napadpad ako sa isa nanamang hallway. Dalawang bata ang nakatayo doon. Ang batang bababe at isang batang mukhang mas matanda sa kanya ng ilang taon. Napansin ko na naluluha ang batang babae habang pinagmamasdan ang natapon na cake sa sahig. Tumingala siya sa lalake.

"Ang sama sama mo, Priam! Ginawa ko yan eh."

Priam... Priam Grey. Nakapamulsa ito, nakasuot din ng formal na damit habang pinagmamasdan ang batang babae. "Hindi naman mukhang masarap. Ayoko ng matatamis."

Mas lalong naiyak ang batang babae. Tumalikod sa kanya ang batang si Priam at nagsimulang maglakad sa hallway. Naiwan ang batang babae na pinapahid ang kanyang mga luha. Lumapit sa kanya ang batang si Gin na

nakita ang lahat ng mga nangyari. Pinagmasdan niya ang nasirang cake sa sahig na tinabig ng kapatid na si Priam bago humarap sa batang babae.

"Hwag ka ng umiyak. Ganoon talaga si Priam."

"Pero... Pero..." sinabi ng batang babae sa gitna ng kanyang pag iyak. "Sabi niya kapag lumaki na kami, kami ang magpapakasal. Pero bakit ang sama sama niya sa akin? Ayoko na sa kanya, Gin. Galit ako sa kapatid mo!"

Pinahid ni Gin ang mga luha sa pisngi ng batang babae habang nakatitig siya dito. "Tayo nalang."

Tumigil sa pag iyak ang batang babae at pinagmasdan ang mukha ng batang si Gin. "Hah?"

Ngumiti ito. "Kapag lumaki na tayo, pakakasalan kita. Tayo nalang."

Ako... at si Gin. Ang mga tao sa Titan Academy, si Priam at si Gin, matagal ko na silang kilala. Pakiramdam ko tuluyan akong hindi nakahinga. Naninikip ang dibdib ko. Hindi ko na alam ang nangyayari sa akin.

"Promise?" narinig kong sinabi ng batang babae.

"Promise."

"Hindi mo gagawin ang ginawa ni Priam?" tanong ng batang babae. "Paano kapag lumaki tayo may nakilala kang iba at ako din?"

Lumapit sa kanya ang batang si Gin at pinagmasdan ang kanyang mukha. "It's not going to happen."

Hindi nakapagsalita ang batang babae nang marahang hinalikan ni Gin ang kanyang labi. "Because our promise was now sealed."

Ngumiti si Gin nang makita ang namumulang mukha ng batang babae. "You are now sealed. Just for me."

Noong mga oras na yon tila maging ako ay naramdaman ang pagdampi ng labi ni Gin sa aking labi, ang kanyang matang nakatitig sa mukha ko, ang

kanyang boses na kinakausap ako. Gin. Biglang naglaho ang dalawang bata sa paningin ko. Tila ba biglang nasira ang kalmadong alaalang yon at napalitan ng isang kakaibang ingay, kakaibang galaw.

Breathe, Shia.

Isang bagay ang naramdaman ko sa aking labi. May kumakausap sa akin. May nakatitig sa akin. Pilit kong binuksan ang aking mga mata. Pero tanging matinding liwanag at tubig ang aking nakikita.

Shia, please breathe.

Isang kakaibang bagay ang naramdaman ko. Hangin. Someone is giving me air to breathe. At nangagaling ito sa magkadikit naming mga labi. Pilit kong inaninag ang taong nasa harapan ko habang pareho kaming nasa tubig. My vision was blurry; my mind's hazy from lack of oxygen. Pero nang makahinga ako ay unti unting naging malinaw ang kanyang mukha. Nakita ko ang labis na relief dito nang makitang nagrespond ako at tuluyan ng humihinga.

Ngumiti ako. Gin.

01:33:56

Isang matinding liwanag ang bumungad sa akin. Napaubo ako dahil sa matinding pressure na namuo sa lalamunan ko. Napakasakit ng aking ulo. Pakiramdam ko hinahati ito sa dalawa. Noong una ay hindi ko magawang huminga nang maayos. Subalit nang unti unti akong kumalma ay malaya akong nakahinga. Pakiramdam ko muli akong nabuhay.

"Is she okay?"

"She needs to wake up or else."

"Quit it, Victoria. Give her time to recover."

"Recklessly brave."

Sari saring boses ang narinig ko. Hindi na naging malinaw sa akin ang lahat. Pinagmasdan ko ang ilang mukhang nakatitig sa akin.

"Thank God, you're awake."

Pinagmasdan ko ang babaeng nagsalita. Victoria? Bigla akong naguluhan. Sandali, isang alaala nanaman ba ito? Pinakiramdaman ko ang buong paligid. Subalit may kakaiba dito. Nakahiga ako sa lupa. But it was as if the ground is shaking silently. Parang may namumuo dito.

"Get yourself together!"

"For Christ' sake. Give her time to recover, Victoria!"

"We have no time! Ilang minuto na siyang walang malay. This arena is going to explode in less than an hour!"

Pilit akong umupo. Pakiramdam ko umiikot ang paligid dahil sa tindi ng sakit ng aking ulo. Bahagya akong napahawak dito saka pinagmasdan ang aking palad. Dugo. My head's bleeding. Pinagmasdan ko ang kausap ni Victoria. Si Ethan. Nandito silang dalawa. Paano? Kailan pa? Pakiramdam ko binuhusan ako ng malamig na tubig ng maalala ang mga nangyari. Bigla akong napalingon sa buong paligid. Nakita ko ang bangin di-kalayuan sa amin. Pero tahimik na. Wala na akong maramdaman na panganib. Pero nasaan siya? Nasaan si Gin?

"Gin..."

Halos hindi ko nakilala ang sarili kong boses. It's raw and parched as if I'm still out of breath.

"Where's Gin?"

Bahagyang natigilan si Victoria. Saka siya lumingon kung saan na tila tinuturo ang kinaroroonan ni Gin. Bumaling ako dito at nakita siya. Nakasandal si Gin sa isang malaking tipak ng bato, basang basa siya, at tila hinihingal. Nakita ko ang kanyang sugatang mga braso. Kung kanina ay malala ito, ngayon ay halos hindi na niya ito maigalaw. Pinagmasdan niya

ako nang marinig ang aking boses. Despite the severe pain that's evident in his whole body, tila ba nakahinga siya nang maluwag nang makitang may malay na ako. Subalit agad nabura ang relief sa mukha niya at pare-pareho kaming natigilan nang maramdaman ang bahagyang pag galaw ng lupang tinatapakan namin.

"We need to hurry." sinabi ni Ethan.

Doon ko napagtanto ang pagbabago ng paligid mula noong muli akong tumapak sa lupa. Ramdam ko ang pagbabago ng atmosphere ng kagubatan na nakapaligid sa amin. It was as if the whole arena is readying itself. Unti unting lumalakas ang mga pagyanig sa lupa. Ang mga ibon o ano mang hayop na natira sa gubat ay tila nag aalisan na. Bahagya akong napatingala at nakita ang ilang mga ibon na tuluyan ng umaalis sa isla. Ang gubat ay puno ng hindi maipaliwanag na ingay ng mga hayop. Nakakatindig balahibo ang pakiramdam na kaya nilang ibigay. These animals know what is about to happen. They feel it.

Pinilit kong tumayo. Bahagya akong inalalayan ni Victoria. Lumapit si Ethan kay Gin at tinulungan itong tumayo tulad ko. Madaming tanong ang tumatakbo sa aking isip. Subalit wala na kaming oras. Kailangan na naming makaalis dito at makarating sa sentro ng arena. We hit the final hour. Ang nalalabing oras ng Linus Cup. Unti unti ng nawawasak ang arena. Nagsimula kaming maglakad paalis. Ngunit bigla akong natigilan nang may isang bagay akong naalala. Napalingon akong muli sa bangin na iiwan namin. Pilit kong inaninag ang lugar kung saan ako nangaling bago pa ako nahanap ni Gin.

Lucas.

Bahagya akong hinila ako ni Victoria nang maramdaman na huminto ako. "Shia, come on."

Hindi ko ba siya maaaring isama sa pag uwi? Mawawasak na ang buong arena. Kailangan ko ba talaga siyang iwan dito? Napalingon sa akin si Victoria, bahagya siyang nagtataka sa kinikilos ko. Nang makita niyang pinagmamasdan ko ang lugar kung saan ako nangaling ay tila nagbago ang kanyang expression. Naging mas mahinahon ang kanyang boses.

"He's gone, Shia." sinabi niya. "He's no longer here in this arena. Hindi mo siya iiwan dito. Dahil noong oras na binitawan niya ang huli niyang hininga, nakauwi na siya sa Hesperia. Umuwi na din tayo."

Pinagmasdan ko si Victoria habang tumutulo ang luha mula sa mga mata ko. Hindi ko alam kung paano niya nalaman ang tungkol dito subalit alam kong si Lucas ang tinutukoy niya. And I want to badly believe her. Lucas is already back home. He's not here anymore. He will forever remain in Hesperia. His contagious laugh will remain echoing on the streets, his smiles will still be part of the valley where we used to play hide and seek, and all the town's people will forever be part of him. Ang buong pagkatao niya ay nasa Hesperia. He may have died here in this arena but everything about him is in Hesperia. Lucas is already home. At uuwi na kami tulad niya. We are heading home. Pinagmasdan ko sa huling pagkakataon ang lugar na yon bago muling lumingon kay Victoria. Pilit akong ngumiti sa sinabi niya bago tumango. Pinahid ko ang luha sa aking mga mata.

"Let's go home."

--

Habang tumatagal ay tumitindi ang pagyanig sa lupang tinatapakan namin. We are going too slow dahil sa sitwasyon namin ni Gin at dahil sa pag galaw ng lupa. Nagsisimula ng maging anxious ang mga kasama ko. Hindi mapigilan mapamura ni Ethan tuwing kailangan naming huminto dahil sa matinding pag galaw ng paligid at pagbagsak ng ilang puno sa daraanan namin. Nagsisimula ng mabitak ang lupa. Naglalabasan sa gubat ang mga hayop tulad ng mga usa, tila maging sila ay naghahanap ng mapupuntahan para iwasan ang pagkawasak.

Alam kong hindi maganda ang sitwasyon ni Ethan at Victoria. Inaalalayan nila kami subalit maging sila ay hindi nalalayo ang kondisyon sa amin. May sugat si Ethan sa kanyang likod. Tila isang mainit na bagay o pagsabog ang tumama dito dahilan kung bakit tila nasunog ang kanyang damit at balat. Si Victoria ay may bandages na nakatakip sa bahagi ng kanyang bewang at kaliwang binti. May ilang galos din sa kanyang mukha at braso. Habang tumatakbo kami ay sinabi ni Ethan ang nangyari at kung paano nila kami nahanap.

Nagkita kita sila sa sentro ng arena. Si Victoria, si Ethan, si Cain at si Luna. Sinabi ni Luna ang lahat ng nangyari. Kung paanong pagising nila ni Gin ay wala na ako. Sinabihan ni Gin si Luna na mauna na sa sentro ng arena dahil kailangan niya pa akong hanapin. Nagdalawang isip si Luna dahil alam niyang hindi pa kaya ng katawan ni Gin ang makipaglaban. Pero wala siyang nagawa. Noong nalaman ng iba pang kasama namin ang nangyari, nagdecision si Ethan at Victoria na sundan si Gin at hanapin ako. Matinding nasugatan si Cain kaya kinailangan nilang magpaiwan ni Luna sa sentro ng arena para maagapan agad ito. Madali nilang nahanap kung saan pumunta si Gin dahil sa mga bakas ng ability nito na iniiwang walang buhay ang lahat ng madaanan, maging halaman man o hayop. Hangang sa dinala sila sa bangin kung nasaan kami.

"Nahuli kami ng dating." sinabi ni Ethan. "Bumitaw ka na noong dumating kami."

Noong bumitaw ako ay malayang nagamit ni Gin ang kanyang ability. Hindi agad nakalapit si Ethan at Victoria dahil binalutan ng ability niya ang malaking parte ng bangin. Hindi inaasahan ng Team Captain ng Dione ang ginawa ko. Kaya wala na siyang nagawa noong nilamon siya ng ability ni Gin.

"We thought it was a suicidal act." sinabi ni Victoria. "But then again all Gin needed was a minute to take down the Team Captain of Dione. Nakuha namin ang gusto mong mangyari. But it was still a risky act."

"Pero ang pinakanahirapan kami ay ang hanapin ka sa tubig." dugtong ni Ethan. "Dahil nawalan ka ng malay noong tumama ka sa batuhan."

"We already thought you died on the spot." Victoria pointed out. "But you're Shia Sheridan. You are not the type to die an instantaneous death." she said in a matter of fact tone.

"Isa pa hindi pa naalis sa total points ng grupo ang hawak mong points kaya alam naming may pulso ka pa." said Ethan.

Sinabi nila na sumunod si Gin sa dagat para hanapin ako. Nang tuluyang silang makalapit ni Ethan sa bangin ay hawak na ako ni Gin. Ginamit ni

Ethan ang kanyang ability para makuha kami ni Gin sa ibaba ng bangin, uprooting some trees and relocating some rocks in the process. Hangang sa muli kaming nakabalik sa lupa. Pinagmasdan ko si Gin na nasa unahan habang kini-clear nila ni Ethan ang daan namin.

Did you already know, Gin? Did you know it was me? The little girl you gave your promise into?

--

Habang tumatakbo kami sa kagubatan, napahinto ako nang maramdaman ang matinding sakit sa aking ulo. Bahagya akong napahawak sa balikat ni Victoria na kasabay ko sa pagtakbo. Huminto siya at lumingon sa akin. Balak niya sanang magsalita nang mapansin niya ang dugo sa side ng aking mukha. May bandage silang nilagay sa aking ulo noong wala akong malay pero hindi parin nito napigilan ang pagdudugo.

"Kaya mo pa?" tanong niya.

Huminto si Ethan at Gin sa harapan namin saka lumapit. Mula sa di kalayuan ay naririnig na namin ang iba't ibang mga ingay ng pagkawasak ng arena. Ang mga landmine na nagkalat sa lugar ay nagsisimula ng sumabog dahil sa pag galaw ng lupa. Pilit akong pumikit para i-tone down ang matinding sakit na nararamdaman ko bago muling humarap sa kanila.

"Kaya ko pa." sinabi ko.

Napansin ko na tahimik na napamura si Gin. Habang lumilipas ang minuto ay napapansin ko na tila nagsisimula na siyang mainis sa kanyang sarili. Ilang beses niyang tinanong si Ethan kung malapit na ba kami sa sentro ng arena. At tuwing sasagot si Ethan na kailangan pa naming mas bilisan ay napapatingin siya sa akin. Lumapit si Gin sa akin at tinitigan ako.

"Malapit na tayo." He assured me. "Konting tiis nalang, Shia."

Tumango ako. "I know." sinabi ko saka pilit na huminahon. "We are heading home."

And that itself is an assurance for me. Gusto ko ng umuwi. Gusto ko ng makabalik. Gusto ko ng matapos ang lahat ng ito. Muli kaming nagpatuloy sa pagtahak sa kagubatan papunta sa sentro ng arena.

Ngayon ay wala ng nakakaalam pa kung sino ang nangungunang grupo sa arena. Nabura na ang pangalan ng Hesperia sa langit. Dahil sa huling oras ng laro ay wala ng halaga kung sino ang may pinakamataas na puntos. Ang importante ay sino ang makakapag-secure nito bago mawasak ang arena. Mawawalan ng silbi ang lahat ng pinaghirapan namin kung hindi kami makakarating sa oras. Even the group with the lowest points can win as long as they have the highest secured points in the whole arena. Sa mga oras na ito, si Luna at Cain palang ang nakakapag secure ng puntos para sa Hesperia. More than half of our group are still outside the safe zone. At hangang hindi nase-secure ang hawak naming mga puntos, hindi pa kami tuluyang ligtas.

--

Tuluyan ng nawasak ang kagubatan na dati ay nakapalibot sa arena. Puno ng mga tipak ng lupa at debris ng natumbang mga puno, halaman, at mga bato ang paligid. Wala na ang patag na daan dahil sa pag galaw ng lupa at pagsabog ng mga land mines. Habang tumatakbo sa gitna ng kagubatan, isang pagsabog ang gumulat sa amin. Halos mawasak ang natitirang parte ng kagubatan kung nasaan kami. Dahil sa lakas ng impact ay halos tumilapon kaming apat. Muling kumalat ang debris ng mga puno at halaman sa paligid. Tumama ang likod ko sa isang trunk ng puno at hindi ko alam kung ano ang nangyari sa iba ko pang mga kasama.

Pakiramdam ko nabingi ako dahil sa lakas ng pagsabog. Kinailangan magadjust ng aking paningin dahil sa alikabok na kumalat sa paligid. Pinilit kong tumayo upang tingnan ang nangyayari. Tinawag ko ang mga kasama ko pero walang sumasagot sa kanila. Ilang natumbang puno ang nakaharang sa daraanan ko. Pinilit kong umakyat para lampasan ang mga ito upang hanapin ang mga kasama ko. Pero natigilan ako nang isang boses ang narinig ko mula sa kung saan. It was a lady's voice- a familiar mechanical voice.

You have thirty minutes left to secure your points.

Halos hindi ako nakagalaw dahil sa aking narinig. Thirty minutes? Paano kami makakarating sa sentro ng arena sa loob ng thirty minutes? Muli akong sumigaw, tinatawag ang mga kasama ko. Subalit muli akong natigilan nang maramdaman ang matinding pag galaw ng lupa. Napahawak ako sa trunk ng punong nasa harapan ko at halos masuka dahil sa pag galaw ng buong paligid. Muling nagsalita ang boses na maririnig sa buong arena.

You have thirty minutes left to secure your points.

Fuck. Pinilit kong muling umakyat para lampasan ang mga natumbang punong nakaharang sa harapan ko. Halos mapamura ako dahil sa biglaang pag galaw. I can feel cut on my head stinging dahil sa epekto ng pagsabog. Maya maya pa narinig ko ang boses ni Ethan na tinatawag ang grupo. Nakahinga ako ng maluwag nang sa wakas ay muling marinig ang boses ng mga kasama ko. Victoria was stuck under a boulder. Tinulungan agad siya ni Ethan. I heard several curse words from her dahil sa sakit ng pagtama ng tipak ng bato sa kanya. Gin is upfront, asking us where are. Sumagot ako mula sa kinaroroonan ko. Hangang sa unti unting naalis ang mga naglalakihang debris sa harapan ko.

Twenty five minutes left.

My mouth went dry habang naririnig ang mechanical na boses sa buong arena. Napamura si Gin. Nang tuluyang mawala ang mga nakaharang sa harapan ko, isang kamay ang humila sa akin.

"Bilisan natin!"

Muli kaming tumakbong apat. Wala na kaming pakialam kung sino ang malubhang nasugatan dahil sa pag sabog. Pilit naming kinalimutan ang lahat ng sakit habang nagmamadali kaming makalabas ng kagubatan. Dumudugo ang kanang braso ni Victoria pero wala na siyang pakialam. Nagpatuloy kami sa walang humpay na pagtakbo. Hawak hawak ni Gin ang kamay ko. Hangang sa nakalabas kami sa kagubatan. Halos malula ako nang makita ang pinaka sentro ng arena sa unang pagkakataon. Isang artificial na bagay sa gitna ng nawawasak na paligid. Malayo pa kami sa safe zone kung saan makikita ang cartridge para sa Hesperia. Pero malinaw

kong nakikita ang bawat detalye mula sa bungad ng kagubatan kung saan kami nangaling.

Napakaluwang nito. At ang tanging makikita sa gitna ay ang safe zone para sa Hesperia. Isang tila lumulutang sa ere na maliit na isla kung saan nakalagay ang cartridge- ang itim na metal na may berdeng ilaw na patuloy sa pagpatay sindi, naghihintay ng points na mase-secure dito. Ang safe zone para sa Hesperia ay mukhang nagiisa lamang sa sentro ng arena. Pero dahil lamang ito sa reflecting barriers na nakapalibot dito. We are Team Hesperia kaya yon ang pinapakita ng artificially generated environment. Subalit alam kong pare-pareho lamang kami ng nakikita ng iba pang grupong nasa sentro ng arena sa mga oras na ito. We have different safe zones and cartridges. Hindi man namin ito nakikita, pero alam naming nandito lamang sila.

Twenty minutes left.

Nagpatuloy kami sa pagtakbo papunta sa gitna. The safe zone seems floating pero habang lumalapit kami ay unti unti naming nakikita ang holographic stairs na nagmumula sa lupa. It almost seems invisible na para bang aapak ka lamang sa hangin. But it will solidified kapag na-detect ng system na ikaw ay isa sa member ng Team Hesperia- ang tanging mga taong maaaring makapasok sa safe zone. This feature was made para siguraduhin na tanging makakalabas sa arena ay ang mga member ng team na mananalo.

Fifteen minutes left.

Nakita na namin sina Luna sa itaas. Agad siyang lumapit sa glass-like rectangular barrier na bumabalot sa safe zone. Halos maiyak siya nang makita kaming apat na tumatakbo papunta sa lumulutang na isla. Kumaway siya as if calling our names habang pinapahid ang kanyang mga luha. Naka-upo si Cain sa lupa habang nakasandal sa barrier. Kitang kita ko sa kanilang mukha ang relief na sa wakas ay natapos na ang walang kasiguraduhan nilang paghihintay sa mga kasama.

Habang tumatakbo ay naririnig na namin mula sa aming likuran ang tuluyang pagkawasak ng arena. Mula sa dulo ng isla, papunta sa pinaka gitna. Nakarating kami sa tapat ng artificial stairs. Unang tumapak si

Victoria, agad nag-solidify ang holographic image ng stairs. Agad siyang tumakbo paakyat sa safe zone sa itaas. Tumatakbo kaming sumunod sa kanya.

Ten minutes left.

Tila umaakyat kami papunta sa kalangitan, o lumulutang papunta sa mismong ere. Agad tinangap ng barrier si Victoria, as if the glass melted on the surface of her skin and shallowed her whole.

Victoria Kingsley is now inside the safe zone.

Agad kaming sumunod sa loob ng barrier. Bawat pangalan na ina-announce ng mechanical na boses ay napuputol dahil sa sunod sunod naming pagdating. I felt the light electrical sting of the barrier on my bare skin. Dumerecho kami sa metal na nakatirik sa lupa- ang cartridge.

"Hurry, secure it."

Nagpapanic si Luna at ganoon din kami. Tinapat ni Victoria ang kanyang wrist sa scanner sa surface ng black metal cartridge. Tumagal ng ilang segundo bago namin muling narinig ang boses.

Victoria Kingsley's points secured. Deceiver secured.

Halos umupo si Victoria sa lupa at maiyak nang marinig ito. Sumunod si Ethan. Nanginginig ang kanyang kamay habang ini-scan ito ng system. It was secured. Sumunod agad ako, tinapat ko ang wrist ko sa scanner, napapikit ako habang hinihintay marinig ang boses.

Shia Sheridan's points secured. Seer secured.

Ang huli ay si Gin. Tinapat niya ang sugatan na wrist niya sa scanner.

Five minutes left.

Tumagal ng ilang segundo ang pag scan sa points ni Gin. Nagkatinginan kami, nagaalala dahil masyadong matagal ang pag scan dito.

Gin Grey's points secured. Team Captain secured.

Tuluyan ng umiyak si Luna sa narinig. At halos nanghihina na napahawak si Ethan sa barrier.

The members of Hesperia are now secured.

Nagkatinginan kaming magkakasama habang nasa loob ng barrier. Tila ngayon lamang namin napagtanto na matapos ang halos kalahating buwan ay muli na kaming nagkasama. Now all we have to do is wait. Dahil wala ng nakakaalam kung sino ang nangungunang grupo sa larong ito. We have a few minute to know kung kami ang makakalabas ng buhay bilang mga nanalo o masasama kami sa tuluyan na pagkawasak ng arena.

Pinagmasdan ko ang mga kasama ko.

Three minute left.

Nabigla ako nang yakapin ako ni Luna. "Shia." sinabi niya habang pinapahid ang kanyang luha. "Akala ko hindi na kita makikita."

Napangiti ako kahit pa namumuo ang luha sa aking mga mata. "I'm sorry."

Nagulat ako nang bigla nila akong niyakap. Even Victoria. "Subukan mo pa kaming iwan, lagot ka sa akin."

Natawa ako sa sinabi niya. It was like the group hug we shared bago kami tuluyang nagkahiwa-hiwalay noong pinadala kami sa arena. Tila napakatagal na mula ng araw na yon.

Two minutes left.

"No matter what." narinig kong sinabi ni Luna.

At noong mga oras na yon, alam kong ibig niyang sabihin. Makalabas man kami ng buhay o hindi, kami man ang manalo sa larong ito o hindi, ang importante ay muli ko silang nakasama.

"No matter what."

Nagsimula ang countdown para sa nalalabing minuto ng Linus Cup. Nagkatinginan kaming magkakasama. Ngumiti kami sa isa't isa. Tinulungan ni Ethan si Cain na makatayo. Katabi ko si Gin sa kaliwa habang nasa kanan ko si Luna. Katabi niya sa Victoria at si Ethan at Cain sa dulo. Humarap kami sa kabuuan ng nawawasak na arena.

Pinagmasdan namin ang pagsabog at pagkawasak na unti unting lumalapit sa lugar kung nasaan kami. Tila dinudurog nito ang buong arena, mula sa mga batuhan hangang sa mga bangin at buong kagubatan. Halos nadurog na ang dulo ng isla, tila isang malaking alon ng pagkawasak ang bumabalot sa buong arena papunta sa kinaroroonan namin. Ang wipeout.

Natatakot ako at alam kong ganoon din ang mga kasama ko. Walang nakakaalam sa amin kung ano ang tuluyang mangyayari sa barrier sa oras na dumating sa amin ang pagkawasak. Pero sa mga oras na ito, kasama ko sila and for me it's enough. Matingkad ang kulay ng langit na nagre-reflect sa dagat, sumilay na ng tuluyan ang araw- isang bagong umaga.

Hangang sa huling segundo ng larong ito ay walang nakakaalam sa magiging kapalaran namin. Maybe we are destined for death the moment we step in this arena. But we decided to fight against what destiny had planned for us. Some of us might make it out alive and will continue to survive, some people face death while fighting, and some of us choose to sacrifice their life for the life of another. And maybe... maybe that's what destiny is all about. Decisions.

Naramdaman kong hinawakan ni Gin ang kamay ko. Napalingon ako sa kanya. Nasisinagan ng araw ang kanyang mukha maging ang mukha ng iba ko pang mga kasama. Hinawakan ko ang kamay ni Luna at hinawakan niya ang kamay ng katabi niyang si Victoria ganoon din si Ethan at Cain. Hawak ang kamay ng isa't isa, magkakasama naming pinanood ang pagkawasak ng arena mula sa glass barrier.

Ten seconds left.

Hinawakan ko ng mahigpit ang kamay ni Gin.

Ten

Nine

Eight-

Nasa paanan na namin ang mismong pagkawasak at mabilis nitong dinudurog ang sentro ng arena.

Seven

Six

Five-

Tuluyan akong napapikit at tahimik na nagdasal.

Four

Three

Two-

Dumagondong ang lupang inaapakan namin.

One.

Isang malakas na pagsabog ang pumuno sa buong paligid. Halos maramdaman namin ang mismong impact nito mula sa miniature na islang tinatapakan namin. Bahagya kaming nawalan ng balanse. Biglang tumahimik ang paligid as if a mute button was switched on. Then came a static sound na nangagaling kung saan, tila may nasirang makina. Hangang sa muling tumahimik.

Agad kong binuksan ang aking mga mata. I was expecting something. An impact. Hangang sa napansin ko na nawala ang mala-salamin na barrier na bumabalot sa amin. Sa halip ay isang mataas na uri ng barrier ang pumalit dito. Rinig ko ang mahinang pagdaloy ng enerhiya mula dito. It was the color of smooth silver. Walang nakapagsalita sa amin. Hangang bumalik ang tila static na ingay at isang boses ang aming narinig.

CONGRATULATIONS, TEAM HESPERIA.

Pakiramdam ko ay nabingi ako.

THE WINNER OF THE 23RD LINUS CUP.

The place stayed silent. Tila hindi pa nagsink in sa sarili namin ang mga narinig. Hangang sa biglang gumalaw ang cartridge na nasa likuran namin. Unti unti itong lumulubog sa lupa. Hangang sa nagsimula ng gumalaw ang mismong islang tinatapakan namin. Tila unti unti kami nitong ibinababa. Biglang natauhan ang mga kasama ko nang maramdaman ang pag galaw.

You are now heading back to the Linus Building.

Unti unting natutop ng aking nanginginig na kamay ang bibig ko dahil sa narinig. Hangang sa humagolgol na si Luna. Cain started cursing and crying habang inaalalayan siya ni Ethan na hindi parin makapaniwala. Tumalikod mula sa amin si Victoria at pinunasan ang kanyang luha at tahimik na humikbi. Kami... Kami ang nanalo. Kami ang nanalo sa Linus Cup.

Hindi ko alam kung ano ang mararamdaman ko. Gusto kong umiyak sa saya. Tapos na... Tapos na ang lahat. Unti unting dumilim ang paligid habang patuloy kaming binababa pabalik sa underground. Sa gitna ng hindi maipaliwanag na kasiyahan, pinagmasdan ko si Gin, ang aming Team Captain na pinagmamasdan kami sa mga oras na ito, ang taong ginawa ang lahat para makalabas kaming lahat dito ng buhay. Ngumiti ako sa kanya habang patuloy na bumabagsak ang luha mula sa aking mga mata.

Nagawa namin. Matapos ang lahat ng pakikipaglaban para mabuhay, matapos ang lahat ng decision at mga pagsubok, sa wakas makakabalik na kami, makakaalis na kami sa lugar na ito. Makakauwi na kami sa Hesperia.

Lumapit si Gin sa akin saka pinahid ang mga luha sa aking pisngi. I buried my face in his chest with my trembling hands as I hear him whisper.

"We're going home."

Titan Academy: Epilogue

Epilogue:

"Miss Jane?"

Naalimpungatan ako dahil sa ingay sa loob ng aking kwarto. Muli kong inabot ang malambot na kumot at tinakip ito sa aking ulo. It has the sweet and classy smell of lavender.

"Miss Jane Elizabeth Stanford?"

"It's Shia." sagot ko sa inaantok na boses sa ilalim ng kumot. "It's Shia Sheridan."

Natigilan ang babaeng tumatawag sa akin. "M-Miss Shia, nakahanda na po ang breakfast sa ibaba."

Nilabas ko ang kaliwang kamay ko mula sa ilalim ng kumot. I wave my hand dismissingly. "Bababa na ako."

Nang marinig ang pagsara ng pinto, bumuntong hininga ako at tuluyang bumangon. Pinagmasdan ko ang aking kwarto. At natigilan ako na tila ba nasa isang panaginip parin ako. It was my room. My room thirteen years ago. Ni-renovate nila ito para sa pagdating ko pero mababakas parin dito ang ilang alaala ng five years old na ako. There's still the white canopy bed, ang drawer na may salamin kung saan madalas kong pinagmamasdan ang aking mukha habang bini-braids ni Mommy ang aking buhok. Ang family portrait malapit sa bintana at ang lumang picture at drawings na nakasabit sa pader.

For thirteen years this room was locked. Walang pinapapasok dito maliban sa mga naglilinis. Pero nandito na ulit ako. Nakabalik na ako. Bumaba ako mula sa kama at dumerecho sa bathroom. Everything I see is made of luxurious metals, gold, silver. Makakapal ang mga kurtina, marmol at makinis na sahig, kumikinang ang mga chandeliers sa itaas. At puno ng mamahaling gamit. Mahigit isang buwan na ang lumipas mula noong

natapos ang 23rd Linus Cup. Two weeks na akong nakatira sa mansion na ito. Pero hangang ngayon ay naninibago parin ako.

Everything happened in a blur after the Linus Cup. Hindi namin inasahan ang madadatnan namin pagbalik. Maliban sa pagtatapos ng laro at sa pagkapanalo ng bayan ng Hesperia. Bumungad sa amin ang iba't ibang mga issue tungkol sa mga bayan at sa Council. Sa unang mga lingo namin matapos ang Linus Cup ay nanatili kami sa Hospital. Dalawang lingo akong nandoon maging si Victoria. Naunang nadischarge si Luna at Ethan. Tatlong lingong nanatili si Gin. At si Cain ay nasa Hospital parin sa mga oras na ito dahil sa labis na pinsala sa kanyang mga braso. Because of the recovery stage halos nawalan kami ng panahon para makita ang isa't isa. Hindi ko pa nakikita ni isa sa mga kasama mula noong na-discharge ako sa Hospital three weeks ago.

Pagpasok ko sa bathroom pinagmasdan ko ang aking mukha sa salamin. Sa mga unang araw ko sa mansion na ito lagi kong tinatanong ang aking sarili habang nakatingin sa salamin. Who are you? Are you Shia or are you Jane Elizabeth? Paulit ulit ang tanong na ito. Ang sabi sa Hospital parte ito ng recovery. Hangang ngayon nararamdaman ko parin ang cut sa ulo ko mula sa pagtama ko sa batuhan sa arena. But I was recovering.

Noong nasa Hospital ako, naging malinaw sa akin ang mga nangyari. Habang nagpapagaling ay unti unti nilang sinabi sa akin ang mga nangyari habang nasa loob kami ng arena at maging bago ang mismong laro. Ilang araw bago ang Linus Cup ay nalaman nila na ako si Jane Elizabeth. Isa sa mga naging basehan ng aking mga magulang ay ang statement ni Senior Camilla. Sinasabi niya na ako ang batang inalagaan niya labing tatlong taon na ang nakararaan. Noong una maging ang mga magulang ko ay hindi sumasang ayon dito. Hindi ito ang unang pagkakataon may napagkamalan si Senior Camilla bilang Jane. Pero naniwala si Mrs. Stanford, si Mommy.

Alam nila na hindi ko kadugo ang mga nag alaga sa akin at wala akong naaalala sa aking pagkabata. Pero isa sa pinakamalaking naging basehan nila ay ang ability na hawak ko. Kaya sila nahirapan na hanapin ako noong bata ako ay dahil hindi pa nagma-manifest ang ability ko noong panahong yon. Hindi nila alam kung ano ang hawak ko. And now that I showed up as Shia Sheridan in their perfect world- they knew that my ability was

uncommon from the place where I came from. Mommy believed that I'm somehow connected to her and to the Stanford's. Pero hindi nila ito masabi sa akin. Wala silang patunay at araw nalang ang binibilang bago ang Linus Cup. Hindi nila alam kung ano ang totoong nangyari sa akin. We were on a critical phase and they knew that uncertain information like this could rattle me, at maaaring maging dahilan para hindi ako makapag concentrate sa laro.

Wala silang nagawa kundi ang umasa na makakabalik ako ng buhay sa kanila. Subalit tila nawala ang pag asa na yon nang nalaman nila na kasama si Lucas sa laro. Alam nila na si Lucas ang tinuturing kong pamilya. Ang tanging meron ako. Alam nila na ikawawasak ko ito. Pero dahil din kay Lucas ay naging malinaw sa kanila ang mga detalye ng aking pagkabata. At isang importanteng bagay ang kanyang nalaman. Na sa Boran ako natagpuan. Sa bayan kung saan namumuno ang pinakamatalik na kaibigan ng aking Ama. Si Arturo Cornelius.

Sinubukan kong intinidihin ang lahat ng kanilang sinabi. Pero hinayaan nila ako sa sariling phase ng aking recovery. Hindi nila ako pinilit na tangapin agad ang lahat. Sa unang lingo paglabas ko ng Hospital, dumerecho ako sa bayan at natulog sa lumang bahay kung saan ako lumaki. Hinayaan lamang nila ako. They believe it was my process to heal. Sa unang mga gabi mula noong bumalik ako sa bayan ay lagi akong umiiyak. Dahil lagi kong nakikita si Lucas sa lahat ng bagay at lugar na puntahan ko. Nakikita ko ang alaala niya sa lumang bahay, ang mga yapak niya sa marupok na sahig, ang boses niya na tinatawag ako, sa kagubatan kung saan kami madalas magpunta, sa bakuran nila kung saan nakangiti siya at kumakaway.

Sinabi ni Dad na sinubukan niyang ipatigil ang laro para mailigtas ang grupo at si Lucas. Pero hindi naging sapat ang ebidensya na hawak nila. Nawala si Lucas sa akin kahit anong pilit namin na mailigtas siya. At pakiramdam ko kailanman may isang puwang sa puso ko na hindi kailanman mabubuo pa. Dahil tanging si Lucas ang nandoon. Ang best friend ko. Ang naging pamilya ko sa loob ng labing tatlong taon. Hindi ako natakot na umiyak at balikan ang lahat, ang magkulong, at alalahanin ang bawat alaala na kasama si Lucas. Naging mabagal ang proseso ng pag galing ko. Subalit sa prosesong yon ay unti unti kong natatangap na wala na

si Lucas. Na sa bawat araw na nagigising ako sa lumang bahay, ang mga luha ay unti unti ng napapalitan ng pagtangap. Hangang sa tuluyan na akong bumalik sa mansion kung saan hihintay ako ng aking pamilya.

Dalawang araw matapos kong bumalik sa mansion, binisita ko si Headmaster Arturo Cornelius sa dungeon ng Council kung saan siya kinulong. Wala akong nakita ang pagsisisi sa kanyang mukha. Nakakatawa dahil noong mga oras na yon gustong gusto ko siyang saktan. Patayin ng aking sariling mga kamay dahil sa lahat ng kanyang ginawa. Pero napakamiserable niya. Nakikita ko ang ngisi sa labi niya pero napakamiserable ng kanyang mga mata. Siya ang dahilan kaya nakilala ko si Lucas. Subalit siya din ang dahilan kaya nawala si Lucas sa akin.

"I want you to rot in this hell." sinabi ko habang kaharap siya sa kanyang selda. "I really do. And I will make sure it would happen. Pero gusto ko ding magpasalamat." Tinitigan ko siya dahil alam kong yon ang una at huling pagkakataon na makikita ko siya. "Salamat dahil nakilala ko si Lucas."

Dahil sa gitna ng lahat ng nangyari sa akin, sa labing tatlong taon na pagkawala ng aking alaala at sa mga bagay na naipagkait sa akin. Wala akong ano mang pinagsisihan. Dahil ang kapalit nito ay nakilala ko si Lucas at ang pamilyang kumokop sa akin, at nabuhay ako sa bayan na kahit puno ng hirap ay binigyan ako ng saya na walang kahit anong yaman ang katumbas.

--

Lumabas ako sa kwarto matapos magbihis. Nadatnan ko si Senior Camilla na naghihintay sa tapat ng pintuan.

"Magandang umaga, Jane. Naghihintay na sila sa ibaba-"

Natigilan siya nang mapansin ang ayos ko. Nakasuot siya ng isang eleganteng damit samantalang suot ko ang pants at damit na nakuha ko mula sa lumang bahay. At itim na sapatos.

"Jane, ang mga damit mo-"

"It's Shia Sheridan." sagot ko. "And I'm more comfortable in these clothes, Senior Camilla."

I pat her shoulder bago nagmadaling bumaba sa staircase. Narinig ko siyang bumuntong hininga saka muli akong tinawag.

"Jane- Shia, no running on the staircase. Baka mahulog ka!"

"I've had worse!" sigaw ko na pumuno sa buong hallway. Napatingin ang mga tagapagsilbi na nakasalubong ko.

"And no shouting inside the mansion!"

Bahagya akong napangiti. "Calm down, Senior Camilla." muli kong sinabi. "This mansion is too big to hear everyone's voice!"

And I don't think masasanay pa ako. Ito ang mundong dati kong ginagalawan. Maganda. Malinis. Tahimik. Perpekto. Pero hindi na ito nag iisa. I'm Jane Elizabeth Stanford but deep in my bones I'm still Shia Sheridan. And I will always be the town's girl from Hesperia. Kung may nagbago man yon ay parte na ako ng dalawang magkaibang mundo.

Nagmadali akong pumasok sa dining room. Nasalubong ko ang ilan sa mga tagapagsilbi.

"Good morning, Miss Jane."

"It's Shia." pagtatama ko.

Bahagya silang ngumiti. "Miss Shia."

Nang makita ko na nakaupo na sa tapat ng dining table na puno ng pagkain sina Mommy, Dad, at si Corrine, nagmadali akong umupo sa silya na nakalayaan para sa akin.

"Sorry, I'm late." sinabi ko.

"Good morning, my daughter." nakangiting sinabi ni Mom.

Bahagya akong ngumiti. "Good morning."

Napatingin ako kay ni Corrine. Ngumiti siya sa akin. Alam niyang sinasanay ko parin ang sarili ko sa environment na kanyang kinalakihan. Noong nasa Hospital ako nalaman ko na si Corrine ay adopted sister ko. Dalawang taon matapos ko mawala, pumunta sina Dad sa isang orphanage nang malaman na may batang babae na may precognitive ability doon. Nagbakasali sila na makikita ako iniisip na nakuha ko ang ability ni Dad matapos kong mawala. But it was Corrine. Rare ang magkaroon ng precognitive ability sa bayan ng Hesperia. And because Mom became so depressed that time, and Corrine somehow had resemblance with the five years old Jane, Dad decided to adopt Corrine to somehow make up for my lost. Ngayon isa si Corrine sa mga tumutulong sa akin para mag-cope up sa lugar na ito.

Sumenyas si Corrine na nakaupo sa tapat ko. Nagtataka na pinagmasdan ko siya. Bahagya niyang tinuro ang kanyang buhok as if motioning for me to do so. Pasimple akong napahawak sa sarili kong buhok at napangiwi nang mapansin ang magulong parte nito.

"Are you ready for tonight's event?"

Natigilan ako sa pag aayos ng buhok at napalingon kay Dad. Tonight. Sa totoo lang halos hindi ako nakatulog kagabi dahil sa pag iisip sa mangyayari ngayong araw.

Nagkatinginan sina Mom at Dad nang makita ang expression ko. "If you want, we can still postpone-"

"No." mabilis kong sagot.

Nasa Hospital pa lang ako ay pina-plano na nila ang gabing ito. Binigyan nila ako ng mahabang panahon para mag recover. For the last weeks halos hindi ko sila napagtutuunan ng pansin kahit alam kong gusto nila akong kausapin o makasama. Ilang beses nilang ni-postpone ang event na ito dahil inaalala nila na hindi pa ako handa. Isang buwan na ang lumipas mula noong nakabalik ako. I don't want them to think that I'm still not okay.

"It's fine." sagot ko. "Mom."

"You know we only want what's best for you, Shia." she said. "If you are not ready we can always wait."

But you've waited thirteen years already. "Okay na ako." Pinagmasdan ko ang mga magulang ko. "I'm ready."

Napangiti si Dad at Mom sa sinabi ko. Biglang may pumasok sa isip ko. "Can I invite anyone?" tanong ko. "I mean anyone from any class?" Napataas ang kilay ni Dad, nagtataka sa sinabi ko.

"Of course, Shia. It's your event."

Ngumiti ako. "Thank you, Dad."

--

"Ate Shia! Ate Shia!"

Agad kong pinahinto ang sasakyan nang makita ang mga batang lumabas mula sa bahay. Pagbukas ko ng pintuan ng sasakyan ay bumungad sila sa akin. Binuhat ko ang isa sa kanila.

"Agnes! Kamusta na?"

Hinawakan ng isa pang bata, si Tommy, ang kamay ko habang naglalakad kami papasok sa familiar na bahay. Napansin ko na wala sa bahay ang isa pa sa magkakapatid. "Ate Shia, ano gawa mo dito?"

Napangiti ako. "It's a secret." sagot ko. "Nasaan ang Mommy niyo? Nasa kusina ba siya?"

Pumunta ako sa kusina. Hindi pa ako nakakarating ay alam kong nandoon na siya. Amoy na amoy ko ang masarap na luto niya.

"Mommy, nandito si Ate Shia!"

Lumabas mula sa kusina si Mrs. Tyler habang nagpupunas ng kamay sa kanyang apron.

"Shia!" Tila nagulat siya sa biglang pagdating ko. "Bakit ka napadaan dito? Hindi ba dapat naghahanda ka na para sa araw na ito?"

Nasabi ko sa kanila kung anong meron ngayong araw. Isa sila sa mga unang taong nakaalam ng totoong pagkatao ko. Sa mga oras na ito ay naka-disclose pa ito sa publiko. Pero hindi mula sa kanila. Dahil pamilya na ang turing ko sa kanila. Pinagmasdan niya ako.

"Okay ka na ba?" tanong niya na tila biglang nag alala.

Noong nasa Hospital kami, nagkaroon ng pagluluksa sa mga fallen contestants at kasama na doon si Lucas. At kahit kabilang siya sa mga representative ng Boran, pinagluksa siya ng buong Hesperia. I really wish I was there. Subalit wala pa akong malay noong mga oras na yon.

Noong nakabalik na ako sa bayan at nasa proseso ng recovery ay isa si Mrs. Tyler sa naging sandalan ko. Binisita niya ako sa lumang bahay, kinausap, sinasabihan, dinamayan. Siya ang nagsabi sa akin na kailangan kong matangap ang mga nangyari at maging matatag. Masakit para sa kanya ang mawala ang kanyang anak. Subalit isa siya sa pinakamatatag na babeng nakilala ko.

"Ang Linus Cup ay isang survival game." she once said to me. "Pero ikaw ang huling nakasama ng anak ko sa kanyang huling hininga. Wala na siyang mahihiling pa. Payapa siyang lumisan, Shia. Dahil alam niyang ginawa niya ang dapat. Pinagmamalaki ko ang aking, anak. Kaya Shia, hwag mo sanang sisihin ang iyong sarili. Bumangon kang muli."

Sa ngayon ay tumatangap ng grant ang buong pamilya Tyler mula sa bagong namumuno sa bayan ng Boran dahil sa pagkakasangkot ni Lucas sa Linus Cup na kagagawan ng dating namumuno na si Arturo Cornelius. May full scholarship din ang tatlo pang kapatid ni Lucas sa Titan Academy mula kay Dad at sa iba pang mga namumuno sa bayan ng Hesperia. Binigyan din ng negosyo sa bayan si Mrs. Tyler bilang reward sa pagsama ni Lucas sa Linus Cup. Kung nakikita lamang sana niya ngayon ang lahat ng ito. This is

what Lucas had always wanted for his family. Ang mabuti ang kalagayan nila.

"Mrs. Tyler gusto ko sana imbitahan kayo sa mansion mamayang gabi." sinabi ko. "Isama niyo din si Lolo Arthur."

Natigilan siya sa pagsasalansan ng mga plato sa mesa. Bumama si Agnes mula sa pagkakabuhat ko at tiningnan ako ng mga bata. Bahagya ngumiti si Mrs. Tyler. "Pero hija, ang gabing yon ay para sayo. Para sa mga taong binalikan mo. Hindi kami nabibilang sa lugar na yon."

"Pero ako parin naman ito, si Shia Sheridan." sinabi ko. "Parte parin kayo ng pagkatao ko."

Hinawakan niya ang magkabilang kamay ko. "Alam namin ang bagay na yon, Shia. Pero sapat na ang mga tulong na binigay mo sa amin. Alam mo bang lagi kang nababangit ni Lolo Artur dahil sa mga pagkain at tulong na pinapadala mo kada lingo hindi lang sa kanya maging sa ibang mga taga bayan. Ang nabalitaan ko na plano mong magpatayo ng Hospital."

"Gagawin ko ang lahat para hindi na mahirapan ang mga taga bayan. You're my second family." sinabi ko. "That's why I want you to be better. And I want you to be there tonight."

Tinitigan ako ng Mama ni Lucas. Marahan niyang pinisil ang aking mga kamay. "Hindi ka parin nagbabago matapos ang lahat. Kung yon ang gusto mo, darating kami." Marahan niya akong niyakap.

"Pinagmamalaki ka namin, Shia Sheridan."

--

It's eight o'clock in the evening at kinakabahan ako. Ito ang unang beses na haharap ako sa madaming tao matapos ang Linus Cup. We never had a proper victory celebration or whatever. Because this year's game is the most unusual for the past decade at karamihan sa amin ay matagal na nasa recovery stage. Narinig ko na darating ang mga kasama ko ngayong gabi. Gusto ko na silang makita.

Pinagmasdan ko ang sarili ko sa salamin. And for the first time since nakalabas kami mula sa arena, I'm fully seeing Jane Elizabeth Stanford as me. Nakasuot ako ng isang scarlet na damit na umaabot hangang sa sahig at nakaayos ang aking buhok. Pinagmamasdan ko ang picture frame ng isang batang babaeng nakabistida at nakangiti.

Breathe, Shia. You're going to be fine.

Natigilan ako nang bumukas ang pinto ng aking kwarto at pumasok si Mommy. Napakaganda niyang tingnan sa suot niyang kulay cream na damit. Naalala ko yong mga panahon na hinangaan ko siya noong una ko siyang nakita sa Titan Academy. She's the epitome of a classy woman hindi lamang dahil sa kanyang ganda kundi dahil sa pagkatao niya.

"Are you ready?"

Huminga ako ng malalim habang nakaupo parin sa tapat ng salamin. Pumunta si Mommy sa likuran ko at pareho naming pinagmasdan ang mga reflection namin sa salamin.

"Napakasaya ko na bumalik ka sa amin, anak." sinabi niya sa akin. "Noong una kitang nakita sinabi ko sa isip ko, kaedad mo na siguro si Jane. Sana ganyan din siya katapang katulad mo."

Maya maya pa isang manipis at malamig na bagay ang dumantay sa aking balat. A necklace. Sinuot niya ito sa akin. Pinagmasdan ko siya mula sa salamin habang ginagawa yon. Napahawak ako sa pendant na nakasabit sa silver na kwintas. Ang simbolo ng pamilya Stanford.

"Tonight, everyone will know you're a Stanford."

"But for some people and for us... you will always be the brave Shia Sheridan from Hesperia." Hinalikan niya ako sa ibabaw ang aking ulo. "I don't want you to lose that part of you."

Umalis si Mommy sa kwarto matapos mag paalam. Sampong minuto bago ako bumaba para harapin silang lahat. Napahawak ako sa aking nanlalamig

na mga kamay. Napapitlag ako nang muling bumukas ang pinto. Lumingon ako dito at pumasok si Corrine.

"Ready?" tanong niya.

Maging siya ay napakaganda sa kanyang suot na damit. Mukhang anghel. Pinagmasdan niya ako at ngumiti. "You'll be fine, Shia." sinabi niya. "And oh, may gustong bumisita sayo."

Tuluyan niyang binuksan ang pinto at nakita ko ang dalawang babaeng nakasuot ng itim at light pink na damit. Napatayo ako at hindi nakapag salita habang pinagmamasdan sila.

Yumakap sa akin si Luna. Ang tagal ko silang hindi nakita. "Shia! Namiss kita!" masayang sinabi niya. "Or should I call you Jane?" tanong niya. "But it doesn't matter kasi namiss kita!"

"You're here." Hindi makapaniwala na sinabi ko.

Victoria rolled her eyes in her usual demeanor. "Because it's the biggest event in Hesperia after the Linus Cup." she said in a 'duh' tone. Natawa ako. How I miss Victoria's sarcasm. Saka siya ngumiti. "Of course we're here. Party ito ng seer ng grupo."

Masaya ako sa pagdating nila. Dahil kahit paano nabawasan ang tension na nararamdaman ko. Subalit hindi din sila nagtagal. Dahil ilang minuto lamang ay nagsimula na ang party sa ibaba.

"See you later, Shia." paalam nilang tatlo nang marinig ang pagsisimula ng party sa lobby.

"And don't look so anxious." said Victoria. "We are Team Hesperia, we've survive some serious shits, and we will continue to survive and face life without fear."

Napangiti ako. We are Team Hesperia.

Ilang minuto ang lumipas ay may muling kumatok sa pintuan at sinabi na kailangan ko ng bumaba. Huminga ako ng malalim bago tuluyang lumabas

sa aking kwarto. Paglabas ko ay agad kong narinig ang magka-halong ingay mula sa ibaba. Masasayang boses ng mga taong nag uusap. Tunog ng wine glasses at yapak ng sapatos sa marmol na sahig. The smell of scented oil and flowers greeted me on the well-lit hallway.

Dumerecho ako sa grand staircase. Pinaghalong kaba at anticipation ang nararamdaman ko. Everyone who's names matter in Hesperia are here. Mga importateng tao sa loob at labas ng bayan. Pero higit pa doon, nandito sa gabing ito ang mga taong importante sa akin. Bumungad sa akin ang tila kumikinang na chandelier nang nasa itaas na ako ng staircase. Nakakasilaw. Kinailangan na mag adjust ng paningin ko nang makita ang maliwanag na party sa ibaba. Hangang sa narinig ko ang isang boses.

"Ladies and gentlemen, please welcome, the Stanford heiress, the Shia Sheridan of Hesperia, a member of the Winner of the 23rd Linus Cup- Miss Jane Elizabeth Stanford!"

Sandaling katahimikan ang namayani. Napatikhim ako lalo na nang ilang mga importanteng tao ang napatingin sa akin. Ang ilan sa kanila namukhaan ko mula sa mga party na dinaluhan ko sa Titan Academy. Maya maya pa may narinig akong pumalakpak. Hangang sa naging sunod sunod ito. And now all I'm seeing is their smiling faces staring at me, wondering, and maybe marveling. On how everything turned out this way from the first chapter up of my story up to here. Lumapit sa akin si Dad at humawak ako sa kanyang braso. I was breathless. Nang tuluyan kaming makababa, lumapit sa amin si Mommy at si Corrine. Niyakap nila ako, saying how proud they are and how they've waited for years for this moment. And I felt something I've never felt before. Behind the braveness on the surface, I was the girl who feared to be neglected. To be abandoned. To be alone. But at this moment- in the midst of people from different parts of my life- I know there is finally a permanent place where I belong, a place where I can come back to no matter how far I'd go.

A slow song started and Dad decided to dance with me. It left me off-guard because I don't know how to dance a formal dance. Subalit ngumiti lamang siya nang magsimula kaming sumayaw.

"I was never there for your 18th birthday. Or every single birthday for the past thirteen years. There are a lot of things I've missed. Your first dance, your first day at school, your first trainings, the first time you've cried for a boy." sinabi ni Dad habang nagsasayaw kami.

"I can never turn back the time and bring back those moments. But tonight, to be my little girl's first dance would be enough."

Napansin ko ang luha sa gilid ng mga mata ni Dad. Humigpit ang yakap ko sa kanya habang nagsasayaw.

"You've grown to be so strong and beautiful, my daughter. And I couldn't be more proud."

The dance was slow, nakatingin sa amin ang mga tao, pero hinayaan ko na dahan dahang lumipas ang oras habang nagsasayaw kami ni Dad, nag uusap at minsan tahimik lamang akong nakayakap sa kanya. After dancing with Dad, lumapit si Sir Apollo. Bahagya siyang nagbow, asking if he can have a dance. Napangiti ako at hinawakan ang kanyang kamay bago muling nagsayaw.

"Thank you, Sir Apollo." sinabi ko. "For everything."

Ngumiti siya sa akin at bahagyang ni-pat ang ibabaw ng ulo ko habang nagsasayaw kami. "Sakit kayo sa ulo, lahat kayo." sinabi niya na tinutukoy ang buong grupo. "But you will always be the best team for me."

Bahagya siyang bumaling kay Miss Aura na nakangiting pinagmamasdan kami. Pinagmasdan ko sila at ngumiti. And I've never felt so lucky to have teachers like you and Miss Aura.

After Sir Apollo, sumunod na nakipag sayaw isa sa pinakaimportanteng taong nakasama ko sa bayan. Ang nagsilbing Lolo ko. "Lolo Arthur." bati ko. "Salamat at nakapunta kayo."

"Mamimiss ba namin ang importanteng araw na ito?" sinabi niya habang magabal kaming nagsasayaw. "Ang batang gusgusin noon na laging naglalaro maghapon sa bayan, ngayon ay lumaking napakaganda at

napakatapang." sinabi niya habang pinagmamasdan ako. "Hwag kang magbabago, hija."

Halos naluluha na ako nang matapos kaming magsayaw ni Lolo Artur. Ngunit nang ipasa niya ako sa hindi inaasahan na magsasayaw sa akin, bigla akong napangiti. Tinukod ko ang aking mga palad sa tuhod habang nakatitig sa familiar na batang nakasuot ng maliit na tuxedo at cute na bow tie.

"Hello, Logan." bati ko sa bata.

Nahihiyang tinitigan niya ako. Pinagmasdan ko ang kanyang mga mata. It's the same shade of brown. Like Lucas. Sa magkakapatid na naiwan, si Logan ang pinakamakamukha ni Lucas. And for a moment it seems like I'm dancing with him. My best friend.

"Next year papasok ka na sa Titan Academy." sinabi ko habang hawak ang maliliit niyang mga kamay habang nagsasayaw. Bahagya kong ginulo ang kanyang buhok. "Ituloy mo ang pangarap ng Kuya Lucas mo. Alam kong pinagmamalaki ka niya ngayon."

Umupo ako sa harap ng bata saka siya niyakap. Bumulong siya sa akin. "Napanaginipan ko si Kuya Lucas kagabi." he said. "Ang sabi niya masaya daw siya para sayo, Ate Shia."

Tumulo ang patak ng luha mula sa aking mga mata. Humigpit ang yakap ko sa kapatid ni Lucas. "I know." bulong ko as if talking to Lucas himself. "Thank you for bringing me back, Lucas."

Matapos ang batang si Logan, sumunod si Cain. Kinailangan kong kumalma nang humarap sa kanya. But because he's Cain, madali niya akong napangiti.

"Ganda natin ah." komento niya. "Chics."

Napangiti ako. "Same old, Cain." sinabi ko.

Hindi ko alam na pupunta siya ngayong gabi. Naka cast parin ang kaliwa niyang kamay na nagpapagaling parin. Sinabi niya na kauuwi niya lamang mula sa Hospital noong nakaraang araw.

Nagulat ako nang bigla niya akong inikot gamit ang isang kamay. Maging ang mga nanonood, si Luna at Victoria na nasa sulok ay nabigla. Victoria, after sipping her champagne, mouthed.

"Baliw yan!"

Natatawa na muli akong humarap kay Cain. Marahan siyang ngumiti, a sincere smile. "Same old, Shia." And I know he's referring to everything that happened but didn't change who we are. It just made us better.

Bago kami natapos ni Cain ay niyakap ko siya. Cain handed me to Ethan with a silly gentlemen gesture. Natawa si Ethan nang kunin niya ang kamay ko. Ethan is more quiet, more gentle.

"Well done, Shia." sinabi niya habang nagsasayaw kami. Ginulo niya ang buhok ko at ngumiti. How I miss Ethan's smile. "Welcome back."

We keep dancing a little bit more, sometimes talking and smiling at something that happened to him mula noong nakabalik kami sa Linus Cup.

Nang matapos si Ethan ay ilang segundo akong nakatayo sa gitna. Linibot ko ang paningin sa mga taong nasa party. Ang iba sa kanila ay nagsisimula na din na magsayaw sa gitna. Nakita ko ang ilan pang mga taga bayan at ang Mama ni Lucas habang masayang nagku-kwentuhan kasama sina Sir Apollo at Miss Aura. Ethan started dancing with Victoria while Cain is with Luna. Pero hindi ko parin nakikita ang taong hinahanap ko. Nasaan siya?

"Searching for someone?"

Napalingon ako. Automatic na kumunot ang aking noo nang makita ang nagsalita. Ngayon ay malinaw na sa akin kung bakit tila may galit ako sa taong ito. Just seeing him six months ago makes my blood boil. Priam Grey.

Nakangisi ito sa akin. "Can I have this dance, Miss Jane?"

"It's Shia." pagtatama ko.

Ngunit tinangap ko parin ang kanyang alok. After all he was part of the Team who trained the group. Who would have thought na ang isang katulad niya ay matagal kong kilala?

"You wouldn't try anything funny, would you?" tanong ko nang magsimula kaming magsayaw. Dahil noong huling beses akong nakipagsayaw sa kanya, naging isang malaking disaster ito.

Bahagya siyang natawa, the same sarcastic baritone laugh. "Are my records that bad?" sinabi niya. Saka siya umakto na tila ba nag iisip. "Wait, if I'm not mistaken several years back you were head over heels for me."

Mas lalong kumunot ang noo ko. "Shut up, Priam."

But even though this conversation annoys me, alam kong hindi seryoso si Priam sa pang iinis sa akin. Knowing he was always been like this, even when we were kids, makes talking to him more bearable, comfortable. Though he really sucks at being a gentleman. Hindi magbabago yon.

"Gaano mo na katagal alam?" tanong ko habang nagsasayaw kami. "Maging si Gin ba may idea na noon na ako ito?"

Ngumiti siya. "We knew the same time your parents felt that you are theirs." sinabi ni Priam.

Natigilan ako sa sinabi niya. Felt. It means bago pa magsimula ang Linus Cup. "Bakit hindi niya sinabi sa akin?"

Tila natawa si Priam sa narinig. "Come on, Jane. Who are we to interfere with your parent's decision." sinabi ni Priam. "And Gin, he's used to being second choice. Thirteen years ago he was your second choice after me. And when you came back he was the second choice behind your best friend. My brother is so used to being the second best, he already accepted the fact. That was why he let you, knowing you already made your choice."

But it's him. It's always been him.

Napangiti si Priam nang makita ang reaction ko. Maya maya pa ay bigla siyang bumulong sa tenga ko. "Want to hear another secret?" tanong niya. "My possessive brother is coming our way and he looks royally pissed.

Tila automatic na lumakas ang tibok ng aking puso dahil sa sinabi ni Priam. Si Gin. Nandito si Gin. Agad kong linibot ang tingin sa buong paligid. Subalit muli akong humarap kay Priam nang magsalita siya.

"But you know what I think?" sinabi nito. "He was always been your first choice." Tinapos ni Priam ang aming sayaw bago niya ako marahan na binitawan. "Enjoy your night, Shia Sheridan."

Bahagya siyang nag bow bago nag paalam. Hindi ako nakagalaw sa aking kinatatayuan. Priam really knows how to caught people off-guard. Maya maya pa ay isang lalake ang namalayan kong naglalakad papunta sa akin. Humarap ako sa kanya at muling pinagmasdan ang kanyang mukha. Nakakunot ang kanyang noo habang inaayos ang cuff ng suot niyang tuxedo at naglalakad papunta sa akin. This is so familiar. So... him.

"What did he told you this time?"

Ito ang bungad niya sa akin. Napangiti ako. Hindi ko halos maramdaman na isang buwan kaming hindi nagkita. Pinagmasdan ko siya, ang buong siya. Malayong malayo na ang estado ng katawan niya ngayon sa natatandaan ko paglabas namin ng arena. Wala na ang mga sugat, tanging ilang pilat na lamang. Pareho na kaming maayos ngayon.

"I miss you."

Natigilan siya sa sinabi ko. Pinagmasdan niya ang aking mukha. His dark casually styled hair, his piercing familiar gaze, ang kanyang nakakunot na noo na unti unting nagiging maaliwalas habang nakatitig sa akin, at ang kanyang labi na ngayon ay isang ngiti ang binibigay sa akin.

"Buo ka na ba?"

Bahagya akong natigilan sa sinabi niya. "What?"

"Noong natapos ang Linus Cup, alam kong kahit nakauwi na tayo ay hindi ka parin tuluyang buo." Tinitigan niya ako, a gaze filled with the same longing na tila matagal niyang hinitay ito tulad ko.

"I will do anything to have you back, Shia. But you need to heal on your own." sinabi niya. "I want you to recover in the way you know is best and when you are done, when you're full again, when all your shattered pieces stick back together, I'm hoping maybe... maybe I can finally enter your life. And you will be the Jane who once was mine."

Inabot niya ang ilang takas na hibla ng buhok sa gilid ng aking mukha at marahang nilagay sa likod ng aking tenga. "Buo ka na ba ulit? Maaari na ba akong pumasok sa buhay mo?"

I leaned into the warmth of his hands as it rest on my cheeks. "I'm nearly complete. Thank you for waiting for me."

"As long as it takes, Shia."

Muli ko siyang pinagmasdan saka bahagyang ngumiti. "Remember the promise you made thirteen years ago?"

Tila nabigla siya sa sinabi ko. Gin didn't expect na naalala ko pa yon. Or maybe he didn't expect that it would be this important for me the same way it was for him. But it was. It still is. He may not be the first choice but he's going to be the final choice. Because it's always been him.

"I'm still holding on to your promise."

Napapikit ako nang maramdaman kong hinalikan niya ako. Tuluyan kong kinalimutan kung nasaan kami at kung sino ang mga kasama namin. At dito tila nagsink in sa akin na tapos na, tapos na ang lahat. A part of my life is over and I'm set for a new beginning.

Nagsimula kaming magsayaw ni Gin. I'm surrounded by people who matters to me. Nandito ang mga taong naging pamilya ko sa bayan at naging importanteng parte ng buhay ko, kompleto at maayos ang grupo na nagsasayawan at nagtatawanan. Sir Apollo is dancing with Miss Aura. My

parents are slow dancing in a corner while tightly embracing each other. Corrine is giggling with the group, people are happy and at peace and contended while talking and casually sipping their champagnes. And I'm slow dancing with the guy who waited for me to heal so he can be part of my life again.

Serene moments like these are hard to find. People have to go through several trials that can shatter them, can left them empty and broken, before things like this could happen. And maybe, it wouldn't last as long as we want. But these moments are enough to be our source of hope. Because beyond every struggle to live is a reason. And these people, these people are my reasons. Tama si Lucas. May mga tao akong maaaring uwian.

My life's not perfect; heck it was far from perfect. But these moments make life worth living. And I may never know what the future has instore for us, but one thing is for sure- we are going to survive and live. Because I'm part of something great, something worth living, I'm from Hesperia and we had survived the 23rd Linus Cup. My life was a great adventure and I'm finally home. And you are part of my journey. I'm Shia Sheridan. Thank you for being part of my story.

The End.

Author's Note:

Closing this book is a combination of relief, satisfaction, and longing. This story was written through dozen cups of coffee, nights of staying up late to write a chapter, my music playlist on repeat, frustrated groans and 'wtf's on certain parts, huge satisfied sighs whenever I finish a chapter, and overwhelmed smiles whenever I read your feedbacks. That was my journey.

So thank you. Thank you for making this journey enjoyable. Thank you for your immense amount of patience, for your overwhelming feedback, and for giving this story a chance in the first place. You guys are the most imaginative, traumatized (hahaha sorry for this one!) awesome readers I know. Not all people appreciate Fantasy stories in Wattpad but hey, here you are. So a huge thanks to you!

You've survived the Linus Cup. You live and you are now home. You are with every character's journey. You are part of Team Hesperia, a part of something great and worth living. And I hope you will keep the memories, the same way me and my characters will treasure all the awesome times we had. And like what Shia Sheridan said, you will always be part of her story.

I'm going to close this book now but if you ever miss them, you can always come back. And I hope to see you in my other stories. You can also tweet me: @avery_WP or use the hashtag #TitanAcademy.

Long Live, Team Hesperia. You will never be forgotten. And for you who's reading this, thank you for being awesome.

'Til next time,

@april_avery

This file was downloaded from Z-Library project

Your gateway to knowledge and culture. Accessible for everyone.

z-library.se singlelogin.re go-to-zlibrary.se single-login.ru

Official Telegram channel

Z-Access

https://wikipedia.org/wiki/Z-Library